# HUWAG MALUNGKOT

# لا تحزن



'Aaidh ibn Abdullah al-Qarnee

INTERNATIONAL ISLAMIC PUBLISHING HOUSE

# Huwag Malungkot

لاتحزن

‘Aaid ibn Abdullah al-Qarnee

Isinalin sa Filipino
ni
Abdullatif Eduardo M. Arceo

INTERNATIONAL ISLAMIC PUBLISHING HOUSE

© International Islamic Publishing House, 2008

*King Fahd National Library Cataloging-in-Publication Data*

Al-Qarnee, Aaidh ibn Abdullah
**Huwag Malungkot** ./ Aaidh ibn Abdullah al-Qarnee; translated by Abdullatif Eduardo M. Arceo ., - Riyadh, 2008

...p ; 22 cm

1- Preaching - Islam I- Title

214.1572 dc 1428/7697

Legal Deposit no. **1428/7697**
ISBN Hard Cover: **978-9960-58-866-7**

---

Al-Qarnee, Aaidh ibn Abdullah
**Huwag Malungkot** ./ Aaidh ibn Abdullah al-Qarnee; Isinalin sa Filipino ni Abdullatif Eduardo M. Arceo ., - Riyadh, 2008

1- Pangangaral - Islam I- Pamagat

Ang lahat ng karapatan ay angkin o reserbado. Walang anumang bahagi ng aklat na ito ang maaaring ipalimbag o ipamahagi sa anumang anyo o anumang pamamaraan, elektronik man o mekanikal, kasama na ang pagpapakopya, pagrerekord o pagtatala, o anumang pag-iimbak ng impormasyon at sistemang pagpapanumbalik, ng walang nasusulat na pahintulot mula sa Tagapaglathala.

International Islamic Publishing House (IIPH)
P.O.Box 55195 Riyadh 11534, Saudi Arabia
Tel: 966 1 4650818 – 4647213 – Fax: 4633489
E-Mail: iiph@iiph.com.sa – iiphsa@gmail. com
www.iiph.com.sa

- Pamagat: ***Huwag Malungkot***
- Sinulat ni: 'Aaid ibn Abdullah al-Qarnee
- Isinalin mula sa edisyong Inglis bilang 2 (2003)
- Edisyong Filipino bilang 1 (2008)
- Isinalin sa Filipino ni: Abdullatif Eduardo M. Arceo
- Disenyong Panglabas: IIPH, Riyadh, Saudi Arabia
- Tagapagdisenyo ng Takip: Haroon Vincente Pascual, Arlington, USA
- Pagsasalarawan: Samo Press Group

# MGA NILALAMAN

*TRANSLITERATION CHART*......21

*TUNGKOL SA AKLAT NA ITO*......23

*KALATAS NG TAGAPAGLATHALA*......25

*PAGPAPAKILA SA UNANG LATHALA (ng Arabik na Bersyon)* 27

*O' Allah!*......33
*Magnilay-nilay at maging mapagpasalamat*......35
*Ang nakaraan ay lumisan na nang lubusan*......37
*Ang ngayon ay ang lahat-lahat ng iyong angkin*......38
*Hayaang mag-isa ang bukas hanggang sa ito ay sumapit*....41
*Paanong pakikitunguhan ang mapait na kritisismo (o pamumuna)*......42
*Huwag umasa ng pasasalamat mula sa kaninuman*......44
*Ang paggawa ng kabutihan sa iba ay nagbibigay-ginhawa sa puso*......46
*Itaboy ang pagkabagot sa pagtatrabaho*......48
*Huwag maging mapanggagad*......49
*Pagtatalaga*......51
Katotohanang sa kahirapan ay mayroong ginhawa......52
*Gawin ang lemon na isang matamis na inumin*......54
Hindi baga Siya (ay higit na mabuti kaysa sa inyong mga diyos), Siya na tumutugon sa nababalisa......56
*Sapat na sa iyo ang iyong tahanan*......58
*Ang iyong kabayaran ay na kay Allah*......59
*Ang Pananampalataya ay buhay na rin*......61

*Kunin ang pulot-pukyutan ngunit huwag sirain ang bahay-pukyutan*....63

Katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan....65

O kinaiinggitan ba nila ang mga tao na pinagkalooban ni Allah ng Kanyang Kasaganaan?....66

*Tanggapin ang buhay kung ano man ito*....68

*Humanap ng kaaliwan sa pamamagitan nang pag-aala-ala sa mga nahihirapan*....69

*Ang dasal..., ang dasal*....71

Si Allah (lamang) ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari (sa atin)....73

Ipagbadya (O' Muhammad): Magsipaglakbay kayo sa kalupaan....75

*Ang pagtitiyaga ay pinakaangkop*....76

*Huwag pasanin ang bigat ng mundo sa iyong mga balikat*..78

*Huwag hayaang durugin ng walang kabuluhan*....79

*Maging kuntento sa anumang ibinigay sa iyo ni Allah at ikaw ang magiging pinakamayaman sa lahat ng mga tao*...82

Kaya't Aming ginawa kayo na isang pamayanan (bayan o bansa) na makatarungan....86

*Ang pagiging malungkot ay hindi itinatagubilin sa ating relihiyon*....88

Huminto sandali upang magnilay-nilay....94

*Ngumiti*....96

Ngumiti, - Tumigil sandali at magnilay-nilay....104

*Ang biyaya ng kirot (o sakit)*....105

*Ang biyaya ng karunungan*....109

*Ang sining ng kaligayahan*....112

Ang sining ng kaligayahan, - huminto upang magnilay-nilay....116
*Ang pagpigil sa sariling emosyon*....117
*Ang lubos na kaligayahan sa mga Kasamahan ng Propeta*..120
*Itaboy ang pagkabagot sa iyong buhay*....124
*Ihagis ang pagkabagabag*....126
Ihagis ang pagkabagabag, - tumigil upang magnilay-nilay 130
*Huwag malungkot, - ang lahat-lahat ay magaganap ayon sa pagtatakda*....135
*Huwag malungkot, - maghintay ng may pagtitiyaga sa isang masayang magaganap*....138
Maghintay ng may pagtitiyaga para sa masayang mangyayari, - tumigil at magnilay-nilay....140
*Huwag malungkot: Malimit na maghanap ng pagpapatawad ni Allah, sapagkat ang iyong Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad*....141
*Huwag malungkot, - laging alalahanin si Allah*....142
*Huwag malungkot, - kailanman ay huwag mawalan ng pag-asa sa habag ni Allah*....144
*Huwag magdalamhati sa mga walang halagang bagay*....147
*Huwag malungkot, talikdan ang pagkabagabag*....149
*Huwag magdalamhati kung ang iba ay manisi at humamak sa iyo*....151
*Huwag malungkot kung (ikaw ay) mahirap*....152
*Huwag malungkot sa mga pangamba (sa) kung ano ang maaaring mangyari*....153
*Huwag malungkot sa pamumuna mula sa mainggitin at may mahinang pag-iisip*....154
Huminto upang magnilay-nilay....158
*Huwag malungkot, - gumawa nang mabuti sa iba*....163
*Ang pagkainggit ay hindi isang bagong bagay*....166
Huminto upang magnilay-nilay....168

*Huwag malungkot dahil sa pangangailangan ng sapat na ikabubuhay*......173
*Pahalagahan ang gayon, ihambing sa iba, ang iyong pagsubok ay magaan*......174
*Huwag gagarin ang personalidad ng iba*......175
*Ang ganap na pagkakahiwalay at ang mga positibong epekto nito*......176
*Huwag mayanig sa mga kahirapan*......180
Huminto at mag-isip tungkol sa mga kahirapan......181
*Huwag malungkot, - (narito) ang mga saligan ng kaligayahan*182
Bakit magdadalamhati kung nasa iyo ang anim na sangkap?......185
Ang mga saligan ng kaligayahan, - mga Talata na mapagninilay-nilay......187
*Ang iyong pinakamabuting kasama ay aklat*......188
Mga salitain na tumatalakay sa kagalingan ng mga aklat...190
Ang kapakinabangan ng pagbabasa......191
Huminto upang magnilay-nilay......192
*Huwag magdalamhati, - mayroon pang ibang buhay na darating*......194
*Huwag damdamin na (parang) lubhang nabibigatan kung ang gawain ay natatambak*......195
Huwag magdalamhati at tanungin ang iyong sarili ng sumusunod na mga katanungan......197
*Huwag mawalan ng pag-asa kung ikaw ay nakaharap ng mahirap na sitwasyon*......198
Pagnilay-nilayin ang mga talatang ito......198
*Ang kalungkutan ay nakapagpapahina sa katawan at sa kaluluwa*......199
*Ang kalungkutan: isang sanhi ng mga ulser*......200
*Ang ilan sa mga epekto ng kalungkutan*......200

*Ano ang magagawa ng kalungkutan at galit?*......202
*Tiisin ang iyong mga kahirapan ng may katahimikan*......202
*Magtangan ng mabuting opinyon sa iyong Panginoon*......203
*Kung ang iyong isipan ay gumagala-gala*......204
*Yumakap sa nakatutulong na pamumuna*......204
*Ang karamihan sa mga tsismis ay walang batayan*......207
*Ang kahinahunan ay nakapagpapaiwas sa konprontasyon (pakikipagharap)*......208
*Ang kahapon ay hindi na kailanman magbabalik*......208
*Ang buhay na ito ay hindi karapat-dapat sa ating dalamhati* 209
Magbulay-bulay sa mga puntos na ito......212
*Habang ikaw ay may pananampalataya kay Allah, huwag malungkot*......213
*Huwag magdalamhati sa mga walang halaga sapagkat ang buong mundo ay walang halaga*......215
*Ganito kung paano ang mundo*......218
*Magsumikap upang makatulong sa iba*......218
*Huwag madama na pinagkakaitan habang ikaw ay may pan (o pandeunan) ng tinapay, isang baso ng tubig at damit sa iyong likuran*......219
*Ang mga biyaya na nagkukubli*......220
*Ikaw ay nilikha na natatangi*......221
*Ang marami na sa hitsura ay nakapipinsala ay katotohanan na isang biyaya*......224
*Ang pananampalataya ang pinakamalaking lunas!*......227
*Huwag mawalan ng pag-asa*......228
*Huwag malungkot, - ang buhay ay higit na maigsi kaysa sa iyong inaakala*......231
*Hangga't ikaw ay may taglay ng pangunahing pangangailangan sa buhay, - huwag malungkot*......232

*Ang pagiging kuntento ay nakapagtataboy sa kalungkutan*...233
*Kung ikaw ay nawalan ng bisig, mayroon ka pang ibang (bahagi) na makapupuno nito*........................236
*Ang mga araw (maghapon) ay umiinog sa pagdadala ng mabuti at masama*......................................237
*Maglakbay sa buong kalawakan ng kalupaan ni Allah*........239
Pagnilay-nilayin ang mga salitain ng Propeta..................240
*Sa mga huling sandali ng buhay*.........................................241
*Huwag hayaan ang kalamidad ay yumanig sa iyo*.............243
*Huwag magdalamhati, - ang mundong ito ay hindi kasinghalaga ng iyong pagdadalamhati*............................244
*Huwag malungkot: tandaan na ikaw ay nananampalataya kay Allah*..............................................245
Huminto upang magnilay-nilay........................................246
*Huwag mawalan ng pag-asa, - ang kapansanan ay hindi nakakahadlang sa tagumpay*................................247
*Kung ikaw ay yayakap sa Islam, walang dahilan para sa iyo na malungkot*.................................................249
*Ang mga bagay na nakapagbibigay ng kaligayahan*............253
*Ang mga sangkap ng kaligayahan*........................................254
*Hindi ka mamamatay bago (sumapit) ang iyong takdang panahon*.....................................................255
*'O' Allah, na Puspos ng Kamahalan at Karangalan...'*......257
Huminto upang magnilay-nilay........................................262
*Ang mga hakbang na dapat gawin kung ikaw ay nangangamba sa isang mainggiting tao*............................263
*Ang mabubuting pag-uugali*..................................................263
*Ang walang tulog na mga gabi*............................................264
*Ang mga masamang kahihinatnan nang paggawa ng kasalanan*....................................................265

*Magsumikap para sa iyong ikabubuhay, nguni't huwag maging mapag-imbot*.................................267
*Ang sekreto ng patnubay*....................................................269
*Sampung hiyas para sa mabuti at maringal na buhay*........270
*Huwag malungkot, - matutong pakitunguhan ang iyong realidad*..........................................................274
*Huwag malungkot - Malapit na o hindi na magtatagal, ang lahat-lahat sa mundong ito ay malilipol*...................282
*Ang pagkalumbay ay naghahantong sa kahirapan*...............283
*Ang pagkalumbay ay maaaring maghantong sa pagpapatiwakal*........................................284
*Ang paghingi ng pagpapatawad ni Allah ay nagbubukas sa mga pinid na pinto*...................................290
*Ang mga tao ay marapat na umasa sa iyo, at hindi ikaw sa kanila*...................................................293
*Pagkamaingat (Pagkamasinop)*............................................295
*Huwag kumapit sa iba maliban (lang) kay Allah*................298
*Ang paggawa ng mga gayong bagay na nagdudulot ng kapayapaan*................................................299
*(Makadiyos) na Pagtatakda*.................................................302
*Ang matamis na lasa ng kalayaan*.......................................302
*Ang dumi ang naging unan ni Sufyan Ath-Thawri*..............303
*Huwag magbigay ng atensyon sa mga sabi-sabi*.................304
*Ang mga sumpa ng luku-luko (hangal) ay walang halaga sa iyo*........................................................304
*Pahalagahan ang kagandahan ng sandaigdigan*..................306
*Ang kasakiman ay walang maitutulong*...............................308
*Ang pagbabata ng kahirapan ay pagbabayad-puri sa mga kasalanan*...........................................................309
Si Allah (lamang) ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pag-aayos ng mga pangyayari (sa atin) 310

*Ang mga sangkap ng kaligayahan*......311
*Ang pagod at pagkapagal na dumarating dahilan sa mahalagang posisyon*......312
*At pumunta sa pagdarasal*......313
*Ang kawanggawa ay naghahatid ng kapayapaan sa nagbibigay*......316
*Huwag magalit*......318
*Ang mga panalangin (pagluhog) sa umaga*......319
Huminto upang magnilay-nilay......321
*Ang Qur'an: Ang pinagpalang aklat*......322
*Huwag maghangad ng katanyagan, kung hindi, ikaw ay mabibigatan ng dalamhati at mga pagkabagabag*......323
*Ang mabuting buhay*......324
*Magbata ng mga pagsubok nang matiyaga*......326
*Sambahin si Allah sa pamamagitan ng pagsusuko ng iyong kalooban sa Kanya*......326
*Mula sa pagiging gobernador tungo sa pagiging isang karpintero*......327
*Ang pakikihalubilo sa mga tao na ang lipon ay mabigat at ungas ay nakawawasak sa kapayapaan ng tao*......329
*Para sa mga sinalanta ng kalamidad*......331
*Ang mga positibong epekto nang pagkakaroon ng tunay na Monoteistikong pananampalataya kay Allah*......333
*Pangalagaan ang iyong panlabas gayundin ang iyong panloob*......339
*Humanap ng pagkalinga kay Allah*......342
*Inilalagay ko ang aking ganap na pagtitiwala sa Kanya*....344
*Sila ay nagkasundo sa tatlong puntos*......344
*Ang maling gawa ng mapaglabag*......346
*Si Khosrau at ang matandang babae*......347

*Ang kapansanan (balakid) sa isang bahagi ay maaaring mapunuan (o mabayaran) sa pamamagitan ng kahusayan sa ibang bahagi*....................348
*Ilang mga salita tungkol sa hangal*....................................354
*Ang Pananampalataya kay Allah ang siyang daan sa kaligtasan*................................................357
*Maging ang mga hindi nananampalataya ay nasa magkakaibang antas*................................................360
*Isang bakal (matibay) na pagnanais*....................................361
*Ang likas na kalooban (disposisyon) na kalakip sa ating pagkalikha*..............................................363
*Ang anumang nakasulat para sa iyo ay walang pagkakamali na sasapit sa iyo*.........................................365
*Magtrabaho nang husto para sa mabungang kahihinatnan*...366
*Ang iyong buhay ay hitik sa hindi mabibiling mga sandali* 372
Huminto upang magnilay-nilay.........................................378
*Ang paggawa ng mariringal na gawa ay daan sa kaligayahan*379
*Ang kapaki-pakinabang na karunungan at walang bungang karunungan*.........................................380
*Higit pang magbasa, nguni't may pang-unawa at pagmumuni-muni*.........................................................383
*Ipagsulit mo ang iyong sarili*...............................................384
*Ang tatlong pagkakamali na pangkaraniwan sa ating pang-araw-araw na buhay*.......................................385
*Magplano ng iyong mga gawain (o bagay-bagay) at magsagawa ng tamang pag-iingat*.................................385
*Ang mapalapit sa mga tao*...................................................387
*Maglakbay sa iba't ibang lupain*..........................................388
*Magsagawa ng mga boluntaryong dasal sa huling oras ng gabi*.....................................................389
*Ang iyong gantimpala ay Paraiso*........................................390

*Tunay na pagmamahal*......392
*Ang Shari'ah ay ginawa na magaan para sa iyo*......393
*Kapanatagan at kapayapaan*......395
*Mag-ingat sa marubdob na pag-ibig*......396
Ang ilang lunas sa marubdob, at hindi mapigilang pag-ibig......398
*Ang mga karapatan ng pagkakapatiran*......400
*Ang dalawang sekreto tungkol sa pagkakasala (kahit na alam mo ang mga ito, huwag magkasala)*......400
*Humanap ng ikabubuhay o panustos datapuwa't huwag maging gahaman*......401
Huminto upang magnilay-nilay......402
*Ang relihiyon na hitik sa mga pakinabang*......403
Huwag mangamba! Katiyakan, ikaw ay magkakaroon ng mataas na kamay......404
*Manatiling malayo sa sumusunod na apat*......405
*Upang makatagpo ng kapayapaan, bumaling sa iyong Panginoon*......406
*Dalawang dakilang salita ng kaaliwan*......407
*Ang ilan sa mga positibong epekto ng pagdaranas ng kahirapan*......408
*Karunungan*......409
*Ang kaligayahan ay isang Banal na regalo na hindi nagtatangi sa pagitan ng mayaman at ng mahirap*......409
*Ang maala-ala matapos ang kamatayan ay isang pangalawang buhay*......410
*Panikluhuran ninyo si Allah ng sumusunod*......410
*Isang Panginoon na hindi nagkakamali*......411
*Isulat ang iyong sariling kasaysayan*......412
*Makinig nang mataman sa mga salita ni Allah*......413
*Ang bawat isa ay naghahanap ng kaligayahan, nguni't*......415

*Maghanda sa masasamang panahon sa pagiging mapagpasalamat kung ang lahat ay mainam*......416
*Ang Pagpapala laban sa Apoy*......418
Hindi baga Aming binuksan ang iyong dibdib (O' Muhammad)?......419
*Isang mabuting buhay*......421
*Ano kung gayon ang kaligayahan?*......424
*Sa Kanya pumapanhik ang mabubuting salita*......427
Ganito ang Pagdaklot (Pagpaparusa) ng iyong Panginoon 429
*Ang panalangin ng ginawan ng kapinsalaan (pinagkasalahan)*......433
*Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang mabuting kaibigan*......433
*Sa Islam, ang seguridad ay kinakailangan*......435
*Panandaliang kabantugan*......436
*Ang pagsasagawa ng matutuwid na gawa ay siyang korona sa ulo ng isang maligayang buhay*......439
*Ang kawalang-hanggan at Paraiso ay nandoroon, at hindi rito!*......442
*Ang mga kaaway ng Banal na landas*......444
*Ang realidad ng buhay na ito*......446
*Ang susi tungo sa kaligayahan*......450
Huminto upang magnilay-nilay......450
*Paano sila namumuhay noon*......451
*Ano ang sinasabi ng matalino tungkol sa pagtitiyaga*......453
*Ang kahalagahan ng positibong saloobin*......455
*Ilang mga salita sa pagtitiyaga*......456
Huminto upang magnilay-nilay......458
*Huwag mamighati kung ikaw ay mahirap, sapagkat ang tunay mong halaga ay hindi nasusukat sa pamamagitan ng laman ng iyong librito sa bangko*......459

*Isang salita sa pagbabasa*....460
*Huwag malungkot, at pag-aralan ang mga tanda ni Allah sa mga likha*....461
*O' Allah! O' Allah!*....467
*Huwag magdalamhati, sapagkat ang pagbabago ay marapat na mangyari*....469
*Huwag magbigay ng kasiyahan sa iyong kaaway sa pamamagitan nang pagpapakita ng dalamhati*....470
*Ang optimismo (puno ng pag-asa) laban sa iskeptisismo (kawalang-pag-asa)*....472
*O' anak ni Adan, huwag mawalan ng pag-asa*....474
Huminto upang magnilay-nilay....477
*Ang mga pagpapala na nagkukubli*....478
*Ang mga bunga ng pagiging kuntento*....484
*Ang pagiging nalulugod kay Allah*....485
*Para sa mga hindi nasisiyahan ay mayroong pagkapoot*....485
*Ang mga pakinabang na maaani ng tao sa pagiging kuntento* 486
*Huwag mong hamunin ang iyong Panginoon*....487
*Isang makatarungang pagtatakda*....488
*Ang pagkagalit o paghihinanakit ay walang ibinibigay na ganti*....489
*Ang kaligtasan ay nasa pagkakuntento*....489
*Ang kawalang-kasiyahan ay pinto tungo sa pag-aalinlangan* 490
*Ang kasiyahan ay kayamanan at kaligtasan*....491
*Ang bunga ng kasiyahan ay pagpapasalamat*....492
Ang bunga ng kawalang-kasiyahan ay kawalan ng pananampalataya....492
Ang kawalang-kasiyahan ay isang bitag ng demonyo....493
*Isa pang salita ng kasiyahan*....494
*Ang pagpapalampas sa mga pagkakamali ng mga kapatid* 496

*Samantalahin ang kalusugan at malayang oras*..................499
*Si Allah ay nangangalaga sa kanila na nananampalataya*...500
*Ang mga posteng babala o pananda sa lansangang-bayan ng naghahanap*....................................503
*Ang mabiyayaan ng karangalan ay isa ring pagsubok*........505
*Ang nagtatagal na mga kayamanan*....................................506
*Ang determinasyon o pagpupunyagi ay makakapanaig sa hindi mapapangibabawang mga balakid*......................507
*Ang pagbabasa upang matuto ng karunungan*......................508
Ang nang ako ay nagkasakit, Siya ang nagbibigay-lunas sa akin...............................................509
*Gumawa ng mga pag-iingat*..................................................512
*Tiyakin sa iyong sarili ang mga katibayan o katotohanan*...512
*Magpasya na gawin ang ilang bagay at matapos ay isagawa yaon*..................................................512
*Ang buhay sa mundong ito*..................................................513
*Ang pagtatago sa kasamaan ay isang pansamantalang solusyon*..................................................515
*Tandaan na ikaw ay nakikitungo sa Pinakamahahabagin*........517
*Optimismo (pag-asam sa mabuting ibubunga o kalalabasan)* 518
*Ang buhay ay mabigat na gawain*........................................519
Huminto upang magnilay-nilay.........................................520
*Ang pananalunton sa gitnang landas ay magliligtas sa tao sa kapahamakan*..................................521
*Ang tao ay hinuhusgahan sa kanyang mga namamayaning katangian*..........................................522
Ang katutubong pag-uugali ng tao..................................523
*Hindi sapat na maging matalino lamang: ang tao ay nangangailangan din ng tunay na patnubay*........................524

*Kung ang tao ay may panloob na kagandahan, siya ay makakakilala ng kagandahan sa sandaigdigan*............527
*Ang ginhawa matapos ang kahirapan*..................................529
*Ikaw ay higit o nasa ibabaw ng paninibugho*......................529
Huminto upang magnilay-nilay........................................531
*Ang karunungan ang susi sa katahimikan at ginhawa*.........532
*Ang maling landas na pinatutunguhan tungkol sa mga bagay-bagay*.......................................................533
*Ang pinakamaringal na tao*..................................................534
*Isa-isang hakbang lang muna*...............................................534
*Kahit na ikaw ay mayroong kakarampot lamang o marami, matutong magpasalamat*......................536
Tatlong plake...........................................................................537
Huminto upang magnilay-nilay.........................................538
*Maging malaya sa pagkabalisa at pangamba*.......................539
*Ang mga gawa ng kawanggawa*...........................................540
*Paglilibang at pamamahinga*................................................542
Huminto upang magnilay-nilay.........................................547
*Pagnilay-nilayin ang sandaigdigan*.......................................548
*Sundin ang isang pinag-aralang plano*.................................549
*Huwag maging walang-kaayusan sa iyong mga gawain*......551
*Ang iyong halaga ay napagtatanto sa pamamagitan ng iyong pananampalataya at pag-uugali*.........................552
*Ang sukdol na kaligayahan ng mga Kasamahan (ng Propeta) [nawa'y kalugdan silang lahat ni Allah]*.....555
*Ang sukdulang kasamaan ng mga hindi nananampalataya*...556
Huminto upang magnilay-nilay.........................................557
*Maging mapitagan sa kababaihan*........................................557
*Isang ngiti sa bawat umaga*.................................................558

*Ang pagiging mapusok sa paghihiganti ay lason na dumadaloy nang tuluy-tuloy sa isang maysakit na kaluluwa* 562
Huminto upang magnilay-nilay....563
*Huwag matunaw sa personalidad ng iba*....563
*Paghihintay ng ginhawa mula kay Allah*....565
*Ipagpatuloy ang trabaho na iyong kinalulugdan*....566
Huminto upang magnilay-nilay....567
*Patnubay: Ang likas na bunga ng paniniwala*....569
*Ang panggitnang daan*....572
*Pag-iwas sa mga kalabisan*....573
Huminto upang magnilay-nilay....574
*Sino ang matutuwid?*....575
*Si Allah ay Pinakamabait sa Kanyang mga alipin*....576
At ipagkakaloob (Niya) sa kanya mula (sa panggagalingan) na hindi niya napag-aakala....579
*Isang maagang kabayaran*....582
*Kung ikaw ay hihingi, humingi kay Allah*....583
*Mahahalagang sandali*....585
*Maka-Diyos o banal na pagtatakda*....588
*Kamatayan*....588
*Si Allah lamang ang Pinakamakapangyarihan*....591
*Hindi inaasahang ginhawa*....593
*Si Allah ay nagpapahintulot na mangyari ang mga himala sa Kanyang matutuwid na alipin*....594
*Si Allah ay Lubos na Sapat bilang isang Tagapagpasya ng mga pangyayari*....596
*Ang lahat-lahat sa sandaigdigan ay lumuluwalhati kay Allah* 599
*Malugod kay Allah*....602
*Isang panawagan mula sa lambak ng Nakhlah*....609
*Ang unang henerasyon ng mga Muslim*....610

*Kasiyahan (pagkakuntento) matapos na mawasak*................612
*Maging matatag sa paggawa ng isang pasya*......................614
Ang nananampalataya ay matatag at hindi natitinag.......618
*Ang pasan (o tungkulin) ng pagiging isang mahusay na tagapagsalita*........................................620
*Ang perpektong ginhawa at pahinga ay nasa Paraiso*.........622
*Ang kahinahunan ay tumutulong upang matamo ang iyong mga mithiin*........................................624
*Ang pagkabalisa ay hindi nakatutulong*................................627
*Ang kapayapaan ng isipan ay ang pagkakaroon ng pangunahing pangangailangan sa buhay*......................627
*Maging handa sa higit na masahol na eksena (o katatayuan)* 629
*Ikaw ay nasa mabuting kalagayan kung ikaw ay malusog at may sapat na pagkain*................................630
*Patayin ang apoy ng pagkapoot bago pa ito kumalat*.........632
*Huwag maliitin ang mga pagsisikhay ng ibang tao*.............633
*Pakitunguhan ang iba kung paano mo nais na ikaw ay pakitunguhan nila*..................................638
*Maging makatarungan*........................................................639
*Iwasan ang pagiging artipisyal (o mapagkunwari)*.............639
*Kung talagang hindi mo magawa ang isang bagay, pabayaan ito*................................................641
*Huwag maging magulo sa inyong buhay*.............................641
Ang inyong magkapanabay na pakikipagpaligsahan sa pagtitipon ng mga makamundong bagay ay nakapagliligaw sa inyo.......................................................642

*PAGPAPASYA*........................................................................ 645

*TALASALITAAN*.................................................................... 647

# TRANSLITERATION CHART

| | |
|---|---|
| أ | A |
| آ . ى | Aa |
| ب | B |
| ت | T |
| ة | H or T (when followed by another Arabic word) |
| ث | Th |
| ج | J |
| ح | H |
| خ | Kh |
| د | D |
| ذ | Dh |
| ر | R |
| ز | Z |
| س | S |
| ش | Sh |
| ص | S |
| ض | D |
| ط | T |

| | |
|---|---|
| ظ | Z |
| ع | ‘ |
| غ | Gh |
| ف | F |
| ق | Q |
| ك | K |
| ل | L |
| م | M |
| ن | N |
| هـ - ه - ـه | H |
| و | W |
| و (as a long vowel) | Oo |
| ي | Y |
| ي (as a long vowel) | Ee |
| ء | ’<br>(Omitted in initial position) |

| | | |
|---|---|---|
| َ | Fatḥah | A |
| ِ | Kasrah | I |
| ُ | Ḍammah | U |
| ّ | Shaddah | Double letter |
| ْ | Sukoon | Absence of vowel |

# TUNGKOL SA AKLAT NA ITO

Sa panahon kung saan ang mga Muslim ay nasasadlak sa mga pagsubok sa bawat hangganan sa labas at sa loob, ay dumating ang madamdaming aklat na ito na nag-ugat sa mga pag-uutos ni Allah, *Azzawajall* (ang Kataas-taasan), sa *Sunnah* (mga salitain at gawain ng Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan) at sa mahusay na patnubay at mga halimbawa ng mga Muslim na nauna sa atin.

Ang *Huwag Malungkot* ay isang mahalagang aklat para sa lahat. Ito ay hitik sa mga praktikal na payo kung paano itataboy ang kawalang-pag-asa at papalitan ito ng isang higit na makatotohanan (praktikal o makatuwiran) at sa bandang huli ay makapagbibigay ng kasiyahang pananaw na Islamiko sa buhay. Ito ay naglalantad sa makabagong mambabasa kung paano ang Islam ay nagtuturo sa atin na harapin ang mga pagsubok at pagdurusa ng mundong ito.

Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga talata ng Qur'an, mga salitain ni Propeta Muhammad (saws) at ng kanyang mga Kasamahan, gayundin ng mga pantas. Subalit ito rin ay naglalaman ng mga salitain ng mga Kanluranin at Silanganing mang-iisip at mga pilosopo, mga salitain na tumutugma sa katotohanan.

Ang aklat na ito, na humantong sa malalim at organisadong kaisipan, ay nagsasabi sa inyo ng maigsi:

"*Maging masaya, mapayapa, at nagagalak; at huwag malungkot.*"

# KALATAS NG TAGAPAGLATHALA

Ang lahat ng papuri ay kay Allah, ang Kataas-taasan. Nawa'y ang kapayapaan at mga pagpapala ni Allah ay mapasa-kay Muhammad, sa kanyang pamilya, at sa kanyang mga Kasamahan.

Bilang tagapaglathala ng mga Islamikong aklat, ako ay binaha nang maraming aklat na inaakala ng mga tao na marapat na isalin (sa ibang wika) at ilathala. Ang proseso o pamamaraan ng pagsasala sa mga aklat na yaon at ang pagpili sa pinakamainam ay isang pananagutan na hindi marapat na bigyan ng magaang pansin ng tagapaglathala, sapagkat ang mga aklat na yaon ang pagbabatayan ng mga Muslim na nagsasalita ng Inglis (at ngayon ay sa wikang Filipino) upang matutuhan ang kanilang Relihiyon. Ang gumawa ng pamimili sa pagitan ng mga aklat na yaon ay hindi kailanman naging magaan, sapagkat mayroong maraming mahuhusay na mga aklat Islamiko na marapat pang maisalin sa Inglis (at ngayon ay sa wikang Filipino).

Ang pagpili sa *Huwag Malungkot*, magkagayunman, ay isang magaan na pamimili, hindi lamang sa dahilang ang paksa nito ay lubhang nauugnay sa ating panahon, subalit ito rin ay sa dahilang ang may-akda ay mabisang tumalakay nito. Si Shaykh Aaidh Al-Qarnee ay tumalakay sa mga problema na kapwa kinasasadlakan ng mga Muslim at hindi Muslim, na bumabanggit ng mga lunas, kahit ito man, ay mula sa Islamikong perspektibo. Dito ay may labis na mga programa ng pansariling tulong, at mga pansariling tulong na mga aklat na sumusubok na talakayin kung paano haharapin ang depresyon (matinding kalungkutan o kapanglawan) o kung paano pakikitunguhan ang mga problema o kalamidad, - o maging kung

papaano magtatamo ng kaligayahan. Ang mga aklat na yaon at mga programa, magkagayunman, sa kalakhang bahagi nito, ay pandak o bansot na mga pagtatangka sa pagtalakay sa mga ganitong suliranin, sapagkat sila ay hindi tumatarok sa kaibuturan ng bagay (o kalagayan): ang pananananampalataya kay Allah. Ang mga ideya o kuru-kuro na matatagpuan sa aklat na ito ay nanggaling sa pangunahing batayan na ang pananampalataya kay Allah ay kinakailangan sa paglutas sa anumang problema. Magkagayunman, ang *Huwag Malungkot* ay hindi isang gawa na limitado lamang sa mga Muslim, sapagkat ang sinumang hindi Muslim na makakabasa nito ng may bukas na isipan ay magbibigay-pahalaga sa mga ideya at kaisipan ng may-akda, mga ideya na batay sa matatag na tindig ng mga tekstong pangrebelasyon (o kapahayagan) at mga kaisipan na nanunuot (sa damdamin) at matututuhan.

Ang IIPH, na may mga kuwalipikadong tauhan na tagapagsalin, ay patuloy na gumagawa ng mga pagsisikhay na makapaglathala ng may kalidad na mga aklat sa mga mambabasang Inglis (at ngayon ay sa mga mambabasang Filipino). Ako ay matapat na umaasa na kayo, ang mga mambabasa, ay makikinabang sa ganitong aklat, at nawa'y gantimpalaan ni Allah, ang Kataas-taasan, ang may-akda nito at yaong mga sama-samang tumulong upang maihanda ito. At nawa'y ang kapayapaan at mga pagpapala ni Allah ay mapasa-kay Propeta Muhammad, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga Kasamahan, at sa mga nananampalataya.

*Muhammad ibn Abdul-Muhsin Al Tuwaijri*
Pangkalahatang Tagapamahala
International Islamic Publishing House,
Riyadh, Saudi Arabia

# PAGPAPAKILA SA UNANG LATHALA (ng Arabik na Bersyon)

Ang lahat ng papuri ay kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan, at nawa'y iparating Niya ang kapayapaan at mga pagpapala kay Muhammad, sa kanyang pamilya, at sa kanyang mga Kasamahan. Hangad ko ang matapat na pag-asa na ang mambabasa ay makikinabang mula sa aklat na ito. Bago ninyo basahin ito, - màaaring kayo, matapos ang isang iglap na pananaw lamang, - ay makapagbitaw ng ilang uri ng panghuhusga, datapuwa't hayaan ang malalim na lohika (o katuwiran) at mga panuntunan na hinango sa rebelasyon (o kapahayagan) ay mamagitan sa gayong panghuhusga. Gayundin, inyong isaisip na tunay ngang isang kasalanang paglabag ang humusga sa isang gawa bago pa ito ay malasahan, o kung sa pinakamababa, ay marinig ang tungkol dito. Kaya't dito ay aking itinanghal sa inyo ang buod ng aklat na ito.

Sinulat ko ang aklat na ito para sa sinuman na namumuhay sa kahabaan ng kirot at dalamhati, o yaong dinapuan ng kahirapan, isang kahirapan na nagbubunga ng kalungkutan at hindi mapakaling mga gabi. Para sa lunas, aking pinuno ang mga pahina ng aklat na ito ng mga dosis (o panlunas) na kinuha sa iba't ibang pinagkukunan, - ang Qur'an, ang *Sunnah*, mga tulain, mga matinding anekdota, mga pabula (o talinghaga), at tunay na mga kuwento.

Ang aklat na ito ay nagsasabi ng sumusunod: Magalak at maging masaya; manatiling maging positibo at nasa kapayapaan. Katiyakang ito rin ay nagsasabi ng ganito: Mamuhay ng (isang)

buhay kung paano ito dapat ipamuhay, - malusog, maligaya, at kapaki-pakinabang. Ang aklat na ito ay nagsuri sa mga pagkakamali na ating ginagawa na laban sa panloob o pangkalikasang lohika (o katwiran), na tayo, bilang mga tao, - ay pinagkalooban ng ganito (ngunit nagagawa nating makalimutan kung tayo ay hindi sumusunod sa wastong patnubay), kahit na ang gayong mga pagkakamali ay nasa ating pag-iisip o nasa ating pakikitungo.

Ang aklat na ito ay nagbabawal na inyong ipagpatuloy ang mga gawi na salungat sa mga realidad (o katotohanan) ng buhay, at sa kung ano ang itinakda ni Allah, ang Kataas-taasan. Kayo ay tinatawagan hindi sa panlabas, datapuwa't sa panloob, mula sa kung ano ang alam na ng inyong kaluluwa, - na marapat ninyong pagtiwalaan ang inyong mga talento o angking kakayahan, na marapat ninyong paunlarin ang mga ito, na kailangan ninyong kalimutan ang mga kaguluhan at malaking pagbabago ng buhay, habang nakatuon (ang panahon at isipan) sa positibo at sa mabuting kasasapitan na inihahantong ng isang positibong pag-uugali.

Mayroong ilang mahahalagang isyu (o usapin) tungkol sa aklat na ito na ibig kong liwanagin ngayon:

1. Isang paala-ala ng habag at pagpapatawad ni Allah, matapat na pananampalataya sa Kanya, paniniwala sa kasasapitan at pagtatakda, isang buhay na ipinamumuhay sa loob ng mga hangganan ng ngayon, at isang paala-ala ng hindi mabilang na kagandahang-loob ni Allah, - ito ang ilan sa higit na mahalagang tema (o paksa) ng aklat na ito.
2. Sa taglay nitong mga ideya at lunas, ang aklat na ito ay nagsisikap na pawiin ang pagkabalisa, kalungkutan, dalamhati, damdamin ng pagkabigo, at kawalang-pag-asa.
3. Aking pinulot ang anumang aking nakita na may kinalaman sa paksa ng aklat mula sa sumusunod na pinagkunan: mga Talata ng

Qur'an, mga salitain ng Propeta (saws[1]), mga kuwento, mga talinghaga, mga tula, at mga salitain ng pantas. Ang aklat na ito ay hindi sermon lamang, o walang silbing pagsasanay na pangkaisipan, o isang paanyaya sa idelohiyang pulitikal. Bagkus, ang aklat na ito ay isang maalab na paanyaya tungo sa inyong kaligayahan.

4. Ang aklat na ito ay hindi lamang para sa mga Muslim; bagkus, ito ay angkop sa lahat ng mambabasa. Habang sinusulat ko ito, aking isinaalang-alang ang mga damdamin at emosyon na pangkaraniwan sa bawat isa. Gayunpaman, isinulat ko ito batay sa tunay na Relihiyon (kahit na tayo ay lumilihis dito o hindi), na panloob (o likas na nakatanim sa damdamin) ng lahat sa atin.

5. Kayo ay makakakita ng salitain ng mga Silanganin at Kanluraning manunulat at pilosopo. Hindi ko iniisip na ako ay marapat na sisihin dahilan sa gayon, sapagkat ang karunungan ay siyang mithiin ng bawat mananampalataya, kahit saan man niya ito matagpuan, siya ay karapat-dapat sa gayon.

6. Hindi ako naglagay ng anumang footnote (o pinagkunan o talibaba) sa aklat, kaya't ito ay higit na madali para sa mambabasa na basahin ito ng walang hadlang. Ang pinagkunan ng isang sinipi ay binabanggit sa loob ng teksto ng aklat. (Magkagayunman, sa wikang Inglis na salin ng aklat na ito, ang tagapagsalin na si Faisal ibn Muhammad Shafeeq ay naglagay ng reperensiya ng kabanata at talata ng Qur'an na sinipi ng may-akda).

7. Ginaya ko yaong mga nauna sa akin (alalaong baga, ang mga Islamikong manunulat ng mga nakaraang dantaon), hindi ko

[1] *Sallallahu alayhi wa salam* (Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ni Allah ay mapasakanya) o "saws" (bilang daglat). [Ang tagapagsalin]

binanggit ang mga bilang ng pahina o bolyum ng mga pinagkunan (o pinagsipian), na inaakala kong higit na kapaki-pakinabang sa partikular na aklat na ito. Kung minsan, ako ay diretsong sumisipi sa isang linya (o kalatas); sa ibang pagkakataon ay aking isinasabuod ang pangunahing ideya nito. (Ang *surah* o kabanata ng Qur'an at mga talata nito ay sinipi sa wikang Inglis na salin ni kapatid na Faisal ibn Muhammad Shafeeq, na akin ding sinunod sa wikang Filipino).

8. Hindi ko inorganisado (o isinaayos) ang aklat na ito batay sa mga kabanata; bagkus, aking pinag-iba-iba ang nilalaman, na nagsisingit ako ng mga paksa na maaaring hindi tuwirang kaugnay sa naunang (paksa) o sa huling (paksa). Ako ay mabilis na nagpapasalin-salin mula sa isang paksa tungo sa iba, at kung minsan, ako ay nagbabalik sa naunang paksa upang gawin ang pagbasa ng aklat na ito ay higit na maging kasiya-siya.

9. Hindi ko binanggit ang mga bilang ng talata, gayundin ay hindi ko binanggit ang pinagkunan (o pinagsipian) ng mga salitain ng Propeta. Kung ang isang *hadith* (salitain o gawa ng Propeta, sumakanya nawa ang kapayapaan) ay mahina, ito ay aking tinutukoy. Kung ito ay mapapanaligan o *hasan*, ito ay aking tinutukoy o hindi. Ang lahat ng ito ay aking ginawa upang ito ay maging maigsi.

10. Ang mambabasa ay makakapansin na ang ilang kahulugan at paksa ay inuulit-ulit (bagama't sa iba't ibang estilo) sa kabuuan ng aklat. Ito ay sinadya kong ginawa upang ang ibinigay na kahulugan ay maiugnay nito sa isipan ng mambabasa sa pamamagitan nang pag-uulit-ulit. Sinuman ang magdili-dili kung paano ang paulit-ulit na mga tema (o paksa) ay matatagpuan sa Qur'an ay marapat na magbigay-pahalaga sa mga kapakinabangan ng ganitong metodolohiya (o pamamaraan).

Ito ang sampung puntos na marapat na panatilihin sa isipan habang kayo ay nagbabasa ng aklat na ito. Gayunman, aking inaasahan na kayo ay magiging makatwiran sa inyong panghuhusga (o pangangatwiran) at ang inyong pagkiling (o pagkampi sa isang bahagi lamang) ay yaong patungo sa tunay at wastong karunungan. At pangwakas, ang aklat na ito ay hindi isinulat para sa isang tanging pangkat ng mga tao; bagkus, ito ay para sa sinuman na nagnanais na mamuhay ng isang maligayang buhay.

*'Aaidh ibn Abdullah Al-Qarnee*

## *O' Allah!*

﴿Ang bawat nilalang dito sa kalangitan at kalupaan ay sa Kanya humahanap ng kanilang pangangailangan. At sa araw-araw, Siya ay nananatili [na nagpapapangyayari] sa bawat bagay-bagay [ng Kanyang mga nilikha].﴾ *(Qur'an 55: 29)*

Kung mayroong marahas na bagyo at ang karagatan ay maalon, ang mga nakasakay sa bapor ay tumatawag ng, 'O Allah!'

Kung ang hinete ng kamelyo at ang sasakyan ay nawala sa disyerto, sila ay tumatawag ng, 'O Allah!'

Kung ang mga pintuan ay isinara sa harapan niyaong nagnanais na pumasok dito at ang panghadlang ay inilagay sa harapan ng mga nangangailangan, silang lahat ay tumatawag ng, 'O Allah!'

Kung ang lahat ng mga plano ay natapos sa kabiguan, ang lahat ng pag-asa ay nawala, at ang landas ay naging masikip, ang 'O Allah!' ang nagiging panambitan.

Kung ang kalupaan na malawak at ganap na malapad ay pinakipot para sa iyo, na naging dahilan upang ang iyong kaluluwa ay magsikip, tumawag ng, 'O Allah!'

Kay Allah umaakyat ang lahat nang mabubuting salita, ang matapat na pagluhog, ang mga luha ng inosente, at ang mga panalangin ng may karamdaman. Ang mga kamay at mga mata ay iniuunat sa Kanya sa mga oras ng kahirapan at kasamaang-palad. Ang dila ay dumadalit, nananawagan, at bumabanggit sa Kanyang pangalan. Ang puso ay nakakatagpo ng kapayapaan, ang kaluluwa ay nakakatagpo ng kapahingahan, ang mga litid (nerbiyos) ay napapaginhawa, at ang katalinuhan ay nagigising, - ang lahat ng ito ay natatamo kung ating maaala-ala si Allah, *Subhaanahu wa Ta'alaa* - 'Gaano Siya kaperpekto, ang Kataas-taasan!'

﴾Si Allah ang Pinakamapagbigay [Pinakamabuti] sa Kanyang mga alipin.﴿ *(Qur'an 42: 19)*

Allah: ang pinakamaganda sa lahat ng pangalan, ang tunay na kumbinasyon ng mga titik, ang pinakamahal sa mga salita.

﴾Kayo baga ay nakakaalam sa sinuman na katulad Niya? [Di nga kasi, walang sinuman ang katulad o katapat Niya o maaaring maiwangki sa Kanya at wala Siyang katambal; 'Walang sinuman ang makakatulad Niya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid'].﴿ *(Qur'an 19: 65)*

Allah: Siya ay naiisip kung ang tandisang kayamanan, lakas, kaluwalhatian at karunungan ay pumasok sa isipan.

﴾Kanino pa kaya ang kaharian sa araw na yaon? Ito ay kay Allah, ang Nag-iisa, ang hindi mapapangibabawan!﴿ *(Qur'an 40: 16)*

Allah: Siya ay naiisip kung ang kabaitan, pangangalaga, lunas, pagmamahal at habag ay pumasok sa isipan.

﴾At kung anuman ang biyaya [at magagandang bagay] na nasa inyo, ito ay mula kay Allah.﴿ *(Qur'an 16: 53)*

O' Allah, ang Nag-aangkin ng Kadakilaan, Karilagan at Kapangyarihan, hayaan ang ginhawa ay pumalit sa pighati, ang kaligayahan ay dumating matapos ang kalungkutan, at hayaan ang kaligtasan ang pumalit sa pangamba.

O' Allah: Palamigin Mo (po) ang nagliliyab na puso sa pamamagitan ng lamig ng pananampalataya.

O' aming Panginoon: Pagkalooban (Mo po) nang mapayapang pagkakatulog ang mga nababalisa, at ng katahimikan sa nagagambalang kaluluwa.

O' aming Panginoon: Patnubayan (Mo po) ang nalilito sa Inyong liwanag at yaong naliligaw sa Inyong patnubay.

O' Allah: Alisin (Mo po) ang masamang bulong sa aming puso at palitan ito ng liwanag, wasakin ang kasinungalingan sa pamamagitan ng katotohanan, at durugin ang masamang balak ng Diyablo sa pamamagitan ng pulutong ng Inyong Anghel.

O' Allah: Alisin (Mo po) sa amin ang lumbay, karamdaman at pagkabalisa.

Kami ay humahanap ng pagpapakupkop sa Inyo sa pangamba maliban sa Inyo (lamang), sa pagdedepende sa sinuman maliban sa Inyo (lamang), sa paglalagay ng aming ganap na tiwala maliban sa Inyo (lamang), at sa pagdalangin sa sinuman maliban sa Inyo (lamang). Kayo ang Kataas-taasang Patron at isang napakahusay na Tagapangalaga.

## *Magnilay-nilay at maging mapagpasalamat*

Alalahanin ang mga kagandahang-loob ni Allah sa iyo at kung paano ka pinalilibutan nito sa itaas at sa ibaba, - tunay nga, sa bawat direksyon.

﴾At kung inyong bibilangin ang mga Pagpapala [Biyaya] ni Allah, kailanman ay hindi ninyo ito magagawang bilangin.﴿ *(Qur'an 14: 34)*

Ang kalusugan, kaligtasan, pagkain, kasuutan, hangin at tubig, - ang lahat ng ito ay tumuturo sa mundo na nabibilang sa iyo, magkagayunman, ito ay hindi mo napag-aakala. Angkin mo ang lahat na maibibigay ng buhay, magkagayunman, (ikaw) ay nananatiling mangmang.

﴾At saganang iginawad Niya sa inyo ang Kanyang kagandahang-loob [biyaya] na [kapwa] lantad at nalilingid.﴿ *(Qur'an 31: 20)*

Nasa iyong kapasiyahan ang iyong dalawang mata, ang dila, ang mga labi, dalawang kamay at dalawang binti.

﴾Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa [O' mga Jinn at Tao]?﴿ *(Qur'an 55: 13)*

Mailalarawan mo ba ang iyong sarili na walang mga paa? Matatanggap mo ba ito nang magaan na ikaw ay makakatulog nang mahimbing habang ang kahirapan ay nakakahadlang sa pagtulog nang marami? Marapat mo bang kalimutan na binubusog mo ang iyong sarili ng parehong masarap na pagkain at malamig na tubig habang ang kasiyahan ng mainam na pagkain at inumin ay imposible sa ilan, dahilan sa karamdaman at sakit? Iyong isaalang-alang ang kakayahan ng pandinig at pangmasid na ipinagkaloob sa iyo. Masdan ang iyong malusog na balat at magkaroon ng pasasalamat na ikaw ay iniligtas sa mga sakit na umaatake rito. Magnilay-nilay sa iyong kapangyarihan ng pangangatwiran at alalahanin yaong nagdurusa sa karamdaman ng pag-iisip. Iyo bang ipagbibili ang iyong kakayahan na makarinig at makakita bilang (kapalit ng) timbang ng Bundok ng Uhud sa ginto, o ang iyong kakayahan na magsalita bilang (kapalit) ng malalaking kastilyo? Ikaw ay pinagkalooban ng saganang biyaya, gayunpaman, ikaw ay nagdadahilan ng kamangmangan. Sa kabila ng mainit na tinapay, malamig na tubig, magaan na pagtulog at mabuting kalusugan, ikaw ay nananatiling walang kapag-a-pag-asa at nalulumbay. Ikaw ay nag-iisip tungkol sa mga bagay na wala ka at walang pasasalamat sa anumang ipinagkaloob sa iyo. Ikaw ay naguguluhan sa pagkawala ng kayamanan, bagama't nasa sa iyo ang susi ng kaligayahan at maraming biyaya. Magnilay-nilay at maging mapagpasalamat.

﴾At gayundin sa inyong sarili [ay may mga tanda]. Hindi baga ninyo nakikita?﴿ *(Qur'an 51: 21)*

Magnilay-nilay sa iyong sarili, sa iyong pamilya, sa iyong mga kaibigan, at sa buong mundo na nakapaligid sa iyo.

﴾Nababatid nila ang pagpapala ni Allah, datapuwa't itinatatwa nila ito [sa pamamagitan nang pagsamba sa mga iba tangi pa kay Allah].﴿ *(Qur'an 16: 83)*

## *Ang nakaraan ay lumisan na nang lubusan*

Sa pamamagitan nang malungkot na pag-iisip-isip sa nakaraan at sa mga trahedya nito, ang sinuman ay naglalantad ng isang anyo ng pagkabaliw, - isang uri ng sakit na nagwawasak sa kapasiyahan na mabuhay sa pangkasalukuyang sandali. Yaong mayroong matatag na layunin ay nagtalaksan ng patapon at kinalimutan ang mga pangyayari ng nakaraan, na hindi na kailanman makakakita ng liwanag, sapagkat ito ay umuukupa ng madilim na lugar sa kaibuturan ng isipan. Ang mga kuwento ng nakaraan ay tinutuldukan; ang kalungkutan ay hindi makapagpapanumbalik sa mga ito, ang kapanglawan ay hindi makakagawa sa mga bagay na maging wasto, at ang kalumbayan ay hindi kailanman makapagpapanumbalik sa nakaraan sa buhay (na ito). Ito'y sa dahilang ang nakaraan ay hindi na nananatili pa.

Huwag mabuhay sa masamang panaginip ng unang panahon o sa ilalim ng anino ng iyong nalagpasan. Iligtas mo ang iyong sarili sa tila multong pagpapakita ng nakaraan. Napag-aakala mo ba na maibabalik mo ang araw sa kanyang lugar ng pagsikat, ang sanggol sa sinapupunan ng kanyang ina, ang gatas sa suso, o ang mga luha sa mata? Sa patuloy na pamumuhay sa nakaraan at sa mga pangyayari nito, iyong inilagay ang iyong sarili sa pinakanakatatakot at kalunus-lunos na kalagayan ng isipan.

Ang labis na pagbabasa sa nakaraan ay isang pag-aaksaya sa pangkasalukuyan. Nang si Allah ay bumanggit sa pangyayari ng nakaraang mga bayan (bansa), Siya ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Sila ang mga tao [pamayanan] na nagsipanaw na.﴿ *(Qur'an 2: 134)*

Ang nakaraang araw ay lumisan at natapos na, at ikaw ay walang mapapakinabangan sa paggawa ng isang awtopsiya sa mga ito, sa pamamagitan ng pagbabalik-muli sa gulong ng kasaysayan.

Ang tao na nabubuhay sa nakaraan ay katulad ng isa na nagtatangka na makakita ng kusot. Sa sinauna, nakahiratihan nang sabihin: "Huwag mong alisin ang patay sa kanilang libingan."

Ang ating trahedya ay yaong tayo ay walang kakayahan na pakitunguhan ang nakaraan: na nagpapabaya sa ating magagandang kastilyo, tayo ay nananangis sa mga guhong gusali. Kung ang bawat tao at bawat *Jinn* ay magsasanib upang ibalik ang nakaraan, sila ay katiyakan na mabibigo. Ang lahat ng nasa kalupaan ay nagmamamartsa nang pasulong, na naghahanda sa bagong klima, - at marapat mo ring gawin.

## *Ang ngayon ay ang lahat-lahat ng iyong angkin*

Kung ikaw ay magising sa umaga, huwag mong akalain na makikita (mo) ang gabi, - mabuhay na wari bang ang ngayon ay ang lahat-lahat ng iyong angkin. Ang kahapon ay nagdaan na taglay ang kanyang kabutihan at kasamaan, samantalang ang bukas ay hindi pa dumarating. Ang haba ng iyong buhay ay isang araw lamang, na wari bang ikaw ay ipinanganak ngayon at mamamatay sa pagtatapos nito. Sa ganitong pag-uugali, ikaw ay hindi madarakip sa pagitan nang pagsagi ng nakaraan, sa lahat ng mga kabalisahan nito, at ang pag-asa ng hinaharap, sa lahat ng kawalang-katiyakan nito. Mabuhay para sa ngayon: Sa araw na ito, marapat kang magdasal nang may gising na puso, dalitin ang Qur'an ng may pang-unawa, alalahanin si Allah ng may katapatan. Sa araw na ito, ikaw ay marapat na maging balanse (o pantay) sa iyong mga gawain, na nasisiyahan sa nauukol na bahagi sa iyo, na may malasakit sa iyong hitsura at kalusugan.

Isaayos ang mga oras sa araw na ito, upang iyong magawa na mga taon ang mga minuto, at mga buwan ang mga sandali. Humanap ng pagpapatawad sa iyong Panginoon, alalahanin mo Siya, maghanda sa pangwakas na paglisan sa mundong ito, at mamuhay ngayon nang maligaya at sa kapayapaan. Maging kuntento sa iyong pagkain, sa iyong asawa, sa iyong mga anak, sa iyong trabaho, sa iyong bahay at sa iyong katayuan sa buhay.

﴾Kaya't pananganan mo ang Aking ipinagkaloob sa iyo at maging isa sa mga may pagtingin ng pasasalamat [sa Akin].﴿ *(Qur'an 7: 144)*

Mabuhay ngayon na malaya sa kalungkutan, pagkabalisa, pagkapoot, paninibugho at masamang hangarin.

Marapat mong ititik sa iyong puso ang isang parirala: Ngayon ang tangi kong araw lamang. Kung ikaw ay nakakain nang mainit at sariwang tinapay ngayon, kung gayon, ano ang halaga ng tuyo at sirang tinapay kahapon, at ng inaasahang tinapay sa kinabukasan?

Kung ikaw ay makatotohanan sa iyong sarili at mayroong matatag at buong pagpapasya, walang alinlangan na mahihikayat mo ang iyong sarili ng mga sumusunod: Ngayon ang aking huling araw para mabuhay. Kung iyong natamo ang ganitong saloobin, ikaw ay makikinabang sa bawat sandali ng iyong araw, sa pamamagitan nang pagpapaunlad sa iyong personalidad (o katauhan), pagpapalawak ng iyong kakayahan, at pagpapadalisay ng iyong mga gawa. At matapos ay masasabi mo sa iyong sarili:

Ngayon, ako ay magiging pino sa aking pananalita at hindi ako magsasalita nang masamang pangungusap, gayundin ang malaswa. Ako rin ay hindi magsasalita (nang masama) sa talikuran.

Ngayon ay aking isasaayos ang aking bahay at aking opisina. Ang mga ito ay hindi magiging wala sa ayos at magulo, bagkus ay maayos at malinis.

Ngayon, ako ay magiging partikular (o magtatangi) sa aking kalinisang pangkatawan at hitsura. Ako ay magiging mapansinin sa aking kalinisan at magiging timbang sa aking paglakad, pagsasalita at mga gawa.

Ngayon, ako ay magsisikap na maging masunurin sa aking Panginoon, magdarasal sa pinakamabuti kong magagawa, na higit pang makagawa ng mga boluntaryong gawa ng katuwiran, dumalit ng Qur'an, at magbasa ng mga kapaki-pakinabang na aklat. Aking itatanim ang kabaitan sa aking puso at huhugutin ko rito ang mga ugat ng kasamaan, - katulad ng pagmamalaki, paninibugho at pagkukunwari.

Ngayon, ako ay magsisikap na makatulong sa iba, - na dumalaw sa maysakit, na dumalo sa paglilibing, na patnubayan ang isa na nawawala, at pakainin ang nagugutom. Ako ay titindig sa tabi ng pinagmamalupitan at mahihina. Ako ay magbibigay-galang sa mga pantas, ang maging mahahabagin sa mga kabataan, at mapitagan sa matatanda.

O' nakaraan na lumisan at umalis, ako ay hindi iiyak sa harapan mo. Ako ay hindi mo makikita na gumugunita sa iyo, kahit na nga sa isang sandali, sapagkat ikaw ay naglakbay na palayo sa akin na hindi na kailanman magbabalik.

O' hinaharap, ikaw ay nasa kaharian ng nalilingid. Hindi sasagi sa aking isipan ang iyong mga panaginip. Hindi ako magbubuhos ng panahon sa bagay na mangyayari pa lamang sapagkat ang bukas ay wala at hindi pa man nilikha.

'Ang ngayon ang tangi kong araw lamang' ang isa sa mahahalagang pangungusap sa diksiyonaryo ng kaligayahan, sa mga nagnanais na mamuhay ng buhay na hitik sa karilagan at ningning.

## *Hayaang mag-isa ang bukas hanggang sa ito ay sumapit*

﴾Naitakda [na] ni Allah ang Huling Oras [at ang kaparusahan ng mga hindi nananampalataya, at ito ay tiyak na magaganap], kaya't huwag ninyong hangarin na madaliin ito.﴿ *(Qur'an 16: 1)*

Huwag magmadali at nag-aapura para sa mga bagay na darating pa lamang. Inaakala mo ba na katalinuhan ang pumitas ng bunga bago pa ito mahinog? Ang kinabukasan ay wala pa, na walang realidad sa ngayon, kaya't bakit mo aabalahin ang iyong sarili sa ganito? Bakit ka mayroong pag-aatubili tungkol sa panghinaharap na malalaking kapahamakan? Bakit ka marapat na maging abalang-abala sa pag-iisip sa mga ito, tangi pa nga na rito ay hindi mo nalalaman kung makikita mo pa ang bukas?

Ang mahalagang bagay na malaman ay ang bukas ay mula sa mundo ng nalilingid, isang tulay na hindi natin tinatawid hangga't ito ay hindi dumarating. Sino ang makakaalam, marahil ay hindi natin kailanman mararating ang tulay, o ang tulay ay maaaring maguho bago pa natin marating ito, o maaari nating marating ito at makatawid dito nang ligtas.

Para sa atin na maging okupadung-okupado na umaasa sa hinaharap, (ito) ay tinitingnan nang mababa sa ating relihiyon sapagkat ito ay naghahantong sa mahabang panahon nating pagkakadugtong sa mundong ito, ang isang pagkakadugtong na iniiwasan ng mabuting mananampalataya. Maraming tao sa mundong ito ang walang karampatan na nangangamba sa panghinaharap na kahirapan, pagkagutom, sakit at malaking kapahamakan: ang gayong pag-iisip ay inuulot ng Demonyo.

﴾Si Satanas ay nananakot sa inyo ng karalitaan [kapag kayo ay nagbigay ng kawanggawa] at nag-uudyok sa inyo [na gumawa] ng

kasalanan [tulad ng karamutan]; datapuwa't si Allah ay nangangako sa inyo ng pagpapatawad mula sa Kanya [kung magbibigay kayo ng kawanggawa], at ng kasaganaan.﴿ *(Qur'an 2: 268)*

Marami yaong mga umiiyak sapagkat nakikita nila ang kanilang sarili na nagugutom sa kinabukasan, na nagkakasakit pagkaraan ng isang buwan, o di kaya sila ay natatakot na ang mundo ay magwawakas na, matapos ang isang taon. Ang sinuman na walang palatandaan kung kailan siya mamamatay (na katulad nating lahat) ay hindi marapat na abalahin ang kanyang sarili sa gayong kaisipan.

Dahil sa buhos na buhos ka sa mabibigat na gawain ng ngayon, bayaan ang bukas hanggang sa ito ay dumating. Mag-ingat na humantong sa walang karampatang pagdurugtong sa panghinaharap na pag-asam sa mundong ito.

## *Paanong pakikitunguhan ang mapait na kritisismo (o pamumuna)*

Yaong mga mangmang ay bumigkas ng mga sumpa kay Allah, ang Kataas-taasan, ang Manlilikha ng lahat ng mga nilalang, kaya't anong pakikitungo ang marapat, tayo na batbat ng pagkakamali, ang ating aasahan sa mga tao. Ikaw ay lagi nang marapat na humarap sa kritisismo (pamumuna), na ang pagsalakay nito ay wari bang hindi matutuldukang giyera: ito ay hindi nagpapakita ng tanda ng pagtatapos. Habang ikaw ay kumikinang, nagbibigay, gumagawa at mayroon epekto sa mga iba, kung gayon, ang di pagpapatibay at pagtuligsa ang iyong magiging kapalaran sa buhay. Hangga't hindi ka nakakatakas sa mga tao sa pamamagitan nang paghanap ng guwang sa lupa o ang isang hagdan patungo sa alapaap, sila ay hindi magtitigil na punahin ka sa paghanap ng kamalian sa iyong pag-uugali. Sa ganitong kadahilanan, habang ikaw ay mula sa mga

naninirahan sa kalupaan, umasa na ikaw ay masasaktan, iinsultuhin at pupunahin.

At narito ang ilang bagay na marapat mong pagnilay-nilayin: ang isang tao na nauupo sa lupa ay hindi nahuhulog, at ang mga tao ay hindi nananadyak sa isang patay na aso. Samakatuwid, ang kanilang pagkapoot sa iyo ay maaaring nanggaling sa iyong pagkalagpas sa kanila sa katuwiran, karunungan, pag-uugali at kayamanan. Sa kanilang mata, ikaw ay isang mapaglabag, na ang mga kamalian ay hindi mapapatawad,- maliban na iyong iwan ang iyong mga talento at hubdan ang iyong sarili ng lahat nang kapuri-puring katangian, upang ikaw ay maging tanga, walang halaga at para sa kanila ay hindi nakakapagbigay ng sama. Ang ganitong kinalabasan ay kung ano ang eksaktong nais nila sa iyo.

Kaya't manatiling matatag at mapagbata kung nakakaharap mo ang kanilang mga insulto at pamumuna. Kung ikaw ay nasusugatan sa kanilang mga salita, at hinahayaan mo na ito ay makaimpluwensya sa iyo, magagawa mo na maging totoo ang kanilang pag-asa para sa kanila. Sa halip, iyong patawarin sila sa pamamagitan nang pagpapakita sa pinakamahusay mong pag-uugali. Lumayo ka sa kanila at huwag kang makaramdam ng pagkabahala sa kanilang mga pakana. Ang kanilang di pagtanggap sa iyo ay lalo lamang nakapagdaragdag sa iyo ng halaga at kabutihan.

Katotohanang sila ay hindi mo mapapatahimik, ngunit magagawa mo na ilibing ang kanilang mga pamumuna sa pamamagitan nang pag-iwas sa kanila at pagpapawalang-saysay sa kanilang maaaring sabihin.

﴿Ipagbadya: 'Kayo ay magpakamatay sa inyong galit.'﴾ *(Qur'an 3: 119)*

Sa katotohanan, magagawa mo na dagdagan ang kanilang pagngangalit sa pamamagitan ng pagdaragdag sa iyong kabutihan at pagpapaunlad sa iyong mga talento.

Kung ikaw ay nagnanais na matanggap ng lahat at mahalin ng lahat, ikaw ay nagnais sa (bagay na) hindi matatamo.

## ***Huwag umasa ng pasasalamat mula sa kaninuman***

Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay lumikha sa Kanyang mga alipin upang sila ay sumamba at mag-ala-ala sa Kanya. Siya ay nagkaloob ng ikabubuhay sa kanila upang sila ay magkaroon ng pasasalamat sa Kanya. Gayon pa man, marami ang sumamba sa iba kaysa sa Kanya, at maraming tao ang hindi nagpapasalamat sa Kanya, bagkus ay sa mga iba, sapagkat ang pag-uugali ng kawalan ng utang na loob ay lubhang malawak sa lipon ng mga tao. Kaya't huwag kang mabagabag kung iyong makita ang mga iba na nakakalimot sa iyong kagandahang-loob o nagpapawalang-halaga sa iyong mabuting gawain. Ang ibang mga tao ay maaari pang mamuhi sa iyo at gawin ka nilang kaaway ng walang dahilan maliban lamang na pinakitaan mo sila ng kabutihan.

﴾At sila ay hindi makahanap ng anumang dahilan upang gawin yaon [alalaong baga, magkaroon ng hinanakit,] maliban na si Allah at ang Kanyang Sugo ay payamanin sila mula sa Kanyang Kasaganaan.﴿

*(Qur'an 9: 74)*

Sa bunton ng lagi nang inuulit na pahina ng kasaysayan ay may kuwento ng isang ama at ng kanyang anak na lalaki: ang una ay nagpalaki sa kanya, nagpakain sa kanya, nagparamit sa kanya at nagturo sa kanya; siya ay nanatiling gising sa mga gabi upang ang kanyang anak ay makatulog, nanatiling gutom upang ang kanyang anak ay makakain, at siya ay nagtatrabaho nang mabigat upang ang kanyang anak ay maging maginhawa. At nang ang anak ay magkagulang (lumaki) na at naging malakas, kanyang sinuklian ang kanyang ama ng pagsuway, kawalang-galang at paghamak.

Kaya't maging mapayapa kung ikaw ay binayaran ng kawalang-pasasalamat para sa kabutihan na iyong ginawa. Magsaya sa iyong kaisipan na ikaw ay gagantimpalaan ng Isa (Dakilang Diyos) na mayroong walang hanggang kayamanan ayon sa Kanyang pagtatalaga.

Dito ay hindi ibig sabihin na ikaw ay marapat na umiwas na magsagawa ng gawang kabutihan sa iba: ang puntos ay yaong ikaw ay marapat na mayroong isipang handa sa kawalang-pasasalamat.

Magsagawa ng mga gawaing pangkawanggawa na naghahanap ng pagkalugod ni Allah, sapagkat sa ganitong pagkilos, ikaw ay katiyakang magiging matagumpay. Ang walang pasasalamat na tao ay hindi talagang makapipinsala sa iyo: purihin si Allah na ang taong yaon ang siyang mapaglabag at ikaw ang masunuring tagapaglingkod. Gayundin, alalahanin na ang kamay na nagbibigay ay higit na mainam kaysa sa kamay na tumatanggap.

﴾Katotohanang kami ay nagpapakain sa inyo para sa pagkalugod ni Allah. Kami ay hindi naghahangad ng pabuya [gantimpala], gayundin ng pasasalamat mula sa inyo.﴿ *(Qur'an 76: 9)*

Maraming tao ang nagugulat sa likas na kawalang-utang na loob ng iba, na para bang hindi nila kailanman nadaanan ang ganitong talata at iba pa na katulad nito.

﴾At kung ang kasahulan [kasiphayuan] ay dumatal sa tao, siya ay naninikluhod sa Amin, na nakahimlay sa kanyang tagiliran, o nakaupo o nakatayo. Datapuwa't kapag napawi na Namin sa kanya ang kasiphayuan, siya ay nagpapatuloy sa [kanyang pagsuway] na wari bang Kami ay hindi niya pinanikluhuran upang [pawiin] ang kasahulan na sumaling sa kanya!﴿ *(Qur'an 10: 12)*

Kaya't huwag maging nasa kalagayan ng pagkabalisa kung binigyan mo ang sinuman ng pluma bilang isang regalo at ginamit

niya ito upang manuya sa iyo, o kung binigyan mo ang sinuman ng tungkod upang humilig at ikaw ay kanyang hinampas nito. Gaya nang aking tinurol sa una, ang karamihan sa mga tao ay walang utang na loob sa kanilang Panginoon, kaya't anong pakikitungo ang marapat na iyo at aking asahan?

## *Ang paggawa ng kabutihan sa iba ay nagbibigay-ginhawa sa puso*

Ang unang tao na nabibiyayaan sa gawa ng kawanggawa ay ang tumanggap na rin, sa pamamagitan nang pagkakita ng pagbabago sa kanyang sarili at sa kanyang pag-uugali, sa pagkatagpo ng kapayapaan, sa pagmamasid ng ngiti mula sa mga labi ng ibang tao.

Kung iyong nakita ang iyong sarili sa kahirapan at pagkabalisa, magpakita ng kabutihan sa iba, at ikaw ang una na makakatagpo ng pagkaaliw at ginhawa. Magbigay sa nangangailangan, ipagtanggol ang pinagmamalupitan, tulungan yaong nababagabag at dalawin ang maysakit: matatagpuan mo ang gayong kaligayahan na pumapalibot sa iyo sa lahat ng direksyon.

Ang isang gawa ng kawanggawa ay tulad ng pabango, - ito ay nakatutulong sa gumagamit, sa nagbibili at sa bumibili. Higit pa rito, ang kapakinabangang pangsikolohikal na natatanggap ng sinuman sa pagtulong sa iba ay katotohanang dakila. Kung ikaw ay nagdaranas ng pagkabalisa, ang isang gawa ng kawanggawa ay magkakaroon ng higit na mabisang epekto sa iyong karamdaman kaysa sa pinakamahusay na gamot sa ngayon.

Kahit na ikaw ay ngumingiti (lamang) sa pakikipagdaupang-palad sa iba, ikaw ay nagbibigay ng kawanggawa. Ang Propeta (sumakanya nawa ang mga pagpapala at kapayapaan) ay nagsabi:

*"Huwag mong baliwalain ang tanging gawa ng kabutihan sa pagpapalagay sa mga ito na walang halaga, kahit na (ang gayong gawa) ay upang makadaupang-palad ang iyong kapatid na may ngiti sa mukha (sapagkat yaon ay isang gawa na maaaring tumimbang nang mabigat sa iyong timbangan ng mga gawa)."*

Sa isang banda, kung ikaw ay nagkukunot ng noo kung nakakadaupang-palad ang iba, ikaw ay nagpapakita ng isang tanda ng pagkagalit, isang gawa na lubhang mapanganib sa pagkakapatiran na tanging si Allah ang nakakaalam nang ganap na layo ng masamang epekto nito.

Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa atin na ang isang puta o prostityut na minsang nagbigay ng isang dakot na tubig sa isang aso ay ginantimpalaan sa gayong gawa ng Paraiso, na kasinglawak na tulad ng mga kalangitan at kalupaan. Ito'y sa dahilang ang tagapagbigay ng mga gantimpala ay Pinakamapagpatawad, Pinakamasagana at Karapat-dapat sa Lahat ng Papuri.

O' ikaw na pinagbabantaan ng kahirapan, pangamba at kalungkutan, abalahin mo ang iyong sarili para sa ikabubuti ng iba. Tulungan ang iba sa iba't ibang paraan, - sa pamamagitan ng kawanggawa, pagkamaasikaso, pagdamay at pagsuporta. At sa paggawa ng gayon, matatagpuan mo ang lahat ng kaligayahan na iyong ninanasa.

﴾[Siya] na gumugugol ng kanyang kayamanan upang magkamit ng kadalisayan [sa kanyang sarili], at wala siyang iniisip na pag-asam ng ganti sa sinuman [na kanyang dinamayan], maliban lamang sa kanyang hangarin na makamtam ang kasiyahan [Pagkalugod] ng kanyang Panginoon, ang Kataas-taasan; katiyakang siya ay malulugod [kung siya ay papasok na sa Paraiso].﴿

*(Qur'an 92: 18-21)*

## *Itaboy ang pagkabagot sa pagtatrabaho*

Sila na walang magawa sa kanilang buhay ay katulad ng mga tao na gumugugol ng kanilang oras sa pagkakalat ng tsismis at kasinungalingan, sa dahilang ang kanilang isipan ay hubad sa mga kapaki-pakinabang na kaisipan:

﴾Sila ay nasisiyahan [na nagpaiwan sa kanilang tahanan] na kasama ang mga nagpapaiwan [mga kababaihan, mga bata at mga may karamdaman]. At ang kanilang puso ay nasasagkaan [upang hindi makaunawa ng lahat ng uri ng kabutihan at tuwid na patnubay], kaya't sila ay hindi nakakaunawa.﴿ *(Qur'an 9: 87)*

Kung makita mo ang iyong sarili na walang ginagawa, maghanda sa pagkabalisa at kawalang-pag-asa, sapagkat ang kawalan ng ginagawa ay nagpapahintulot sa iyong isipan na gumala-gala sa nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap, sa lahat ng mga kahirapan nito. Kaya nga, ang aking matapat na payo sa iyo ay magsagawa nang mabungang gawain sa halip na maging walang ginagawa, sapagkat ang kawalan ng ginagawa ay isang mabagal at nalalambungang anyo ng pagpapakamatay.

Ang kawalan ng ginagawa ay katulad ng isang mabagal na pagpaparusa na ipinalasap sa mga bilanggo sa Tsina: sila ay inilagay sa ilalim ng isang gripo, na rito ay isang patak ng tubig lamang ang tumutulo sa bawat oras. Sa panahon ng paghihintay sa pagitan ng mga patak, marami sa kanila ang nawala sa kanilang pag-iisip at nahantong sa pagkawala ng katinuan.

Ang pagiging hindi aktibo ay nangangahulugan ng pagiging pabaya sa kanyang mga tungkulin. Ang kawalan ng ginagawa ay isang bihasang magnanakaw at ang iyong isip ang biktima nito.

Samatuwid, tumindig na ngayon at bumigkas ng dasal o magbasa ng aklat, purihin ang iyong Panginoon, mag-aral, sumulat,

isaayos ang iyong aklatan, kumpunihin ang ilang bagay sa inyong bahay, o gawan ng kapakinabangan ang iba upang malagyan mo ng wakas ang iyong hindi pagiging aktibo. Sinasabi ko lamang ito sapagkat ako ay matapat na nagnanais para sa iyong ikabubuti.

Wasakin ang pagkabagot sa pamamagitan ng paggawa. Kung iyong i-aaplay ang ganito lamang payak na alituntunin, ikaw ay nakapaglakbay na nang hindi bababa sa limangpung porsiyento ng daan patungo sa kaligayahan. Tingnan mo ang mga magsasaka, mga anluwagi, at ang mga panadero, at iyong pagmasdan kung paano, kung sila ay nagtatrabaho, sila ay bumibigkas ng mga salita na kasinglamyos nang paghuni ng mga ibon, sapagkat sila ay kuntento. At makaraan, pagmasdan ang iyong sarili at kung paano mo inihahagis at itinutumba ang iyong kama habang iyong pinapahiran ang iyong mga luha, na laging naghihirap, na laging nagpaparusa sa iyong sarili.

## *Huwag maging mapanggagad*

Huwag mong palitan ang iyong sarili bilang isa na hindi naman ikaw: huwag mong gagarin ang iba. Marami sila na nagkukunwa upang makalimutan ang kanilang sariling tinig, pagkilos, kakatuwang ugali at kinagawian upang gayahin ang iba sa kanilang pamamaraan. Ang ilan sa mga kahihinatnan ng gayong pag-uugali ay ang pagiging huwad, kawalan ng kaligayahan at pagkawasak ng sariling kaangkinan o katauhan.

Mula kay Adan hanggang sa panghuling sanggol na ipinanganak, walang dalawang tao ang eksaktong pareho sa hitsura. Bakit sila kung gayon ay magkakahawig sa mga pag-uugali at panlasa?

Ikaw ay bukod-tangi, - wala ng iba pa ang katulad mo sa nakaraan at walang iba pa ang makakatulad mo sa hinaharap. Ikaw ay ganap na naiiba kay X o kay Y, kaya't huwag mong ipilit sa iyong sarili ang bulag na pagsunod at paggaya sa iba.

Magpatuloy ka ayon sa iyong sariling kalikasan at pagpapasya.

﴾Ang bawat pangkat ay nakakaalam ng kaniyang lugar ng tubig.﴿ *(Qur'an 2: 60)*

﴾Sa bawat pamayanan ay mayroong direksyon kung saan nila ibinabaling ang kanilang mukha [sa pagdarasal], kaya't magpaligsahan kayo sa paggawa ng mga kabutihan.﴿ *(Qur'an 2: 148)*

Maging ikaw kung paano ka nilikha at huwag palitan ang iyong tinig o baguhin ang iyong paglakad. Linangin ang iyong personalidad sa pamamagitan nang pagsunod sa kung ano ang matatagpuan sa rebelasyon o kapahayagan, ngunit huwag mong ituring ang iyong buhay na walang saysay sa pamamagitan nang paggaya sa iba at sa pagkakait sa iyong sarili ng iyong indibidwalidad o katauhan.

Ang iyong panlasa at ang higit mong nagugustuhan ay natatangi sa iyo at nais namin na manatili ka sa iyong kinalalagyan, sapagkat natatangi na sa gayong paraan ikaw ay nilikha at ito ay kung paano ka naman nakikilala. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*At huwag hayaan ang sinuman sa inyo ay maging manggagaya ng iba.*"

Sa termino o katawagan ng mga katangian, ang mga tao ay tulad ng mundo ng mga puno at halaman: matamis at maasim, mataas at mababa, at marami pang iba. Ang iyong kagandahan at kahalagahan ay nasa loob upang panatilihin ang iyong likas na kalagayan. Ang ating iba't ibang kulay, wika, talento at abilidad ay mga tanda mula sa ating Manlilikha, ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaluwalhati, kaya't huwag kang maniwala sa kanila.

## *Pagtatalaga*

﴿Walang masamang pangyayari ang magaganap dito sa kalupaan at sa inyong sarili [kaluluwa], maliban na ito ay naitala sa Aklat ng Tadhana [*Al Lauh Al Mahfouz*], bago pa Namin pinapangyari ang magaganap.﴾ *(Qur'an 57: 22)*

Ang mga panulat ay natuyo, ang mga pahina ay naitaas: ang lahat ng mga pangyayari na magaganap ay naisulat na.

﴿Ipagbadya: 'Kahit kailan, walang anuman ang mangyayari sa amin, maliban lamang sa itinadhana sa amin ni Allah'﴾ *(Qur'an 9: 51)*

Kung anuman ang sumapit sa iyo ay hindi nangangahulugan na takasan ka, at anuman ang nakatakas sa iyo ay hindi nangangahulugan na sasapit sa iyo: Kung ang ganitong paniniwala ay matatag na matatanim sa iyong puso, kung gayon, ang lahat ng tiisin at kahirapan ay magiging gaan at ginhawa. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Sinuman ang pagnaisan ni Allah ng kabutihan, Kanyang pinahihirapan siya (ng mga tiisin)."*

Sa ganitong dahilan, huwag damdamin ang labis na pagkaguliham kung ikaw ay dinapuan ng karamdaman, ng pagkamatay ng isang anak o ang pagkawala ng kayamanan. Si Allah ay nagtakda na ang ganitong mga bagay ay mangyari at ang pagpapasya ay nasa Kanya, at sa Kanya lamang. Kung tayo ay tunay na may ganitong pananampalataya, tayo ay gagantimpalaan nang mainam at ang ating mga kasalanan ay pawawalang-sala.

Sa kanila na binibigyang-hapis ng malaking kapahamakan, ang mabuting balita ay naghihintay sa kanila: kaya't manatiling matiyaga at masaya sa iyong Panginoon.

﴾Siya [Allah] ay hindi maaaring tanungin sa Kanyang ginagawa, samantalang sila [ang mga nilikha] ang tatanungin.﴿ *(Qur'an 21: 23)*

Hindi ka kailanman magiging ganap na nagagaanan hangga't ikaw ay hindi matatag na naniniwala na si Allah ay noon pa nagtalaga sa lahat ng bagay. Ang panulat ay natuyo na at dito ay naisulat ang lahat nang mangyayari sa iyo. Kaya't huwag magkaroon ng damdamin ng taos na pagsisisi sa mga bagay na wala sa iyong mga kamay. Huwag mong isipin na mahahadlangan mo ang bakod sa pagkabagsak, ang tubig sa pag-agos, ang hangin sa pag-ihip o ang baso sa pagkabasag. Hindi mo maaaring hadlangan ang ganitong mga bagay, maging ito man ay nais mo o hindi. Ang lahat ng mga itinalaga ay mangyayari.

﴾At kung sinuman ang magnais, hayaan siyang manampalataya, at kung sinuman ang magnais, hayaan siyang huwag manampalataya.﴿ *(Qur'an 18: 29)*

Isuko mo ang iyong sarili: maniwala sa pagtatalaga, bago ang matinding kirot ng poot at pagsisisi ay makapangibabaw sa iyo. Kung iyong nagawa ang lahat ng nasa iyong kapangyarihan, at matapos ang lahat ng iyong pagsusumikap na huwag mangyari ay naganap pa rin, magkaroon nang matatag na pananampalataya na ito ay nalalaan bilang gayon. Huwag magsabi, 'Kung ginawa ko lamang ang ganito at ganoon, ang ganito at ganoon ay hindi sana mangyayari'; bagkus ay magsabi, 'Ito ang pagtatakda ni Allah, at kung ano ang Kanyang naisin, ito ay ginagawa Niya.'

## *Katotohanang sa kahirapan ay mayroong ginhawa*

﴾Katotohanan, ang kasunod ng kahirapan ay kaginhawahan.﴿ *(Qur'an 94: 6)*

Ang pagkain ay sumusunod sa gutom, ang inumin ay sumusunod sa uhaw, ang tulog ay dumarating matapos ang pagkabalisa, ang kalusugan ay nananaig sa karamdaman. Ang naligaw ay makakatagpo sa kanilang daan, ang isa na nasa kahirapan ay makakatagpo ng ginhawa, at ang araw ay susunod sa gabi.

﴾Maaaring si Allah ay maghatid sa kanila [na mga Muslim] ng isang tagumpay [na malupig ang Makkah] o isang pasya ayon sa Kanyang Kalooban.﴿ *(Qur'an 5: 52)*

Ipagbigay-alam sa gabi ang pagdating ng umaga, ang liwanag nito ay lalaganap sa mga kabundukan at lambak. Ibigay sa mga nahihirapan ang balita ng karaka-rakang ginhawa na darating sa kanila na may bilis ng liwanag o sa isang kurap ng mata.

Kung iyong namamasdan ang disyerto na humahangga sa mga milya at mga milya, kung gayon, (iyong) maalaman na sa lagpas ng gayong layo ay mga luntiang kaparangan na may saganang lilim. Kung iyong makita ang lubid na papahigpit nang papahigpit, maalaman na ito ay malalagot.

Ang mga luha ay sinusundan ng ngiti, ang pangamba ay napapalitan ng ginhawa, at ang pagkabahala ay nalulupig ng kahinahunan. Nang ang apoy ay sinindihan sa kanya, si Propeta Abraham (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay hindi nakaramdam ng init nito dahilan sa tulong na kanyang natanggap mula sa kanyang Panginoon.

﴾Kami [Allah] ay nagwika: 'O' Apoy! Maging malamig ka at mangalaga ka kay Abraham!'﴿ *(Qur'an 21: 69)*

Ang dagat ay hindi nakalunod kay Propeta Moises (sumakanya nawa ang kapayapaan), sapagkat kanyang binigkas (ang sumusunod na talata) ng may tiwala, lakas at makatotohanang paraan:

﴾Hindi, katotohanan! Nasa panig [kasama] ko ang aking Panginoon, ako ay Kanyang papatnubayan.﴿ *(Qur'an 26: 62)*

Ang Propeta Muhammad (saws) ay nagsabi kay Abu Bakr sa loob ng kuweba na si Allah ay kasama nila, - at matapos, ang kapayapaan at kapanatagan ay bumaba sa kanila.

Yaong mga alipin ng sandali ay nakakakita lamang ng kahirapan at kasamaan. Ito'y sa dahilang sila ay tumitingin lamang sa dingding at pinto ng silid, ngunit sila ay marapat na tumingin nang lagpas sa gayong mga hadlang na nakalagay sa kanilang harapan.

Samakatuwid, huwag mawalan ng pag-asa: dito ay imposible para sa mga bagay na manatiling gayon pa rin. Ang mga araw at mga taon ay umiinog, ang kinabukasan ay nalilingid, at sa bawat araw si Allah ay may mga bagay na pinalilitaw. Hindi mo ito nalalaman, ngunit maaaring si Allah pagkatapos nito ay magdadala ng ilang bagong bagay na mangyayari. Ang katotohanan, sa kahirapan ay mayroong ginhawa.

## *Gawin ang lemon na isang matamis na inumin*

Ang isang matalino at bihasang tao ay nakagagawa na mapalitan ang pagkalugi ng pakinabang: samantalang ang hindi bihasang tao ay pinalulubha ang kanyang mabigat na katayuan, na kadalasan ay gumagawa ng dalawang matinding kapamahakan mula sa isa.

Ang Propeta (saws) ay napilitan na umalis sa Makkah, ngunit sa halip na talikdan ang kanyang misyon, kanyang ipinagpatuloy ito sa Madeenah, - ang lungsod na gumawa ng kanyang lugar sa kasaysayan ng may parang kidlat na bilis.

Si Imam Ahmad ibn Hanbal ay pinarusahan nang matindi at hinagupit, gayunpaman, siya ay lumitaw na matagumpay mula sa

kanyang kakila-kilabot na karanasan, na naging Imam ng *Sunnah*. Si Imam Ibn Taymiyah ay inilagay sa bilangguan; hindi nagtagal siya ay lumabas na higit pang bihasang pantas kaysa noong una. Si Imam As-Sarakhsi ay ikinulong bilang isang bilanggo, na pinanatili sa ilalim ng isang hindi nagagamit na balon; nakagawa siya sa loob nito ng dalawampung bolyum ng Islamikong hurisprudensya (mga batas). Si Ibn Atheer ay naging lumpo, at matapos ay sumulat siya ng *Jam'ey al-Usool* at *An-Nihayah,* dalawa sa pinakasikat na aklat sa Siyensya ng *Hadith*. Si Imam Ibn Al-Jawzi ay pinalayas sa Baghdad. At matapos, sa kanyang mga paglalakbay, siya ay naging bihasa sa pitong pagdadalit ng Qur'an. Si Maalik ibn Ar-Rayb ay nasa kama ng kamatayan nang kanyang bigkasin ang kanyang pinakabantog at magandang tula, na pinahahalagahan hanggang sa mga araw na ito. Nang ang mga anak ni Abi Dhu'aib Al-Hadhali ay namatay na nauna pa sa kanya, kanyang pinarangalan sila ng isang tula na pinakikinggan at hinahangaan ng mundo.

Samakatuwid kung ikaw ay dinapuan ng kasamaang-palad, tumingin sa maningning na bahagi. Kung ang sinuman ay mag-abot sa iyo ng isang baso na puno ng pinigang lemon, idagdag mo rito ang isang dakot na asukal. At kung sinuman ang nagbigay sa iyo ng ahas bilang regalo, kunin mo ang mamahaling balat nito at iwan ang matitira.

﴾... Bagama't ito ay hindi ninyo nais; ngunit, maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan, ito ay mainam [makabubuti] sa inyo.﴿ *(Qur'an 2: 216)*

Bago ang marahas na rebolusyon (himagsikan) nito, ang Pransya ay nagpakulong ng dalawang matalinong makata: isa ang optimista (may pananaw na maganda at matagumpay), ang isa nama'y pesimista (may pananaw na masama at talunan). Kapwa nila iniipit (sinisiksik) ang kanilang ulo sa mga bakal ng bintana ng kanilang selda. At matapos, ang optimista ay tumitig sa mga bituin at

tumawa, samantalang ang pesimista ay tumingin sa dumi ng isang malapit na daan at nanangis. Tingnan ang kabilang bahagi ng isang trahedya (napakasamang pangyayari), - ang isang pangyayari ng purong kasamaan ay wala, at sa lahat ng mga kalagayan, ang sinuman ay makakatagpo ng kabutihan at pakinabang at gantimpala mula kay Allah.

## *Hindi baga Siya (ay higit na mabuti kaysa sa inyong mga diyos), Siya na tumutugon sa nababalisa*

﴾Hindi baga Siya [ay higit na mainam sa inyong mga diyos], [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib, kung siya ay naninikluhod sa Kanya.﴿ *(Qur'an 27: 62)*

Kanino humahanap ng tagumpay ang mahihina at pinagmamalupitan? Sino Siya na tinatawagan ng bawat isa? Siya si Allah. Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya.

Samakatuwid, higit na mabuting payo para sa iyo at sa akin na panalanginan Siya sa panahon ng parehong kahirapan at kagaanan, ang humanap ng kanlungan sa Kanya sa mahihirap na sandali, at magsumamo sa Kanyang pintuan na may mga luha ng pagsisisi, at matapos, ang Kanyang tulong at ginhawa ay mabilis na darating.

﴾Hindi baga Siya [ay higit na mainam sa inyong mga diyos], [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib, kung siya ay naninikluhod sa Kanya.﴿ *(Qur'an 27: 62)*

Iniligtas Niya ang isa na nalulunod, nagbigay ng tagumpay sa pinagmamalupitan, namatnubay sa maling napapatnubayan, nagpagaling sa maysakit at nagbigay ng ginhawa sa nahihirapan.

﴾At kung sila ay nakasakay sa barko, sila ay naninikluhod kay Allah, na [sila] ay matapat sa Kanya sa pananampalataya [alalaong baga, sa pananalig at pag-asa].﴿ *(Qur'an 29: 65)*

Para sa iba't ibang panalangin na magagawa ninuman upang pawiin ang kahirapan, aking inihaharap sa iyo ang mga aklat ng *Sunnah*. Sa mga ito, kayo ay matututo ng mga panawagan ng Propeta na inyong mabibigkas kay Allah, lumuhog sa Kanya, at humanap ng Kanyang tulong. Kung iyong natagpuan Siya, kung gayon, natagpuan mo ang lahat-lahat. At kung nawalan ka ng pananampalataya sa Kanya, kung gayon, naiwala mo ang lahat-lahat. Sa pamamagitan nang pagluhog sa Kanya, ikaw ay nagsasagawa sa isa sa pinakamataas na anyo ng pagsamba. Kung ikaw ay mapilit at matapat sa iyong pagluhog, ikaw ay makakapagtamo ng kalayaan sa pag-aalala at pagkabalisa. Ang lahat ng mga lubid ay pinutol nang maluwag maliban (lamang) ang sa Kanya, at ang lahat ng pintuan ay isinara maliban (lamang) ang sa Kanya. Siya ay malapit; naririnig Niya ang lahat at tumutugon sa kanila na lumuluhog sa Kanya.

﴾Dumalangin kayo sa Akin; diringgin Ko ang inyong panalangin.﴿ *(Qur'an 40: 60)*

Kung ikaw ay nabubuhay sa (mahabang) panahon ng kahirapan at kirot, alalahanin si Allah. Tawagin mo ang Kanyang pangalan at hingan mo Siya ng tulong. Ilagay mo ang iyong noo sa lapag (sa pagpapatirapa) at banggitin ang mga papuri sa Kanya, upang ikaw ay magtamo ng tunay na kalayaan. Itaas mo ang iyong mga kamay sa pagluhog at patuloy na humingi sa Kanya. Kumapit ka sa Kanyang pinto, magkaroon nang mabuting isipan tungkol sa Kanya, at maghintay sa Kanyang tulong, - matapos, ikaw ay makakakita ng tunay na kaligayahan at tagumpay.

## *Sapat na sa iyo ang iyong tahanan*

Ang mga salitang aysolaysyon (ganap na pagkakabukod) at seklusyon (pagiging hiwalay o tago) ay mayroong natatanging kahulugan sa ating relihiyon: ang lumayo sa kasamaan at sa mga gumagawa nito, at manatiling malayo o hiwalay sa kanila na mga hangal. Kung iyong ihiwalay ang iyong sarili sa masama sa ganitong paraan, ikaw ay magkakaroon ng pagkakataon na magnilay-nilay, mag-isip, at manginain sa pastulan ng kaliwanagan.

Kung iyong ganap na ibubukod ang iyong sarili sa mga bagay na naglilihis sa iyo sa pagsunod kay Allah, ikaw ay nagbibigay sa iyong sarili ng isang dosis ng gamot, isang gamot na natagpuan ng mga doktor ng puso bilang isang napakabisang lunas. Kung iyong ihihiwalay ang iyong sarili sa kasamaan at kawalan ng ginagawa, ang iyong utak ay naaantig tungo sa paggawa. Ang naging mga bunga ay ang pagtaas ng pananampalataya, pagsisisi at pag-aala-ala kay Allah, ang Pinakamahahabagin.

Magkagayunman, ang ilang pagtitipon ay hindi lamang itinatagubilin, bagkus ay kinakailangan: ang pangmaramihang pagdarasal, ang sirkulo (pulutong) ng pag-aaral at ang lahat ng pagtitipon ng katuwiran. At tungkol sa pagtitipon kung saan ang kahangalan at kababawan ay nangingibabaw, maging maingat sa mga ito. Tumakas sa mga gayong pagtitipon, manangis sa iyong mga maling gawa, pigilan ang iyong dila at maging kuntento sa loob ng hangganan ng iyong tahanan. Sa pamamagitan nang pakikisalamuha sa iba batay sa hangal na motibo, inilalagay mo sa kapahamakan ang katatagan at pagiging matibay ng iyong isipan, sapagkat ang mga tao na hindi mo pinipili na pakisalamuhaan ay maaaring mga eksperto (o bihasa) sa pag-aaksaya ng panahon, mga bihasa sa pagkakalat ng kasinungalingan, at magagaling sa pagkakalat ng kaguluhan at kalokohan.

﴾At kung sila [man] ay nagsihayo [patungo sa labanan] na kasama ninyo, sila ay walang maidadagdag sa inyo liban lamang sa kaguluhan, at sila ay nagsisipagmadali sa gitna ninyo [sa pagkakalat ng kabuktutan], at nagtatanim ng panunulsol laban sa isa't isa sa inyo.﴿ *(Qur'an 9: 47)*

Pinapayuhan kita na tibayan ang iyong sarili para sa iyong layunin at ganap na ibukod mo ang iyong sarili sa iyong silid, maliban na lamang na iiwan mo ito upang magsalita nang mabuti o gumawa nang mabuti. Kung iyong i-aaplay ang ganitong payo, matatagpuan mo ang iyong puso ay nagbalik sa iyo. Kaya't gamitin ang iyong panahon nang mahusay at iligtas mo ang iyong buhay sa pag-aaksaya. Pigilan mo ang iyong dila sa pagsasabi nang masama sa talikuran, palayain mo ang iyong puso sa pagkabagabag at iligtas mo ang iyong mga tainga sa paglapastangan.

## Ang iyong kabayaran ay na kay Allah

Kung si Allah, ang Kataas-taasan, ay naglayo ng anumang bagay sa iyo, Siya ay magbabayad ng ibang bagay na higit na mabuti, ngunit kung ikaw ay matiyaga lamang at naghahanap ng iyong gantimpala mula sa Kanya. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sinuman na ang kanyang paningin ay tinanggal sa kanya at (matapos) ay naging matiyaga, siya ay babayaran sa ganito ng Paraiso.*"

Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa iba pang *hadith*:

"*Sinuman ang nawalan ng minamahal sa mga tao ng mundong ito, at matapos ay naghanap ng kabayaran sa kanyang Panginoon, ay babayaran ng Paraiso.*"

Kaya't huwag magdamdam nang labis-labis na kalungkutan sa harap ng ilang kasamaang-palad, sapagkat Siya na nagtakda ng gayon, nasa Kanya ang Paraiso: kabayaran at isang malaking gantimpala.

Yaong mga nahihirapan sa mundong ito at malalapit kay Allah ay papupurihan sa pinakamataas na bahagi ng langit:

﴿Salamun alaykum [ang kapayapaan ay sumainyo], sapagkat kayo ay nagsipagtiyaga sa pagbabata! Tunay ngang napakainam ang huling tahanan!﴾ *(Qur'an 13: 24)*

Marapat nating pagmuni-muniin ang gantimpala na matatanggap ng sinuman na nagtitiis ng kahirapan.

﴿Sila ang mga tumatanggap ng Salawat [mga biyaya at kapatawaran] at ng Habag mula sa kanilang Panginoon, at sila ang tunay na napapatnubayan.﴾ *(Qur'an 2: 157)*

Katiyakan, ang buhay sa mundong ito ay maigsi at ang mga kayamanan nito ay kakaunti. Ang Kabilang Buhay ay higit na mainam at walang hanggan, at sinuman ang nahihirapan dito ay makakatagpo ng kanyang gantimpala roon. At sinuman ang gumagawa nang mahirap dito ay makakatagpo ng gaan doon. At para sa kanila na kumakapit sa mundong ito, na nakadikit dito, na nahuhumaling dito, ang pinakamahirap sa kanila na pasanin ay ang pagkawala ng kaginhawahan at kayamanan ng mundong ito: sila ay nagnanais na tamasahin lamang ang kasiyahan ng buhay na ito. Dahilan sa ganitong pagnanasa, sila ay walang reaksyon (o hindi naaapektuhan) sa kasawian ng iba. Ang napapaghulo nila sa kanilang paligid ay ang buhay na ito lamang: sila ay bulag sa kawalang-kapanatilihan at kawalang-kahalagahan nito.

O' kayong nahihirapan, kung kayo ay matiyaga, walang mawawala sa inyo; at kahit na hindi ninyo ito nahihiwatigan, kayo ay

nakikinabang. Ang tao na nakakaranas ng kahirapan ay marapat na magnilay-nilay sa kalalabasan ng Kabilang Buhay, ang kalalabasan para sa kanila na matitiyaga.

﴾Kaya't isang dingding ang ititindig sa pagitan nila na rito ay may tarangkahan. Sa loob nito ay naroroon ang walang maliw na Habag, at sa labas nito ay naroroon ang Kaparusahan!﴿ *(Qur'an 57: 13)*

## *Ang Pananampalataya ay buhay na rin*

Sila na masasama, sa ganap na kahulugan ng salita, ay yaong nawalan ng mga kayamanan ng pananampalataya. Sila ay lagi nang nasa kalagayan ng kahirapan at poot.

﴾At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala [alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito], katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan...﴿ *(Qur'an 20: 124)*

Ang tangi lamang paraan nang pagpapadalisay sa puso ay ang pag-aalis ng mga bagabag at pagkabalisa nito, ang magkaroon nang ganap na pananampalataya kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. Sa katotohanan, walang magiging tunay na kahulugan ang buhay kung ang sinuman ay walang pananampalataya.

Ang pinakamabuting paraan ng pagkilos na matatanggap ng isang kumpirmadong ateista (walang paniniwala sa Diyos) ay utasin ang kanyang sariling buhay. Kahit man lamang, sa paggawa nito, mapapalaya niya ang kanyang sarili mula sa kadiliman at kasamaan na kanyang ipinamumuhay. Gaano kababa at walang kuwenta ang buhay na walang pananampalataya! Paano ang sumpang walang hanggan sa buhay (o kapanatilihan sa pagiging nilikha) na sumasakop sa kanila na nasa labas ng mga hangganan na inilagay ni Allah!

﴾At Aming ibabaling ang kanilang puso at kanilang paningin nang malayo sa patnubay [upang sa gayon ay hindi nila mapakinabangan ang ganitong mga tanda], katulad ng kanilang pagtanggi na manalig dito noon pa mang una, at sila ay Aming hahayaan sa kanilang paglabag upang [sila] ay gumala-gala na tila bulag.﴿ *(Qur'an 6: 110)*

Hindi pa ba sumapit ang panahon kung kailan ang mundo ay marapat na magkaroon ng hindi mapag-aalinlanganang pananampalataya, - na wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah? Matapos ang mga dantaon ng karanasan, hindi ba marapat na ang sangkatauhan ay maakay sa realisasyon (katotohanan) na ang pagkakaroon ng pananampalataya sa imahen ay katawa-tawa, na ang ateismo (hindi paniniwala sa Diyos) ay baligho, ang mga Propeta ay makatotohanan, at kay Allah lamang ang pag-aangkin ng pamamahala sa mga kalangitan at kalupaan? Ang lahat ng papuri ay nalalaan kay Allah at Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

Bilang proporsyon (kabagay o kasukat) sa antas ng iyong pananampalataya, - malakas o mahina, matatag o urong-sulong, - ikaw ba ay magiging maligaya at nasa kapayapaan.

﴾Sinuman ang gumagawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay isang sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah], katotohanan, sa kanya ay igagawad Namin ang isang mabuting buhay [sa mundong ito], at katiyakan na Aming babayaran sila ng gantimpala ng ayon sa pinakamainam sa kanilang ginawa [ang Paraiso sa Kabilang Buhay].﴿ *(Qur'an 16: 97)*

Ang 'mabuting buhay' na binanggit sa talatang ito ay tumutukoy sa pagkakaroon nang matatag na pananampalataya sa pangako ng ating Panginoon at nang isang matibay na puso na nagmamahal sa Kanya. Ang mga tao na namumuhay sa ganitong 'mabuting buhay' ay magkakaroon din ng kalmadong ugat

(nerbiyos) kung madadapuan ng kahirapan; sila ay nasisiyahan sa lahat-lahat nang nangyayari sa kanila, sapagkat ito ay nakasulat para sa kanila, at sapagkat sila ay nalulugod kay Allah bilang kanilang Panginoon, sa Islam bilang kanilang relihiyon, at kay Muhammad bilang kanilang Propeta at Sugo.

## *Kunin ang pulot-pukyutan ngunit huwag sirain ang bahay-pukyutan*

Ang lahat na may taglay na kahinahunan ay maganda, at ang anuman na wala nito ay layaw. Kung iyong makatagpo ang sinuman, bigyan mo siya nang maningning na ngiti at isang magandang salita, ikaw ay nagpapakita ng pag-uugali ng tunay na matagumpay na tao, isang pag-uugali na maging ang bubuyog ay nagpapakita. Kung ang bubuyog ay dumapo sa isang bulaklak (na gumagawa ng gayon para sa tanging layunin), hindi nito sinisira yaon, sapagkat si Allah ay nagbibigay ng gantimpala ng kahinahunan sa bagay at hindi Niya ibinibigay sa kagaspangan. Mayroong mga tanging tao na ang personalidad ay tulad ng mga magnet (bato-balani), na nakakaakit sa sinuman na malapit, dahilan sa sila ay minamahal sa kanilang mahinahong pagsasalita, sa kanilang mabuting pag-uugali, at sa kanilang maringal na mga gawa.

Ang magkaroon ng pakikipagkaibigan sa iba ay isang sining na napulido niyaong mga maringal at banal; ang isang pangkat ng mga tao ay patuloy na umaaligid sa kanila. Ang kanilang presensya o pagdalo sa isang pagtitipon ay isang biyaya, at kung sila ay wala, sila ay hinahanap at itinatanong ang tungkol sa kanila. Ang mga ganitong nabibiyayaang tao ay mayroong kodigo (alituntunin) ng pag-uugali na pinamagatang:

﴿Itaboy [kasuklaman] ang [masama] sa pamamagitan [ng gawa] na mabuti, kung magkakagayon, siya na sa pagitan mo at niya ay may

pagkagalit [sa isa't isa, ay mangyayari] na tila ba siya ay dati nang malapit na kaibigan.﴿ *(Qur'an 41: 34)*

Kanilang sinisipsip ang masamang hangarin ng iba sa pamamagitan ng kanilang katapatan, pagpapatawad at kahinahunan. Kanilang kinalilimutan ang kasamaan na ginawa sa kanila at pinananatili ang ala-ala ng kabaitan na natanggap. Ang nangangagat at magaspang na mga salita ay maaaring ituon sa kanila, ngunit ang mga gayong salita ay nagdaraan sa kanilang mga tainga na hindi pumapasok at nagpapatuloy sa kanilang landas, na hindi na kailanman magbabalik. Sila ay nasa kalagayan ng kapanatagan. Ang mga tao sa kalahatan, tangi na nga sa mga Muslim, ay ligtas mula sa pagdurusa ng anumang pinsala sa kanilang mga kamay. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang Muslim ay ang tao na sa kanyang dila at kamay ay ligtas ang ibang mga Muslim. At ang Nananampalataya ay siya na pinagkakatiwalaan ng iba, ng kanilang dugo at kayamanan.*"

Siya rin ay nagsabi:

"*Katotohanang si Allah ay nag-utos sa akin na panatilihin ang kaugnayan ng mga kumakalas sa akin, ang patawarin siya na nakagawa ng kawalang-katarungan sa akin, at bigyan sila na nagkakait sa akin.*"

﴾Sila na nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.﴿ *(Qur'an 3: 134)*

Bigyan ang mga gayong tao nang masayang balita ng napipintong gantimpala sa mundong ito, sa termino (o katawagan) ng kapayapaan at katahimikan.

Gayundin, magbigay nang masayang balita sa kanila ng isang malaking gantimpala sa Kabilang Buhay, ng Paraiso, kung saan sila ay malapit na malapit sa kanilang Panginoon.

## *Katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan*

﴾Katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan!﴿ *(Qur'an 13: 28)*

Ang pagiging makatotohanan ay nagugustuhan ni Allah at isang nagpapadalisay na sabon para sa puso. At walang ibang gawa ang nakapagbibigay ng gayong kasiyahan sa puso, o mayroong mas malaking gantimpala, kaysa sa pag-aala-ala kay Allah.

﴾Kaya't alalahanin ninyo Ako [sa pamamagitan nang pagdarasal at pagluwalhati], aalalahanin Ko [rin] kayo.﴿ *(Qur'an 2: 152)*

Ang pag-aala-ala kay Allah ay Kanyang Paraiso sa kalupaan, at sinuman ang hindi pumapasok dito ay hindi makakapasok sa Paraiso ng Kabilang Buhay. Ang pag-aala-ala ay hindi lamang isang ligtas na kanlungan sa mga suliranin at pagkabalisa ng mundong ito, datapuwa't ito rin ang maigsi at magaan na landas upang makapagtamo ng talagang tagumpay. Basahin ang mga ipinahayag na mga talata na tumutugon sa pag-aala-ala kay Allah, at iyong mamahalagahin ang mga pakinabang nito.

Kung iyong maala-ala si Allah, ang mga ulap ng pagkabalisa at pangamba ay naitataboy, at ang mga bundok na bumubuo ng iyong mga suliranin ay nawawasak.

Hindi tayo marapat na magulat kung ating marinig na ang mga tao na nakakaala-ala kay Allah ay nasa kapayapaan. Ang tunay na nakagugulat ay kung paano ang pabaya at walang pakialam ay nakapamumuhay ng walang pag-aala-ala sa Kanya.

﴾Ito ay mga patay, walang buhay, at hindi nila batid kung kailan ibabangon [ang mga taong sumasamba sa kanila].﴿ *(Qur'an 16: 21)*

O' sinuman na dumaraing ng hindi pagkatulog sa gabi at nabigla ng masamang pangyayari sa kanya, tawagin ang Kanyang Banal na Pangalan.

﴾Kayo baga ay nakakaalam sa sinuman na katulad Niya? [Di nga kasi, walang sinuman ang katulad o katapat Niya o maaaring maiwangki sa Kanya at wala Siyang katambal; 'Walang sinuman ang makakatulad Niya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid'].﴿ *(Qur'an 19: 65)*

Kung hanggang saan man ang iyong pag-aala-ala kay Allah, ang iyong puso ay magiging panatag at masayahin. Ang pag-aala-ala sa Kanya ay nagdadala rito ng kahulugan ng ganap na pagdepende (o pagiging umaasa) sa Kanya, o pagbaling sa Kanya para sa tulong, o ang magkaroon nang mabuting pag-iisip tungkol sa Kanya, at ang paghihintay ng tagumpay mula sa Kanya. Katiyakang Siya ay malapit kung pinaninikluhuran, kaya't ibaba mo ang iyong sarili sa harapan Niya at tumawag sa Kanya nang matapat. Ulit-ulitin ang Kanyang magandang pangalan, banggitin Siya bilang karapat-dapat lamang sa pagsamba. Banggitin ang mga papuri sa Kanya, lumuhog sa Kanya, at humingi ng pagpapatawad sa Kanya; at iyong matatagpuan, - sa kapahintulutan ni Allah, - ang kaligayahan, kapayapaan at kaliwanagan.

﴾Kaya't ibinigay ni Allah sa kanila ang gantimpala sa mundong ito at ang pinakamainam na gantimpala sa Kabilang Buhay.﴿

*(Qur'an 3: 148)*

## *O kinaiinggitan ba nila ang mga tao na pinagkalooban ni Allah ng Kanyang Kasaganaan?*

﴾O sila ba ay nananaghili sa mga tao [alalaong baga, si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod] sa anumang Biyaya na ipinagkaloob sa kanila ni Allah?﴿ *(Qur'an 4: 54)*

Ang paninibugho ay isang sakit na nagbubunton nang napakalaking kapinsalaan hindi lamang sa isipan, ngunit gayundin sa katawan. Dito ay sinasabi na walang katahimikan ang isang naninibugho at siya ay isang kaaway na nagsusuot ng kasuutan ng isang kaibigan. Sa paggawa ng katarungan sa sakit ng paninibugho, ang sinuman ay makapagsasabi na ito ay patas, sapagkat ito ay nagsisimula sa nagtatangan nito, na unang pumapatay sa kanya.

Pinagbabawalan kita at ang aking sarili sa paninibugho, sapagkat bago tayo makapagpakita ng habag sa iba, marapat na ipakita natin ito sa ating sarili. Sa paninibugho sa iba, ating pinakakain ng dalamhati ang ating laman at dugo at ibinibigay natin ang ating mahimbing na pagtulog sa iba.

Ang naninibughong tao ay nagpaparikit ng apoy at matapos ay lumulundag dito. Ang paninibugho ay nanganganak ng pighati, kirot at pagdurusa, samakatuwid, ito ay nagwawasak sa dati nang panatag at matuwid na buhay.

Ang sumpa ng isang naninibugho ay yaong siya ay kumakalaban sa kapalaran at humahamon na ang kanyang Manlilikha ay hindi makatarungan.

Paano ba ang katulad ng sakit ng paninibugho, gayunman, di katulad ng ibang sakit, - ang isang dinapuan nito ay hindi nakakatanggap ng gantimpala sa Kabilang Buhay. Ang naninibughong tao ay mananatiling nasa pagkagalit hanggang sa araw na siya ay mamatay, o hanggang ang kabutihang-palad ng iba ay lumisan sa kanila. Ang bawat isa ay mapagkakasundo maliban sa kanya na naninibugho, sapagkat ang pakikipagkasundo sa kanya ay nangangailangan na ang mga biyaya ni Allah ay maalis sa iyo o yaong isuko mo ang iyong talento at mabubuting katangian. Kung iyong gagawin ito, kung gayon, marahil siya ay magiging masaya kahit na sa kanyang sarili. Tayo ay humihingi nang pagpapakalinga

ni Allah sa kasamaan ng isang naninibugho, isang tao na naging katulad ng isang makamandag na itim na ahas, na hindi makakita ng katahimikan hanggang sa isuka niya ang kanyang kamandag sa isang inosenteng tao.

Kaya't manatiling malayo sa paninibugho at humanap ng kanlungan kay Allah sa naninibughong tao, sapagkat siya ay patuloy na nagmamasid sa iyo.

## *Tanggapin ang buhay kung ano man ito*

Ang mga kasiyahan ng buhay ay pansumandali lamang, at higit na madalas kaysa hindi, na ito ay sinusundan ng kalungkutan. Ang buhay ay nangangahulugan ng responsibilidad, isang paglalakbay kung saan ang pagbabago ay patuloy at ang mga kahirapan ay walang hupa sa kanyang mahigpit na pananalakay.

Hindi ka makakatagpo ng isang ama, isang asawa, o isang kaibigan na malaya sa mga suliranin. Niloob ni Allah sa mundong ito na mapuspos ng dalawang magkasalungat: kabutihan at kasamaan, katuwiran at katiwalian, kaligayahan at dalamhati. Samakatuwid ang kabutihan, katuwiran at kaligayahan ay para sa Paraiso; ang kasamaan, katiwalian at dalamhati ay para sa Apoy. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang mundong ito ay isinumpa na kasama ang lahat ng nakapaloob dito, maliban sa mga ito: ang pag-aala-ala kay Allah, at ano ang susunod dito (alalaong baga, mabubuting gawa at anumang nagugustuhan ni Allah), ang pantas, at ang mag-aaral.*"

Kaya't mamuhay ayon sa iyong realidad (katotohanan) na hindi laging nananagimpan sa huwarang buhay, isang buhay na malaya sa pagkabalisa at mahirap na paggawa. Tanggapin ang buhay kung ano man ito at mag-angkop ng ayon sa lahat ng mga

pangyayari. Hindi ka makakatagpo sa mundong ito ng gayong mga bagay tulad ng walang kapintasang kasama o perpektong kalagayan, sapagkat ang kawalang-kapintasan at pagkaperpekto ay mga katangian na banyaga sa buhay na ito. Kinakailangan sa atin na gumawa ng pagbabago, na kunin kung ano ang madali at iwanan kung ano ang mahirap; at higit sa maraming beses, ay palagpasin ang mga kasahulan at pagkakamali ng iba.

## *Humanap ng kaaliwan sa pamamagitan nang pag-aala-ala sa mga nahihirapan*

Tumingin sa iyong paligid, sa kanan at sa kaliwa. Hindi mo ba nakikita ang mga nahihirapan at mga kapus-palad. Sa bawat buhay ay mayroong pagdadalamhati at sa bawat ibabaw ng pisngi ay may mga luha na tumutulo.

Gaano karaming pagdurusa at gaano karaming tao ang nagbabata ng may pagtitiyaga? Ikaw ay hindi nag-iisa sa iyong mga kaguluhan, na maituturing na iilan kung ihahambing sa angkin ng iba. Gaano karaming tao ang nananatiling nakaratay sa kama sa maraming taon habang nagdurusa ng hindi mabigkas na kirot?

Gaano karami ang hindi nakakakita ng liwanag ng araw sa maraming taon dahilan sa kanilang pagkakabilanggo, na walang nalalaman na anuman maliban sa apat na sulok ng kanilang selda?

Gaano karaming kalalakihan at kababaihan ang nawalan ng kanilang minamahal na mga anak na nasa kasariwaan ng pagkabata?

Gaano karaming tao ang naguguluhan o pinarurusahan?

Humanap ng pagkaaliw sa kanila na higit pang masahol kaysa sa iyo; maalaman na ang buhay na ito ay katulad ng isang bilangguan sa nananampalataya, isang tirahan ng dalamhati at lumbay. Sa

umaga, ang mga kastilyo ay nagmamadali sa mga naninirahan; at di kaginsa-ginsa, ang isang malaking kapahamakan ay naganap, at ang mga ito ay naging basyo at mapanglaw. Ang buhay ay maaaring mapayapa, ang katawan ay nasa mabuting kalusugan, ang kayamanan ay sagana, at ang mga bata ay malulusog; ganoon pa man, sa iglap ng ilang araw, ang kahirapan, kamatayan, pagkahiwalay at karamdaman, ang lahat ng ito ay maaaring pumalit dito.

﴾At nagsipanirahan kayo sa mga tirahan ng mga tao na nagpariwara [nagligaw] sa kanilang sarili, at ito ay maliwanag sa inyo kung paano Namin pinakitunguhan [o pinarusahan] sila. At inihantad Namin sa inyo ang maraming paghahambing [halimbawa].﴿ *(Qur'an 14: 45)*

Ikaw ay dapat na mag-angkop na katulad ng isang makaranasang kamelyo, na nangangasiwa, kung kinakailangan, na lumuhod sa ibabaw ng bato. Marapat mo ring ihambing ang iyong mga kahirapan sa mga kahirapan ng mga nakapalibot sa iyo, at yaong mga nanga-una sa iyo: dapat mong matanto na ikaw ay nasa mabuting anyo (hubog) kung iuugnay sa kanila, at ikaw ay para lamang naduro ng maliit na kahirapan. Kaya't papurihan si Allah sa Kanyang kabaitan, maging mapagpasalamat sa ano mang Kanyang iniwan sa iyo, humanap ng kabayaran mula sa Kanya sa ano mang Kanyang kinuha, at humanap ng pagkaaliw sa kanila na nahihirapan.

Ikaw ay mayroong perpektong halimbawa sa Propeta (saws). Ang mga lamang-loob ng kamelyo ay inilagay sa ibabaw ng kanyang ulo; ang kanyang mga paa ay nagdugo; ang kanyang mukha ay nabasag; siya ay kinubkob sa maliit na landas ng bundok hanggang sa siya ay mapilitan na kumain ng mga dahon ng puno; siya ay itinaboy palabas sa Makkah; ang kanyang harapang ngipin ay nabawasan sa digmaan, ang kanyang inosenteng asawa ay pinagbintangan ng masamang gawa; ang pitumpu sa kanyang mga

kasamahan ay napatay; siya ay naulila ng kanyang anak na lalaki at karamihan ng kanyang mga anak na babae; siya ay naghihigpit ng panali sa kanyang sikmura upang mabawasan ang matinding kirot ng gutom; at siya ay inakusahan sa pagiging isang makata, isang salamangkero, isang manggagaway, isang taong baliw, at isang sinungaling, - lahat nang sabay-sabay. Magkagayunman, si Allah ay nangalaga sa kanya sa buong panahon ng kanyang mga matinding pagsubok at malaking pagdurusa. Si Propeta Zakariyah (Zacarias) ay napatay, si Propeta Yahya (Juan) ay malupit na pinatay, si Propeta Moosa (Moises) ay pinahirapan nang malalaking pagsubok, si Propeta Ibraheem (Abraham) ay inihagis sa apoy, (sumakanila nawang lahat ang kapayapaan), at ang mga *Imam* ng katuwiran ay sumunod sa kanila sa ganitong landas. Si Umar ay pinatay nang pataksil, gayundin sina Uthmaan at Ali (nawa'y kalugdang lahat sila ni Allah). Maraming pantas ng nakalipas na panahon ang hinagupit, ikinulong at pinahirapan.

﴾At kayo ba ay nag-aakala na kayo ay magsisipasok sa Paraiso [Halamanan ng Kaligayahan] nang walang anumang [pagsubok sa inyo] na katulad nang dumatal sa mga nanga-una sa inyo? Sila ay nakaranas ng mga matinding kahirapan at karamdaman, at lubha silang nawalan ng katatagan...﴿ *(Qur'an 2: 214)*

### *Ang dasal..., ang dasal...*

﴾O kayong nagsisisampalataya! Magsihingi kayo ng tulong [kay Allah] sa pamamagitan nang pagtitiyaga at pag-aalay ng Salah [takdang pagdarasal].﴿ *(Qur'an 2: 153)*

Kung ikaw ay pinaligiran ng mga pangamba at pagkabalisa, magtindig ka ngayon din at magdasal: ang iyong kaluluwa ay makakatagpo ng ginhawa at pagkaaliw. Ang dasal, - habang ito ay

iyong isinasagawa nang matapat na may gising na puso, - ay garantisado na magbibigay ng ganitong epekto para sa iyo.

Kailanma't ang Propeta (saws) ay dinapuan ng kahirapan, siya ay magsasabi:

"*O' Bilal! Bigyan mo kami ng ginhawa at tumawag para sa pagdarasal.*"

Ang dasal ang kanyang katuwaan at kasiyahan; ito ang kasiyahan ng kanyang mata.

Akin nang nabasa ang talambuhay ng matutuwid na tao, na lagi nang bumabaling sa pagdarasal kung sila ay napapalibutan ng mga kasahulan at kahirapan, ang mga tao ay magdarasal hanggang ang kanilang lakas, kalooban at pagpapasya ay magbalik sa kanila.

Ang Dasal ng Pangamba (na isinagawa sa panahon ng digmaan) ay inihatol sa mga sitwasyon kung saan ang mga bisig ay napuputol, ang mga bungo ay lumilipad, at ang kaluluwa ay lumilisan sa kanilang katawan, - isang panahon na ang lakas at pagpapasiya (katatagan) ay makukuha lamang mula sa madamdaming dasal.

Ang henerasyong ito, na kinunsumo ng mga sikolohikal na karamdaman, ay marapat na magbalik sa Moske (*masjid* o bahay-dalanginan sa Islam), ang pumaroon upang magsagawa ng pagpapatirapa at upang maghanap ng pagkalugod ni Allah. Kung hindi natin gagawin ito, ang mga luha ay magpapaapoy sa ating mga mata at ang dalamhati ay wawasak sa ating nerbiyos (lakas ng loob).

Sa pamamagitan nang taimtim na pagsasagawa ng limang pang-araw-araw na dasal, ating natatamo ang pinakamalalaking biyaya: bilang pagpapawalang-sala sa ating mga kasalanan at dagdag ng ating ranggo na nasa Panginoon. Ang dasal din ay isang mabisang lunas sa ating mga karamdaman, sapagkat ito ay nagtatanim ng

pananampalataya sa ating kaluluwa. At para sa kanila na nananatiling malayo sa Moske at malayo sa pagdarasal, para sa kanila ang kawalan ng kaligayahan, kasamaan, at isang sama o pait ng kalooban.

﴾Sasakanila ang kapinsalaan at si Allah ang magpapasya na wala silang matatamasa sa kanilang mga gawa.﴿ *(Qur'an 47: 8)*

## *Si Allah (lamang) ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari (sa atin)*

﴾Si Allah [lamang] ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari [sa atin].﴿

*(Qur'an 3: 173)*

Sa pamamagitan nang pagpapaubaya ng iyong mga bagay-bagay (pangyayari) kay Allah, sa pagdedepende sa Kanya, sa pagtitiwala sa Kanyang pangako, ang maging may pagkalugod sa Kanyang pag-uutos, sa pag-iisip nang mainam sa Kanya, at sa paghihintay ng may pagtitiyaga sa Kanyang tulong, ikaw ay umani ng ilan sa malalaking bunga ng pananampalataya at naglalantad ng higit na mga kilalang pag-uugali ng mananampalataya. Kung iyong isasama ang mga ganitong katangian sa iyong pag-uugali, ikaw ay magiging mapayapa tungkol sa hinaharap, sapagkat ikaw ay aasa sa iyong Panginoon sa lahat-lahat ng bagay. At bilang bunga nito, ikaw ay makakatagpo ng pangangalaga, tulong, kaligtasan at tagumpay.

Nang si Propeta Ibraheem (Abraham) ay inilagay sa apoy, siya ay nagsabi, "Si Allah (lamang) ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari (sa atin)." Kapagdaka, ginawa ni Allah na ang apoy ay maging malamig, ligtas at mapayapa para kay Ibraheem. Nang si Propeta Muhammad (saws)

at ang kanyang mga Kasamahan ay nalagay sa panganib dahil sa napipintong pagsalakay ng kaaway, sila ay nagsabi ng mga salita na may kaugnayan sa unang bahagi ng talatang ito:

﴾'Si Allah [lamang] ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng lahat ng pangyayari [sa atin]'. Kaya't sila ay nagbalik na taglay ang Biyaya at Kasaganaan mula kay Allah. Walang anumang kapinsalaan ang sumaling sa kanila; at sila ay sumunod sa mabuting kaluguran ni Allah. At si Allah ang nag-aangkin ng Malaking Kasaganaan.﴿ *(Qur'an 3: 173-174)*

Walang tao sa kanyang sarili ang may kakayahan na makipagtunggali laban sa agos ng kasamaang-palad, gayundin naman, hindi niya masasangga ang mga hampas ng malaking kapahamakan kung ang mga ito ay papalo. Ito'y dahil sa ang tao ay nilikha na mahina at marupok. Magkagayunman, kung nasa oras ng kahirapan, ang nananampalataya ay naglalagay ng kanyang pag-asa at tiwala sa kanyang Panginoon; batid niya na ang lahat ng mga kahirapan ay malalampasan.

﴾At inyong ibigay ang pagtitiwala kay Allah kung kayo ay tunay na nananampalataya.﴿ *(Qur'an 5: 23)*

O' ikaw na nagnanais na maging matapat sa iyong sarili: dumepende sa Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamasagana, upang ikaw ay maligtas sa kalamidad at malaking kapahamakan. Mamuhay ng ayon sa ganitong kaisipan: Si Allah lamang ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari sa atin. Kung ikaw ay may kakarampot na kabuhayan, kung ikaw ay nakalubog sa utang, o ikaw ay nasa anumang uri ng makamundong kahirapan, tumawag ng: "Si Allah lamang ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari sa atin."

Kung iyong nakaharap ang iyong kaaway at naalarma, o kung iyong pinangangambahan ang masamang gawain ng nagmamalupit, ikaw ay magsabi nang malakas: "Si Allah ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari sa atin."

﴾...Datapuwa't Sapat na ang iyong Panginoon bilang isang Tagapamatnubay at Tagapagtangkilik.﴿ *(Qur'an 25: 31)*

## *Ipagbadya (O' Muhammad): Magsipaglakbay kayo sa kalupaan...*

﴾Ipagbadya [O' Muhammad]: 'Magsipaglakbay kayo sa kalupaan...'﴿ *(Qur'an 6: 11)*

Mayroong isang aktibidad (o gawain) na mahalagang mabanggit dito, sapagkat ito ay kapwa nagbibigay ng kasiyahan at nag-aalis ng maiitim na ulap na maaaring nakabitin sa ulunan mo; ito ay: upang ikaw ay makapaglakbay sa kalawakan ng kalupaan, magmasid sa bukas na aklat ng paglikha, at pahalagahan ang lahat ng kababalaghan (o kamanghaan) nito. Sa panahon ng iyong paglalakbay, iyong makikita ang mga halamanan ng kariktan at magagandang luntiang pastulan. Iwan mo ang iyong tahanan at magnilay-nilay sa mga nakapaligid sa iyo. Umakyat sa mga bundok, tumahak sa mga lambak, pumanhik sa mga punongkahoy, at uminom ng manamis-namis at dalisay na tubig ng bukal. Kapagdaka, makikita mo ang iyong kaluluwa na magiging malaya na tulad ng ibon na humuhuni at lumalangoy sa alapaap sa perpektong kagalakan. Iwan mo ang iyong tahanan at alisin ang maitim na piring sa iyong mga mata, at saka maglakbay sa kahabaan ng malawak na kalupaan ni Allah, na nag-aala-ala at nagpupuri sa Kanya.

Ang ganap na maibukod ang iyong sarili sa hangganan ng iyong silid, habang nagpapalipas ng oras sa nakamamatay na

pagkawalang-ginagawa, ay isang tiyak na landas tungo sa pagkawasak ng sarili. Ang iyong silid ay hindi lamang ang lugar sa mundo, at ikaw ay hindi lamang ang naninirahan dito. Kung gayon, bakit mo isinuko ang iyong sarili sa kahirapan at pag-iisa? Manawagan ka na kasama ang iyong mga mata, mga tainga, at puso:

﴾Magsihayo kayo, kahima't kayo ay magaan [alalaong baga, malusog, bata, mayaman, maginhawa, atbp.] o may kabigatan [alalaong baga, maysakit, matanda, mahirap, hindi madali, atbp.].﴿
*(Qur'an 9: 41)*

Halika, dumalit ng Qur'an sa tabi ng sapa sa bundok o sa gitna ng mga ibon habang sila ay humuhuni.

Ang paglalakbay sa iba't ibang lupain ay isang aktibidad na inirerekomenda ng mga doktor, lalo na sa kanila na nakadarama ng kalungkutan o pagkasira ng loob, na naiipit sa kakiputan ng kanilang sariling silid. Kaya't humayo at humanap ng kasiyahan sa paglalakbay.

﴾At sila'y nag-iisip nang mataman tungkol sa pagkakalikha ng kalangitan at kalupaan [na nagsasabi]; 'Aming Panginoon! Hindi Ninyo nilikha ang [lahat] ng ito ng walang layunin, luwalhatiin Kayo!'﴿ *(Qur'an 3: 191)*

## *Ang pagtitiyaga ay pinakaangkop*

Yaong mga nakakatagpo ng kahirapan na may malakas na pagbabata at matiyagang pagharap ay nasa minoridad. Ngunit marapat nating isaalang-alang ito, kahit na ito ay parang halata: kung ikaw o ako ay hindi magiging matiyaga, kung gayon ano pa roon ang ating magagawa? Ikaw ba ay may pamalit na solusyon? Mayroon ka bang alam na baon na higit pang mainam kaysa sa pagtitiyaga?

Yaong mga nakapagtamo ng kadakilaan ay nakapangibabaw sa mga kahirapan at kasahulan bago sila sa wakas ay nakapagtamo ng tagumpay. Iyong maalaman na sa bawat panahon na nalalampasan mo ang isang kahirapan, ikaw ay makakaharap ng iba pa. Sa kahabaan ng ganitong patuloy na laban, marapat na armahan mo ang iyong sarili ng pagtitiyaga at ng matibay na pagtitiwala kay Allah.

Ito ang paraan ng may maringal na isipan: kanilang hinaharap ang mga kahirapan nang may matatag na pagpapasya, at kanilang binubuno ang kahirapan sa lupa.

Samakatuwid, maging matiyaga at maalaman na ang iyong pagtitiyaga ay dahil lamang kay Allah. Magkaroon ng pagtitiyaga na katulad ng sinuman na may tiwala sa napipintong ginhawa, ng sinuman na nakakaalam na magkakaroon ng mabuting katapusan, at ng sinuman na naghahanap ng gantimpala mula sa kanyang Panginoon, na umaasa, na sa pagharap sa mga kahirapan, siya ay makakatagpo ng kabayaran sa kanyang mga kasalanan. Magkaroon ng pagtitiyaga, kahit na ano pa ang kahirapan at kahit na gaano pa kadilim ang inaakalang landas sa unahan. Sapagkat katiyakan, na sa pagtitiyaga ay darating ang tagumpay, at sa kahirapan ang ginhawa ay nakasunod nang malapit sa likuran.

Matapos na mabasa ang talambuhay ng ilan sa mga matatagumpay na tao ng nakaraan, ako ay namangha sa dami ng pagtitiyaga na kanilang ipinakita, sa kanilang abilidad na pasanin ang mabibigat na sagabal upang lumitaw lamang na higit pang malakas na mga tao. Ang kahirapan ay bumagsak sa kanilang ulo na katulad ng paghagupit ng napakalamig na ulan, magkagayunman, sila ay kasingtatag ng kabundukan. At matapos ang maikling panahon na lumipas, sila ay ginantimpalaan sa kanilang pagtitiyaga ng may tagumpay.

## *Huwag pasanin ang bigat ng mundo sa iyong mga balikat*

Sa ilang tanging klase ng tao ay mayroong nananalanta na panloob na digmaan, yaong hindi nagaganap sa larangan ng digmaan bagkus ay sa loob ng kaninumang silid, ng kaninumang opisina, ng kaninumang tahanan. Ito ay isang digmaan na nagbubunga ng ulser o nagpapataas sa presyon ng dugo. Ang lahat-lahat ay nakabibigo o nakahahapis sa mga taong ito: sila ay nagagalit sa implasyon (pagtaas ng halaga ng mga bilihin), na nagngangalit dahil ang ulan ay huli na nang dumating, at lubhang nayayamot kung ang halaga ng kanilang salapi ay bumababa. Sila ay lagi nang naliligalig at naiinis, kahit na ano pa ang dahilan.

﴾Sila ay nag-aakala na ang bawat panambitan ay laban sa kanila.﴿
*(Qur'an 63: 4)*

Ang aking payo sa iyo ay ito: huwag pasanin ang bigat ng mundo sa iyong mga balikat. Hayaang ang lupa ang magdala ng bigat ng gayong mga bagay na nangyayari. Mayroong ilang tao na may puso na katulad ng ispongha, na sumisipsip sa lahat ng kahuwaran at maling paniniwala. Ito ay nababalisa sa walang kakuwe-kuwentang mga bagay; ito ay isang uri ng puso na tiyak na wawasak sa nagmamay-ari nito.

Yaong may mga prinsipyo at nasa ibabaw ng tunay na landas ay hindi naaalog ng kahirapan; bagkus pa nga, ang kahirapan ay nakakatulong na palakasin ang kanilang pagpapasya at pananampalataya. Ngunit ang kabaligtaran nito ay totoo sa may mahinang puso; kung sila ay makaharap ng kasawiang-palad at kaguluhan, yaon lamang antas ng kanilang pagkatakot o pangamba ang nag-iibayo. Sa oras ng kalamidad, wala ng iba pa ang kapaki-pakinabang sa iyo maliban sa pagkakaroon ng matapang na puso. Ang sinuman na may gayong puso ay nag-aangkin ng kanyang sarili,

- siya ay may matatag na pananampalataya at malamig na hinahon. Sa isang banda, sa panahon ng kahabaan ng anumang araw, ang duwag ay pumapatay sa kanyang sarili sa maraming beses na may kasamang pagkabagabag at hinala sa napipintong tadhana. Samakatuwid, kung ikaw ay nagnanais sa iyong sarili ng isang matatag na buhay, iyong harapin ang lahat ng pangyayari ng may katapangan at pagbabata.

﴾At huwag hayaan sila na hindi nakatitiyak [sa kanilang pananalig] na ikaw ay mapatahimik [maunsyami] nila...﴿ *(Qur'an 30: 60)*

Maging higit na matatag o disidido kaysa sa iyong kalagayan at higit na mabangis kaysa sa hangin ng kalamidad. Nawa'y ang habag ay bumaba sa may mahinang puso, sapagkat gaano ba kadalas na sila ay naaalog nang pinakamaliit na pag-uga.

﴾At katotohanang inyong matatagpuan sila; sa lahat ng mga tao, na pinakasakim sa buhay...﴿ *(Qur'an 2: 96)*

At sa kanila na matatag o walang-tinag, sila ay nakakatanggap ng tulong mula sa kanilang Panginoon at may tiwala sa Kanyang pangako.

﴾At Siya ang nagpapanaog ng katahimikan [at kapanatagan] sa kanila...﴿ *(Qur'an 48: 18)*

## *Huwag hayaang durugin ng walang kabuluhan*

Marami yaong nababahala hindi dahil sa mga agarang bagay na mas may halaga, bagkus ay sa mumunting bagay.

Pagmasdan ang mga Mapagkunwari at kung gaano sila kahina sa kanilang katatagan o pagpapasya. Ang Qur'an ay nagsalaysay sa atin ng ilan sa kanilang sinasabi:

﴾Sila [mga Munafik (mapagkunwari)] na nagpaiwan [sa pagtungo sa Tabuk na may misyon ng pakikipaglaban] ay nagsasaya na sila ay nanatili [sa kanilang tahanan at hindi sumama] sa Sugo ni Allah, at umayaw na makipaglaban sa pamamagitan ng kanilang mga ari-arian at kanilang buhay tungo sa Kapakanan ni Allah; at sila ay nagsabi: 'Huwag kayong magsitungo paharap sa init'.﴿ *(Qur'an 9: 81)*

﴾'Ako ay iyong payagan [na manatili sa aking tahanan; alalaong baga, na huwag mapabilang sa Jihad (banal na pakikipaglaban para kay Allah)], at ako ay huwag mong ilagay sa pagsubok.'﴿ *(Qur'an 9: 49)*

﴾At ang isang pangkat sa kanila ay nagpaalam sa Propeta na nagsasabi: 'Katotohanan, ang aming tahanan ay nakabuyangyang [alalaong baga, hindi napapangalagaan o walang nagbabantay]', bagama't ito ay hindi nakabuyangyang; wala silang hinahangad na iba maliban na [sila] ay makatalilis.﴿ *(Qur'an 33: 13)*

﴾Kami ay nangangamba, baka ang ilang kasawian ng kapahamakan ay sumapit sa amin.﴿ *(Qur'an 5: 52)*

﴾At [gunitain] nang ang mga Munafik [mapagkunwari] at sila na ang puso ay may karamdaman [ng pag-aalinlangan at kawalan ng pananampalataya] ay nagsabi: 'Si Allah at ang Kanyang Sugo ay walang ipinangako sa atin maliban sa kahibangan!'﴿ *(Qur'an 33: 12)*

Gaano kasama ang kaluluwa ng gayong mga tao!

Ang pangunahin nilang pinagtutuunan ng pansin ay ang kanilang sikmura, mga sasakyan, mga bahay at mga kastilyo. Hindi sila kailanman nagtaas ng kanilang mga mata sa isang buhay na uliran at may kabutihan; ang nasasakupan ng kanilang kaalaman ay ang kanilang mga sasakyan, mga damit, mga sapatos at pagkain.

Ang ilang tao ay naliligalig sa araw at gabi, dahil sa hindi pagkakasundo sa kanilang asawa, anak, o kamag-anak, o dahilan sa

kinakailangan nilang tiisin ang pamumuna, o dahilan sa ibang walang halagang bagay. Yaon ang mga kalamidad ng mga gayong tao. Sila ay walang paghahangad sa mas mataas na mga prinsipyo o mga layunin upang manatili silang abala, at sila ay walang maringal na ambisyon na may layunin sa kanilang buhay na kanilang mapagsisikhayan sa araw at gabi. Nasasabi noon, 'Kung ang tubig ay lumisan sa sisidlan, matapos, ito ay napupuno ng hangin.' Samakatuwid, magdili-dili sa bagay na nakapagbibigay sa iyo ng dahilan upang mabahala o mabalisa, at tanungin mo ang iyong sarili ng ganito: may halaga ba ito sa iyong lakas at mga mabigat na paggawa? Ito ay hindi maiiwasang katanungan, sapagkat kung anuman ang nakapagbibigay sa iyo ng pagkabalisa, ikaw, sa iyong isip, laman at dugo, ay nagbibigay dito ng iyong lakas at oras. At kung ito ay hindi sulit sa iyong lakas at oras, ikaw ay makapag-aaksaya nang malaking bahagi ng iyong mahalagang yaman o kakayahan. Ang mga sikolohiyista ay nagsasabi na marapat mong hatulan ang lahat ng bagay sa proporsyon (sukat o tumbas) ng tunay nitong halaga at matapos ay ilagay ito sa tamang lugar nito. Ang higit na makatotohanan dito ay ang sinasabi ni Allah:

﴾Katotohanang si Allah ay naglapat sa lahat ng bagay ng [takdang] saklaw [o lawak].﴿ *(Qur'an 65: 3)*

Kaya't ibigay sa bawat sitwasyon (ang karampatan) ayon sa kanyang laki, timbang, sukat at kahalagahan. At manatiling malayo sa kawalan ng moderasyon (pagiging di katamtaman) o sa paglagpas sa tamang hangganan.

Kunin ang halimbawa ng mga Kasamahan ng Propeta, na ang tangi lamang pansin ay upang kanilang maibigay ang panata ng katapatan sa ilalim ng punongkahoy, at samakatuwid ay upang matamo ang pagkalugod ni Allah. Sa piling nila ay may isang lalaki na ang pansin ay nakatuon sa isang nawawalang kamelyo, isang pinagkakaabalahan na naging dahilan sa kanya na hindi mapasama sa

panata ng katapatan, - at dahil dito, siya ay natanggalan ng mga gantimpala na inani ng iba.

Samakatuwid, huwag maging abala sa mga bagay na hindi mahalaga. Kung iyong susundin ang ganitong payo, iyong makikita na halos lahat ng iyong pagkabalisa ay lumisan na sa iyo.

## *Maging kuntento sa anumang ibinigay sa iyo ni Allah at ikaw ang magiging pinakamayaman sa lahat ng mga tao*

Ang kayamanan, hitsura, mga anak, bahay at mga talento, - marapat kang maging kuntento sa iyong bahagi ng mga ganitong bagay:

﴾Kaya't pananganan mo ang Aking ipinagkaloob sa iyo at maging isa sa mga may pagtingin ng pasasalamat [sa Akin].﴿ *(Qur'an 7: 144)*

Ang karamihan sa mga Islamikong pantas at mga banal na Muslim ng mga unang henerasyon ng Islam ay mahihirap; hindi na kailangan pang sabihin, na noon, sila ay walang magagandang bahay o magagandang sasakyan. Gayunpaman, sa kabila ng ganitong mga kasahulan, sila ay namuno ng mabungang buhay, at binigyang-kapakinabangan nila ang sangkatauhan, hindi sa pamamagitan ng ilang himala, bagkus ay dahil sa kanilang ginamit ang lahat nang ipinagkaloob sa kanila, at ginugol ang kanilang panahon sa tamang paraan. Kaya't sila ay biniyayaan sa kanilang buhay, sa kanilang panahon at kanilang mga talento.

Sa kabalintunaan, napakaraming mga tao ang pinagkalooban ng kayamanan, mga anak, at lahat ng anyo ng mga biyaya, gayunman, ang ganitong mga biyaya ang siyang pinakadahilan ng kanilang pighati at pagkawasak. Sila ay lumihis sa sinasabi sa kanila

ng kanilang likas o katutubong ugali o gawi, na kung tuturingan, ang mga materyal na bagay ay hindi ang lahat-lahat. Pagmasdan sila na nakapagtamo ng mga titulo ng edukasyon mula sa sikat na pangmundong unibersidad, magkagayunman, sila ay huwaran ng kalabuan o ng kahirapang unawain. Ang kanilang mga talento at abilidad ay nananatiling hindi nagagamit. Samantala, ang iba na may hanggan ang lawak ng kanilang kaalaman ay nakapamahala na makagawa ng mga bundok mula sa kung anuman ang ipinagkaloob sa kanila, na nagbigay ng kapakinabangan kapwa sa kanilang sarili at sa lipunan.

Kung ikaw ay isang naghahanap ng kaligayahan, maging nasisiyahan sa hitsura o anyo na ipinagkaloob ni Allah sa iyo, sa sitwasyon ng iyong pamilya, sa tunog ng iyong boses, sa antas ng iyong pang-unawa, at sa halaga ng iyong sueldo. Ang mga piling nagtuturo ay nagpalawig ng higit pa rito, sa pagsasabi na marapat mong isaisip ang pagiging kuntento, na kahit na nga kulang pa kung anuman ang aktuwal na mayroon ka sa ngayon.

Narito sa iyo ang isang listahan ng mga suminag sa ating Islamikong pamana sa kabila na ang bawat isa ay hinamon ng iba't ibang kasahulan.

Si Ataa Ibn Rabah ay isang kilalang pantas sa mundo noong kanyang kapanahunan. Siya ay hindi lamang pinalayang alipin at may pangong ilong, bagkus, siya rin ay lumpo o paralisado.

Si Al-Ahnaf Ibn Qays ay bantog sa lipon ng mga Arabo dahil sa kanyang antas ng katiyagaan. Kanyang natamo ang gayong kasikatan sa kabila ng pagiging payat na payat, kuba, may baluktot na mga binti at marupok na pangangatawan.

Si Al-A'mash ay isa sa lipon ng mga sikat na pantas ng *hadith* noong kanyang kapanahunan. Siya ay isang pinalayang alipin, mayroong siyang malabong paningin, at siya ay mahirap. Ang

kanyang kasuutan ay punit, ang kanyang hitsura ay gulung-gulo, at siya ay namuhay sa mga gipit na pangyayari.

Sa katotohanan, ang bawat Propeta sa isang panahon o iba pa ay tagapastol. Si Dawood (David) ay isang panday, si Zakariah (Zacarias) ay isang karpintero, at si Idrees (Enoch) ay isang sastre; magkagayunman, sila ang pinakamagagaling sa sangkatauhan.

Samakatuwid, ang iyong halaga ay nasa iyong kakayahan, mga mabubuting gawa, mga pag-uugali at sa iyong ambag sa lipunan. Huwag makadama ng kalungkutan, kung gayon, tungkol sa mga bagay na lumampas sa iyo sa buhay tulad ng magandang hitsura, kayamanan, o pamilya; at maging kuntento kung anuman ang ibinahagi sa iyo ni Allah.

﴾Kami [Allah] ang naghahati-hati sa gitna nila ng kanilang ikabubuhay sa mundong ito...﴿ *(Qur'an 43: 32)*

Ipaalala mo sa iyong sarili ang Paraiso, na kasinglawak ng mga kalangitan at ng kalupaan.

Kung ikaw ay nagugutom sa mundong ito, kung ikaw ay nalulumbay, may sakit o pinagmamalupitan, alalahanin ang walang hanggang kaligayahan ng Paraiso. Kung iyong gagawin ito, kung gayon, ang iyong mga pagkalugi ay tunay na mga pakinabang, at ang mga kahirapan na iyong nakaharap ay tunay na mga regalo. Ang pinakamatalino sa mga tao ay sila na nagtatrabaho para sa (darating) na Kabilang Buhay, sapagkat ito ay higit na mainam at nagtatagal. At ang pinakahangal sa sangkatauhan ay sila na nakikita ang mundong ito bilang kanilang pangwalang-hanggang tirahan, - na rito ang lahat ng kanilang pag-asa ay nakatira. Iyong makikita ang gayong mga tao na sa lahat ay (siyang) tinatamaan ng matinding kalungkutan kung nakaharap sa kalamidad. Sila ang higit na apektado ng pangmundong pagkalugi sapagkat sila ay nakakakita ng wala sa ibayo ng walang halagang buhay na kanilang tinahak. Sila ay nakakakita at nag-iisip

lamang sa hindi permanenteng buhay na ito. Sila ay nagnanais sa wala upang sirain sila sa kanilang kalagayan ng kaligayahan. Kung kanilang aalisin ang lambong ng kamangmangan sa kanilang mga mata, sila ay makikipag-isa sa kanilang sarili tungkol sa walang hanggang pananahanan, - ang kaligayahan, ang kasiyahan, ang mga kastilyo nito. Sila ay higit na makikinig nang alisto kung sila ay pinaaalaman sa pamamagitan ng Qur'an at ng *Sunnah* tungkol sa larawan nito. Katotohanan, iyon ang tirahan na karapat-dapat sa ating atensyon at may kapararakan sa ating pagsisikap at ating mabibigat na paggawa, upang ating matamo ang pinakamainam nito.

Nakapagnilay-nilay na ba tayo ng may kahabaan tungkol sa larawan ng mga nagsisipanirahan sa Paraiso? Ang karamdaman ay hindi sumasapit sa kanila, ang kalungkutan ay hindi dumarating nang malapit sa kanila, sila ay hindi mamamatay, mananatili silang bata, at ang kanilang kasuutan ay parehong pulido at malinis. Sila ay nasa magagandang tahanan. Sa Paraiso ay matatagpuan (ang lahat) na wala pang mata ang nakakita, na wala pang tainga ang nakarinig, at wala pang pag-iisip ang nakapanagimpan. Ang isang mananakay ay naglakbay sa ilalim ng isang punongkahoy sa Paraiso sa loob ng isang daang taon, magkagayunman, hindi niya narating ang dulo nito. Ang haba ng isang tolda sa Paraiso ay animnapung milya. Ang mga ilog nito ay nananatili, ang mga kastilyo nito ay matataas, at ang mga bungangkahoy nito ay hindi lamang malapit, gayundin ay madaling pitasin.

﴾... Na rito ay may dumadaloy na batis, na rito ay may Luklukan ng Karangalan na nakataas, at mga kopita na laging laan, at mga diban na nakasalansan, at mga ginintuang alpombra [karpeta] na nakalatag.﴿ *(Qur'an 88: 12-16)*

Ang kaligayahan sa Paraiso ay magiging ganap. Kaya't bakit hindi natin pagnilay-nilayin ang ganitong katotohanan?

Kung ang Paraiso ang ating pangwakas na hantungan, - at hinihingi natin kay Allah ang Paraiso, - kung gayon, ang mga kahirapan ng mundong ito ay hindi gaanong mabigat gaya ng (ating) inaakala, kaya't hayaang ang puso ng mga nagdaranas ay makatagpo ng katahimikan.

O' kayo na nabubuhay sa karukhaan, o nakakaranas ng kalamidad, gumawa ng matutuwid na gawa upang kayo ay mamuhay sa Paraiso ni Allah.

﴾Salamun alaykum [Ang kapayapaan ay sumainyo] sapagkat kayo ay nagsipagtiyaga sa pagbabata! Tunay ngang napakainam ang huling tahanan!﴿ *(Qur'an 13: 24)*

## *Kaya't Aming ginawa kayo na isang pamayanan (bayan o bansa) na makatarungan*

﴾Kaya't Aming ginawa kayo na isang pamayanan [bayan o bansa] na makatarungan [pinakamainam at may balanseng pananampalataya, alalaong baga, hindi kulang o labis].﴿ *(Qur'an 2: 143)*

Ang iyong konsyensya at iyong Relihiyon ay kapwa nanghihingi ng karapatan na ikaw ay maging makatarungan, na nangangahulugan na hindi ka dapat na maging maligoy o kulang sa salita, gayundin ay huwag magmalabis o gumawa ng lubhang maliit. Ang sinuman na naghahanap ng kaligayahan ay marapat na makatarungan, kahit na nga siya pa ay nagagalit, nalulumbay, o nasa masayang kalooban. Ang pagpapaliguy-ligoy o pagmamalabis sa ating pakikitungo sa iba ay hindi katanggap-tanggap. Ang pinakamainam na paraan ay iyong gitnang paraan. Sinuman ang sumunod sa kanyang pagnanasa ay malamang na magpapalaki sa kahalagahan ng anumang ibinigay na sitwasyon, na lagi nang gumagawa ng malaking kaso mula sa wala. Siya ay makakaramdam

ng paninibugho at masamang hangad sa iba. Sapagkat siya ay nabubuhay sa mundo ng pagmamalabis at pananagimpan, kanyang guguni-gunihin ang bawat isa na laban sa kanya, maging sa kahabaan na kanyang nararamdaman na ang iba ay lagi nang nagsasabwatan na wasakin siya. Dahilan dito, siya ay nabubuhay sa ilalim ng maitim na ulap, na patuloy na nadadaig ng pangamba at agam-agam.

Ang mamuhay ng ayon sa sabi-sabi at pamahiin ay ipinagbabawal sa ating Relihiyon.

﴾Sila ay nag-aakala na ang bawat panambitan ay laban sa kanila.﴿
*(Qur'an 63: 4)*

Higit na madalas kaysa hindi, ang anumang iyong nararamdaman na mangyayari sa hinaharap ay hindi nagtatapos na ito ay nangyayari. Narito ang ilang bagay na marapat mong subukan: kung ikaw ay nangangamba sa ilang bagay, iyong guni-gunihin na ang pinakamasamang maaaring mangyari ay naganap, at matapos ay iyong sanayin ang iyong sarili na makaramdam ng kahandaan at pagkakuntento sa gayong kinalabasan. Kung iyong gagawin ito, iyong makikita na nailigtas mo ang iyong sarili sa mga agam-agam at mga pamahiiin, kung hindi, ito ang magdudulot sa iyo ng labis na kalungkutan.

Ibigay mo ang iyong atensyon sa bawat bagay ng ayon sa proporsyon ng kahalagahan nito. Sa anumang ibinigay na sitwasyon, huwag magmalabis na ang mga bundok ay mga burol; bagkus ay panatilihin sa isipan ang iyong pagkakaroon ng layon at pagkamakatarungan. Huwag sundin ang huwad na paghihinala o ang mapanlinlang na ilusyon ng mirahe, datapuwa't maging balanse o patas. Makinig sa balanse ng pagmamahal at pagkamuhi na gaya nang ipinaliwanag ng Propeta (saws):

"*Mahalin siya na mahal sa iyo sa nararapat na moderasyon o pagiging katamtaman, sapagkat marahil ay sasapit ang araw na*

*kapopootan mo siya. At kamuhian siya na iyong kinasusuklaman sa nararapat na moderasyon o pagiging katamtaman, sapagkat marahil ay sasapit ang araw, na darating na mamahalin mo siya."*

﴾Baka sakaling si Allah ay magkaloob ng pagmamahalan [o pakikipagkaibigan] sa pagitan ninyo at ng inyong [mga kamag-anak at iba pa na hindi nananampalataya kay Allah] na itinuturing ninyo na mga kaaway, sapagkat si Allah ang may kapangyarihan [sa lahat ng bagay], at si Allah ang Laging Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.﴿ *(Qur'an 60: 7)*

## *Ang pagiging malungkot ay hindi itinatagubilin sa ating relihiyon*

﴾At huwag kayong maging mahina [laban sa inyong kaaway], at huwag ding malumbay...﴿ *(Qur'an 3: 139)*

﴾At huwag kang magdalamhati sa kanila, at huwag kang magkaroon ng lumbay dahilan sa kanilang binabalak.﴿ *(Qur'an 16: 127)*

﴾Huwag kang malumbay [o mangamba], katotohanang si Allah ay kasama [Tagapagtangkilik] natin.﴿ *(Qur'an 9: 40)*

Ang pinatutungkulan ay ang mga tunay na nananampalataya, si Allah ay nagbigay-alam sa atin na:

﴾At sinumang sumunod sa Aking patnubay ay walang dapat pangambahan, at hindi magkakaroon ng kalumbayan.﴿ *(Qur'an 2: 38)*

Ang kalungkutan ay nagpapatamlay sa pagnanais ng kaluluwa na gumawa at nagpaparalisado ng katawan tungo sa kawalan ng gawain. Ang kalungkutan ay humahadlang sa sinuman sa paggawa, sa halip na mahimok siya tungo rito. Ang puso ay walang napapakinabang sa pamamagitan ng pighati. Ang pinakagustong

bagay ng Demonyo ay magawa ang sumasamba na malungkot upang kanyang mahadlangan siya sa pagpapatuloy sa kanyang landas. Si Allah, ang Kataas-taasan ay nagsabi:

﴾Katotohanan, ang mga lihim na pagsasanggunian [pagsasabwatan] ay mula kay Satanas, upang siya ay makapagdulot ng hapis sa mga sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 58: 10)*

Sa sumusunod na *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sa lipon ng tatlo, ipinagbabawal sa dalawa na magdaos ng lihim na pagsasanggunian kung hindi kasama ang pangatlo, sapagkat ang paggawa nito ay magdudulot ng kalungkutan sa kanya.*"

Salungat sa kung ano ang pinaniniwalaan ng ilan (sila na may labis na pagkahilig sa pagpapakasakit sa sarili), ang nananampalataya ay hindi marapat na maghanap mula sa kalungkutan, sapagkat ang kalungkutan ay isang mapaminsalang kundisyon na nagpapahapis sa kaluluwa. Ang Muslim ay marapat na magwaksi ng kalungkutan at labanan ito sa paraan na pinahihintulutan sa ating Relihiyon.

Walang tunay na pakinabang ang kalungkutan; ang Propeta (saws) ay humingi ng pagpapakupkop sa ganito sa sumusunod na panalangin:

"*O' Allah, ako ay humihingi sa Inyo ng pagpapakupkop sa pagkabalisa at dalamhati.*"

Ang dalamhati ay natatambalan ng pagkabalisa sa ganitong *hadith*. Ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang ito ay yaong kung ang masamang pakiramdam ay may kaugnayan sa kung ano ang mangyayari sa hinaharap, kung gayon, ang sinuman ay makadarama ng pagkabalisa. Ang mga ito ay kapwa nakapagpapahina sa puso, na nagdudulot ng kawalan ng aktibidad at pagkabawas ng kapangyarihan ng kalooban.

Sa kabila nang nabanggit sa itaas, ang dalamhati kung minsan ay kapwa hindi maiiwasan at kinakailangan. Kung sila ay papasok sa Paraiso, ang mga naninirahan dito ay magsasabi:

﴾Ang lahat ng kaluwalhatian at pasasalamat ay kay Allah, na Siyang nag-alis sa amin ng [lahat] ng kapighatian.﴿ *(Qur'an 35: 34)*

Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na sila ay dinapuan ng dalamhati sa buhay na ito, na kung paano sila dinapuan ng iba pang anyo ng kahirapan, kapwa ang mga ito ay labas sa kanilang kontrol o paghawak. Kaya't kung sinuman ang dinatnan ng dalamhati at walang paraan na maiwasan ito, siya ay ginagantimpalaan sapagkat ang dalamhati ay isang paraan ng kahirapan, ang nananampalataya ay marapat na magwaksi ng dalamhati sa pananalangin at sa iba pang praktikal na paraan.

At tungkol sa sinasabi ni Allah, ang Pinakamakapangyarihan:

﴾Gayundin [ay walang maisisisi o kasalanan] sa kanila na lumapit sa iyo upang mabigyan ng dalahin, at nang iyong sabihin: 'Wala akong matagpuan na anuman para sa iyo upang iyong sakyan', sila ay lumisan na ang kanilang mga mata ay tigmak sa luha ng pagdadalamhati dahilan sa sila ay hindi makasumpong ng anuman upang gugulin.﴿ *(Qur'an 9: 92)*

Sila ay hindi pinuri dahil sa kanilang dalamhati, datapuwa't kung ano ang ipinahihiwatig at itinuturo ng gayong dalamhati, ang ibig sabihin, ang matatag na pananampalataya. Ito ay nangyari nang sila ay manatili sa likuran sa panahon ng isa sa mga ekspedisyon ng Propeta, dahilan sa kanilang kawalan ng kakayahan na makakita ng kinakailangang mapagkukunan na kailangan upang makapaglakbay. Ang talata rin ay naglantad sa mga mapagkunwari, sapagkat sila ay hindi nakadama ng dalamhati nang sila ay nanatili sa likuran (alalaong baga, hindi sila sumama).

Samakatuwid, ang mabuting uri ng dalamhati ay yaong nanggagaling sa nakahulagpos na pagkakataon na makagawa ng mabuting gawa o mula sa pagsasagawa ng kasalanan. Kung ang sinuman ay nakadarama ng kalungkutan sapagkat siya ay naging pabaya sa pagtupad sa mga karapatan ni Allah, siya ay nagpapakita ng pag-uugali ng isang tao na nasa tamang landas. At tungkol sa *hadith* na:

"*Kung anuman ang sumapit sa nananampalataya tungkol sa pagkabalisa, kahirapan o dalamhati, gagawin ito ni Allah na isang pagpapawalang-sala sa (ilan) sa kanyang mga kasalanan,*"

- ito ay nagpapahiwatig na ang dalamhati ay isang pagsubok kung saan ang nananampalataya ay nakakaranas, at sa pamamagitan nito ang ilan sa kanyang mga kasalanan ay pinawawalang-sala o binabayaran. Gayunpaman, ito ay hindi nagpapakita na ang kalungkutan ay isang bagay na marapat na hanapin, ang nananampalataya ay hindi marapat na humanap ng paraan na makatagpo ng dalamhati, na nag-aakala na siya ay nagsasagawa ng isang gawa ng pagsamba. Kung ito ang pangyayari, kung gayon, ang Propeta (saws) ay siyang mangunguna sa paglalapat ng ganitong prinsipyo. Ngunit siya ay hindi naghanap sa labas ng pighati, bagkus, ang kanyang mukha ay lagi nang ngumingiti, ang kanyang puso ay kuntento, at siya ay patuloy na masayahin.

At tungkol sa *hadith* ni Hind, "Siya ay patuloy na namimighati," ito ay itinuturing na hindi mapapatibayan ng mga pantas ng *hadith*, sapagkat sa karamihan ng mga tagapagsalaysay nito ay mayroong hindi mga kilala. Hindi lamang ang *hadith* ay mahina dahil sa kawing ng tagapagsalaysay nito; ito rin ay mahina dahil ito ay salungat sa kung papaano (ang kalagayan) ng Propeta (saws).

Papaano siya patuloy na nasa pagdadalamhati kung si Allah ay nagbigay-alam sa kanya na siya ay pinatawad na sa lahat-lahat (na

tumitiyak sa kanyang pagpasok sa Paraiso), at pinangalagaan siya sa damdamin ng pagdadalamhati tungkol sa mga bagay na may kaugnayan sa kanyang buhay. Halimbawa, si Allah ay nagbawal sa kanya na magdalamhati tungkol sa mga gawain ng mga hindi nananampalataya? Paano siya makakaramdam ng dalamhati kung sa lahat ng oras ang kanyang puso ay puno ng pag-aala-ala kay Allah, at siya ay nasa kapayapaan ng pangako ni Allah? Sa katotohanan, siya ay lagi nang nalulugod at ang kanyang ngipin ay lagi nang nakikita dahil sa kanyang patuloy na pagngiti. Sinuman ang umarok nang malalim sa kanyang buhay ay makakaalam na siya ay dumating upang tanggalin ang kasinungalingan at upang palisin ang pagkabalisa, kalituhan at dalamhati. Siya ay dumating upang palayain ang ating kaluluwa sa kalupitan ng pag-aalinlangan, kawalan ng paniniwala, kalituhan at kawalan ng ayos. Siya ay dumating upang iligtas ang ating kaluluwa sa pagkawasak. Kaya't talagang marami ang mga kagandahang-loob na ipinagkaloob sa sangkatauhan sa pamamagitan niya (saws).

At tungkol sa pinaninindigang *hadith* (na walang matibay na patunay), "Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa lahat nang nalulungkot na puso," ang kawing ng mga tagapagsalaysay nito ay hindi kilala, kaya't ito ay isang hindi mapapanaligang *hadith*, tangi na nga sa pananaw ng katotohanan na ang mga pangunahing prinsipyo ng ating relihiyon ay salungat sa ganitong kahulugan. Kahit na nga akalain natin na ang *hadith* ay mapapanaligan, kung gayon, ang kahulugan nito ay yaong ang kalungkutan ay isa sa mga kahirapan ng buhay na ipinataw sa tagasamba bilang isang anyo ng pagsubok. At kung ang tagasamba ay sinubukan ng ganitong pagsubok, at siya ay nagbata sa pamamagitan ng pagtitiyaga, kung gayon, si Allah ay nagmamahal sa kanya. At para sa kanila na pumuri sa kalumbayan at pumuri sa maraming kabutihan nito (habang nagpapamarali na ang ating relihiyon ay nagtatagubilin nito), kung gayon, sila ay lubos na nagkakamali. Sa katotohanan, ang bawat

teksto mula sa rebelasyon na bumabanggit tungkol sa kalungkutan ay nagbabawal dito at nag-uutos ng kabaligtaran nito: na sinasabi, na marapat tayong maging kuntento sa habag at mga pagpapala ni Allah, at masaya sa anumang ipinarating sa Sugo ni Allah (saws).

Yaong mga nahihilig tungo sa pagmamalabis sa pagpapakasakit sa sarili ay nagsalaysay din ng sumusunod na sanaysay:

"Kung si Allah ay nagmamahal sa isa sa Kanyang mga alipin, ginagawa Niya na ang puso ng gayong alipin ay maging katulad ng taga-iyak. At kung kinamumuhian Niya ang isa sa Kanyang mga alipin, kung gayon, Siya ay naglalagay ng isang plauta sa kanyang puso (kaya't siya ay patuloy na nagiging magaan at masaya)."

Una, marapat nating pansinin na ito ay isang tradisyon ng Israelita, na kanilang inaangkin na matatagpuan sa Torah. Gayunpaman, ito ay mayroong tamang kahulugan, sapagkat katotohanan, na ang nananampalataya ay nakakaramdam ng pighati dahil sa kanyang mga kasalanan at ang mapaggawa ng kasalanan ay lagi nang mapaglaro at walang halaga, magaan at masayahin. Kaya't kung ang puso ng matimtiman ay namimighati, kung gayon, ito ay dahil sa mga nawalang pagkakataon patungkol sa paggawa ng matutuwid na gawa o dahilan sa mga pagkakasala na nagawa. Ito ay salungat sa kalungkutan ng mapaggawa ng kasamaan, na ang pagdadalamhati ay dahilan sa pagkawala ng pisikal na kasiyahan o pangmundong pakinabang. Ang kanilang paghahangad, pagkabalisa at kalungkutan ay lagi nang sa ganitong hangarin at wala ng iba.

Sa talatang ito, si Allah ay nagsabi tungkol sa Kanyang Propeta na si Israa'eel (Israel):

﴾At nawalan siya ng paningin dahilan sa kalumbayan na kanyang pinaglalabanan.﴿ *(Qur'an 12: 84)*

Dito ay ipinaalam sa atin ang kanyang pamimighati dahil sa pagkawala ng kanyang minamahal na anak (na lalaki). Ang simpleng pagbibigay-alam tungkol sa isang bagay ay hindi nagpapahiwatig sa sarili nito ng pagpapatibay o hindi pagpapatibay sa gayong bagay. Ang katotohanan, tayo ay pinag-utusan na maghanap ng pagpapakupkop sa kalungkutan, sapagkat ito ay isang mabigat na ulap na nakabitin sa itaas ng biktima nito, at isang pananggalang na humahadlang sa sinuman na magpauna sa mas mataas na layunin.

Walang alinlangan na ang kalungkutan ay isang pagsubok at isang kahirapan, at sa ilang kaparaanan ay katulad ng pagkakasakit. Gayunpaman, ito ay hindi isang baitang, o antas, o kundisyon na dapat na aktibong hanapin ng mga banal o matimtiman.

Ikaw ay kinakailangan na maghanap ng paraan ng kaligayahan at kapayapaan, na humingi kay Allah na ikaw ay pagkalooban ng isang mabuting buhay, isang buhay na magbibigay sa iyo ng malinaw na konsiyensya at isang isipan na mapayapa. Ang pagtatamo ng ganito ay isang maagang gantimpala, isang puntos na binibigyang-diin ang sinasabi ng ilan, "Sa mundong ito ay may isang paraiso, at sinuman ang hindi pumasok dito ay hindi makapapasok sa Paraiso ng Kabilang Buhay."

At hinihiling natin kay Allah na buksan ang ating puso sa liwanag ng pananampalataya, na gabayan ang ating puso sa Kanyang matuwid na landas, at iligtas tayo sa kahapis-hapis at masamang buhay.

## *Huminto sandali upang magnilay-nilay*

Halina't ating gawin ang mga ganitong panalangin, na ang layunin nito ay upang iwaksi ang kahirapan, pagkabalisa at pighati:

*"Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah, ang Pinakamapagpaumanhin, ang Pinakadakila. Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah, ang Panginoon ng Pambihirang Trono (Luklukan). Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah, ang Panginoon ng mga Kalangitan, ang Panginoon ng kalupaan, at ang Panginoon ng Maringal na Trono (Luklukan). O' Walang Hanggang Buhay, at O' Tanging Isa na nagtataguyod at nangangalaga ng lahat ng mga nilalang, wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo, at sa pamamagitan ng Inyong habag kami ay naghahanap ng Inyong kalinga."*

*"O' Allah, sa Inyong habag ako ay umaasa; kaya't huwag akong hayaan sa aking sarili, kahit na isang kurap lamang ng mata. At gawing mabuti para sa akin ang lahat ng aking gawain. Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo."*

*"Ako ay humahanap ng pagpapatawad mula kay Allah; wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya. Siya ang may Walang Hanggang Buhay at Tanging Isa na nagtataguyod at nangangalaga sa lahat ng mga nilalang, at ako ay bumabaling sa Kanya sa pagsisisi."*

*"Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo, at gaano Kayo kaperpekto; katotohanang ako ay kasama sa mapaggawa ng kamalian."*

*"O' Allah, katotohanang ako ang Inyong alipin, ang anak ng Inyong mga alipin; ang aking buhok sa noo ay nasa Inyong kamay, ang Inyong kautusan tungkol sa akin ay ipatutupad at makatarungan ang Inyong paghatol sa akin. Ako ay humihingi sa Inyo sa pamamagitan ng lahat ng Inyong mga pangalan na ipinangalan Ninyo sa Inyong Sarili, na ipinahayag sa Inyong aklat, na itinuro sa isa sa Inyong nilikha, o nasa Inyong karunungan lamang (mula sa mga bagay na*

*nalilingid), - gawin (Ninyo) na ang Qur'an ay maging bukal ng aking puso, ang liwanag ng aking dibdib, ang tagapalis ng aking kalungkutan, at ang tagalinis ng aking pagkabalisa.*"

"*O' Allah, ako ay humihingi ng pagpapakupkop sa Inyo sa pagkabalisa at dalamhati, sa kawalan ng kakayahan at katamaran, sa kasakiman at karuwagan, sa pagiging dumog na dumog sa pagkakautang, at napapanaigan ng lakas ng mga tao.*"

"*Si Allah (lamang) ay Sapat na sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pagpapasya ng mga pangyayari (sa atin).*"

## Ngumiti

Ang pagtawa nang katamtaman ay makagagawa bilang isang lunas o terapi sa pagkalumbay at kalungkutan. Ito ay may malakas na impluwensya sa pagpapanatiling magaan ng puso at malinaw ang puso. Si Abu Darda (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi, "Ginagawa kong isang praktis (o pagsasanay) ang tumawa upang magbigay ng pahinga at ginhawa sa aking puso. At ang pinakamaringal sa lahat ng mga tao, si Muhammad (saws), ay tumatawa, at kung minsan ay hanggang sa lumitaw nang lantad ang kanyang mga bagang (ngipin)."

Ang pagtawa ay isang mabisang paraan upang matamo ang ginhawa at maging magaan ang puso, ngunit dapat na panatilihin sa isipan, na katulad ng iba pang bagay, huwag kang maging labis. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Huwag tumawa nang labis, sapagkat katotohanan, ang labis na pagtawa ay pumapatay ng puso.*"

Ang hinihingi ay ang pagiging katamtaman o moderasyon.

"*At kung ikaw ay ngumiti sa harap ng iyong kapatid, kung gayon, ito ay isang anyo ng kawanggawa.*"

﴾Kaya't siya [Solomon] ay ngumiti, na namangha sa kanyang pahayag.﴿ *(Qur'an 27: 19)*

Gayundin, kung ikaw ay tatawag, huwag mong gawin ito sa paraan na nang-uuyam o nanlilibak:

﴾Datapuwa't nang siya [Moises] ay magdala ng Aming *Ayat* [mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.] sa kanila, kapagdaka, sila ay nagtawa sa kanila.﴿ *(Qur'an 43: 47)*

Ang isa sa mga kasiyahan ng Paraiso ay ang tawanan:

﴾Nguni't sa Araw na ito [ang Araw ng Kabayaran], ang mga sumasampalataya ay hahalakhak sa mga hindi sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 83: 34)*

Ang mga Arabo ay nagbibigay nang mataas na pagpapahalaga sa tao na kilala sa kanyang pagngiti at pagtawa. Sila ay naniniwala na ito ay isang tanda ng mapagbigay na personalidad at ng isang tao na may maringal na pagpapasya at may malinaw na isipan.

Sa katotohanan, ang mga prinsipyo ng Islam ay batay sa moderasyon at nasa mabuting sukat, kahit pa ito ay tungkol sa bagay ng paniniwala, pagsamba, pagkilos, o pag-uugali. Ang Islam ay hindi nagpapatawad sa isang matigas at nakasimangot na pagmumukha, gayundin ito ay hindi nagpapatawad sa isa na patuloy na mapaglaro na walang kaseryosohan; bagkus ang itinatagubilin nito ay kaseryosohan kung ito ay kinakailangan, at nang isang makatuwirang antas ng pagiging magaan ng puso kung ito ay kinakailangan.

Ang pagkakaroon ng mapanglaw na hitsura at nakasimangot na pagmumukha ay mga tanda ng mababang pag-uugali, isang naguguluhang kalikasan at pagkamainitin ng ulo.

﴾At siya ay kumunot at siya ay nayamot...﴿ *(Qur'an 74: 22)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Huwag mong hamakin (o balewalain) ang anumang mabuting gawa (gaano man ito kaliit), kahit na ang gayong gawa ay upang tipanin ang iyong kapatid ng may magiliw na mukha."*

Si Ahmed Ameen ay nagsabi sa kanyang aklat na *Fayd Al-Khaatir*:

> "Ang mga tao na lagi nang ngumingiti ay hindi lamang gumagawa na maging higit na masaya ang kanilang sariling buhay, ngunit ang higit pa rito, sila ay higit na may pakinabang na tao sa kanilang gawain at may higit na kakayahan na mamuhay sa kanilang mga pananagutan. Sila ay higit na handa na harapin ang mga kahirapan at upang makahanap nang madaling solusyon para sa kanila. Sila ay mga mabunga o mapanlikhang manggagawa na nagbibigay ng kapakinabangan sa kanilang sarili at sa iba pa."

Kung ako ay bibigyan ng pamimilian sa pagitan nang magandang katayuan sa lipunan at maraming salapi, at sa pagitan ng isang masaya, maningning at palangiting sarili, aking pipiliin ang huli. Para sa ano ang malaking kayamanan kung ito ay manganganak ng kalumbayan. At ano ang mataas na posisyon kung ang kasama nito ay patuloy na kapanglawan? At ano ang kabutihan ng isang napakagandang asawa kung kanyang gagawin ang bahay na isang buhay na impiyerno? Higit na mainam sa kanya, na hindi kukulangin sa isang libong beses, - ay isang asawa na hindi narating ang gayong rurok ng kagandahan, datapuwa't gayunpaman, ay ginawa ang kanyang bahay na isang uri ng paraiso.

Isaalang-alang ang ganitong paglalarawan: Sa isipan, ang rosas ay ngumingiti at gayundin ang gubat. Ang mga karagatan, ang mga ilog, ang alapaap, ang mga bituin at mga ibon ay ngumingiti na lahat. Katulad din ng gayon, ang tao sa kanyang kalikasan ay isang ngumingiting entidad o katauhan, kung hindi (lamang) dahil sa mga gayong bagay na sumasalungat sa ganitong likas na pagpapasya,

katulad ng pagkagahaman at pagkamakasarili, mga kasamaan na nakadaragdag sa kanyang pagsimangot o pagkunot ng noo. Kung gayon, siya ay isang anomalya at nasa pagkasalungat sa likas na pagkakasundo ng lahat nang nakapaligid sa kanya. Samakatuwid, ang tao na ang puso ay narumihan ay hindi makakakita ng mga bagay sa kanilang tunay na kalagayan. Ang bawat tao ay nakakakita ng mundo sa pamamagitan ng kanyang sarili, - sa pamamagitan ng kanyang mga gawa, mga iniisip, at mga motibo. Kaya't kung ang ating mga gawa ay maringal, kung ang ating iniisip ay dalisay, at kung ang ating mga motibo ay kagalang-galang, kung gayon, ang salamin sa mata kung saan tayo nakakakita sa mundo ay magiging malinis, at ang mundo ay makikita natin kung paano ito, - na isang magandang likha. Kung ang salamin sa mata ay naging marumi, at ang mga lente nito ay nadumihan, kung gayon, ang lahat ay wari bang maitim at hindi mabuti, o masama.

Sila yaong mga kaluluwa na nakagawang palitan ang lahat-lahat tungo sa pagkahapis, habang sa karamihan (o gitna) ay mayroong nakagawa na makakuha ng kaligayahan mula sa pinakamahirap na kalalagayan. Mayroong isang babae na ang mga mata ay nahulog sa wala maliban sa mga pagkakamali. Ngayong araw na ito ay itim sapagkat ang isang piraso ng kasangkapang Tsina ay nabasag, o dahilan sa ang kusinera ay naglagay ng higit na asin sa pagkain. At matapos siya ay nag-init at nagmura, at walang sinuman sa bahay ang nakaalpas sa kanyang mga panunungayaw. At saka mayroong isang tao na nagdadala ng hapis sa kanyang sarili, at sa pamamagitan ng pagpapasya ay nagbunton ng gayon sa mga iba. Ang anumang salita na kanyang marinig, ito ay binibigyan niya ng kahulugan sa pinakamasahol na maaaring paraan. Siya ay lubhang naaapektuhan ng pinakawalang kuwentang mga bagay na nangyayari sa kanya, o yaong nangyari sa kanya sa pamamagitan ng kanyang mga gawa. Siya ay nahatak sa hapis sa pamamagitan ng nawalang pakinabang, sa inaasahang pakinabang na hindi naganap, at marami

pang iba. Ang buong mundo sa kanyang pananaw ay itim, kaya't pinaitim niya ito sa kanila na nakapaligid sa kanya. Ang mga taong yaon ay may higit na kakayahan na higit pang magmalabis sa maliliit na bagay na nangyayari sa kanila. Kaya't sila ay gumawa ng mga bundok mula sa maliliit na burol. Ang kanilang kakayahan na gumawa nang mainam ay pabaya o nagwawalang-bahala, at sila ay hindi kailanman naging masaya o kuntento sa kung ano ang nasa kanila, kahit na ang nasa kanila ay marami. Kahit na gaano pa kalaki ang kanilang ari-arian o angkin, sila ay hindi kailanman makadarama ng anumang pagpapala sa kung ano ang mayroon sila.

Ang buhay ay katulad ng isang sining o isang siyensya: ito ay kinakailangan na pag-aralan at paunlarin. Higit na mabuti para sa isang tao na magtanim ng pagmamahal sa kanyang buhay kaysa ang lumuwalhati sa salapi, na gumagamit ng lahat niyang lakas upang makatulong na mapagaan ang daan tungo sa kanyang bulsa o sa kanyang balanse ng kuwenta (sa bangko). Ano ang buhay kung ang lahat ng lakas nito ay sinasamantala at ginagamit sa tanging layunin ng pagtitipon ng kayamanan, isang buhay kung saan walang lakas ang ginugugol tungo sa pagpapaunlad ng kagandahan, karingalan at pagmamahal?

Ang karamihan ng mga tao ay hindi nagbubukas ng kanilang mga mata sa kagandahan ng buhay, ngunit ibinubukas lamang nila ito sa ginto at pilak. Sila ay nagdaraan sa malago at malabay na halamanan, sa magandang kama ng mga rosas, sa umaagos na ilog, o isang pangkat ng mga humuhuning ibon, gayunpaman, sila ay hindi tinatablan ng ganitong mga tanawin. Ang lahat nang nakapagpapakilos sa kanila ay ang pagdating at pag-alis ng salapi na papasok at lalabas sa kanilang bulsa. Ang salapi ay isa lamang paraan tungo sa masayang buhay. Kanilang binaligtad ang ganitong katotohanan, ipinagbili (nila) ang kanilang masayang buhay, at ginawa ang salapi bilang isang patutunguhan o pangwakas.

Ang ating katawan ay nilapatan ng mga mata upang makita ang kagandahan, gayunpaman, ating sinanay ang mga ito upang tumingin sa wala maliban sa salapi.

Wala ng iba pa ang higit na nagbibigay ng sanhi upang ang kaluluwa o mukha ay malimit na sumimangot nang may higit na kasidhian maliban pa sa kawalang-pag-asa. Kung nais mo na maging palangiting tao, labanan (o giyerahin) ang kawalan ng pag-asa at pagiging hindi umaasa. Ang pintuan ng oportunidad (pagkakataon) ay lagi nang bukas sa iyo at sa iba pa, at gayundin ang pintuan ng tagumpay. Kaya't doktrinahan mo ang iyong isipan ng may pag-asa ng kasaganaan sa hinaharap.

Kung ikaw ay naniniwala na ikaw ay walang kinalaman at nilikha lamang para sa mga bagay na may maliit na kahalagahan, kung gayon ang iyong napagtagumpayan sa buhay ay hindi kailanman makakahigit sa ganitong panimulang layunin. At kung ikaw ay naniniwala na ang iyong panawagan sa buhay ay upang magtamo ng mga pambihira at kahanga-hangang paggawa, mararamdaman mo sa iyong sarili ang isang determinasyon na makakawasak ng lahat ng uri ng hadlang. Ito ay mapapakitaan ng halimbawa na gaya nang sumusunod. Sinuman ang pumasok sa 400 metrong karera ay hindi makakaramdam ng pagkahapo matapos na malampasan ang 100 metro o 200 metrong marka. Samakatuwid, ang kaluluwa ay nagbibigay nang matibay na pagpapasya at pagnanais ng ayon sa proporsyon ng iyong mithiin. Kaya nga, marapat mong turulin ang iyong mithiin, at hayaan ito na maging mataas at mahirap na abutin. At huwag kailanman makaramdam ng kawalan ng pag-asa habang sa bawat araw ikaw ay gumagawa ng bagong hakbang na patungo sa gayong direksyon. Ano ang humahadlang sa kaluluwa, na magawa na ito ay sumimangot at mailagay ito sa loob nang madilim na bilangguan? Ang sagot ay kawalan ng pag-asa, kawalan ng pag-asam, na nakikita ang lahat-lahat bilang masama, na humahanap ng

mga pagkakamali sa iba at patuloy na nagsasalita tungkol sa kasamaan ng mundo.

Pinagpala siya na mayroong isang guro na tumutulong sa kanya na magpaunlad ng kanyang likas na kakayahan at nagpalawak ng kanyang abot-tanaw. Ang pinakamagaling na guro ay siya na nagtatanim ng kabutihan at pagkamapagbigay sa kanyang mag-aaral, at nagtuturo na ang pinakamaringal sa mga gawain na kanyang mapagsusumikapan ay yaong maging pinagkukunan siya ng kabutihan para sa iba, ng ayon sa kanyang mga kakayahan. Ang kaluluwa ay marapat na tulad ng (sikat ng) araw, na nagpapasinag ng liwanag at pag-asa. Ang puso ay marapat na mapuno ng pagkamadamayin, kabutihan, pagkamapagkawanggawa, at tunay na pagmamahal sa pagpapalaganap ng kabutihan sa lahat ng may kaugnayan dito.

Ang ngumingiting kaluluwa ay nakakakita ng mga kahirapan, at nagugustuhan na maalpasan ang mga ito. Kung ito ay nakakakita ng mga problema, ito ay ngumingiti, na nagsasaya sa pagkakataon na lutasin at malunasan ang mga ito. Ang sumisimangot na kaluluwa, kung nakaharap ng isang problema, ay nagpapalaki nito at minamaliit ang sarili nitong determinasyon, habang ginugugol ang lahat ng panahon nito sa pangangatwiran. Ito ay nagmamahal ng tagumpay sa buhay, ngunit ito ay hindi sang-ayon na bayaran ang halaga nito. Sa bawat landas, ito ay nakakakita nang nakangising leon. Ito ay naghihintay lamang sa ginto na umulan sa ibabaw nito, o matiyempuhan ang ilang kayamanan sa lupa.

Ang mahihirap na bagay sa buhay ay kaukulan o kaugnay lamang, sapagkat ang lahat-lahat ay mahirap para sa isang pangkaraniwang tao, habang wala namang malaking kahirapan sa isang katangi-tanging tao. Habang ang kahalagahan ng katangi-tanging tao ay nadaragdagan sa pamamagitan nang paglutas sa mga hadlang, ang mahinang tao ay nadaragdagan ng kawalang-halaga sa

pamamagitan ng pagtakbong palayo sa mga ito. Ang mga problema ay maihahambing sa isang masamang aso. Kung makita nito na ikaw ay takot at tumatakbong palayo, ito ay tumatahol at nanunugis. Ngunit kung ito ay nakakakita ng iyong panghahamak, ng iyong kawalan ng malasakit, at kung iyong pinakikislap ang iyong mga mata sa direksyon nito, ito ay nagbibigay ng daan at umuurong.

Higit pa rito, wala ng iba pa ang higit na nakamamatay kaysa sa pakiramdam ng pagkamababang klase, isang pakiramdam na nakagagawa sa naghahawak nito na mawala ang lahat ng kanyang pananalig sa sariling kasapatan. Kaya't kung siya ay magsimula ng isang proyekto, siya ay dagliang nag-aalinlangan kung matatapos o magiging matagumpay ito, at siya ay gumagawa nang alinsunod dito sa pamamagitan nang pagbibigay-lugod sa ganitong mga pag-aalinlangan. Kaya't siya ay mabibigo. Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay isang maringal na ugali, at isang haligi ng tagumpay sa buhay. Dito ay mahalaga na pansinin, magkagayunman, na mayroong malawak na pagkakaiba sa pagitan ng pagmamagaling (sa sarili) at tiwala o kumpyansa (sa sarili). Ang pagmamagaling ay nangangahulugan nang mapanlinlang na imahinasyon at huwad na pagpapahalaga sa sarili. Ang tiwala o kumpyansa ay nangangahulugan na manalig o umasa sa tunay na kakayahan; ito ay nangangahulugan nang pagtupad sa mga responsibilidad, pagpapaunlad sa mga talento at karunungan sa pagsasaayos.

Ang higit na kinakailangan natin ay katiyakang isang ngiti, isang magiliw na mukha, mga magaang pag-uugali o kilos, at isang malambot at mapagbigay na kaluluwa. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanang si Allah ay nagpahayag sa akin na marapat kayong maging mapagpakumbaba, upang walang isa man sa inyo ang lalabag o magkakasala sa iba, at upang walang isa man sa inyo ang magiging palalo at mapagmataas sa iba.*"

## Ngumiti, — Tumigil sandali at magnilay-nilay

Kung ikaw ay nakaranas ng kalungkutan kahapon, ang iyong kalagayan ay hindi naging higit na mainam sa iyong pagiging malungkot. Ang iyong anak ay bumagsak sa paaralan, at ikaw ay nahapis, gayunman ang iyong pagkahapis ay hindi nagpabago sa katotohanan na siya ay bumagsak (sa pag-aaral)? Ang iyong ama ay namatay, at ikaw ay nasiraan ng loob, gayunman ito ay hindi nakapagpabalik ng kanyang buhay? Nalugi ka sa iyong negosyo, at ikaw ay nalumbay. Ito ba ay nakapagpabago sa iyong kalagayan na mapalitan ang pagkalugi ng kapakinabangan?

Huwag malungkot. Ikaw ay nawalan ng pag-asa dahil sa kalamidad, at sa paggawa ng ganito, ikaw ay lumikha ng mga dagdag na kalamidad. Ikaw ay nalumbay sanhi ng paghihikahos at ito ay nakadagdag lamang sa kapaitan ng iyong kalagayan. Ikaw ay naging mapanglaw sanhi nang sinabi ng iyong mga kaaway; sa pagpasok sa gayong kalagayan ng isipan, hindi sinasadya na ikaw ay tumulong sa kanila sa kanilang pagsalakay sa iyo. Nagdilim ang iyong mukha sapagkat ikaw ay umasam sa turol na kasawiang-palad, gayunman ito ay hindi kailanman nangyari.

Huwag malungkot. Katiyakan, ang malaking mansiyon ay hindi makapapangalaga sa iyo sa mga epekto ng pagkahapis; at gayundin ang magandang asawa, ang saganang kayamanan, ang mataas na posisyon, o matatalinong anak.

Huwag malungkot. Ang kalungkutan ay nagiging sanhi sa iyo upang managimpan ng lason samantalang ikaw ay talagang humahanap ng dalisay na tubig, na makakita ng isang kaktus habang ikaw ay tumitingin sa isang rosas, na makakita ng tigang na disyerto habang ikaw ay tumitingin sa mayabong na halamanan, at makadama na ikaw ay nasa loob ng hindi mapagtitiisang bilangguan habang ikaw ay namumuhay sa ibabaw nang maluwang at malawak na kalupaan.

Huwag malungkot. Ikaw ay mayroong dalawang mata, dalawang tainga, mga labi, dalawang kamay, dalawang binti, isang dila, isang puso, kapayapaan, kaligtasan, at isang malusog na katawan.

﴾Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa [O' mga Jinn at Tao]?﴿ *(Qur'an 55: 13)*

Huwag malungkot. Ikaw ay mayroong tunay na Relihiyon na mapapamuhayan, isang bahay na matitirhan, tinapay na makakain, tubig na maiinom, damit na maisusuot, isang asawa na nakapagpapaginhawa; bakit para saan kung gayon ang pagkalumbay?

## *Ang biyaya ng kirot (o sakit)*

Ang kirot o sakit ay hindi laging isang negatibong lakas at isang bagay na hindi marapat na lagi mong kamuhian. May mga panahon na ang isang tao ay nakikinabang kung siya ay nakadarama ng kirot.

Marahil ay nagugunita mo, na sa mga panahon na ikaw ay nakadarama nang maraming kirot, ikaw ay matapat na nananalangin at nag-aala-ala kay Allah. Kung siya ay nag-aaral, ang isang mag-aaral ay madalas na nakadarama nang matinding kirot ng mabigat na dalahin, marahil kung minsan ito ay ang pasanin ng pagkabagot, gayunman, siya sa wakas ay lumisan sa ganitong antas ng buhay na isa nang iskolar o pantas. Sa simula, siya ay nakadama na nabibigatan sa kirot, ngunit siya ay nagningning sa huli. Ang mga sakit at matinding kirot ng silakbo ng damdamin, ang paghihikahos at ang paghamak ng iba, ang mga pagkabigo at galit sa kawalan ng katarungan, - ang lahat ng mga ito ay naging sanhi sa makata na sumulat nang dumadaloy at nakapang-aakit na mga talata. Ito'y sa

dahilang siya rin sa kanyang sarili ay nakadarama ng kirot sa kanyang puso, sa kanyang nerbiyos (o mga ugat), sa kanyang dugo, at dahil dito, nagawa niyang ipaloob ang mga katulad na emosyon o damdamin, sa pamamagitan ng kanyang gawa, sa puso ng iba. Gaano karaming makikirot na karanasan ang sumailalim sa mahuhusay na manunulat, mga karanasan na nagbigay ng inspirasyon sa maniningning na mga gawa, mga gawa na patuloy na tinatamasa ng sumunod na angkan at nagbigay ng kapakinabangan mula sa ngayon.

Ang mag-aaral na namumuhay sa buhay ng kaginhawahan at pamamahinga at hindi nasasaling ng mga paghihirap, at hindi kailanman nadapuan ng kalamidad ay magiging walang silbi, tamad, at matamlay na tao.

Katiyakan, ang makata na hindi nakakaalam ng kirot at kailanman ay hindi nakalasap ng mapait na pagkabigo ay walang pagbabago na maglalabas ng mga bunton at mga bunton sa ibabaw ng mga walang katuturang salita. Ito'y sa dahilang ang kanyang mga salita ay dumadaloy mula sa kanyang dila at hindi mula sa kanyang damdamin o emosyon, at kahit na nga nauunawaan niya ang kanyang sinulat, ang kanyang puso at katawan ay hindi nakapamuhay sa karanasan.

At higit na mahalaga at nauugnay sa mga halimbawa na binanggit sa unahan ay ang buhay ng mga unang mananampalataya, na namuhay noong panahon ng rebelasyon (pagpapahayag) at nakisangkot sa bahagi ng pinakamahalagang pangrelihiyong rebolusyon o himagsikan na namasdan ng sangkatauhan. Katotohanang sila ay may dakilang pananampalataya, maringal na puso, higit na makatotohanang dila, at nang malalim na karunungan kaysa sa kanila na sumunod pagkatapos nila: mayroon sila ng lahat ng ito sapagkat sila ay namuhay sa kahabaan ng kirot at pagkabigo, ang mga ito ay kapwa kinakailangang kapanabayan sa dakilang rebolusyon. Sila ay nakadama ng kirot ng gutom, ng

paghihikahos, ng pagtatakwil, ng pang-aabuso, ng pagtataboy sa kanilang tahanan at bansa, ng paglisan sa lahat ng kasiyahan, ng kirot ng mga sugat, at ng kamatayan at pagpapahirap. Sa katotohanan sila ang mga pinili, ang hinirang sa sangkatauhan. Sila ay mga modelo o halimbawa ng kadalisayan, karingalan at pagsasakripisyo.

﴾Ito'y sa dahilang walang anumang [hirap] ng pagkauhaw o pagkapagal o pagkagutom tungo sa Kapakanan ni Allah, gayundin naman sila ay hindi tumatapak sa anumang lupain na magpapainit ng galit ng mga hindi sumasampalataya, gayundin naman ang anumang sakit o pahirap na kanilang naibigay tungo sa isang kaaway, maliban na ito ay masusulat [maituturing] sa kanila bilang isang gawa ng kabutihan. Katotohanang si Allah ay hindi magpapabaya na mawala ang gantimpala ng Muhsinun [mapaggawa ng kabutihan].﴿

*(Qur'an 9: 120)*

Sa kasaysayan ng mundo, mayroon sa kanila ang nakagawa ng kanilang mga dakilang gawa dahilan sa kirot at sa pagkabigo na kanilang naranasan. Si Al-Mutannabi, nang dapuan ng matinding lagnat ay nakapagsulat ng ilan sa kanyang pinakamahusay na tula. Si An-Nu'maan ibn Mundhir ay pinagbantaan ng kamatayan ni An-Naabighah, at yaon ang panahon nang siya ay nakagawa ng ilan sa kanyang pinakamahusay na tula. Ang higit na kilalang linya na kanyang sinabi ay gahol na isinalin na:

*Katotohanang ikaw ang araw,*
*at ang iba pang hari ay mga bituin:*
*sapagkat kung ang araw ay sisikat,*
*walang bituin sa kalangitan ang mamamasdan.*

Sa katotohanan, maraming halimbawa niyaong mga nagtagumpay at nakapagtamo (ng gayon) bunga ng pagdurusa na kanilang naranasan.

Samakatuwid, huwag maging labis na mabalisa kung ikaw ay nag-iisip ng kirot, at huwag pangambahan ang pagdurusa. Maaaring sa pamamagitan ng kirot at pagdurusa, ikaw ay magiging higit na matatag. At higit pa rito, upang ikaw ay makapamuhay na may nag-aapoy at marubdob na puso na nakagat o kumirot noon, ito ay higit na dalisay at maringal sa iyo kaysa ang mamuhay ng walang simbuyo o damdamin ng buhay ng isang tao na may malamig na puso at may maigsing pananaw (sa buhay).

﴾Datapuwa't si Allah ay tutol na sila ay isugod, kaya't Kanyang ginawa na maiwan sila, at ito ang winika [sa kanila]: 'Maupo kayo na kasama ang mga nakaupo [sa kanilang tahanan].'﴿ *(Qur'an 9: 46)*

Ang mga salita ng isang makabagbag-damdaming sermon ay nakakarating sa pinakaloob na kailaliman ng puso at tumatagos sa pinakamalalim na mga bahagi ng kaluluwa, kadalasan ito ay dahil sa ang nagbibigay ng gayong mga sermon ay nakaranas ng kirot at paghihirap sa kanyang sarili.

﴾Batid Niya ang nasa kanilang puso at Siya ang nagpapanaog ng katahimikan [at kapanatagan] sa kanila at Kanyang ginantimpalaan sila ng abot-kamay na tagumpay.﴿ *(Qur'an 48: 18)*

Ako ay nakabasa nang maraming aklat ng tulain, at ang mataas na bahagdan nito ay hindi marubdob o walang simbuyo, na walang buhay o kaluluwa. Ito'y sa dahilang ang mga may-akda nito ay hindi kailanman nakaranas ng kahirapan, at sapagkat ang mga ito ay kinatha sa lipon ng mga kapaligiran ng ginhawa. Kaya nga't ang mga gawa ng gayong mga may-akda ay malamig na wari bang mga bloke ng yelo.

Ako ay nakabasa ng mga aklat na hitik sa mga sermon na hindi nakakauga ng isa mang buhok sa katawan ng nakikinig at ang gayon ay kulang sa isa mang katiting na bigat ng salpukan. Ang nananalumpati (na ang mga sermon ay isinulat) ay hindi nagsasalita

ng may damdamin at sentimyento, o sa ibang salita, ng kirot at pagdurusa.

﴾Sila ay nagsasabi sa kanilang bibig ng bagay na wala sa kanilang puso.﴿ *(Qur'an 3: 167)*

Kung nais mo na maapektuhan at mahikayat ang iba, kahit ito ay sa iyong pangungusap o sa iyong tulain, o maging sa iyong mga gawa, kailangan mo na madama muna sa una ang simbuyo sa kalooban mo. Kailangang magalaw mo muna ang iyong sarili sa mga kahulugan ng iyong ninanais na maiparating. Sa gayon at sa gayon lamang, na iyong mapagtatanto na ikaw ay mayroong impluwensiya sa iba.

﴾Datapuwa't kung Aming pamalibisbisin ang tubig [ulan] sa mga ito, ito ay gumagalaw, at nanariwa at tumubo rito ang lahat ng uri ng [halaman na] kaakit-akit ang pagtubo.﴿ *(Qur'an 22: 5)*

## *Ang biyaya ng karunungan*

﴾At si Allah ay nagturo sa iyo ng hindi mo nalalaman. At Laging Dakila ang Biyaya ni Allah sa iyo [O' Muhammad].﴿ *(Qur'an 4: 113)*

Ang kamangmangan ay nakamamatay sa konsiyensiya at kaluluwa ng sinuman.

﴾Ikaw ay Aking pinaalalahanan, kung hindi, baka ikaw ay maging isa sa mga hangal.﴿ *(Qur'an 11: 46)*

Ang kaalaman ay isang liwanag na naghahantong sa karunungan. Ito ay isang buhay para sa (kaninumang) kaluluwa at panggatong sa (kaninumang) pag-uugali.

﴾Siya kaya na patay [walang pananampalataya] na ginawaran Namin ng buhay [pinatnubayan sa pananampalataya], upang siya ay

makalakad sa lipon ng mga tao, ay katulad niya na nasa kadiliman [nasa kawalan ng pananalig, pagsamba sa diyus-diyosan at pagkukunwari], na rito siya ay hindi makakalabas?﴿ *(Qur'an 6: 122)*

Ang kaligayahan at pagkakaroon ng mataas na espiritu ay dumarating ng may kaliwanagan, sapagkat sa pamamagitan ng kaalaman, siya ay nakakatupad sa kanyang mga mithiin at nakakatuklas kung ano ang dati nang nakakubli sa kanya. Ang kaluluwa, sa kanyang pinaka-kalikasan, ay naghahangad ng pagkakamit ng bagong karunungan upang maantig ito gayundin ang isipan.

Ang kamangmangan ay pagkabagot at pagdurusa, sapagkat ang mangmang na tao ay tumatahak sa buhay na hindi nag-aalok ng anumang bago o nakapag-uudyok ng isipan. Ang kahapon ay katulad ng ngayon, na ang katumbas ay tulad ng bukas.

Kung ikaw ay naghahangad ng kaligayahan, kung gayon, maghanap ng karunungan at kaliwanagan, at iyong matatagpuan na ang pagkabagabag, kalumbayan at pagdurusa ay lalayo sa iyo.

﴾At ikaw ay magsabi: 'O' aking Panginoon! Dagdagan Ninyo ang aking kaalaman!'﴿ *(Qur'an 20: 114)*

﴾Bumasa ka [O' Muhammad], sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha sa lahat ng bagay.﴿ *(Qur'an 96: 1)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Kung si Allah ay nagnanais ng kabutihan sa sinuman, Siya ay nagkakaloob sa kanya ng pang-unawa ng Relihiyon.*"

Samakatuwid, kung ang isa ay mangmang, huwag niyang hayaan na maging palalo siya dahil sa kanyang kayamanan o sa kanyang katayuan sa lipunan: ang kanyang buhay ay salat sa kahulugan at ang mga nakamtam niya ay kahapis-hapis na hindi ganap o kumpleto.

﴾Siya kaya na nakakaalam na ang mga ipinahayag sa iyo [O' Muhammad] ay siyang Katotohanan mula sa iyong Panginoon ay makakatulad kaya niya na isang bulag?﴿ *(Qur'an 13: 19)*

Si Az-Zamakhshari, ang bantog na komentarista ng Qur'an, ay nagsabi sa anyo na patalata:

> "Ang walang tulog na mga gabi na aking ginugol sa pag-aaral ng siyensya (o agham), ay higit na mahal sa akin kaysa ang makasama o mapailalim sa haplos o pangangarinyo ng isang nangrarahuyong babae,
> Ang aking masidhing kagalakan kung aking maunawaan ang isang mahirap na konsepto (o kaisipan), ay higit pang malinamnam sa akin kaysa sa pinaka-eksotikong inumin. Higit na kalugud-lugod sa akin kaysa sa tunog ng kamay ng isang babae sa ibabaw ng tambol, ay ang aking mga kamay na nasa ibabaw ng aking mga papel upang tanggalin ang alikabok. O' siya na nagtatangka na matamo ang aking antas (o katayuan) sa pamamagitan ng haling na pag-iisip, gaano ang pagkakaiba na mayroon ito sa pagitan ng isa na nakatagpo ng labis na kirot sa pag-akyat at sa kanya na umakyat at nakarating sa kaitaasan.
> Hindi ba ako ay nagtrabaho sa buong gabi, habang ikaw ay natutulog, gayunpaman, umaasa ka na malalampasan mo ako?"

Gaano kaluwalhati ang kaliwanagan! At sa pamamagitan nito, gaano kaligaya ang kaluluwa!

﴾Siya kaya na nasa maliwanag na katibayan [landas] mula sa kanyang Panginoon ay katulad nila na ang kanilang masasamang gawa na kanilang isinasakatuparan ay ginawang makapang-akit at maging maganda sa kanila, habang kanilang sinusunod ang kanilang sariling pagnanasa [masasamang hangarin]?﴿ *(Qur'an 47: 14)*

## *Ang sining ng kaligayahan*

Ang ilan sa lipon ng mga dakilang biyaya ay ang magkaroon ng panatag, matatag at maligayang puso. Sapagkat sa kaligayahan ang isipan ay malinaw, na nakagagawa sa sinuman na maging kapaki-pakinabang na tao. Sinasabi rito na ang kaligayahan ay isang sining na kinakailangang matutuhan. At kung iyong matutuhan ito, ikaw ay mabibiyayaan sa buhay na ito. Ngunit paano ito matututuhan ng sinuman? Ang isang pangunahing prinsipyo ng pagkakamit ng kaligayahan ay ang magkaroon ng kakayahan na makapagtiis at makatagal sa anumang sitwasyon. Samakatuwid, hindi ka marapat na madala o mapamahalaan ng mahihirap na kalagayan o pangyayari, gayundin hindi ka dapat na mabagot sa walang katuturang maliliit na bagay. Batay sa kawagasan ng puso at ang kakayahan nito na makatagal, ang isang tao ay magniningning. Kung iyong sasanayin ang iyong sarili na maging matiyaga at mapagbata, kung gayon, ang kahirapan at kalamidad ay magiging magaan para sa iyo na pasanin.

Ang kabaligtaran ng pagiging kuntento ay ang pagiging may maigsing pananaw, na hindi nagsasaalang-alang sa kaninuman maliban sa kanyang sarili at nakakalimot tungkol sa mundo at sa lahat nang taglay nito. Si Allah ay naglarawan sa Kanyang mga kaaway sa sumusunod na talata:

﴾...Na natitigatig sa kanilang sarili sa pagkabalisa, na ginigiyagis ng [kanilang] maling hinala kay Allah [na salat sa katotohanan].﴿

*(Qur'an 3: 154)*

Dito ay wari bang ang gayong mga tao ay nakakakita sa kanilang sarili na sila na ang buong sandaigdigan, o kung hindi man, na sila ang sentro nito. Sila ay hindi nag-iisip sa iba, gayundin sila ay hindi nabubuhay para sa iba maliban sa kanilang sarili. Ito ay isang tungkulin sa iyo at sa akin na magpahinga sa pagiging abala ng higit pa sa ating (sarili), at paminsan-minsan ay ilayo natin ang ating sarili

sa ating mga sari-sariling suliranin upang ating makalimutan ang ating mga sugat at kirot. Sa paggawa ng ganito, tayo ay nakikinabang ng dalawang bagay: nagagawa natin na maging masaya ang ating sarili, at tayo ay nakapaghahatid ng kaligayahan sa iba.

Ang isang pangunahin sa sining ng kaligayahan ay pigilin ang ating pag-iisip at sansalain ito, huwag pabayaan ito na gumala-gala, mapaligaw, makatakas, o magwala. Sapagkat kung iyong hahayaan ang iyong pag-iisip na gumala-gala sa kanilang nais, kung gayon, ang mga ito ay magwawala at kokontrol sa iyo. Ang mga ito ang magbubukas sa katalogo (o listahan) ng iyong mga nakaraang kasawian. Ang mga ito ang magpapaala-ala sa iyo sa kasaysayan ng iyong kasawiang-palad, na magsisimula sa araw nang ikaw ay ipanganak ng iyong ina. Kung ang iyong pag-iisip ay hahayaan na magpagala-gala, kung gayon, ang mga ito ay magdadala ng mga larawan ng iyong nakaraang mga kahirapan at mga larawan ng hinaharap na nakatatakot. Ang ganitong mga isipin ay makakaalog sa iyong pagkatao at magiging dahilan ng iyong damdamin na magsiklab. Kaya't pigilan ang mga ito, at sansalain ang mga ito sa pamamagitan ng pagmamando sa mga ito sa isang nauukol na pagsasagawa ng gayong uri ng seryosong kaisipan na nanganganak ng mabunga at kapaki-pakinabang na gawa.

﴾At ilagay mo ang iyong pagtitiwala sa Kanya na Laging Buhay at Walang Kamatayan.﴿ *(Qur'an 25: 58)*

Gayundin, ang ilan sa lipon ng mga prinsipyo ng sining ng kaligayahan ay ang kahalagahan ng buhay sa mundong ito ayon sa tunay na katuturan at halaga nito. Ang buhay na ito ay may pagkahangal o walang katuturan at hindi naggagarantiya ng anuman sa iyo maliban na iyong talikuran ito. Ang buhay na ito ay batbat ng mga kalamidad, mga kirot o sakit, at mga sugat. Kung ganyan ang paglalarawan ng buhay na ito, kung gayon, paano siya na hindi

marapat na maapektuhan ng mga menor na kalamidad nito, at paano ang isa ay mamimighati sa gayong mga materyal na bagay na nagdaan sa kanya? Ang pinakamainam na sandali ng buhay ay nadungisan, ang mga panghinaharap na pangako nito ay isa lamang mirahe (mapanlinlang na tubigan), ang matatagumpay dito ay kinaiinggitan, yaong pinagpala ay patuloy na binabantaan, at ang mga umiibig ay tinatamaan ng hindi inaasahang kasawiang-palad.

At sa *hadith* (ay ating mababasa):

"*Katotohanan, ang karunungan ay natatamo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pag-aaral, at ang pagkamahinahon ay natatamo sa pamamagitan ng pagsasagawa nang pagiging mahinahon.*"

Kung ang isa ay magtatangka na i-aplay ang kahulugan ng ganitong *hadith* sa paksa na pinag-uusapan, kung gayon, siya ay makakalakad ng isang hakbang na pasulong at makapagsasabi na ang kaligayahan ay natatamo sa pamamagitan ng pag-aakala rito. Ito ay natatamo sa patuloy na pagngiti, sa pamamagitan ng paghahanap ng mga dahilan na makapagpapaligaya sa sinuman, at maging sa pamimilit ng ganito sa sarili, kahit na nga gaano man ito kaasiwa. Ang sinuman ay gumagawa ng lahat ng ganitong bagay hanggang ang kaligayahan ay maging pangalawang kalikasan.

Ang katotohanan sa ganitong bagay ay yaong hindi mo maiaalis sa iyong sarili ang lahat ng mga latak ng pagdurusa. At ang dahilan sa ganito ay dahil sa ang buhay ay nilikha bilang isang pagsubok:

﴾Katotohanang Aming nilikha ang tao sa pagsisikap [sa pakikitalad sa buhay].﴿ *(Qur'an 90: 4)*

﴾... Upang Kanyang masubukan kayo kung sino sa inyo ang pinakamabuti sa pag-uugali.﴿ *(Qur'an 11: 7)*

Ngunit ang mensahe na nais kong iparating sa iyo ay yaong marapat na ikaw, hanggang sa iyong makakaya, ay bawasan ang dami at kabigatan ng iyong pagdurusa. At tungkol sa pagiging ganap na malaya sa pagdurusa, ito ay para sa mga maninirahan sa Paraiso sa Kabilang Buhay. Kaya nga't ito ang dahilan kung bakit ang mga naninirahan sa Paraiso ay magsasabi:

﴾Ang lahat ng kaluwalhatian at pasasalamat ay kay Allah na Siyang nag-alis sa amin ng [lahat] ng kapighatian.﴿ *(Qur'an 35: 34)*

Ito ay maituturing na isang katibayan na ang pagdurusa ay hindi maiaalis sa kanila maliban sa Paraiso. Gayundin naman, ang paghihinakit at kapaitan ay hindi ganap na maiaalis maliban sa Paraiso.

﴾At Aming pinalis sa kanilang puso ang anumang nararamdamang hinanakit [alalaong baga, masamang hangarin o malisya o pakiramdam na nasaktan sa anumang nagawa o naidulot sa kanila sa panahon ng kanilang pamumuhay sa mundo].﴿ *(Qur'an 15: 47)*

Kaya't kung ang tao ay makakaalam sa kalikasan ng mundong ito at sa mga katangian nito, kanyang mapagtatanto na ito ay tigang, mapanlinlang, at walang halaga; at siya ay sasapit (sa punto) na ganap na maunawaan ang kalikasan nito at ang paglalarawan dito. Ang isang makatang Arabo ay nagsabi:

*Ikaw ay gumawa ng isang sumpa na hindi mo ipagkakaluno*
*(o pagtataksilan) ang ating mga kasunduan,*
*At ito ay wari bang nakapangako ka na sa (bandang) huli,*
*kami ay iyong lilinlangin.*

Kung ang paglalarawan sa mundong ito ay gaya nang aking paglalarawan kung papaano ito marapat (na isalarawan), kung gayon, karapat-dapat sa isang matalinong tao na huwag tumulong sa

pagsalakay nito, gayundin ay huwag sumuko sa kalumbayan at pagkabagabag. Ang marapat nating gawin ay ipagtanggol ang ating sarili sa lahat ng mga damdamin na makasisira sa ating buhay, sa isang digmaan na marapat nating mapagtagumpayan sa pamamagitan ng lahat ng lakas na ipinagkaloob sa atin.

﴾At magsipaghanda kayo para sa kanila [na hindi nananampalataya] ng lahat ninyong magagawa ng inyong lakas, kasama ang mga kabayo ng digmaan [kasama ang iba pang mapamuksang sandata], upang takutin ang kaaway ni Allah at inyong kaaway...﴿

*(Qur'an 8: 60)*

﴾Nguni't sila ay hindi kailanman nawalan ng pag-asa [at kasiguruhan] kung sila man ay abutin ng pangamba [at kasahulan] tungo sa Kapakanan ni Allah, at sila ay hindi pinanghinaan ng loob.﴿

*(Qur'an 3: 146)*

## *Ang sining ng kaligayahan, — huminto upang magnilay-nilay*

Huwag malungkot. Kung ikaw ay mahirap, kung gayon, ang iba pa ay nakalubog sa utang. Kung hindi mo pag-aari ang iyong sinasakyan, kung gayon, ang iba pa ay pinagkaitan ng mga binti. Kung ikaw ay may dahilan na magreklamo tungkol sa kirot ng mga karamdaman, kung gayon ang iba pa ay nakaratay sa kanilang kama sa maraming taon. At kung ikaw ay nawalan ng anak, kung gayon ang iba pa ay namatayan nang maraming anak, sa isang aksidente sa sasakyan.

Huwag malungkot. Ikaw ay isang Muslim na nananampalataya kay Allah, sa Kanyang mga Sugo, sa Kanyang mga anghel, sa Kabilang Buhay, at sa Kasasapitan, - kapwa sa mabuti at sa masama nito. Habang ikaw ay pinagpapala sa ganitong

pananampalataya, na siyang pinakadakila sa mga biyaya, ang mga iba ay hindi nananampalalataya kay Allah, na nagpawalang-saysay sa mga Sugo, na sila ay nagkahidwa-hidwa tungkol sa Aklat, nagtakwil sa Kabilang Buhay, at lumihis sa kanilang pagkaunawa sa Maka-Diyos na Pagtatakda (Kasasapitan).

Huwag malungkot, sapagkat kung gayon ka, iyong ginugulo ang iyong kaluluwa at puso, at pinipigilan mo ang iyong sarili na makatulog.

Ang isa sa mga Arabong makata ay nagsabi:

*Gaano kadalas na ang batang tao ay nakakagawang kayanin*
*ang kawalang-pag-asa kung siya ay dinapuan nito,*
*at na kay Allah ang paraan.*
*Ang sitwasyon ay hindi mapagtitiisan,*
*at kung ang lubid nito ay humigpit, ito ay humahalagpos,*
*hindi niya kailanman naiisip na siya ay maaaring mailigtas.*

## *Ang pagpigil sa sariling emosyon*

Ang emosyon (damdamin) ay sumisiklab sa dalawang kadahilanan: maaaring sa kaligayahan o sa panloob na kirot. Sa isang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Katotohanang ako ay pinagbawalan na magpalabas ng dalawang hangal at masamang tunog, ang isa ay inilalabas kung may kasiya-siyang bagay na naganap, at ang isa ay ipinapahayag kung ang kalamidad ay humampas."*

﴾Upang kayo ay hindi mahapis sa mga bagay na nabigo ninyong kamtin, gayundin naman, ay huwag maging mapagmataas sa mga biyayang ipinagkaloob sa inyo.﴿ *(Qur'an 57: 23)*

Sa ganitong dahilan, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Katotohanan, ang tunay na pagtitiyaga ay yaong ipinakikita sa panahon ng unang pagkagimbal."*

Samakatuwid, kung ang isa ay nagpapanatili ng kanyang mga emosyon, kapwa sa kaligayahan at sa makalamidad na pangyayari, siya ay mas higit na makapagtatamo ng kapayapaan at kapanatagan, ng kaligayahan at ginhawa, at ng lasa ng tagumpay sa kanyang sarili. Si Allah ay naglarawan sa tao sa pagiging magalakin at mapagyabang, mainisin, hindi pagiging kuntento kung ang kasamaan ay sumaling sa kanya, at pagiging maramot kung ang kabutihang-palad ay sumaling sa kanya. Sa mga hindi kasama rito, si Allah ay nagbigay-alam sa atin, na sila ay nananatiling matimtiman sa kanilang pagdalangin. Sila ay nasa gitnang landas sa panahon ng kaligayahan at kalungkutan. Sila ay mapagpasalamat sa panahon ng kaginhawahan at mapagtiyaga sa panahon ng kahirapan.

Ang hindi mapigil na mga emosyon ay makapagpapahina ng malaki sa isang tao, na magdudulot ng kirot at pagkawala ng tulog. Kung ang gayong tao ay nagalit, siya ay sumisiklab kaagad, na nagbabanta sa iba, na nawawala ang kanyang pagtitimpi, at lumalagpas sa lahat ng hangganan ng katarungan at balanse. Samantala, kung siya ay magiging masaya, siya ay nasa kalagayan ng simbuyo at pagwawala. Sa kanyang kalasingan sa kaligayahan, siya ay nakakalimot sa kanyang sarili at lumalagpas sa mga hangganan ng pagiging payak. Kung kanyang talikdan at pakawalan ang pakikisama sa iba, kanyang hinahamak sila, na kinalilimutan ang kanilang kahalagahan habang binubura ang kanilang mabubuting katangian. Sa isang banda, kung siya ay nagmamahal sa iba, kung gayon, siya ay hindi nagtitira ng anumang kirot, sa pagbibigay sa kanila ng lahat ng uri ng pagluwalhati at pagpaparangal, na naglalarawan sa kanila bilang mga rurok ng pagkaperpekto.Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Mahalin siya na mahal sa iyo sa katampatang moderasyon (pagiging katamtaman), sapagkat marahil darating ang araw na siya ay iyong kasusuklaman. At iyong kainisan siya na iyong kinamumuhian sa katampatang moderasyon (pagiging katamtaman), sapagkat marahil darating ang araw na siya ay iyong mamahalin.*"

At sa isa pang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*At hinihiling ko sa Inyo (O' Allah) na gawin akong makatarungan, na magkatulad, kapag ako ay nasa kalagayan ng pagkagalit at habang nasa kalagayan ng katuwaan.*"

Kaya't kung ang isang tao ay sumasansala sa kanyang emosyon, kung kanyang pinipigilan ang kanyang isipan, at sa bawat bagay siya ay nagbibigay ng nararapat na bigat ng kahalagahan nito, siya ay gumawa ng pasulong na hakbang tungo sa karunungan at pagkaunawa.

﴾Katotohanang isinugo Namin [noon pa] ang Aming mga Sugo na may Maliwanag na mga Katibayan, at ipinadala Namin sa kanila ang Kasulatan at Timbangan [ng Matuwid at Mali], upang ang mga tao ay magsitindig sa katarungan.﴿ *(Qur'an 57: 25)*

Katiyakan, ang Islam ay dumatal na may taglay na balanse ng (gawaing) moral, ng pag-uugali, at pakikitungo, sapagkat ito ay gumagawa ayon sa tuwiran, banal at makatotohanang paraan ng buhay.

﴾Kaya't Aming ginawa kayo na isang Pamayanan na makatarungan [pinakamainam at may balanseng pananampalataya, alalaong baga, hindi kulang o labis].﴿ *(Qur'an 2: 143)*

Ang pagiging makatarungan ay isang layunin na kinakailangan kapwa sa ating pag-uugali at sa mga bagay ng pambabatas. Sa katotohanan, ang Islam ay itinatag sa katotohanan at katarungan, - ang pagkamakatotohanan sa lahat ng ating natutuhan sa

mga ipinahayag na teksto, at katarungan sa mga pagtatagubilin, mga salitain, mga gawa, at mga pag-uugali.

﴾At ang Salita ng iyong Panginoon ay natupad sa katotohanan at sa katarungan.﴿ *(Qur'an 6: 115)*

## *Ang lubos na kaligayahan sa mga Kasamahan ng Propeta*

Ang ating Propeta Muhammad (saws) ay dumatal sa lahat ng mga tao na may isang makalangit na mensahe. Siya ay hindi inuudyukan ng makamundong ambisyon, siya ay walang kayamanan na maaari niyang gugulin, na walang kamangha-manghang halamanan na maaaring kainan, na walang kastilyo na maaaring tirhan. Sa kabila ng lahat ng ito, ang kanyang mapagmahal na mga tagasunod ay nangako ng katapatan sa kanya at nanatiling matimtiman, na nagbabata ng isang mahirap na buhay na batbat ng kahirapan. Sila ay iilan at mahihina, na lagi nang may pagkatakot na mabunot ng mga nakapaligid sa kanila, gayunpaman, ang kanilang pagmamahal sa kanya ay perpekto.

Ang ilan sa kanila ay kinaladkad sa ibabaw ng mainit na buhangin ng disyerto, ang iba ay ikinulong, at ang iba ay isinailalim sa bagong tuklas at mga naiibang paraan ng pagpaparusa, - ang lahat ng mga ito ay ipinalasap sa kanila ng mga hindi sumasampalataya. Kahit na nga kailangan na kanilang pagtiisan ang lahat ng mga ito, kanila pa ring minamahal siya ng walang gatol sa kanilang puso at kaluluwa. Sila ay pinagkaitan ng tahanan, ng bayan (bansa), ng pamilya at kayamanan. Sila ay itinaboy mula sa kanilang larangan ng laruan ng kanilang kabataan at sa tahanan na kanilang kinalakihan. Sa kabila ng kanilang pagdurusa, tangi pa rin nilang minamahal siya.

Ang mga sumasampalataya ay nakaharap ng mga pagsubok dahilan sa kanyang mensahe. Ang pinakailalim ng lupa na kanilang kinatatayuan ay marahas na umuga, gayunpaman ang kanilang pagmamahal sa kanila ay patuloy na yumabong.

Ang pinakamainam sa lipon ng kanilang kabinataan ay patuloy na may mapanganib na mga espada na nakabitin sa kanilang ulo.

Ang kanilang mga tauhan ay humakbang nang magaan sa ibayo ng larangan ng digmaan, na pasulong sa kamatayan, na para bang sila ay nasa pagliliwaliw o nasa isang pista-opisyal, dahil sa payak na dahilan na kanilang minahal siya ng walang pasubali.

Ang isa sa kanila ay naatangan ng tungkulin ng pagpaparating ng mensahe ng Propeta sa isang hari sa banyagang lupain, at ang taong yaon ay nakakaalam na ito ay isang misyon na maaaring siya ay hindi na makakabalik. Magkagayunman, siya ay pumaroon at tumupad sa kanyang tungkulin. Ang isa sa kanila ay ipinadala sa isang misyon, na nakababatid na ito ay maaaring maging sanhi ng kanyang kamatayan, at siya ay pumaroon na masaya, sapagkat minamahal niya ang Propeta (saws) ng may hindi humuhupang pagmamahal.

Ngunit bakit nila minamahal siya, at bakit sila ay lubhang masaya sa kanyang mensahe at kuntento sa kanyang halimbawa? Bakit nila nakakalimutan ang kirot, ang pagdurusa, at ang kahirapan na naging bunga ng pagsunod sa kanya?

Upang mailagay ito ng payak, siya ay nagbigay-halimbawa (o naging huwaran) ng kagandahang-loob at kabutihan. Kanilang napaghulo sa kanya ang lahat ng mga tanda ng katapatan at kadalisayan. Siya ay isang sagisag sa kanila na naghahanap ng mas mataas na bagay. Sa kanyang pagiging may malambot na kalooban, kanyang pinalamig ang matinding galit sa puso ng mga tao, sa mga

salita ng katotohanan, pinanatag (pinatahimik) niya ang kanilang dibdib, at sa kanyang mensahe ay pinuno niya ang kanilang puso ng kapayapaan.

Kanyang ibinuhos ang kaligayahan sa kanilang puso, hanggang ang kirot na kanilang tinitiis sa pagiging malapit sa kanya ay wari bang hindi na kapansin-pansin o walang halaga. At itinanim nila sa kanilang kaluluwa ang isang paniniwala na nakagawa sa kanila na malimutan ang bawat kapinsalaan at bawat kahirapan na kanilang pinagtitiisan.

Kanyang pinakintab ang kanilang kalooban ng kanyang patnubay at niliwanagan niya ang kanilang mga mata ng kanyang ningning (o katalinuhan). Kanyang tinanggal sa kanila ang mga pasanin ng kamangmangan, ang kabuktutan ng pagsamba sa diyus-diyosan, at ang masasamang bunga ng pagsamba sa maraming diyus-diyosan o pagkapagano. Kanyang pinawi ang apoy ng masamang hangarin at matinding pagkapoot sa kanilang puso at kanyang ibinuhos ang tubig ng pananampalataya sa kanilang puso. Kaya't ang kanilang isipan at katawan ay naging panatag at ang kanilang puso ay nakatagpo ng kapayapaan.

Kanilang nalasap ang kagandahan ng buhay sa kanya at nakaalam sila ng saya (o kasayahan) sa pakikisama sa kanya. Sila ay nakatagpo ng kaligayahan sa kanyang tabi, kapangalagaan at kaligtasan sa pagsunod sa kanya, at panloob na kasaganaan sa pagtulad sa kanya:

﴾At ikaw [O' Muhammad] ay hindi Namin isinugo maliban lamang na tanging Habag sa *'Aalamin* [sangkatauhan, mga Jinn, at lahat ng mga nilalang].﴿ *(Qur'an 21: 107)*

﴾At katotohanang ikaw [O' Muhammad] ay katunayang namamatnubay [sa sangkatauhan] sa Tuwid na Landas [alalaong baga, sa Islam at sa Kaisahan ni Allah].﴿ *(Qur'an 42: 52)*

﴾At sila ay Kanyang iniahon mula sa kadiliman tungo sa liwanag [ayon sa Kanyang kapahintulutan]...﴿ *(Qur'an 5: 16)*

﴾Siya [Allah] ang nagsugo sa mga taong hindi nakapag-aral, ng isang Sugo [Muhammad] mula sa kanilang lipon, upang kanyang dalitin sa kanila ang Kanyang mga Talata, upang sila ay maging dalisay [sa kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan] at [upang] magturo sa kanila ng Aklat ng Karunungan [ang Qur'an at mga Sunnah (katuruan) ni Propeta Muhammad], bagama't sila noon ay nasa lantad na kamalian.﴿ *(Qur'an 62: 2)*

﴾Kanyang niluwagan sila sa kanilang [mabibigat] na pasanin [sa pang-araw-araw na pagsasagawa ng pananampalataya], at sa mga tanikala [ng pananagutan] na nakaatang sa kanila [alalaong baga, ang mabigat na kautusan tungkol sa pagsisisi, kaparusahan o ganti, atbp.].﴿ *(Qur'an 7: 157)*

﴾Tugunin ninyo si Allah [sa pamamagitan nang pagsunod sa Kanya] at sa [Kanyang] Sugo kung kayo ay Kanyang tawagin sa bagay na magbibigay sa inyo ng buhay [walang hanggang kaligtasan at pamumuhay sa Paraiso].﴿ *(Qur'an 8: 24)*

﴾At kayo ay nasa bingit na ng Hukay ng Apoy, at Kanyang iniligtas kayo rito.﴿ *(Qur'an 3: 103)*

Sila ay tunay na maligaya sa kanilang pinuno kaya't marapat na kanilang tamasahin ito.

O' Allah, ipaabot Ninyo ang mga dasal at kapayapaan kay Muhammad, ang tagapagpalaya ng isipan sa mga tanikala ng pagkalihis at ang tagapagligtas ng mga kaluluwa sa mga sumpa ng kasinungalingan, at maging may pagkalugod sa kanyang mariringal na Kasamahan bilang kabayaran sa kanilang pagsusumikap at sa kanilang pagsisikhay.

## *Itaboy ang pagkabagot sa iyong buhay*

Ang sinuman na namumuhay ng buhay na may paulit-ulit na gawa at pabalik-balik (sa gayon) ay halos ganap na hindi makaiiwas na maging biktima ng pagkabagot, tangi na rito, na sapagkat ang tao sa kanyang pinaka-kalikasan ay napapagod sa kawalan ng pagbabago. Dahil sa ganitong dahilan, si Allah, ang Kataas-taasan, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagbigay sa atin ng iba't iba (tungkol) sa panahon at mga lugar, sa pagkain at inumin, - ng sari-sari at maraming anyo ng paglikha: gabi at araw, lambak at bundok, puti at itim, malamig at mainit, lilim at sikat, matamis at maasim.

Si Allah ay bumanggit ng ganitong pagkakaiba-iba sa Kanyang Aklat:

﴾Sa kalaunan, ay may lalabas sa kanilang tiyan [puson], na isang inumin na may iba't ibang kulay [pulot-pukyutan].﴿ *(Qur'an 16: 69)*

﴾...At halamanan ng ubasan, at [mga bukirin] ng iba't ibang pananim, at mga palmera, na sumisibol sa dalawa o tatlo o mula sa isang punong-ugat o isang sibol sa iisang ugat...﴿ *(Qur'an 13: 4)*

﴾...At mga pananim na may iba't ibang hugis at lasa [sa kanyang bunga at buto], at oliba, at mga bungang-granada [pomegrenates], na magkatulad sa uri at magkaiba sa lasa.﴿ *(Qur'an 6: 141)*

﴾At sa kabundukan ay mayroong mga landas, puti at pula sa magkakaibang klase ng kulay...﴿ *(Qur'an 35: 27)*

﴾At gayundin, ang mga araw [na mabuti at hindi lubhang mabuti] ay Aming ibinigay sa mga tao nang halinhinan...﴿ *(Qur'an 3: 140)*

Ang angkan ng Israel ay pagod na sa pagkain ng isang uri ng pagkain na ibinigay sa kanila, kahit na nga ito ang pinakamainam sa mga pagkain, - dahilang ang lahat ng mga ito lamang ang kanilang kinakain.

﴾Hindi namin kayang pagtiyagaan ang isang uri ng pagkain lamang.﴿
*(Qur'an 2: 61)*

Si Al-Ma'moon ay nagsasali-salisi sa pagitan ng pagbabasa, pagtindig, pag-upo at paghimlay, at siya ay nagsabi: "Ang kaluluwa ay lagi nang nakahilig sa pagkabagot."

﴾Yaong mga nag-aala-ala kay Allah [nang lagi, at sa pananalangin] nang nakatayo, nakaupo at nakahilig sa kanilang tagiliran...﴿
*(Qur'an 3: 191)*

Dapat mong pagnilay-nilayin ang maraming anyo ng pagsamba na itinatadhana sa Islam. Mayroong mga gawa ng puso, ng dila, ng mga bisig, at ng kayamanan, sa pamamagitan ng paggugol sa mga ito sa makatarungang layunin. Ang pagdarasal, ang pagbibigay ng kawanggawa, ang pag-aayuno, ang pagpipilgrimahe sa Makkah, ang pakikipaglaban sa landas ni Allah, - ito ay ilan lamang sa mga halimbawa ng pagsamba. Ang pagdarasal ay nangangailangan ng pagtindig, pagyuko, pagpapatira at pag-upo. Kung ikaw ay nagnanais ng paglulubay (o paglilibang), lakas ng katawan, at patuloy na pagiging kapaki-pakinabang, kung gayon, maglagay ng pagkakaiba-iba (o sari-sari) sa iyong trabaho, sa iyong pagbabasa at sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kung sa pagbabasa, halimbawa, magbasa ng malawak na hanay ng mga paksa: ang Qur'an, ang paliwanag dito, ang talambuhay ng Propeta (saws) at ng kanyang mga Kasamahan, ang *hadith*, ang Islamikong pambabatas, kasaysayan, panitikan, mga aklat ng pangkalahatang karunungan, at marami pang iba. Paghati-hatiin mo ang iyong panahon sa pagitan ng pagsamba at pagpapakasaya sa anumang pinahihintulutan, sa pagdalaw sa mga kaibigan, pagtanggap sa mga panauhin, paglalaro ng pampalakasan, o pagpunta sa mga paglilibang (na biyahe): iyong matatagpuan ang iyong sarili na isang masayahin at maningning na tao, sapagkat ang kaluluwa ay nasasayahan (o sumasaya) sa mga sari-sari at mga bagay na naiiba o bago.

## *Ihagis ang pagkabagabag*

Huwag malungkot sapagkat ang iyong Panginoon ay nagsabi:

﴾Hindi baga Aming binuksan [ginawang maginhawa] ang iyong dibdib [O' Muhammad]?﴿ *(Qur'an 94: 1)*

Ang mensahe ng ganitong talata ay nakasasakop sa lahat ng mga nagdadala ng katotohanan, na nakakakita sa liwanag, at tumatahak sa landas ng patnubay.

﴾Siya kaya na ang dibdib ay pinalawak ni Allah upang [tanggapin] ang Islam, at sa pamamagitan nito [siya ay napatnubayan] ng liwanag mula sa kanyang Panginoon, [ay katulad niya na ang puso ay nagtatakwil dito]? Kaya't kasawian sa kanila na ang puso ay tumigas laban sa [kawalan] ng pag-aala-ala kay Allah!﴿ *(Qur'an 39: 22)*

Samakatuwid, mayroong isang katotohanan na naghahantong sa puso na maging bukas, at ng kasinungalingan na gumagawa na ito ay tumigas.

﴾At sinuman ang naisin ni Allah na patnubayan, binubuksan Niya ang kanyang dibdib sa Islam.﴿ *(Qur'an 6: 125)*

Kaya't ang pagtanggap at pagkapit sa ganitong Relihiyon ay isang mithiin na hindi matatamo maliban sa kanya na pinagpala.

﴾Huwag kang malumbay [o mangamba], katotohanang si Allah ay kasama [Tagapagtangkilik] natin.﴿ *(Qur'an 9: 40)*

Ang lahat ng may pananampalataya sa pangangalaga ni Allah, sa (Kanyang) pagtatanod, at sa (Kanyang) habag ay nangusap ng mga salita na nauugnay sa ganitong talata.

﴾Ang [mga mapagkunwari] na nagsabi sa mga tao [na sumasampalataya]: 'Katotohanan, ang mga tao [mga pagano] ay nagtipun-tipon laban sa inyo [na malaking sandatahan], kung gayon,

inyong katakutan sila.' Datapuwa't ito ay lalo [lamang] nagpasidhi sa kanilang Pananampalataya, at sila ay nagsabi: 'Si Allah [lamang] ay sapat na sa amin, at Siya ang Pinakamahusay sa Pag-aayos ng lahat ng pangyayari [sa amin].'﴾ *(Qur'an 3: 173)*

Ang pagiging Sapat Niya para sa atin ay nagpapalaya sa atin na dumepende o umasa sa iba, at ang Kanyang Pagtatanod ay nangangalaga sa atin.

﴾O' Propeta [Muhammad]! Sapat na sa iyo si Allah, gayundin sa kanila na sumusunod sa iyo, na mga sumasampalataya.﴾

*(Qur'an 8: 64)*

﴾At ilagay mo ang iyong pagtitiwala sa Kanya na Laging Buhay at Walang Kamatayan...﴾ *(Qur'an 25: 58)*

﴾At ikaw [O' Muhammad] ay maging matimtiman sa pagtitiyaga, at ang iyong pagtitiyaga ay para kay Allah. At huwag kang magdalamhati sa kanila [mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mga pagano], at huwag kang magkaroon ng lumbay dahilan sa kanilang binabalak. Katotohanan, si Allah ay Tagapagtangkilik ng mga nangangamba sa Kanya at ng Muhsinun [mga gumagawa ng kabutihan].﴾ *(Qur'an 16: 127-128)*

Si Allah na nasa kanilang piling sa ganitong talata ay tumutukoy sa isang tanging biyaya para sa Kanyang masunuring tagasamba, sa termino ng pangangalaga, pag-aaruga, pagsuporta, at pagtatanod. Ito ay ayon sa proporsyon o tumbasan ng antas ng kanilang pananalig, mga gawa at mga pagsisikhay.

﴾At huwag kayong maging mahina [laban sa inyong kaaway], at huwag ding malumbay, kayo ay mangunguna [sa tagumpay] kung katotohanan na kayo ay [tunay] na sumasampalataya.﴾

*(Qur'an 3: 139)*

﴾Sila ay hindi makagagawa sa inyo ng kasahulan [kapinsalaan], maliban sa walang saysay na pang-iinis; at kung sila ay lumalaban sa inyo, ay ipakikita nila ang kanilang likuran sa pagtakbo, at sila ay hindi tutulungan laban sa inyo.﴿ *(Qur'an 3: 111)*

﴾Si Allah ay nagtakda: 'Katotohanang Ako at ang Aking mga Sugo ang mananaig.' Katotohanang si Allah ang Lubos na Malakas, ang Sukdol sa Kapangyarihan.﴿ *(Qur'an 58: 21)*

﴾Katotohanan na walang pagsala na Aming susuportahan ang Aming mga Sugo at ang mga sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah, sa Islam] sa buhay sa mundong ito, at sa Araw na ang mga saksi ay magsisitambad [sa Araw ng Muling Pagkabuhay].﴿ *(Qur'an 40: 51)*

﴾Ang aking [sariling] pangyayari [kahahantungan] ay inilalaan ko kay Allah; sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagmamasid sa Kanyang mga alipin. Kaya't pinangalagaan siya ni Allah sa mga kasamaan na kanilang binalak [laban sa kanya].﴿ *(Qur'an 40: 44-45)*

﴾At kay Allah dapat magtiwala ang mga sumasampalataya.﴿
*(Qur'an 3: 122)*

Huwag malungkot: mabuhay ngayon na wari bang ito ang huling araw ng iyong buhay. Sa ganitong balangkas ng isipan at pananaw tungo sa buhay, ikaw ay walang dahilan upang payagan ang kalungkutan o pagkagalit na magnakaw ng iyong maliit na panahon na mayroon ka. Sa isang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Kung ang umaga ay sumapit sa iyo, kung gayon, huwag mag-akala na iyong makikita ang gabi, at kung iyong makita ang gabi, huwag mag-akala na iyong makikita ang umaga.*"

Sa ibang salita, mabuhay ng may puso, katawan at kaluluwa para sa ngayon lamang, na hindi namumuhay sa nakaraan at walang pananabik sa kinabukasan. Isang Arabong makata ang nagsabi:

*Ang nakaraan ay nawala na sa habang panahon,*
*at yaong inaasahan ay magmumula sa nakalingid,*
*kaya't ang lahat ng nasa iyo ay ang pangkasalukuyang oras.*

Ang maging abala sa nakaraan at ang pagkaladkad sa mga nakaraang kasawian sa kasalukuyan, - ito ang mga tanda ng isang hindi matatag at hindi mainam na isipan. Ang isang kasabihang Intsik ay mababasa:

> "Huwag mong tawirin ang tulay hanggang hindi ka sumasapit doon."

Sa ibang salita, maging sabik lamang sa mga pangyayari kung ito ay dumating na. Ang isa sa ating mga banal na sinundang henerasyon ay nagsabi:

> "O' anak ni Adan, katotohanang kayo ay mayroon lamang tatlong araw: Kahapon, at ito ay lumisan sa iyo; bukas, at ito ay parating pa lamang; at ngayon, kaya't pangambahan si Allah at sundin Siya tungkol sa nakapaloob dito."

Paano siya tunay na makapamumuhay, na nagdadala sa kanyang sarili ng mga suliranin ng nakaraan, ng kasalukuyan at ng hinaharap? Paano ang isa ay makakatagpo ng kapayapaan, habang patuloy na gumugunita sa bagay na nangyari na? Ang sinuman na naglalaro ng nakaraang pangyayari sa likod ng kanyang isip ay makakaramdam ng kirot nito, at wala siyang mapapakinabang sa ganitong proseso.

Ang kahulugan ng, 'kung ang umaga ay sumapit, huwag akalain na (iyong) makikita ang gabi, at kung ang gabi ay sumapit, huwag akalain na (iyong) makikita ang umaga', ay yaong huwag tayong magkaroon nang mataas na pangmatagalang panahon na pag-asa sa mundong ito. Asahan ang (pagdatal) ng kamatayan at gawin mo ang pinakamabuti mong magagawa sa paggawa ng mga

kabutihan. Huwag hayaan ang iyong mga pag-aala-ala at mga ambisyon ay humigit sa takda ng gayong araw na iyong ipinamumuhay, (bagkus ay magkaroon ng) isang kodigo (o alituntunin) na magpapahintulot sa iyo na mag-ukol nang matiim at gumugol ng lahat ng iyong lakas sa pagiging kapaki-pakinabang sa bawat araw. Gamitin ang oras nang mahusay at ibuhos ang lahat ng iyong lakas upang matamo ang anuman sa araw na ito, sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa iyong pag-uugali, na nangangalaga sa iyong kalusugan, at paunlarin ang iyong kaugnayan sa iba.

## *Ihagis ang pagkabagabag, — tumigil upang magnilay-nilay*

Huwag malungkot, sapagkat kung anuman ang itinadhana ay napagpasyahan na at ito ay mangyayari bagama't ito ay hindi mo nagugustuhan. Ang mga pluma ay natuyo na, ang mga dahon o kalatas ay binalumbon na, at ang bawat pangyayari ay matatag nang naitayo. Samakatuwid ang iyong kalungkutan ay hindi makapagpapabago sa iyong realidad kahit na katiting.

Huwag malungkot, sapagkat ang kalungkutan ay tila isang buhawi na marahas na sumisiklot ng mga alon, na nagpapabago ng atmospera at nakawawasak nang namumukadkad na mga bulaklak sa mayabong na halamanan.

Huwag malungkot, sapagkat ang isang malungkot ay tulad ng isang tao na nagbubuhos ng tubig sa loob ng timba na sa loob ay may butas. Siya ay katulad ng isang manunulat na gumagamit ng kanyang daliri upang sumulat sa ibabaw ng tubig.

Huwag malungkot, sapagkat ang tunay na haba ng buhay ay sinusukat sa bilang ng araw na ikaw ay kuntento. Kaya't huwag

mong gugulin ang iyong mga araw sa pighati, huwag aksayahin ang iyong mga gabi sa pagdadalamhati, at huwag maging waldas sa pag-aaksaya sa iyong oras; sapagkat katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa kanila na maluluho (mapangwaldas) at mapag-aksaya.

Huwag malungkot, sapagkat sa katotohanan, ang iyong Panginoon ay nagpapatawad ng mga kasalanan at tumatanggap sa pagsisisi.

Kung iyong mababasa ang susunod na talata, hindi ba ang iyong puso ay nakadarama ng kapayapaan, hindi ba ang iyong mga pagkabalisa ay naitataboy, at hindi ba ang iyong kaligayahan ay tumatagos sa iyong buong pagkatao?

﴾Ipagbadya: 'O' Aking mga alipin na nagkasala laban sa kanilang sarili [sa pamamagitan nang paggawa ng masasamang asal at kasalanan]! Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah; sapagkat katotohanang si Allah ay nagpapatawad ng lahat ng kasalanan. Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.'﴿ *(Qur'an 39: 53)*

Kanyang pinagpahayagan sila ng, "O' aking mga alipin", upang paamuin ang kanilang puso at kaluluwa. Tangi Niyang binanggit dito yaong mga lumalabag, sapagkat sila ay higit na lantad kaysa sa iba na isakatuparan ang masasamang gawa nang tuluy-tuloy. Gaano kadakila kung gayon ang Habag ni Allah sa iba! Kaya't Kanyang binawalan sila sa kawalang-pag-asa at ang mawalan ng pag-asa sa pagkakamit ng pagpapatawad. At Kanyang ipinagbigay-alam sa kanila na Siya ay nagpapatawad ng lahat ng kasalanan ng sinuman na nagsisisi, kahima't ito ay malaki o maliit, may halaga man o walang halaga.

Hindi ka ba nagagalak sa pagbasa sa mga sumusunod na talata?

﴾At yaong [mga tao] na kung sila ay nakagawa ng Fahisha [matinding kasalanan tulad ng pangangalunya o pakikiapid, atbp.] o nagpalungi ng kanilang sarili sa kasamaan, ay nakakaala-ala kay Allah at humihingi ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan; - at sino pa ba kaya ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban kay Allah?, - at [sila ay] hindi nagpupumilit na ipagpatuloy ang kamalian na kanilang nagawa, at ito'y kanilang nababatid.﴿ *(Qur'an 3: 135)*

﴾At sinuman ang gumawa ng masama o nagbigay-kamalian sa kanyang sarili, at matapos ito, ay humanap ng kapatawaran ni Allah; kanyang matatagpuan na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.﴿ *(Qur'an 4: 110)*

﴾At kung inyong iiwasan ang mga karumal-dumal na kasalanan na sa inyo ay ipinagbabawal, ipapatawad Namin sa inyo ang inyong maliliit na kasalanan at kayo ay tatanggapin sa Marangal na Tarangkahan [Paraiso].﴿ *(Qur'an 4: 31)*

﴾At sila [ang mapagkunwari], nang sila ay hindi naging makatarungan sa kanilang sarili, ay pumaroon sa iyo [O' Muhammad] at nanikluhod sa kapatawaran ni Allah, at ang Sugo ay nagsumamo ng Kapatawaran para sa kanila, tunay na kanilang matatagpuan na si Allah ay Ganap na Nagpapatawad [Tanging Siya ang tumatanggap ng pagsisisi], ang Pinakamaawain.﴿ *(Qur'an 4: 64)*

﴾At katotohanang Ako ay Lagi nang Nagpapatawad ng Paulit-ulit sa kanya na nagtitika, at sumasampalataya [sa Aking Kaisahan at hindi nag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba sa Akin], at gumagawa ng mga kabutihan at nagpapatuloy [sa pananatili] sa patnubay [hanggang kamatayan].﴿ *(Qur'an 20: 82)*

Nang si Propeta Moises (Moosa) ay nakapatay ng isang tao, siya ay nagsabi: "O' aking Panginoon, patawarin (Mo po) ako", at Kanyang pinatawad siya.

Nang si Propeta David (Dawood) ay magsisi, si Allah ay nagwika:

﴾Kaya't siya ay pinatawad Namin, at katotohanang sasakanya ang pagiging malapit niya sa Amin, at isang mainam na lugar [ng Huling] Pagbabalik [Paraiso].﴿ *(Qur'an 38: 25)*

Gaano kaperpekto, mahabagin at mapagbigay si Allah! Inialok pa Niya ang Kanyang habag at pagpapatawad sa kanila na sumasampalataya sa Trinidad,- ito ay kung magsisisi sila:

﴾Katotohanan, hindi sumasampalataya ang mga nagsasabi: 'Si Allah ay isa sa tatlo [sa Trinidad].' Datapuwa't wala ng iba pang Diyos [na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba] maliban sa Nag-iisang Diyos [Allah]. At kung sila ay hindi titigil sa kanilang sinasabi, katotohanan, ang isang kasakit-sakit na kaparusahan ay sasapit sa mga hindi sumasampalataya sa kanila. Hindi baga sila magbabalik-loob [sa pagsisisi] kay Allah at hihingi ng Kanyang kapatawaran? Sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.﴿ *(Qur'an 5: 73-74)*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Si Allah, ang Pinakamaluwalhati at Kataas-taasan, ay nagwika: 'O' anak ni Adan, katiyakang ikaw ay hindi maninikluhod sa Akin at aasa sa Akin maliban na ikaw ay Aking patawarin, ayon sa proporsyon (tumbasan) ng anumang nanggaling sa iyo (alalaong baga, ang antas ng iyong katapatan), at hindi Ko ito papansinin. O' anak ni Adan, kung ang iyong mga kasalanan ay umabot sa kalakhan ng kataasan ng mga kalangitan, at (matapos) ikaw ay hihingi sa Akin ng pagpapatawad, ikaw ay Aking patatawarin, at hindi Ko ito papansinin. O' anak ni Adan, kung ikaw ay paparito sa akin na may mga kasalanan (na ang kalakhan nito) ay halos pumuno na sangkalupaan, at iyong nakadaupang-palad Ako na (ikaw ay) hindi nag-aakibat ng mga katambal sa akin, Ako ay paparoon sa iyo ng may gayunding laki ng pagpapatawad.'"*

Si Bukhari ay nagsalaysay na ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katiyakang si Allah ay nag-uunat ng Kanyang Kamay sa gabi upang patawarin siya na nagkakasala sa araw, at Kanyang iniuunat ang Kanyang Kamay sa araw upang patawarin siya na nagkakasala sa gabi, at ito ay magpapatuloy hanggang ang araw ay sumikat mula sa kanluran.*"

Sa iba pang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsalaysay na si Allah ay nagwika:

"*O' Aking mga alipin, katotohanang kayo ay nagkakasala sa araw at gabi, at Ako ay nagpapatawad sa lahat ng mga kasalanan, kaya't magsihanap kayo ng pagpapatawad sa Akin at kayo ay Aking patatawarin.*"

Sa isa pang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sa pamamagitan Niya na naghahawak ng aking kaluluwa sa Kanyang Kamay, kung kayo ay hindi magkakasala, kung gayon ay aking pinangangambahan sa inyo ang higit pang matindi kaysa sa kasalanan; at ito ang pamumuri sa sarili.*"

Sa iba pang mapapanaligang salaysay, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang bawat isa sa inyo ay patuloy na nakagagawa ng kamalian (o kasalanan), at ang pinakamainam sa kanila na patuloy na nakagagawa ng kamalian ay sila na patuloy na gumagawa ng pagsisisi.*"

Siya (ang Propeta, saws) ay nagsabi sa mapapanaligang *hadith* na ito:

"*Katotohanang si Allah ay higit na maligaya sa pagsisisi ng Kanyang alipin, kaysa sa kanya, na sa kanyang sasakyang hayop at sa ibabaw nito ay naririto ang kanyang inumin at pagkain; at (nangyari na) nawala ang kanyang sasakyang hayop sa disyerto, at*

*hinanap niya ito hanggang sa mawalan siya ng pag-asa; kaya't siya ay natulog at (nangyari) na siya ay nagising upang matagpuan na ang kanyang sasakyang hayop ay nasa kanyang tabi, at siya ay nagsabi, 'O' Allah, Ikaw ang aking alipin at ako ang Iyong Panginoon'. Kanyang naibulalas ang ganitong pagkakamali bunga nang kanyang matinding kaligayahan."*

Siya (ang Propeta, saws) ay naiulat din sa mapapanaligang *hadith* na nagsabi:

"*Katotohanan, ang isang alipin (ni Allah) ay nakagagawa ng kasalanan at siya ay nagsasabi, 'O' Allah, patawarin Mo po ang aking kasalanan, sapagkat katiyakan, walang ibang nagpapatawad ng mga kasalanan maliban sa Inyo'. At (matapos) ay nakagawa siya ng iba pang kasalanan, at matapos ay nagsabi, 'O Allah, patawarin Mo po ang aking kasalanan, sapagkat katiyakan, walang ibang nagpapatawad ng mga kasalanan maliban sa Inyo.' At (matapos) si Allah ay magsasabi: 'Ang Aking alipin ay nakakaalam na siya ay mayroong Panginoon, na mag-uutos sa kanya na ipagsulit ang (kanyang) mga kasalanan, at Siya rin ang magpapatawad ng mga kasalanan, kaya't hayaan ang Aking alipin ay gumawa ng kanyang ninanais.'*"

Ang kahulugan ng ganito ay habang ang alipin ni Allah ay nagsisisi at nagtitika, kung gayon, si Allah ay magpapatawad sa kanya.

## Huwag malungkot, — ang lahat-lahat ay magaganap ayon sa pagtatakda

Ang lahat-lahat ay nangyayari ayon sa pagtatakda at ayon sa anumang ipinag-utos. Yaon ang paniniwala ng mga Muslim, ang mga tagasunod ni Muhammad (saws). At walang nangyayaring anuman

sa Sandaigdigan maliban sa pamamagitan ng Karunungan ni Allah, ng (Kanyang) Pahintulot, at Maka-Diyos na Plano.

﴾Walang masamang pangyayari ang magaganap dito sa kalupaan at sa inyong sarili [kaluluwa], maliban na ito ay naitala sa Aklat ng Tadhana [*Al Lauh Al Mahfouz*], bago pa Namin pinapangyari ang magaganap. Katotohanang ito ay lubhang magaan kay Allah [alalaong baga, ang *Qadar* o kasasapitan].﴿ *(Qur'an 57: 22)*

﴾Katotohanang Aming nilikha ang lahat ng bagay sa Qadar [maka-Diyos na Pagtatakda at Pag-uutos sa lahat ng bagay bago pa ang paglikha sa kanila, at ito ay nasusulat sa Aklat ng mga Pag-uutos o *Al Lauh al Mahfouz*].﴿ *(Qur'an 54: 49)*

﴾At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na tulad ng pangamba at pagkagutom, [ang ilan] ay pagkalugi sa hanapbuhay o pagkawala ng kayamanan, pagkawala ng buhay, at [pagkawala] ng bungangkahoy [na inyong pinaghirapan], datapuwa't magbigay nang magandang balita sa mga matimtiman sa pagbabata.﴿ *(Qur'an 2: 155)*

At sa isang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Kamangha-mangha ang pamumuhay (o ginagawa) ng mananampalataya! Ang kanyang pamumuhay sa kabuuan nito ay mabuti para sa kanya: kung ang mabuti ay dumapo sa kanya, siya ay mapagpasalamat. Ang kung ang kapinsalaan ay dumapo sa kanya, siya ay matiyaga, at ito ay mabuti sa kanya. At ang ganitong (masaganang kalagayan ng pagkatao) ay para lamang sa mananampalataya.*"

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Kung kayo ay hihingi, humingi kay Allah, at kung kayo ay maghahanap ng tulong, kung gayon humanap kay Allah. At maalaman na kung ang kabuuan ng bansa ay magtitipun-tipon nang sama-sama upang magdala sa iyo ng kapakinabangan sa anuman,*

*ito ay hindi makapagbibigay ng kapakinabangan sa iyo maliban sa isinulat ni Allah para sa iyo. At kung sila ay magtitipun-tipon nang sama-sama upang pinsalain ka sa anuman, hindi nila magagawang makapinsala sa iyo maliban sa isinulat ni Allah para sa iyo. Ang mga pluma ay itinaas, at ang mga pahina ay nangatuyo.*"

Ang Propeta (saws) ay nagsabi rin:

"*At maalaman na kung anuman ang mangyayari sa iyo ay hindi maliliban na mangyayari sa iyo, ang kung anuman ang hindi nangyari sa iyo ay hindi nalalaan na mangyari sa iyo.*"

Sa isa pang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Magsikap sa bagay na magbibigay ng kapakinabangan sa iyo, humanap ng tulong kay Allah, at huwag magsabi: 'Kung ginawa ko lamang ang ganito at ganoong bagay, ang sitwasyon sana ay naging ganito at ganoon.' Datapuwa't magsabi: 'Si Allah ay nagtakda at kung anuman ang Kanyang nais, ito ay Kanyang ginagawa.'*"

At sa isa pang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang bawat bagay na itinakda ni Allah sa Kanyang alipin ay higit na mabuti para sa kanya.*"

Si Shaykh Al-Islam ibn Taymiyah ay tinanong tungkol sa kasalanan: Ito ba ay mabuti para sa kaninuman? Siya ay nagsabi:

> "Oo, sa kundisyon na ito ay marapat na sundan nang pagiging mapagsisi at mapagtika, sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran, at sa pagiging matapat na naaantig (ng pagsuko) sa kalooban."

Si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Marahil ay hindi ninyo naiibigan ang isang bagay, nguni't maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan ay mainam [makabubuti] sa inyo, at maaaring ang isang bagay na inyong nagugustuhan, ito ay

masama [hindi makabubuti] sa inyo. Datapuwa't si Allah ang nakakaalam at ito ay hindi ninyo nalalaman.﴿ *(Qur'an 2: 216)*

## *Huwag malungkot, — maghintay ng may pagtitiyaga sa isang masayang magaganap*

Ang mga sumusunod na *hadith* ay matatagpuan sa aklat ni At-Tirmidhi:

"*Ang pinakamainam na anyo ng pagsamba ay ang maghintay (ng may pagtitiyaga) para sa isang masayang magaganap.*"

﴾Hindi baga ang umaga ay malapit na?﴿ *(Qur'an 11: 81)*

Ang umaga ng isang nahahapis ay nanganganinag, kaya't bantayan ito. Isang kasabihang Arabo ang nagsasabi, "Kung ang lubid ay lubhang naging mahigpit, ito ay mapapatid."

Sa ibang salita, kung ang sitwasyon ay sumapit na sa antas ng krisis, kung gayon, umasa na may isang liwanag at isang lagusan ang lilitaw. Si Allah ay nagwika:

﴾At sinuman ang mangamba kay Allah, papalisin Niya para sa kanya ang kanyang mga maling gawa [mga kasalanan] at pag-iibayuhin Niya para sa kanya ang kanyang gantimpala.﴿ *(Qur'an 65: 5)*

﴾At sinuman ang mangamba kay Allah, gagawin Niya para sa kanya ang kanyang dalahin na maging magaan.﴿ *(Qur'an 65: 4)*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsalaysay ng ganitong salitain mula kay Allah:

"*Ako ay (kasama) sa kaisipan ng Aking alipin patungkol sa Akin, kaya't hayaan siyang mag-isip tungkol sa Akin sa ganang kanya.*"

Si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴿[Sila ay binigyan ng palugit], hanggang nang ang Aming mga Sugo ay mawalan na ng pag-asa at nag-isip na sila ay itinuring na mga sinungaling ng kanilang pamayanan [sila ay itinatwa at itinakwil], sa gayong kalagayan ay dumatal sa kanila ang Aming tulong, at sinumang Aming maibigan ay naligtas.﴾ *(Qur'an 12: 110)*

(Iyong) maalaman na katiyakan, na sa paghihirap ay mayroong ginhawa. Ang ilang mga komentarista ng Qur'an ay nagsabi (na nagpapalagay dito bilang isang *hadith*) ng:

"*Ang isang kahirapan ay hindi makagagahis sa dalawang ginhawa.*"

Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa isang mapapanaligang *hadith*:

"*At (iyong) maalaman na ang tagumpay ay dumarating na kasama ang pagtitiyaga, at ang ginhawa ay dumarating na kasama ang paghihirap.*"

Ang isang Arabong makata ay nagsabi:

*Ang ibang mga mata ay balisa habang*
*ang iba ay natutulog sa pagninilay-nilay kung ano*
*ang maaari at hindi maaaring mangyari,*
*kaya't talikdan ang pag-aalala hangga't maaari,*
*sapagkat ang pagdadala ng pasanin ng pagkabagabag ay kahangalan.*
*Narito ang iyong Panginoon na nagkaloob*
*sa iyo ng mga lunas patungkol sa kahapon, at gayundin,*
*Siya ay magkakaloob nang kung anuman*
*ang sasapit sa kinabukasan.*

Ang isa pa ay nagsabi:

*Hayaan ang mga pangyayari ay dumaloy*
*sa kanilang nakatakdang landas,*

*at huwag matulog malibang nasa malinaw na kaisipan,*
*sa pagitan ng oras nang pagkurap ng mata at pagdilat nito,*
*si Allah ay nagpapabago ng mga bagay mula*
*sa isang kalagayan (tungo) sa ibang kalagayan.*

## *Maghintay ng may pagtitiyaga para sa masayang mangyayari, — tumigil at magnilay-nilay*

Huwag mabahala tungkol sa iyong kayamanan na natinggal sa mga baul. Maliban na ikaw ay may pananampalataya kay Allah, ang iyong matatayog na kastilyo at iyong luntiang halamanan ay magdudulot lamang sa iyo ng pagkabalisa, pagdurusa at kawalan ng pag-asa.

Huwag malungkot: maski ang dayagnosis (pagsusuri) ng doktor at ang gamot niya ay hindi makapagpapasaya sa iyo kung papayagan mo ang kalungkutan na mamalagi sa iyong puso, na hinahayaan ito na tumagos sa iyong emosyon at sa iyong pagkatao.

Huwag malungkot: ikaw ay mayroong kakayahan na manikluhod kay Allah, at sa ganito, ikaw ay mahusay na nagpapakababa ng iyong sarili sa paanan ng pintuan ng Hari ng mga hari. Ikaw ay mayroong huling bahagi ng isang katlo (1/3) ng pinagpalang gabi upang manalangin kay Allah at upang idampi mo ang iyong ulo sa lapag sa pagpapatirapa.

Huwag malungkot: si Allah ay lumikha para sa iyo ng kalupaan at kung anuman ang narito. Kanyang hinayaan ang halamanan ng kagandahan ay yumabong, na pinupuno Niya ito ng maraming uri ng halaman at mga bulaklak sa pares, kapwa lalaki at babae. At ginawa Niya ang matataas na punong palmera, mga

nagniningning na bituin, mga kagubatan, mga ilog at mga dalisdis, - gayon pa man, ikaw ay malungkot!

Huwag malungkot: ikaw ay umiinom ng dalisay na tubig, ikaw ay lumalanghap ng sariwang hangin, ikaw ay lumalakad na malusog sa iyong dalawang paa, at ikaw ay natutulog sa gabi na mapayapa.

## *Huwag malungkot: Malimit na maghanap ng pagpapatawad ni Allah, sapagkat ang iyong Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad*

﴾Ako [Noah] ay nagsabi [sa kanila]: 'Humingi kayo ng kapatawaran sa inyong Panginoon; katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad; kayo ay pagkakalooban Niya nang saganang ulan; at kayo ay gagawaran Niya nang higit pang kayamanan at mga anak, at ipagkakaloob Niya sa inyo ang halamanan at gayundin ng mga batis [na nagsisidaloy].'﴿ *(Qur'an 71: 10-12)*

Kaya't malimit na maghanap ng pagpapatawad mula kay Allah at iyong aanihin ang kapakinabangan sa paggawa ng gayon: kapayapaan ng isipan, mga pinahihintulutang ikabubuhay, matutuwid na mga anak, at saganang ulan.

﴾At [nag-uutos sa inyo]: 'Hilingin [panikluhuran] ninyo ang pagpapatawad ng inyong Panginoon, [at magsipanumbalik] kayo sa Kanya ng may pagsisisi, [at] Kanyang hahayaan na inyong tamasahin nang may kasiyahan ang isang mainam na biyaya sa isang natatakdaang panahon, at mabigyan Niya ang bawat mapaggawa ng kabutihan [mga mapagpaubaya] ng Kanyang nag-uumapaw na Biyaya [gantimpala; alalaong baga, sila na tumutulong at naglilingkod sa mga nangangailangan at karapat-dapat sa pamamagitan ng kanilang lakas at kayamanan].﴿ *(Qur'an 11: 3)*

At ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sinuman ang malimit na humanap ng pagpapatawad (mula kay Allah), kung gayon, si Allah ay gumagawa para sa kanya ng mabuting kasasapitan sa bawat bagay na may kinalaman (sa kanya), at nagkakaloob sa kanya ng lunas (o daang palabas) sa bawat gipit na kalagayan.*"

Isinalaysay sa Bukhari sa isang *hadith* na kilala bilang pinuno ng *Al-Istighfaar* (alalaong baga, mga panalangin na humihingi kay Allah ng Kanyang kapatawaran):

"*O' Allah, Ikaw (po) ang aking Panginoon at wala ng iba pa ang karapat-dapat na pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo. Ikaw (po) ang lumikha sa akin at ako ang Inyong alipin; at ako ay nasa ilalim ng Inyong kasunduan at pangako hanggang sa aking magagawa. Ako ay nagpapakupkop sa Inyo sa kasamaan na aking isinagawa. Aking tinatanggap sa Inyo ang Inyong kagandahang-loob sa akin, at aking inaamin ang aking kasalanan sa Inyo, kaya't ako ay patawarin Ninyo; sapagkat katotohanang walang nagpapatawad ng kasalanan maliban sa Inyo.*"

## ***Huwag malungkot, — laging alalahanin si Allah***

Tungkol sa pag-aala-ala sa Kanya, si Allah, ang Pinakamaluwalhati ay nagwika:

﴾Katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan!﴿ *(Qur'an 13: 28)*

﴾Kaya't alalahanin ninyo Ako [sa pamamagitan nang pagdarasal at pagluwalhati]. Aalalahanin Ko [rin] kayo.﴿ *(Qur'an 2: 152)*

﴾At mga lalaki na lagi nang nag-aala-ala kay Allah at mga [mapag-ala-alang] babae na gumagawa ng gayon [labis na nag-aala-ala kay

Allah sa pamamagitan ng kanilang dila at puso habang nakaupo, nakatayo at nakahimlay at dumadalit ng mga pagpupuri at pagluwalhati sa Kanya]; sa kanila ay inihanda ni Allah ang pagpapatawad at malaking gantimpala [alalaong baga, ang Paraiso].﴿

*(Qur'an 33: 35)*

﴾O kayong nagsisisampalataya! Alalahanin ninyo si Allah nang may higit na pag-aala-ala; at luwalhatiin Siya sa umaga at hapon [ang pang-umagang pagdarasal o Fajr, at panghapong pagdarasal o Asr].﴿

*(Qur'an 33: 41-42)*

﴾O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong hayaan na ang inyong mga kayamanan at inyong mga anak ay makahadlang sa inyo upang alalahaning lagi si Allah.﴿ *(Qur'an 63: 9)*

﴾At alalahanin mo ang iyong Panginoon kung ikaw ay nakakalimot ...﴿ *(Qur'an 18: 24)*

﴾Kaya't ikaw ay maghintay ng may pagtitiyaga sa Pasya ng iyong Panginoon sapagkat katotohanang ikaw ay nasa pangangalaga ng Aming mga Mata, at ipagbunyi mo ang mga papuri ng iyong Panginoon kung ikaw ay magbangon mula sa pagkakatulog, at sa bahagi ng gabi ay ipagbunyi mo ang mga papuri sa Kanya at sa [oras] nang paglubog ng mga bituin!﴿ *(Qur'an 52: 48-49)*

﴾O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong makatagpo ang pangkat [ng mga kaaway], tumindig kayo nang matatag [laban sa kanila] at alalahanin nang higit ang Pangalan ni Allah [kapwa sa dila at isipan] upang kayo ay maging matagumpay.﴿ *(Qur'an 8: 45)*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang katulad ng isa na nakaka-ala-ala sa kanyang Panginoon kung ihahambing sa isa na hindi nakakaala-ala sa kanyang Panginoon ay katulad ng nabubuhay at patay.*"

Ang Propeta (saws) ay nagsabi rin:

*"Ang mufarridoon ay nakahihigit sa iba." Ang kanyang mga Kasamahan ay nagtanong, "Sino ang mufarridoon, O' Sugo ni Allah?" Siya ay nagsabi, "Ang mga lalaki na madalas na nakakaala-ala kay Allah at mga babae na madalas na nakakaala-ala kay Allah."*

At sa isa pang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Hindi baga ipagbibigay-alam ko sa inyo ang pinakamainam sa mga gawa, at ang pinakadalisay sa mga ito sa inyong Panginoon? Ang gawa na higit na mainam sa inyo kaysa ang gumugol ng ginto at pilak (sa isang mabuting layunin), at higit na mainam sa inyo kaysa ang makatagpo ang inyong kaaway at kanilang gilitin ang inyong lalamunan at gayundin kayo sa kanila?" Sila ay nagsabi, "Oo, O' Sugo ni Allah." Siya ay nagsabi, "Ang pag-aala-ala kay Allah."*

Ang sumusunod ay isang mapapanaligang *hadith*:

*"Isang tao ang lumapit sa Propeta at nagsabi, 'O' Sugo ni Allah, ang mga pag-uutos ng Islam ay lubhang marami para sa akin, at ako ay nasa matandang gulang na; kaya't ipagbigay-alam mo sa akin ang bagay na ako ay makakakapit dito.' Siya ay nagsabi, 'Na ang iyong dila ay manatiling namamasa-masa sa pag-aala-ala kay Allah.'"*

## Huwag malungkot, — kailanman ay huwag mawalan ng pag-asa sa habag ni Allah

﴾Katiyakang walang nawawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah, maliban sa mga tao na hindi sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 12: 87)*

﴾[Sila ay binigyan ng palugit], hanggang nang ang Aming mga Sugo ay mawalan na ng pag-asa at nag-isip na sila ay itinuring na mga

sinungaling ng kanilang pamayanan [sila ay itinatwa at itinakwil], sa gayong kalagayan ay dumatal sa kanila ang Aming tulong...﴿

*(Qur'an 12: 110)*

﴾Kaya't tinugon Namin ang kanyang panambitan, at Aming iniligtas siya sa kapighatian. Sa gayon Namin inililigtas ang mga sumasampalataya [na nananalig sa Kaisahan ni Allah, umiiwas sa kasamaan at gumagawa ng kabutihan].﴿ *(Qur'an 21: 88)*

﴾At kayo ay nag-iisip ng may pag-aalinlangan kay Allah. Sa gayong kalagayan, ang mga sumasampalataya ay sinubukan at nauga nang matinding pagkalog.﴿ *(Qur'an 33: 10-11)*

Huwag magdalamhati sa pasakit na ibinigay sa iyo ng iba, at patawarin sila na nagturing sa iyo nang hindi mabuti.

Ang halaga ng pagkainggit at matinding hinanakit ay lubhang malaki (o marami), ito ang halaga na binabayaran ng mapaghiganting tao dahil sa kanyang masamang hangarin sa iba. Siya ay nagbabayad sa ganito ng kanyang puso, laman at dugo. Ang kanyang kapayapaan, paglilibang, at kanyang kaligayahan, - ang mga ito ay kanyang iniiwan sapagkat siya ay nagnanais ng tamis ng paghihiganti at sapagkat siya ay naghihinanakit sa iba.

Ang pagkainggit at matinding hinanakit ay mga sakit na binigyang-lunas ni Allah ng kagalingan at lunas:

﴾[Yaong] mga nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao...﴿

*(Qur'an 3: 134)*

﴾Magpakita kayo ng pagpapatawad, at magtagubilin kung ano ang mabuti, at lumayo kayo sa mga luku-luko [o hangal, alalaong baga, sila ay huwag ninyong patulan].﴿ *(Qur'an 7: 199)*

﴾Ang mabuting gawa at masamang gawa ay hindi magkatulad. Itaboy [kasuklaman] ang [masama] sa pamamagitan [ng gawa] na

mabuti, kung magkakagayon, siya na sa pagitan mo at niya na may pagkagalit [sa isa't isa, ay mangyayari] na tila ba siya ay dati nang malapit na kaibigan.﴿ *(Qur'an 41: 34)*

Huwag magdalamhati sa anumang nakalipas na nangyari sa iyong buhay, sapagkat katotohanang ikaw ay higit na pinagpala.

Magnilay-nilay sa maraming kagandahang-loob at mga regalo ni Allah na ipinagkaloob sa iyo at maging mapagpasalamat sa Kanya. Ipaala-ala mo sa iyong sarili ang maraming biyaya ni Allah, sapagkat Siya, ang Pinakamakapangyarihan ay nagwika:

﴾At kung inyong bibilangin ang mga pagpapala [Biyaya] ni Allah, kailanman ay hindi ninyo ito makakayang bilangin.﴿ *(Qur'an 16: 18)*

﴾At kinumpleto at pinerpekto [ni Allah] ang Kanyang mga Biyaya sa inyo, [kapwa] sa lantad [alalaong baga, Kaisahan ni Allah, kalusugan, kagandahan, atbp.] at nalilingid [pananampalataya kay Allah, karunungan, kaalaman, patnubay, kaligayahan sa Kabilang Buhay at Paraiso, atbp.].﴿ *(Qur'an 31: 20)*

﴾At kung anuman ang biyaya [at magagandang bagay] na nasa inyo, ito ay mula kay Allah. At kung ang kasamaan [kapinsalaan] ay dumatal sa inyo, kayo ay naninikluhod ng tulong sa Kanya.﴿

*(Qur'an 16: 53)*

﴾Hindi baga Namin nilikha ang kanyang dalawang mata? At ang dila, at dalawang labi? At Aming ipinamalas [ipinaalam] sa kanya ang dalawang landas [tumpak at mali]?﴿ *(Qur'an 90: 8-10)*

Ang buhay, ang kalusugan, ang kakayahan ng pandinig at pangmasid, ang dalawang kamay at dalawang binti, ang tubig, ang hangin, ang pagkain, - ang mga ito ay ilan sa mga higit na lantad na mga biyaya ng mundong ito, samantalang ang pinakadakila sa lahat ng mga biyaya ay (yaong) Islam at tamang patnubay. Ano ang

sasabihin mo sa kanya na nag-alok sa iyo ng malaking halaga ng pera bilang kapalit ng iyong mga mata, ng iyong mga tainga, ng iyong mga binti, ng iyong mga kamay, ng iyong puso? Sa katotohanan, gaano kalaki ang iyong kayamanan? Sa pamamagitan nang hindi pagpapasalamat kay Allah, ikaw ay hindi nagbibigay ng katarungan sa hindi mabilang na kagandahang-loob ni Allah.

## *Huwag magdalamhati sa mga walang halagang bagay*

Sa pamamagitan ng kawalan ng pakialam sa maliliit na bagay, ikaw ay nagpakita ng isang pag-uugali na maghahatid sa iyo ng kaligayahan, sapagkat ang isa na mataas sa kanyang mga hangarin ay abalang-abala lamang sa kasasapitan sa Kabilang Buhay.

Ang isa sa mga banal ng ating sinundang (henerasyon) ay nagpayo sa isa sa kanyang mga kapatid ng sumusunod na pananalita:

> "Maging abala lamang tungkol dito: tungkol sa pakikipagtipan kay Allah, tungkol sa pagtindig sa Kanyang harapan, at tungkol sa Kabilang Buhay."

﴾Sa Araw na yaon, kayo ay ihaharap sa Pagsusulit at walang anumang lihim ang inyong maikukubli.﴿ *(Qur'an 69: 18)*

Walang isa mang pagkabalisa o pag-aala-ala na ang halaga (o katuturan) nito ay hindi nababawasan kung ito ay ihahambing sa pag-aala-ala ng Kabilang Buhay. Ano ang mga pagkabalisa ng buhay na ito? Ito ay ang estado (katayuan), karangalan, katanyagan, kita na pangkabuhayan, kayamanan, mga malalaking tahanan, at mga anak. Ang lahat ng mga ito ay walang halaga kung ihahambing sa pagsusulit sa harapan ni Allah!

Si Allah ay naglarawan sa Kanyang mga kaaway, ang mga mapagkunwari, sa pagsasabi:

﴾... Habang ang isang pangkat naman ay natitigatig sa kanilang sarili sa pagkabalisa, na ginigiyagis ng [kanilang] maling hinala kay Allah [na salat sa katotohanan]...﴿ *(Qur'an 3: 154)*

Ang kanilang pinagkakaabalahan ay para sa kanilang sarili, ang kanilang sikmura, at kanilang pagnanasa; wala silang alam na mas mataas na mga mithiin.

Nang ang mga tao ay mangako ng kanilang katapatan sa Propeta (saws) sa ilalim ng punongkahoy, ang isa sa mga mapagkunwari ay dali-daling lumisan upang hanapin ang kanyang pulang kamelyo na napaligaw. Siya ay nagsabi:

> "Para sa akin, ang hanapin ang aking kamelyo ay higit kong nagugustuhan kaysa ang seremonya ng pangako ng katapatan."

At dahil sa kaugnayan ng ganitong pangyayari, ang sumusunod ay isinalaysay sa isang *hadith*:

"*Lahat kayo ay pinatawad na, maliban sa may-ari ng pulang kamelyo.*"

Ang isa sa mga mapagkunwari, na nababalisa lamang tungkol sa kanyang sarili, ay nagsabi sa kanyang mga kasamahan tungkol sa ekspedisyon (paglalakbay na may hangarin) sa Tabuk, "Huwag magmartsa nang pasulong sa init." Si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Higit na matindi ang init ng Apoy ng Impiyerno...﴿ *(Qur'an 9: 81)*

Ang isa pa sa kanila ay nagsabi:

﴾Ako ay iyong payagan [na manatili sa aking tahanan; alalaong baga, na huwag mapabilang sa Jihad (o banal na pakikipaglaban para kay

Allah)], at ako ay huwag mong ilagay sa pagsubok.﴿

*(Qur'an 9: 49)*

At si Allah ay nagwika:

﴾Walang alinlangan na sila ay nahulog sa pagsubok.﴿ *(Qur'an 9: 49)*

Samantala, ang iba pa rin ay naliligalig at abala lamang sa kanilang kayamanan at mga pamilya:

﴾Kami ay naging abala sa pamamahala ng aming mga ari-arian at sa aming pamilya, - maaari bang hingin mo ang kapatawaran tungo sa amin?﴿ *(Qur'an 48: 11)*

Ang mga ganitong pag-aalala o pinagkakaabalahan ay mga maliliit na bagay (o walang kuwenta) na ang sinuman ay hindi marapat na mabahala, - maliban lamang sa kanila, na ang kanilang sarili ay walang kuwenta at walang halaga. Kung tungkol naman sa mariringal na mga Kasamahan (ng Propeta), sila ay nagnais ng mga kagandahang-loob ni Allah at sila ay nagmithi sa Kanyang pagkalugod.

## *Huwag malungkot, talikdan ang pagkabagabag*

Ang kawalan ng pinagkakaabalahan ay mapangwasak, at ang karamihan ng mga tao na nagdurusa sa mga pagkabahala at pagkabagabag ay yaon ding mga tao na walang ginagawa at hindi aktibo. Ang mga tsismis at bali-balita ang tangi lamang dibidendo o pakinabang sa kanila na mga bangkarote (o mga nalugi) sa makabuluhan at mabungang gawa.

Abalahin ang iyong sarili sa mga (ilang) bagay-bagay at gawin yaon nang mataman. Magbasa, dumalit at lumuwalhati sa iyong Panginoon ng may pagpupuri. Magsulat, dumalaw sa mga kaibigan,

at magkaroon ng kapakinabangan sa iyong oras. Sa maikling salita, huwag ibigay ang isa man (sa iyong) sandali sa kawalan ng ginagawa. Sa araw na iyong gawin ang ganito, ito ay magiging araw na ang mga pagkabagabag at pagkabalisa ay makakatagpo ng landas sa iyong buhay. Ang pamahiin at masamang mga bulong ay papasok sa iyong isipan, na magpapahintulot sa iyo upang maging larangang-laruan ng mga laro ng demonyo.

Huwag magdamdam (o malungkot) sa tao na nakakalimot o nagtatatwa sa mga kagandahang-loob na minsan mo nang naibigay sa kanya, sapagkat ang iyong ninanais ay marapat lamang na tanging para sa gantimpala ni Allah.

Dalisay at matapat na magsagawa nang mabubuting gawa para sa pagkalugod ni Allah, at huwag umasam ng magkapanabay na pagbati o pagtanaw ng utang na loob sa kaninumang tao. Huwag mong isapuso ang isang kagandahang-loob na iyong ipinagkaloob sa sinuman at nangyari na siya ay walang damdamin ng pasasalamat, na walang ipinakikitang tanda ng pagpapahalaga sa anumang iyong ginawa. Hanapin ang iyong gantimpala kay Allah. Si Allah ay nagsabi tungkol sa Kanyang matutuwid na mga alipin:

﴾... Habang sila ay naghahanap ng mga biyaya mula kay Allah at upang mabigyang-kasiyahan Siya.﴿ *(Qur'an 59: 8)*

﴾Ipagbadya: 'Hindi ako humihingi sa inyo para rito ng anumang kabayaran...'﴿ *(Qur'an 25: 57)*

﴾At wala siyang iniisip na pag-asam ng ganti sa sinuman [na kanyang dinamayan].﴿ *(Qur'an 92: 19)*

﴾Katotohanang kami ay nagpapakain sa inyo para sa kasiyahan ni Allah. Kami ay hindi naghahangad ng pabuya [gantimpala], gayundin ng pasasalamat mula sa inyo.﴿ *(Qur'an 76: 9)*

Kaya't gawin mo ang iyong pakikitungo kay Allah lamang, sapagkat Siya lamang ang Tanging Isa na nagbibigay ng gantimpala sa mga tao para sa mabubuting gawa. Siya ang nagbibigay at Siya ang nagkakaloob, o Siya ang nagpaparusa at Siya ang nagpapasulit, na nalulugod sa kanila na gumagawa nang mainam at napopoot sa mga gumagawa ng kasamaan.

Ang mga martir ay napatay sa Qandahar, at si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagtanong sa mga kasamahan, "Sino ang napatay?" Sila ay bumanggit sa kanya ng ilang pangalan at sila ay nagsabi, "Ang mga tao na iyong kilala." Ang mga mata ni Umar ay napuno ng luha at siya ay nagsabi, "Ngunit si Allah ang nakakaalam sa kanila."

Isang banal na tao ang nagpakain ng pinakamainam at pinakapinong pagkain sa isang bulag na tao. Ang kanyang pamilya ay nagsabi sa kanya, "Ang bulag na taong ito ay hindi nakakaalam kung ano ang kanyang kinakain (kaya't bigyan mo siya ng bagay na may mababang kalidad)." Siya ay tumugon, "Ngunit si Allah ang nakakaalam!"

Sapagkat si Allah ang nakakaalam sa iyong mga gawa, na nakakaalam ng kabutihan na iyong ginagawa at sa tulong na iyong ibinibigay sa iba, manatiling walang inaala-ala at hindi nababalisa tungkol sa anumang iisipin ng mga tao.

## *Huwag magdalamhati kung ang iba ay manisi at humamak sa iyo*

﴾Sila ay hindi makagagawa sa inyo ng kasahulan [kapinsalaan], maliban sa walang saysay na pang-iinis...﴿ *(Qur'an 3: 111)*

﴾At huwag kang magdalamhati sa kanila [mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mga pagano], at huwag kang magkaroon ng lumbay dahilan sa kanilang binabalak.﴿ *(Qur'an 16: 127)*

﴾Nguni't sila ay huwag mong saktan [pahirapan], at magtiwala ka kay Allah...﴿ *(Qur'an 33: 48)*

﴾Datapuwa't si Allah ang nagpatunay ng kanyang kawalang-kasalanan sa mga ibinibintang sa kanya...﴿ *(Qur'an 33: 69)*

Ang isang Arabong makata ay nagsabi:

*Ang malawak na karagatan ay walang*
*nadaramang kapahamakan,*
*kung ang batang lalaki ay maghagis sa loob nito ng bato.*

Sa isang *hadith* na may grado (antas) na *hasan*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Huwag magsalita ng masama sa akin tungkol sa aking mga Kasamahan, sapagkat katotohanang aking nagugustuhan na iwanan kayo na may magaling na dibdib.*"

## *Huwag malungkot kung (ikaw ay) mahirap*

Habang mas higit na nasisiyahan ang katawan, ang kaluluwa ay higit na nadudumihan, at mayroong kaligtasan sa pagkakaroon lamang ng ilan o kakaunti. Ang pagtatamasa lamang ng bagay na iyong kinakailangan sa mundong ito ay isang maagang ginhawa na ipinagkakaloob sa kanila ni Allah na Kanyang kinalulugdan sa lipon ng Kanyang mga alipin.

﴾Katotohanang Kami ang magmamana sa kalupaan at anumang naroroon, at sa Amin ang kanilang pagbabalik.﴿ *(Qur'an 19: 40)*

Isang makata ang nagsabi:

*Ang tubig, tinapay, at lilim,*
*ang mga ito ang bumubuo nang higit na kaligayahan,*
*aking itinatwa ang mga kagandahang-loob ng aking Panginoon,*
*kung sasabihin ko na ako ay mayroong kakaunti lamang.*

Ano ba sa mundong ito ang tunay na mahalaga, maliban sa malamig na tubig, mainit na tinapay, at saganang lilim!

## *Huwag malungkot sa mga pangamba (sa) kung ano ang maaaring mangyari*

Sa Torah (mga Batas), ang sumusunod ay isinaad:

> "Ang karamihan sa mga pinangangambahan na mangyayari ay hindi kailanman nagaganap!"

Ito ay nangangahulugan na ang karamihan sa mga pag-aatubili at pangamba nang napipintong kahirapan ay hindi nangyayari na magkahugis tungo sa realidad o katotohanan. Ang mga haka-haka ng isipan ay higit na marami sa bilang at sa nasasakop kaysa sa mga bagay na talagang nagaganap sa buhay.

Isang Arabong makata ang nagsabi:

*Aking sinabi sa aking puso nang ito ay salakayin*
*ng simbuyo ng pagkabagabag:*
*maging masaya, sapagkat ang karamihan*
*ng pangamba ay hindi tunay.*

Ito ay nagbabadya na kung ikaw ay makarinig nang napipintong kalamidad, o makarinig nang paparating na malaking kapahamakan, huwag masyadong maalarma, sapagkat natatangi na

ang karamihan ng mga prediksyon o hula tungkol sa napipintong kapinsalaan ay hindi totoo.

﴾'Ang aking [sariling] pangyayari [kahahantungan] ay inilalaan ko kay Allah; sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagmamasid sa Kanyang mga alipin.' Kaya't pinangalagaan siya ni Allah sa mga kasamaan na kanilang binalak [laban sa kanya]...﴿ *(Qur'an 40: 44-45)*

## ***Huwag malungkot sa pamumuna mula sa mainggitin at may mahinang pag-iisip***

Ikaw ay gagantimpalaan kung ikaw ay magpapakita ng pagbabata sa kanilang pamimintas at sa kanilang walang galang na pamumuna. Habang higit ka nilang pinipintasan, mas higit na nadaragdagan ang iyong halaga, sapagkat siya lamang na walang natatamo ang isa na hindi kinaiinggitan (o walang naiinggit sa kanya), at sang-ayon sa salitain ng Arabo: "Ang mga tao ay hindi naninipa ng isang patay na aso."

Isang makata ang nagsabi:

*Sila ay naiinggit sa kanya na nakahihigit sa kanila,*
*ang mga tao ay nagpapakita sa kanya ng pagkamuhi at pagtutol,*
*katulad na lamang ng mga nagmamaktol na babae,*
*na nagsasalita tungkol sa magandang dalaga,*
*nang may pagkainggit at may masamang hangarin,*
*- na siya ay mula sa may mababa at hamak na pag-uugali.*

Si Zuhayr ay nagsabi:

*Sila ay naiinggit sa mga bagay na ipinagkaloob sa kanya,*
*si Allah ay hindi kukuha sa kanya (ng Kanyang ipinagkaloob)*
*na (siyang) sanhi ng kanilang paghihinanakit.*

Ang isa pa ay nagsabi:

*Kaiinggitan nila ang aking kamatayan,*
*anong kabuktutan ito, kahit na sa aking kamatayan,*
*ako ay hindi nila pinaligtas sa kanilang pagkainggit.*

Ang iba pang makata ay nagsabi:

*Ako ay dumadaing tungkol sa kawalang-katarungan*
*ng mga mapagkalat ng tsismis,*
*at hindi ka makakatagpo ng karangal-rangal*
*at matagumpay na tao na nakatakas sa pagkainggit,*
*ikaw ay nananatili,*
*O' kagalang-galang at may halagang*
*kaibigan na biktima nito, gayunman,*
*walang sinuman ang naghihinanakit sa kanya*
*na kahabag-habag at ubod ng sama.*

Sa isa pang tula:

*Kung ang isang tao ay makarating sa langit dahil*
*sa kanyang karingalan, kung gayon,*
*ang kanyang mga kaaway ay katulad ng (dami sa)*
*bilang ng mga bituin sa langit,*
*sila ay tumutudla sa kanya na gumagamit ng pana na may*
*taglay ng lahat-lahat ng uri ng pagmamalupit,*
*magkagayunman, ang kanilang mga pang-aabuso*
*ay hindi maghahantong sa kanila sa antas*
*ng kanyang pagkamaringal.*

Si Propeta Moises (Moosa) ay humiling sa kanyang Panginoon na pagbawalan ang mga tao sa pang-aabuso sa kanya sa pamamagitan ng kanilang dila. Si Allah ay nagwika, "O' Moises, hindi Ko ito ginawa sa Aking Sarili, Ako ang lumikha sa kanila at nagkaloob sa kanila (ng kanilang ikabubuhay), at sila ay lumapastangan at tumungayaw sa Akin!"

Dito ay mapapanaligan na isinalaysay na ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Si Allah ay nagwika, 'Ang anak ni Adan ay tumungayaw sa Akin at lumapastangan sa Akin, at siya ay walang karapatan na gawin ito. At sa kanyang pagtutungayaw sa Akin, siya ay nagtutungayaw sa panahon, at Ako ang panahon: Aking pinagsasalit-salit ang araw at gabi sa Aking nais. At sa kanilang panglalapastangan sa Akin, sila ay nagsasabi na Ako ay may asawa at anak, at Ako ay (parehong) walang asawa gayundin ng anak.*'"

Hindi mo marahil magagawa na mapigilan ang mga tao na sumalakay sa iyong karangalan, ngunit magagawa mo na maging mahusay, at sa kalaunan, huwag pansinin at lumayo sa kanilang pamumuna at pang-uuyam.

Ang iba pang makata ay nagsabi:

*Ako ay kumikilos na nagdaan sa (harap ng)*
*hangal na tumutungayaw sa akin,*
*at ako ay nagpatuloy sa aking dating daan na nagsasabi:*
*siya ay walang kinalaman sa akin!*

Ang mga hangal at luku-luko ay maliwanag na naiinsulto ng mga nagniningning, sila na mariringal, at sila na nagpapamalas ng katalinuhan.

*Kung ang lakas at mabubuting puntos na aking taglay*
*ay aking mga kasalanan, kung gayon,*
*pakisuyo (lang na inyong) sabihin sa akin,*
*paano ako makagagawa ng mga pagbabago.*

﴿Kasawian [sa kaparusahan] ang bawat makakating dila na naninirang-puri sa talikuran; na nagtitipon ng mga kayamanan at abalang-abala sa pagbibilang nito; na nagpapalagay na ang kanyang kayamanan ay makapagpapahaba ng kanyang buhay nang walang hanggan! Hindi [ito tulad ng kanyang pag-aakala]! Katotohanang siya ay ihahagis sa Dumudurog na Apoy.﴾ *(Qur'an 104: 1-4)*

Ang isang bantog na Kanluraning manunulat ay nagsabi:

> "Gawin kung ano ang tama, at matapos ay italikod mo ang iyong likuran sa bawat bulgar o mahalay na pamimintas."

Huwag tumugon sa isang mapaminsalang pahayag na ginawa tungkol sa iyo. Ang pagbabata ay nakapaglilibing sa mga kamalian, ang pagkamapagparaya ay mataas, ang katahimikan ay nakatatalo sa kaaway, ang pagpapatawad ay karangalan, na rito ikaw ay gagantimpalaan. Kung ang mapanirang pamumuna ay isinulat tungkol sa iyo, iyong maalaman na ang kalahati nang mga nakakabasa ng gayong bagay ay mabilis na nakakalimot sa mga ito, samantalang ang ibang kalahati, sa una pa lang ay hindi na interesado. Kaya't huwag lumikha ng higit pang ingay at kuskos-balungos sa pamamagitan nang pagpapabulaan sa anumang sinabi.

Ang isang matalinong tao ay nagsabi:

> "Ang mga tao ay malilimutin sa iyo at sa akin, at abala sa pagsusumikap para sa kanilang tinapay. At kung ang isa sa kanila ay nauuhaw, makakalimutan niya ang aking kamatayan at ang sa iyo."

Isang makata ang nagsabi:

*Huwag mong ipahayag ang iyong buhay-buhay*
*sa iyong kasamahan na katabi sa upuan,*
*sapagkat sila ay naiinggit at magsasaya*
*sa iyong kasamaang-palad.*

Ang isang bahay na sa loob nito ay may kapayapaan at tinapay ay higit na mainam kaysa sa isang bahay na sagana sa maraming uri nang mamahaling pagkain, magkagayunman, ito ay isang lugar ng kaguluhan at pagkabalisa.

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Huwag malungkot: sapagkat ang karamdaman ay isang pansamantalang kalagayan ng pagkatao; ang kasalanan ay maaaring mapatawad; ang pagkakautang ay mababayaran; ang bihag ay mapapakawalan; ang minamahal na nangibang bansa ay magbabalik; ang makasalanan ay magsisisi; at ang mahirap ay daragdagan sa kanilang kayamanan.

Huwag malungkot, dahil, hindi mo ba nakikita kung paano ang mga itim na ulap ay nagsisipangalat at ang marahas na hangin ay humuhupa? Ang iyong paghihirap ay masusundan ng ginhawa at ang iyong kinabukasan ay magliliwanag.

Huwag malungkot, sapagkat ang lagablab ng araw ay mapapawi sa pamamagitan nang malabay na lilim; ang uhaw ng katanghalian ay mapapaginhawa nang sariwang tubig; ang matinding kirot ng gutom ay makakatagpo ng lunas sa mainit na tinapay; at ang pagkabalisa sa kawalan ng tulog ay masusundan nang mahinahong tulog; ang mga kirot ng karamdaman ay kagyat na malilimutan matapos na magbalik ang kalusugan. Nakasalalay lamang sa iyo na

magtiis na muna sa maigsing oras at maging matiyaga sa mga ilang sandali.

Huwag malungkot, sapagkat kahit na nga ang mga doktor, ang matatalinong tao, ang mga pantas, ang mga makata, ay mahihina at walang kakayahan na tutulan o baguhin ang kung anuman ang nakatakda.

Si Ali ibn Jabla ay nagsabi:

*Marahil ang daang palabas ay darating, marahil,*
*ating pinagiginhawa ang ating sarili sa pag-aakala (marahil sa isipan),*
*kaya't huwag mawalan ng pag-asa kung ikaw ay nakatagpo*
*ng kahirapan o karamdaman na nakapagpapahina ng iyong espiritu,*
*sapagkat ang pinakamalapit ay dumating upang magpaginhawa,*
*ito ay nang mawalan siya ng lahat ng pag-asa.*

Huwag malungkot: piliin mo para sa iyong sarili kung anuman ang pinili ni Allah para sa iyo.

Tumindig kung Kanyang ninais na ikaw ay tumindig, at umupo kung ipinag-utos Niya na ikaw ay umupo. Magpamalas ng pagtitiyaga kung ginawa Niya na ikaw ay maging mahirap, at maging mapagpasalamat kung ginawa Niya na ikaw ay maging mayaman. Ang ganitong mga puntos ay nauunawaan mula sa pahayag na, "Ako ay nalulugod kay Allah bilang aking Panginoon, sa Islam bilang isang Relihiyon, at kay Muhammad bilang isang Sugo."

At isang Arabong makata ang nagsabi:

*Huwag humabi ng plano para sa iyong sarili,*
*ang mga tao ng pagpapakana ay winasak,*
*maging kuntento sa Aming pagtatakda,*
*Kami ay higit na karapat-dapat na magplano para*
*sa iyo kaysa sa iyong sarili.*

Huwag malungkot: palagpasin ang mga gawa ng iba.

Hindi sila makapaglalatag ng pag-aangkin na sila ay makapagbibigay ng kapakinabangan o kapinsalaan, kamatayan o buhay, gantimpala o kaparusahan.

Si Ibraheem ibn Adham ay nagsabi:

> "Kami ay namuhay ng gayong buhay (ng kamangha-manghang kasiyahan sa pagsamba kay Allah) na kung ang mga hari ay makakaalam nito, sila ay lalaban sa amin dahil dito ng may mga espada."

Si Ibn Taymiyah ay nagsabi:

> "Kung minsan ang puso ay nasa gayong kalagayan, na aking masasabi: kung ang mga tao ng Paraiso ay makakaranas ng ganito, kung gayon, katiyakang nagkaroon sila ng kamangha-manghang buhay."

Kanyang sinabi sa isa pang okasyon:

> "Kung minsan ang puso ay nagsasayaw nang may masidhing kagalakan, sa kaligayahan nang pag-aala-ala kay Allah at ang pakiramdam na malapit sa Kanya."

Kanya ring sinabi nang siya ay pumapasok sa bilangguan, habang ang mga bantay ay nagsasara ng mga pintuan para sa kanya:

﴾Kaya't isang dingding ang ititindig sa pagitan nila na rito ay may tarangkahan. Sa loob nito ay naroroon ang walang maliw na Habag, at sa labas nito ay naroroon ang Kaparusahan!﴿ *(Qur'an 57: 13)*

Kanyang sinabi habang siya ay nasa bilangguan:

> "Ano ang magagawa ng aking mga kaaway sa akin! Ang aking halamanan at aking paraiso ay nasa loob ng aking dibdib, saan man ako magpunta, sila ay kasama ko. Kung ang aking mga

> kaaway ay pumatay sa akin, ako ay magiging isang martir at kung ako ay itaboy nila sa aking bansa, ako ay pupunta sa ibang bansa bilang isang turista; at sa pagkukulong nila sa akin, hinayaan nila na ako ay mapag-isa (upang ako ay makasamba kay Allah)."

Ang isang matalinong tao ay minsang nagsabi:

> "Ano ang kanyang natagpuan, siya na nawalan ng (Panginoong) Allah, at ano ang kanyang natuklasan, siya na nakatagpo ng (Panginoong) Allah? Sila kailanman ay hindi magiging magkapantay; siya na nakatagpo kay Allah ay nakatagpo ng lahat-lahat, at siya na iwinala si Allah ay nawalan ng lahat-lahat."

Huwag maging bulag na damhin ang pagdurusa; sa halip, tiyakin na iyong nalalaman ang halaga ng bagay kung bakit ikaw ay nakadarama ng kalungkutan.

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Para sa akin na sabihin, 'Gaano kaperpekto si Allah, ang lahat ng papuri ay para sa Kanya, wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, at si Allah ang pinakadakila', ay higit na mahal sa akin kaysa sa lahat nang sinisikatan ng araw.*"

Sa mayayamang tao, sa kanilang mga kastilyo, mga bahay, at kayamanan, ang isa sa ating mga banal na sinundang henerasyon ay nagsabi:

> "Tayo ay kumakain at sila ay kumakain. Tayo ay umiinom at sila ay umiinom. Tayo ay nakakakita at sila ay nakakakita. Tayo ay hindi tatawagin upang magsulit at sila ay pananagutin (alalaong baga, sa kanilang kayamanan, kung paano ito nakamit at kung paano ito ginugol)."

Sa mga salita ng isang makata:

*Ang unang gabi sa libingan ay nakapangyari*
*sa kanya na makalimot sa mga kastilyo ni*
*Khosrau at sa mga kayamanan ni Caesar.*

Si Allah ay nagwika:

﴾At katotohanan, kayong lahat ay dumating sa Amin na nag-iisa [na walang kayamanan, mga kasama o anupamang bagay], katulad nang kayo ay Aming likhain sa pasimula.﴿ *(Qur'an 6: 94)*

Ang mga nananampalataya ay nagsabi:

﴾Ito ang ipinangako sa atin ni Allah at ng Kanyang Sugo [Muhammad], at si Allah at ang Kanyang Sugo ay nagsabi ng katotohanan.﴿ *(Qur'an 33: 22)*

At ang mga mapagkunwari ay nagsasabi:

﴾Si Allah at ang Kanyang Sugo ay walang ipinangako sa atin maliban sa kahibangan!﴿ *(Qur'an 33: 12)*

Ang iyong buhay ay produkto ng iyong kaisipan. Ang kaisipan na iyong pinamumuhanan ay magkakaroon ng hindi mapapawing epekto sa iyong buhay, maging ito man ay masayang kaisipan o malungkot na kaisipan.

Isang makata ang nagsabi:

*Ang takot ay hindi pumupuno sa aking puso bago*
*ang pangyayari na aking kinatatakutan,*
*at ako ay hindi lubhang naliligalig kung*
*ang gayong pangyayari ay hindi naganap.*

## *Huwag malungkot,*
## *— gumawa nang mabuti sa iba*

Ang maging lingkod sa iba ay naghahantong sa kaligayahan. Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanang si Allah ay magwiwika sa Kanyang alipin habang Siya ay kumukuha ng pagsusulit sa kanya sa Araw ng Paghuhukom, 'O' anak ni Adan, Ako ay nagugutom at Ako ay hindi mo pinakain.' Siya ay sasagot, 'Paano ko Kayo pakakainin, Ikaw (po) ang Panginoon ng sandaigdigan!' Siya (Allah) ay magsasabi, 'Hindi mo ba alam na ang Aking alipin na si ganoon at si ganito na anak ni ganoon at ni ganito ay nakadama ng pagkagutom, at hindi mo siya pinakain. Alas! Kung pinakain mo lamang siya, iyong matatagpuan ito (alalaong baga, ang gantimpala) na nasa Akin. O' anak ni Adan, Ako ay nauuhaw at hindi mo binigyan ng anumang maiinom.' Siya ay magsasabi, 'Paano ko Kayo mabibigyan ng inumin, at Ikaw (po) ang Panginoon ng sandaigdigan!' Siya (Allah) ay magsasabi, 'Hindi mo ba alam ang Aking alipin na si ganoon at si ganito, ang anak ni ganoon at ni ganito ay nauuhaw at hindi mo siya binigyan ng inumin. Alas! Kung binigyan mo lamang siya, iyong matatagpuan yaon (alalaong baga, ang gantimpala) na nasa Akin. O' anak ni Adan, Ako ay nagkasakit at hindi mo Ako dinalaw.' Siya ay magsasabi, 'Paano ko Kayo dadalawin, at Ikaw (po) ang Panginoon ng sandaigdigan!' Siya (Allah) ay magsasabi, 'Hindi mo ba alam ang Aking alipin na si ganoon at si ganito, ang anak ni ganoon at ni ganito ay nagkasakit at hindi mo siya dinalaw. Alas! Kung dinalaw mo lamang siya, matatagpuan mo Ako na nasa kanya.*"

Narito ang isang interesadong puntos; ang panghuling isang katlo ng *hadith* ay ang salitang: "...matatagpuan mo Ako na nasa kanya."

Ito ay hindi katulad ng unang dalawang bahagi ng *hadith*: "Iyong matatagpuan yaon (alalaong baga, ang gantimpala sa pagpapakain at pagbibigay ng inumin) sa Akin."

Ang dahilan ng pagkakaiba ay dahil si Allah, ang Lubos na Mahabagin, ay nasa piling ng mga tao (sa Kanyang karunungan) na ang puso ay naguguluhan, na (di) gaya ng tao na may sakit. At sa ibang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Mayroong gantimpala sa bawat namamasang atay (alalaong baga, ang gumawa ng paglilingkod sa anumang nabubuhay na nilikha ay gagantimpalaan).*"

Gayundin, (iyong) maalaman na si Allah ay tumanggap sa puta na mula sa angkan ng Israel sa Paraiso sapagkat siya ay nagbigay ng maiinom sa isang aso na nauuhaw. Kaya't ano ang magiging turing para sa kanya na nagpapakain ng tao, na nagbibigay sa kanila ng inumin at nag-aalis ng kanilang kahirapan!

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sinuman ang may labis na ikinabubuhay ay marapat na magbigay nito sa kanya na walang ikinabubuhay. At sinuman ang may labis na sasakyang hayop ay marapat na magbigay nito sa kanya na walang sasakyang hayop.*"

Ipinag-utos niya sa kanyang katulong na hanapin ang mga panauhin, si Hatim ay nagsabi sa ilan sa kanyang magagandang talata:

*Pagliyabin ang uling, sapagkat katiyakang*
*ang gabi ay may nanunuot na lamig,*
*kung dadalhan mo ako ng panauhin,*
*kung gayon ikaw ay napalaya ko na.*

At sinabi niya sa kanyang asawa:

*Kailanma't ikaw ay naghahanda ng pagkain,*
*kung gayon, hanapin siya na nagugutom,*
*sapagkat ako ay hindi kumakain nang mag-isa.*

Ang kapitbahay ni Ibn Mubarak ay isang Hudyo. Siya ay lagi niyang pinakakain bago niya pakainin ang sarili niyang mga anak at una siyang nagkakaloob sa kanya ng damit, at matapos ay ang kanyang mga anak. Ang ilang tao ay nagsabi sa Hudyo, "Ipagbili mo sa amin ang iyong bahay." Siya ay sumagot, "Ang aking bahay ay dalawang libong dinar. Ang isang libo ay para sa halaga ng bahay at ang isang libo ay dahil sa pagkakaroon ko ng isang kapitbahay na si Ibn Mubarak!" Si Ibn Mubarak ay nakarinig ng ganito at siya ay napabulalas, "O' Allah, patnubayan Mo (po) siya sa Islam." At nangyari, sa kapahintulutan ni Allah, siya ay tumanggap sa Islam.

Sa isa pang okasyon, si Ibn Mubarak ay naparaan sa isang karaban (sasakyang pambiyahe) ng mga tao na naglalakbay upang magsagawa ng pilgrimahe sa Makkah, at siya rin ay nasa gayong daan upang gawin din ang gayon. Nakita niya ang isa sa kababaihan mula sa karaban na kumukuha ng patay na baka sa isang lambak (hukay para sa basura). Ipinadala niya ang kanyang katulong upang mag-usisa tungkol dito, at nang kanyang tanungin siya (ang babae), siya ay sumagot, "Wala kaming anuman sa loob ng tatlong araw maliban sa bagay na napasok sa ilalim nito." Nang marinig ni Ibn Mubarak ang ganito, ang kanyang mga mata ay natigmak ng luha. Ipinag-utos niya na ang lahat ng kanyang pagkain o ikinabubuhay ay ipamahagi sa kanila na nasa karaban, at dahil wala ng natira pa sa kanya upang ipagpatuloy ang paglalakbay, siya ay nagbalik sa kanyang tahanan at ipinagpaliban niya ang pagsasagawa ng pilgrimahe sa taong yaon. Hindi naglaon, siya ay nakakita ng isang tao sa panaginip na nagsasabi: "Ang iyong pilgrimahe ay tinanggap, gayundin ang iyong mga ritwal, at ang iyong mga kasalanan ay pinatawad."

Si Allah ay nagwika:

﴾At sila ay nagbigay [sa kanila] nang higit na pagkiling [o pagtatangi] kaysa sa kanilang sarili, bagama't sila sa kanilang sarili ay nangangailangan ng gayon.﴿ *(Qur'an 59: 9)*

Isang makata ang nagsabi:

*Kahit na nga ako ay isang tao na malayo,*
*Sa kanyang kaibigan kung pag-uusapan ang agwat,*
*Iniaalay ko sa kanya ang aking tulong at nagnanais*
*na mapaginhawa ang kanyang kahirapan,*
*At tinugon ko ang kanyang paanyaya*
*at kanyang panawagan ng tulong sa akin,*
*At kung siya ay magsuot nang kamangha-mangha*
*at bagong kasuutan, hindi ko sasabihin,*
*Alas, sana ako ay pagpalain na*
*mabigyan ng damit na kanyang suot.*

Sa (Ngalan) ni Allah, gaano kamangha-mangha ang mabubuting gawa at isang mapagbigay na kaluluwa!

Walang sinuman ang nagsisisi kung nakagawa nang mainam maging siya (man) ay naging maluho sa paggawa ng gayon. Ang pagsisisi ay para lamang sa kamalian o para sa kasahulan na nagawa, kahit na ang gayong kamalian ay maliit lamang.

## *Ang pagkainggit ay hindi isang bagong bagay*

Kung iyong naririnig ang hampas nang naghihinanakit na mga salita sa iyong mga tainga, huwag mag-alala, - ang pagkainggit ay hindi isang bagay na bago. Gaya na nga nang sinabi ng isang makata:

*Ilaan mo ang iyong sarili sa pagtitipon*
*ng mabuting pag-uugali, at magtrabaho,*
*At italikod mo ang iyong likod sa kanya na nagpapalamig*
*ng kanyang pagkainggit sa pagbibigay sa iyo ng pamimintas,*
*(Iyong) maalaman na ang haba*
*ng iyong buhay ay siyang panahon ng mabubuting gawa,*
*Dito, ang mga ito ay maaaring tanggapin,*
*at matapos (ito) ay kamatayan,*
*(ang oras) na ang pagkainggit ay humihinto.*

Isang matalinong tao ang nagsabi:

> "Kung ikaw ay nakakaharap ng pamumuna o ng walang katarungang pangbubulyaw, yaong may mararamdaming kalooban ay marapat na magbuhos ng ilang dami ng lamig sa kanilang nerbiyos (ugat o litid) nang sapilitan."

Ang isa pa ay nagsabi:

> "Ang duwag ay namamatay sa maraming kamatayan at ang matapang na tao ay namamatay nang minsan."

Kung si Allah ay magnais nang mabuti sa isa sa Kanyang mga alipin, Kanyang kinukublihan siya ng pagkaidlip bilang isang seguridad, na gaya nang nangyari kay Talha (nawa'y kalugdan siya ni Allah) bago ang digmaan ng Uhud. Sa maigsing panahon bago ang labanan, habang ang mga hindi nananampalataya ay naghihintay na may nerbiyos ng pag-aatubili, siya ay nabalutan ng pagkaidlip na nakapangyari sa kanya sa ilang pagkakataon, na mabitawan ang kanyang espada, napakatahimik at napakahinahon ang kanyang naramdaman.

Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan ay nagwika:

﴾Ipagbadya: 'Kayo ba ay naghihintay sa amin [sa anumang bagay] maliban sa isa sa dalawang pinakamainam na bagay [ang pagiging martir o tagumpay]; at kami ay naghihintay sa inyo, na si Allah ay maggagawad sa inyo ng kaparusahan mula sa Kanyang Sarili [o ng kaparusahan] mula sa aming mga kamay. Kaya't magsipag-antabay kayo, kami ay nag-aantabay sa inyo.'﴿ *(Qur'an 9: 52)*

﴾At walang sinuman ang maaaring mamatay maliban kung kapahintulutan ito ni Allah at sa natataningang araw.﴿ *(Qur'an 3: 145)*

Si Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Alin sa dalawang araw ng kamatayan ang aking kinatatakutan? Ang araw na hindi itinakda sa akin na mamatay o ang araw na ang kamatayan ay itinadhana sa akin. Kung tungkol sa una, hindi ko ito kinatatakutan. At tungkol sa huli, ito ay nakatakda na mangyari, at maging yaong maingat ay hindi maililigtas sa gayong araw."

Si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Maghanap ng kamatayan (alalaong baga, maging matapang) at ikaw ay pagkakalooban ng buhay."

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Huwag malungkot, sapagkat si Allah ay nagtatanggol sa iyo at ang mga anghel ay humihingi ng kapatawaran para sa iyo; ang mga nananampalataya ay nagbabahagi sa iyo ng kanilang mga pagdalangin sa bawat pagdarasal; ang Propeta (saws) ay mamamagitan sa mga nananampalataya (sa araw ng Paghuhukom sa kapahintulutan ni Allah); ang Qur'an ay hitik sa magagandang pangako; at higit sa lahat ay ang habag ng (Tanging) Isa na Siyang Pinakamahahabagin.

Huwag malungkot: ang mabuting gawa ay nadaragdagan upang ang halaga nito ay dumami ng sampung beses o pitong daang beses o higit pa, at higit pa. Samantala, ang masamang gawa ay hinahalagahan ng walang dagdag o pagpaparami, at ang iyong Panginoon ay makapagpapatawad kahit na ang gayon. Gaano karaming beses na ating nasasaksihan ang pagkamapagbigay ni Allah, ang pagkamapagbigay na hindi mapaparisan ng sinuman! At ang kagandahang-loob ng sinuman ay hindi man lang malapit sa Kanyang kagandahang-loob.

Kung ikaw ay hindi nag-aakibat ng mga katambal kay Allah, kung ikaw ay naniniwala sa tunay na relihiyon, at kung minamahal mo si Allah at ang Kanyang Sugo (saws), huwag makadama ng kalungkutan. Kung ikaw ay nakadarama ng pagsisisi sa iyong masasamang gawa at nagagalak kung ikaw ay nakagawa ng may kabuluhang gawa, huwag makadama ng kalungkutan. Ikaw ay may higit na maraming kabutihan na hindi mo napag-aakala.

Kung sakaling sa iyong buhay, kung ikaw ay nakagawa na maitatag ang kalagayan ng balanseng pagkakasundo na pinatutungkulan sa sumusunod na *hadith*, huwag makadama ng kalungkutan:

"*Gaano kamangha-mangha ang kalagayan ng nananampalataya. Ang lahat ng kanyang buhay-buhay o pangyayari ay mabuti para sa kanya! At hindi ito gayon (sa lahat), maliban lamang sa nananampalataya. Kung siya ay mayroong dahilan na maging maligaya, siya ay mapagpasalamat, at ito ay mabuti sa kanya. At kung siya ay dinapuan ng kahirapan, siya ay mapagbata, at ito ay mabuti para sa kanya.*"

Huwag malungkot: ang pagbabata sa panahon ng pagkabahala ay siyang landas kapwa sa tagumpay at kaligayahan.

﴾At ikaw ay maging matimtiman sa pagtitiyaga, at ang iyong pagtitiyaga ay para kay Allah.﴿ *(Qur'an 16: 127)*

﴾Kaya't [para sa akin] ang pagbabata ay mabuti [at higit na naaangkop]! At si Allah lamang ang maaari [kong] mahingan ng tulong sa bagay na inyong pinangangatwiranan.﴿ *(Qur'an 12: 18)*

﴾Kaya't maging matiyaga ka nang may magiliw na pagtitiyaga.﴿ *(Qur'an 70: 5)*

﴾Salamun alaykum [Ang kapayapaan ay sumainyo] sapagkat kayo ay nagsipagtiyaga sa pagbabata!﴿ *(Qur'an 13: 24)*

﴾At ikaw ay maging matimtiman sa pagtitiyaga sa anupamang dumatal sa iyo.﴿ *(Qur'an 31: 17)*

﴾Magsipagbata kayo at higit na magtiyaga [nang higit sa inyong kaaway], at bantayan ninyo ang inyong nasasakupan sa pamamagitan nang pagtatalaga ng pangkat na sandatahan sa mga lugar na ang kaaway ay maaaring lumusob sa inyo...﴿ *(Qur'an 3: 200)*

Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Sa pamamagitan ng pagtitiyaga, atin na ngayong natamo ang mabuting buhay."

Para sa mga tao ng *Sunnah*, mayroong tatlong bagay na kanilang dinudulugan kung nakakaharap ng kalamidad: pagtitiyaga, pananalangin, at paghihintay ng may pag-asam sa isang mabuting kalalabasan.

Isang makata ang nagsabi:

*Kami ay nagbuhos sa kanila ng isang baso,*
*gayundin sila ay nagbuhos ng isang (baso)*
*sa amin (na nagpapahiwatig sa dugo na ibinubuhos*

*ng mga kaaway sa bawat isa sa kanila sa digmaan),*
*Datapuwa't sa harap ng kamatayan,*
*kami ang higit na matiyaga.*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Walang isa man ang higit na matiyaga kung siya ay nakakarinig ng bagay na nakakasugat ng damdamin kaysa kay Allah. Sila ay nagpapamarali na Siya ay may anak at asawa, gayunpaman, Siya ay nagbibigay sa kanila ng kalusugan at ikabubuhay.*"

Ang Propeta (saws) ay nagsabi rin:

"*Nawa'y ipagkaloob ni Allah ang Kanyang habag kay Moises (Moosa). Siya ay sinubukan nang higit pa rito (alalaong baga, nang higit pa sa pagsubok sa akin), at siya ay patuloy pa rin na matiyaga.*"

At siya (saws) ay nagsabi:

"*Sinuman ang matiyaga, si Allah ay magbibigay sa kanya ng higit pang lakas upang maipagtuloy niya ang pagiging matiyaga.*"

Isang makata ang nagsabi:

*Ginapang ko ang aking landas upang maging natatangi,*
*at yaong mga nagsumikap ay narating yaon,*
*Sa pamamagitan ng paggawa at pagtatrabaho,*
*at sa hindi pagpapalagpas ng maliit mang pagsisikhay,*
*Marami ang nagtangka na marating yaon,*
*at ang karamihan ay nabagot o napagod*
*sa panahon ng kanilang paglalakbay,*
*At sila ay yumakap sa pagiging tangi*
*na nananatiling matapat at matiyaga,*

*Huwag ituring ang pagiging tangi*
*na isang mansanas na iyong kinakain,*
*Ikaw ay hindi makapagkakamit*
*ng pagiging tangi hangga't hindi mo natatalo*
*ang kahirapan ng iyong pagtitiyaga.*

Ang mataas na mithiin ay hindi natatamo sa pamamagitan ng pananaginip o pagpapantasya; ito ay maaari lamang marating sa pamamagitan ng dedikasyon at pagsusumakit.

Huwag magdalamhati kung paano ang mga tao ay nagtuturing sa iyo. At matutuhan ang ganitong aral sa pamamagitan nang pagmamasid kung paano sila nakikitungo kay Allah."

Si Imam Ahmad ay nag-ulat sa isang *hadith* sa aklat ng *Zuhd*, kung saan ang Propeta (saws) ay nagsalaysay ng sumusunod na salitain mula kay Allah:

"*Pambihira ka, O' anak ni Adan! Ako ang lumikha sa iyo at ikaw ay sumamba sa iba pa sa Akin. Ako ang nagkaloob sa iyo (ng iyong ikabubuhay) at ikaw ay nagpapasalamat sa kanila bukod pa sa Akin. Ipinakita Ko sa iyo ang pagmamahal sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng mga biyaya at ikaw ay hindi Ko (naman) kailangan, habang ipinamamalas mo sa Akin ang iyong matinding pagkapoot sa pamamagitan ng iyong mga kasalanan, at para sa Akin, ikaw ay mahirap. Ang Aking kabutihan ay pumapanaog sa iyo, at ang iyong kasamaan ay pumapanhik sa Akin.*"

Doon ay nabanggit sa talambuhay ni Propeta Eesa (Hesus) [sumakanya nawa ang kapayapaan], sa kapahintulutan ni Allah, na siya ay nagpagaling ng tatlumpung tao na may sakit at nagpagaling nang marami na dinapuan ng pagkabulag. Matapos ito, sila ay bumaling sa kanya bilang mga kaaway.

## ***Huwag malungkot dahil sa pangangailangan ng sapat na ikabubuhay***

Katotohanang ang Tanging Isa na nagkakaloob ng ikabubuhay ay si Allah. Ginawa Niyang kapanagutan sa Kanyang Sarili na kung anuman ang ikabubuhay na Kanyang isinulat sa Kanyang mga alipin ay makakarating sa kanila.

﴾At sa kalangitan ay naroroon ang inyong biyaya na sa inyo ay ipinangako.﴿ *(Qur'an 51: 22)*

Kung si Allah ang Tanging Isa na nagkakaloob sa mga nilikha, bakit magbibigay ng pabor sa mga tao? At bakit ang isa ay magbababa ng kanyang sarili sa harapan ng ibang tao sa pag-asa na makukuha niya mula sa kanya ang kanyang panustos?

Si Allah ay nagwika:

﴾At walang [gumagalaw] na nilikha ang naririto sa kalupaan na ang ikinabubuhay ay hindi nanggaling kay Allah.﴿ *(Qur'an 11: 6)*

﴾Anumang maibigan ni Allah mula sa Kanyang Habag [Kabutihan], na nais Niyang ipagkaloob sa sangkatauhan, walang sinuman ang makapipigil; at ang anumang Kanyang pigilan, walang sinuman ang makapagkakaloob [liban sa Kanya].﴿ *(Qur'an 35: 2)*

Huwag malungkot, sapagkat mayroong mga pamamaraan upang mapadali na mapagtiisan ang kalamidad. Ang ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

1. Umasam ng gantimpala at kabayaran mula kay Allah, ang Kataas-taasan:

﴾Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang [alalaong baga, walang hangganan].﴿ *(Qur'an 39: 10)*

2. Pagdalaw sa kanila na mga nahihirapan at paghahanap ng ginhawa na ikaw pala ay higit na mainam kaysa sa iba.

Isang makata ang nagsabi:

*Kung hindi lamang sa maraming*
*nagdadalamhati sa aking paligid,*
*Na nananangis sa kanilang mga kapatid,*
*sana ay kinuha ko na ang sarili kong buhay.*

Kaya't tumingin sa kanila na nakapaligid sa iyo. Walang sinuman kahit na isa, na ang kahirapan at kasawiang-palad ay hindi nakasaling sa kanya.

## *Pahalagahan ang gayon, ihambing sa iba, ang iyong pagsubok ay magaan*

Kung iyong batid na ang iyong pagsubok ay wala sa iyong relihiyon, bagkus ito ay nasa mga makamundong bagay, kung gayon, maging kuntento.

Maalaman na walang salamangka o artipisyo (linlang o panggaganyo) ang maaaring gamitin upang ibalik sa dati ang nangyari na. Isang makata ang nagsabi:

*Huwag gumamit ng salamangka (o panlalansi)*
*upang baguhin ang pangyayari,*
*Sapagkat ang tangi lamang salamangka ay iwanan*
*ang lahat ng mga panlalansi (panlilinlang).*

Pahalagahan na ang pamimili sa kung ano ang mabuti para sa iyo o ang hindi mabuti para sa iyo ay tanging angkin lamang ni Allah:

﴾Maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan, ito ay mainam [makabubuti] sa inyo.﴿ *(Qur'an 2: 216)*

## *Huwag gagarin ang personalidad ng iba*

﴾Sa bawat pamayanan ay mayroong direksyon kung saan nila ibinabaling ang kanilang mukha [sa pagdarasal]. Kaya't magpaligsahan kayo sa paggawa ng mga kabutihan.﴿ *(Qur'an 2: 148)*

﴾At Siya ang gumawa sa inyo sa maraming sali't saling lahi, na nagpapalit sa bawat isa [sa mga henerasyon] sa kalupaan. At Kanyang itinaas ang ilan sa inyo na higit na nakakaangat sa iba sa maraming antas [kapangyarihan at kayamanan]...﴿ *(Qur'an 6:165)*

﴾Ang bawat [pangkat] ng mga tao ay nakakaalam ng kaniyang lugar ng tubig.﴿ *(Qur'an 2: 60)*

Ang bawat tao ay may kanya-kanya lipon ng talento, abilidad, kaalaman, at kinikilingan o tinatangi. Ang isa sa aspeto ng pag-uugali ng Propeta (saws) ay ang kanyang kakayahan na mamuno: kanyang inilagay sa gawain ang kanyang mga Kasamahan ayon sa kanyang talento at pagkabihasa. Si Ali ay parehong makatarungan at matalino, kaya't ang Propeta (saws) ay nagluklok sa kanya na maging isang hukom. Ang Propeta (saws) ay gumamit kay Mu'aadh dahil sa kanyang karunungan; si Ubaee para sa Qur'an; si Zayd para sa pagbibigay ng pasya sa pamana; si Khalid para sa *jihad* (maka-Diyos na pakikipagtunggali); si Hassan para sa tulain; at si Qays ibn Thaabit para sa pampublikong talumpati (nawa'y kalugdan silang lahat ni Allah).

Ang malusaw (o unti-unting maparam) sa personalidad ng iba, sa anumang kadahilanan, ay maituturing na isang pagpapakamatay. At ang gayahin ang likas na pag-uugali o kilos ng iba ay ang

maghatid ng pamatay-suntok sa sarili. Ang ilan sa mga tanda ni Allah na marapat na kamanghaan ay ang sari-saring pag-uugali ng mga tao, - gaya na lamang ng kanilang mga talento, ang iba't ibang wika na kanilang nasasalita, at ang kanilang iba't ibang kulay. Si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah), halimbawa, sa pamamagitan ng kanyang pagkamaginoo at pagkamahinahon, ay nagbigay nang malaking kapakinabangan sa Islam at sa Bansa (Bayang) ito. Si Umar, sa isang banda, ay tumulong sa Islam at sa mga sumusunod dito na maging matagumpay sa pamamagitan ng kanyang mahigpit na pagkilos at kahigpitan. Samakatuwid, maging panatag sa iyong mga likas na talento at kakayahan. Paunlarin ang mga ito, palawakin ito, at makinabang dito.

﴾Walang sinumang kaluluwa ang binigyan ni Allah ng pasanin na hindi niya kayang dalhin.﴿ *(Qur'an 2: 286)*

## *Ang ganap na pagkakahiwalay at ang mga positibong epekto nito*

Kung i-aaplay ng may tamang pang-unawa, ang pagiging ganap na hiwalay ay maaaring ganap na maging kapaki-pakinabang.

Si Ibn Taymiyah ay nagsabi:

> "Sa maraming oras, kinakailangan sa sumasamba na mapag-isa sa iba upang magsagawa ng pagdarasal, alalahanin si Allah, dumalit ng Qur'an, at magsaalang-alang sa kanyang sarili at sa kanyang mga gawa. Gayundin, ang pagiging lubos na hiwalay ay nagpapahintulot sa isa na manikluhod, humanap ng pagpapatawad, lumayo sa kasamaan, at marami pang iba."

Si Ibn Al-Jawzi ay nag-alay ng tatlong kapitulo sa kanyang bantog na aklat, ang *Sayd Al-Khatir* sa ganitong paksa. Siya ay nagsabi:

"Hindi ako nakakita o nakarinig ng anuman na magbibigay ng kapanatagan, karangalan at dignidad na mas higit sa nagagawa ng pagiging ganap na hiwalay o pag-iisa. Ito ay nakatutulong sa kaninuman na manatiling malayo sa kasamaan, ito ay nangangalaga sa karangalan niya, at ito ay matipid sa oras. Ito ay nagpapalayo sa sinuman sa mainggiting isipan at sa kanila na nagtatamo ng kasiyahan sa iyong kasawiang palad. Ito ay nagpapaunlad sa pag-aala-ala sa Kabilang Buhay, at ito ay nagpapahintulot sa sinuman na magnilay-nilay sa kanyang pakikipagtagpo kay Allah. Sa panahon ng pag-iisa, ang isipan ng sinuman ay maaaring gumala sa bagay na kapaki-pakinabang, sa bagay na nagtataglay ng karunungan."

Tanging si Allah ang nakakaalam ng mga kapakinabangan ng pagiging ganap na hiwalay, sapagkat sa pag-iisa, ang isipan ng sinuman ay umuunlad, ang mga pananaw ay nahihinog, ang puso ay nakakatagpo ng kapanatagan, at ang sinuman ay nakakatagpo sa kanyang sarili ng isang huwarang atmospera para sa pagsamba. Sa pananatiling hiwalay o nag-iisa sa maraming oras, ang sinuman ay naglalayo sa kanyang sarili sa mga pagsubok, sa pambobola sa tao na hindi marapat na papurihan, at sa mga mata ng mga mainggitin at mapanaghiling tao. Ang sinuman ay ligtas sa kapalaluan ng kayabangan at sa mga kahibangan ng hangal. Sa pag-iisa, ang mga kamalian ng sinuman, ang kanyang mga gawa at mga sinasabi ay ganap na nakahiwalay sa likod ng lambong o belo.

Sa panahon ng pag-iisa, ang sinuman ay makagagawa na manaliksik nang malalim sa isang dagat ng mga ideya at mga konsepto. Sa gayong kalagayan, ang isipan ay malaya na humugis sa kanyang mga opinyon. Kung maging ganap na hiwalay sa lipon ng iba, ang kaluluwa ay malaya na makapagtamo ng kalagayan ng matinding kagalakan at upang mangaso ng nakapagpapasiglang kaisipan. Kung nag-iisa, ang sinuman ay hindi gumagawa para sa

palabas o pagpaparangya, sapagkat walang iba maliban kay Allah ang nakakakita sa kanya, at sapagkat wala ng iba ang nakakarinig sa kanya maliban kay Allah.

Ang bawat tao na isang matalino, na may dakilang kaisipan, o dakilang tagapag-ambag sa lipi ng tao ay nagdilig ng mga buto ng kanyang kadakilaan mula sa balon ng pag-iisa, hanggang ang buto ay maging isang halaman, at sa kalaunan, ay naging matibay na punongkahoy.

Si Al-Qadi Ali ibn Abdul-aziz Al-Jurjani ay nagsabi:

*Hindi ko kailanman nalasap ang tamis ng buhay hanggang*
*ako ay maging kasama ng tahanan at aklat,*
*Wala ng iba pa ang higit na kagalang-galang kaysa sa karunungan,*
*Kaya't ako ay hindi humanap sa iba ng makakasama,*
*Katiyakan, ang tanging hamak na pamumuhay ay*
*ang pakikihalubilo sa mga tao,*
*Samakatuwid, iwanan sila at mamuhay*
*nang maringal at kapita-pitagan.*

Ang isa pa ay nagsabi:

*Ako ay nakatagpo ng kasama sa aking pag-iisa at ako*
*ay maalab na nanatili sa aking tahanan,*
*Kaya't ang katahimikan ay tuluy-tuloy sa akin at*
*ang aking kaligayahan ay yumabong,*
*Aking pinutol ang pakikipag-ugnayan*
*sa tao at hindi ko ito alintana,*
*Kahit na ang sandatahan ay pumalaot*
*o ang pangulo ay dumalaw!*

Si Ahmad ibn Khaleel Al-Hanbali ay nagsabi:

*Sinuman ang magsumikap para sa dignidad at ginhawa*
*Mula sa mahaba at matinding pagkabalisa,*
*Hayaan siya ay maging isa sa mga tao,*
*At maging kuntento sa kakaunti.*
*Habang ang isa ay namumuhay ng walang kapakinabangan,*
*Paano siya makakatagpo ng kasiyahan sa buhay?*
*Sa pagitan na masusundot ng mapanglinlang*
*at sa pagbibigay ng pambobola sa nagmamapuri (sa sarili),*
*Sa pagitan ng pagpaparaya sa nananaghili*
*at pagtitiis sa kuripot*
*Kasawian na maging maalam sa mga*
*tao, at sa lahat ng kanilang mga paraan at mga kahibangan.*

Isa pang makata ang nagsabi:

*Ang pakikipagtagpo ay hindi nakapagdadala ng kapakinabangan,*
*Maliban sa karagdagan ng 'dito ay sinabi', at 'kanyang sinabi'.*
*Kaya't gumugol ng kaunting oras sa pakikipag-usap sa iba,*
*kahit na ito ay nakakahadlang,*
*Sa pagtatamo ng karunungan o sa pagpapaunlad*
*ng kundisyon ng sinuman.*

Si Ibn Faris ay nagsabi:

*Itinanong nila kung paano (ang kalagayan) ko,*
*at aking sinabi, mabuti, at salamat sa iyo,*
*Ang isang pangangailangan ay natugunan,*
*at ang iba ay napabayaan,*

*Kung ang kasawiang-palad ay katulad ng gayon na*
*ang aking puso ay naging masikip,*
*Aking sinabi na marahil isang araw,*
*ay magdadala rito ng ilang tulong,*
*Ang aking kasama ay ang aking pusa at*
*ang kasamahan ng aking kaluluwa ay ang aking mga aklat,*
*At ang layon ng aking pag-ibig ay*
*ang aking lampara o parol sa gabi.*

## Huwag mayanig sa mga kahirapan

Ang kahirapan ay nakapagpapatibay sa iyong puso, nakapagpapawalang-sala sa iyong mga kasalanan, at nakatutulong na sansalain ang pagkahilig tungo sa pagmamalaki at pagmamayabang. Maaaring natatandaan mo na sa mga oras ng kahirapan ay iyong iniiwan ang walang katuturang kahibangan at naaala-ala mo si Allah. Kung ikaw ay dinatnan ng kasawiang-palad, ang iba ay nag-uunat ng malakapatid na pagtingin sa iyo, at ikaw ay naging mapalad na tagatanggap sa mga panikluhod ng matutuwid. Sa gayong mga sandali, ikaw ay kusa at nagpapakumbabang nagsuko ng iyong sarili sa kalooban ni Allah at ipinaubaya mo ang iyong sarili sa Kanyang pagtatakda. Ang kasawiang-palad ay nanganganak ng pagkamaingat at nagbibigay sa sawing-palad ng maagang babala laban sa pagsunod sa landas ng kasamaan. Siya na nabagsakan ng kalamidad ay makapagpapakita ng katapangan at pagtitiyaga; ang kanyang kalagayan, na di tulad ng isa na nalango sa makamundong kasiyahan, ay nagpahintulot sa kanya na mataimtim na makapaghanda tungo sa pakikipagtipan sa kanyang Panginoon. Siya ay nakagawa na humatol ng pagpapasya sa mundong ito ng may walang kinikilingang tuntunin, at samakatuwid ay mangyayari na

kanyang malalaman ito na isang bagay na walang kuwenta upang daganan. Ang iba pang puntos na may kinalaman sa karunungan at mga kapakinabangan nang paminsan-minsang pagharap sa kahirapan, kahit na nga ito ay maaaring makawala sa ating pang-unawa, ay tiyak na nananatili at batid ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

## *Huminto at mag-isip tungkol sa mga kahirapan*

Huwag malungkot, sapagkat ang kalungkutan ay nakapagpapahina sa iyong determinasyon at sa kalidad ng iyong pagsamba. Ang isa sa supling ng pagkabalisa ay yaong madalas na ito ang sanhi sa sinuman na maging pesimistiko (palaisip sa masamang mangyayari), na humanap ng paninisi sa bawat isa na kasama (niya), - at kami ay napapakanlong kay Allah, - kay Allah sa Kanyang Sarili.

Huwag malungkot, sapagkat ang kalungkutan, ang pagdurusa, at pagkabagabag ay siyang mga ugat ng suliraning pang-isip, ang pinagbubuhatan nang matinding pagkabalisa.

Huwag malungkot, sapagkat nasa sa iyo ang Qur'an, panawagan, pag-aala-ala, at dasal. Mapapagaan mo ang pasanin ng iyong pagkabagabag sa pamamagitan nang pagbibigay sa iba, sa paggawa ng mabuti, at sa pagiging kapaki-pakinabang o produktibo.

Huwag malungkot, at huwag sumuko sa kalungkutan sa pamamagitan nang pagkuha sa madaling landas ng pagkabatugan at kawalan nang ginagawa (o pagiging tuod), datapuwa't magdasal, lumuwalhati sa iyong Panginoon, magbasa, magsulat, dumalaw sa mga kamag-anak at mga kaibigan, at magnilay-nilay.

﴾Dumalangin kayo sa Akin; diringgin Ko ang inyong panalangin.﴿

*(Qur'an 40: 60)*

﴾Panikluhuran ninyo ang inyong Panginoon ng may kapakumbabaan at sa lihim. Katotohanang Siya ay hindi nalulugod sa mga lumalabag sa pag-uutos.﴿ *(Qur'an 7: 55)*

﴾Kaya't tawagan ninyo si Allah ng may matimtimang debosyon sa Kanya [sa pamamagitan nang pagsamba lamang sa Kanya at sa paggawa ng mga pangrelihiyong gawain nang may katapatan alang-alang kay Allah at hindi bilang pagpapakitang-tao lamang at huwag mag-akibat ng anumang karibal sa pagsamba sa Kanya].﴿

*(Qur'an 40: 14)*

﴾Panikluhuran ninyo si Allah o panikluhuran ninyo ang Pinakamahahabagin [Allah], sa anumang pangalan na inyong tawagin Siya [ito ay magkatulad lamang] para sa Kanya, sapagkat Siya ang nag-aangkin ng Pinakamagagandang Pangalan.﴿

*(Qur'an 17: 110)*

## *Huwag malungkot, — (narito) ang mga saligan ng kaligayahan*

1. Maalaman na kung ikaw ay hindi mamumuhay sa nasasakop ng ngayon, ang iyong kaisipan ay magsisipangalat, ang iyong buhay-buhay ay magiging nakalilito, at ang iyong pag-aagam-agam ay madaragdagan, - ang ganitong realidad o katotohanan ang magpapaliwanag sa *hadith*:

"*Kung ikaw ay nasa (oras) ng umaga, huwag akalain na makikita mo ang gabi, at kung ikaw ay nasa (oras) ng gabi, huwag akalain na makikita mo ang umaga.*"

2. Kalimutan ang nakaraan at ang lahat ng taglay nito. Ang pagiging abala sa mga bagay na nakaraan na ay manipis na kabaliwan.

3. Huwag maging abala sa hinaharap (kinabukasan). Sapagkat ang

hinaharap ay nasa mundo ng nalilingid, huwag hayaang makagambala ito sa iyo hanggang sa ito ay dumating.

4. Huwag mayanig sa mga pamimintas, sa halip, maging matatag. At maalaman na ayon sa proporsyon (tumbasan) ng iyong kahalagahan, ang antas ng pamimintas ng mga tao ay tumataas.

5. Ang pananampalataya kay Allah at mabubuting gawa: ito ang mga sangkap na nakagagawa ng mabuti at maligayang buhay.

6. Sinuman ang magnais ng kapayapaan, katahimikan, at ginhawa, matatagpuan (niyang) lahat ito sa pag-aala-ala kay Allah.

7. Dapat mong malaman nang may katiyakan na ang lahat-lahat ng nangyayari ay naganap nang may banal na pagtatakda.

8. Huwag umasam nang pasasalamat sa kaninuman.

9. Sanayin mo ang iyong sarili na maging handa at maghanda sa pinakamasamang mangyayari.

10. Marahil kung anuman ang nangyari ay siyang pinakamabuti sa iyong kapakanan (bagama't hindi mo madalumat kung paano ito).

11. Ang lahat-lahat ng itinakda para sa Muslim ay siyang pinakamabuti sa kanya.

12. Isa-isahin ang mga biyaya ni Allah at maging mapagpasalamat sa mga (biyayang) ito.

13. Ikaw ay higit na nasa mabuting kalagayan kaysa sa iba.

14. Ang ginhawa ay dumarating mula sa isang oras hanggang sa susunod.

15. Sa parehong oras ng kahirapan at ginhawa, siya ay marapat na bumaling sa paninikluhod at pagdarasal.

16. Ang mga kalamidad ay marapat na makapagpatibay ng iyong puso at magpanibagong hugis sa iyong pananaw sa positibong kaisipan.

17. Katotohanan, sa bawat kahirapan ay mayroong ginhawa.

18. Huwag hayaan ang maliliit o walang kuwentang bagay ay maging sanhi ng iyong pagkawasak.

19. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad.

20. Huwag magalit...Huwag magalit...Huwag magalit.

21. Ang buhay ay tinapay, tubig, at lilim; kaya't huwag maligalig sa kawalan ng iba pang materyal na bagay.

﴿At sa kalangitan ay naroroon ang inyong biyaya na sa inyo ay ipinangako.﴾ *(Qur'an 51: 22)*

22. Ang karamihan ng kasamaan na hinihinuhang mangyayari ay hindi kailanman nagaganap.

23. Tumingin sa kanila na mga sawing-palad at maging mapagpasalamat.

24. Kung si Allah ay nagmamahal sa mga tao, ginagawa Niya na sila ay makatagal sa mga pagsubok.

25. Marapat kang magpatuloy na ulit-ulitin ang mga gayong panalangin na itinuro ng Propeta (saws) sa atin na usalin sa mga panahon ng paghihirap.

26. Gumawa nang masikap sa bagay na kapaki-pakinabang, at ihagis ang pagkabatugan o kawalan ng ginagawa.

27. Huwag magkalat ng mga tsismis at huwag makinig sa mga ito. Kung ikaw ay nakarinig ng tsismis nang hindi sinasadya, kung gayon, huwag paniwalaan ito.

28. Ang iyong masidhing hinanakit at ang iyong pagsisikap na maghanap ng paghihiganti ay higit na nakapipinsala sa iyong kalusugan kaysa sa iyong katalo.

29. Ang mga paghihirap na bumagsak sa iyo ay nakapagpapawalang-sala ng iyong mga kasalanan.

## *Bakit magdadalamhati kung nasa iyo ang anim na sangkap?*

Ang may-akda ng *Ease After Difficulty* (Ginhawa Matapos ang Kahirapan) ay bumanggit sa kasaysayan ng isang matalinong tao na sinawing-palad ng kalamidad. Ang kanyang kapatid ay pumaroon sa kanya at sumubok na paglubagin siya dahil sa kanyang kasahulan. Siya ay sumagot, 'Aking inilagay nang magkakasama ang isang lunas na binubuo ng anim na sangkap.' Sila ay nagtanong sa kanya kung ano ang mga sangkap na yaon, at siya ay tumugon:

> "Ang una ay magkaroon ng matatag na pagtitiwala kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan. Ang pangalawa ay ang pagpapaubaya sa sarili sa hindi matatakasang katotohanan na ang lahat-lahat nang nakatakda ay mangyayari at tatahak sa hindi mababagong landas nito. Ang pangatlo ay yaong ang pagtitiyaga ay walang pamalit para sa positibong apekto na taglay nito para sa nasasawing-palad. Ang pang-apat ay ang hindi nagmamaliw na paniniwala sa ibig ipakahulugan ng ganitong parirala: 'Kung walang pagpapakita ng pagbabata, ano ang aking maisasakatuparan?' Ang panglima ay tanungin ang aking sarili, 'Bakit ako ay marapat na nagkukusang bahagi sa aking sariling pagkawasak?' Ang pang-anim ay makaalam na mula sa isang oras hanggang sa susunod, ang mga pangyayari ay nababago at ang mga kahirapan ay naglalaho."

Huwag magdalamhati kung ang iba ay naggawad sa iyo ng pinsala o kirot, gayundin, huwag kang magdalamhati kung ikaw ay inaapi at ikaw ang layon ng pagkainggit.

Si Shaykh Al-Islam (Ibn Taymiyah) ay nagsabi:

> "Ang nananampalataya ay hindi naghahanap ng gulo o paghihiganti; gayundin, siya ay hindi naghahanap ng sisi o kamalian sa mga iba."

Huwag mawalan ng pag-asa kung ikaw ay nakakaharap ng mga balakid o mga suliranin; bagkus, magbata at maging matiyaga.

*O' oras, kung ikaw ay mayroong anuman ng gayong tira-tirahan,*
*Kung saan mo ibinababa ang may halaga,*
*kung gayon, hayaan mong magkaroon ako nito.*

Ang pagtitiyaga, bilang kasalungat ng pagkabagabag, ay namumunga ng (bunga ng) ginhawa; at siya na hindi boluntaryong nagpapakita ng pagtitiyaga ay mangyayari na ipipilit sa kanya (ang gayon) ayon sa mga pangyayari. Si Al-Mutanabbi ay nagsabi:

*Ang panahon ay nagdilig sa akin ng kaguluhan hanggang*
*ang mga sibat sa aking puso ay naghugis ng isang pananggalang,*
*Na sa ngayon, nang ako ay masibat ng isang sibat,*
*Ang talim nito ay humahampas sa loob ng tagdan ng iba pa,*
*Ngayon, ako ay nabubuhay nang walang pag-aala-ala sa mga kaguluhan,*
*Sapagkat hindi ako nakinabang sa pagbibigay ng pangangalaga.*

Huwag mabahala kung ang sinuman ay tumanggi na magbigay sa iyo ng pabor, o kung ikaw ay kinunutan ng noo, o kung ang kuripot o maramot na tao ay tumanggi sa iyo.

Kung sa pamamagitan ng pagpipigil na humingi sa iba, iyong napigilan ang pawis ng pagkaaba na umagos sa iyong mukha, kung

gayon, ang isang kahoy na kubo o isang tolda ng tela ay higit na mainam sa iyo kaysa sa malawak na bahay at isang magandang halamanan, mga materyal na bagay na magbibigay lamang sa iyo ng pagkabalisa at kawalan ng katahimikan.

Ang malaking paghihirap ay nakakawangis ng karamdaman; marapat itong tumakbo sa kanyang landas bago ito umalis, at siya na nag-aapura sa pagtatangka na maalis ito ay madalas na (siyang) nagiging sanhi nito upang magpuno at magdagdag. Dito ay kinakailangan na ang sinuman na dinapuan ng kahirapan ay maging matiyaga; siya ay marapat na maghintay ng may pag-asa sa ginhawa, at siya ay marapat na mapilit sa kanyang mga pagdarasal.

## *Ang mga saligan ng kaligayahan, — mga Talata na mapagninilay-nilay*

﴾At huwag kailanman mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah. Katiyakang walang nawawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah, maliban sa mga tao na hindi sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 12: 87)*

﴾At sino naman ang nawawalan ng pag-asa sa Habag ng kanyang Panginoon maliban lamang sa mga napapaligaw [sa tuwid na landas]?﴿ *(Qur'an 15: 56)*

﴾Katiyakan, ang Habag ni Allah ay [laging] malapit sa mga gumagawa ng kabutihan.﴿ *(Qur'an 7: 56)*

﴾Kayo ay hindi nakakaalam, baka sakaling si Allah ay magkaloob pagkaraan ng ganito ng isang [naiibang] bagay.﴿ *(Qur'an 65: 1)*

﴾Bagama't ito ay hindi ninyo nais; nguni't, maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan, ito ay mainam [makabubuti] sa inyo, at maaaring ang isang bagay na inyong naiibigan, ito ay masama [hindi makabubuti] sa inyo.﴿ *(Qur'an 2: 216)*

﴾Si Allah ang Pinakamapagbigay [Pinakamabuti] sa Kanyang mga alipin.﴿ *(Qur'an 42: 19)*

﴾Datapuwa't ang Aking Habag ay nakasasakop sa lahat ng bagay.﴿ *(Qur'an 7: 156)*

﴾Huwag kang malumbay [o mangamba], katotohanang si Allah ay kasama [Tagapagtangkilik] natin.﴿ *(Qur'an 9: 40)*

﴾[At gunitain] nang kayo ay humingi ng tulong ng inyong Panginoon at Kanyang tinugon kayo.﴿ *(Qur'an 8: 9)*

﴾At Siya ang nagpapamalisbis ng ulan [kahima't] ang [mga tao] ay nawalan na nang lahat ng pag-asa at nagpapamudmod ng Kanyang Habag [nang malayo at malawak].﴿ *(Qur'an 42: 28)*

﴾At sila ay laging naninikluhod sa Amin ng may pag-asa [sa Aming biyaya] at pangangamba [sa Aming kaparusahan], at sila ay lagi nang nagpapakumbaba sa Aming harapan.﴿ *(Qur'an 21: 90)*

## *Ang iyong pinakamabuting kasama ay aklat*

Ang isang aktibidad na naghahatid ng tungkol sa kagalakan para sa iyo ay magbasa ng aklat at paunlarin ang iyong isipan sa pamamagitan nang pagtatamo ng karunungan.

Si Al-Jaahiz, isang Arabong manunulat ng nakaraang mga dantaon, ay nagpayo sa isa na talikdan ang pagkabagabag sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat:

> "Ang aklat ay isang kasama na hindi pumupuri sa iyo at hindi nanghihikayat sa iyo sa kasamaan. Ito ay isang kaibigan na hindi bumabagot sa iyo, at ito ay isang kapitbahay na hindi gumagawa sa iyo ng kapinsalaan. Ito ay isang kakilala na nagnanais na huwag kumuha sa iyo ng mga pabor sa pamamagitan ng

mabubulaklak na pananalita, at ito ay hindi nanlilinlang sa iyo ng may panloloko at kasinungalingan. Kung ikaw ay tumititig sa mga pahina ng isang aklat, ang iyong pandama ay naaantig at ang iyong katalinuhan ay tumatalas... Sa pamamagitan ng pagbabasa sa talambuhay ng iba, ikaw ay nagkakamit ng pagpapahalaga sa mga pangkaraniwang tao habang iyong natututuhan ang mga pamamaraan ng mga hari. Masasabi pa nga na kung minsan ikaw ay natututo mula sa mga pahina ng isang aklat sa loob ng isang buwan, sa mga bagay na hindi mo natutuhan sa dila ng mga tao sa isang dantaon. Ang lahat ng kapakinabangang ito, gayunman, ay walang pagkalugi sa kayamanan at hindi kailangan na tumayo sa pintuan ng guro na naghihintay sa kanyang bayad o ang matuto sa kaninuman na higit na mababa sa iyo sa pag-uugali. Ang aklat ay sumusunod sa iyo sa gabi na gaya rin ng sa araw, na pareho kung ikaw ay naglalakbay o kung ikaw ay nasa tahanan. Ang aklat ay hindi humihina sa pagtulog, gayundin ito ay hindi napapagod sa mga huling oras ng gabi. Ito ang guro na naririyan sa iyo kailanma't ikaw ay nangangailangan nito, at ito ang guro na kung ikaw ay tumanggi sa kanya, ay hindi naman tumatanggi na magbigay sa iyo. Kung ito ay iyong iiwan, ito ay hindi nababawasan sa pagkamasunurin. At kung ang lahat ay kumalaban sa iyo, na nagpapakita sa iyo ng pagkagalit, ito ay nananatili sa iyong tabi. Habang ikaw, kahit na nga may kalayuan, ay nakakabit pa rin sa aklat, ito ay sapat na sa iyo sa pagpapanatili ng kasama kaysa ang nasa lipon ng mga batugan. Ito ay humahadlang sa iyo na maupo sa iyong pintuan at magmasid sa kanila na nagdaraan. Ito ay nakapagliligtas sa iyo sa pakikihalubilo sa kanila na mga hangal sa kanilang pag-uugali, na malaswa sa kanilang pananalita, at namimighati sa kanilang kamangmangan. Kung ang tangi lamang pakinabang ng aklat ay panatilihin kang malayo sa kahangalan ng pananaginip sa araw at hadlangan ka sa kalokohan, katiyakang ito ay maituturing

na isang tunay na kaibigan na nagbigay sa iyo ng malaking pabor."

## *Mga salitain na tumatalakay sa kagalingan ng mga aklat*

Si Abu Ubaydah ay nagsabi:

> "Si Al-Huhallab ay nagbigay sa kanyang anak ng sumusunod na payo: 'O' anak, huwag gumala sa pamilihan maliban na lamang na ikaw ay dumadalaw sa tagagawa ng baluti (kutamaya) o tagapagtinda ng aklat.'"

Si Al-Hasan Al-Lulu'ee ay nagsabi:

> "Apatnapung taon ang lumipas, at ako ay hindi nakakatulog sa araw o sa gabi... maliban na lamang na isang aklat ang nakapatong sa aking dibdib."

Si Ibn Al-Jahm ay nagsabi:

> "Kung ako ay nakakaramdam ng antok kung oras na para matulog, - at sayang ang tulog na lumalagpas sa pangangailangan ng sinuman, - ako ay kumukuha ng isang aklat mula sa mga aklat ng karunungan at ako ay nakakatagpo ng matinding kaligayahan kapag aking naraanan ang isang perlas (ng karunungan)... Ako ay higit na alerto kung ako ay masaya't abala sa pagbabasa at pag-aaral, kaysa kung aking napapakinggan ang unga ng asno o ang nakatutulig na ingay ng isang bagay na nababasag."

Siya rin ay nagsabi:

> "Kung ako ay makatagpo ng aklat na katanggap-tanggap at kasiya-siya, at kung inaakala ko na ito ay kapaki-pakinabang, makikita mo na sa bawat oras ako ay tumitingin kung ilan pang pahina ang nalalabi, dahil sa pangamba na malapit na itong

matapos. At kung ito ay nasa maraming tomo (o maraming set) na may maraming bilang ng mga pahina, ang aking buhay at aking kaligayahan ay kumpleto."

At ang pinakamainam, pinakamataas, at pinakamahalaga sa mga aklat ay:

﴾[Ito ang] Aklat [ang Qur'an] na ipinanaog sa iyo [O' Muhammad], kaya't huwag hayaan ang iyong dibdib dahilan dito ay mabagabag, upang ikaw ay magbigay ng babala [sa mga hindi sumasampalataya] at isang Paala-ala [sa mga sumasampalataya].﴿ *(Qur'an 7: 2)*

## *Ang kapakinabangan ng pagbabasa*

1. Ang pagbabasa ay nakapag-aalis ng pagkabalisa at dalamhati.

2. Habang abala sa pagbabasa, ang sinuman ay nahahadlangan na usisain ang kasinungalingan o kahuwaran.

3. Ang palagiang pagbabasa ay nakagagawa sa sinuman na maging lubhang abala upang hindi mapasama sa lipon ng mga walang ginagawa at hindi aktibo.

4. Sa pagbabasa nang malimit, ang sinuman ay umuunlad sa kahusayan ng pananalita at pagiging malinaw ng pangungusap.

5. Ang pagbabasa ay nakatutulong na umunlad ang isipan at nagpapadalisay sa kaisipan nito.

6. Ang pagbabasa ay nakapagdaragdag sa sinuman sa karunungan at parehong nakapagpapaunlad ng memorya at pang-unawa.

7. Sa pagbabasa, ang sinuman ay nakikinabang sa mga karanasan ng iba: ang karunungan ng matatalino at ang pang-unawa ng mga pantas.

8. Sa pagbabasa nang madalas, ang sinuman ay nakapagpapaunlad sa kakayahan na parehong magtamo at magproseso ng karunungan at matutuhan ang tungkol sa iba't ibang larangan ng karunungan at ang aplikasyon nito sa buhay.

9. Ang pananampalataya ng sinuman ay nadaragdagan kung siya ay nagbabasa ng kapaki-pakinabang na mga aklat, tangi na nga ang mga aklat na sinulat ng mga masunuring Muslim. Ang aklat ang pinakamahusay na tagapagbigay ng mga sermon o pangaral at ito ay may mapuwersang epekto sa pamamatnubay sa kanya tungo sa kabutihan at malayo sa kasamaan.

10. Ang pagbabasa ay nakatutulong sa sinuman upang magrelaks (o maginhawahan) ang isipan sa pagkalito o pagkataranta at upang mailigtas ang oras sa pag-aaksaya.

11. Sa pagbabasa nang madalas, ang sinuman ay nagiging bihasa sa maraming salita at natututo sa iba't ibang paraan ng paggawa ng mga pangungusap; higit pa rito, ang sinuman ay nakapagpapaunlad ng kanyang kakayahan na madalumat ang mga konsepto (o kaisipan) at upang maunawaan kung ano ang nasusulat 'sa pagitan ng mga linya o guhit'.

*Ang pagkain o panustos ng kaluluwa*
*ay nasa mga konsepto at mga kahulugan,*
*at wala sa pagkain at inumin.*

## Huminto upang magnilay-nilay

Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Aming natagpuan na ang pinakamainam na buhay ay yaong sinasamahan ng pagtitiyaga."

Siya rin ay nagsabi:

> "Ang pinakamainam na buhay na aming naranasan ay yaong may pagtitiyaga, at kung ang matiyaga ay isang lalaki, siya ay magiging pinakamapagbigay."

Si Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Katotohanan, ang pagtitiyaga ay para sa pananampalataya, kung paano ang ulo ay para sa katawan. Kung ang ulo ay maputol, ang katawan ay nasayang."

At matapos, siya ay nagtaas ng kanyang tinig at nagsabi:

> "Katotohanan, walang pananampalataya sa tao na walang pagtitiyaga."

Siya rin ay nagsabi:

> "Ang pagtitiyaga ay isang sasakyang hayop na hindi nadadapa o natitisod."

Si Al-Hasan ay nagsabi:

> "Ang pagtitiyaga ay isang yaman mula sa kayamanan ng kabutihan, isang yaman na hindi ipinamimigay ni Allah maliban sa isang alipin (Niya) na Kanyang itinuturing na karapat-dapat."

Si Umar ibn Abdul Aziz ay nagsabi:

> "Kailanma't si Allah ay nagbibigay ng biyaya sa isa sa Kanyang mga alipin at matapos ay inalis Niya ito sa kanya at pinalitan ng pagtitiyaga, kung gayon, yaong ipinalit ay higit na mainam kaysa sa bagay na pinalitan."

Si Sulayman ibn Al-Qaasim ay nagsabi:

> "Ang gantimpala para sa bawat gawa maliban sa pagtitiyaga ay alam na."

Si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang [alalaong baga, walang hangganan].﴿ *(Qur'an 39: 10)*

## *Huwag magdalamhati, — mayroon pang ibang buhay na darating*

Ang araw ay darating na si Allah ay magtitipon nang sama-sama sa una sa mga nilikha at sa panghuli sa kanila. Ang karunungan lang ng pangyayaring ito ay marapat na magbigay-katiyakan sa iyo ng katarungan ni Allah. Kaya't kaninumang salapi ang kinamkam dito, ito ay matatagpuan doon; sinuman ang pinagmalupitan dito ay makakatagpo na ang hustisya ay ipinatutupad doon; at sinuman ang nagmamalupit dito ay matatagpuan niya ang kanyang kaparusahan doon.

Si Immanuel Kant, isang Alemang pilosopo, ay nagsabi:

> "Ang drama ng buhay na ito ay hindi kumpleto, marapat na may pangalawang tagpo rito, sapagkat ating nakikita ang pinunong malupit at ang kanyang mga biktima na wala tayong nakikitang hustisya na ipinatutupad. Nakikita natin ang manlulupig at ang kanyang nasasakupan, na walang nakikitang paghihiganti ng huli. Samakatuwid, marapat na may iba pang mundo, kung saan ang hustisya ay ipatutupad."

Si Shaykh Ali At-Tantawi na nagkomento rito ay nagsabi:

> "Ang ganitong pahayag ay nagsasaad ng isang kumpisal mula sa banyagang ito (sa Islam), ng pagkakaroon ng Kabilang Buhay kung saan ang paghatol ay mangyayari."

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Kung ang ministro at kanyang mga delegado*
*ay namuno nang may paniniil,*
*At ang hukom sa kalupaan ay hindi makatarungan*
*sa kanyang mga paghatol,*
*Kung gayon ay kasawian,*
*na sinundan ng kasawian matapos ang kasawian,*
*Sa hukom ng kalupaan mula sa Hukom na nasa itaas.*

﴾Sa Araw na yaon ang bawat tao [kaluluwa] ay babayaran sa anumang kanyang ginawa. Walang anumang di-katarungan ang mananaig sa Araw na yaon sapagkat si Allah ay Maagap sa Pagsusulit.﴿ *(Qur'an 40: 17)*

## *Huwag damdamin na (parang) lubhang nabibigatan kung ang gawain ay natatambak*

Si Robert Louis Stevenson ay nagsabi:

> "Ang bawat tao ay may kakayahan na magsagawa ng kanyang mga pang-araw-araw na tungkulin, kahit na nga gaano pa ito kahirap, at ang bawat tao ay may kakayahan na mamuhay nang maligaya sa oras ng kanyang maghapon hanggang sa lumubog ang araw; at ito ang kahulugan ng buhay."

Si Stephen Leacock ay nagsabi:

> "Ang maliit na bata ay nagsabi: kailan kaya ako magiging malaking bata? Ang malaking bata ay nagsabi: kung ako ay maging binatilyo na, at kung ang panahong yaon ay dumating, siya ay magsasabi: kailan ako mag-aasawa? Ano naman ang pagkatapos ng pag-aasawa? At ano ang susunod matapos ang lahat ng mga yugtong ito? Ang kaninumang pag-iisip ay patuloy

> na nakasusunod sa pagpapalagayan ng sumusunod: kailan ko magagawa na magretiro? Subalit kung siya ay aktuwal nang sumapit sa matandang gulang at lumingon sa nakaraan, siya ay napaso ng malamig na hangin. Siya ay nawala (o nalugi) sa kanyang buong buhay na lumiit ng lumiit nang palayo na hindi man lamang namuhay kahit na minsan sa loob nito. Kaya't ating natutuhan, kung ito ay lubhang huli na, na ang buhay ay dapat ipamuhay sa bawat minuto at oras ng paghinga."

Yaon ang kalagayan ng mga nagpapaliban na pagsisihan ang kanilang mga kasalanan.

Ang isa sa mga banal ng ating sinundang henerasyon ay nagsabi:

> "Ikaw ay aking binabalaan sa pagpapatagal at pagsasabi ng 'saka ko na gagawin yaon', sapagkat ito ang parirala na humahadlang sa sinuman sa paggawa ng mabuti at nagiging sanhi upang ang sinuman ay mangulelat sa mga gawa ng katuwiran."

﴾Hayaan sila na kumain at magpakasaya, at [hayaan sila] na maging abala [sa huwad] na pag-asa. Katiyakang ito ay kanilang mapag-aalaman!﴿ *(Qur'an 15: 3)*

Ang pilosopong Pranses na si Montaigne ay nagsabi:

> "Ang aking buhay ay batbat ng masamang kapalaran na hindi kailanman nagpakita ng habag."

Aking tinitiyak na sa kabila ng kanilang kaalaman at katalinuhan, ang maraming kilalang mang-iisip ay walang alam kung ano ang karunungan sa likod ng kanilang pagkalikha. Sila ay hindi napatnubayan ng mga aral ni Allah na ipinadala Niya sa pamamagitan ng Kanyang Sugo na si Muhammad (saws),

﴾At siya na hindi ginawaran ni Allah ng liwanag, sa kanya ay walang magiging liwanag.﴿ *(Qur'an 24: 40)*

﴾Katotohanang Aming ginabayan siya sa [tamang] landas, kahima't siya ay may pagtanaw ng pasasalamat o walang pagtanaw ng pasasalamat.﴿ *(Qur'an 76: 3)*

Si Dante ay nagsabi:

"Ituring na ang araw na ito ay hindi na muling mangyayari."

Ang higit na mainam at mas maganda at kumpleto ay ang *hadith* na:

"*Magdasal na wari bang ito na ang iyong dasal ng pamamaalam.*"

Sinuman ang maglagay nito sa kanyang isipan na ang ngayon ang kanyang huling araw ay gagawa ng bagong pagsisisi, gagawa ng mabubuting gawa, at magsisikap na maging masunurin sa kanyang Panginoon, ang Pinakamakapangyarihan, at sa Kanyang Sugo (saws).

## *Huwag magdalamhati at tanungin ang iyong sarili ng sumusunod na mga katanungan*

1. Akin bang ipinagpaliban na mamuhay sa kasalukuyan, dahilan sa mga pangamba at pag-aatubili tungkol sa hinaharap, o dahilan kaya sa pag-asa na may madyik na halamanan na lagpas sa panginorin (kawalang hanggan ng himpapawid)?

2. Aking bang pinasasama ang kalooban ko sa pangkasalukuyan kong buhay sa pag-iisip-isip sa mga pangyayari na nangyari na noon pa?

3. Ako ba ay gumigising sa umaga na may intensyon na gugulin ang aking araw sa makabuluhang (gawain)?

4. Nakikita ko ba na ako ay nakikinabang sa aking buhay nang ako ay sumubok na tumutok sa aking pangkasalukuyang sitwasyon o gawain?

5. Kailan ako magsisimulang mamuhay sa pangkasalukuyang sandali, nang hindi lubhang nag-aalala tungkol sa nakaraan at sa hinaharap? Sa susunod na linggo? Bukas? O ngayon?

## ***Huwag mawalan ng pag-asa kung ikaw ay nakaharap ng mahirap na sitwasyon***

Kung nakita mo ang iyong sarili na nasa matinding sitwasyon, gawin ang sumusunod:

1. Tanungin ang iyong sarili, ano ang pinakamasahol na maaaring mangyari?
2. Ihanda ang iyong sarili na makaya at matugunan ang gayong masahol na senaryo (tagpo).
3. Kung ang masamang bagay ay nangyari, harapin ito ng may kalmanteng nerbiyos upang maharap nang mainam ang sitwasyon.

﴾Ang [mga mapagkunwari] na nagsabi sa mga tao [na sumasampalataya]: 'Katotohanan, ang mga tao [pagano] ay nagtipun-tipon laban sa inyo [na malaking sandatahan], kung gayon, inyong katakutan sila.' Datapuwa't ito ay lalo [lamang] nagpasidhi sa kanilang Pananampalataya, at sila ay nagsabi: 'Si Allah [lamang] ay sapat na sa amin, at Siya ang Pinakamahusay sa pagsasaayos ng lahat ng pangyayari [para sa amin].﴿ *(Qur'an 3: 173)*

## *Pagnilay-nilayin ang mga talatang ito*

﴾At sinuman ang mangamba kay Allah, Siya ang magbibigay sa kanya ng lunas sa lahat ng mga kahirapan, at ipagkakaloob [Niya] sa kanya mula [sa panggagalingan] na hindi niya napag-aakala. At kung sinuman ang magtiwala kay Allah, kung gayon, sapat na si Allah para sa kanya.﴿ *(Qur'an 65: 2-3)*

﴾At si Allah ang magkakaloob, matapos ang kahirapan, ng kaginhawahan.﴿ *(Qur'an 65: 7)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*At maalaman na ang tagumpay ay dumarating na kasama ang pagtitiyaga, at sa kahirapan ay mayroong daang palabas, at sa kahirapan ay dumarating ang ginhawa.*"

Sa iba pang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsalaysay na si Allah ay nagwika:

"*Ako ay nasa kaisipan ng Aking alipin tungkol sa Akin, kaya't hayaan siya na nasa Akin sa ganang kanya.*"

﴾[Kung gayon], Sapat na si Allah sa inyo laban sa kanila. At Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Tigib ng Kaalaman.﴿ *(Qur'an 2: 137)*

﴾At ilagay mo ang iyong pagtitiwala sa Kanya na Laging Buhay at Walang Kamatayan...﴿ *(Qur'an 25: 58)*

﴾Marahil, si Allah ay maghahatid sa kanila [na mga Muslim] ng isang tagumpay o isang pasya ayon sa Kanyang Kalooban.﴿ *(Qur'an 5: 52)*

﴾Wala ng iba pa maliban kay Allah ang makahahadlang dito [o makapagpapauna rito o makakaantala rito].﴿ *(Qur'an 53: 58)*

## *Ang kalungkutan ay nakapagpapahina sa katawan at sa kaluluwa*

Si Dr. Alexis Carlyle, isang Nobel-laureate sa medisina, ay nagsabi:

> "Ang mga tao na nagtatrabaho na hindi marunong kung paano haharapin ang pagkabalisa at kabigatan (ng buhay) ay higit na nahihilig kaysa sa iba na (hangarin ang) hindi pa napapanahong kamatayan."

Katiyakan, ang lahat-lahat nang nangyayari ay nagaganap alinsunod sa banal na pagtatakda. Magkagayunman, ang isang tao ay marapat na gumawa ng mga kinakailangang hakbang upang maiwasan ang mga kahirapan, kaya't si Carlyle ay matuwid na nagbigay-diin na ang pagkabalisa ay isa sa mga dahilan na naghahantong sa katawan upang masira.

## Ang kalungkutan: isang sanhi ng mga ulser

> "Ikaw ay hindi dadapuan ng mga ulser dahilan lamang sa iyong kinakain, datapuwa't dahil sa kung ano ang kumakain sa iyo."

Ito ay isang sipi na kinuha sa aklat ni Dr. Joseph F. Mantagno, sa *The Problem of Nervousness.*

Ang isang bantog na Arabong makata na si Al-Mutanabbi ay nagsabi:

*Ang kabigatan (ng buhay) ay humuhubog*
*sa sobrang katabaan tungo sa pagkapayat.*
*Ito ay nakapagpapaputi sa buhok ng kabataan*
*at gumagawa sa kanya sa maruming ayos.*

At ayon sa babasahin (o magasing) *Life*, ang mga ulser ay nasa pansampung ranggo sa listahan ng mga nakamamatay na karamdaman.

## Ang ilan sa mga epekto ng kalungkutan

Kailan ko lamang nabasa ang salin ng aklat ni Dr. Edward Bodowlski na *Stop Worrying and Seek Betterment.* Narito ang ilan sa mga kapitulo na galing sa kanyang aklat:

— Ano ang ginagawa ng pagkabalisa sa puso

— Ang mataas na presyon ng dugo ay kumakain mula sa pagkabalisa

— Ang pagkabalisa ay maaaring sanhi ng ilan sa mga anyo ng rayuma

— Bilang pabor sa loob (ng katawan) mo, maghanap upang mabawasan ang antas ng iyong pagkabahala

— Paanong ang pagkabalisa ay maituturing na isang sanhi ng pangkaraniwang sipon

— Ang pagkabalisa at ang thyroid gland

Si Dr. Carl Maninger, isang espesyalista sa sikolohika ay sumulat ng isang aklat na pinamagatang *Man Against Himself.* Dito ay kanyang sinabi:

> "Si Dr. Maninger ay hindi magbibigay sa inyo ng mga prinsipyo kung paano maiiwasan ang pagkabalisa, sa halip, siya ay magbibigay sa inyo ng kamangha-manghang ulat kung paano natin winawasak ang ating sariling katawan at isipan sa pamamagitan ng pagkabalisa at pagkakanerbiyos, masamang hangarin at matinding hinanakit, pagkatakot, at damdamin ng paghihiganti."

﴾At sila na nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.﴿ *(Qur'an 3: 134)*

Ang ilan sa higit na namumukod na mga aral na marapat natin matutuhan mula sa ganitong talata ay yaong marapat na magkaroon tayo ng malusog na puso, kapayapaan ng isipan, kalmadong nerbiyos, at isang pakiramdam ng kaligayahan.

Ang pilosopong Pranses na si Montaigne ay minsang nagsabi:

> "Nais kong tulungan kayo sa pagtugon sa inyong mga suliranin (sa pamamagitan) ng aking mga kamay, ngunit hindi ng aking atay at mga baga."

## *Ano ang magagawa ng kalungkutan at galit?*

Si Dr. Russell Cecil ng Cornell University ay bumanggit ng apat na kilalang sanhi ng arthritis (isang uri ng rayuma):

1. Awayan sa buhay may-asawa
2. Kahirapan at kalungkutan sa pananalapi
3. Kalumbayan at pagkabalisa
4. Masamang hangarin at matinding hinanakit

Si Dr. William Mark Gaungil, habang nagpapahayag sa Federation of American Dentists, ay nagbigay-diin:

> "Ang hindi masayang pakiramdam na tulad ng pagkabalisa at pagkatakot ay posibleng nakakaapekto sa pamamahagi (o sirkulasyon) ng kalsyum sa katawan, at dahil dito, ito ay naghahantong sa pagkasira ng ngipin."

## *Tiisin ang iyong mga kahirapan ng may katahimikan*

Si Dale Carnegie ay nagsabi:

> "Ang mga Aprikano-Amerikano na naninirahan sa Timog na kasama ang mga Intsik ay bihirang mahulog sa pain ng mga gayong sakit sa puso na bunga ng pagkabalisa. Ito ay maipapalagay (na galing) sa kanilang tahimik at pangkaraniwang paraan kung paano nila pinamumunuan ang kanilang buhay."

Sinabi rin niya:

> "Ang bilang ng mga Amerikano na nagtangka na magpakamatay ay higit na marami kaysa sa bilang ng mga namatay sanhi ng limang pinaka-nakamamatay na karamdaman kung pagsasama-samahin."

Ito ay isang nakagugulat na datos na hindi marapat na tanggapin nang magaan.

## *Magtangan ng mabuting opinyon sa iyong Panginoon*

Si William James ay nagsabi:

> "Ang Diyos ay nagpapatawad sa ating mga kasalanan, ngunit ang ating sistemang nerbosa ay hindi."

Si Ibn Al-Wazeer ay sumulat sa kanyang aklat na *Al-Awaasim wa al-Qawaasim*:

> "Katotohanan, ang umasa sa habag ni Allah ay nagbubukas sa mga pintuan ng optimismo (o pagiging maganda ng hinaharap) sa isa sa Kanyang mga alipin, na gumagawa sa kanya na maging sabik sa pagsamba, at nagbibigay ng inspirasyon sa kanya na higit na maging masigla sa pagsasagawa ng mga boluntaryong gawa ng pagsamba at nagmamadali sa pagsasagawa ng mabubuting gawa."

Ito ay totoo, tangi na nga na may ilang tao ang hindi natitinag na gumawa ng mabubuting gawa kung kanilang nagugunita ang habag ni Allah, ang (Kanyang) pagpapatawad, at pagkamapagbigay. Bilang isang bunga ng pagninilay-nilay sa mga gayong katangian, sila ay humahanap ng pagkamalapit kay Allah sa pamamagitan ng masikap na pagsasagawa ng mabubuting gawain.

## *Kung ang iyong isipan ay gumagala-gala*

Si Thomas Edison ay nagsabi: "Walang pagkukunwari o panlilinlang ang maaaring gawin ng sinuman upang siya ay makatakas sa kanyang isipan."

Ang sinuman ay makapagpapatotoo ng ganitong pahayag mula sa karanasan, na kahit na nga sa pagbabasa o pagsusulat, ang sinuman ay patuloy na naitataboy ng hindi angkop na mga isipin. Ang isa sa pinakamainam na paraan upang makontrol ang gayong kaisipan ay gumawa sa isang bagay na noon pa ay minsan nang nakakahikayat at kapaki-pakinabang.

## *Yumakap sa nakatutulong na pamumuna*

Si Andre Moro ay nagsabi:

> "Ang lahat ng bagay na kasundo ng ating personal na mga hilig ay lumilitaw sa atin bilang isang katotohanan, at lahat ng iba pa ay nagsisilbi lamang upang pukawin ang ating galit."

Ang isa sa pangunahing halimbawa ng ganito ay yaong kung tayo ay mabigyan ng payo o pamumuna. Sa higit na maraming bahagi, gustung-gusto natin ang papuri at ang ating espiritu ay umaangat kung tayo ang layon ng gayong atensyon, kahit na nga tayo ay pinupuri para sa mga maling dahilan. Sa isang banda, kinamumuhian natin ang pamumuna at pangmamata, kahit na nga ang nasabi sa atin ay nagkataon na totoo naman.

﴾At kung sila ay inaanyayahan kay Allah [alalaong baga, sa Kanyang mga Salita, sa Qur'an] at sa Kanyang Sugo, upang humatol sa pagitan nila, kapagdaka, ang isang pangkat sa lipon nila ay tumatanggi [na lumapit] at lumalayo. Datapuwa't kung ang katuwiran ay nasa kanila, sila ay lumalapit sa kanya nang kusang-loob at may pagtanggap.﴿ *(Qur'an 24: 48-49)*

Si William James ay nagsabi:

> "Kung ikaw ay gumagawa ng matatag na desisyon na gumawa sa anumang piling araw, ikaw ay ganap na maiibsan ng mga pagkabalisa na sumusukol at nagpapailalim sa iyo tungkol sa kinalabasan ng iyong pagpupunyagi."

Ang ibig niyang sabihin ay yaong kung ikaw ay gumagawa ng makatarungang desisyon na salig sa katwiran at sa mainam na batayan, kung gayon, dapat mong isakatuparan ang gayong desisyon. Higit pa roon, hindi ka marapat na madala ng mga pagdududa, sapagkat ang mga pagdududa ay hindi nanganganak ng iba pa maliban sa marami pang pagdududa. At matapos ito, huwag nang lumingon sa likuran. Isang Arabong makata ang nagsabi:

*Kung ikaw ay nasa mainam na pagpapasya,*
*magpakita ng katatagan (ng pasya),*
*sapagkat ang masamang paghatol ay nasa pag-aapura.*

Ang pagpapakita ng katapangan sa paggawa ng desisyon ay makapagliligtas sa iyo sa pagkabalisa at pagkalito.

﴾At kung ang mga bagay-bagay [ang paghahanda sa Jihad, ang maka-Diyos na pakikidigma] ay napagpasyahan na, kung gayon, ito ay higit na makabubuti sa kanila kung sila ay tapat kay Allah.﴿

*(Qur'an 47: 21)*

Si Dr. Richard Cabot ng Harvard University ay sumulat sa kanyang aklat na *How Humans Live* ng:

> "Bilang isang manggagamot, ako ay isang tagapagtaguyod (proponente) ng trabaho bilang panglunas sa mga nagdurusa sa nerbiyos na nagmula sa mga pagdududa, pagkatakot, at pag-uurong-sulong (pagsasalawahan). Ang trabaho ay nagbibigay-inspirasyon sa katapangan; ang pagtitiwala sa sarili ang gumawa kay Emerson na maging napakagaling."

﴾At kung ang pagdarasal [Jumuah o ang pang-Biyernes na sama-samang pagdarasal] ay natapos na, kayo ay malaya na magsipangalat sa kalupaan at magsihanap ng Kanyang mga Biyaya [sa pamamagitan ng pagtatrabaho, atbp.]...﴿ *(Qur'an 62: 10)*

Si Bernard Shaw ay nagsabi:

> "Marahil, ang lihim ng kalungkutan ay sa pagpapahintulot sa iyong sarili na magkaroon ng oras para sa malabis na isipin, tangi na nga kung ikaw ay masaya o hindi. Huwag hayaan ang gayong mga isipin ay gumapang sa iyong isipan; manapa, marapat kang manatili na matimtiman sa iyong pagtatrabaho. Kung ini-a-aplay mo ang iyong sarili sa seryosong gawain, ang iyong dugo ay magsisimula na dumaloy at ang iyong isipan ay mauudyukan sa paggawa. Iyong makikita na ang iyong bagong buhay ay mabilis na natanggalan ng pagkabalisa at mga nakababahalang isipin. Magtrabaho, at gawin ito na tuluy-tuloy; sapagkat ito ang pinakamurang lunas na handa sa ibabaw ng mundo at ang pinakaepektibo."

﴾At ipagbadya [O' Muhammad]: 'Magsigawa kayo! Si Allah ay magmamasid ng inyong mga gawa at [sa Araw ng Pagsusulit, ito ay matatambad] sa Kanyang Sugo at sa mga sumasampalataya.'﴿ *(Qur'an 9: 105)*

At ang isang matalinong salitain ng mga Arabo ay ganito:

> "Ang buhay ay lubhang maigsi upang gawin pa ito na higit pang umigsi (dahilan) sa mga pagtatalo."

﴾At Siya [Allah] ay magwiwika: 'Ilang taon ba kayong nanatili sa lupa?' Sila ay magsasabi: 'Kami ay nanatili ng isang araw o bahagi ng isang araw. Tanungin ang mga nagtatala [nagbibilang].' Siya [Allah] ay magwiwika: 'Nanatili lamang kayo nang ilang sandali, - kung inyo lamang nalalaman.'﴿ *(Qur'an 23: 112-114)*

## *Ang karamihan sa mga tsismis ay walang batayan*

Si General George Kruk na kilala sa kanyang panlulupig sa katutubong Indiano ay sumulat sa pahina bilang 77 sa kanyang bantog na pahayagan ng sumusunod:

> "Ang lahat halos ng kalungkutan at pagkabalisa ng mga Indiano ay nagmumula sa kanilang imahinasyon at hindi sa katotohanan."

﴾Sila ay nag-aakala na ang bawat panambitan ay laban sa kanila.﴿ *(Qur'an 63: 4)*

﴾At kung sila [man] ay nagsihayo [patungo sa labanan] na kasama ninyo, sila ay walang maidadagdag sa inyo liban lamang sa kaguluhan, at sila ay nagsisipagmadali sa gitna ninyo [sa pagkakalat ng kabuktutan], at nagtatanim ng panunulsol laban sa isa't isa sa inyo...﴿ *(Qur'an 9: 47)*

Si Professor Hawks ng Columbia University ay nagsabi:

> "Maaaring mayroon o walang lunas sa isang lantad na suliranin. Kung may lunas para sa tanging suliranin, hanapin ito; at kung wala, kung gayon, huwag gambalain ang iyong sarili tungkol dito."

At sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Si Allah ay hindi nagpanaog ng karamdaman maliban na Siya ay nagpanaog din ng lunas nito. Batid Niya ito kung sino ang nakakaalam nito, at siya na mangmang sa ganito ay siya na walang-kabatiran tungkol dito (kaya't kahit na ang pinakabantog na doktor ay walang-kaalaman tungkol dito, ito [ang lunas] ay naririto pa rin).*"

## Ang kahinahunan ay nakapagpapaiwas sa konprontasyon (pakikipagharap)

Isang gurong Hapones ang nagsabi sa kanyang mag-aaral:

> "Ang yumukod ay wari bang maging katulad ng willow (isang uri ng punongkahoy), at ang hindi magsauli ng lakas (o puwersa) ay katulad ng maging puno ng oak."

At sa isang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang isang nananampalataya ay katulad ng luntiang halaman; ang hangin ay umihip dito sa kaliwa at sa kanan.*"

Ang isang matalinong tao ay tulad ng tubig, sapagkat ang tubig ay hindi lumalagapak sa loob ng bato, na nagtatangka na makaraan doon. Sa halip, ito ay dumarating doon mula sa kaliwa at mula sa kanan, mula sa itaas at mula sa ibaba.

Sa isa pang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang nananampalataya ay tulad ng kamelyo na ang renda ay nasa ilong nito. Kapag ito ay pinagawa na lumuhod sa ibabaw ng bato, ito ay gagawa ng gayon.*"

## Ang kahapon ay hindi na kailanman magbabalik

﴾Upang kayo ay hindi mahapis sa mga bagay na nabigo ninyong kamtim...﴿ *(Qur'an 57: 23)*

Si Adam ay nagsabi kay Moises (Moosa), nawa'y ang kapayapaan ay sumakanila:

"*Sinisisi mo ba ako sa anumang itinakda sa akin ni Allah, apatnapung taon pa bago ako ay likhain Niya.*"

Tungkol sa ganitong huling salitain, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Nadaig ni Adam si Moises sa kanyang argumento, - Nadaig ni Adam si Moises sa kanyang argumento, - Nadaig ni Adam si Moises sa kanyang argumento.*"

Maghanap ng kaligayahan sa iyong loob, at hindi sa iyong paligid o sa labas mo.

Ang malikhaing Inglis na makata na si Milton ay nagsabi:

*Katotohanan, ang isip sa kanyang sarili*
*ay may kakayahan na baguhin*
*ang paraiso tungo sa impiyerno at*
*ang impiyerno tungo sa paraiso!*

Si Al-Mutanabbi ay sumulat:

"Siya na may talento ay nagdurusa dahilan sa (kanyang hindi balanseng katalinuhan) habang siya ay mayaman,
Samantala, ang mangmang ay mahirap, gayunman, siya ay ngumingiti."

## *Ang buhay na ito ay hindi karapat-dapat sa ating dalamhati*

Si Napoleon ay bumulalas kay Santa Helena:

"Hindi ako nakaalam (kahit na) ng anim na maliligayang araw sa aking buong buhay."

Ang Kalip (Pinuno) na si Hisham ibn Abdul-Malik ay nagsabi:

"Ako ay nagtangka na gunitain at isa-isahin ang bilang ng maliligayang araw sa aking buhay, at aking natagpuan na ang mga ito ay labingtatlo sa kabuuan."

At ang kanyang ama ay madalas na dumaraing at nagsasabi:

"Sana ay hindi ako naging Kalip (Pinuno) kailanman."

Ang dakilang mangangaral na si Ibn Sammack ay minsang dumalaw kay Haroon Ar-Rasheed. Ang huli ay nakaramdam ng pagkauhaw at humingi ng tubig na maiinom. Si Ibn Sammack ay nagsabi, "O' tagapamahala ng matatapat, kung itatanggi sa iyo ang ganitong inumin, ipagpapalit mo ba rito ang kalahati ng iyong imperyo?" Siya ay nagsabi, "Oo." Nang matapos siyang uminom, sinundan ito ni Ibn Sammack ng iba pang katanungan, "Kung dahilan sa ilang karamdaman, hindi mo nagawang mailabas ang inuming ito (sa pamamagitan nang pag-ihi), ibabayad mo ba ang kalahati ng yaman ng iyong imperyo upang maalis ito sa iyong katawan?" Siya ay sumagot, "Oo." Sa gayon, si Ibn Sammack ay nagsabi, "Samakatuwid, walang kabutihan sa isang kaharian na hindi man lamang katumbas ng isang pag-inom ng tubig."

Ang buong mundo at anumang nasa loob nito ay walang halaga, timbang, o kahulugan kung ito ay hubad sa pananampalataya. Si Iqbal ay nagsabi:

*Kung ang pananampalataya ay nawala,*
*gayon din ang kapayapaan,*
*At walang buhay para sa kaninuman,*
*na hindi nagagalak (o sumisigla) sa relihiyon,*
*Sinuman ang nalulugod sa buhay na ulila sa pananampalataya,*
*Ay gumawa na ang ganap na pagkawasak*
*ang kalamnan ng buhay.*

Si Emerson ay tumapos sa kanyang sanaysay na ang pagtitiwala sa sarili ay ang sumusunod:

"Ang tagumpay sa pulitika, ang paglaki ng suweldo, ang lunas sa iyong karamdaman, o ang pagbabalik ng masasayang araw, - ang lahat ng ito ay wari bang nanganganinag sa iyo sa guhit-tagpuan. Ngunit huwag maniwala sa lahat sapagkat ang mga bagay ay hindi katulad nang iyong inaasahan na mangyayari, at sapagkat walang makapagbibigay sa iyo ng kapayapaan maliban sa iyong sarili."

﴾Magbalik ka sa iyong Panginoon na [ikaw ay nalulugod], at kinalulugdan [Niya]! Halika, pumasok ka sa lipon ng Aking mararangal na alipin.﴿ *(Qur'an 89: 28-29)*

Isang kilalang pilosopo at nobelista ang nagsabi:

"Ang hindi maiiwasang pangangailangan nang pag-aalis sa masamang guni-guni sa ating isipan ay higit na kritikal kaysa sa pag-aalis ng tumor (o bukol) at mga karamdaman sa ating katawan."

At mayroon pang maraming babala sa Qur'an tungkol sa mga sakit ng ideya (pananaw) at paniniwala kaysa patungkol sa mga sakit ng katawan.

Ang Pranses na pilosopo na si Montaigne ay nagsabi:

"Ang tao ay hindi naiimpluwensyahan kung ano ang nangyayari habang siya sa pamamagitan ng kanyang opinyon ay nagtuturing (kung) ano ang nangyayari."

At sa sumusunod na *hadith*, ang Propeta (saws) ay nanalangin:

"*O' Allah, gawin Mo (po) ako na nalulugod sa Inyong pagtatakda, upang aking maalaman na ang anumang sumapit sa akin ay hindi nalalayon na makaiwas sa akin, at kung anuman ang lumagpas sa akin, ay hindi nalalayon na ito ay nasa kapalaran ko.*"

## *Magbulay-bulay sa mga puntos na ito*

Huwag malungkot, sapagkat ang kalungkutan ay nagiging sanhi upang panghinayangan ang nakaraan, ang magkaroon ng agam-agam tungkol sa hinaharap, at gumagawa na iyong aksayahin ang iyong kasalukuyan.

Huwag malungkot, sapagkat ito ang nagiging sanhi na ang puso ay humigpit, ang mukha ay sumimangot, ang espiritu ay manghina, at ang pag-asa ay maglaho.

Huwag malungkot, sapagkat ang iyong kalungkutan ay nakalulugod sa iyong kaaway, nakapagpapagalit sa iyong kaibigan, at nakagagawa na ang naiinggit ay magalak.

Huwag malungkot, sapagkat sa pagiging malungkot, ikaw ay dumaraing laban sa banal na pagtatakda at nagpapakita ng pagkagalit sa kung anuman ang nakasulat para sa iyo.

Huwag malungkot, sapagkat ang pagdadalamhati ay hindi makapagpapabalik sa bagay na nawala o umalis sa iyo. Ito ay hindi makapagpapabangon sa patay, hindi ito makapagpapabago sa tadhana, o makapagbibigay ng anumang kapakinabangan.

Huwag malungkot, sapagkat ang kalungkutan ay madalas na galing sa demonyo at isang uri ng kawalang-pag-asa.

﴾Hindi baga Aming binuksan [ginawang maginhawa] ang iyong dibdib [O' Muhammad]? At Aming pinawi sa iyo ang pasan mong hirap, na nagpapabigat sa iyong likuran? At kayo ay ginawa Namin na kapuri-puri? Katotohanan! Ang kasunod ng [bawat] kahirapan ay kaginhawahan. Katotohanan, ang kasunod ng kahirapan ay kaginhawahan. Kaya't kung ikaw ay matapos na [sa iyong paghahanap-buhay o pinagkakaabalahan], ikaw ay tumindig sa pagsamba kay Allah. At sa iyong Panginoon [mo lamang] ibaling [ang lahat mong pansin at pag-asa].﴿ *(Qur'an 94: 1-8)*

## *Habang ikaw ay may pananampalataya kay Allah, huwag malungkot*

Ang pananampalataya kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay tungo sa kaligayahan at kapayapaan, samantalang ang kawalan ng pananampalataya ay tungo sa kalituhan at kahirapan. Ako ay nakabasa tungkol sa maraming matatalinong tao na may natatanging uri, ang iba ay maaaring matawag na mga henyo, (ngunit) henyo man sila, ang kanilang puso ay ulila sa liwanag ng patnubay. At dahil sa gayon, sila ay nagsasalita ng masasamang salita tungkol sa *Shari'ah* (Batas Islamiko). Ito ang dalawang halimbawa na pumapasok sa isipan: Si Abu Al-Ulaa Al-Ma'arri ay nagsabi tungkol sa *Shari'ah*, "Ang pagkakasalungatan, tungkol dito, wala tayong magagawa maliban sa manatiling tahimik." Ang pangalawa ay ang salitain ni Ibn Seena, "Ang elemento na nakakaimpluwensya sa kalikasan ay ang aktibong katalinuhan."

Akin ngang naalaman na sa (gayong) antas, ang sinuman na may pananampalataya sa kanyang puso ay siyang magiging maligaya. Ang mas higit na pangkasalukuyang salitain, na nakakatulad sa kahulugan ng dalawa sa itaas, ay ang bunga ng masasamang salita noong unang panahon na sinalita ni Fir'aun (Paraon).

﴾Si Fir'aun [Paraon] ay nagsabi: 'O mga pinuno! Wala akong alam na diyos para sa inyo maliban sa aking sarili...'﴿ *(Qur'an 28: 38)*

﴾Si Paraon ay nagsabi: 'Ako ang inyong panginoon, ang kataas-taasan.'﴿ *(Qur'an 79: 24)*

Si James Allen, ang may-akda ng *How Man Thinks*, ay nagsabi:

> "Ang tao ay sasapit na makakaalam na sa bawat oras na nagbabago ang kanyang mga opinyon at isipin tungkol sa mga bagay at sa ibang tao, yaong magkatulad na gayong mga bagay at

mga tao, sa kanilang bahagi ay magbabago rin... Ipagpalagay na ang isa ay nagbago ng kanyang iniisip, at tayo ay mamamangha na matutuhan kung gaano kabilis ang estado (o kalagayan) ng kanyang materyal na buhay ay nababago. Samakatuwid, ang sagradong bagay na humubog sa ating mga layunin ay ang ating sarili."

Tungkol naman sa maling pag-iisip at ang mga epekto nito, si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Datapuwa't napag-akala ninyo na ang Sugo at ang mga sumasampalataya ay hindi na kailanman makababalik sa kanilang mga pamilya, at ito ay naghatid ng kasiyahan sa inyong puso, at kayo ay nag-isip nang masamang pagpapalagay, sapagkat kayo ay mga walang halagang tao na tutungo sa pagkawasak.﴿ *(Qur'an 48: 12)*

﴾At sila ay ginigiyagis ng [kanilang] maling hinala kay Allah [na salat sa katotohanan], - sa sapantaha ng kawalang-muwang, na nagsasabi: 'Mayroon ba kaming kinalaman [na aming nagawa] sa ganitong pangyayari?' Ipagbadya [O' Muhammad]: 'Katotohanan, ang bagay [pangyayari] na ito ay ganap na nasa pag-aangkin ni Allah.'﴿ *(Qur'an 3: 154)*

Si James Allen ay nagsabi rin:

"Ang lahat-lahat nang naisakatuparan ng isang tao ay tuwirang bunga ng kanyang personal na pag-iisip... At ang tao ay may kakayahan na makapagwagi at makapagtamo ng kanyang mga nilalayon sa pamamagitan ng kanyang pag-iisip; siya ay mananatiling mahina at malungkot kung siya ay tatanggi na tanggapin ito."

Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagsabi sa tunay na determinasyon at tamang pag-iisip:

﴾At kung sila ay [tunay] na nagnanais na sumama [sa labanan], katiyakang sila ay gagawa ng ilang paghahanda para rito, datapuwa't

si Allah ay tutol na sila ay isugod, kaya't Kanyang ginawa na maiwan sila...﴿ *(Qur'an 9: 46)*

﴾Kung si Allah ay nakaalam man lamang ng anumang mabuti sa kanila, tunay Niyang magagawa na sila ay makinig...﴿ *(Qur'an 8: 23)*

﴾Batid Niya ang nasa kanilang puso at Siya ang nagpapanaog ng katahimikan [at kapanatagan] sa kanila at Kanyang ginantimpalaan sila ng abot-kamay na Tagumpay...﴿ *(Qur'an 48: 18)*

## *Huwag magdalamhati sa mga walang halaga sapagkat ang buong mundo ay walang halaga*

Isang matuwid na tao ang minsan nang inihagis sa kulungan ng leon, at si Allah ay nagligtas sa kanya sa mga kuko nito. Sa huli, siya ay tinanong, "Ano ang iyong naiisip sa oras na yaon?" Siya ay nagsabi, "Ako ay nagsasaalang-alang sa laway ng leon, - kung ito ay itinuturing ng mga pantas na dalisay o hindi dalisay (alalaong baga, kung ako ay mamamatay, ako ba ay nasa kalagayan ng kadalisayan o hindi)."

Si Allah ay naglarawan sa kanila na kasama ng Propeta (saws) ng ayon sa kanilang intensyon:

﴾Sa lipon ninyo ay mayroong nagnanais sa mundong ito, at ang iba ay naghahangad sa Kabilang Buhay.﴿ *(Qur'an 3: 152)*

Si Ibn Al-Qayyim ay bumanggit na ang halaga ng tao ay nasusukat ayon sa kanyang determinasyon at kanyang mga layunin. Isang matalinong tao ang minsang nagsabi ng mga salita na may gayunding epekto:

> "Ipaalam mo sa akin ang determinasyon ng isang tao at sasabihin ko sa inyo kung anong uri ng tao siya."

Isang barko ang lumubog sa dagat, at ang isang sumasamba ay inihagis sa tubig. Siya ay nagsimulang magsagawa ng ablusyon (o paghuhugas bago ang pagdarasal), isang bisig ang una at matapos ang isa pa. Nagawa niyang makalapit sa dalampasigan at siya ay naligtas. Siya ay tinanong tungkol sa ablusyon at bakit niya ginawa ito, sa gayon siya ay tumugon, "Ninais ko na magsagawa ng ablusyon upang ako ay mamamatay sa kalagayan ng kadalisayan."

Si Imam Ahmad, sa sandali ng matinding kirot ng kamatayan, ay tumuturo sa kanyang balbas habang ang iba ay nagsasagawa ng ablusyon para sa kanya, na nagpapaala-ala sa kanila na huwag kaligtaan ang anumang bahagi.

﴾Kaya't ibinigay ni Allah sa kanila ang gantimpala sa mundong ito at ang pinakamainam na gantimpala sa Kabilang Buhay.﴿

*(Qur'an 3: 148)*

Huwag magdalamhati kung ikaw ay pinakitaan ng lantad na pagkapoot, sapagkat kung ikaw ay magpapatawad at lilimot, iyong makakamtan ang pagkamaringal sa mundong ito at karangalan sa kabilang buhay.

﴾Datapuwa't sinumang magpatawad at makipagkasundo, ang kanyang gantimpala ay mula kay Allah.﴿ *(Qur'an 42: 40)*

Si Shakespeare ay nagsabi ng mga salita na may gayon ding epekto:

> "Huwag mong sindihan ng labis ang iyong pugon para sa iyong kaaway upang ang iyong sarili ay hindi mo masunog ng lagablab."

Ang isa ay nagsabi kay Saalim ibn Abdullah ibn Umar, isang pantas sa mga unang henerasyon ng Muslim, "Ikaw ay isang masamang tao." Siya ay kagyat na tumugon, "Walang ibang nakakakilala sa akin maliban sa iyo."

Isang tao ang nagsabi sa pasalakay na pananalita kay Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

> "Sa (Ngalan) ni Allah, ikaw ay susumpain ko ng mga gayong sumpa na papasok na kasama mo sa iyong libingan." Siya (Abu Bakr) ay mahinahong sumagot, "Hindi, ngunit ito ay papasok na kasama mo sa iyo (ring libingan)."

At ang isa ay nagsabi kay Amr ibn Al-Aas,

> "Itutuon ko ang aking sarili sa pagtataguyod ng digmaan laban sa iyo." Si Amr ay tumugon, "Ngayon, ikaw ay nahulog sa anumang sinundan ng lahat ng iba pa, at ito ay papasok sa iyong pinagkakaabalahan (alalaong baga, kahirapan o kalungkutan)."

Si Heneral Eisenhower ay minsang bumulalas:

> "Huwag nating sayangin ang isang minuto ng pag-iisip sa kanya na hindi natin minamahal."

Ang lamok ay nagsabi sa punongkahoy:

> "Manatiling matatag, sapagkat ako ay nagnanais na lumipad na palayo at iwan ka." Ang punongkahoy ay sumagot, "Sa (Ngalan) ni Allah, hindi ko naramdaman ang iyong pagdapo sa akin! Kung gayon, paano ko mararamdaman kung ikaw ay lumipad nang palayo."

Si Hatim ay nagsabi:

> "Pinatatawad ko siya na mapagbigay kung kanyang tinitipid ang ilan sa kanyang kayamanan, at ako ay lumalayo sa mga sumpa ng (isa) na labis na isinumpa."

﴾At sila na hindi sumasaksi sa kabulaanan [o kasinungalingan], at kung sila ay napaparaan [nang malapit] sa masamang pag-uusap, sila ay dumaraan doon ng may dangal.﴿ *(Qur'an 25: 72)*

﴾At kung ang mga luku-luko [ignorante] ay nangungusap sa kanila [nang masasamang salita], sila ay sumasagot sa pangungusap ng salita ng kapayapaan.﴿ *(Qur'an 25: 63)*

Si Confucius ay nagsabi:

"Ang nagagalit na tao ay lagi nang hitik sa lason."

Isang tao ang nagtanong sa Propeta (saws) na bigyan siya ng payo nang tatlong ulit. Siya (saws) ay sumagot sa bawat oras: "*Huwag magalit.*"

Ang Propeta (saws) ay nagsabi tungkol sa pagkagalit sa sumusunod na *hadith*: "*Ang galit ay isang baga mula sa apoy.*"

Ang demonyo ay nakapapanaig sa tao sa tatlong pagkakataon: kung siya ay nagagalit, kung siya ay nakadarama ng kalaswaan, at kung siya ay nasa kalagayan ng pagkalimot.

## *Ganito kung paano ang mundo*

Si Marcus Aurelius, ang isa sa higit na matalino sa mga Romanong Emperador, isang araw ay nagsabi:

"Ngayon, ako ay hindi haharap sa mga tao na lubhang maraming sinasabi, na makasarili, kasuklam-suklam, at minamahal lamang nila ang kanilang sarili. Gayunman, ako ay hindi maiinis o matataranta sa kanila, sapagkat hindi ko iniisip na ang natitira pang bahagi ng mundo (o ang buong mundo) ay naiiba (sa kanila)."

## *Magsumikap upang makatulong sa iba*

Si Aristotle ay nagsabi:

> "Ang huwarang tao ay siya na nakadarama nang pagkalugod sa pagsisilbi sa iba, at nahihiya kung ang iba ay gumagawa ng mga bagay-bagay para sa kanya, sapagkat ang pagpapamalas ng pagkahabag ay isang tanda ng pagiging mataas, samantalang ang pagtanggap nito ay isang tanda ng pagkabigo."

Ang higit na maigsi at tuwiran ay ang sumusunod na *hadith*:

"*Ang Mataas na Kamay ay higit na mainam kaysa sa Mababang Kamay.*"

Ang mataas na kamay ay tumutukoy sa kamay na nagbibigay, at ang mababang kamay ay tumutukoy sa tumatanggap na kamay.

## Huwag madama na pinagkakaitan habang ikaw ay may pan (o pandeunan) ng tinapay, isang baso ng tubig at damit sa iyong likuran

Isang marino ang nawala sa dagat, at nanatiling nawawala sa loob ng dalawampu't isang araw. Nang siya ay mailigtas, ang isa ay nagtanong kung ano ang pinakadakilang aral na kanyang nakuha sa kanyang karanasan. Siya ay sumagot:

> "Ang pinakamalaking aral na aking natutuhan doon ay yaong kapag ikaw ay mayroong sariwang tubig at sapat na pagkain, hindi ka marapat na magreklamo."

Sinasabi na, "Ang buhay sa kabuuan nito ay isang subo ng pagkain at isang inom ng tubig. Ang ano mang sobra rito ay kalabisan."

Si Jonathan Swift ay nagsabi na ang pinakamagagaling na doktor sa mundo ay sila na "doktor ng tumpak na pagdidiyeta", "doktor ng pamamahinga", at "doktor ng kaligayahan..."

Ang dahilan sa likod ng kumento (o puna) ni Swift ay yaong ang katabaan ay isang masisising karamdaman na siyang nagiging sanhi upang ang antas ng katalinuhan ay mabawasan. Samantala, ang pamamahinga, pagiging katamtaman at kaligayahan ay mga nakasisiyang anyo ng panustos (o pagkain) para sa isipan, puso, at kaluluwa.

## *Ang mga biyaya na nagkukubli*

Si Dr. Samuel Johnson ay nagsabi:

> "Ang gawi (o ugali) nang pagtingin sa makislap na bahagi ng bawat pangyayari ay higit na mahalaga kaysa sa pagkakaroon ng malaking kinita."

﴾Hindi baga nila namamasdan na sila [mga Munafik o mapagkunwari] ay sinusubukan, minsan o makalawa sa bawat taon [sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng kapinsalaan, mga sakit, pagkagutom at kasiphayuan], magkagayunman, sila ay hindi nagbabalik-loob sa pagtitika, gayundin, sila ay hindi natututo ng aral [mula rito].﴿ *(Qur'an 9: 126)*

Ang isa sa ating banal na sinundang henerasyon ay nagsabi sa isa:

> "Katotohanang nakikita ko sa iyo ang mga tanda ng mga biyaya, at ang aking payo sa iyo ay saraduhan mo ang iyong mga biyaya at panatilihin (mo) itong ligtas sa pagiging mapagpasalamat."

﴾At [gunitain] nang ipahayag ng inyong Panginoon sa madla: 'Kung kayo ay may utang na loob ng pasasalamat [sa pamamagitan ng pagtanggap sa Pananalig at pagsamba lamang kay Allah], kayo ay higit Kong pagkakalooban [ng Aking mga Biyaya], subalit kung kayo ay walang pasasalamat [alalaong baga, hindi sumasampalataya], katotohanan, ang Aking parusa ay tunay na matindi.﴿ *(Qur'an 14: 7)*

﴾At si Allah ay nagtanghal ng halimbawa ng isang pamayanan [Makkah] na naninirahan nang panatag at may kasiyahan; ang mga panustos na kabuhayan ay dumarating dito nang sagana mula sa lahat ng lugar, datapuwa't ito [ang pamayanan] ay nagtatwa sa mga Pagpapala [Kagandahang-Loob] ni Allah [sa kawalan ng damdamin ng pasasalamat]. Kaya't hinayaan ni Allah na lasapin nito ang matinding gutom [salot] at pangamba dahilan sa kanilang ginagawang kasamaan [alalaong baga, ang pagtatakwil kay Propeta Muhammad].﴿ *(Qur'an 16: 112)*

## *Ikaw ay nilikha na natatangi*

Si Dr. James Gordon Gilkee ay nagsabi:

> "Ang malagay sa alanganin nang pamimili na makamtan ang iyong sariling identidad (pagkatao) ay kasingluma na katulad ng simula ng kasaysayan, at ito ay pangkaraniwan sa lahat ng buhay ng tao. Katulad din nito ang problema na ayaw mong angkinin na maging iyong sarili, na siyang pinanggagalingan ng lubhang maraming personal na di pagiging timbang at kaguluhan."

Ang isa pa ay nagsabi:

> "Ikaw ay isang natatanging entidad (katauhan) sa lipon ng mga nilikha; walang sinuman ang eksaktong katulad mo, gayundin, ikaw ay hindi eksaktong katulad ng anupaman, sapagkat ang Manlilikha ay nagdala ng pagkakaiba-iba sa mga nilikha."

﴾Katotohanan, ang inyong mga pagsusumikap at mga gawa ay magkakaiba [may tumpak at may mali].﴿ *(Qur'an 92: 4)*

Si Angelo Battero ay sumulat ng labingtatlong aklat at libu-libong artikulo na may kaugnayan sa paksa ng edukasyon ng bata. Siya ay minsang sumulat:

> "Wala ng iba ang higit pang malungkot kaysa sa kanya na lumaki na wala sa kanyang sariling [kaangkinan], na lumalaki na nanggagaya sa iba sa hitsura at kaisipan."

﴾Siya [Allah] ang nagpapamalisbis ng tubig [ulan] mula sa alapaap at ang mga lambak ay dinadaluyan ng tubig ayon sa kanilang sukat...﴿
*(Qur'an 13: 17)*

Ang bawat tao ay mayroong sariling mga kaugalian, mga talento, at mga kakayahan, kaya't walang sinuman ang marapat na magsanib ng kanyang personalidad (katauhan) sa iba (pang tao).

Walang alinlangan, ikaw ay nilikha na may natatakdaang pamamaraan at kakayahan na makatutulong sa iyo na maisakatuparan ang mga napakatangi at nalilimitahang layunin. Dito ay inilagay ng may katalinuhan: Basahin ang iyong sarili at alamin ang iyong sarili; iyo ngayong malalaman kung ano ang iyong misyon sa buhay.

Si Emerson ay nagsabi sa kanyang sanaysay tungkol sa pagtitiwala sa sarili:

> "Ang panahon ay darating na ang karunungan ng tao ay makakaabot sa antas kung saan ang kanyang pananalig ay magiging gayon, na ang pagkainggit ay kamangmangan at ang panggagaya ay pagpapakamatay. At ang isa ay tatanggap sa kanyang angking sarili, kung sino siya, kahit na ano pa ang mga pangyayari, sapagkat ito ang kanyang bahagi. Gayundin, sa kabila ng katotohanan na ang mundo ay batbat ng mabubuting bagay, walang maisasakatuparan na anuman ang sinuman hanggang sa siya ay magtanim at mag-alaga sa lupa na ipinagkaloob sa kanya. Ang mga kubling lakas na nasa loob niya ay hindi bago sa mundo, at hindi niya nababatid ang abot ng kanyang mga kakayahan hangga't hindi niya ito sinusubukan."

﴾At ipagbadya [O' Muhammad]: 'Magsigawa kayo! Si Allah ay magmamasid ng inyong mga gawa at [sa Araw ng Pagsusulit, ito ay matatambad] sa Kanyang Sugo at sa mga sumasampalataya.'﴿

*(Qur'an 9: 105)*

Pagnilay-nilayin ang mga talatang ito:

﴾Ipagbadya: 'O' Aking mga alipin na nagkasala laban sa kanilang sarili [sa pamamagitan nang paggawa nang masasamang asal at kasalanan]! Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah; sapagkat katotohanang si Allah ay nagpapatawad ng lahat ng kasalanan. Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.'﴿ *(Qur'an 39: 53)*

﴾At yaong [mga tao] na kung sila ay nakagawa ng Fahisha [matinding kasalanan tulad ng pangangalunya o pakikiapid, atbp.] o nagpalungi ng kanilang sarili sa kasamaan, ay nakakaala-ala kay Allah at humihingi ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan; - at sino pa ba kaya ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban kay Allah?, - at hindi nagpupumilit na ipagpatuloy ang kamalian na kanilang nagawa, at ito'y kanilang nababatid.﴿ *(Qur'an 3: 135)*

﴾At sinuman ang gumawa nang masama o nagbigay-kamalian sa kanyang sarili, at matapos ito, ay humanap ng kapatawaran ni Allah; kanyang matatagpuan na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.﴿ *(Qur'an 4: 110)*

﴾At kung ang Aking mga alipin ay magtanong sa iyo [O' Muhammad] tungkol sa Akin, kung gayon [sila ay inyong sagutin]: 'Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]; Ako ay tumutugon sa panawagan ng bawat nananawagan kung siya ay tumatawag sa Akin.' Hayaan ding sila ay tumalima sa Akin at manampalataya sa Akin; upang sila ay magsitahak sa tuwid na landas.﴿

*(Qur'an 2: 186)*

﴾Hindi baga Siya [higit na mainam sa inyong mga diyos], [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib kung siya ay naninikluhod sa Kanya, at Siya na nag-aalis sa kasamaan at gumawa sa inyo na mga tagapagmana ng kalupaan sa maraming henerasyon ng mga salit-saling lahi. [Mayroon pa bang] ibang diyos maliban kay Allah? Kakarampot lamang ang inyong naaala-ala?﴿ *(Qur'an 27: 62)*

﴾Ang [mga mapagkunwari] na nagsabi sa mga tao [na sumasampalataya]: 'Katotohanan, ang mga tao [mga pagano] ay nagtipun-tipon laban sa inyo [na malaking sandatahan], kung gayon, inyong katakutan sila.' Datapuwa't ito ay lalo [lamang] nagpasidhi sa kanilang Pananampalataya, at sila ay nagsabi: 'Si Allah [lamang] ay sapat na sa amin, at Siya ang Pinakamahusay sa Pag-aayos ng lahat ng pangyayari [sa amin].' Kaya't sila ay nagbalik na taglay ang Biyaya at Kasaganaan mula kay Allah. Walang anumang kapinsalaan ang sumaling sa kanila; at sila ay sumunod sa mabuting kaluguran ni Allah. At si Allah ang nag-aangkin nang Malaking Kasaganaan.﴿ *(Qur'an 3: 173-174)*

﴾'Ang aking [sariling] pangyayari [kahahantungan] ay inilalaan ko kay Allah; sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagmamasid sa Kanyang mga alipin.' Kaya't pinangalagaan siya ni Allah sa mga kasamaan na kanilang binalak...﴿ *(Qur'an 40: 44-45)*

## *Ang marami na sa hitsura ay nakapipinsala ay katotohanan na isang biyaya*

Si William James ay nagsabi:

> "Ang ating mga sagabal ay nakatutulong sa atin hanggang sa lawak na hindi natin kailanman inaasahan. Kung sina Dostoyevski at Tolstoy ay hindi nakapamuhay nang masakit na buhay, sila ay hindi magkakaroon ng kakayahan na maisulat

ang kanilang walang kamatayang babasahin (pahayagan). Kaya't ang pagiging isang ulila, bulag, mahirap, o malayo sa tahanan at kaginhawahan ay mga kundisyong lahat na maghahantong sa iyo sa pagtatamo (ng mithiin) at pagiging tangi, sa kaunlaran at sa naiambag (naibahagi)."

Isang makata ang nagsabi:

*Si Allah ay makapaggagawad ng*
*Kanyang mga biyaya sa pamamagitan*
*ng mga pagsubok na maliit o malaki,*
*At ang ilan ay inilalagay sa pagsubok sa pagbibigay sa kanila ng*
*Kanyang mga biyaya.*

Kahit na nga ang mga anak at kayamanan ay maaaring maging sanhi ng kalungkutan (o kahirapan):

﴿Kaya't huwag hayaan ang kanilang kayamanan o mga anak ay makintal sa iyong isipan [O' Muhammad]. Si Allah ay nagnanais lamang na sila ay parusahan sa pamamagitan nito [alalaong baga, ang kanilang kayamanan o mga anak] sa buhay sa mundong ito...﴾

*(Qur'an 9: 55)*

Nang siya ay malumpo, si Ibn Atheer ay nabigyan ng pagkakataon na matapos ang kanyang dalawang bantog na aklat, *Jam'ey al-Usool* at *An-Nihayah.* Si As-Sarakhsi ay nakapagsulat ng kanyang mabunying aklat, na *Al-Mabsoot,* sa lahat-lahat ay labinglimang bolyum (set ng aklat), habang siya ay nakapiit sa ilalim ng balon.

Si Ibn Al-Qayyim ay nakapagsulat ng *Zaad al-Ma'ad* habang naglalakbay na nakasakay sa hayop; Si Al-Qurtubi ay nakapagsulat ng komentaryo sa *Saheeh Muslim* habang naglalakbay sa barko; ang karamihan sa *Fataawa* ni Ibn Taymiyah ay naisulat habang siya ay nasa piitan.

Ang mga pantas ng *hadith* ay nakapagtipon ng daan-daan at libu-libong *ahaadeeth* (mga *hadith*): sila ang mga tao na mahihirap, mga tao na banyaga sa salitang 'tahanan'. Isang matuwid na tao ang nagbigay-alam sa akin na siya ay nabilanggo ng ilang panahon, at sa panahon ng kanyang pagkapiit, kanyang naisaulo ang buong Qur'an at nakapag-aral ng apatnapung malalaking bolyum (set ng aklat) tungkol sa Islamikong pambabatas.

Si Abu Al-Ulaa ay nagdikta ng kanyang mga aklat sa iba sapagkat siya ay bulag. Si Taha Hussain ay nawalan ng paningin, at magmula noon, siya ay nagsimulang magsulat ng kanyang mga kinikilalang pahayagan at mga aklat. Maraming matatalinong tao, na nang matanggal sa kanilang posisyon o trabaho ay nakapag-ambag sa mundo sa karunungan at kaisipan nang higit na marami kaysa sa una nilang nagawa sa kanilang buhay.

Si Francis Bacon ay nagsabi:

> "Ang kaunting pilosopya ay nakagagawa sa isa na humilig tungo sa kawalan ng pananampalataya, at ang pagsasaliksik ng pilosopya ay nakapaghahantong sa isipan na mapalapit sa relihiyon."

﴾At ang ganitong mga halimbawa [paghahambing] ay Aming inihantad sa mga tao, datapuwa't walang makatutukoy ng kanilang kahulugan maliban lamang sa may karunungan [tungkol kay Allah at sa Kanyang mga Tanda].﴿ *(Qur'an 29: 43)*

﴾Ang tunay na nangangamba lamang kay Allah sa Kanyang mga alipin ay yaong may karunungan.﴿ *(Qur'an 35: 28)*

﴾At yaong nagawaran ng karunungan at pananalig ay magsasabi: 'Katotohanang kayo ay nanatili ayon sa Pagtatakda ni Allah hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay...'﴿ *(Qur'an 30: 56)*

﴾Ipagbadya sa kanila [O' Muhammad]: 'Kayo ay Aking pinaaalalahanan, sila ay hindi nagsitanggap maging ng ikasampung bahagi [1/10] ng mga iginawad Namin sa kanila [noong una]; datapuwa't sila ay nagpabulaan sa Aking mga Sugo, kaya't [pagmasdan] kung gaano katindi ang Aking kaparusahan!'﴿

*(Qur'an 34: 46)*

Si Dr. A. A. Brill ay nagsabi:

> "Ang tunay na nananampalataya ay hindi kailanman mapapahirapan ng karamdaman sa utak."

﴾Katotohanang sila na sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah at naniniwala sa Kanyang Sugong si Muhammad] at gumagawa ng mga kabutihan, ang Pinakamahahabagin [Allah] ay magkakaloob ng pagmamahal sa kanila [sa puso ng mga sumasampalataya].﴿

*(Qur'an 19: 96)*

﴾Sinuman ang gumagawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay isang sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah], katotohanan, sa kanya ay igagawad Namin ang isang mabuting buhay [sa mundong ito], at katiyakan na Aming babayaran sila ng gantimpala ng ayon sa pinakamainam sa kanilang ginawa [ang Paraiso sa Kabilang Buhay].﴿ *(Qur'an 16: 97)*

﴾At katotohanang si Allah ang Patnubay ng mga sumasampalataya sa Matuwid na Landas.﴿ *(Qur'an 22: 54)*

## *Ang pananampalataya ang pinakamalaking lunas!*

Ang isa sa pangunahing eksperto sa sikolohiya ng ating panahon na si Dr. Carl Jung ay bumanggit sa pahina 264 ng kanyang aklat na *The Modern Man in Search of Spirit* ng:

"Sa loob ng huling tatlumpung taon, ang mga tao sa lahat ng panig ng mundo ay pumarito sa akin upang humingi ng payo. Aking ginamot ang daan-daang pasyente at ang karamihan sa kanila ay nasa katanghaliang-gulang. Ang problema sa bawat isa sa kanila ay nagbabalik sa isang isyu (paksa o suliranin), - paghanap ng pagpapakanlong sa relihiyon, at sa paggawa ng gayon, ay nakagawa na magkaroon ng perspektibo o pananaw sa buhay. Makatwiran kong masasabi na ang bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng karamdaman sapagkat kanilang naiwala (o hindi nai-aplay) ang maibibigay ng relihiyon sa nananampalataya. At ang isa na hindi nagpapaunlad ng tunay na pananampalataya ay hindi gagaling."

﴿At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala [alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito], katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan...﴾ *(Qur'an 20: 124)*

﴿Kami [Allah] ay maghahasik ng lagim [takot] sa puso ng mga hindi sumasampalataya sapagkat sila ay nagtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah...﴾ *(Qur'an 3: 151)*

﴿... Kadiliman na patung-patong, kung ang isang tao ay mag-uunat ng kanyang kamay, hindi niya ito mababanaagan! At siya na hindi ginawaran ni Allah ng liwanag, sa kanya ay walang magiging liwanag.﴾ *(Qur'an 24: 40)*

## Huwag mawalan ng pag-asa

Si Allah ay tumutugon sa dasal ng hindi nananampalataya na nasa kaguluhan (o kahirapan); kaya't gaano pa kaya ang maaasahan ng Muslim na hindi nag-aakibat ng mga katambal sa Kanya? Si Mahatma Ghandi, marahil, ay pangalawa lamang kay Buddha sa India, ay nasa bingit na ng pagkadulas kung hindi lamang sa kanyang

pagdedepende sa katatagan ng pagdarasal. At paano ko malalaman ito? Sapagkat siya sa kanyang sarili ay nagsabi, "Kung hindi ako nagdasal, maaaring noon pa ay naging baliw na ako sa mahabang panahon." Ito ang epekto ng dasal, at si Ghandi ay hindi man isang Muslim. Hindi na kailangan pang itanong, ang kanyang kahuwaran (maling pananampalataya) ay napakalaki, datapuwa't ang nakapagpapanatili sa kanya na magpatuloy ay yaong siya ay naroon sa landas.

﴾At kung sila ay nakasakay sa barko, sila ay naninikluhod kay Allah, na [sila] ay matapat sa Kanya sa pananampalataya [alalaong baga, sa pananalig at pag-asa]. Datapuwa't kung sila ay maisadsad na Niya nang ligtas [sa tuyong] lupa, [pagmasdan], kapagkaraka, sila ay nag-aakibat ng iba pang [mga diyos] sa Kanya!﴿ *(Qur'an 29: 65)*

﴾Hindi baga Siya [higit na mainam sa inyong mga diyos], [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib kung siya ay naninikluhod sa Kanya...﴿ *(Qur'an 27: 62)*

﴾At ang malalaking alon ay pumaligid sa kanila, at nang napag-akala nila na sila ay lalagumin na [ng dagat], ay pinanikluhuran nila si Allah nang matapat at tangi lamang sa Kanya, na nagsasabi: 'Kung kami ay Inyong ililigtas, kami ay tunay na tatanaw ng utang na loob ng pasasalamat.'﴿ *(Qur'an 10: 22)*

Sa kabila nang masinsinang pananaliksik sa pamamagitan ng talambuhay ng mga pantas na Muslim, mga mananalaysay na Muslim, mga manunulat na Muslim, bilang isang pangkat, nabigo ako na matagpuan kahit na ang isa sa kanila na nahulog sa pagkasila ng pagkabalisa, kalituhan, at sa mga karamdaman ng isipan. Ang dahilan ay sapagkat sila ay namuhay sa kapayapaan at katahimikan, at sila ay nakapamuhay sa buhay na hindi kumplikado na malayo sa lahat ng anyo ng pagkaapekto.

﴾Datapuwa't sila na mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan at nananalig sa kapahayagan na ipinanaog kay Muhammad, - sapagkat ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon, ay papawiin Niya sa kanila ang kanilang mga kasalanan at pagdurusa at pag-iibayuhin Niya ang kanilang kalagayan na maging mainam.﴿ *(Qur'an 47: 2)*

Pagnilay-nilayin ang sumusunod na pahayag ni Ibn Hazim:

> "Mayroon lamang na isang araw na nagbubukod sa mga hari at sa akin. At tungkol sa kahapon, ang kanilang panlasa dito ay naglaho na, at parehong sila at ako ay magkapantay na nangangamba kung ano ang dadalhin ng bukas. Kaya't mayroon lamang ng ngayon. At ano ang dadalhin ng ngayon?"

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*O' Allah, ako ay humihingi sa Inyo ng kabutihan sa araw na ito: sa mga biyaya, tagumpay, liwanag at patnubay nito.*"

﴾O' kayong nagsisisampalataya! Magsipag-ingat kayo [sa pamamagitan nang paghahanda]...﴿ *(Qur'an 4: 71)*

﴾At pagtagubilinan siya na maging maingat at huwag hayaan ang sinuman ay makakilala sa inyo.﴿ *(Qur'an 18: 19)*

﴾At sila ay hindi nagsasabi ng anuman maliban sa: 'Aming Panginoon! Patawarin Ninyo ang aming mga kasalanan at ang aming paglabag [sa mga tungkulin namin sa Inyo], patatagin Ninyo ang aming mga paa at Inyong pagkalooban kami ng tagumpay laban sa mga hindi nananampalataya.'﴿ *(Qur'an 3: 147)*

## *Huwag malungkot, — ang buhay ay higit na maigsi kaysa sa iyong inaakala*

Si Dale Carnegie ay nagsalaysay ng istorya ng isang tao na mayroong ulser na naging malubha hanggang sa mapanganib na antas. Ang mga doktor ay nagbigay-alam sa kanya na siya ay mayroon na lamang kaunting panahon na nalalabi para mabuhay. Kanilang ipinahiwatig sa kanya na mas mabuti para sa kanya ang gumawa ng pagsasaayos sa (kanyang) libing. Walang abug-abog, si Hani, ang pasyente, - ay gumawa ng biglaang desisyon. Kanyang naisip sa kanyang sarili na kung siya ay mayroon na lamang ng gayong kaigsing panahon upang mabuhay, bakit hindi niya gamitin ito upang ganap na maging masaya? Iniisip niya, "Gaano kadalas na nagnais ako na maglakbay sa buong mundo bago ako mamatay. Katiyakang ito na ang pagkakataon upang matupad ang aking mga pangarap." Bumili siya ng kanyang tiket at nang malaman ng mga doktor ang kanyang mga plano, sila ay nabigla. Sila ay nagsabi sa kanya, "Kami ay matibay na tumututol sa iyo at nagbababala sa iyo: Kung ipagpapatuloy mo ang iyong paglalakbay na ito, ikaw ay malilibing sa kailaliman ng karagatan." Ang kanilang pagtatalo ay walang kinasapitan at siya ay sumagot lamang, "Hindi, walang anuman ang mangyayari. Ako ay nangako sa aking mga kamag-anak na ako ay magbabalik upang mailibing sa libingang-lupa ng pamilya."

Kaya't sinimulan niya ang kanyang paglalakbay ng kasayahan at kagalakan. Siya ay sumulat sa kanyang asawa na nagsasabi, "Ako ay kumain ng pinakamasarap sa mga pagkain sa barkong pangliwaliw. Ako ay bumasa ng tulain, at ako ay kumain ng malalasa at matatabang pagkain na hanggang ngayon ay aking iniiwasan. Ako ay nasiyahan sa buhay sa kahabaan ng panahong ito nang higit sa aking nadama sa aking nakaraang buong buhay."

Si Dale Carnegie ay nag-angkin na ang tao ay gumaling sa kanyang karamdaman at ang nakapagpapasiglang landas na kanyang tinahak ay isang (landas) na matagumpay na nakatalo sa sakit at kirot.

Ang moral (na aral): ang kaligayahan, pagkamasayahin, at pagkamahinahon ay higit na madalas na mabisa kaysa sa mga tabletas ng doktor.

## *Hangga't ikaw ay may taglay ng pangunahing pangangailangan sa buhay, — huwag malungkot*

﴾At hindi ang inyong mga kayamanan o mga anak na lalaki ang magdadala sa inyo upang mapalapit kayo sa Amin; nguni't sila lamang na sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah at sa Islam] at nagsisigawa ng kabutihan; sila ang gagantimpalaan nang marami [o ng dalawang] ulit dahilan sa kanilang ginawa, at sila ay malalagay sa matataas na mga silid [ng Paraiso], na ligtas at napapangalagaan.﴿

*(Qur'an 34: 37)*

Si Dale Carnegie ay nagsabi:

> "Ang tala (o istatistika) ay nagpatibay na ang bigat (ng buhay) at pagkabalisa ay ang pinakapangunahing mamamatay-tao sa Amerika. Bilang naging bunga ng nakaraang digmaang pandaigdig, ang ikatlong bahagi ng aming isang milyong sundalo ay napatay. Sa parehong (sukat) ng panahon, ang sakit sa puso ang sanhi ng dalawang milyong kamatayan. At mula sa huling pangkat na ito, ang bigat (ng buhay), pagkabalisa, ang pagkakaroon ng higpit ng nerbiyos, ay ang pinagbuhatan ng karamdaman ng isang milyong tao."

Oo, ang sakit sa puso ang isa sa mga pangunahing dahilan upang si Dr. Alexis Carlyle ay dagliang magsabi:

"Ang mga nagtatrabahong tao na hindi nakakaalam kung paano tutugunan ang bigat (ng buhay) ay mamamatay ng wala sa panahon (alalaong baga, higit na mas maaga)."

Kahit na nga ang katwiran at lohika na nakagawa kay Carlyle na dagliang magsabi ng ganito ay kapani-paniwala, marapat pa rin nating gunitain ang:

﴾At walang sinuman ang maaaring mamatay maliban kung kapahintulutan ito ni Allah at sa natataningang araw.﴿ *(Qur'an 3: 145)*

Ang mga Amerikanong negro at mga Intsik ay bihirang mahulog sa pagkasila ng mga sakit sa puso. Sila ang mga tao na namumuhay ng buhay ng katahimikan at kahinahunan. Sa isang banda, iyong makikita na ang bilang ng mga doktor na namatay sa atake sa puso ay dalawampung beses na higit na marami sa bilang kaysa sa mga magsasaka na namatay sa magkatulad na sanhi. Ang mga doktor ay namumuhay ng mahirap at puno ng bigat na buhay, na dahil dito, sila ay nagbabayad ng mabigat na presyo.

## *Ang pagiging kuntento ay nakapagtataboy sa kalungkutan*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

*"Hindi tayo nagsasabi ng iba pa maliban lamang sa nakapagbibigay-lugod sa ating Panginoon."*

Nasa sa iyo ang sagradong tungkulin na isuko ang iyong sarili sa kung ano ang itinakda (noong pa mang una) sa iyo. Kung iyong matupad ang ganitong tungkulin, sa kalaunan ikaw ay magiging matagumpay.

Ang iyo lamang kaligtasan ay maniwala sa pagtatakda, sapagkat kung anuman ang naitakda na ay hindi maiiwasang mangyari.

Walang pagkukunwari o panlilinlang ang makapapangalaga sa iyo sa ganito.

Si Emerson ay nagsabi:

> "Saan nagmula ang ideya na dumating sa atin na nagsasabi na ang marangya at matatag na buhay, na malaya sa mga sagabal at kahirapan, ay nakagagawa nang masagana at mga dakilang tao? Ang kaso ay ganap na kabaligtaran. Yaong mga nasanay sa ugali na mamuhay ng magaang buhay ay magpapatuloy na higit pang paunlarin ang mga tamad na pag-uugali habang sila ay nagpapatuloy sa buhay. Ang kasaysayan ay nakakasaksi na ang kadakilaan ay nagsuko ng kanyang pamamahala sa mga tao na may iba't ibang pinag-ugatan (o karanasan). Mula sa mga pinag-ugatan (o karanasang) ito ay mga kapaligiran na kapwa mayroong mabuti at masama, o mga kapaligiran na kung saan ang mabuti o masama ay hindi mawatasan (o maibukod). At mula sa gayong mga kapaligiran ay nagsulputan ang mga lalaki (o mga tao) na nagpasan nang malaking pananagutan sa kanilang balikat na kahit minsan ay hindi nagtapon sa mga ito ng may pagpapabaya."

Sino sila na nagpasan ng bandila ng Banal o Makadiyos na patnubay sa mga unang araw ng Islam? Sila ang mga pinalayang alipin, mga mahihirap, at mga naghihikahos. At ang karamihan ng mga tao na tumindig ng may pagtutol laban sa kanila ay yaong mariringal, mga pinuno, at mayayaman.

﴾At kung ang Aming Malilinaw na mga Talata ay dinadalit sa kanila, sila na hindi sumasampalataya [ang mayayaman at malalakas sa lipon ng mga paganong Quraish na namumuhay sa kariwasaan at luho] ay nagsasabi sa mga sumasampalataya [ang mahihina, mga mahihirap na kasamahan ni Propeta Muhammad na naghihikahos sa buhay]: 'Alin sa dalawang pangkat [alalaong baga, ang mga sumasampalataya at hindi nananampalataya] ang pinakamainam ng kalagayan at katayuan [sa lipunan].'﴿ *(Qur'an 19: 73)*

﴾At sila [ang maaalwan, tangi na ang mga taga-Makkah] ay nagsasabi: 'Kami ay may higit na kayamanan at mga anak na lalaki [kaysa sa mga sumasampalataya], at kami ay hindi mapaparusahan.'﴿
*(Qur'an 34: 35)*

﴾Kaya't Aming sinubukan ang ilan sa kanila sa pamamagitan ng iba, upang sila [na mga hindi sumasampalataya] ay makapagsabi: 'Sila ba ang [mga dukhang sumasampalataya] na higit na biniyayaan ni Allah sa aming lipon? Hindi baga talastas na mabuti ni Allah kung sino ang mga may damdamin ng pasasalamat.'﴿ *(Qur'an 6: 53)*

﴾Ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi sa mga sumasampalataya: 'Kung ito [ang Qur'an, ang Islam] ay [tunay] na mabuti, hindi sila dapat na manguna sa amin tungkol dito!'﴿
*(Qur'an 46: 11)*

﴾Ang mga palalo ay nagsabi: 'Katotohanang kami ay hindi sumasampalataya sa inyong pinapanaligan.'﴿ *(Qur'an 7: 76)*

﴾At sila ay nagsasabi: 'Bakit kaya ang Qur'an na ito ay hindi ipinanaog sa ilang dakilang lalaki ng dalawang bayan [Makkah at Taif]? Sila baga ang naghahati-hati sa Habag ng iyong Panginoon.'﴿
*(Qur'an 43: 31-32)*

Madalas kong nagugunita ang mga talata ni Antara, kung saan niya itinatag na ang kanyang halaga ay nasa kanyang pag-uugali at mga gawa, at hindi sa kanyang lahi o mga kaugnayan. Siya ay nagsabi:

*Sa kabila ng pagiging alipin,*
*ako ay isang maringal na pinuno,*
*At sa kabila ng pagiging itim ang kulay,*
*ako ay may puting pag-uugali.*

## *Kung ikaw ay nawalan ng bisig, mayroon ka pang ibang (bahagi) na makapupuno nito*

Si Ibn Abbaas (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

*Kung si Allah ay mag-aalis ng liwanag sa aking mga mata,*
*Ang aking dila at mga tainga, magkagayunman,*
*ay mayroon pang liwanag,*
*Ang aking puso ay matalino at ang aking pag-iisip ay hindi baluktot,*
*At ang aking dila ay matalas na katulad ng espada ng isang mandirigma.*

Kung ang pinsala ay sumapit sa iyo, marahil ay mayroong pakinabang na kasama nito, isang pakinabang na hindi mo mapag-aakala.

﴾At maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan, ito ay mainam [makabubuti] sa inyo...﴿ *(Qur'an 2: 216)*

Si Bashhar ibn Burd ay nagsabi:

*Ang aking mga kaaway ay humahamak sa akin,*
*at ang depekto ay nasa kanila,*
*Hindi isang kawalang-karangalan ang matawag na may depekto.*
*Kung ang tao ay makakakita ng katapangan at katotohanan,*
*Ang pagkabulag ng mga mata ay hindi magiging sagabal.*
*Sa pagkabulag ako ay nakakakita ng mga gantimpala,*
*mga inimpok, at pangangalaga,*
*At para sa tatlong ito, ako ang mas higit na nangangailangan.*

Pagmasdan ang pagkakaiba sa pagitan ng kung ano ang sinabi ni Ibn Abbaas o Bashhar sa kung ano ang sinabi ni Saaleh ibn Abdul Quddoos nang siya ay maging bulag:

*Paalam na sa mundo, ang matandang lalaki na bulag*
*ay walang anumang bahagi sa buhay na ito.*
*Siya ay namatay at ang mga tao ay nagturing sa kanya*
*na (siya) ay nasa mga nabubuhay,*
*Ang mga maling pag-asa ay nagkaluno sa kanya mula sa simula.*

Ang lahat ng Makadiyos na pagtatakda ay darating na matupad, kapwa sa kanya na tumatanggap sa mga ito at sa kanya na nagtatakwil sa mga ito. Ang pagkakaiba ay yaong una ay makakatagpo ng gantimpala at kaligayahan samantalang ang huli ay makakatagpo lamang ng kasalanan at paghihirap.

Si Umar ibn Abdul-Aziz ay sumulat kay Maymoon ibn Mehran:

> "Ikaw ay sumulat sa akin upang ako ay paglubagin sa pagkawala ni Abdul-Malik. Sa ganitong bagay, ako ay noon pa naghihintay, at nang sa wakas ito ay maganap, ako ay walang agam-agam tungkol dito."

## Ang mga araw (maghapon) ay umiinog sa pagdadala ng mabuti at masama

Naisalaysay na noon, na si Imam Ahmad ay dumalaw kay Baqi ibn Mukhalid habang siya ay maysakit at nagsabi sa kanya:

> "O' Baqi, magalak ka sa gantimpala ni Allah. Ang mga araw ng kalusugan ay hubad sa karamdaman at ang mga araw ng karamdaman ay hubad sa kalusugan."

Ito ay nangangahulugan na sa panahon ng mga araw ng kalusugan, ang isa ay hindi kailanman nagmumuni-muni sa karamdaman, sapagkat ang mga balak at mga ambisyon ay

nadaragdagan, gayundin ang mga pag-asa at mga pagnanasa. Sa panahon ng mga araw ng matinding karamdaman, gayon pa man, ang isa ay nakakalimot sa mga bagay na may kinalaman sa panahon ng kalusugan; ang mahinang kawalan ng pag-asa ay nagkakampo sa loob ng may sakit na kaluluwa, kaya't ang kawalang pag-asa ay nananaig. Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagwika:

﴾At kung iginawad na Namin sa tao na lasapin ang Habag mula sa Amin, at matapos ay alisin sa kanya ito, katotohanang siya ay nawawalan ng pag-asa at walang utang na loob ng pasasalamat. Datapuwa't kung Aming hayaan siya na lasapin ang magandang biyaya, pagkaraang ang kasamaan [kahirapan at kasiphayuan] ay dumapo sa kanya, walang pagsala na siya ay magsasabi: 'Ang kamalasan at kasahulan ay lumisan sa akin.' Katotohanan, siya ay tandisang galak na galak at nagmamayabang [walang utang na loob ng pasasalamat kay Allah], maliban sa kanila na matitiyaga at gumagawa ng mga kabutihan, sila ang magkakamit ng kapatawaran at malaking gantimpala [Paraiso].﴿ *(Qur'an 11: 9-11)*

Sa pagkukomentaryo sa ganitong talata, si Ibn Katheer ay sumulat:

> "Si Allah ay naglalarawan sa tao at sa mababang katangian na siya (ang tao) ang naghahawak nito (maliban sa kanila na nananampalataya na ginawaran ni Allah ng Kanyang habag). Sa kalahatan, kung ang tao ay nadapuan ng kahirapan pagkaraan ng ginhawa, siya ay nawawalan ng pag-asa na makakakita pa siya ng anumang mabuti sa hinaharap; siya ay nagpapakita ng panghahamak sa nakaraan, - na wari bang kailanman ay hindi siya nakaranas nang mabubuting araw, - at nawawalan ng pag-asa sa hinaharap na wari bang hindi siya nakaranas kailanman ng saklolo at ginhawa."

May pagkakahawig sa kanyang pag-uugali kung siya ay nakakaranas ng ginhawa matapos ang kahirapan:

﴾Ang kamalasan at kasahulan ay lumisan sa akin.﴿ *(Qur'an 11: 10)*

O sa ibang mga salita: "Walang masama o hindi mabuti ang sasapit sa akin matapos ito."

﴾Katotohanan, siya ay tandisang galak na galak at nagmamayabang [walang utang na loob ng pasasalamat kay Allah].﴿ *(Qur'an 11: 10)*

﴾Maliban sa kanila na matitiyaga at gumagawa ng mga kabutihan, sila ang magkakamit ng kapatawaran at malaking gantimpala [Paraiso].﴿ *(Qur'an 11: 11)*

## *Maglakbay sa buong kalawakan ng kalupaan ni Allah*

Noon pa ay tumpak nang nasabi na ang paglalakbay ay nakapagpapaalis ng mga pagkabagabag. Inisa-isa ni Ramhumuzi sa kanyang aklat na *The Noble Scholar of Hadeeth* ang iba't ibang kapakinabangan ng paglalakbay para sa layunin ng paghahanap ng karunungan. Siya ay nagpapabulaan sa kanila na nag-iisip na walang tunay na pakinabang ang maaaring makuha sa pamamagitan ng paglalakbay sa kalupaan. Siya ay nagsabi:

> "Napakaraming pakinabang na maaaring makuha sa pagmamasid sa mga bagong lupain at mga bagong bahay, sa pagmamasid sa magagandang halamanan at bukirin, sa pagmamasid sa iba't ibang mukha at makasalamuha ang iba't ibang wika at kulay, at masaksihan ang mga kamangha-manghang bagay ng iba't ibang bansa. Ang kapayapaan na natatagpuan ng sinuman sa ilalim ng lilim ng malalaking punongkahoy ay hindi mapaparisan. Ang pagkain sa mga moske (*masjid* o bahay-dalanginan sa Islam), pag-inom sa mga batis, at pagtulog kung saan man makatagpo ng lugar kung dumatal na ang gabi, - ang lahat ng ito ay nagtatanim

ng kabaitan at pagpapakumbaba sa tao. Ang isang naglalakbay ay nakikipagkaibigan sa lahat ng kanyang minamahal alang-alang kay Allah at wala siyang dahilan upang mambola o maging artipisyal. Idagdag pa sa mga kapakinabangang ito ang lahat ng kaligayahan na nadarama sa puso ng naglalakbay kung siya ay makarating na sa kanyang patutunguhan, at ang pangingilig na kanyang nararanasan matapos na malampasang lahat ang mga balakid na nasa kanyang daan. Kung ang lahat ng tumututol na iwan ang kanilang tinubuang lupa ay nakakaalam ng lahat ng ito, kanilang matututuhan na ang lahat ng pang-indibidwal na mga kasiyahan ng mundo ay napagsasama-sama sa maringal na paglilibang ng paglalakbay. Wala ng iba pang higit na kasiya-siya sa isang naglalakbay kaysa sa magagandang tanawin at sa kamangha-manghang gawain na bahagi ng paglalakbay sa buong kalawakan ng kalupaan ni Allah. At ang isa na hindi naglalakbay ay napagkaitan ng lahat ng ito."

## Pagnilay-nilayin ang mga salitain ng Propeta

"*Kung minamahal ni Allah ang mga tao, sila ay Kanyang sinusubukan. Ang sinuman na nalulugod, para sa kanya ay mayroong kasiyahan, at sinuman ang nagagalit, nasa kanya ang pagkapoot.*"

"*Ang mga tao na higit na marahas na sinusubukan ay ang mga Propeta, na sinundan ng mga sumunod (na henerasyon) ng mga tao na siyang pinakamahusay pagkaraan nila. Ang tao ay sinusubukan ayon sa kanyang relihiyon. Kung ang kanyang relihiyon ay matatag sa kanya, ang kanyang pagsubok ay higit na matindi. Kung ang kanyang relihiyon ay mahina sa kanya, siya ay susubukan ayon sa antas ng kanyang relihiyon. Ang alipin (ni Allah) ay patuloy na susubukan hanggang sa siya ay iwanan na maglakad sa kalupaan na walang pagkakamali (upang ipagsulit ito).*"

"*Kamangha-mangha ang sitwasyon ng isang nananampalataya. Ang lahat ng kanyang mga bagay-bagay (gawain o pangyayari) ay mabuti (para sa kanya)! At ito ay para lamang sa nananampalataya. Kung mabuti ang sumapit sa kanya, siya ay mapagpasalamat, at ito ay mabuti para sa kanya. Kung ang pinsala ay sumapit sa kanya, siya ay matiyaga, at ito ay mabuti para sa kanya.*"

"*At maalaman na kung ang buong bansa ay magtipun-tipon upang magbigay sa iyo ng anumang mapapakinabang, makapagbibigay lamang sila ng kapakinabangan sa bagay na (noon pa) ay isinulat na ni Allah para sa iyo. At kung sila ay magtipun-tipon upang magbigay sa iyo ng anumang makapipinsala, makapagbibigay lamang sila ng kapinsalaan sa bagay na (noon pa) ay isinulat na ni Allah para sa iyo.*"

"*Ang matutuwid (na tao) ay susubukan: una, ang pinakamahusay sa kanila, at matapos ay ang susunod (na mahusay), at ang susunod pa.*"

"*Ang nananampalataya ay tulad ng isang maliit na sanga; ang hangin ay umihip dito sa kanan at sa kaliwa.*"

## Sa mga huling sandali ng buhay...

Si Abu Ar-Reyhaan Al-Bayrooni ay isang malikhaing mang-iisip at manunulat na ang pluma ay bihirang mapahiwalay sa kanyang kamay. Siya ay nabuhay hanggang sa hinog na gulang na pitumpu't walo at sa kanyang buong buhay, kailanman siya ay hindi kumuha ng hindi kinakailangang pahinga sa (kanyang) pagbabasa, pagsusulat, at pagtuturo.

Si Abul Hasan Ali ibn Eesa ay nagsabi:

"Aking dinalaw si Abu Ar-Reyhaan nang siya ay nasa kanyang kama ng kamatayan. Sa aking pagpasok, kaagad kong nahalata na

siya ay nasa bingit na nang paglisan sa kanyang buhay. Habang nasa gayong kalagayan, sinabi niya sa akin na mayroong isang isyu (o usapin) sa (Islamikong) pagpapamana na aming napag-usapan noong huling sandali na kami ay nagkatagpo, at ako ay nakapagsabi noon sa kanya (tungkol doon) na ngayon ay napagtanto niya na isang pagkakamali. Ako ay nakadama ng habag sa kanya, at tinanong ko siya kung tama ba para sa kanya na pag-usapan ang bagay na katulad ng gayon, (habang) siya ay may malalang karamdaman. Siya ay sumagot, 'Alam ko na ako ay lilisan na sa mundong ito, subalit hindi mo ba naiisip na higit na mabuti para sa akin na maunawaan ang isyu na itinatanong kaysa ang maging mangmang tungkol dito?' Sa gayon, aking inulit ang isyu, at siya ay nagsimulang magpaliwanag nito sa akin. Pagkaraang matapos namin ang pag-uusap, ako ay umalis, at sa aking paglabas, ako ay nakarinig ng daing at alam ko na siya ay namatay na. Yaon lamang matataas na kaluluwa na katulad ng sa kanya ang nananatiling malakas hanggang sa katapusan."

Nang si Umar ay nagdurugo tungo sa kamatayan matapos na masaksak, tinanong niya ang kanyang mga kasamahan kung nakumpleto na niya ang pagdarasal o hindi.

Si Ibraheem ibn Al-Jarrah ay nagsabi:

"Si Abu Yusuf ay nagkasakit at nag-uurong-sulong (nag-aalanganin) sa pagitan ng pagiging gising at walang malay. Nang manumbalik ang kanyang malay, ako ay tinanong niya tungkol sa pangrelihiyong isyu (usapin o paksa). Nang kanyang makita ang (aking) pagkamangha kung paano ko tinanggap ang kanyang katanungan, siya ay nagsabi sa akin, 'Kahit ano pa ang mangyari, pag-aaralan natin ang isyung ito, sa pag-asa na ang karunungan dito ay magpapatuloy hanggang sa ito ay maging sanhi nang pagliligtas sa sinuman.'"

Ito kung papaano noon ang ating mga banal na sinundang henerasyon. Sa bawat pagkakataon na muling bumubuti ang kanilang kalagayan, habang sila ay nasa kama ng kamatayan, sila ay nagsasalita tungkol sa Islamikong karunungan, maging sila man ay isang guro o isang mag-aaral. Gaano kamahal ang karunungan sa kanilang puso. Sa huling mga sandali ng kanilang buhay, hindi nila naaala-ala ang kanilang pamilya o ang kayamanan; naaala-ala lamang nila ang karunungan na siyang mabigat na gawain ng kanilang buhay. Nawa'y ang habag ni Allah ay sumakanila.

## *Huwag hayaan ang kalamidad ay yumanig sa iyo*

Si Ahmad ibn Yusuf ay sumulat na ang tao ay positibong nakakaalam na ang ginhawa ay dumarating matapos ang kahirapan, na katulad kung paano ang liwanag ng araw ay dumarating matapos ang kadiliman ng gabi. Sa kabila ng ganitong karunungan, ang mahinang bahagi ng kanyang kalikasan ang humahalili kung ang kalamidad ay humampas. Ang tao na nagdaraan sa mga pagsubok ay marapat na magsagawa ng hakbang upang malunasan ang kanyang sitwasyon, kung hindi, ang kawalang-pag-asa ay kumokontrol sa kanya. Ang pagmumuni-muni sa katiyagaan niyaong mga sinubukan ng nakaraang panahon ay isang paraan nang pagpapatibay ng determinasyon ng sinuman.

Sa huli ay kanyang binanggit na ang kahirapan bago ang ginhawa ay maihahambing sa gutom bago ang pagkain: ang pagkain ay dumating sa oras na ang panlasa ay nasa matinding epekto.

Si Plato ay nagsabi:

> "Ang kahirapan ay kapaki-pakinabang sa kaluluwa sapagkat ito ay hindi katanggap-tanggap sa buhay ng sinuman. Ang ginhawa

ay nakapipinsala sa kaluluwa sapagkat ito ay sinasalubong sa buhay."

Kung ang sinuman ay nagsimulang makaunawa ng kanyang layunin sa buhay, mapag-aalaman niya na siya ay sinusubukan upang magtamo ng gantimpala mula kay Allah o di kaya ay magbayad-puri (o mapatawad) ang kanyang mga kasalanan.

Matapos na mabasa ang aklat na sinulat ni At-Tanooki, ako ay nakakuha ng tatlong konklusyon:

1. Ang ginhawa ay dumarating matapos ang kahirapan. Ito ay isang nagpapatuloy na huwaran sa buhay ng tao, na nagpapatuloy na tulad nang pagdatal ng umaga matapos ang kadiliman.

2. Ang kahirapan ay kapaki-pakinabang sa kaluluwa ng tao kaysa sa ginhawa at kagaanan.

3. Ang Tanging Isa na nagdadala ng kabutihan at nagtataboy ng kasamaan ay si Allah. Maalaman na ang anumang nangyayari sa iyo ay itinakda para sa iyo, at anumang iyong nalampasan (o nakawala sa iyo) ay hindi kailanman nauukol para sa iyo.

## ***Huwag magdalamhati, — ang mundong ito ay hindi kasinghalaga ng iyong pagdadalamhati***

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Kung ang mundong ito para kay Allah ay kasinghalaga ng pakpak ng lamok, hindi Siya magbibigay sa hindi nananampalataya (ng kahit) na isang lagok ng tubig.*"

Ang mundong ito ay hindi man lamang kasinghalaga ng pakpak ng lamok! Kung ito ang halaga ng mundong ito, bakit tayo nagdadalamhati pa rito?

## *Huwag malungkot: tandaan na ikaw ay nananampalataya kay Allah*

﴾Hindi, datapuwa't si Allah ang nagkaloob ng kagandahang-loob sa inyo, nang Kanyang ginabayan kayo sa pananampalatayang Islam...﴿
*(Qur'an 49: 17)*

Ang isang natatanging biyaya na hindi binibigyang-pansin ng karamihan sa mga tao ay yaong punto ng pakinabang na iginawad sa nananampalataya kung siya ay nagmamasid sa hindi nananampalataya. Ang nananampalataya ay nakakaala-ala sa pabor ni Allah sa pamamatnubay sa kanya sa Islam. Siya ay nagpapasalamat na hindi itinakda ni Allah para sa kanya na siya ay mapatulad sa hindi nananampalatataya, na naghihimagsik, na nagtatatwa ng Kanyang mga tanda, na hindi naniniwala sa Kanyang mga perpektong katangian, sa Kanyang mga sugo, at sa Kabilang Buhay.

Higit pa rito, ang nananampalataya ay nagsasagawa ng lahat ng mga obligadong gawa ng pagsamba. Marahil, ang pagsasagawa niya ng mga gayong gawain ay hindi perpekto, gayunman, ang payak na pagsasagawa ng mga ito, sa ganang kanya, ay isa nang malaking biyaya. Ito ay isang biyaya na iilan lamang ang nagbibigay ng pasasalamat.

﴾Siya kaya na isang nananampalataya ay katulad niya na isang *Fasiq* [walang pananampalataya at palasuway kay Allah]? Sila ay hindi magkatulad.﴿ *(Qur'an 32: 18)*

Ang ilang tagapagkumento ng Qur'an ay nagsabi na kasama sa mga kasiyahan ng Paraiso para sa mga sumasampalataya ay ang kakayahan na mapagmasdan ang mga tao ng Apoy, at matapos ito ay nagpapasalamat (sila) sa kanilang Panginoon sa anumang ipinagkaloob Niya sa kanila.

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah. Ito ay nangangahulugan na walang sinuman ang tunay na karapat-dapat, o ang may karapatan na sambahin, maliban kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ang Kataas-taasan, sapagkat Siya lamang ang nagtataglay ng mga perpektong katangian na iniaakibat sa walang-hanggang kapangyarihan, kabanalan, at pagka-Diyos.

Ang espiritu at sekreto ng ganitong monoteistikong parirala ay upang tukuyin lamang si Allah para sa pagmamahal, pangangamba, pag-asa, pagpipitagan, at pagluwalhati. Dito ay kasama rin ang ating pagdepende kay Allah at ang ating pagsisisi sa Kanya. Kaya't ang ating pagmamahal ay dalisay sa wala ng iba maliban sa Kanya, at ang sinuman maliban pa sa Kanya ay minamahal lamang bilang labas na produkto ng ating pagmamahal sa Kanya, o bilang isang paraan ng pagdaragdag ng ating pagmamahal sa Kanya.

Samakatuwid, marapat lamang nating pangambahan si Allah; at marapat tayo na dumepende sa Kanya lamang; sa Kanya lamang natin inilalagay ang ating pag-asa; at sa Kanya lamang tayo nagpapakundangan. Sa Kanyang Pangalan lamang tayo gumagawa ng pangako (o sumpa); sa Kanya lamang tayo nagsisisi; at ang lahat ng pagsunod ay para sa Kanya. Sa mga panahon ng kahirapan, hindi tayo maaaring manalangin sa iba maliban sa Kanya at tayo ay hindi maaaring humanap ng pagpapakalinga maliban sa Kanya. Gayundin, sa Kanya lamang tayo nagpapatirapa, at kung tayo ay magkakatay ng hayop, ating ginagawa ito sa pagbanggit lamang sa Kanyang Pangalan.

Ang lahat ng nasa itaas ay maisasabuod sa isang parirala: Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah. Ang pariralang ito ay naglalaman ng lahat-lahat ng anyo ng pagsamba.

## *Huwag mawalan ng pag-asa, — ang kapansanan ay hindi nakakahadlang sa tagumpay*

Isang panayam ang nalathala sa arawang pahayagang Arabik na 'Ukkaaz, tungkol sa isang bulag na lalaki na may pangalang Mahmood ibn Muhammad Al-Madani. Siya ay nag-aral ng mga aklat ng panitikang Arabik sa pamamagitan ng mga mata ng iba. Siya ay nakikinig habang ang iba ay nagbabasa para sa kanya ng mga aklat ng kasaysayan at mga kumentaryo sa klasiko (kahanga-hangang gawa sa pagsulat). Nakagawian nang basahin ng isa sa kanyang mga kaibigan para sa kanya (ang mga ito) hanggang sa ika-tatlo ng umaga. Sa ngayon, siya ay itinuturing bilang isang reperensyang aklat sa panitikan at kasaysayan.

Si Mustafa Ameen, isang kolumnista sa Ash-Sharq Al-Awsat, ay sumulat:

> "Maging matiyaga sa mga mapaniil at mapaggawa ng kamalian sa limang minuto lamang. Matapos ang maigsing oras, ang latigo ay malalaglag, ang posas ay makakalag, ang bilanggo ay pakakawalan, at ang mga ulap ay magsisipangalat; at para sa iyo, kung gayon, ang maging matiyaga at maghintay."

Isang Arabong makata ang sumulat:

*Gaano karaming kalamidad ang nagiging sanhi para*
*sa sinuman na nawalan ng pagtitiyaga.*

Minsan ko nang nakatagpo ang *Mufti* (gurong pangrelihiyon) ng Albania sa Riyadh. Sinabi niya sa akin kung paanong ang naghaharing komunista ay nagkulong sa kanya na may kasamang mabigat na pagtatrabaho sa loob ng dalawampung taon. Habang nagbabayad ng kanyang sentensya sa piitan, siya ay patuloy na ipinailalim sa pagpaparusa, kadiliman, at gutom. Siya ay palihim na

nagsasagawa ng limang pang-araw-araw na pagdarasal sa sulok ng kanyang silid-paliguan dahil sa pangamba na siya ay mahuli. Sa buong kahabaan nito, siya ay naging matiyaga at umasam na ang kanyang gantimpala ay na kay Allah, hanggang sa bandang huli ang ginhawa ay sumapit.

﴾Kaya't sila ay nagbalik na taglay ang Biyaya at Kasaganaan mula kay Allah.﴿ *(Qur'an 3: 174)*

Isaalang-alang si Nelson Mandela, ang minsan nang naging Pangulo ng Timog-Aprika, na sa loob ng dalawampu't pitong taon ay nagtiis ng pagkakabilanggo. Siya ay humanap ng kalayaan para sa kanyang mga tao at siya ay nagsumikap upang mawasak ang posas ng pagmamalupit at paniniil. Siya ay mapagbata at matatag, at halos ay makikita na sa kanya na siya ay humahanap ng kamatayan. Bunga nito, narating niya ang kanyang mithiin at natamo ang kanyang makamundong kaluwalhatian. Si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Sa kanila ay Aming babayaran nang ganap ang kanilang mga gawa rito.﴿ *(Qur'an 11: 15)*

﴾At huwag maging mahina sa [inyong] pagtugis sa kaaway, kung kayo ay nagdurusa [sa mga kahirapan], katiyakang sila [rin] ay nagdurusa [ng mga kahirapan] na katulad ng iyong pagbabata, datapuwa't mayroon kayong pag-asa mula kay Allah [sa gantimpala ng Paraiso], na rito sila ay hindi umaasa...﴿ *(Qur'an 4: 104)*

﴾Kung ang sugat [o pamamatay] ay sumapit sa inyo, tiyakin ninyo na ang katulad na sugat [o pamamatay] ay sumapit din sa inyong mga kaaway.﴿ *(Qur'an 3: 140)*

## *Kung ikaw ay yayakap sa Islam, walang dahilan para sa iyo na malungkot*

Ang mga naghihirap ay yaong kaluluwa na walang kaalaman (o mangmang) sa Islam, o bagama't nakakaalam sa Islam ay hindi napatnubayan nito. Ang mga Muslim ay nangangailangan ng isang islogan (salitain) o isang anunsyo na marapat na ipahayag sa buong mundo, sapagkat ang Islam ay isang dakilang mensahe na marapat na maiparating sa lahat ng tao. Ang mga salita ng islogang ito ay marapat na maliwanag, maigsi, at kaanya-anyaya sapagkat ang kaligayahan ng buong sangkatauhan sa kalahatan ay nasasalig sa ganitong tunay na Relihiyon.

﴾At sinuman ang maghanap ng ibang Relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya...﴿ *(Qur'an 3: 85)*

Ang kilalang tagatawag (mangangaral) ng Islam ay nagtira sa Munich, Alemanya maraming taon na ang nakalilipas. Sa kanyang pagsapit sa bukana ng lungsod na ito, napansin niya ang malaking paskil (o karatula). Sa ibabaw nito ay nakasulat, "Hindi ninyo alam ang Gulong na Yokohama." Sa kalaunan, siya ay naglagay ng isang tanda (paskil) sa tabi nito na may katulad ding laki. Kanyang isinulat sa ibabaw nito ang, "Hindi ninyo alam ang Islam. Kung nais ninyong malaman ang tungkol dito, tumawag sa amin sa ganitong bilang." Dito ay umapaw ang maraming tanong mula sa katutubong Aleman. Sa isang taon lamang, libu-libong tao ang tumanggap sa Islam sa kamay ng taong ito. Siya rin ay nagtayo ng moske (*masjid*), isang sentro na pang-Islamiko, at isang paaralan.

Ang karamihan sa mga tao ay nalilito at nasa mahigpit na pangangailangan ng ganitong dakilang relihiyon. Sila ay nangangailangan ng Islam upang ang payapa at tahimik na buhay ay mangibabaw sa magulong buhay na kasalukuyan nilang ipinamumuhay (tinatahak).

﴾[Sa pamamagitan ng Aklat na ito] si Allah ay namamatnubay sa mga naghahanap ng Kanyang mabuting kaluguran sa mga paraan ng kapayapaan, at sila ay Kanyang iniahon mula sa kadiliman tungo sa liwanag [ayon] sa Kanyang kapahintulutan at Kanyang pinatnubayan sila sa Matuwid na Landas.﴿ *(Qur'an 5: 16)*

Isang sumasamba ang natagpuan na naninirahan sa isang liblib na lugar, na kailanman ay wala pang dati nang pakikipag-ugnay sa mga tao, ang nagsabi:

> "Hindi ko kailanman naisip na may isa (sa mga tao) sa mundo ang sumasamba ng maliban pa kay Allah."

﴾Datapuwa't iilan sa Aking mga tagapaglingkod ang may pagtanaw ng utang na loob ng pasasalamat.﴿ *(Qur'an 34: 13)*

﴾At kung ikaw ay susunod sa karamihan sa kanila na nasa kalupaan, ikaw ay kanilang ililigaw nang malayo sa Landas ni Allah.﴿ *(Qur'an 6: 116)*

﴾At ang karamihan sa mga tao ay hindi mananampalataya gaano man kasidhi ang iyong naisin.﴿ *(Qur'an 12: 103)*

Isang iskolar (pantas) ang nagbigay-alam sa akin na sa panahon na ang Sudan ay nasa ilalim pa ng kolonya ng Imperyong Britanya, isang nomadong disyerto (taong pagala-gala o lagalag) ang pumaroon sa kapital na lungsod, ang Khartoum. Nang kanyang makita ang isang pulis na Britaniko na naglalakad sa sentro ng lungsod, kanyang tinanong ang dumaraan, "Sino siya?" Siya ay sinabihan na ang tao ay isang banyagang pulis at siya ay isang hindi nananampalataya. Ang nomado ay nagtanong, "Isang hindi nananampalataya sa ano?" "Isang hindi nananampalataya kay Allah", ang naging sagot. Sa pamumuhay nang matagal sa disyerto, ang katutubong kalikasan ng taong ito, - na hindi nasira ng masasamang ideya, - ay nanatiling hindi nasisira, kaya't nang

kanyang marinig ang bagay na kakatwa, ito ay nakapagpamangha sa kanya at (siya) ay naduwal. Siya ay nagsabi, "At mayroong pa bang isa na hindi nananampalataya kay Allah?" At matapos ay tinutop niya ang kanyang sikmura at siya ay napasuka dahil sa ganap na pagkasuklam sa kanyang narinig.

﴾Ano ang dahilan bakit [kaya] sila ay hindi pa sumasampalataya?﴿ *(Qur'an 84: 20)*

﴾Kaya't Ako [Allah] ay nanunumpa sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan na ito ang Katotohanan [alalaong baga, ang ipinangako sa inyo], talagang ito ay [tunay] na inyong masasabi.﴿ *(Qur'an 51: 23)*

Ang sinuman ay marapat na mag-isip nang mabuti sa kanyang Panginoon at marapat na humanap ng Kanyang pabor at habag. Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi na ang ating Panginoon ay tumatawa. Matapos na marinig ito, ang isang Bedouin sa disyerto ay nagsabi, "Kami ay hindi ulila sa isang Panginoon na tumatawa nang mahusay."

﴾At Siya ang nagpapamalisbis ng ulan [kahima't] ang [mga tao] ay nawalan na nang lahat ng pag-asa...﴿ *(Qur'an 42: 28)*

﴾Katiyakan, ang Habag ni Allah ay [laging] malapit sa mga gumagawa ng kabutihan.﴿ *(Qur'an 7: 56)*

﴾Katotohanan [tunay nga at walang pagsala], ang Tulong ni Allah ay malapit na!﴿ *(Qur'an 2: 214)*

Sa pamamagitan ng pagbabasa sa talambuhay ng matatagumpay na tao, ang sinuman ay makakakita na sila ay may natatanging bagay na magkakapareho, kahima't ito ay sa kanilang karanasan, sa kanilang katangian, o sa mga pangyayari na nakapalibot sa kanilang tagumpay. Narito ang ilan sa mga konklusyon na aking narating matapos kong mabasa ang ilan sa kanilang talambuhay.

1. Ang halaga ng tao ay batay sa mabubuti na kanyang ginagawa. Ito ang salitain ni Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah), at ito ay nangangahulugan na ang karunungan ng isang tao, ang kanyang pag-uugali, ang pagsamba, at pagkamapagbigay ay siyang pamantayan kung paano tayo sumusukat ng kanyang halaga.

﴾At katotohanan, ang isang aliping lalaki na nananampalataya ay higit na mainam kaysa sa isang [malaya] na *Mushrik* [pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan], kahit na nga siya ay nakagaganyak sa inyo.﴿ *(Qur'an 2: 221)*

2. Ang estado o kalagayan ng sinuman sa buhay na ito at para sa Kabilang Buhay ay depende sa kanyang determinasyon, pagsisikap, at pagsasakripisyo.

﴾At kung sila ay [tunay] na nagnanais na sumama [sa labanan], katiyakang sila ay gagawa ng ilang paghahanda para rito...﴿ *(Qur'an 9: 46)*

﴾At magsumikap [makipaglaban] nang tapat tungo sa Kapakanan [ng Relihiyon] ni Allah.﴿ *(Qur'an 22: 78)*

3. Ang bawat tao, - sa kagustuhan ni Allah, - ay siyang taga-gawa ng kanyang sariling kasaysayan. Isinusulat niya ang kasaysayan ng kanyang buhay na kasama ang kanyang mabuti at masamang gawa.

﴾At Kami ang nagtatala kung ano ang kanilang ginawa, at kung ano ang kanilang iniwanan [na mga bakas]...﴿ *(Qur'an 36: 12)*

4. Ang buhay ay maigsi at mabilis na dumaraan. Huwag itong higit na paigsiin sa pamamagitan ng pagkakasala, sa pagkabalisa, at sa pakikipag-away.

﴾Sa Araw na ito ay kanilang mapagmamalas, [wari] bang sila ay hindi nanatili sa mundong ito, maliban sa isang gabi o isang umaga lamang [alalaong baga, napakaigsing panahon].﴿ *(Qur'an 79: 46)*

## ***Ang mga bagay na nakapagbibigay ng kaligayahan***

1. Mabubuting gawa:

﴾Sinuman ang gumagawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay isang sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah], katotohanan, sa kanya ay igagawad Namin ang isang mabuting buhay [sa mundong ito]...﴿ *(Qur'an 16: 97)*

2. Isang banal na maybahay (asawa):

﴾O' aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami mula sa aming mga asawa at mga anak ng mga magiging kasiya-siya sa aming mga mata...﴿ *(Qur'an 25: 74)*

3. Isang maluwang na bahay: Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*O' Allah, gawin Mo pong maluwang ang aking bahay para sa akin.*"

4. Panustos (o ikabubuhay) na galing at kinita sa pamamagitan ng matapat na paraan: Ang Sugo (saws) ni Allah ay nagsabi:

"*Katotohanang si Allah ay Tayyib (mabuti at dalisay), at hindi niya tinatanggap ang iba pa maliban sa kung ano ang mabuti at dalisay.*"

5. Ang mabubuting pag-uugali at isang espiritu ng pakikisama sa mga tao:

﴾At ginawa Niya na nabibiyayaan ako saan man ako naroroon...﴿ *(Qur'an 19: 31)*

6. Ang maging malaya sa pagkakautang at hindi bilang isang bulagsak sa paggasta:

﴾At sila na kung gumugugol ay hindi bulang-gugo [nag-aaksaya] at hindi rin kuripot...﴿ *(Qur'an 25: 67)*

﴾At huwag hayaan ang iyong kamay ay natatalian sa iyong leeg [alalaong baga, ang maging maramot], gayundin naman, ay huwag mo itong iunat nang labis [alalaong baga, ang maging waldas]...﴿

*(Qur'an 17: 29)*

## Ang mga sangkap ng kaligayahan

1. Isang mapagpasalamat na puso at isang dila na mamasa-masa sa pag-aala-ala kay Allah.

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang pagpapasalamat, pag-aala-ala, at pagtitiyaga,*
*Nasa mga ito ang mga biyaya at gantimpala.*

2. Ang isa pang sangkap ng kaligayahan ay yaong pagtatago ng mga sekreto, lalung-lalo na ang mga sariling sekreto. Sa lipon ng mga Arabo ay mayroong bantog na istorya ng isang Bedouin na pinagkatiwalaan ng isang sekreto na may kabayaran na dalawampung dinar. Sa una, siya ay nanatiling tapat sa kasunduan at nang malaon ay biglang-bigla (na lamang), dahilan sa silakbo ng kawalang-pagtitiyaga, siya ay pumaroon at isinauli ang pera, - nais niyang ibsan ang kanyang sarili sa bigat ng sekreto. Ito'y sanhi ng pangunahing dahilan na ang pagtatago ng sekreto ay nangangailangan ng pagkamatimtiman, pagtitiyaga, at lakas ng kalooban.

﴾O' aking anak! Huwag mong ipaalam ang iyong napanaginipan sa iyong mga kapatid...﴿ *(Qur'an 12: 5)*

Isang kahinaan ng tao, - na isa lamang sa maraming mahinang katangian, - ay yaong siya ay patuloy na nakadarama ng udyok na ihayag ang mga detalye ng kanyang personal na pakikitungo sa iba. Ang ganitong sakit ay isang matandang bagay sa mga tala (listahan)

ng kasaysayan. Ang kaluluwa ay nagnanais na ikalat ang mga sekreto at ipagbigay-alam (o palaganapin) ang mga istorya. Ang kaugnayan sa pagitan ng ganitong paksa at ng aklat na ito ay yaong kung sinuman ang magkalat ng kanyang mga sekreto ay hindi maiiwasan na makadama ng pagsisisi, kalungkutan, at kahirapan.

﴾At pagtagubilinan siya na maging maingat at huwag hayaan ang sinuman ay makakilala sa inyo.﴿ *(Qur'an 18: 19)*

## *Hindi ka mamamatay bago (sumapit) ang iyong takdang panahon*

﴾At kung ang kanyang takdang panahon ay sumapit na, kahit na sa isang oras [o isang sandali], sila ay hindi makakaantala [nito] at gayundin, kahit na sa isang oras [o isang sandali], sila ay hindi makapagpapauna [nito].﴿ *(Qur'an 7: 34)*

Ang talatang ito ay nagtataglay sa loob nito ng konsolasyon (o pagpapalubag ng loob) sa mga duwag, yaong mga namatay ng maraming kamatayan bago ang kanilang aktuwal na kamatayan. Ang talatang ito ay nagsasabi sa atin na sa bawat tao ay may nakatakdang oras na mamatay: ito ay hindi maaaring ipagpauna, gayundin, ito ay hindi maaaring pigilin (o antalahin), kahit na ang lahat ng mga nilikha ay magsama-sama sa pagtatangka.

﴾At ang kalasingan ng kamatayan ay daratal [magiging totoo]...﴿ *(Qur'an 50: 19)*

At maalaman na ang umasa sa iba pa maliban kay Allah ay kalungkutan:

﴾At siya ay wala ni isa mang pangkat upang tulungan siya laban kay Allah, gayundin, siya ay hindi kabilang sa kanila na maipagtatanggol ang kanilang sarili.﴿ *(Qur'an 28: 81)*

Ang *Siyer A'laam an-Nubalaa* ni Adh-Dhahabi ay isang gawa na may dalawampung bolyum (set ng aklat). Ito ay nagtataglay ng talambuhay ng mga iskolar, mga hari, mga ministro, mga pinuno, at mga makata. Sa aking pagbabasa ng kanilang talambuhay, dalawang puntos ang dumating sa aking isipan:

1. Sinuman ang maglagay ng kanyang pag-asa at pagtitiwala sa anuman o kaninuman maliban pa kay Allah, kung gayon, si Allah ay iiwan sa kanya at (Kanyang) gagawin na ang gayong bagay o tao ang maging sanhi ng kanyang pagkawasak.

﴾At katotohanan, sila [na mga demonyo] ang humahadlang sa kanila sa Landas [ni Allah], datapuwa't napag-aakala nila na sila ay tunay na napapatnubayan!﴿ *(Qur'an 43: 37)*

Para kay Fir'aun (Paraon), ito ay yaong katayuan (o posisyon); para kay Qaaron (Korah), ito ay yaong kayamanan; para kay Umayyah, ito ay yaong negosyo; para kay Waleed, ito ay yaong kanyang anak:

﴾Hayaang Ako lamang [ang makitungo] sa kanya na nilikha Ko lamang [na walang pinanggalingan, alalaong baga, si Walid Ibn Al-Mughirah Al-Makhzumi]!﴿ *(Qur'an 74: 11)*

Para kay Abu Jahl, ito ay yaong katayuan (o posisyon); para kay Abu Lahab, ito ay yaong lahi; para kay Abu Muslim, ito ay yaong trono; para kay Al-Mutanabbi, ito ay yaong kabantugan; at para kay Al-Hajjaj, ito ay yaong kapangyarihan at kapamahalaan.

2. Sinuman ang maghanap ng karangalan kay Allah at gumawa ng mabubuting gawa, si Allah ay magpaparangal sa kanya at magkakaloob sa kanya ng ranggo kahit na siya ay walang kayamanan, posisyon, o maringal na lahi.

Para kay Bilal, ito yaong pagtawag sa pagdarasal; para kay Sulmaan, ito ay yaong Kabilang Buhay; para kay Suhaib, ito ay

yaong sakripisyo; at para kay Ataa, ito ay yaong karunungan (nawa'y kalugdan silang lahat ni Allah):

﴿At ginawa [Niya] ang salita ng mga hindi nananampalataya na pinakamababa [walang halaga], datapuwa't ang Salita ni Allah ang higit na naging mataas [tampok], at si Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.﴾ *(Qur'an 9: 40)*

## *'O' Allah, na Puspos ng Kamahalan at Karangalan...'*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagpayo sa atin na ulitin ang ganitong parirala:

"*O' Allah na Puspos ng Kamahalan at Karangalan.*"

Kanya (saws) ring ipinayo sa atin na sabihin ang:

"*O' Walang Hanggang may Buhay, o Siya na tumutustos at nangangalaga sa lahat ng mga nilalang.*"

Samakatuwid, para sa kapakanan ng kanyang sarili, sinuman ay marapat na dumulog kay Allah at maghanap ng Kanyang tulong sa mga ganitong parirala, at ang kasagutan ay tiyak na darating.

﴿[At gunitain] nang kayo ay humingi ng tulong ng inyong Panginoon at Kanyang tinugon kayo.﴾ *(Qur'an 8: 9)*

Sa buhay ng isang Muslim, mayroong tatlong araw na tunay na nakagagalak:

1. Ang araw na siya ay nagtatakwil sa paggawa ng kasalanan at nagsasagawa ng kanyang obligadong pagdarasal sa kongregasyon (sama-samang pagdarasal).

﴿Tugunin ninyo si Allah [sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya] at sa [Kanyang] Sugo kung kayo ay Kanyang tawagin...﴾ *(Qur'an 8: 24)*

2. Ang araw na siya ay nagsisisi sa kanyang kasalanan, umiwan dito, at nagbalik sa kanyang Panginoon.

﴾At hindi naglaon, Kanyang tinanggap ang kanilang pagsisisi upang sila ay magtika [sa Kanya].﴿ *(Qur'an 9: 118)*

3. Ang araw na siya ay namatay upang makatagpo ang kanyang Panginoon, na nagsagawa ng pangwakas na gawa na parehong mabuti at dalisay.

"*Sinuman ang magnais na makatagpo si Allah, si Allah ay nagnanais na makatagpo siya.*"

Matapos na mapag-aralan ang buhay ng mga Kasamahan ng Propeta (nawa'y kalugdan silang lahat ni Allah), nakita ko sa kanila ang limang katangian na nagbubukod sa kanila sa iba:

1. Sila ay namuhay ng payak na buhay na malaya sa karangyaan at kaluhuan.

﴾At gagawin Namin na magaan sa iyo [O' Muhammad] ang Relihiyong Islam.﴿ *(Qur'an 87: 8)*

2. Ang kanilang karunungan sa mga pangrelihiyong bagay ay pinagpala kaya't gayon kung gaano ito kalalim.

﴾Ang tunay na nangangamba kay Allah sa Kanyang mga alipin ay yaong may karunungan...﴿ *(Qur'an 35: 28)*

3. Sila ay nagbigay ng kataasan sa mga gawa ng puso kaysa sa mga gawa na namamalas ng iba. Kaya't sila ay mayroong katapatan; sila ay dumepende kay Allah; sila ay nagmahal sa Kanya; sila ay umasa lamang sa Kanya; at sila ay hindi nangamba kaninuman maliban (lamang) sa Kanya. Higit pa rito, sila ay masikap na nagsagawa ng boluntaryong mga gawa ng pagsamba, katulad ng pagdarasal at pag-aayuno.

﴾Batid Niya ang nasa kanilang puso...﴿ *(Qur'an 48: 18)*

4. Sila ay hindi naghanap sa mundo at sa mga kasiyahan nito. Sila ay nagtalikod ng kanilang likuran sa pagpapawalang-halaga sa mga materyal na pag-aangkin, at kanilang inani ang mga bunga ng ganitong maringal na paninindigan: kaligayahan, kapayapaan ng isipan, at katapatan.

﴾At sinuman ang magnais sa Kabilang Buhay at magsikap dito, na may laang pagsisikhay na nararapat dito [alalaong baga, ang gumawa ng mga kabutihan at maging masunurin kay Allah] habang siya ay nananalig [sa Kaisahan ni Allah, at sa Islam]...﴿ *(Qur'an 17: 19)*

5. Ang *Jihad* (banal na pakikipaglaban o pagsusumikap) ay pangunahin sa kanila kaysa sa iba pang mabubuting gawa hanggang sa ito ay maging baner (bandila) kung saan sila ay nakilala. At sa pamamagitan ng *Jihad*, kanilang nilipol ang kanilang mga pagkabalisa at mga kaguluhan sapagkat ang mga sumusunod ay bahagi ng *Jihad*: pag-aala-ala, pagsusumikap, pagsisikhay, at aktibidad (gawain).

﴾At sila na nagpupunyagi [nakikibaka] sa Aming Kapakanan, katiyakan, sila ay gagabayan Namin tungo sa Aming Landas; sapagkat katotohanang si Allah ay kasama [kakampi] ng mga gumagawa ng kabutihan at katuwiran.﴿ *(Qur'an 29: 69)*

Sa Qur'an, ang katotohanan at realidad na nananatili at hindi nagbabago ay binanggit tungkol sa buhay na ito. Naririto ang mga bagay na may kaugnayan sa paksang-bagay ng aklat na ito.

Sinuman ang gumawa para kay Allah, Siya ay tutulong sa kanya:

﴾Kung kayo ay tutulong [sa Relihiyon ni Allah], Kanyang tutulungan kayo at ititindig Niya ang inyong mga paa nang matatag.﴿
*(Qur'an 47: 7)*

Sinuman ang humingi kay Allah, Siya ay tutugon sa kanya:

﴾At ang inyong Panginoon ay nagwika: 'Dumalangin kayo sa Akin; diringgin Ko ang inyong panalangin.'﴿ *(Qur'an 40: 60)*

Kung sinuman ang humingi kay Allah ng pagpapatawad, Kanyang sasagutin siya:

﴾Siya [Moises] ay nanalangin: 'O' aking Panginoon! Katotohanang binigyan ko ng kamalian [o kasalanan] ang aking sarili, kaya't Inyong patawarin ako!' Kaya't siya ay pinatawad ni Allah.﴿

*(Qur'an 28: 16)*

﴾At Siya ang tumatanggap sa pagtitika ng Kanyang mga alipin...﴿

*(Qur'an 42: 25)*

Sinuman ang maglagay ng kanyang pagtitiwala kay Allah, Siya ay Sapat na para sa kanya:

﴾At kung sinuman ang magtiwala kay Allah, kung gayon, sapat na si Allah para sa kanya.﴿ *(Qur'an 65: 3)*

Mayroong tatlong uri ng mga tao na ang kaparusahan ay tiyak: sila na mapaghimagsik laban kay Allah, sila na sumisira sa kanilang pangako (panata), at sila na nagbabalak ng masasamang gawa:

﴾Katotohanang ang inyong paghihimagsik [pagsuway kay Allah] ay isa lamang kasahulan ng inyong sariling kaluluwa.﴿ *(Qur'an 10: 23)*

﴾Kaya't kung sinuman ang lumabag sa kanyang katapatan [sa pagpanig at pagtangkilik] ay gumawa nito tungo sa kasahulan ng kanyang sarili...﴿ *(Qur'an 48: 10)*

﴾Datapuwa't ang masamang pakana ay sumasakop lamang sa kanya na gumagawa nito.﴿ *(Qur'an 35: 43)*

Ang mga mapaniil ay hindi makakatakas sa kaparusahan ni Allah:

﴾Ito ang kanilang mga bahay na tandisang napinsala sapagkat gumawa sila ng kamalian.﴿ *(Qur'an 27: 52)*

Ang mga bunga ng pagkamatuwid ay kapwa inaani sa maigsi at mahabang takdang panahon:

﴾Kaya't ibinigay ni Allah sa kanila ang gantimpala sa mundong ito at ang pinakamainam na gantimpala sa Kabilang Buhay.﴿

*(Qur'an 3: 148)*

Sinuman ang sumunod kay Allah, Siya ay magmamahal sa kanya at magkakaloob ng panustos (ikabubuhay) sa kanya:

﴾Katotohanang si Allah ang Tagapanustos ng Lahat...﴿

*(Qur'an 51: 58)*

Si Allah ay magpaparusa sa mga kaaway ng kanyang masunuring mga alipin:

﴾Katotohanang Kami ay gagawa ng pagganti!﴿ *(Qur'an 44: 16)*

Si Shaykh Abdur-Rehmaan ibn Sa'di ay sumulat ng isang mahalagang aklat na tinatawag na *Practical Means to a Happy Life.* Dito ay nakasaad:

> "Sa pamamagitan nang pag-iisa-iisa sa mga biyaya ni Allah, ang sinuman ay makapagtatanto na siya ay higit na mabuti kaysa sa karamihan ng mga tao at siya ay marapat na maging tunay na mapagpasalamat sa mga pabor ni Allah sa kanya."

Maging sa mga bagay-bagay ng relihiyon, ang sinuman ay makakakita na sa kabila ng kapayapaan, lahat tayo ay may kasalanan, ang iba sa atin ay higit na mabuti sa iba sa regular na pagsasagawa nang sama-sama sa obligadong pagdarasal, sa pagbabasa ng Qur'an, sa pag-aala-ala kay Allah, at marami pa. Ang lahat ng mga ito ay pabor na marapat nating ipagpasalamat kay Allah. Si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Hindi baga ninyo napagmamasdan [O' sangkatauhan] na ipinailalim ni Allah ang lahat ng bagay para sa inyong [gamit] dito sa kalangitan at kalupaan, at saganang iginawad Niya sa inyo ang Kanyang kagandahang-loob [biyaya] na [kapwa] lantad [Kaisahan ni Allah at ang mga pinahihintulutang kaligayahan ng mundong ito tulad ng kalusugan, kagandahan, atbp.] at nalilingid [pananampalataya kay Allah, karunungan, patnubay, kabutihan, kaligayahan ng Kabilang Buhay sa Paraiso, atbp.].﴿ *(Qur'an 31: 20)*

Si Adh-Dhahabi ay bumanggit na ang dakilang pantas ng *hadith*, si Ibn Abdul Ba'qi, ay nagmasid sa mga tao habang sila ay paalis na sa sentrong Moske (*Masjid*) ng Baghdad. Siya ay humahanap sa isa na sa lahat ng kaparaanan, siya ay nagnanais na palitan ang mga lugar sa kanyang buhay, gayunman, siya ay nag-ulat na hindi siya nakakita kahit na isa:

﴾At katotohanang Aming ginawaran ng karangalan ang mga anak ni Adan, at Aming ginawaran sila [ng masasakyan] sa kalupaan at karagatan, at Aming tinustusan sila ng *At-Tayibat* [mga pinahihintulutan na mabubuting bagay (*Halaal*)], at Aming itinampok sila nang higit sa karamihan sa Aming mga nilikha.﴿

*(Qur'an 17: 70)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Si Asmaa' bint Umays ay nagsalaysay na ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi sa kanya:

*"Hindi ba kita tuturuan ng mga salita na marapat mong sabihin kung ikaw ay nasa pagkabahala: 'Allah, Allah, aking Panginoon; ako ay hindi nag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya.'"*

Sa iba pang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagbigay-alam sa atin na kung ang isa ay dinapuan ng karamdaman o kahirapan, siya

ay makakakita ng ginhawa kung siya ay magsasabi ng: "*Allah, aking Panginoon; Siya ay walang katambal.*"

Sa maraming panahon, ang isa ay nadadapuan ng matinding pagsubok. Kung siya ay babaling sa kanyang Panginoon at magsusuko ng kanyang kalooban sa Kanya na hindi nag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya, ang kanyang paghihirap ay lilisan.

## Ang mga hakbang na dapat gawin kung ikaw ay nangangamba sa isang mainggiting tao

Dalitin ang huling dalawang kabanata ng Qur'an, alalahanin si Allah, at lumuhog sa Kanya:

﴾At laban sa kasamaan ng isang mainggitin habang siya ay naninibugho [sa pagkainggit].﴿ *(Qur'an 113: 5)*

﴾O' aking mga anak [na lalaki]! Huwag kayong magsipasok sa isang tarangkahan, datapuwa't magsipasok kayo sa iba't ibang tarangkahan...﴿ *(Qur'an 12: 67)*

Maging mapagbigay sa tao na nagtatangkang puminsala sa iyo, sapagkat maaari na siya ay titigil:

﴾[Iyong] salansangin ang kasamaan ng isang kabutihan [kabaitan].﴿ *(Qur'an 23: 96)*

## Ang mabubuting pag-uugali

Ang mabubuting pag-uugali ay naghahantong sa kasaganaan, samantalang ang masasamang (pag-uugali) ay naghahantong sa kahirapan. Sa isang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sa pamamagitan nang mabubuting pag-uugali, ang isa ay nakakarating sa katayuan ng tao na hindi lamang nag-aayuno,*

*bagkus ay tumitindig din sa huling bahagi ng gabi upang magdasal.*"

Siya (saws) rin ay nagsabi:

"*Hindi ko ba ipagbibigay-alam sa inyo ang pinakamahal sa akin at siya na pinakamalapit na nakaupo sa akin sa Araw ng Pagkabuhay: 'Kayo na pinakamahusay sa pag-uugali.*' "

﴾At katotohanang ikaw [O' Muhammad] ay nag-aangkin nang mataas [at kapuri-puring] moral ng pag-uugali [at asal].﴿

*(Qur'an 68: 4)*

﴾At sa pamamagitan ng habag ni Allah, sila ay inyong pinakitunguhan nang mabanayad. At kung ikaw ay naging mabagsik at naging matigas ang puso, sila marahil ay magsisilayas sa paligid ninyo...﴿ *(Qur'an 3: 159)*

﴾At kayo ay mangusap nang makatuwiran sa mga tao...﴿

*(Qur'an 2: 83)*

Si 'Aa'ishah (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay naglarawan sa Propeta (saws) sa mga sumusunod na salita: "*Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an.*"

## Ang walang tulog na mga gabi

Kung ikaw ay pabali-baligtad at pabiling-biling sa kahabaan ng gabi na hindi magawa na makatulog, gawin ang sumusunod:

1. Alalahanin si Allah sa mga panalangin (na itinuro) ng Propeta o mga panalangin na nanggaling sa Qur'an:

﴾Katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan!﴿ *(Qur'an 13: 28)*

2. Iwasan ang matulog sa (oras) ng maghapon, maliban na lamang kung wala kang mapagpipilian:

﴾At ginawa Namin ang araw [maghapon] tungo sa inyong ikabubuhay.﴿ *(Qur'an 78: 11)*

3. Magbasa at sumulat hanggang sa antukin:

﴾At magsabi: 'O' aking Panginoon! Inyong dagdagan ang aking kaalaman!'﴿ *(Qur'an 20: 114)*

4. Magtrabaho ng masigasig sa (oras) ng maghapon:

﴾At Siya ang lumikha para sa inyo ng gabi bilang inyong panganlong, at ng pagtulog [bilang] pamamahinga.﴿ *(Qur'an 25: 47)*

5. Umubos o uminom ng mga pampaantig (ng diwa) tulad ng kape at tsaa ng katamtaman lamang.

## *Ang mga masamang kahihinatnan nang paggawa ng kasalanan*

Nakasulat sa ibaba ang ilan sa masasamang kahihinatnan ng patuloy na pagkakasala.

1. Isang hadlang ang nabubuo sa pagitan ni Allah at ng mapaggawa ng kasamaan:

﴾Hindi [ito tulad ng kanilang pag-aakala]! Sa Araw ng Paghuhukom ay ipagkakait [hindi ipamamalas] sa kanila ang kanilang Panginoon.﴿ *(Qur'an 83: 15)*

2. Kung ang isang tao ay nagsasakatuparan nang masasamang gawain sa patuloy na paraan, siya ay magiging walang kapaga-pag-asa, na mawawalan ng pag-asa na maliligtas pa.

3. Ang mapaggawa ng kasamaan ay malimit na mahuhulog sa kalagayan ng pagkalumbay at pagkabalisa:

﴾Ang gusali na kanilang itinindig ay hindi kailanman mawawala [sa kanilang isipan, sa pag-aakala na ito ay itinayo nila sa magandang hangarin], datapuwa't ito ay dulot lamang ng pag-aalinlangan [pagkukunwari] sa kanilang puso...﴿ *(Qur'an 9: 110)*

4. Ang takot (o pangamba) ay manunuot sa puso ng mapaggawa ng kasamaan:

﴾Kami [Allah] ay maghahasik ng lagim [takot] sa puso ng mga hindi sumasampalataya sapagkat sila ay nagtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah...﴿ *(Qur'an 3: 151)*

5. Ang buhay ay magiging kahabag-habag para sa mapaggawa ng kasamaan:

﴾Katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan...﴿

*(Qur'an 20: 124)*

6. Ang puso ng mapaggawa ng kasamaan ay mangingitim at magiging matigas:

﴾At hinayaan Namin ang kanilang puso ay tumigas [na hindi naniniwala].﴿ *(Qur'an 5: 13)*

7. Ang mukha ng mapaggawa ng kasamaan ay mawawalan ng liwanag at magiging mapanglaw:

﴾At para sa kanila na ang mukha ay magiging maitim [malungkot]; at sa kanila na ang mukha ay maiitim [sa kanila ay ipagbabadya]: 'Kayo ba ay nagtakwil ng pananampalataya...?'﴿ *(Qur'an 3: 106)*

8. Ang mga tao ay nakadarama ng pangdudusta sa mapaggawa ng kasamaan:

9. Ang makamundong pangyayari (kalagayan) ng mapaggawa ng kasamaan ay magiging makipot:

﴾At kung sila lamang ay gumawa ng ayon sa Torah [mga Batas], sa Injil [Ebanghelyo], at sa ipinanaog sa kanila [ngayon] mula sa kanilang Panginoon [ang Qur'an], katotohanang sila sana ay nakapagtamo ng kasaganaan at ikabubuhay mula sa itaas nila at mula sa ilalim ng kanilang mga paa.﴿ *(Qur'an 5: 66)*

10. Ang poot ni Allah, ang pagkabawas sa pananampalataya, ang kalamidad, - ang lahat ng ito ang bahagi ng mapaggawa ng kasamaan:

﴾Kaya't namayani sa kanilang [sarili] ang sunud-sunod na pagkapoot ni Allah.﴿ *(Qur'an 2: 90)*

﴾Ang kanilang puso ay nalalambungan [nababahiran] ng mantsa [batik] dahil sa kanilang kasalanan [kaya sila ay hindi napatnubayan].﴿ *(Qur'an 83: 14)*

﴾At sila ay nagsasabi: 'Ang aming puso ay nababalutan [alalaong baga, hindi na nakikinig at nakakaunawa ng salita ni Allah].'﴿
*(Qur'an 2: 88)*

## *Magsumikap para sa iyong ikabubuhay, nguni't huwag maging mapag-imbot*

Ang Panginoon ng sandaigdigan ay nagtutustos sa bulati na nasa lupa:

﴾At walang isa mang gumagalaw [o nabubuhay] na nilalang sa kalupaan, gayundin ang isang ibon na lumilipad sa kanyang dalawang pakpak, maliban [na sila ay] mga pamayanan na katulad ninyo.﴿ *(Qur'an 6: 38)*

Si Allah ang nagtutustos sa mga ibon sa alapaap at sa isda sa karagatan:

﴾At Siya ang nagbibigay ng ikabubuhay na pagkain, datapuwa't Siya ay hindi nangangailangan upang pakainin.﴿ *(Qur'an 6: 14)*

Ikaw ay higit na may halaga kaysa sa bulati, ibon, o isda, kaya't huwag mabahala tungkol sa ikabubuhay (panustos).

Nakababatid ako ng mga tao na tinamaan ng kahirapan dahilan lamang sa sila ay malayo kay Allah. Ang ilan sa kanila ay mayayaman at malulusog, ngunit sa halip na maging mapagpasalamat, sila ay bumaling na palayo sa pagsunod kay Allah, iniwan nila ang pagdarasal, at sila ay nagsakatuparan ng malalaking kasalanan. Si Allah ay kumuha sa kanila ng kanilang kalusugan at kanilang kayamanan, at pinalitan ang mga ito ng kahirapan, karamdaman, at pagkabalisa. Pagkaraan, sila ay dinapuan ng kahirapan sa ibabaw pa ng kahirapan, kalamidad sa ibabaw pa ng kalamidad.

﴾At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala [alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito], katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan...﴿ *(Qur'an 20: 124)*

﴾Ito'y sa dahilang hindi babaguhin ni Allah ang pabor [o biyaya] na Kanyang ipinagkaloob sa isang [lipon] ng mga tao hangga't hindi nila binabago kung ano ang nasa kalooban nila.﴿ *(Qur'an 8: 53)*

﴾At anumang kamalasan ang sumapit sa inyo; ito ay dahilan sa anumang kinita ng inyong mga kamay, at [sa maraming kasalanan], Siya ay labis na nagpapatawad.﴿ *(Qur'an 42: 30)*

﴾At kung sila [na hindi mga Muslim] ay sumampalataya kay Allah at namalagi lamang sa Tuwid na Landas [Islam], katotohanang Kami ay magkakaloob sa kanila nang saganang ulan.﴿ *(Qur'an 72: 16)*

## ***Ang sekreto ng patnubay***

Ang pagiging kuntento at may kaligayahan ay mga biyaya na ibinibigay lamang sa kanila na sumusunod sa tuwid na landas. Si Muhammad (saws) ay nag-iwan sa atin sa ibabaw ng (isang) dulo ng ganitong landas, at sa kabilang dulo nito ay mga halamanan ng Paraiso.

﴾At katiyakan, Aming papatnubayan sila sa Matuwid na Landas.﴿
*(Qur'an 4: 68)*

Kung ang kaligayahan (ang tutukuyin), sa atin, ito ay nangangahulugan ng ganito: kung siya ay dumikit sa matuwid na landas, bagama't siya ay maaaring dapuan ng kahirapan sa kahabaan ng landas, siya ay may kumpyansa ng masayang wakas at isang tirahan sa hinaharap sa Paraiso. Bunga nito, kanyang susundin ang Propeta (saws), na hindi nagsalita mula sa kanyang sariling pagnanasa, na may panlaban sa mga pang-uulot ng Demonyo, at ang mga salitain ay mga katibayan sa sangkatauhan.

﴾Sa bawat isang [tao] ay may mga anghel na magkasunod, sa kanyang harapan at sa kanyang likuran. Sila ay nagbabantay sa kanya sa pag-uutos ni Allah.﴿ *(Qur'an 13: 11)*

Ang sinuman ay makadarama sa galak ng isang matuwid na tao sa pamamagitan ng kanyang pag-uugali at sa kanyang pagtahak sa tuwid na landas. Batid niya na siya ay mayroong Panginoon at siya ay may huwarang modelo na nasa Sugo (saws), mayroon siyang Aklat ni Allah na nasa kanyang kamay, kaliwanagan sa kanyang puso, at konsiyensa na nag-uulot sa kanya na gumawa nang mahusay. Siya ay umuunlad sa higit pang katayuan ng matinding kaligayahan at lagi nang nagsisikhay para sa pagpapaunlad.

﴾Ito ang patnubay ni Allah, Kanyang ginagabayan ang sinumang Kanyang mapusuan sa Kanyang mga alipin.﴿ *(Qur'an 6: 88)*

Mayroong dalawang landas: ang isa ay may kinakalarawan (o matalinghaga), at ang isa na may pisikal na realidad. Ang unang landas ay yaong pananampalataya, na nilalandas niya sa pansamantalang buhay na ito, - isang buhay na puspos ng mga tukso at pagnanasa. Ang pangalawang landas ay ang Kabilang Buhay. Ang bawat tao ay marapat na tumawid sa pangalawang landas upang makarating sa Paraiso. Ang sinuman na nabigo ay mahuhulog sa Apoy. Ang landas o tulay na ito ay namumutiktik sa mga tusok. Sinuman ang nagabayan sa landas ng panananampalataya at paniniwala sa buhay na ito ay ligtas na makatatawid sa landas ng Kabilang Buhay, - ang bilis kung paano siya makatatawid ay ayon sa tumbasan o proporsyon ng antas ng kanyang pananampalataya. At maalaman na kung ang isa ay pinagpala na mapatnubayan sa tuwid na landas, ang kanyang mga pagkabalisa at pagkabagabag ay madaling maglalaho.

## *Sampung hiyas para sa mabuti at maringal na buhay*

1. Gumising sa panghuling isang katlo (1/3) ng gabi upang manikluhod ng pagpapatawad ni Allah.

﴾At sila na nananalangin at humihingi ng kapatawaran ni Allah sa mga huling oras ng gabi.﴿ *(Qur'an 3: 17)*

2. (Bilang) pinakamababa, paminsan-minsan, ihiwalay mo ang iyong sarili sa mga tao upang magmuni-muni.

﴾At sila na nag-iisip nang mataman tungkol sa pagkakalikha ng kalangitan at kalupaan...﴿ *(Qur'an 3: 191)*

3. Mamalagi na makasama ang matutuwid.

﴾At panatilihin mo ang iyong sarili [O' Muhammad] sa pagtitiyaga na kasama ng mga nananalangin sa kanilang Panginoon...﴿

*(Qur'an 18: 28)*

4. Malimit na alalahanin si Allah.

﴾Alalahanin ninyo si Allah nang may higit na pag-aala-ala.﴿ *(Qur'an 33: 41)*

5. Magdasal ng dalawang yunit (*rakah*) ng dasal nang may katapatan at debosyon.

﴾At sila na nagsisipag-alay ng kanilang *Salah* [takdang pagdarasal] ng may kataimtiman at ganap na pagpapasakop.﴿ *(Qur'an 23: 2)*

6. Dumalit ng Qur'an ng may pang-unawa at pagninilay-nilay.

﴾Hindi baga nila isinasaalang-alang [pinag-iisipan nang mabuti] ang Qur'an?﴿ *(Qur'an 4: 82)*

7. Mag-ayuno sa mainit at nanunuyong araw (maghapon).

"*Iniiwan niya ang kanyang pagkain, inumin at pagnanasa, - ang lahat, para sa Akin.*"

8. Magbigay ng kawanggawa sa lihim.

"*Hanggang ang kaliwang kamay ay hindi nakakaalam kung ano ang ginugol ng kanang kamay.*"

9. Magbigay ng ginhawa at tulong sa nahihirapang Muslim.

"*Sinuman ang magbigay ng ginhawa sa isang Muslim sa isa sa mga malaking pagbabago ng buhay na ito, si Allah ay magpapaginhawa sa kanya sa kalamidad na galing mula sa mga kalamidad ng Araw ng Paghuhukom.*"

10. Maging katamtaman at mapangilin sa abot ng makakaya sa mabilis na mundong ito.

﴾Ang Kabilang Buhay ay higit na mainam at mananatili [walang hanggan].﴿ *(Qur'an 87: 17)*

Ang (isa) sa lipon ng mga panlilinlang (na ginawa) ng anak ni Propeta Noah ay ang kanyang pagsasabi ng:

﴾Aakyat ako sa bundok, ito ang magliligtas sa akin sa tubig.﴿ *(Qur'an 11: 43)*

Kung kanya lamang ipinaubaya ang kanyang sarili kay Allah, ang kanyang kinasapitan ay magiging ibang-iba. Ang sanhi ng pagdurusa ni An-Namrood (Nebuchadnezzar) ay ang kanyang pagsasabi, "Ako ang nagpapabalik ng buhay at ako ang naggagawad ng kamatayan." Nagtangka siya na magsuot ng damit na hindi kanya at nag-angkin siya na mayroong (siyang) katangian na sa katotohanan ay hindi niya taglay, - kaya't ang kanyang pagbagsak ay naging kumpleto.

Ang susi sa ating kaligayahan ay maisasabuod sa isang payak ngunit malalim na parirala, ang Parirala ng *Tawheed* (Monoteismong Islamiko): "*Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah at si Muhammad ang Kanyang Sugo.*"

Kung sinuman ang magpahayag ng pariralang ito sa kalupaan, ito ang sasabihin sa kanya sa kalangitan, "Ikaw ay nagsabi ng katotohanan."

﴾At siya [Muhammad] na nagdala ng Katotohanan [ang Qur'an] at [sila na] nagsisampalataya rito...﴿ *(Qur'an 39: 33)*

At kung sinuman ang mamuhay ng kanyang buhay na may pagkakasundo sa ganitong parilala sa praktikal na antas, siya ay maliligtas sa pagkawasak, kahihiyan, at sa Apoy ng Impiyerno.

﴾At si Allah ang maghahantong sa Muttaqun [matutuwid at mabubuting tao na labis na nagmamahal at nangangamba kay Allah] sa kanilang mga lugar ng tagumpay ]Paraiso].﴿ *(Qur'an 39: 61)*

Kung ang sinuman ay hindi lamang nag-aaplay ng Parirala ng *Tawheed*, bagkus ay nananawagan pa sa iba patungkol dito, ang kanyang pangalan ay aalalahanin at siya ay gagawin na matagumpay:

﴾At katotohanan, ang Aming mga kawal [na sumasampalataya] ay magwawagi.﴿ *(Qur'an 37: 173)*

Kung ang sinuman ay nagmamahal sa Parirala ng *Tawheed*, siya ay itataas ng ranggo at gagawaran ng karangalan.

﴾Mula sa [kailaliman] ng kadiliman ay Kanyang ginabayan sila tungo sa liwanag.﴿ *(Qur'an 2: 257)*

Si Abu Lahab ay humadlang at nagpigil na sabihin ang Parirala ng *Tawheed*. Siya ay namatay sa mahina at kaawa-awang kalagayan.

﴾At sinuman ang bigyan ni Allah ng kahihiyan, walang makapagbibigay sa kanya ng karangalan.﴿ *(Qur'an 22: 18)*

Ang Parirala ng *Tawheed* ay isang eliksir o gamot na nagpapabago sa hamak na tao tungo sa pagiging huwaran ng kadalisayan at debosyon.

﴾At ginawa Namin ito [Qur'an] bilang isang Liwanag upang Aming mapatnubayan ang sinuman sa Aming mga alipin na Aming mapusuan.﴿ *(Qur'an 42: 52)*

At anuman ang iyong gawin, huwag magpakasaya sa nakamit na kayamanan kung iyong itinalikod ang iyong likuran sa Kabilang Buhay. Kung tinalikuran mo ang Kabilang Buhay, isang marahas na kaparusahan at matinding pagpapahirap ang naghihintay sa iyo:

﴾Ang kayamanan ko ay hindi nakatulong sa akin, ang kapamahalaan ko ay nawala sa akin!﴿ *(Qur'an 69: 28-29)*

﴾Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Laging Nagmamasid [sa kanila].﴿ *(Qur'an 89: 14)*

Gayundin, huwag magpakasaya nang labis sa iyong maliit na anak kung iyong nakalimutan ang iyong Panginoon. Ang pagtalikod palayo sa Kanya ay tunay na kabiguan.

﴾At sila ay nalambungan ng kahihiyan at kapighatian...﴿

*(Qur'an 2: 61)*

At pangwakas, huwag maging kampante (o nasisiyahan) tungkol sa iyong kayamanan kung ang iyong gawain ay kasamaan, sapagkat ang gayong gawain ay iyong magiging kahihiyan sa Kabilang Buhay.

﴾Datapuwa't katiyakan na ang Kaparusahan ng Kabilang Buhay ay higit na kaaba-aba...﴿ *(Qur'an 41: 16)*

﴾At hindi ang inyong mga kayamanan o mga anak na lalaki ang magdadala sa inyo upang mapalapit kayo sa Amin; ngunit sila lamang na sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah at sa Islam] at nagsisigawa ng kabutihan...﴿ *(Qur'an 34: 37)*

## Huwag malungkot, — matutong pakitunguhan ang iyong realidad

Sa buhay na ito, kung ikaw ay humamak sa loob mo sa bagay na hindi mo makakamtan, ang halaga nito ay nabawasan para sa iyo. At kung ikaw ay kuntento sa hindi mo pagtatamo ng bagay na talagang iyong ninanais, kung gayon, ikaw ay makakatagpo ng pagkaaliw.

﴾Si Allah ay magkakaloob sa amin ng Kanyang Kasaganaan, at [gayundin] ang Kanyang Sugo [ng mga limos at tulong]. Katiyakang

kami ay naghahangad kay Allah na [Kanyang] pagkalooban kami ng Kanyang biyaya at kasaganaan.﴿ *(Qur'an 9: 59)*

Minsan ko nang nabasa ang tungkol sa isang tao na nahulog sa labas ng bintana. Ang singsing na kanyang suut-suot ay nasabit sa gilid ng isang pako na hindi naibaon nang husto sa pasimano, at dahil dito, ang kanyang palasingsingang daliri ay nabatak mula sa pinakapuno (nito), at nalabi sa kanya ang apat na daliri. Ang nakamamanghang bagay ay hindi ang insidente (o pangyayari) nito, datapuwa't ang pagiging kuntento na ipinamalas ng tao matapos ang matagal na panahon ng aksidente, ang pagiging kuntento na inilalarawan ng mga sumusunod na salita, "Napakadalang na sumagi sa aking isipan na ako ay may apat na daliri sa isang kamay o kaya ay nawalan ako ng isang daliri. Akin lamang naaala-ala ito kung nagugunita ko ang aksidente. Kapag hindi (ko ito iniisip), ang aking trabaho ay patuloy na mahusay at ako ay kuntento sa anumang nangyari."

"*Si Allah ang gumawa ng Kanyang pagtatakda, at kung Kanyang maibigan, Siya ay gumagawa.*"

Kilala ko ang isang tao na nawalan ng kanyang kaliwang bisig sanhi ng isang karamdaman. Siya ay namuhay sa maraming taon magmula noon: siya ay nag-asawa at nagkaroon ng mga anak. Siya ay nagmamaneho ng kanyang sasakyan na walang paghihirap at isinasagawa niya ang iba't ibang tungkulin ng kanyang trabaho ng may gaan. Siya ay lubhang nadadalian na wari bang si Allah ay lumikha sa kanya sa simula na may isang bisig lamang.

"*Maging kuntento kung ano ang ibinahagi sa iyo ni Allah at ikaw ang magiging pinakamayaman sa mga tao.*"

Gaano tayo kadali na nakapag-aangkop sa ating kalalagayan (o pangyayari)! At ito ay kamangha-mangha kung paano natin naiaangkop ang ating pag-iisip kung ang pagbabago sa istilo ng

buhay ay iniuutos sa atin. Limampung taon na ang nakakaraan, ang isang bahay ay naglalaman ng karpet na gawa sa mga dahon ng palmera, isang tapayan ng tubig, isang maliit na dami ng uling, at ilang mumunting bagay. Ang mga tao ay nakapamuhay sa ganito kung paano sila gumagawa sa ngayon, at ang kakulangan ng pinagkukunan o ginhawa ay hindi nakagawa sa buhay na mabawasan ang halaga kaysa sa ngayon. Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang kaluluwa ay nagnanasa ng higit*
*pa kung iyong hinihikayat ito,*
*Nguni't ito ay nagbabalik sa pagiging*
*kuntento kung ito ay dinidisiplina.*

Ang labanan sa pagitan ng dalawang tribu sa sentrong Moske ng Kufa ay nangyari nang ang mga miyembro ng bawat tribu ay nagsimulang magpukol ng insulto sa kabilang tribu. Ang isang tao na nasa loob ng Moske ay nakagawa na panakaw na makatakas upang hanapin si Al-Ahnag ibn Qays, na kinikilala ng lahat bilang isang ganap na tagapagpayapa. Ang tao ay nakakita sa kanya sa bahay nito na gumagatas ng kambing. Si Al-Ahnaf ay nakasuot ng damit na wala pang sampung dirham ang halaga nito (alalaong baga, ito ay parang basahan at mura). Siya ay payat, nangangalumata, at ang isa sa kanyang mga binti ay mahaba kaysa sa isa, na nagbigay sa kanya ng masamang pagkatikod o pagkapilay-pilay. Nang siya ay binigyang-kaalaman tungkol sa balita, walang pagbabago ang nasinag sa kanyang mukha at siya ay nanatiling kalmado. Ang ganitong pagpapakita ng pagkamatatag ay nagbuhat mula sa katotohanan na si Al-Ahnaf ay nakasaksi ng maraming alitan at kahirapan sa panahon ng kanyang buhay, at bunga nito, siya ay hirati na sa gayong pangyayari. Sinabi niya sa tao, "Sa kapahintulutan ni Allah, ang lahat-lahat ay magiging maayos." Matapos, siya ay nagsimulang kumain ng kanyang agahan na para bang walang

nangyari. Ang kanyang agahan ay binubuo ng piraso ng tuyong tinapay, langis, asin, at isang baso ng tubig. Binanggit niya ang Ngalan ni Allah at siya ay kumain. Matapos ito, kanyang pinapurihan si Allah at nagsabi, "Trigo mula sa Iraq, langis mula sa Syria, tubig mula sa Dajlah (Tigris), at asin mula sa Merv. Katotohanang ito ay mga dakilang biyaya." Nagsuot siya ng kanyang damit, kinuha niya ang kanyang panglakad na tungkod, at pumaroon siya sa mga tao. Nang kanilang makita siya, ang kanilang paningin ay napako sa kanya at sila ay matamang nakinig sa kanya sa anumang kanyang sasabihin. Siya ay nagsabi ng salita ng kapayapaan at ng kompromiso, mga salita na nagbigay-tuwa sa magkabilang panig, at hiniling niya sa kanila na humayo at pumaroon sa kani-kanilang landas. Silang lahat ay sumang-ayon at ang bawat isa sa kanila ay lumisan na wala mang bahid ng hinanakit na naiwan sa kaniyang puso, at sa ganitong paraan, ang mahirap na pagsubok ay nagwakas nang mapayapa. Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang sinuman ay makakaabot ng karingalan kahit na*
*ang kanyang kasuutan ay gula-gulanit at*
*ang kanyang bulsa ay tagpi-tagpi.*

Mayroong maraming aral ang matututuhan sa ganitong salaysay. Ang isa sa mga ito ay yaong ang kadakilaan ay wala sa hitsura o sa kasuutan; ang iba pang aral ay yaong ang pagkakaroon ng ilang materyal na pag-aari ay hindi nagbabadya ng kahirapan at ang kaligayahan ay hindi namamahay sa kaginhawahan at kayamanan.

﴾At ang tao, kapag siya ay sinubukan ng kanyang Panginoon at gawaran ng biyaya at karangalan; kanyang sasalitain [ng may pagmamalaki]: 'Ang aking Panginoon ay nagparangal sa akin!' Datapuwa't kapag sinubukan siya ng kanyang Panginoon na higpitan ang pinagkukunan ng kanyang biyaya; kanyang sasalitain [ng may

pagkalungkot]: 'Ang aking Panginoon ay humamak [umaba] sa akin!'﴿ *(Qur'an 89: 15-16)*

Ang iba pang aral na marapat nating kunin sa salaysay ay yaong ang pag-uugali ng tao at ang kanyang mga katangian ay siyang sukatan ng kanyang halaga, at hindi ang kanyang kasuutan, sapatos, o bahay. Ang kanyang halaga ay natitimbang sa kanyang kaalaman, pagkamapagbigay, pag-uugali, at mga gawa.

﴾Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ni Allah ay [yaong sumasampalataya] na may *At-Taqwa* [katangian ng isang tunay na mananampalataya na may pag-aala-ala at pagkatakot kay Allah, kabanalan at kabutihan].﴿ *(Qur'an 49: 13)*

Ang pagkakaugnay sa pagitan ng salaysay at ng paksa ng aklat na ito ay yaong ang kaligayahan ay hindi natatagpuan sa kayamanan, mga mansiyon, ginto o pilak; sa halip, ang kaligayahan ay bagay na nasisinag sa sarili nitong puso sa pamamagitan ng pananampalataya, pagiging kuntento, at karunungan.

﴾Kaya't huwag hayaan ang kanilang kayamanan o mga anak ay makintal sa iyong isipan [O' Muhammad].﴿ *(Qur'an 9: 55)*

﴾'Sa mga biyaya ni Allah at sa Kanyang Habag [alalaong baga, ang Islam at Qur'an]; - dito, hayaang sila ay mangagalak.' Ito ay higit na mabuti sa anumang kayamanang kanilang nakatamtan.﴿

*(Qur'an 10: 58)*

Sanayin ang iyong sarili na isuko ang iyong kalooban sa anumang itinalaga sa iyo. Ano ang iyong gagawin kung hindi ka maniniwala sa pagtatakda ni Allah? Ang anumang iyong binabalak maliban pa sa ganap na pagtalima sa Banal na Pag-uutos ni Allah ay walang maibibigay na kapakinabangan sa iyo. Kaya nga, iyong maitatanong, ano ang lunas sa mga kahirapan?

Ang solusyon ay sabihin nang matapat, "Kami ay kuntento, nalulugod, at isinuko namin ang aming kalooban."

﴾Kahit nasaan pa man kayo, ang kamatayan ay mananaig sa inyo kahima't kayo ay nasa kanlungan [o kuta] na matatag at mataas!﴿ *(Qur'an 4: 78)*

Ang isa sa pinakamahirap sa mga araw ng aking buhay, at ito ay napakasaklap na araw, ay nang sabihin ng doktor sa akin na ang bisig ng aking kapatid na si Muhammad ay dapat na putulin. Ang balita ay dumating sa aking mga tainga na tulad ng kulog. Ako ay nadala (ng aking damdamin) at ang aking kaluluwa ay humanap ng ginhawa sa salitain ni Allah:

﴾Walang [anumang] kapahamakan ang magaganap malibang pahintulutan ni Allah, at kung sinuman ang sumasampalataya kay Allah, Siya ang mamamatnubay sa kanyang puso [sa tunay na Pananampalataya]...﴿ *(Qur'an 64: 11)*

﴾At magbigay nang magandang balita sa mga matimtiman sa pagbabata, na kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan [pagsubok] ay nagsasabi: 'Katotohanang kami ay pag-aangkin ni Allah at sa Kanya kami magbabalik.'﴿ *(Qur'an 2: 155-156)*

Ang mga talatang ito ay nagtatanim ng damdamin ng kapayapaan at ginhawa sa aking kaluluwa. Walang anumang anyo ng panlilinlang ang makakahadlang na maganap kung anuman ang nakatakda. Samakatuwid, dapat nating panatilihin ang pananampalataya at magsuko ng ating kalooban.

﴾At sila ba ay nagpakana ng [ilang] balak [alalaong baga, pagsasabwatan laban sa Propeta]? Datapuwa't katotohanang Kami [rin] ay nagpapakana [ng isang balak].﴿ *(Qur'an 43: 79)*

﴾At ang kalooban ni Allah ay lagi nang nangyayari [nasusunod] sa lahat ng mga pangyayari...﴿ *(Qur'an 12: 21)*

﴿At kung Siya ay magtakda [magnais] ng isang bagay, Siya ay magwiwika lamang ng: 'Mangyari nga!' at ito ay magaganap.﴾

*(Qur'an 2: 117)*

Si Al-Khansaa An-Nakh'aiyah ay sinabihan sa (paraan ng) isang buntong-hininga tungkol sa kamatayan ng kanyang apat na (anak) na lalaki, na namatay na lahat sa landas ni Allah sa digmaan ng Al-Qaadisiyah. Ang tangi lamang niyang naging reaksyon ay magpuri kay Allah at magpasalamat sa Kanya sa pagpili kung ano ang pinakamainam. Ang pananampalataya ay nakapagpapatatag sa kakayahan ng sinuman na maging mapagbata sa kahirapan. At sa pamamagitan ng pagpapasalamat, ang sinuman ay nakapagtatamo ng kaligayahan sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay. Kung ikaw ay umaayaw na sundin ang ganitong payo, kung gayon, tanungin mo ang iyong sarili ng ganito: mayroon bang nakabubuhay na paraan o alternatibo? Kung ang gayong alternatibo ay kapaitan, pagrereklamo, at ang pagtanggi na tanggapin kung anuman ang nangyari, kung gayon, iyo lamang ibinibigay sa iyong sarili ang kirot sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay.

"*Sinuman ang maging kuntento, kung gayon, sa kanya ang pagkalugod, at sinuman (ang magpakita) ng pagkagalit, kung gayon, para sa kanya ang pagkapoot.*"

Ang pinakamainam na lunas at paraan ng paggawa matapos ang kalamidad ay magsabi ng may katapatan, "Katotohanan, tayo ay angkin ni Allah, at katiyakan, sa Kanya ang ating pagbabalik." Ito ay nangangahulugah na tayong lahat ay mula sa mga nilikha ni Allah; na tayo ay Kanyang angkin; na tayo ay nasa Kanyang kaharian; at tayong lahat ay magbabalik sa Kanya. Ang simula ay sa Kanya at ang pagbabalik ay sa Kanya. Ang lahat-lahat ng pangyayari ay nasa mga Kamay ni Allah.

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang aking sariling kaluluwa na naghahawak ng mga bagay*
*ay sa (kanyang) sarili na rin ay lumilisan,*
*Kaya't bakit ako dapat na umiyak sa ibabaw*
*ng hinahawakan o angkin kung ito ay lumisan.*

Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagwika:

﴾Ang lahat ng bagay ay maglalaho [mamamatay] maliban sa Kanyang Mukha [Sarili].﴿ *(Qur'an 28: 88)*

﴾Ang sinuman [at anuman] na nasa [kalupaan] ay maglalaho [mamamatay].﴿ *(Qur'an 55: 26)*

﴾Katotohanang ikaw [O' Muhammad] ay mamamatay at katotohanang sila rin ay mamamatay.﴿ *(Qur'an 39: 30)*

Kung ikaw ay nabigla na malaman na ang iyong bahay ay nasunog, na ang iyong anak ay namatay, o ang iyong panghabang buhay na naimpok ay nawala, ano ang iyong gagawin? Mula sa sandaling ito, ihanda mo ang iyong sariling kaisipan. Ang pagnanais na matakasan o maiwasan kung ano ang itinakda ay isang walang bungang pagsisikap na walang maibibigay na pakinabang. Maging nasisiyahan kung anuman ang itinakda, tanggapin ang iyong realidad, at tamasahin ang iyong gantimpala. Ikaw ay wala ng ibang mapagpipilian. Tiyak, maaaring masabi mo na may iba pang mapagpipilian; ngunit ito ay payak lamang, at binabalaan kita na huwag humarang dito: ito ay yaong magreklamo at magmaktol, at mawala ang iyong hinahon sa pamamagitan ng pagsisiklab sa pagkapoot at pagkagalit. Ano ang maaaring matamo ng ganitong gawa at pag-uugali? Matatamo mo ang galit ng iyong Panginoon, at ang mga tao ay manlalait sa iyo. Higit pa rito, ang anumang nawala sa iyo ay hindi na magbabalik at ang iyong kalamidad ay hindi pagagaanin sa iyo:

﴾Hayaan siyang magbitin ng lubid sa kisame at hayaang bigtihin niya ang kanyang sarili. At hayaang mamasdan niya: - ang kanya kayang balak ay makapag-aalis ng gayong bagay na nakapagpapagalit [sa kanya]!﴿ *(Qur'an 22: 15)*

## *Huwag malungkot — Malapit na o hindi na magtatagal, ang lahat-lahat sa mundong ito ay malilipol*

Ang kamatayan ay ang katapusan nating lahat: ang naniniil (nagmamalupit) at ang sinisiil (pinagmamalupitan), ang makapangyarihan at hamak, ang mayaman at mahirap. Ang iyong kamatayan ay hindi isang bagong bagay o karanasan. Ang mga bansa (o bayan) noong una ay napalis na at ang mga bansa na sumunod dito ay malilipol.

Si Ibn Batoota ay nagsalaysay na sa hilaga ay mayroong sementeryo na may nakalibing na isang libong hari roon. Sa bukana ng sementeryong ito ay may nakalagay na tanda na ganito ang mababasa:

> "Ang mga Hari: tanungin ang dumi tungkol sa kanila,
> At tungkol sa mga dakilang pinuno; silang lahat ay mga buto na ngayon."

Ang isang sanhi para mamangha ay ang pagiging malimutin ng tao at kung paano siya nanatiling hindi nag-iintindi sa kamatayan, ang panganib ng gayon ay nakabitin sa ibabaw niya sa araw at gabi. Ang tao ay dumaya sa kanyang sarili sa pag-aakala na siya ay walang kamatayan sa mundong ito.

﴾O' sangkatauhan! Pangambahan ninyo ang inyong Panginoon at maging masunurin sa Kanya! Katotohanan, ang lindol sa Oras [ng

katapusan ng mundo] ay isang kasindak-sindak na bagay.﴿

*(Qur'an 22: 1)*

﴾Papalapit na nang papalapit ang sangkatauhan sa kanilang pagsusulit habang sila [ay patuloy] sa hindi pagtalima [sa pag-uutos] at tumatalikod.﴿ *(Qur'an 21: 1)*

Nang wasakin ni Allah ang isang bansa (bayan) at lipulin ang isang nagmamalabis sa paglabag na mga tao, Siya, ang Kataas-taasan ay nagwika:

﴾Ikaw ba [O' Muhammad] ay makatatagpo kahit na isa man [lamang] sa kanila, o di kaya ay makakarinig ng kahit na isang bulong [man lamang] sa kanila?﴿ *(Qur'an 19: 98)*

## Ang pagkalumbay ay naghahantong sa kahirapan

Ang pahayagang *Al-Muslimoon* ay nag-ulat na noong taong 1990, dalawang milyong tao ang nagdurusa ng kalumbayan sa buong mundo. Ang pagkalumbay ay isang karamdaman na tahimik na nagbabagsak ng kapinsalaan sa sangkatauhan. Ito ay hindi nagtatangi sa pagitan ng mga tao sa kanluran o sa silangan, o sa pagitan ng mayaman at mahirap. Ito ay isang karamdaman na sumasalakay sa lahat ng uri ng mga tao, at sa ilang piling pangyayari ay naghahantong sa pagpapatiwakal.

Ang pagkalumbay ay hindi nakakakilala o makatitindig na mangingimi sa kayamanan, pagkamaringal, o kapangyarihan. Magkagayunman, ito ay nananatiling malayo sa nananampalataya. Ang ibang istatistika ay nagpapahayag na mayroong 200 milyong tao sa ngayon ang nagdurusa sa pagkalumbay.

Ang kinalabasan nang katatapos lamang na pag-aaral ay nagpapakita na mayroong isa sa bawat sampung tao na sa isang

panahon o iba pa, ang nagdusa sa ganitong mapanganib na karamdaman. Ang panganib ay hindi natatakdaan sa mga may hustong gulang; maging ang kabataan sa ngayon ay madaling kapitan ng pagkalumbay. Maging ang sanggol sa sinapupunan (ng ina) ay nasa panganib, sapagkat ang isang nalulumbay na ina ay maaaring bumaling sa aborsyon (o pagpapalaglag ng sanggol) bilang isang paraan ng pagtakas sa kanyang mga problema.

## *Ang pagkalumbay ay maaaring maghantong sa pagpapatiwakal*

﴾At huwag ninyong patayin ang inyong sarili [huwag magpatayan sa isa't isa]...﴿ *(Qur'an 4: 29)*

﴾At huwag hayaan ang inyong sariling mga kamay ang maghantong sa [inyong] kapamahakan...﴿ *(Qur'an 2: 195)*

May mga pahayag na tumagas na ang dating Pangulo (ng Amerika) na si Ronald Reagan ay naging biktima ng kalagayan ng (pagkakaroon) ng matinding pagkalumbay. Ang kanyang kalagayan ay nanggaling sa kanyang pagiging mahigit na pitumpung taong gulang habang patuloy pa rin na nakakaharap ng katakut-takot na mahihirap na mga problema, at sa pagkakaroon niya ng operasyon (na pangkalusugan) sa tuwi-tuwina.

﴾Kahit nasaan pa man kayo, ang kamatayan ay mananaig sa inyo kahima't kayo ay nasa kanlungan [o kuta] na matatag at mataas!﴿ *(Qur'an 4: 78)*

Maraming mga kilalang tao, tangi na nga rito yaong nasa sining, ang nagdurusa ng pagkalumbay. Ang pangunahing dahilan, kung hindi man yaon ang tanging dahilan, sa pagkamatay ng makatang si Saleh Jaaheen, ay pagkalumbay. Sinabi rin na si

Napoleon Bonaparte, habang siya ay napatapon sa ibang lugar, ay nasa kalagayan ng pagkalumbay.

﴾At ang kanilang kaluluwa ay lumisan [sa kanilang kamatayan] samantalang sila ay mga hindi nananampalataya.﴿ *(Qur'an 9: 55)*

Hindi pa gaanong nagtatagal, isang babaeng Aleman ang pumatay sa tatlo sa kanyang mga anak. Sa huli ay naging maliwanag na ang dahilan niya sa paggawa ng gayong kasindak-sindak na gawa ay nagmula sa kalagayan niya ng pagkalumbay. Sapagkat kanyang minahal ang kanyang mga anak ng may matinding pagtatangi, pinangangambahan niya na sila rin ay magdaranas ng kirot at kahirapan na kanyang sinapit sa kanyang buhay. Kaya't siya ay nagpasya na "bigyan sila ng kaginhawahan" at "iligtas ang bawat isa sa kanila" sa mga kahirapan at malaking pagbabago ng buhay. Matapos na kanyang patayin sila, kanya ring tinapos ang kanyang sariling buhay.

Ang mga bilang na pinalabas ng World Health Organization ay nagpapakita ng kalubhaan ng sitwasyon. Noong taong 1973, ito ay nag-ulat na ang tatlong bahagdan ng populasyon sa buong mundo ay dinapuan ng pagkalumbay. Ang bilang ay lubhang tumaas at noong taong 1978, ang bilang ay umabot sa limang bahagdan. Ang lumabas na ulat na maaaring makagitla sa sinuman ay yaong ang ilang pag-aaral ay nagpakita na isa sa bawat apat na Amerikano (at Amerikana) ay nagdurusa ng pagkalumbay. Sa panahon ng konperensiya ng Mental Disorders na ginanap sa Chicago noong taong 1981, ang tagapangulo ng konperensiya ay nagpahayag na isang daang milyong tao sa buong mundo ang nagdurusa ng pagkalumbay. Ang bagay na maaaring makagulat sa ilan ay yaong ang karamihan sa kanila ay nagmula sa mauunlad na bansa. Ang mga iba pang pag-aaral ay nagpahayag na ang bilang ay umaabot na sa dalawang daang milyon.

﴾Hindi baga nila namamasdan na sila [mga Munafik o mapagkunwari] ay sinusubukan, minsan o makalawa sa bawat taon [sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng kapinsalaan, mga sakit, pagkagutom at kasiphayuan, atbp.]?﴿ *(Qur'an 9: 126)*

Sinasabi na, "Ang matalinong tao ay hindi siya na nagawang madagdagan ang kanyang pakinabang, datapuwa't siya na nakagawang mabago (o mapalitan) ang pagkalugi (tungo) sa pakinabang."

﴾Kaya't binigyan kayo ni Allah ng sunud-sunod na pagkabalisa [pagkabahala, dusa at kagipitan] upang kayo ay [maturuan] na hindi mamighati sa anumang [tagumpay at labing-yaman] na nakaalpas sa inyo.﴿ *(Qur'an 3: 153)*

Ang kahulugan ng ganitong talata ay yaong ang mga bagay na dumaan at natapos na ay hindi marapat na talakayin (o ipamuhay) pa, sapagkat ang paggawa ng gayon ay naghahantong lamang sa pagkabagabag, pag-aalala, at pag-aaksaya ng oras.

Kung walang gawaing ginagawa, ang sinuman ay maaaring makapuno ng kanyang oras sa maraming kapaki-pakinabang na gawain. Narito ang ilan sa mga gayong gawain, - ang paggawa ng mabubuting gawa, ang pagtulong sa iba, pagdalaw sa maysakit, pagdalaw sa libingan (upang alalahanin at magmuni-muni sa pangwakas na kahahantungan), pagboboluntir (o pagkukusa) sa *Masjid* (bahay-dalanginan ng Muslim), pagsali sa mga gawaing pangkawanggawa, pag-eehersisyo o palakasan, pagdalaw sa mga mahal sa buhay, pagsasaayaos ng sariling gawain o kalagayan, at pagdamay o pagtulong sa matatanda, mahihirap, at mahihina.

﴾O' tao! Katotohanang ikaw ay lagi nang nagsisikhay tungo sa iyong Panginoon at iyong makakatipan Siya [upang ikaw ay mabayaran Niya nang ganap], isang tiyak na pagbabalik...﴿ *(Qur'an 84: 6)*

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang mapagbigay na gawa ay namumukod*
*sa kanyang matamis na panlasa at*
*sa maganda nitong hitsura.*

Tumingin sa kahabaan ng anumang pangkasaysayang aklat at matatagpuan mo sa gitna ng mga pahina nito ang mga kuwento ng kirot, kasalatan, at kahirapan. Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Magbasa ng Kasaysayan sapagkat hitik ito*
*sa mga (pag-uugaling) moral,*
*ang isang Bansa (o Bayan) ay lulubog kung wala itong nalalaman*
*sa kanyang tala (o listahan) ng kasaysayan.*

﴾At ang lahat ng mga isinalaysay Namin sa iyo [O' Muhammad] na mga balita [kasaysayan] ng mga Sugo ay katumpakan upang magawa Namin na maging malakas at matatag ang iyong puso.﴿
*(Qur'an 11: 120)*

﴾Katotohanan, sa kanilang kasaysayan ay mayroong aral para sa mga tao na may pang-unawa.﴿ *(Qur'an 12: 111)*

﴾Kaya't iyong isalaysay ang kanilang kasaysayan upang sila [na mga tauhan mo, O' Muhammad] ay magmuni-muni.﴿ *(Qur'an 7: 176)*

Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi, "Ang aking mithiin sa ngayon ay manatiling makatagpo ng kasiyahan sa iba't ibang bagay na itinakda para sa akin", isang pangungusap na nagpapahayag ng kanyang pagiging kuntento sa itinakda sa kanya ni Allah.

Sa loob ng isang taon, ang walo sa mga anak na lalaki ni Abi Thuaib Al-Hathali ay namatay sa panahon ng salot. At ano ang

inaakala ninyo na kanyang sinabi? Pinanatili niya ang pananampalataya, tinanggap (ang gayon), at tumalima sa pagtatakda ni Allah, na nagsasabi:

*Pagtitiyaga ang aking ipamamalas sa kanila na nagsasaya sa aking kirot,*
*hindi ako maaalog o manginginig sa mga kasalatan ng panahon,*
*kung ang kamatayan ay manganinag at maglabas*
*ng kanyang mga kuko (sipit),*
*walang anumang galing o abubot ang makapagpapaalis dito.*

﴾Walang [anumang] kapahamakan ang magaganap malibang pahintulutan ni Allah.﴿ *(Qur'an 64: 11)*

Si Ibn Abbaas (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nawalan ng paningin, at kanyang sinabi sa kanyang sarili ang mga ganitong salita ng kaaliwan:

*Kung kinuha ni Allah ang ilaw ng aking mga mata,*
*ang aking puso ay nananatiling naliliwanagan,*
*ang aking puso ay nakakaunawa at ang aking isipan ay hindi lihis,*
*at ang aking dila ay tulad ng talim ng walang bainang espada.*

Kanyang inaliw ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pag-aala-ala sa mga kagandahang-loob ni Allah na nananatili pa sa kanya matapos na mawala ang isa lamang sa mga ito.

Sa kahabaan ng isang araw, si Urwah ibn Zubayr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nawalan ng isa sa kanyang mga binti at ipinagbigay-alam sa kanya na namatay ang kanyang anak na lalaki. Ito ang kanyang naging reaksiyon:

"O' Allah, sa Inyo nalalaan ang lahat ng papuri. Kung Kayo man ay kumuha, Kayo rin naman ay nagbigay. At kung Inyong sinubukan (ako) ng kahirapan, Inyo ring iniligtas at kinandili

(ako). Inyong ginawaran ako ng apat na bisig at binti, at kinuha lamang ang isa."

﴾At [Kanyang] gagantimpalaan sila sa anumang [gawa] na matiyaga nilang pinagtiisan, ng isang Halamanan [sa Paraiso] at [mga kasuutang yari sa] sutla.﴿ *(Qur'an 76: 12)*

﴾Salamun alaykum [Ang kapayapaan ay sumainyo] sapagkat kayo ay nagsipagtiyaga sa pagbabata!﴿ *(Qur'an 13: 24)*

Ang mga sumusunod na salita ng pagkaaliw ay nanggaling kay Imam Ash-Shafi'ee:

*Hayaang dalhin ng mga araw (maghapon)*
*ang anumang nasa kanila, at maging kuntento kung*
*ang pagtatakda ay sumapit, kung ang katuparan nito ay dumatal*
*sa lupain ng ilang bansa (bayan), maging*
*ang kalupaan o kalangitan ay hindi makakahadlang dito.*

Gaano karaming beses na ating kinatakutan ang kamatayan at wala namang nangyari? Gaano kadalas na ating naramdaman ang katapusan na malapit na, gayunman, tayo ay muling nagbabalik na malakas kaysa sa una? Gaano kadalas na ating natagpuan ang ating sarili sa mga kahirapan, gayunman, makaraang lumipas ang maigsing panahon, tayo ay pinayagan na malasap ang tamis ng gaan at ginhawa?

﴾Ipagbadya [O' Muhammad]: 'Si Allah ang nagliligtas sa inyo sa ganito at gayundin sa lahat ng kapahamakan...'﴿ *(Qur'an 6: 64)*

O gaano kadalas na tayo ay nagkasakit, gayunman, tayo ay muling ibinalik sa kalusugan?

﴾At kung si Allah ay magkaloob sa iyo ng kapinsalaan, walang sinuman ang makapag-aalis nito maliban sa Kanya...﴿ *(Qur'an 6: 17)*

Kung ang sinuman ay nakakaalam ng may katiyakan na si Allah ang kumukontrol sa lahat-lahat, paano kung gayon siya ay makadarama ng anumang pangamba sa iba maliban pa sa Kanya? At kung ang sinuman ay nangangamba kay Allah, paano niya pangangambahan ang iba (habang) kaagapay Siya, tangi na rito kung isasaalang-alang na si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagwika:

﴾Kaya't sila ay huwag ninyong katakutan, datapuwa't inyong pangambahan Ako...﴿ *(Qur'an 3: 175)*

Siya ang Lubos na Pinakamakapangyarihan:

﴾At katotohanan, ang Aming mga kawal [na sumasampalataya] ay magwawagi.﴿ *(Qur'an 37: 173)*

﴾Katotohanan na walang pagsala na Aming susuportahan ang Aming mga Sugo at ang mga sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah, at sa Islam] sa buhay sa mundong ito at sa Araw na ang mga saksi ay magsisitambad [sa Araw ng Muling Pagkabuhay].﴿ *(Qur'an 40: 51)*

Si Ibn Taymiyah ay nagsabi ng gayon sa ganitong parirala, "Wala ng iba pang kapangyarihan o lakas maliban kay Allah", ang mabibigat na bagay ay nadadala, ang mga balakid ay napagtatagumpayan, at ang karangalan ay natatamo. Kaya't laging alalahanin nang parati ang ganitong parirala, sapagkat ito ay isang kayamanan mula sa mga kayamanan ng Paraiso at isang haligi ng kaligayahan at pagiging kuntento.

## *Ang paghingi ng pagpapatawad ni Allah ay nagbubukas sa mga pinid na pinto*

Si Ibn Taymiyah ay nagsabi:

"Kung ako ay nalilito sa aking pang-unawa sa isang paksa sa relihiyon, ako ay kagyat na nagsusumamo kay Allah na patawarin

ako ng isang libong beses, - maaaring higit pa o maaaring kulang. Sa gayon, si Allah ay nagbubukas kung ano ang nakapinid sa akin at dumarating sa akin na ito ay (aking) maunawaan."

﴾Humingi kayo ng kapatawaran sa inyong Panginoon; katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad; kayo ay pagkakalooban Niya nang higit pang kayamanan at mga anak, at ipagkakaloob Niya sa inyo ang halamanan at gayundin ng mga batis [na nagsisidaloy].﴿

*(Qur'an 71: 10-11)*

Ang isa sa paraan upang matagpuan ang panloob na kapayapaan ay ang patuloy na paghingi ng kapatawaran mula kay Allah. Maging ang kasalanan ay isang biyaya kung ito ang nagbibigay-sanhi sa nananampalataya na bumaling sa kanyang Panginoon sa pagsisisi. Sa *Al-Musnad*, ang sumusunod ay nauugnay:

"*Si Allah ay hindi gumagawa ng pagtatakda sa Kanyang alipin maliban na ito ay nakabubuti sa kanya.*"

Tungkol sa ganitong *hadith*, si Ibn Taymiyah ay tinanong, "Kahit na ang kasalanan?" Siya ay sumagot, "Oo, kung ito ay sinusundan ng pagsisisi, pagtitika, na humihingi ng kapatawaran, at ng matapat na damdamin ng pagsisisi dahilan sa paglabag."

﴾At sila [ang mapagkunwari], nang sila ay hindi naging makatarungan sa kanilang sarili, ay pumaroon sa iyo [O' Muhammad] at nanikluhod sa kapatawaran ni Allah, at ang Sugo ay nagsumamo ng Kapatawaran para sa kanila, tunay na kanilang matatagpuan na si Allah ay Ganap na Nagpapatawad [tanging Siya ang tumatanggap ng pagsisisi], ang Pinakamaawain.﴿ *(Qur'an 4: 64)*

﴾At gayundin, ang mga araw [na mabuti at hindi lubhang mabuti] ay Aming ibinigay sa mga tao nang halinhinan...﴿ *(Qur'an 3: 140)*

﴾Sa Araw na ito ay kanilang mapagmamalas, [wari] bang sila ay hindi nanatili sa mundong ito, maliban sa isang gabi o isang umaga lamang [alalaong baga, napakaigsing panahon].﴿ *(Qur'an 79: 46)*

Lagi akong nakadarama ng pagkamangha kung nagmumuni-muni ako sa ilan sa mga kilalang tao ng kasaysayan. Kahit na sila ay nakaharap ng mga kahirapan, wari bang para sa kanila, ang kanilang mga paghihirap ay pino na katulad ng mga patak ng tubig. Ang nasa harapan ng ganitong piling pangkat ay ang pinuno ng nilalang na si Muhammad (saws). Siya ay nasa yungib na kasama si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah), na ang kanilang mga kaaway ay malapit sa kanila, at sinabi niya sa kanyang mga Kasamahan:

﴾Huwag kang malumbay [o mangamba], katotohanang si Allah ay kasama [Tagapagtangkilik] natin.﴿ *(Qur'an 9: 40)*

*Masayang balita mula sa nalilingid sa bunganga ng yungib:*
*Kapahayagan na naghantong ng kaligayahan sa daigdigan.*

Bago nagsimula ang digmaan ng Badr, ang Propeta (saws) ay nananabik na nagsuot ng kanyang baluti (kutamaya) habang sinasabi ang:

﴾Hindi magtatagal, ang karamihan sa kanila ay tatalikod, at sila ay tatalilis.﴿ *(Qur'an 54: 45)*

At sa digmaan ng Uhud, matapos na ang ilan sa kanyang mga Kasamahan ay naging martir at ang iba ay nasugatan, ang Propeta (saws) ay nagsabi sa kanyang mga Kasamahan:

*"Humilera kayo sa aking likuran upang aking mapapurihan ang aking Panginoon."*

Ang determinasyon at lakas ng pagnanais ng Propeta ay makapangyayari, sa kapahintulutan ni Allah, ay makauuga ng kabundukan.

Si Qays ibn Aasim Al-Manqari, na kilala sa lipon ng mga Arabo dahil sa kanyang pagkamapagtiyaga, ay minsang nagsasalaysay ng isang istorya sa ilan sa kanyang mga kasamahan, nang may isang tao ang dumating at nagsabi kay Qays, "Ang iyong anak na lalaki ay pinaslang. Ang anak ni ganoon at ni ganito ang siyang salarin." Si Qays ay hindi pumutol (nagpaigsi) ng kanyang istorya, sa halip ay ipinagpatuloy niya ang paglalahad dito sa isang mahinahong kilos hanggang sa siya ay matapos. Pagkaraan, siya ay nagsabi, "Hugasan (ninyo) ang aking anak, balutan siya, at hayaan (ninyong) makapagdasal ako sa kanyang harapan!"

﴾At sila na matiyaga sa matinding kahirapan at karamdaman, at sa [lahat] ng panahon [ng kagipitan] ng pakikibaka o pakikipaglaban sa digmaan.﴿ *(Qur'an 2: 177)*

Si Ikrimah ibn Abi Jahl (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay inalok ng tubig sa papag ng kanyang kamatayan, at siya ay nagsabi, "Ialok (ninyo) ito kay ganoon at ganito." Marami ang kanilang bilang, at ang lahat ay nasa bingit na ng kamatayan, at ang bawat isa ay nagmamalasakit sa tao na katabi niya kaysa sa kanyang sarili, at sa ganitong kamangha-manghang pagpapakita ng pagkakapatiran, silang lahat ay namatay.

## *Ang mga tao ay marapat na umasa sa iyo, at hindi ikaw sa kanila*

Ang may maringal na puso ay gumagawa para sa mga tao at hindi nagpapahintulot sa kanila na pagsilbihan siya. Kaya nga, siya ay hindi nagsisimula ng isang proyekto na mangangailangan siya upang umasa sa iba.

Sa pagtulong sa iba, ang mga tao ay may hangganan o puntos, kung hanggang saan ang kanilang kaya na magsikap at magsakripisyo sa iba. At ang hangganang ito ay bihira lamang na malampasan.

Isaalang-alang (natin) si Husain ibn Ali, ang apo ng Propeta (saws). Siya ay pinaslang, at ang bansa (bayan) ay hindi natinag. Sa halip, ang mga pumaslang sa kanya ay nagsayaw sa daan, na dumadalit ng mga papuri kay Allah para sa kanilang tagumpay, - nawa'y kalugdan ni Alah si Husain. Isang makatang Arabo ang sumulat:

*Sila ay dumating na dala ang iyong ulo,*
*O' apo ni Muhammad,*
*na nagsasaya sa tumutulo nitong dugo*
*ng may katuwaan at pagtatawanan,*
*na pumupuri kay Allah dahil sa ikaw ay kanilang napatay,*
*datapuwa't kanila lamang napatay*
*ang kanilang mga pagpupuri at kanilang relihiyon.*

Si Imam Ahmad ay pinahirapan sa pamamagitan ng matinding paggulpi sa kanya ng latigo. Siya ay nasa bingit na ng kamatayan at walang isa man ang nagtaas ng kanyang daliri upang tulungan siya.

﴾Kaya't huwag kang manalangin kay Allah na may kasama pang ibang ilah [diyos]...﴿ *(Qur'an 26: 213)*

Si Ibn Taymiyah ay nadakip at siya ay pinasakay sa isang kabayong mola upang iparada roon at hiyain. Ang makapal na tao na sa huli ay dumalo sa kanyang libing ay walang ginawa habang yaon ay nangyayari, ito'y sa dahilang ang mga tao, maliban lamang sa pambihirang (pangyayari), ay mayroong natatanging hangganan na kanilang maipagpapatuloy sa pagtulong sa iba.

﴾At sila ay hindi nagtataglay ng anumang kasahulan o kapakinabangan sa kanilang sarili, at hindi nagtataglay ng anumang kapangyarihan [upang magbigay] ng kamatayan, [o magkaloob] ng buhay, gayundin nang pagpapabangon sa patay.﴿ *(Qur'an 25: 3)*

﴾O' Propeta [Muhammad]! Sapat na sa iyo si Allah, gayundin sa kanila na sumusunod sa iyo na mga sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 8: 64)*

﴾At ilagay mo [O' Muhammad] ang iyong pagtitiwala sa Kanya na Laging Buhay at Walang Kamatayan...﴿ *(Qur'an 25: 58)*

﴾Katotohanang ikaw ay hindi nila mapapangibabawan laban kay Allah sa anupaman.﴿ *(Qur'an 45: 19)*

## *Pagkamaingat (Pagkamasinop)*

Walang sinuman ang gumugugol ng may pagkamaingat (pagkamasinop) maliban na siya ay ligtas upang umasa sa iba. Isang makata ang nagsabi:

*Sinupin ang iyong salapi, sapagkat sa kayamanan*
*ay dumarating ang paggalang,*
*at ikaw ay makagagawa nang hindi humihingi*
*sa (iyong) amain o pinsan.*

Ang pilosopya na nag-uudyok sa pagiging maluho sa paggasta ay huwad at mapanganib sa sariling kapakanan. Ang mga ugat ng ganitong ideya o kaisipan ay matatagpuan sa India, o nanggaling sa mga ignorante sa lipon ng mga Sufi. Sa katotohanan, ang Islam ay nanghihikayat sa pagkita ng salapi ng may katapatan, at ang paggugol nito sa tamang paraan. Ang pag-aaplay ng ganitong

dalawang prinsipyo ay siyang nakagagawa upang ang sinuman ay maging kagalang-galang sa pamamagitan ng kanyang kayamanan. Ang sumusunod na salitain ng Propeta (saws) ay isang katibayan nito:

"*Pinagpapala ang mabuting kayamanan (na kinita ng matapat) na nasa mga kamay ng matuwid na tao.*"

Ang kabaligtaran nito ay siya na binabaha ng pagkakautang o siya na dukha. Ang una ay laging naguguluhan at nababalisa na ang lahat ng kanyang mga ari-arian ay makukuha sa kanya, at ang huli ay patuloy na nagsisikhay upang makakita lamang ng paraan upang manatiling buhay.

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*O' Allah, ako ay nagpapakanlong sa Inyo mula sa kawalang-pananampalataya at mula sa kahirapan.*"

Siya (saws) rin ay nagsabi:

"*Ang kahirapan ay halos (katumbas na) ng kawalang-pananampalataya.*"

Walang pagkakasalungatan sa pagitan ng naunang *hadith* at sa *hadith* sa Ibn Maajah:

"*Maghanap na magkaroon lamang ng kakaunti sa mundong ito, at si Allah ay magmamahal sa iyo; huwag hanapin ang mga taglay ng iba, at ang mga tao ay magmamahal sa iyo.*"

Ang *hadith* na ito ay may depekto kung pagbabatayan ang pinagsaligan nito. Gayunman, ipagpalagay na ito ay naiiba maliban pa na mahina, ang kahulugan nito ay yaong ikaw ay maging kuntento sa pagkakaroon lamang ng lantad na pangangailangan, at ikaw ay marapat na nasisiyahan sa gayong dami ng kabuhayan na makapagliligtas sa iyo upang mamalimos at humanap ng tulong ng

mga tao. At sa gayon din pagkakataon, ikaw ay marapat na maging maringal at may sariling kasapatan at may sapat na paraan na makakahadlang sa iyo na manghingi ng tulong sa iba.

"*Sinuman ang magnais na maging malaya na umasa sa iba, si Allah ay tutulong sa kanya sa gayon.*"

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Hindi ko kailanman iniunat ang aking*
*mga kamay maliban lamang sa Tagapaglikha,*
*at hindi ako kailanman humanap ng isang dolyar mula sa kanya*
*na ipinapaalala sa iba ang kanyang kagandahang-loob.*

Sa isa pang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Para sa inyo na iwanang mayaman yaong magmamana ng inyong (kayamanan) ay higit na mainam, kaysa ang iwan sila na mahirap, (dahil sa gayong kalagayan) sila ay manghihingi sa mga tao.*"

Sa iba pang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang mataas na kamay ay higit na mainam kaysa sa mababang kamay.*"

Ang kahulugan ng ganitong *hadith* ay yaong ang nagbibigay ay higit na mainam kaysa sa tumatanggap.

﴾Ang isang hindi nakakakilala sa kanila ay nag-aakala na sila ay hindi nangangailangan [ng tulong o kawanggawa] dahilan sa kanilang kakimian.﴿ *(Qur'an 2: 273)*

Ang sumusunod na talata ay nagpapahiwatig na ang sinuman ay hindi dapat na magmalabis sa pagpuri sa mga tao upang makatanggap ng tulong na pinansyal mula sa kanila, sapagkat si Allah ay gumarantiya sa ating ikabubuhay:

﴾Sila baga ay naghahanap sa kanila ng karangalan? Katotohanan, ang lahat ng karangalan ay [tanging] na kay Allah lamang.﴿

*(Qur'an 4: 139)*

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ako ay walang intensyon na halikan ang kamay ng sinuman,*
*para sa akin, ang putulin ito ay higit na mainam kaysa sa gayong halik,*
*kung ang isa ay nagbigay sa akin ng kagandahang-loob,*
*ako ay kanyang inaalipin, o kung hindi man,*
*sa pinakamaliit, ako ay nahihiya.*

## Huwag kumapit sa iba maliban (lang) kay Allah

Kung si Allah, ang Kataas-taasan, ay Siyang nagbibigay ng buhay, at sanhi ng kamatayan, at kung Siya lamang mag-isa ang tumutustos sa lahat ng nilikha, bakit tayo matatakot sa mga tao, o ang mabahala sa kanilang mga gawa? Sa aking palagay, sa ating lipunan, ang maraming pighati at pagkabalisa ay nangyayari dahil sa ating pagkakaugnay sa mga tao, - sa pagnanais na magbigay-lugod sa kanila, na nagsisikap na makuha ang kanilang pabor, na nagsisikhay na papurihan ang mahahalaga (importante) sa lipon nila, at nakadarama na waring sugatan dahilan sa kanilang mapanghamak na pakikitungo. At ang lahat ng mga ito ay nagpapahiwatig ng kahinaan ng isa sa pananampalataya kay Allah.

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Sana ay nalulugod ka kung ang buhay ay may kapaitan,*
*at sana ikaw ay kuntento kung ang mga tao ay nagagalit,*
*kung ang iyong pagmamahal kay Allah ay tunay,*

*kung gayon ang lahat ng iba pa ay walang halaga,*
*at ang lahat ng nasa ibabaw ng dumi ay dumi.*

## *Ang paggawa ng mga gayong bagay na nagdudulot ng kapayapaan*

Si Ibn Al-Qayyim ay isa-isang nagbigay ng ilan sa mga dahilan na nagdudulot ng katahimikan:

1. Ang Islamikong Monoteismo, o ang pagsamba ng tangi lamang kay Allah na hindi nag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya (sa pagsamba), at hindi nagtatambal ng anumang katambal sa Kanya sa lahat ng mga katangian na angkin lamang Niya. Ang hindi nananampalataya at siya na nag-aakibat ng mga katambal kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay sila, na sa lahat ng mga mabisang layunin, ay patay at hindi buhay.

﴾At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala [alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito], katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan at siya ay bubuhayin Naming muli na bulag sa Araw ng Muling Pagkabuhay.﴿ *(Qur'an 20: 124)*

﴾At sinuman ang naisin ni Allah na patnubayan, binubuksan Niya ang kanyang dibdib sa Islam...﴿ *(Qur'an 6: 125)*

﴾Siya kaya na ang dibdib ay pinalawak ni Allah upang [tanggapin] ang Islam, at sa pamamagitan nito [siya ay napatnubayan] ng liwanag mula sa kanyang Panginoon.﴿ *(Qur'an 39: 22)*

Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagbababala sa Kanyang mga kaaway sa sumusunod na talata:

﴾Kami [Allah] ay maghahasik ng lagim [takot] sa puso ng mga hindi sumasampalataya sapagkat sila ay nagtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah; na wala Siyang ibinigay na katibayan [pahintulot] tungkol dito...﴿ *(Qur'an 3: 151)*

﴾Kaya't kasawian sa kanila na ang puso ay tumigas laban sa [kawalan] ng pag-aala-ala kay Allah!﴿ *(Qur'an 39: 22)*

﴾At kung sinuman ang Kanyang naisin na mapaligaw, ginagawa Niya ang kanyang dibdib na nakapinid at nakaikom, na wari bang siya ay pumapanhik sa alapaap.﴿ *(Qur'an 6: 125)*

2. Makabuluhang karunungan, sapagkat ang pinakamaligaya, magaan sa dalahin, ang kuntento at mabait na tao ay isang pantas. Bakit nga ba hindi magiging gayon ang mga pantas, sapagkat sila ang mga tagapagmana ni Muhammad (saws)?

﴾At [si Allah] ang nagturo sa iyo ng hindi mo nalalaman.﴿ *(Qur'an 4: 113)*

﴾Kaya't iyong maalaman [O' Muhammad] na La ilaha illa Allah [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah]...﴿ *(Qur'an 47: 19)*

3. Mabubuting gawa. Ang mabuting gawa ay kapwa nagbibigay ng liwanag sa puso at sa mukha. Ang paggawa ng mabubuting gawa ay nagbibigay-bunga sa pagkakaroon ng pagpapala sa ikinabubuhay ng sinuman, at ang puso ng mga tao ay natural na naaakit sa mapaggawa ng kabutihan.

﴾... Katotohanang Kami ay magkakaloob sa kanila nang saganang ulan.﴿ *(Qur'an 72: 16)*

4. Katapangan, sapagkat ang matapang na tao ay matatag at malakas at nangangamba lamang kay Allah. Ang mga pasakit at kahirapan ay hindi nakakayanig o nakababahala sa kanya.

5. Pag-iwas sa mga kasalanan. Ang paggawa ng kasalanan ay nakawawawasak sa kapayapaan ng isipan ng sinuman at nakagagawa sa kanya na makadama ng kalungkutan at sa dilim ay:

*Aking nakita na ang mga kasalanan*
*ay siyang sanhi upang ang puso ay mamatay,*
*at ang paggumon ay naghahatid*
*ng kahihiyan sa nagugumon.*

6. Ang huwag maging maluho sa mga bagay na pinahihintulutan. Sa ibang salita, ang tao ay marapat na maging mahinahon (katamtaman) sa pagsasalita, pagtulog, pakikisalamuha sa mga tao, gayundin naman, siya ay marapat na maging katamtaman sa gawi sa pagkain.

﴾At sila na lumalayo sa Al-Laghaw [marumi, kasinungalingan, masama, walang kabutihang salita, at lahat nang ipinagbabawal ni Allah].﴿ *(Qur'an 23: 3)*

﴾Walang isa mang salita na kanyang usalin ang makakahulagpos sa matamang Tagapagbantay [na handang magtala].﴿ *(Qur'an 50: 18)*

﴾At [kayo] ay kumain at uminom, datapuwa't huwag mag-aksaya sa pagiging maluho...﴿ *(Qur'an 7: 31)*

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*O' kasamahan ng higaan,*
*ikaw ay natulog nang labis-labis,*
*hindi mo ba alam na matapos ang kamatayan*
*ay isang mahabang pagtulog.*

## *(Makadiyos) na Pagtatakda*

Ang isang tao na walang matinong kaisipan at may problema ng matinding pagkabagabag ay humingi ng payo sa isang doktor na Muslim, na nagpayo sa kanya, sa pagsasabi, "(Iyong) maalaman na kahit ano pa ang mga plano na ginawa (ng sinuman) para sa kinabukasan, walang anumang galaw, gayundin kahit na ang isang bulong, ang mangyayari sa mundong ito maliban sa kapahintulutan ni Allah."

Ang sumusunod ay inilahad sa isang *hadith*:

"*Katotohanang si Allah ay sumulat sa Maqaadeer (ang lahat-lahat nang mangyayari) sa nilikha, limampung libong taon pa bago Niya likhain ang mga ito.*"

Si Al-Mutanabbi ay sumulat:

> "Ang maliliit na bagay ay higit na napapalaki sa mga mata ng mabababang tao, ang malalaking bagay ay lumiliit sa sukat sa mga mata ng matataas na tao."

## *Ang matamis na lasa ng kalayaan*

Si Al-Raashid ay sumulat sa Al-Masaar:

> "Sinuman ang nag-aangkin ng tatlong daan at animnapung piraso ng tinapay, isang kanister (sisidlan) ng langis, at isang libo at anim na raang datiles (alalaong baga, sapat na ikabubuhay sa loob ng isang taon), kung gayon, walang sinuman ang makapang-aalipin sa kanya."

Ang isa sa ating mga banal ng sinundang henerasyon ay minsang nagsabi:

> "Siya na nasisiyahan sa tuyong tinapay at tubig ay magiging malaya sa pang-aalipin, maliban sa pagkaalipin kay Allah."

﴾At wala siyang iniisip na pag-asam ng ganti sa sinuman [na kanyang dinamayan]...﴿ *(Qur'an 92: 19)*

> "Ang aking inspirasyon at mga pagnanasa ay nakapang-alipin sa akin sapagkat sinunod ko sila. Kung ako lamang ay naging kuntento, ako sana ay naging malaya."

Yaong mga naghahanap ng kaligayahan na ginagawa ang kayamanan o kalagayan sa buhay bilang isang paraan, ay sasapit na sa bandang huli ay malalaman nila kung gaano walang saysay at walang bunga ang kanilang mga pagsisikhay.

﴾At katotohanan, kayong lahat ay dumating sa Amin na nag-iisa [na walang kayamanan, mga kasama o anupamang bagay], katulad nang kayo ay Aming likhain sa pasimula. Iniwan ninyong lahat ang mga bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo.﴿ *(Qur'an 6: 94)*

﴾Datapuwa't minahalaga ninyo ang buhay sa mundong ito na hindi magtatagal; bagama't ang Kabilang Buhay ay higit na mainam at mananatili.﴿ *(Qur'an 87: 16-17)*

## *Ang dumi ang naging unan ni Sufyan Ath-Thawri*

Ang buhay ng mga tanyag na pantas ng nakaraan ay hitik sa mga aral tungkol sa kababaang-loob. Sa panahon ng pilgrimahe, si Sufyan Ath-Thawri ay nagnais na mamahinga sa gabi, kaya't ipinatong niya ang kanyang pisngi sa maliit na bunton ng dumi. Ang mga tao ay nagsabi sa kanya, "Iyong ipinatong ang iyong ulo sa dumi, bagama't ikaw ang pinakadakila sa mga pantas ng *hadith* sa mundo." Siya ay sumagot, "Ang unan kong ito ay katiyakang higit na mainam kaysa sa angkin ng Kalifa (Pinuno)."

﴾Ipagbadya: 'Kahit kailan, walang anuman ang mangyayari sa amin maliban lamang sa itinadhana sa amin ni Allah.'﴿ *(Qur'an 9: 51)*

## *Huwag magbigay ng atensyon sa mga sabi-sabi*

Ang mga hula (nang pangyayari) ng kalamidad (na pambihirang maganap) at masasamang pangitain (na kalimitang huwad) ay nagtatanim ng pangamba sa puso ng marami:

﴾Si Satanas ay nananakot sa inyo ng karalitaan [kapag kayo ay nagbigay ng kawanggawa] at nag-uudyok sa inyo [na gumawa] ng kasalanan [tulad ng karamutan]; datapuwa't si Allah ay nangangako sa inyo ng pagpapatawad mula sa Kanya [kung nagbibigay kayo ng kawanggawa] at ng kasaganaan; at si Allah ay may Sapat na Panustos sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang may Ganap na Kaalaman.﴿ *(Qur'an 2: 268)*

Ang pagkabagabag, hindi pagkatulog, at sakit na ulser ay mga masamang bunga ng kawalang pag-asa at pagkabalisa.

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Huwag (mo) kaming parusahan sapagkat*
*kami ay napahirapan na,*
*sa pamamagitan ng pagkabagabag na nagpapanatili*
*sa amin na gising sa kahabaan ng gabi.*

## *Ang mga sumpa ng luku-luko (hangal) ay walang halaga sa iyo*

Si Abraham Lincoln, ang pang-16 na Pangulo ng Amerika, ay nagsabi:

"Hindi pa kailanman bumasa ako ng mga malisyoso at malulupit na sulat na ipinadala sa akin. Hindi ko kailanman binuksan ang mga sobre at kailanman ay hindi ako nabahala na sagutin ang mga ito. Kung ako ay magiging abala sa pakikitungo sa gayong mga bagay, wala na akong oras na matitira pa upang gawin ang mga bagay-bagay para sa aking mga tao."

﴾Kaya't lumayo kayo sa kanila [huwag kayong gumamit ng dahas laban sa kanila]...﴿ *(Qur'an 4: 63)*

﴾Kaya't suklian mo [O' Muhammad] ang kanilang kamalian nang maraming pagpapatawad.﴿ *(Qur'an 15: 85)*

﴾Kaya't tumalikod ka [O' Muhammad] sa kanila, at ikaw ay magsabi: '*Salam* [Kapayapaan]!'﴿ *(Qur'an 43: 89)*

Ang komandante ng Sandatahang Pandagat ng Amerika sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay isang matalinong pinuno at mataktika, at siya ay umani ng maraming kasikatan dahil sa gayong resulta. Gayunpaman, kinakailangan niyang pakitunguhan yaon mga nasa ilalim ng kanyang pag-uutos, - mga mabababa (sa ranggo) na nagkikimkim ng pagkainggit sa kanya, at mga nasasakupang tauhan na patuloy na umaatake sa kanyang likuran nang may panunungayaw at pamimintas.

At gaya na nga ng karaniwang nangyayari sa gayong kaso, siya ay ganap na nakababatid kung ano ang kanilang sinasabi sa kanya. Siya ay nagbigay-puna sa ganito, na nagsasabi, "Sa ngayon, ako ay mayroon ng imunidad (o hindi na tinatablan) ng kanilang pamimintas. Ako ay nagkaedad na at sa ngayon ako ay nakababatid sa katotohanan na ang mga salita ay hindi makawawasak sa kadakilaan, gayundin, ito ay hindi makapagpapabagsak ng matatag na bakod."

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ano ba ang kailangan sa akin ng mga makata*
*(sa kanilang pag-atake sa akin sa pananalita),*
*at ako ay lagpas na sa limitadong edad na apatnapu.*

Sinabi ng may pag-aangkin na si Eesa (Hesus) [sumakanya nawa ang kapayapaan] ay nagsabi: "Mahalin mo ang iyong kaaway."

Ang kahulugan ng ganitong salitain ay yaong ikaw ay marapat na magbigay ng pangkalahatang pagpapatawad sa iyong mga kaaway. Sa ganitong paraan, ikaw ay magiging malaya sa damdamin ng paghihiganti, at malaya sa pagkamuhi at paghihinanakit.

﴾At sila na nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.﴿ *(Qur'an 3: 134)*

Matapos na makamit ang kontrol sa Makkah, ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi sa kanila na noon ay nagbigay sa kanya ng matinding pinsala:

"*Magsiyaon kayo, sapagkat kayo ay pinalaya na.*"

﴾Sa araw na ito, walang sisi ang ibubunton sa inyo...﴿ *(Qur'an 12: 92)*

﴾Si Allah ay nagpatawad kung anuman ang nakaraan...﴿
*(Qur'an 5: 95)*

## Pahalagahan ang kagandahan ng sandaigdigan

Sa pamamagitan ng pag-aaral at pagpapahalaga sa mga kamangha-manghang likha ni Allah, ikaw ay makakatagpo ng kapayapaan, Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagwika:

﴾... Ay Aming pinapangyari na tumubo ang kamangha-manghang halamanan na puspos ng kagandahan at kasiyahan.﴿ *(Qur'an 27: 60)*

﴿Ipagbadya: 'Inyong pagmasdan, ano baga kaya ang nasa kalangitan at kalupaan.'﴾ *(Qur'an 10: 101)*

﴿Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴾
*(Qur'an 20: 50)*

Matuto mula sa maliwanag na araw, sa maningning na mga bituin, mga ilog, mga batis, mga bundok, mga punongkahoy, mga prutas, hangin, at tubig.

﴿Kaya't papurihan si Allah, ang Pinakamahusay sa Tagapaglikha.﴾
*(Qur'an 23: 14)*

Isang makata ang nagsabi:

*Sa lahat-lahat ng bagay ay mayroong tanda,*
*na nagpapahiwatig na Siya ay (Tanging) Isa.*

Si Ilyaa Abu Maadi ay nagsabi:

*O' mapagdaing na wala (namang) dahilan upang magmaktol,*
*Isipin kung papaano ang lagay mo kung ikaw ay magkasakit,*
*Nakikita mo ba ang tinik at ang mga rosas na nananatiling bulag?*
*O ang mga patak ng hamog: hinahanap-hanap mo ba ang mga ito?*
*Siya na sa kanyang sarili ay hungkag sa kagandahan,*
*Ay walang nakikitang maganda sa kalikasan.*

﴿Hindi baga nila isinasaalang-alang ang kamelyo kung paano sila nilikha?﴾ *(Qur'an 88: 17)*

Si Einstein ay nagsabi na ang sinumang tumitingin sa Sandaigdigan ng may pagmumuni-muni ay nakakaalam na Siya na perpektong lumikha nito ay ang Lubos na Maalam at hindi naglalaro ng dais (dice).

﴾Siya na lumikha ng lahat ng bagay sa pinakamainam na paraan.﴿ *(Qur'an 32: 7)*

﴾Hindi Namin nilikha sila maliban na may katotohanan [alalaong baga, upang suriin at subukan ang mga masunurin at palasuway, at upang gantimpalaan ang palasunod at parusahan ang palasuway]...﴿ *(Qur'an 44: 39)*

﴾Kayo ba ay nag-aakala na Amin lamang nilikha kayo sa paglalaro [na walang layunin]...﴿ *(Qur'an 23: 115)*

Ang kahulugan ng mga ganitong talata ay yaong ang lahat ng bagay ay nakaplano at sinukat ayon sa banal (maka-Diyos) na karunungan. At sinuman ang mag-aral sa nilikha ay nakakaalam na mayroong Isang Ganap na Makapangyarihang Diyos na nagtataguyod at namamahala sa lahat-lahat, at ang pag-aakala na ang lahat ng bagay ay nangyari bilang nagkataon lamang ay mali.

﴾Ang araw at buwan ay [gumagalaw o umiinog] nang buong katumpakan [sa kanyang pirming oras at sukat].﴿ *(Qur'an 55: 5)*

﴾Hindi pinahihintulutan na maabot ng araw ang buwan, gayundin ang gabi na malampasan ang maghapon. Sila ay kapwa lumalangoy [o nakalutang] sa kanilang orbito [landas].﴿ *(Qur'an 36: 40)*

## Ang kasakiman ay walang maitutulong

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Walang kaluluwa ang mamamatay hangga't hindi nito nakukuha ang ganap na bahagi ng Panustos (o nakatadhana), at hanggang hindi sumasapit ang nakatakdang oras ng kamatayan.*"

Samakatuwid, bakit (sa ano) ang ambisyon at bakit (sa ano) ang pagkagahaman?

﴾Ang lahat ng bagay sa Kanya ay nasa ganap [at angkop] na sukat.﴿ *(Qur'an 13: 8)*

﴾At ang Pag-uutos ni Allah ay isang kasasapitan na napagpasyahan na.﴿ *(Qur'an 33: 38)*

## *Ang pagbabata ng kahirapan ay pagbabayad-puri sa mga kasalanan*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

"*Ang pagkabalisa, pagkabagabag, kirot, pagkapagal, karamdaman o kahit na ang tinik na tumusok sa kanya, - kung ang isang nananampalataya ay dinapuan ng isa man sa mga ito, si Allah ay magkakaloob sa kanya ng kapatawaran sa ilan sa kanyang mga kasalanan (sa pamamagitan ng, o dahil sa mga ganitong pasakit).*"

Ang ganitong gantimpala ay para sa kanya na matiyaga, na humahanap ng kanyang gantimpala kay Allah, na nagsisisi sa Kanya, at nakakaalam na ang lahat ng kanyang mga ginagawa ay para lamang kay Allah, ang Pinakamapagbigay.

Si Al-Mutanabbi ay sumulat:

*Huwag tanggapin kung ano ang dala ng panahon maliban*
*na may pagwawalang-bahala,*
*Hangga't ang iyong kaluluwa ay isang kasama para sa iyong katawan,*
*Ang anumang nakapagpapasaya sa iyo ay panandalian,*
*At ang kalungkutan ay hindi nakapagpapanumbalik*
*ng nawalang tao na ating minahal.*

﴾Upang kayo ay hindi mahapis sa mga bagay na nabigo ninyong kamtin, gayundin naman, ay huwag maging mapagmataas sa mga biyayang ipinagkaloob sa inyo.﴿ *(Qur'an 57: 23)*

## *Si Allah (lamang) ay sapat na para sa atin, at Siya ang Pinakamagaling sa Pag-aayos ng mga pangyayari (sa atin)*

Si Propeta Ibraheem (Abraham) [sumakanya nawa ang kapayapaan] ay nangusap sa ganitong parirala nang siya ay ihagis sa apoy at ito ay naging malamig at payapa sa kanya. Ang Propeta (saws) ay nagsabi ng ganito sa digmaan ng Uhud at si Allah ay nagpapangyari na maging matagumpay siya. Nang si Ibraheem ay ilagay kung saan ang apoy ay sisindihan, si anghel Jibreel (Gabriel) ay pumunta sa kanya at nagsabi, "Mayroon ka bang anumang kailangan sa akin?" Si Ibraheem ay may pagtitiwala na tumugon, "Mula sa iyo ay wala, ngunit mula kay Allah ay oo!"

Si Propeta Moosa (Moises) (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nakakita sa dagat sa harapan niya at ng kaaway sa likuran niya, at siya ay nagsabi:

﴾Hindi, katotohanang nasa panig [kasama] ko ang aking Panginoon, ako ay Kanyang papatnubayan.﴿ *(Qur'an 26: 62)*

Nabanggit sa ilang salaysay na noong ang Propeta (saws) ay nagtatago sa kuweba, isang kalapati ang dumating sa kapahintulutan ni Allah at gumawa ng kanyang pugad sa bukana nito, at isang gagamba ang gumawa ng kanyang bahay sa bunganga ng kuweba. Ang mga hindi nananampalataya ay nagsabi, "Ito ay isang tanda na ang kuweba ay hindi nagambala (nagalaw)", at sila ay nagsabi, "Si Muhammad ay hindi pumasok dito." Ang pangangalaga mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang ay nakakaabot sa kanila na may pananampalataya sa Kanya at pananalig sa Kanyang pagiging Lubos na Makapangyarihan at Pinakamahahabagin.

Si Shawqi ay nagsabi:

*Kung ang ganitong pangangalaga ay nakalaan sa iyo, matulog, sapagkat ang lahat-lahat nang nangyayari ay kapayapaan.*

﴾Sapagkat katotohanang ikaw ay nasa pangangalaga ng Aming mga Mata...﴿ *(Qur'an 52: 48)*

﴾Si Allah ang Higit na Makapangangalaga, at Siya ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag.﴿ *(Qur'an 12: 64)*

## *Ang mga sangkap ng kaligayahan*

Sa isang *hadith* na isinalaysay ni Tirmidhi, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sinuman ang magpalipas ng gabi nang ligtas sa kanyang lugar ng pagtulog, habang siya ay malusog sa katawan at may sapat na panustos para sa kanyang maghapon, ito ay wari bang nakamit niya ang mundo sa kabuuan nito.*"

Ang kahulugan ng ganito ay yaong kung ang isa ay mayroong sapat na pagkain at isang ligtas na lugar upang matulog, kung gayon, kanyang nakamit ang pinakamainam sa mabubuting bagay sa mundong ito. At marami sa kanila ang nasa ganitong antas ng buhay datapuwa't gayunpaman ay walang pagpapasalamat. Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagwika sa Kanyang Sugo (saws):

﴾At nilubos Ko ang Aking paglingap sa inyo...﴿ *(Qur'an 5: 3)*

Matapos na mabasa ang ganitong talata, marapat mong tanungin ang iyong sarili ng ganitong katanungan: anong biyaya ang ganap para sa Propeta (saws)? Ito ba ay materyal na kayamanan?

Ito ba ay ang pagkakaroon ng mga kastilyo, mga mansiyon, ginto, o pilak? Wala sa mga biyayang ito ang tinutukoy dito ni Allah sapagkat ang Propeta (saws) ay hindi mayaman.

Ang Propeta (saws) ay natutulog sa isang silid na gawa sa putik. Ang kanyang bubungan ay gawa mula sa mga sanga ng punong palmera. Ang matinding pagkagutom ay madalas na nakapupuwersa sa kanya upang magtali ng dalawang bato sa ibabaw ng kanyang sikmura, upang maibsan ang kirot ng gutom. Ang kanyang papag ay sanga ng punong palmera, na nagbibigay ng kirot sa kanyang tagiliran. Kinailangan niyang iwan ang kanyang baluti (kutamaya) sa isang Hudyo bilang sanla sa tatlumpung takal ng trigo, hanggang sa magawa niyang mabayaran siya. Siya ay umaabot ng tatlong sunud-sunod na araw na hindi nakakakita (ng anumang pagkain) kahit na ng bulok na datiles upang makain.

﴾At katotohanan, ang Kabilang Buhay ay higit na mainam sa iyo kaysa sa kasalukuyang buhay [ng mundong ito]. At katotohanan, ang iyong Panginoon ay magkakaloob sa iyo [ng lahat nang mabuti] upang ikaw ay lubos na masiyahan.﴿ *(Qur'an 93: 4-5)*

## *Ang pagod at pagkapagal na dumarating dahilan sa mahalagang posisyon*

Ang mga tao na may mahahalagang posisyon ay nabibigatan nang matindi. Ang kanilang mga responsibilidad ay kumukuha ng kanilang kalusugan at kapayapaan. Lubhang kakaunti lamang ang mga tao na nananatiling hindi naaapektuhan at napipinsala mula sa mga pagkapagal (bigat ng gawain) na may kaugnayan sa pagkakaroon nang mga nakakapagal at mapangailangang gawain.

"*Huwag hangarin na maging Ameer (pinuno o tagapamahala).*"

﴾Ang kapamahalaan ko [upang ipagtanggol ang aking sarili] ay nawala sa akin!﴿ *(Qur'an 69: 29)*

Isipin na ang mundo ay dumating sa iyo ng may lahat-lahat. Sa katapusan, saan mapupunta ang lahat ng ito? Walang alinlangan, ang lahat ng mga ito ay malilipol.

﴾At mananatili ang Mukha ng iyong Panginoon na nag-aangkin ng Kaluwalhatian at Karangalan.﴿ *(Qur'an 55: 27)*

Isang paham na tao ang nagbabala sa kanyang anak (na lalaki):

> "Huwag hangarin na maging ulo, sapagkat ang ulo ay patuloy na kumikirot."

Sa ibang salita, huwag laging magnais na maging pinuno o ang may kapamahalaan. Ang mapapait na pamumuna, pagtutungayaw, at matitinding suliranin ang siyang bahagi ng pinuno. Isang makata ang makatarungang nagsabi:

> *Ang kalahati ng mga tao ay mga kaaway ng gobernador,*
> *kaya't napakakaunti, kung siya lamang ay makatarungan.*

## *At pumunta sa pagdarasal*

﴾At magsihingi kayo ng tulong [kay Allah] sa pagiging matimtiman at matiyaga sa pag-aalay ng *Salah* [takdang pagdarasal].﴿ *(Qur'an 2: 45)*

Kailanma't ang Propeta (saws) ay nasa isang mahirap na sitwasyon o kalagayan, siya ay magmamadali sa pag-aalay ng dasal. Siya ay magsasabi kay Bilal (nawa'y kalugdan siya ni Allah) [na ang katungkulan ay gumawa ng panawagan sa pagdarasal],

"*O' Bilal, bigyan mo kami ng ginhawa sa pamamagitan niyon.*"

Kung ikaw ay nakadarama ng pagkapagal (pagod na isipan), nasa kahirapan, o kung natagpuan mo ang iyong sarili na biktima ng

panlilinlang, magmadali sa pagpunta sa *Masjid* (bahay-dalanginan) at magdasal.

Tangi na nga sa mga espesyal na okasyon, ang Propeta (saws) ay naghahanap ng kapayapaan sa pagdarasal, katulad noong digmaan ng Badr at *Al-Ahzaab*. Si Ibn Hajar, na sumulat ng pinakamahalagang kumentaryo sa *Saheeh Al-Bukhari*, ay minsang nakupot sa isang kastilyo at pinaligiran ng mga magnanakaw. At nang siya ay tumindig sa pagdarasal, si Allah ay nagligtas sa kanya.

Si Ibn Asaakir at Ibn Al-Qayyim ay kapwa nagsalaysay ng istorya ng isang magnanakaw na sumabay sa isang matuwid na tao na patungo sa *Sham* (alalaong baga, ang pangkasalukuyang lupain ng Syria at mga kanugnog na pook). Ang magnanakaw ay may intensyon na patayin siya, ngunit bago siya ay mapalapit sa kanya, ang tao ay humingi ng kaunting sandaling palugit upang siya ay makapagdasal. Siya ay tumindig, nagsimulang magdasal, at inala-ala si Allah sa pagsasabi ng:

﴾Hindi baga Siya [higit na mainam sa inyong mga diyos], [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib kung siya ay naninikluhod sa Kanya.﴿ *(Qur'an 27: 62)*

Inulit niya ng tatlong beses ang talatang ito. Isang anghel ang bumaba mula sa langit na may sibat at pinatay ang mapaglabag. Ang anghel ay nagsabi, "Ako ang anghel ng Tanging Isa na dumirinig sa mga napapagal (nahihirapan) kung sila ay nananawagan."

﴾At iyong itagubilin ang pagdarasal sa iyong pamilya, at maging matimtiman [sa pag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal)].﴿

*(Qur'an 20: 132)*

﴾Katotohanan, ang [tunay na] pagdarasal ay nakapipigil sa paggawa ng kasuklam-suklam [mga kahiya-hiya] at masamang gawa [lahat ng uri ng gawa na ipinagbabawal].﴿ *(Qur'an 29: 45)*

﴾Katotohanan, ang pagdarasal ay ipinapatupad sa takdang oras sa mga sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 4: 103)*

Ang pagpapaabot ng mga dasal (sa kapakanan) ng Propeta (saws) ay nakatutulong din sa pag-aalis ng kahirapan:

﴾O' kayo na nagsisisampalataya! Manawagan kayo [kay Allah na igawad] sa kanya [Muhammad] ang [Kanyang] biyaya [at pagpapala], at manawagan kayo [kay Allah na pagkalooban siya] ng kapayapaan.﴿ *(Qur'an 33: 56)*

Si Ubaee ibn Ka'ab (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagtanong sa Sugo ni Allah (saws),

*"Gaano karami sa aking dasal ang marapat kong ialay sa pagpapaabot ng Salaat sa iyo? Siya ay nagsabi, "Kahit gaano karami na nakalulugod sa iyo." Si Ubaee ay nagsabi, "Isang kapat (1/4)?" Siya ay nagsabi, "Kahit gaano karami na nakalulugod sa iyo, at kung iyong dagdagan, ito ay higit na mainam." Siya ay nagtanong, "Dalawang katlo (2/3)?" Ang Propeta ay sumagot, "Kahit gaano karami na nakalulugod sa iyo, at kung iyong dagdagan, ito ay higit na mainam." Matapos, siya ay nagsabi, "Gagawin ko ang lahat ng ito para sa iyo." Ang Propeta ay sumagot, "Kung gayon, ikaw ay patatawarin, at ang iyong mga pagkabalisa ay pangangalagaan."*

Ang huling linya nang nabanggit na *hadith* ay nagpapatunay na ang pagpapaabot ng mga dasal at mga pagbati sa Propeta (saws) ay nakapag-aalis ng mga pagkabalisa.

*"O' Allah, paratingin Mo (po) ang mga dasal (alalaong baga, Inyong purihin at itaas siya sa matataas na pagtitipon, na gaya nang pinakamalalapit na anghel kay Allah) kay Muhammad at sa mga tagasunod ni Muhammad, na kagaya ng Inyong pagpaparating ng mga dasal kay Ibraheem at sa mga tagasunod ni Ibraheem.*

*Katotohanang Kayo ay batbat ng papuri at kamahalan. O' Allah, paratingin Mo (po) ang mga pagpapala kay Muhammad at sa pamilya ni Muhammad, na kagaya ng Inyong pagpaparating ng mga pagpapala kay Ibraheem at sa pamilya ni Ibraheem. Katotohanang Kayo ay batbat ng papuri at kamahalan."*

## ***Ang kawanggawa ay naghahatid ng kapayapaan sa nagbibigay***

Ang ilan sa mga dahilan na nagbibigay ng kaligayahan sa tao ay ang pagsasagawa ng mga gawa ng kabutihan sa iba at ang pagbibigay ng kawanggawa.

﴾Gumugol kayo ng ilan sa mga ipinagkaloob Namin sa inyo...﴿ *(Qur'an 2: 254)*

﴾Ang mga mapagkawanggawang lalaki at mga mapagkawanggawang babae [na nagbibigay ng katungkulang kawanggawa, ang Zakah, (gayundin) ang boluntaryong kawanggawa tulad ng limos, tulong, atbp.].﴿ *(Qur'an 33: 35)*

﴾At ang nakakahalintulad ng mga gumugugol ng kanilang kayamanan na naghahangad ng kasiyahan ni Allah at ng katatagan ng pananampalataya sa kanilang sarili [kaluluwa] ay tulad ng isang halamanan sa ibabaw ng burol [na malago at malusog]; ang malakas na ulan ay bumuhos dito at ito ay nagbunga nang higit na maraming ani, datapuwa't kung ito man ay hindi tumanggap nang malakas na ulan, ang hamog [o kaunting pagkabasa] nito ay sapat na.﴿ *(Qur'an 2: 265)*

﴾At huwag hayaan ang iyong kamay ay natatalian sa iyong leeg [alalaong baga, ang maging maramot]...﴿ *(Qur'an 17: 29)*

Ang mga maramot o kuripot na tao ay kasuklam-suklam sa kanilang mga pag-uugali at lagi nang may sakit sa kaginhawahan. Sila ay lubhang makunat sa pamamahagi ng mga kagandahang-loob ni Allah. Kung ang maramot (kuripot) ay nakakaalam lamang na siya ay makapagtatamo ng kaligayahan sa pamamagitan ng paggugol ng salapi sa kanila na mahihirap, kung gayon, siya ay tiyak na magmamadali sa pagbibigay ng kawanggawa.

﴾Kung kayo ay magpapautang kay Allah ng isang magandang pautang [alalaong baga, ang gumugol sa Kapakanan ni Allah], ay tutumbasan Niya ito nang dalawang ulit at magpapatawad sa inyo.﴿
*(Qur'an 64: 17)*

﴾At kung sinuman ang ligtas sa kanyang sariling kasakiman, sila nga ang tunay na magkakamit ng kasaganaan at tagumpay.﴿ *(Qur'an 59: 9)*

﴾At gumugugol sa mga bagay na Aming ipinagkaloob sa kanila [alalaong baga, nagbibigay ng katungkulang kawanggawa, gumugugol sa kanilang sarili, sa kanilang mga magulang, mga anak, mga asawa, atbp.].﴿ *(Qur'an 2: 3)*

Isang lalaki ang nagsabi sa kanyang asawa:

> "Kung ikaw ay naghanda ng pagkain, anyayahan mo ang isang matakaw,
> sapagkat hindi ko matagalan na kumaing mag-isa."

Matapos, siya ay nagsabi sa kanya, na nagpapahayag ng kanyang pilosopya:

> "Pangalanan mo ang isang mapagbigay na tao na namatay sa pagiging mapagbigay,
> o ang isang maramot (kuripot) na namuhay ng walang hanggan, at ako ay tututol."

## *Huwag magalit*

﴾At kung ang masamang bulong ay lumapit sa iyo mula kay Satanas, kayo ay humanap ng kalinga [magpakupkop kayo] kay Allah [laban kay Satanas]. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.﴿ *(Qur'an 7: 200)*

Ang Propeta (saws) ay nagpayo sa isa sa kanyang mga Kasamahan, sa pagsasabi ng: "*Huwag magalit...*"

Inulit niya ito ng tatlong beses. At nang ang tao ay nagalit sa kanyang harapan, ang Propeta ay nag-utos sa kanya na humingi ng pagpapakalinga kay Allah mula sa isinumpang si Satanas.

﴾At ako ay napapakalinga sa Inyo; O' Panginoon, laban sa kanilang pagtungo sa akin.﴿ *(Qur'an 23: 98)*

﴾Katotohanan, sila na matimtiman sa kabutihan; kung ang isang masamang isipin [bulong] ay dumatal sa kanila mula kay Satanas, sila ay nakakaala-ala [kay Allah], at katotohanang sila ay nakakakita [nang matuwid].﴿ *(Qur'an 7: 201)*

Ang galit ay isa sa mga dahilan na nagiging sanhi ng pagkapagal (kabigatan ng pag-iisip o kalumbayan) at kalungkutan.

Ang sumusunod ay ilan sa mga paraan upang makontrol ang galit:

1. Labanan ang mga damdamin ng pagkagalit na wari bang ang galit sa sarili nito ay iyong kaaway.

﴾At sila na nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.﴿ *(Qur'an 3: 134)*

﴾At kung sila ay nagagalit ay nagpapatawad.﴿ *(Qur'an 42: 37)*

﴾At nang ang poot ni Moises ay humupa na, kanyang kinuha ang mga Tableta [Kalatas]...﴿ *(Qur'an 7: 154)*

2. Magsagawa ng ablusyon (o paghuhugas bago ang pagdarasal). Sapagkat ang galit ay isang baga ng apoy, ito ay maaaring apulahin ng tubig.

3. Kung ikaw ay nakatayo, maupo; at kung ikaw ay nakaupo, mahiga.

4. Kung ikaw ay nagagalit, manatiling tahimik.

5. Paalalahanan mo ang iyong sarili sa mga gantimpala niyaong mga nagtitimpi ng kanilang galit at yaong mga nagpapatawad.

## *Ang mga panalangin (pagluhog) sa umaga*

Kung iyong sasabihin ang mga panalangin (pagluhog) na nakalista sa seksiyon na ito sa araw-araw, ang mga ito ay makakatulong sa iyo upang magdala ng kaligayahan, na makakapangalaga sa iyo sa mga demonyo ng sangkatauhan at mga *jinn*, at makakapangalaga sa iyo sa natitirang oras ng maghapon hanggang sa pagdating ng gabi:

"*Aming sinapit ang gabi at sa pinaka-oras na ito, kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng kapamahalaan; at ang papuri ay para kay Allah. Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban lamang kay Allah na walang katambal. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng kapamahalaan at papuri at Siya ang makapangyarihan sa lahat ng bagay. O' aking Panginoon, ako ay humihingi mula sa Inyo para sa kabutihan ng gabing ito at sa kabutihan kung anuman ang sumusunod dito, at ako ay nagpapakanlong sa Inyo mula sa kasamaan ng gabing ito at sa kasamaan kung anuman ang sumusunod dito. O' aking Panginoon, ako ay nagpapakanlong sa Inyo mula sa katamaran at katandaan. O' aking Panginoon, ako ay nagpapakanlong sa Inyo mula sa kaparusahan ng Apoy at sa kaparusahan sa libingan.*"

*"O' Allah, sa Inyong kapahintulutan ay sinapit namin ang umaga, at sa Inyong kapahintulutan ay sinapit namin ang gabi, sa Inyong kapahintulutan, kami ay nabubuhay at mamamatay, at sa Inyo ang aming pagbabangong-muli."*

*"O' Allah, katotohanang aking sinapit ang umaga at (ako ay) tumatawag sa Inyo, sa mga tagapagdala ng Inyong trono, sa Inyong mga anghel, at sa lahat ng Inyong mga nilalang na saksihan na Kayo si Allah, - wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo lamang na walang katambal, - at si Muhammad ang Inyong Lingkod at Sugo."*

*"Ako ay nagpapakanlong sa mga perpektong salita ni Allah mula sa mga kasamaan na Kanyang nilikha."* (Tatlong beses)

*"O' Allah, ang Nakatatalos ng nalilingid at nakalantad, ang Manlilikha ng mga kalangitan at kalupaan, ang Panginoon at Nakapangyayari sa lahat ng bagay. Ako ay sumasaksi na wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo. Ako ay nagpapakanlong sa Inyo sa kasamaan ng aking kaluluwa at sa kasamaan at shirk (ang pag-aakibat ng mga katambal kay Allah sa pagsamba) ng demonyo, at sa paggawa ng kamalian laban sa aking kaluluwa o ang pagdudulot ng gayong bagay sa iba pang Muslim."*

*"Gaano kaperpekto si Allah, at pinupuri ko Siya sa pamamagitan ng bilang ng Kanyang nilalang at ng Kanyang pagkalugod, at sa pamamagitan ng bigat ng Kanyang Trono at sa tinta ng Kanyang mga salita."*

*"Wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban lamang kay Allah na walang katambal. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng kapangyarihan at papuri, at Siya ang makapangyarihan sa lahat ng bagay."*

*"Kami ay tumindig sa ibabaw ng fitrah (alalaong baga, ang relihiyon ng Islam, ang paraan ni Propeta Ibraheem), at sa salita ng dalisay na pananampalataya, at sa ibabaw ng relihiyon ng aming Propetang si Muhammad at sa relihiyon ng aming ninunong si Ibraheem, na isang Muslim sa tunay na pananampalataya at hindi kabilang sa kanila na nag-aakibat ng mga katambal kay Allah."*

## Huminto upang magnilay-nilay

Yaong may karunungan tungkol kay Allah ay sumasang-ayon na kung ikaw ay dumating sa punto na nawawalan na ng lahat ng pag-asa, ito ay nangangahulugan na si Allah ay nagkatiwala sa iyo ng iyong sariling pangyayari (o gawain). At kung ikaw ay mayroong tiwala at pag-asa kay Allah, ito ay nangangahulugan na si Allah ay namatnubay sa iyo sa kabutihan.

Ang mga alipin ni Allah ay lagi nang umuugoy (o nagpapabagu-bago mula sa unang estado (kalagayan) tungo sa ikalawa. Sa panahon ng isang oras, ang sinuman ay mayroon ng parehong bahagi. Kaya't sinusunod niya si Allah at nagbibigay-lugod siya sa Kanya, kanyang naaala-ala Siya at nagpapasalamat sa Kanya, - at nagagawa lamang niya ang mga ganito sa pamamagitan ng Kanyang tulong. Pagkaraan ng maigsing panahon, gayunpaman, kanyang sinuway si Allah, na nagpatuloy laban sa Kanyang mga pag-uutos, na kumita ng Kanyang pagkapoot, at sa kalahatan ay nasa estado (kalagayan) siya ng pagkalimot, - ito'y dahilan sa hinayaan siya ni Allah sa kanyang sarili. Samakatuwid, ang alipin ni Allah ay lagi nang nag-uurong-sulong sa pagitan ng Kanyang banal na pangangalaga at sa pagitan na siya ay iiwanan.

Kailanma't ang isa sa mga alipin ni Allah ay nakakasaksi ng ganitong pangyayari,- yaong pagbabago mula sa isang estado (kalagayan) tungo sa iba, - marapat niyang pahalagahan ang walang-

katiyakan (nakapag-aalinlangang) kalikasan ng kanyang sitwasyon at ang kanyang matinding pangangailangan na mapatnubayan ni Allah sa bawat hininga na kanyang inihihinga, at sa bawat sandali na siya ay nabubuhay. Ang kanyang pananampalataya at paniniwala ay nasa kamay ni Allah. Kung pababayaan siya ni Allah na mag-isa kahit na sa isang kurap lamang ng mata, ang kanyang pananampalataya ay bubulusok sa lupa. Samakatuwid, marapat mong tantuin na Siya na nangangalaga sa iyo sa pananampalataya ay Siya na humahadlang sa alapaap (langit) na bumagsak sa kalupaan.

## *Ang Qur'an: Ang pinagpalang aklat*

Kung iyong dadalitin ang Qur'an at magmumuni-muni sa kahulugan nito, ikaw ay gumawa ng isang positibong hakbang tungo sa pagkakamit ng kaligayahan. Si Allah ay naglarawan sa Qur'an bilang isang patnubay, liwanag, at isang lunas kung anuman ang nasa dibdib ng mga tao. Kanya ring inilarawan ito bilang isang Habag.

﴾O' sangkatauhan! Dumatal sa inyo ang mabuting pagpapayo [ang Qur'an] mula sa inyong Panginoon [na nag-uutos ng lahat ng mabuti at nagbabawal ng lahat nang masama], at isang kagalingan [sa sakit ng kawalang-kamuwangan, pag-aalinlangan, pagkukunwari] na nasa inyong dibdib...﴿ *(Qur'an 10: 57)*

﴾Hindi baga sila nagmumuni-muni sa [nilalaman] ng Qur'an, o may sagka ba ang kanilang puso [upang makaunawa]?﴿ *(Qur'an 47: 24)*

﴾Hindi baga nila isinasaalang-alang [pinag-iisipan nang mabuti] ang Qur'an? Kung ito ay nagmula [sa iba] maliban pa kay Allah, katotohanang sila ay makakatagpo rito nang maraming pagkakasalungatan.﴿ *(Qur'an 4: 82)*

﴾Naririto ang isang Aklat [Qur'an] na Aming ipinanaog sa iyo na puspos ng biyaya, upang sila ay makapagmuni-muni sa mga Talata nito.﴿ *(Qur'an 38: 29)*

Ang pagdalit sa Qur'an ay pinagpala, at ang paggawa (sa mga utos) nito at pagbaling dito para sa paghatol at patnubay (ay katampatan).

Ang isang matuwid na tao (at ang marami na mayroon ding katulad na karanasan) ay minsang nagsabi:

> "Aking naramdaman na yaong ulap ng pagkalumbay at pagkabalisa ay nakabitin sa aking ibabaw. Dinampot ko ang Qur'an at binasa ito sa ilang oras. Matapos ito, sa kapahintulutan ni Allah, ang aking pagkalumbay at pagkabalisa ay napalis at ang kaligayahan na kasama ang katahimikan ay pumalit dito."

﴾Katotohanan, ang Qur'an na ito ay namamatnubay kung anuman ang pinakamakatarungan at katampatan...﴿ *(Qur'an 17: 9)*

﴾At sa gayon ay Aming ipinadala sa iyo [O' Muhammad] ang isang inspirasyon [at Habag] mula sa Aming pag-uutos.﴿ *(Qur'an 42: 52)*

## *Huwag maghangad ng katanyagan, kung hindi, ikaw ay mabibigatan ng dalamhati at mga pagkabagabag*

Sa pamamagitan ng paghanap na maging sentro ng atensyon at sa pagtatangka na kalugdan ng iba, pareho mong iwinala ang kapayapaan at katatagan sa iyong buhay.

﴾Ang Tahanang yaon ng Kabilang Buhay [alalaong baga, ang Paraiso] ay Aming ipinagkaloob sa mga tao na hindi naghihimagsik laban sa katotohanan ng may kapalaluan at pang-aapi at hindi nagkakalat ng kabuktutan sa kalupaan.﴿ *(Qur'an 28: 83)*

Isang makata ang nagsabi:

*Sinuman ang nasisiyahan sa pagsunod at hindi sa pamumuno*
*ay naghatid ng katahimikan sa kanyang sarili,*
*At gumugugol ng kanyang gabi nang mapayapa,*
*Katotohanan, kung ang hangin ay umihip ng malakas at marahas,*
*Ito ay nagpapakislot lamang sa mataas na bahagi ng punongkahoy.*

﴾Sila ay tumitindig ng may katamaran at upang mamalas lamang ng mga tao.﴿ *(Qur'an 4: 142)*

﴾...Na naiibigan [nila] na sila ay purihin sa bagay na hindi nila ginawa...﴿ *(Qur'an 3: 188)*

﴾At huwag maging katulad ng mga tao [ang mga *Mushrik* (pagano)] na lumabas sa kanilang tahanan [bayan] ng may pagmamataas at upang mamasdan lamang ng mga tao...﴿ *(Qur'an 8: 47)*

Isang makata ang nagsabi:

*Nanganganinag ang gaon (baro) ng sinuman na gumagawa*
*ng kabutihan bilang pakitang-tao,*
*Kahit na ibalot niya ito sa kanyang buong sarili,*
*siya ay nananatiling hubad.*

## Ang mabuting buhay

Ang lahat nang ating tinalakay sa mga nakaraang kabanata tungkol sa kaligayahan ay maaaring sumahin (isabuod) sa mga sumusunod: Magkaroon ng pananampalataya kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. Ang lahat ng ating binanggit hanggang sa ngayon ay walang silbi at walang kapakinabangan

maliban na ikaw ay may pananampalataya kay Allah. Ang paniniwala kay Allah bilang iyong Panginoon, kay Muhammad bilang Kanyang Sugo at pagtanggap sa Islam bilang iyong relihiyon, - ang mga ito ang iyong pundasyon.

﴾Sinuman ang gumagawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay isang sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah], katotohanan, sa kanya ay igagawad Namin ang isang mabuting buhay [sa mundong ito], at katiyakan na Aming babayaran sila ng gantimpala ng ayon sa pinakamainam sa kanilang ginawa [ang Paraiso sa Kabilang Buhay].﴿ *(Qur'an 16: 97)*

Mayroong dalawang kundisyon sa pagtatamo ng magandang buhay: pananampalataya kay Allah at pagsasagawa ng mga kabutihan.

﴾Katotohanang sila na sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah at naniniwala sa Kanyang Sugong si Muhammad] at gumagawa ng mga kabutihan, ang Pinakamahabagin [Allah] ay magkakaloob ng pagmamahal sa kanila [sa puso ng mga sumasampalataya].﴿
*(Qur'an 19: 96)*

Ang sinuman na naniniwala kay Allah at gumagawa ng mga kabutihan ay nakapagtamo ng dalawang kapakinabangan:

1. Isang mabuti at masaganang buhay sa mundong ito at sa Kabilang Buhay.

2. Isang nag-uumapaw na gantimpala mula kay Allah, ang Kataas-taasan.

﴾Sasakanila ang Mabuting Balita, dito sa mundo at sa Kabilang Buhay.﴿ *(Qur'an 10: 64)*

## ***Magbata ng mga pagsubok nang matiyaga***

Huwag hayaan ang mga kahirapan ay makabahala sa iyo nang labis-labis. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanan, kapag si Allah ay nagmamahal sa mga tao, ginagawa Niya na sila ay magdanas ng mga pagsubok. Sinuman ang masiyahan, para sa kanya ang pagiging kuntento, at sinuman ang magalit, sa kanya ang pagkapoot.*"

## ***Sambahin si Allah sa pamamagitan ng pagsusuko ng iyong kalooban sa Kanya***

Ang ilan sa mga kinakailangan o elemento ng pananampalataya (*Al-Eemaan*) ay ang maging kuntento sa lahat ng mga itinakda: kapwa kung ano ang mabuti at kung ano ang masama.

﴾At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na tulad ng pangamba at pagkagutom, [ang ilan] ay pagkalugi sa hanapbuhay o pagkawala ng kayamanan, pagkawala ng buhay, at [pagkawala] ng bungangkahoy [na inyong pinaghirapan], datapuwa't magbigay nang magandang balita sa mga matimtiman sa pagbabata.﴿ *(Qur'an 2: 155)*

Ang anumang itinakda para sa atin ay hindi laging kaayon ng ating mga ninanais at kinahuhumalingan. Ngunit gayunpaman, tayo ay wala sa posisyon na magbigay ng mga mungkahi. Sa kabalintunaan, ang ating tamang istasyon at posisyon ay yaong sa isang nananampalataya, na nagsusuko ng kanyang kalooban.

Tayong lahat ay sinusubukan ayon sa antas ng ating pananampalataya. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang kirot ng kamatayan na aking nadarama ay katumbas ng kung ano ang nararamdaman ng inyong dalawang tao.*"

*"Ang pinakamatinding sinusubukan sa mga tao ay ang mga Propeta, at susunod ang mabubuti."*

﴾Kaya't maging matiyaga ka [O' Muhammad] na kagaya rin nang ginawa [noon] ng mga Sugo na may matatag na hangarin...﴿
*(Qur'an 46: 35)*

Kung si Allah ay magnais ng kabutihan para sa isang tao, Kanyang binibigyan siya ng pasakit.

﴾At katiyakang kayo ay susubukan Namin hanggang sa Aming masubok kung sino sa inyo ang nagsisikap nang lubusan [tungo sa Kapakanan ni Allah] at may pagtitiyaga at pagtitiis, at Aming susubukan ang inyong ipinahahayag [alalaong baga, kung sino ang sinungaling at sino ang nagsasabi ng katotohanan].﴿ *(Qur'an 47: 31)*

﴾Katotohanan, Aming sinubukan ang mga tao na nauna pa sa kanila.﴿
*(Qur'an 29: 3)*

## *Mula sa pagiging gobernador tungo sa pagiging isang karpintero*

Si Ali ibn Al-Maymoon Al-Abbassi ay isang gobernador at anak ng isang Kalip (Pinuno). Siya ay namuhay ng buhay ng kariwasaan sa isang malaking kastilyo. Ang anumang kanyang naisin sa mundong ito ay magaan para sa kanya.

Isang araw, habang siya ay nakatanaw sa ibaba mula sa balkonahe sa loob ng kastilyo, nakita niya ang isang tao na nagtatrabaho sa bukirin. Sa mga sumunod na araw, si Ali ay higit pang nagbigay ng atensyon sa tao at nasaksihan niya na siya ay lagi nang tuluy-tuloy na nagtatrabaho sa umaga, matapos ito, siya ay tumitigil muna, na nagsasagawa ng ablusyon (paghuhugas bilang paghahanda sa pagdarasal) mula sa batis, at magdarasal ng dalawang

yugto (*rakah*) ng dasal. At kung sumapit na lamang ang gabi, siya ay tumitigil sa kanyang pagtatrabaho at umuuwi sa kanyang tahanan sa kanyang pamilya. Upang malaman ang higit pa sa kanya, isang araw, si Ali ay nag-anyaya sa kanya at nagtanong sa kanya ng maraming katanungan. Kagyat niyang nalaman na ang manggagawa ay mayroong asawa, dalawang kapatid na babae, at ina, silang lahat ay nasa kanyang pangangalaga, at para sa kanilang kapakanan, siya ay nagtatrabaho ng may kasigasigan. Siya ay nag-aayuno sa araw-araw at kung ang gabi ay sumapit, kanyang pinuputol ang kanyang pag-aayuno sa anumang kanyang inani (o kinita) sa maghapon. Si Ali ay nagtanong, "At ikaw ba ay mayroong anumang dahilan upang dumaing?" Siya ay sumagot, "Wala, ang lahat ng papuri ay para kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang."

Lubha siyang namangha sa payak na manggagawang yaon, at si Ali ay lumisan sa kastilyo, nagbitiw sa kanyang posisyon, at naglakbay sa ibang bansa. Hindi nagtagal, siya ay natagpuang patay sa lugar ng Kharasan. Matapos na lisanin niya ang kastilyo, siya ay nagtrabaho bilang karpintero, at siya ay nakatagpo ng kaligayahan sa kanyang bagong buhay, ang kaligayahan na banyaga sa kanya sa kanyang dating buhay.

﴾Datapuwa't sila na tumatanggap ng Patnubay, Kanyang pinag-iibayo ang kanilang Patnubay, at iginawad Niya sa kanila ang pagiging matimtiman at mapagtimpi [sa paggawa ng kasalanan].﴿

*(Qur'an 47: 17)*

Ang ganitong salaysay ay nakapagpapaala-ala sa akin sa kuwento ng mga tao ng Kuweba. Sila noon ay nasa kastilyo na kasama ang hari, gayunman, sila ay nakadarama na nahihigpitan, nalilito, at naguguluhan. Ang buhay ng kariwasaan, sa kalakhan baga, ay isa, na kung saan ang kawalang-pananampalataya at pagkamaluho ay naghahari. Kaya't sila ay umalis. Ang isa sa kanila ay nagsabi:

﴾Kung gayon, kayo ay humanap ng kaligtasan [umurong] sa Yungib, ang inyong Panginoon ay magbubukas ng daan para sa inyo mula sa Kanyang Habag at gagawin Niyang madali sa inyo ang inyong kalagayan [alalaong baga, Kanyang bibigyan kayo ng inyong ikabubuhay, tirahan, atbp.].﴿ *(Qur'an 18: 16)*

## *Ang pakikihalubilo sa mga tao na ang lipon ay mabigat at ungas ay nakawawasak sa kapayapaan ng tao*

Ang mga aklat na sinulat ng mga kilalang Islamikong pantas ay hitik ng mga salitain na nagpapahiwatig nang pag-ayaw sa mga tao na pinapangalanan bilang *thaqeel*, na ang ibig sabihin ay pabigat o pahirap. Sila ang mga tao na ang lipon ay hindi matatagalan. Si Imam Ahmad ay nagsabi na sila ang mga tao ng inobasyon (o gumagawa ng mga bagong bagay). Ang ilan ay nagsabi na sila ang mga hangal sa lipunan, at ang iba ay nangusap na sila ang mga tao na may magagaspang na personalidad, o sila ang mga tao na may malamig at walang kulay na pag-uugali.

﴾Sila ay mga walang halaga na tulad ng kahoy [na walang laman sa loob].﴿ *(Qur'an 63: 4)*

﴾Kaya't ano ang mali sa gayong mga tao na hindi man lamang nakakaunawa sa kahit na anong pangungusap?﴿ *(Qur'an 4: 78)*

Si Imam Ash-Shafi'ee ay nagsabi:

> "Kung ang isang ungas na tao ay dumating at nakiupo sa akin, nararamdaman ko na nagsisimula na ang lupa sa kanyang ilalim na lumubog dahil sa kabigatan ng kanyang lipon."

Si Al-A'mash, sa sandaling makita niya ang ganitong uri ng tao, ay dadalit:

﴾O' aming Panginoon! Pawiin Ninyo sa amin ang kaparusahang ito, katiyakang kami ay tunay na nananampalataya.﴿ *(Qur'an 44: 12)*

Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagsabi:

﴾At kung ikaw [O' Muhammad] ay nakamamasid sa kanila na abala sa bulaang pakikipag-usap hinggil sa Aming mga Talata [ang Qur'an], sa pamamagitan ng pagtuya sa mga ito, manatiling malayo sa kanila...﴿ *(Qur'an 6: 68)*

﴾Kung gayon, huwag kayong makiupo sa kanila...﴿ *(Qur'an 4: 140)*

Ang mga tao na hungkag sa mabubuting pag-uugali, na may mababababang mithiin, o ang dagliang nagpapalukob sa kanilang mga pagnanasa ay siyang pinakamahirap na matagalan sa mga tao na maaaring pakisalamuhaan.

﴾Kung gayon, huwag kayong makiupo sa kanila, hanggang sa sila ay magkaroon ng pag-uusap na naiiba rito; [datapuwa't kung kayo ay manatili sa kanila], katiyakan, na sa ganitong kalagayan, kayo ay magiging katulad [din] nila.﴿ *(Qur'an 4: 140)*

Isang makata ang nagsabi:

*Ang iyong kasamahan sa aking ibabaw*
*ay mabigat, mabigat, mabigat,*
*Ikaw sa hitsura ay isang tao, gayunman ay isang elepante*
*sa timbangan ng masamang kasama.*

Si Ibn Al-Qayyim ay nagsabi:

"Kung ikaw ay pinilit na makipag-usap sa sinuman na mahirap pakitunguhan, ipahiram mo sa kanya ang iyong katawan at ipagkait sa kanya ang iyong espiritu, at maglakbay na palayo kasama ang iyong kaluluwa. Ipahiram sa kanya ang binging tainga at bulag na mata hanggang sa gawin ni Allah ang isang paraan upang makalayo sa kanyang kasama."

﴿At huwag mong sundin siya, na ang puso ay Aming ginawa na huwag makinig sa Aming Pagpapaala-ala, siya na sumusunod sa kanyang mga pagnanasa at sila na ang mga gawa ay nawala.﴾

*(Qur'an 18: 28)*

## *Para sa mga sinalanta ng kalamidad*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsalaysay na si Allah ay nagwika:

"*Kung Aking kinuha mula sa sinuman ang pinakamamahal na tao o bagay (sa kanya), at matapos, siya (ay matiyaga) na umaasa ng gantimpala (mula sa Akin), Aking babayaran siya ng Paraiso.*"

Sa isa pang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsalaysay na si Allah ay nagwika:

"*Sinumang Aking sinubukan sa kanyang dalawang pinakamamahal na bagay, - na ang kahulugan ay ang kanyang dalawang mata (sa pag-aalis ng kanyang paningin), - Aking babayaran siya sa halip nito ng Paraiso.*"

﴿Katotohanan, hindi ang mga mata ang nabubulag, datapuwa't ang puso na nasa loob ng dibdib ang nabubulag.﴾ *(Qur'an 22: 46)*

Sa isang mapapanaligang *hadith* na isinalaysay ni Tirmidhi, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanan, kapag si Allah ay kumuha sa anak ng isa sa Kanyang nananampalatayang alipin, Siya ay nagsasabi sa mga anghel: 'Nakuha ba ninyo ang anak ng Aking nananampalatayang alipin?' Sila ay sasagot, 'Opo'. Siya ngayon ay (muling) magsasabi, 'Kinuha ba ninyo ang bunga ng kanyang puso?' Sila ay sasagot, 'Opo'. Si Allah ay magsasabi, 'Ano ang sinabi ng Aking alipin?' Sila ay sasagot, 'Siya ay nagpuri sa Inyo at nagsabi: Katotohanang kaming*

*lahat ay angkin ni Allah, at sa Kanya ang aming pagbabalik.' Si Allah ay mag-uutos sa kanila, 'Itindig ninyo para sa Aking alipin ang isang bahay sa Paraiso, at tawagin yaon na Bahay ng Papuri.'"*

﴾Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang [alalaong baga, walang hangganan].﴿ *(Qur'an 39: 10)*

﴾Salamun alaykum [Ang kapayapaan ay sumainyo] sapagkat kayo ay nagsipagtiyaga sa pagbabata!﴿ *(Qur'an 13: 24)*

﴾Aming Panginoon! Ibuhos Ninyo sa amin ang pagtitiyaga.﴿ *(Qur'an 2: 250)*

﴾At ikaw [O' Muhammad] ay maging matimtiman sa pagtitiyaga, at ang iyong pagtitiyaga ay para kay Allah.﴿ *(Qur'an 16: 127)*

﴾Kaya't maging matimtiman ka [O' Muhammad] sa pagtitiyaga; katiyakang ang pangako ni Allah ay katotohanan.﴿ *(Qur'an 30: 60)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanan, ang kadakilaan ng gantimpala ay ayon sa tumbasan ng kadakilaan ng pagsubok. At katiyakan, kapag si Allah ay nagmamahal sa isang (pangkat) ng tao, Kanyang sinusubukan sila. Sinuman ang maging kuntento, para sa kanya ang pagkalugod, at sinuman ang galit, para sa kanya ang pagkapoot.*"

Ang pagtitiyaga, ang (maka-Diyos) na pagtatakda, at gantimpala mula kay Allah ay mahahalagang isyu o paksa na marapat na isaalang-alang kung ang kalamidad ay tumama. At marapat nating malaman na ang Isa na nag-alis (nito) ay Siya ring Isa na nagbigay nito sa una.

﴾Katotohanang si Allah ay nag-uutos sa inyo na inyong ibalik ang pagtitiwala sa kaninuman na nagmamay-ari nito.﴿ *(Qur'an 4: 58)*

Isang makata ang nagsabi:

*Ang kayamanan at pamilya ay*
*mga pautang lamang sa isang panahon,*
*At ang araw ay marapat na sumapit kapag*
*ang pagkakautang ay isasauli.*

## *Ang mga positibong epekto nang pagkakaroon ng tunay na Monoteistikong pananampalataya kay Allah*

Kung ikaw ay naging biktima lamang ng ilang kamalian (o kasalanan), ang natatanging positibong mga epekto ng Islamikong Monoteismo (o paniniwala sa tunay at nag-iisang Diyos) ay nagiging lantad sa iyong buhay. Kung ang iba ay nagbigay-sakit sa iyo, alalahanin na ang pagkakaroon ng pananampalataya kay Allah, ang Kataas-taasan, ay makakatulong sa iyo sa maraming paraan:

1. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng matatag na pananampalataya kay Allah, iyong mapapatawad siya na lumabag (nagkasala) laban sa iyo. At higit na mainam kung ikaw ay magkaroon ng mabuting pagnanais sa gayong ding tao. At ang pinakamataas at pinakamainam na antas, - na mas mataas kaysa sa payak na pagpapatawad o di kaya ay simpleng paghahangad sa kanya ng kabutihan, - ay ang magbigay-kapakinabangan o tumulong sa kanya sa ilang paraan. Ang unang yugto ng pagpapatawad ay timpiin ang iyong galit, na nangangahulugan na hindi mo gagantihan ang pinsala ng katumbas na pinsala. Sa gayon, ay darating ang aktuwal na pagpapatawad, na nangangahulugan na magpatawad at magtapon ng anumang damdamin ng masamang hangarin. At matapos, sa huli ay pagdating ng paggawa ng kabutihan, o sa ibang salita, na bayaran ang

pinsala na ginawa sa iyo ng isang mabuting gawa o isang pagpapakita ng kabutihan.

﴾Sila na nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.﴿ *(Qur'an 3: 134)*

﴾Datapuwa't sinuman ang magpatawad at makipagkasundo, ang kanyang gantimpala ay mula kay Allah.﴿ *(Qur'an 42: 40)*

﴾At hayaan silang magpatawad at magparaya.﴿ *(Qur'an 24: 22)*

At dito ay iniulat na ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanang si Allah ay nag-utos sa akin na pagsamahin (humanap na magawang ang ugnayan ay maging matiwasay) sa kanya na pumutol ng kaugnayan sa akin, ang patawarin siya na gumawa ng kamalian sa akin, at bigyan siya na tumanggi sa akin.*"

2. Ikaw ay makapagpapaunlad ng higit na matatag na pananampalataya sa maka-Diyos na pagtatakda. Sa ibang salita, iyong mapagtatanto na ang tao na nakapinsala sa iyo ay nakagawa lamang ng gayon ayon sa maka-Diyos na pagtatakda ni Allah at pag-uutos.

Ang mga tao ay paraan lamang, datapuwa't ang Isa na nag-uutos at nagpapasya ay si Allah, kaya't isuko ang iyong kalooban sa Kanya.

3. Iyong mapagtatanto na ang pinsala na isinagawa laban sa iyo ay bilang pagbabayad-puri sa iyong mga kasalanan at magbibigay-bunga nang pagdaragdag sa antas ng ranggo kay Allah.

﴾Kaya't ang mga nagsilikas at itinaboy mula sa kanilang tahanan, at nagdusa ng kapinsalaan dahilan sa Aking Kapakanan, at lumaban at napatay sa Aking Kapakanan, katotohanang Aking ipatatawad sa kanila ang kanilang masasamang gawa...﴿ *(Qur'an 3: 195)*

Ang mga mananampalataya ay makagagawa na mapagtanto na ang pagpatay sa apoy ng pagkagalit ay isang matalinong paraan na dapat sundin sa buhay:

﴾Itaboy [kasuklaman]) ang [masama] sa pamamagitan [ng gawa] na mabuti, kung magkakagayon, siya na sa pagitan mo at niya ay may pagkagalit [sa isa't isa, ay mangyayari] na tila ba siya ay dati nang malapit na kaibigan.﴿ *(Qur'an 41: 34)*

"*Ang Muslim ay siya na mula sa kanyang dila at kamay, ang mga ibang Muslim ay ligtas.*"

Ang kahulugan ng naunang talata ay yaong dapat mong bayaran siya na nakapinsala sa iyo ng isang malugod na mukha at mahinahong salita. Sa gayon, iyong magagawa na maapula ang apoy ng pagkamuhi sa iyong puso.

﴾At ipagbadya sa Aking mga alipin [alalaong baga, sila na mga tunay na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah], na kanila lamang sabihin nang mainam ang mga salita, sapagkat katotohanang si Satanas ay nagtatanim ng hindi pagkakasundo sa kanilang lipon.﴿

*(Qur'an 17: 53)*

4. Darating (sa iyo) na mapag-aalaman mo ang iyong mga pagkakamali. O sa ibang salita, ikaw ay makatatalos sa katotohanan na ang tao ay dinulutan ng pagkakataon na pinsalain ka dahilan sa iyong sariling mga kasalanan.

﴾[Ano ang nangyayari sa inyo]? Nang ang isang kapinsalaan ay humampas sa inyo, bagama't inyong hinampas [ang inyong mga kaaway] na dalawang ulit na matindi, kayo ay nagsasabi: 'Saan kaya nanggagaling itong sumapit sa amin?' Ipagbadya [sa kanila]: 'Ito ay mula sa inyong sarili [dahilan sa inyong masasamang gawa].'﴿

*(Qur'an 3: 165)*

﴾At anumang kamalasan ang sumapit sa inyo; ito ay dahilan sa anumang kinita ng inyong mga kamay [at sa maraming kasalanan].﴿ *(Qur'an 42: 30)*

5. Kung ikaw ay binigyan ng kamalian, purihin at pasalamatan si Allah sa paggawa na ikaw ang inaapi at hindi ang nang-aapi. Ang ilan sa ating mga sinundang henerasyon ay nakahiratihan nang magsabi:

> "O' Allah, ako ay gawin Ninyo na siyang inaapi at hindi ang nang-aapi."

Ang ganitong tono ay katulad niyaong mas mahalaga sa dalawang anak ni Adan nang siya ay magsabi sa isa:

﴾Kung iyong iunat ang kamay mo laban sa akin upang ako ay patayin, hindi ko kailanman iuunat ang aking kamay laban sa iyo upang ikaw ay patayin, sapagkat ako ay nangangamba kay Allah; ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.﴿ *(Qur'an 5: 28)*

6. Marapat kang magpakita ng habag sa kanya na nagbigay-sakit sa iyo. Siya ay karapat-dapat sa iyong pagkaawa at habag. Ang kanyang pagpapatuloy sa paggawa ng kasamaan at sa lantad na paghamon sa pag-uutos ni Allah na huwag saktan ang Muslim ay nakagawa na siya ay maging karapat-dapat na tumanggap ng iyong kahinahunan at habag. Marahil, siya ay maililigtas mo sa kanyang pagkahulog. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Tulungan mo ang iyong kapatid, kahima't siya ay isang nang-aapi o siya ang inaapi."*

Nang si Mistah ay puminsala kay Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah), sa paninira sa kanya at sa kapurihan ng kanyang anak na si Aa'ishah, si Abu Bakr ay sumumpa na putulin ang anumang suporta sa kanya. Bago pa rito, si Abu Bakr ay gumugugol kay Mistah at sumusuporta sa kanya sapagkat siya ay mahirap. Dahil dito, ipinanaog ni Allah ang ganitong talata:

﴾At sila na biniyayaan ng pagpapala at kayamanan ay huwag manumpa na [sila] ay hindi magbibigay ng anumang tulong sa kanilang mga kamag-anak, sa mga *Miskin* [mahihirap], at *Muhajireen* [mga lumilikas sa ibang bayan] dahilan sa Kapakanan ni Allah. At hayaan silang magpatawad at magparaya. Hindi baga ninyo naiibigan na si Allah ay magpatawad sa inyo?﴿ *(Qur'an 24: 22)*

Si Abu Bakr ay nagsabi, "Oo, kinalulugdan ko na si Allah ay magpapatawad sa akin." At kanyang ipinagpatuloy ang paggugol kay Mistah, at kanya ring pinatawad siya.

Si Uyainah ibn Hasan ay nagsabi kay Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah), "O' Umar, ano ito? Sa (Ngalan) ni Allah, ikaw ay hindi mapagbigay sa amin at ikaw ay hindi humahatol ng makatarungan sa aming pagitan." Si Umar ay kumilos patungo sa kanya, nang si Al-Hurr ibn Qays ay nagsabi, "O' pinuno ng mananampalataya, si Allah ay nagwika:

﴾Magpakita kayo ng pagpapatawad, at magtagubilin kung ano ang mabuti at lumayo kayo sa mga luku-luko [alalaong baga, huwag ninyo silang patulan].﴿ *(Qur'an 7:199).*"

Di nagtagal, si Al-Hurr ay nagsabi:

> "Sa (Ngalan) ni Allah, si Umar ay lumagpas sa mga hangganan ng ganitong talata. At siya ay laging tumitigil (na hindi lumalabag sa mga hangganan na itinakda ni Allah) at sumusunod kung ano ang nasa Aklat ni Allah."

Si Propeta Yusuf (Hosep) ay nagsabi sa kanyang mga kapatid:

﴾Sa araw na ito, walang sisi ang ibubunton sa inyo, patawarin nawa kayo ni Allah, at Siya ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag!﴿ *(Qur'an 12: 92)*

Nang ang Sugo ni Allah (saws) ay matagumpay na nagbalik sa Makkah, nakita niya ang mukha nang mga nanakit sa kanya, nagpalayas sa kanya, at nagtaguyod ng digmaan sa kanya mula sa mga hindi nananampalataya ng Quraysh. Kanyang ipinahayag sa kanila: "*Magsihayo kayo dahil sa kayo ay malaya na.*"

Siya ay nagsabi sa isa pang *hadith*:

"*Ang malakas ay hindi siya na malakas sa labanan. Katotohanan, ang malakas ay siya na nagtitimpi ng kanyang sarili kung siya ay nagagalit.*"

Isang makata ang nagsabi:

*Kung ikaw ay nasa lipon ng mapagmahal na tao,*
*Pakitunguhan mo sila ng may kalambutan (na tulad)*
*ng nagmamahal na kamag-anak,*
*At huwag mong tawagin ang tao na magsulit*
*ng lahat ng kanilang pagkakamali,*
*Upang hindi (ka) manatili na walang*
*kasama sa iyong buong buhay.*

Ang ilan ay nagsabi na sa *Injeel* (Ebanghelyo) ay nasusulat:

"Patawarin ng pitong beses ang gumawa sa iyo ng minsang kamalian."

Ito ay nangangahulugan na kung ang sinuman ay gumawa sa iyo ng kamalian ng isang beses, ulitin mo ang iyong pagpapatawad sa kanya ng pitong beses upang iyong mapanatili ang iyong relihiyon na ligtas at ang iyong puso ay malinis. Ang pagnanais na makapaghiganti ay makababawas lamang sa iyong nerbiyos (pandama), pagtulog, katatagan, at kapayapaan, habang wala ka namang nakukuha mula sa iba.

﴾Datapuwa't sinumang magpatawad at makipagkasundo, ang kanyang gantimpala ay mula kay Allah.﴿ *(Qur'an 42: 40)*

Ang mga Indiano ay nagsabi sa isa sa kanilang mga salawikain:

> "Ang isa na nakakapangibabaw sa kanyang sarili ay higit na matapang kaysa sa isa na nakalulupig sa isang lungsod."

﴾Katotohanan, ang kaluluwa [ng tao, o ang katawang tao] ay nahihilig sa masama...﴿ *(Qur'an 12: 53)*

## *Pangalagaan ang iyong panlabas gayundin ang iyong panloob*

Ang isang tao na may dalisay na kaluluwa ay nangangalaga tungkol sa pagsusuot ng malinis na damit. Ang ilang matatalinong tao ay nagsabi pa ng ganito:

> "Kung ang kasuutan ng sinuman ay naging marumi, ang kanyang kaluluwa ay susunod sa kasuutan."

Ang ugat ng pagkayamot sa maraming tao ay pagiging hindi malinis o organisado o maaga; para sa iba, ito ay ang kawalan ng kalinisan (o masamang pangangalaga sa kalusugan), maruruming damit, o isang nanggigitatang hitsura.

Ang sandaigdigan ay batay sa kaangkupan (o tamang kalagayan). Sa katotohanan, upang tunay na maunawaan ang lalim at karunungan ng ating relihiyon, ang sinuman ay marapat na magpahalaga na ito ay dumating upang ayusin ang ating buhay sa parehong maliliit at malalaking bagay. Ang lahat-lahat kay Allah ay ayon sa isang sukat. Si Tirmidhi ay nagsalaysay ng sumusunod na *hadith*:

*"Katotohanang si Allah ay marilag at naiibigan Niya ang kagandahan."*

Si Imam Bukhari ay nagsalaysay ng sumusunod na *hadith* sa kanyang *Saheeh*:

"*Ito ay isang katampatan (o pangangailangan) sa isang Muslim na maligo minsan man lamang sa isang araw sa loob ng pito (isang linggo). Dito ay kanyang hinuhugasan ang kanyang ulo at kanyang katawan.*"

Ito ang pinakamababa na maaring asahan. Ang ilan sa ating mga nanga-unang henerasyon ay nagsasagawa ng paliligo minsan sa isang araw, na gaya nang ipinarating sa atin tungkol kay Uthmaan ibn Affaan (nawa'y kalugdan siya ni Allah).

﴾Ito ay isang [bukal para sa] malamig na pampaligo at inumin.﴿
*(Qur'an 38: 42)*

Ang pagpapatubo ng balbas, ang pagputol o paggupit sa bigote, ang pagputol sa mga kuko, ang pagsesepilyo ng ngipin, ang paggamit ng pabango, ang paglalaba ng kasuutan, at ang pangkalahatang pangangalaga sa panlabas na anyo, - ang lahat ng ito ay mga gawa na likas (panloob na pansarili) sa tao. Ang pagsasagawa ng mga ganitong gawa ng kalusugan o kalinisan ay nagbibigay ng kaginhawahan at kabutihan sa sinuman. Iminumungkahi rin na magsuot ng puti, sapagkat ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Magsuot ng puti at gamitin ito bilang isang pangbalabal sa inyong patay.*"

Marapat mong ayusin ang iyong mga pakikipagtipan (o takdang pakikipagkita) sa isang maliit na listahan o librito, na nagbabahagi ng panahon na bumasa, sumamba, mag-ehersisyo, at marami pang iba.

﴾Sa bawat pangyayari [pag-uutos] ay mayroong [nakatakdang] kapasyahan [mula kay Allah].﴿ *(Qur'an 13: 38)*

﴿At walang anumang bagay, maliban na ang kanyang panustos [o kinalalagyan] ay nasa Aming [Karunungan]. At hindi Namin ipinanaog ito maliban na ayon sa isang batid [o natatakdaang] sukat.﴾
*(Qur'an 15: 21)*

Sa aklatan ng kongreso ay nakasabit ang isang malaking paskil at nakasulat doon ang mga salitang, "Ang Sandaigdigan ay Batay sa Kaayusan." Ito ay totoo, sapagkat ang maka-Diyos na ipinahayag na Relihiyon ay nananawagan sa kaayusan, organisasyon, at pagkakasundo ng gawa o aksyon.

Si Allah ay nagbigay-alam sa atin na ang mga pangyayari sa sandaigdigan ay hindi batay sa laro at kahangalan, datapuwa't ito ay maka-Diyos na pagtatakda, pag-uutos, sukat, at organisasyon.

﴿Ang araw at buwan ay [gumagalaw o umiinog] nang buong katumpakan [sa kanyang pirming oras at sukat].﴾ *(Qur'an 55: 5)*

﴿Hindi pinahihintulutan na maabot ng araw ang buwan, gayundin ang gabi na malampasan ang maghapon. Sila ay kapwa lumalangoy [nakalutang] sa kanilang orbito [landas].﴾ *(Qur'an 36: 40)*

﴿At ang buwan; Aming itinakda para sa kanya ang iba't ibang [bahagdan] ng hugis [lagay o anyo], hanggang sa ito ay magbalik [na namamanaag] na katulad ng tuyot na tangkay ng palmera [datiles].﴾
*(Qur'an 36: 39)*

﴿At Aming itinalaga ang gabi at araw [maghapon] bilang dalawang tanda [ng Aming Kapangyarihan], Aming pinawi ang tanda ng gabi [ang buwan], at Aming ginawa ang tanda ng maghapon [ang araw] na maging lantad, upang kayo ay magsihanap ng kasaganaan ng inyong Panginoon, at upang inyong maalaman ang bilang ng mga taon at ang pagtutuos [ng mga buwan at mga araw (maghapon)]. Ang lahat ng bagay ay Aming ipinaliwanag nang masusi.﴾ *(Qur'an 17: 12)*

﴾Aming Panginoon! Hindi Ninyo nilikha ang [lahat] ng ito ng walang layunin, luwalhatiin Kayo!﴿ *(Qur'an 3: 191)*

﴾Hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito bilang [isa lamang] paglalaro. Kung Kami ay nagnais na magpalipas lamang ng oras [alalaong baga, tulad ng asawa o anak], ay walang pagsala na makakamtan Namin ang mga ito mula sa pinakamalalapit sa Amin, kung Kami ay may layunin na gawin [ang gayong bagay]!﴿ *(Qur'an 21: 16-17)*

﴾At ipagbadya [O' Muhammad]: 'Magsigawa kayo!'﴿ *(Qur'an 9: 105)*

Kung ang isang pasyente na may karamdaman sa pag-iisip ay dadalhin sa mga paham ng Gresya para sa lunas, kanilang pipilitin siya na magtrabaho sa pagsasaka at sa halamanan. Maigsing panahon lamang ang kailangang palipasin at siya ay magbabalik na sa kalusugan.

Ang mga nagtitinda (o magtitingi) na nagtatrabaho sa kanilang mga kamay, bilang isang pangkat, ay higit na masaya, mapagwalang-bahala, at mahinahon kaysa sa iba. Kung iyong pagmamasdan ang mga manggagawa, iyong mapupuna ang lakas ng (kanilang) katawan at kapayapaan ng isipan. Ang mga ito ay parehong naging bunga ng kasiyahan na nanggagaling sa paggalaw, pag-eehersisyo, at paggawa.

﴾At ako ay humahanap ng pagpapakalinga sa Inyo [Allah] mula sa kawalang-kakayahan at katamaran.﴿

## *Humanap ng pagkalinga kay Allah*

Allah: ang Pinakadakila at Pinakamaluwalhating pangalan. Kung pagbabalikan ang ugat ng salita, ating matututuhan ang espesyal na kahulugan nito. Ang iba ay nagsasabi na ang pangalang Allah ay nagmula sa (salitang) ugat na A-La-Ha. Ito ay

nangangahulugan bilang isa na minamahal ng puso ng mga tao, na nakakatagpo (sa Kanya) ng kapayapaan, na naliligayahan sa gayon, na binabalingan, at tinatanggap bilang kanilang Diyos. Gayundin, tunay na imposible para sa puso na makatagpo ng kapayapaan o ginhawa sa iba maliban pa sa Kanya. Sa ganitong dahilan, si Faatimah (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagturo sa kanyang anak na babae ng panalangin ng isa na nasa kalumbayan:

> "Allah, Allah, aking Panginoon, ako ay hindi nag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya."

﴾Ipahayag: 'Si Allah [ang nagpapanaog nito].' At hayaan sila na maglaro sa kanilang walang saysay na pag-uusapan.﴿ *(Qur'an 6: 91)*

﴾At Siya ay Hindi Matututulan, ang higit na Mataas sa Kanyang mga alipin...﴿ *(Qur'an 6: 18)*

﴾Si Allah ang Pinakamapagbigay [Pinakamabuti] sa Kanyang mga alipin.﴿ *(Qur'an 42: 19)*

﴾Hindi sila nagbigay nang makatuwirang pagtuturing kay Allah na nalalaan sa Kanya. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang buong kalupaan ay isang dakot lamang ng Kanyang Kamay, at ang kalangitan ay gugulong sa Kanyang kanang Kamay. Luwalhatiin Siya! Higit Siyang mataas sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!﴿ *(Qur'an 39: 67)*

﴾At [gunitain] ang Araw na Aming babalunbunin ang kalangitan na tulad ng papel na nakabalunbon para sa mga aklat...﴿ *(Qur'an 21: 104)*

﴾Katotohanang si Allah ang nagtatangan sa kalangitan at kalupaan, kung hindi, ang mga ito ay hindi makapagpapatuloy [na makapanatili sa kanilang kinalalagyan].﴿ *(Qur'an 35: 41)*

## *Inilalagay ko ang aking ganap na pagtitiwala sa Kanya*

Ang palagiang pagbaling kay Allah, ang paglalagay ng pagtitiwala ng sinuman sa Kanya, at ang maging nasisiyahan sa Kanyang pangangalaga at proteksiyon, - ang mga ito ang pinakamahahalagang dahilan na naghahatid ng kaligayahan sa nananampalataya.

﴾Kayo baga ay nakakaalam sa sinuman na katulad Niya? [Di nga kasi, walang sinuman ang katulad o katapat Niya o maaaring maiwangki sa Kanya at wala Siyang katambal; 'Walang sinuman ang makakatulad Niya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakamamasid'].﴿ *(Qur'an 19: 65)*

﴾Katotohanang ang aking Wali [Tagapangalaga, Tagapagtaguyod at Tagapagtangkilik] ay si Allah, na nagpahayag ng Aklat [ang Qur'an], at Siya ang nangangalaga [nagtataguyod at tumutulong] sa matutuwid.﴿ *(Qur'an 7: 196)*

﴾Walang alinlangan! Sa mga *Auliya* [Kapanalig] ni Allah, walang pangangamba ang sasapit sa kanila, gayundin, sila ay hindi malulumbay.﴿ *(Qur'an 10: 62)*

## *Sila ay nagkasundo sa tatlong puntos*

Matapos na magbabad ako sa mga aklat na tumatalakay sa pagkabalisa at mga sakit ng isipan, aking natagpuan na ang mga pantas na Muslim ay nagkakasundo sa tatlong pundamental para sa sinumang naghahanap ng lunas:

1. Siya ay marapat na may malapit na kaugnayan kay Allah, sa pamamagitan ng pagsamba sa Kanya, na maging masunurin sa

Kanya, at bumabaling sa Kanya kung nasa kahirapan o nasa ginhawa. At ito ang pinakamahalagang isyu o usapin sa pananampalataya:

﴾Kaya't [tanging] sambahin lamang Siya at maging matiyaga sa pagsamba sa Kanya. Kayo baga ay nakakaalam sa sinuman na katulad Niya? [Di nga kasi, walang sinuman ang katulad o katapat Niya o maaaring maiwangki sa Kanya at wala Siyang katambal; 'Walang sinuman ang makakatulad Niya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakamamasid'].﴿ *(Qur'an 19: 65)*

2. Siya ay marapat na magpinid sa mga usapin ng nakaraan. Ang mga kabanata ng nakaraan, na kung aalalahanin ay nakapagdaragdag lamang ng kirot, ito ay marapat na kalimutan at burahin sa isipan. Samakatuwid, isang bagong buhay para sa isang bagong araw!

3. Marapat niyang pabayaan na nag-iisa ang hinaharap. Ang anumang mangyayari pa lamang ay mula sa mundo ng nalilingid. Samakatuwid, ito ay marapat na pabayaang mag-isa hanggang sa ito ay sumapit. Higit pang tangi rito, siya ay marapat na umiwas na maging abala sa mga prediksyon (hula o sapantaha), mga inaasahan, at mga pag-aatubili. Ang buhay ay marapat na ipamuhay sa loob ng mga hangganan ng ngayon:

Si Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Mag-ingat sa pagkakaroon ng mahabang ekspektasyon (o pagiging umaasa) [sa mundong ito], sapagkat katotohanang ito ay nakagagawa sa kanya na malimutan (ang kanyang tunay na layunin)."

﴾At sila ay nag-akala na sila ay hindi magbabalik sa Amin!﴿

*(Qur'an 28: 39)*

Mag-ingat sa paniniwala sa mga pamahiin at mga tsismis:

﴾Sila ay nag-aakala na ang bawat panambitan ay laban sa kanila.﴿ *(Qur'an 63: 4)*

May alam akong mga tao na sa maraming taon ay patuloy na naghihintay ng mga prediksyon (hula o sapantaha) ng disaster at kalamidad na mangyayari, mga hula na hanggang sa ngayon ay hindi pa natutupad. Sila ay naglalagay ng takot sa kanilang sariling puso at sa puso ng iba (Gaano kaperpekto si Allah!). Ang pagkakaroon ng gayong buhay ay kalunus-lunos at kahapis-hapis. Ang halimbawa ng gayong mga tao ay yaong pinahirapang bilanggo sa Tsina, na ang mga bumihag sa kanya ay naglagay sa kanya sa ilalim ng gripo, na nagpapatulo rito ng isang patak ng tubig sa bawat minuto. Ang bilanggo ay salat sa pag-asa na naghihintay sa bawat patak hanggang sa siya ay mawalan ng bait. Si Allah ay naglarawan sa mga tao ng apoy sa mga sumusunod na talata:

﴾Sasakanila ang Apoy ng Impiyerno; [ang ganap na kamatayan] ay hindi itinakda sa kanila upang sila ay mamatay [alalaong baga, kahit na sila ay pinaparusahan, sila ay hindi mamamatay], gayundin, ang kaparusahan sa kanila ay hindi magbabawa.﴿ *(Qur'an 35: 36)*

﴾Dito, siya ay hindi mamamatay [upang maginhawahan], at hindi rin mabubuhay [sa mabuting kalagayan].﴿ *(Qur'an 87: 13)*

﴾At sa bawat sandali na ang kanilang balat ay malimit na nalilitson nang ganap, ito ay Aming papalitan ng bago at sariwang balat upang kanilang matikman ang kaparusahan.﴿ *(Qur'an 4: 56)*

## *Ang maling gawa ng mapaglabag*

"Sa paghatol ang aming kasasapitan sa Araw ng Pagtitipon,
At sa harapan ni Allah ay titipunin ang lahat ng mga kaaway."

Ang sapat na katarungan at pagganti para sa nananampalataya ay yaong naghihintay siya sa araw na si Allah ay magtitipon sa pinaka-una at sa pinakahuli (sa Kanyang mga nilikha). Ang hukom sa araw na yaon ay si Allah at ang mga saksi ay ang mga anghel:

﴾At itatatag Namin ang timbangan ng katarungan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kaya't walang sinuman ang tuturingan ng kawalang-katarungan sa lahat ng bagay. At kung mayroon mang [gawa] na katulad ng bigat ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming itatambad. At Kami ay Sapat na bilang Tagapagsulit.﴿ *(Qur'an 21: 47)*

## *Si Khosrau at ang matandang babae*

Si Buzjamhar, ang paham na tao ng Persia, ay nagsalaysay ng kuwento ni Khosrau, ang hari at ang matandang babae. Ang huli ay nagmamay-ari ng isang manok at isang maliit na bahay-kubo na nakatayo sa isang maliit na piraso ng lupa na kapitbahay ng palasyo ni Khosrau. Isang araw, kinakailangan niyang maglakbay sa ibang nayon, at bago siya (ang matandang babae) ay umalis, siya ay nagdasal, "O' Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking manok sa Inyo!" Sa panahon na siya ay wala, si Khosrau ay kumamkam ng kanyang nag-iisang ari-arian upang mapalawak niya ang halamanan ng kanyang palasyo. Ang kanyang sandatahan ay kumatay sa manok at nagwasak sa kanyang bahay-kubo. Nang siya ay magbalik at matuklasan ang kahapis-hapis na gawa, itinuon niya ang kanyang paningin sa langit at nagsabi, "O' Panginoon, ako ay wala rito at nasaaan Kayo?" At matapos, si Allah ay nagkaloob ng paghihiganti para sa kanya. Dito ay nangyari na ang anak na lalaki ni Khosrau ay sumalakay sa kanyang ama na may dalang kutsilyo at siya ay kanyang pinatay.

﴾Hindi baga si Allah ay Sapat na para sa Kanyang alipin? At sila ay nagtangka na takutin kayo sa pamamagitan ng [mga diyus-diyosan

na kanilang sinasamba] maliban pa sa Kanya! At sinumang pabayaan ni Allah na maligaw, sa kanya ay walang makakapamatnubay.﴿

*(Qur'an 39: 36)*

Tayo bang lahat ay katulad ng higit na karapat-dapat na mga anak ni Adan, na nagsabi sa kaniyang kapatid:

﴾Kung iyong iunat ang kamay mo laban sa akin upang ako ay patayin, hindi ko kailanman iuunat ang aking kamay laban sa iyo upang ikaw ay patayin...﴿ *(Qur'an 5: 28)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Maging alipin ni Allah, ang pinaslang, at hindi ang alipin ni Allah, ang mamamatay-tao.*"

Ang Muslim ay may misyon at mensahe na higit na mahalaga kaysa sa paghihiganti, masamang hangarin, at pagkamuhi.

## *Ang kapansanan (balakid) sa isang bahagi ay maaaring mapunuan (o mabayaran) sa pamamagitan ng kahusayan sa ibang bahagi*

﴾Huwag ninyong isaalang-alang na ito ay masamang bagay sa inyo. Hindi, ito ay mabuti sa inyo.﴿ *(Qur'an 24: 11)*

Ang karamihan sa mga tao na nagugunita pa sa ngayon dahil sa kanilang kadakilaan ay nangailangan na kanilang malampasan ang maraming balakid o sagwil sa kanilang landas: ang kanilang pagtitiyaga ay may kaugnayan sa katigasan ng ulo. Sila ay nakadama ng kahinaan sa isang kakayahan o bahagi na nangangailangan ng kabayaran sa iba. Ang maraming pantas ng Islam ay aktuwal na mga pinalayang alipin, katulad nina 'Ataa, Sa'eed ibn Jubayr, Qatada, Bukhari, Tirmidhi, at Abu Hanifah.

Ang maraming Islamikong pantas, na ang kalawakan ng kanilang karunungan ay katulad ng karagatan, ay dinapuan ng pagkabulag, - si Ibn Abbaas (nawa'y kalugdan siya ni Allah), si Qatada, si Ibn Umm Maktoom (nawa'y kalugdan sila ni Allah), sina Al-A'amash at Yazeed ibn Haroon, upang banggitin lamang ang ilan.

Ang mga pantas na magkasabay sa panahon, sina Shaykh Muhammad Ibraheem Aal-Shaykh, Shaykh Abdullah ibn Humayd, at Shaykh Ibn Baaz ay mga bulag na lahat.

Ang maraming dakilang pantas ay mayroong sagabal (o kapansanan) sa isang bahagi o iba pa. Ang ilan ay bulag, ang iba ay bingi, at ang iba pa ay walang bisig, at marami pang iba. Gayunpaman, sa kabila ng kanilang kapansanan, kanilang naimpluwensiyahan ang mga henerasyon na sumunod sa kanila, at nakagawa sila na makapag-ambag (ng karunungan) sa sangkatauhan.

﴾At ipagkakaloob Niya sa inyo ang isang Liwanag na inyong malalakaran [nang matuwid]...﴿ *(Qur'an 57: 28)*

Ang diploma mula sa isang karangal-rangal na pamantasan ay hindi ang lahat-lahat. Huwag panghinaan ng loob o mawalan ng pag-asa kung hindi mo nagawang makapagtamo ng antas (o katibayan) sa isang pamantasan. Kahit na wala kang diploma sa iyong kamay, maaari ka pa ring magningning at makapag-ambag nang marami sa sangkatauhan. Maraming bantog at dakilang tao ang walang natamong katibayan (o titulo ng pag-aaral). Nagawa nila ang kanilang landas sa buhay at nalampasan ang hindi mapapangibabawang balakid sa pamamagitan ng bakal na pagnanais at matibay na determinasyon (pagpupunyagi). Kung pag-uusapan ang mga pangkasalukuyang Islamikong pantas, maraming tanyag sa kanila ang walang titulo ng pag-aaral o natapos (na antas). Sina Shaykh Ibn Baaz, Malik ibn Nabi, Al-Aqqad, At-

Tantawi, Abi-Zahrah, Al-Mawdoodi, An-Nadawi, silang lahat ang sasagi sa isipan bilang mga halimbawa, gayunman, sila ay marami pa.

Sa isang banda, mayroong libu-libong tao ang nagtataglay ng titulo ng Ph.D. (Doctor of Philosophy o Doktor ng Pilosopya) sa Islamikong mundo ang nananatiling tago o nakukubli at walang naging kintal sa lipunan.

﴾Ikaw ba [O' Muhammad] ay makakatagpo kahit na isa man [lamang] sa kanila, o di kaya ay makakarinig ng kahit na isang bulong [man lamang] sa kanila?﴿ *(Qur'an 19: 98)*

Mayroon kang malaking kayamanan sa iyong (sarili) kung ikaw ang tipo (ng tao) na nasisiyahan sa anumang sitwasyon o kalagayan. Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa isang mapapanaligang *hadith*:

"*Maging kuntento sa anumang bahagi na ipinagkaloob sa iyo ni Allah, at ikaw ay magiging pinakamayaman sa mga tao.*"

Maging kuntento sa iyong pamilya, sa iyong kinikita, sa iyong sasakyan, at sa iyong trabaho. Kung ikaw ay kuntento sa lahat ng mga ito, kung gayon, ikaw ay nakatagpo ng kaligayahan at kapayapaan. At sa iba pang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi: "*Ang kayamanan ay ang kayamanan ng kaluluwa.*"

Siya (saws) ay nagsabi rin:

"*O' Allah, gawin Ninyong ang kanyang kayamanan ay nasa kanyang puso.*"

Isang tao ang nagsalaysay na minsan ay sumakay siya sa isang taksi sa erport (paliparan) at nagsabi sa drayber na ihatid siya sa lungsod. Siya ay nagsabi, "Aking napansin na ang drayber ay masaya at palabiro (o nakatutuwa). Siya ay patuloy na nagpupuri kay Allah,

nagpapasalamat sa Kanya, at nag-aala-ala sa Kanya. Tinanong ko siya tungkol sa kanyang pamilya at kanyang sinabi na siya ang tumutustos sa dalawang pamilya. Samantala, ang kanyang buwanang suweldo ay maliit na halaga na 800 riyal, at (dahil dito) siya at ang kanyang pamilya ay kinakailangang manirahan sa isang lumang gusali. Gayunpaman, ang kanyang isip ay nasa kapayapaan sapagkat siya ay mapagpasalamat sa kung anuman ang ibinahagi ni Allah sa kanya."

Ang tagapagsalaysay ay nagpatuloy na nagkuwento, "Ako ay nakadama ng pagkamangha nang aking ihambing ang taong ito sa iba na namumuhay ng buhay ng kasaganaan, - na may salapi, mamahaling sasakyan, at malalaking mansiyon. Sa kabila ng gayong kariwasaan, sila ay namumuhay ng malungkot na buhay, at sa (aking) pagmumuni-muni, aking napagtanto na ang kaligayahan ay wala sa kayamanan."

Kilala ko ang isang negosyante na mayroong daan-daang milyon (na salapi) at maraming mansiyon. Siya ay miserable (kulang-palad) sa kanyang pakikipag-ugnayan, na lagi nang bumubula sa galit at lagi nang naninimdim sa kalagayan ng pagkalumbay. Siya ay namatay na estranghero (o malayo) sa kanyang pamilya, at siya ay nagdaan sa lahat ng ganitong kalungkutan sapagkat siya ay hindi nasisiyahan sa anumang ipinagkaloob sa kanya ni Allah.

﴾Sa lahat ng kanyang naisin, - Ako ay marapat pang magbigay nang higit. Hindi! Katotohanang nanatili siyang matigas ang ulo na sumasalungat sa Aming *Ayat* [mga aral, talata, katibayan, tanda, atbp.].﴿ *(Qur'an 74: 15-16)*

Maraming dantaon na ang nakaraan, sa Arabia, ang sinuman ay makakatagpo ng kapayapaan sa kanyang pag-iisa sa disyerto. Sa disyerto, na malayo sa mga pagkilos ng tao, isang makata ang nagsabi:

*Ang ungol ng asong lobo, napaunlad ko ang pagkakagusto ko rito,*
*At matapos ay aking narinig ang tinig ng isang tao at halos ako*
*ay lumipad na palayo (mula sa pagkadusta sa ganito).*

Si Sufyan Ath-Thawri ay nagsabi:

"Ninanais ko na ako ay nasa isang kubling lambak na walang sinuman ang nakakakilala sa akin."

Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa isang *hadith*:

"*Ang panahon ay malapit na kung ang pinakamainam na kayamanan ng isang Muslim ay ang tupa, na siya ay sumusunod sa mga lugar ng ulan at sa mga landas ng kabundukan; siya ay tumatakas na taglay ang kanyang relihiyon mula sa mga pagsubok.*"

Sa mga panahon ng paghihirap (alalaong baga, ang paglalabanan ng mga Muslim sa kanilang lipon), ang pinakaligtas na pagpipilian ng isang Muslim ay yaong tumakbong palayo sa kanila. Nang si Uthman ay pamaling pinaslang, sina Ibn Umar, Usaamah ibn Zayd at Muhammad ibn Muslimah ay nanatiling malayo sa mga sumunod na pagsubok, nawa'y kalugdan silang lahat ni Allah.

Alam ko ang mga tao na dinapuan ng kahirapan, kalungkutan, at kalumbayan. Sa kaso ng bawat isa sa kanila, ang sanhi ng kanilang pagkasira ay yaong sila ay malayo kay Allah. Iyong matatagpuan na ang isa sa kanila ay mayaman, maginhawa, at nasa kalagayan ng mabuting kalusugan, na nagmula kay Allah. Datapuwa't gayunman, siya ay tumalikod sa pagsunod kay Allah. Siya ay pabaya sa kanyang pagsasagawa ng pagdarasal at siya ay nagsimulang gumawa ng malalaking kasalanan. Kaya't si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay kumuha ng kanyang kalusugan at kayamanan at pinalitan ang mga ito ng kahirapan ng paghihikahos, pagkabalisa, at pagkabagabag. Siya ay nagdanas ng kahirapan sa ibabaw ng ibang kahirapan, mula sa mababang puntos hanggang sa puntos na higit pang mababa.

﴿At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala [alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito], katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan...﴾ *(Qur'an 20: 124)*

﴿Ito'y sa dahilang hindi babaguhin ni Allah ang pabor [o biyaya] na Kanyang ipinagkaloob sa isang [lipon] ng mga tao hangga't hindi nila binabago kung ano ang nasa kalooban nila.﴾ *(Qur'an 8: 53)*

﴿At anumang kamalasan ang sumapit sa inyo; ito ay dahilan sa anumang kinita ng inyong mga kamay, at [sa maraming kasalanan], Siya ay labis na nagpapatawad.﴾ *(Qur'an 42: 30)*

﴿At kung sila [na hindi mga Muslim] ay sumampalataya kay Allah at namalagi lamang sa Tuwid na Landas [Islam], katotohanang Kami ay magkakaloob sa kanila nang saganang ulan.﴾ *(Qur'an 72: 16)*

Kung aking makakaya na makapagsagawa ng himala, aking aalisin sa iyo ang iyong mga suliranin at pagdurusa; gayunman, dahil wala akong kakayahan sa ganoon, aking pupunan ito sa pagbibigay sa iyo ng pangkalusugang tagubilin na ibinigay ng mga pantas ng Islam. Ito ay yaong sumamba sa Manlilikha (na hindi nag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya sa pagsamba), ang maging kuntento sa iyong ikinabubuhay (o panustos), ang maging katamtaman (o mapagtimpi), at ang pagbabawas sa antas ng iyong mga inaasam sa buhay na ito.

Ang bantog na Amerikanong sikolohiko na si William James ay nagsabi ng mga ganitong salita na nakatutop ng aking atensyon:

> "Tayo, ang sangkatauhan, ay lumilimlim sa hindi natin angkin, at tayo ay hindi nagpapasalamat sa Diyos sa kung anuman ang ating pag-aari. Tayo ay lagi nang nananahan (tungkol) sa trahedya (kalunus-lunos o nakapanglulumo) at sa madilim na bahagi ng ating buhay, at tayo ay hindi tumitingin sa mas maningning na bahagi ng ating pagkatao. Ikinalulungkot natin kung ano ang

kulang sa ating buhay at tayo ay hindi masaya kung ano ang mayroon (sa atin)."

﴾Kung kayo ay may utang na loob ng pasasalamat [sa pamamagitan ng pagtanggap sa Pananalig at pagsamba lamang kay Allah], kayo ay higit Kong pagkakalooban [ng Aking mga Biyaya]...﴿ *(Qur'an 14: 7)*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nanalangin:

"*At ako ay nagpapakalinga kay Allah (laban) sa isang kaluluwa na hindi nabubusog.*"

Kung ang pangunahing pagtutuunan ng sinuman ay ang Kabilang Buhay, si Allah ay gagawa na maging mainam ang mga bagay sa kanya, at gagawin (Niya) na ang kasaganaan ay manahan sa kanyang puso. Ang mundo ay paparito sa kanya sa kabila ng kanyang pag-ayaw. At kung ang pangunahing pagtutuunan ng sinuman ay ang mundong ito, si Allah ay magkakalat ng kanyang buhay-buhay (o mga pangyayari) at maglalagay ng paghihikahos sa pagitan ng kanyang mga mata; gayundin, ang mundo ay hindi sasapit sa kanya, maliban kung ano ang nakasulat sa kanya.

﴾At kung sila ay iyong tatanungin kung sino ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at namamahala sa [pagpapainog] ng araw at buwan, katiyakang sila ay magsasabi: 'Si Allah!' Kung gayon, paano silang napaligaw [sa katotohanan, sa pagiging mapagsamba sa mga diyus-diyosan at kawalan ng pananampalataya].﴿ *(Qur'an 29: 61)*

## Ilang mga salita tungkol sa hangal

Sa isang babasahin na *Ar-Risaalah*, natagpuan ko ang isang kasiya-siyang artikulo (o sulatin) tungkol sa Komunismo na sinulat ni Zayyaat. Ang mga Ruso ay nagpadala ng sasakyang pagkalawakan sa labas ng himpapawid at matapos na ito ay

magbalik, ang isa sa kanilang astronoyt ay nasipi sa *Pravda* na nagsabi:

> "Kami ay pumaitaas sa alapaap (langit) at hindi kami nakatagpo ng diyos doon, walang paraiso, walang impiyerno, at walang mga anghel."

Bilang tugon, si Zayyaat ay sumulat:

> "Tunay na ikaw ay kamangha-mangha, O' mga pulang hangal. Iniisip mo ba na iyong makikita si Allah sa Kanyang Trono sa kalawakan? Ikaw ba ay mayroong kapangahasan na isipin na iyong makikita ang mga dalaga ng Paraiso na naglalakad sa paligid-ligid na (nakasuot) ng sutla? O iyo bang maririnig ang lagaslas ng *Al-Kawthar* (isang ilog sa Paraiso)? O iyong maaamoy ang alingasaw niyaong pinarurusahan sa Apoy? Kung ikaw ay tunay na nag-iisip ng ganito, kung gayon, ang iyong pagkalugi at pagkabigo ay bukas sa lahat upang makita. Ang lahat nang maaari kong isipin upang ipaliwanag ang iyong maling patnubay, paggala-gala, at kahangalan ay ang komunismo at ateismo (hindi paniniwala na mayroong Diyos) sa iyong ulo. Ang komunismo ay isang araw na walang bukas, isang lupa na walang langit, paggawa na walang katapusan, at patuloy na mabigat na pagtatrabaho na walang bunga..."

﴾O' ikaw ba ay nag-aakala na ang karamihan sa kanila ay nakakarinig at nakakaunawa? Sila ay katulad lamang ng mga hayop [bakahan]; datapuwa't sila ay higit na napaligaw sa Landas [alalaong baga, sila ay higit pang masahol kaysa sa mga hayop].﴿ *(Qur'an 25: 44)*

﴾Sila ay may puso na hindi nakakaunawa, sila ay may mga mata na hindi nakakakita, at sila ay may mga tainga na hindi nakakarinig [ng Katotohanan].﴿ *(Qur'an 7: 179)*

﴾At kung sinuman ang bigyan ni Allah ng kahihiyan, walang makapagbibigay sa kanya ng karangalan.﴿ *(Qur'an 22: 18)*

﴾Ang kanilang mga gawa ay katulad ng mirahe [huwad na tubigan] sa disyerto.﴿ *(Qur'an 24: 39)*

﴾Ang kanilang mga gawa ay tulad ng abo, na hinipan nang humahagupit na hangin sa araw na bumabagyo...﴿ *(Qur'an 14: 18)*

Sa *Isang Relihiyon ng mga Depekto (A Religion of Defects)*, si Al-Aqqaad ay tumuligsa laban sa komunismo at ang maling batayan ng ateismo:

> "Ang kaluluwa na sa panloob ay malalim ay tumatanggap sa tunay na Relihiyon ng Islam. At para sa kanila na ang isipan ay lumpo, o mayroong hamak o kutod na paningin sa mga ideya (o kuru-kuro), dito ay matuwid para sa kanila na maging ateista."

﴾Ang kanilang puso ay nasasagkaan [upang hindi makaunawa ng lahat ng uri ng kabutihan at tuwid na patnubay], kaya't sila ay hindi nakakaunawa.﴿ *(Qur'an 9: 87)*

Ang ateismo ay isang pamatay na suntok sa isipan ng sinuman. Ito ay isang ideyang makaluma (o liblib) na tulad ng anumang mahihinuha (o huwad) na mundo na nagawa ng bata na mabigyang-kaanyuan, at ito ay isang pagkakamali na hindi malalampasan sa kasaysayan ng mga kamalian. Ito kung bakit, na si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagwika:

﴾Ano! Mayroon pa ba kayang pag-aalinlangan tungkol kay Allah, ang Manlilikha ng mga kalangitan at kalupaan?﴿ *(Qur'an 14: 10)*

Si Ibn Taymiyah ay nagsabi:

> "Ang pagkakaroon ng Manlilikha ay hindi lantad na itinatanggi ng sinuman maliban kay Fir'aun (Paraon), at maging siya ay kumilala sa Kanya sa kanyang sarili. Ito kung bakit si Propeta Moosa (Moises) ay nagsabi:

﴾Siya [Moises] ay nagturing: 'Katotohanang batid mo na ang mga tandang ito ay ipinanaog ng wala ng iba maliban sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan bilang maliwanag na mga Katibayan [alalaong baga, tanda ng pagiging Isa ni Allah at Kanyang Kapangyarihan], at katiyakang aking inaakala na ikaw, O' Fir'aun [Paraon] ay nakatakda sa pagkawasak [na malayo sa lahat nang mabuti]!'﴿ *(Qur'an 17: 102)*

Si Fir'aun (Paraon) ay nagpahayag ng sumusunod sa kahuli-hulihang (sandali, nang ito ay lubha nang huli), na nagpapahayag kung ano ang nasa kanyang puso:

﴾Siya [Paraon] ay nagsabi: 'Ako ay nananampalataya [kay Allah] na wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, na Siyang pinananampalatayaan ng Angkan ng Israel, at ako ay isa sa mga Muslim [na sumusuko sa Kalooban ni Allah].'﴿ *(Qur'an 10: 90)*"

## *Ang Pananampalataya kay Allah ang siyang daan sa kaligtasan*

﴾At ang aking [sariling] pangyayari [kahahantungan] ay ipinagpapaubaya ko kay Allah.﴿ *(Qur'an 40: 44)*

﴾Walang [anumang] kapahamakan ang magaganap malibang pahintulutan ni Allah, at kung sinuman ang sumasampalataya kay Allah, Siya ang mamamatnubay sa kanyang puso [sa tunay na pananampalataya nang may katiyakan]...﴿ *(Qur'an 64: 11)*

Si Allah ay namamatnubay sa puso ng sinuman na kumikilala na ang kalamidad ay isang maka-Diyos na pag-uutos at pagtatakda.

﴾Kanyang niluwagan sila sa kanilang [mabibigat] na pasanin [sa pang-araw-araw na pagsasagawa ng pananampalataya], at sa mga

tanikala [ng pananagutan] na nakaatang sa kanila [alalaong baga, ang mabigat na kautusan tungkol sa pagsisisi, kaparusahan o ganti, atbp.].﴿ *(Qur'an 7: 157)*

Ang mga tanyag na Kanluraning manunulat, - na gaya nina Kersey Meerson, Alexis Carlyle and Dale Carnegie, ay agarang umamin na ang tagapagligtas ng materyalistang kaisipan, ng papahinang Kanluran ay ang paniniwala kay Allah. Kanilang iniharap ang pananaw na ang dahilan sa likod ng nadaragdagan at nakakaalarmang pangyayari ng pagpapatiwakal sa Kanluran ay ang kawalan ng pananampalataya kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

﴾Katotohanang sila na naliligaw sa landas ni Allah ay makakasumpong nang matinding kaparusahan sapagkat kinalimutan nila ang Araw ng Pagsusulit.﴿ *(Qur'an 38: 26)*

﴾At sinumang magtalaga ng katambal kay Allah, ang makakatulad niya ay wari bang siya ay nahulog mula sa alapaap [kaitaasan], at ang mga ibon ay umaagaw sa kanya, o ang hangin ay nagtatapon sa kanya sa isang malayong lugar.﴿ *(Qur'an 22: 31)*

Sa 1994 na edisyon ng *Ash-Sharq Al-Awsat*, ang isang panayam sa asawa ni Pangulong George Bush (ng Amerika) ay nailathala. Doon, siya ay umamin na siya ay nagkaroon ng higit pa sa isang pagtatangka na magpatiwakal. Ang isang pagtatangka ay ginawa sa paraan ng pagpigil o mabulunan sa paghinga, at ang isa pa ay ang pagmamaneho ng sasakyan patungo sa isang bangin.

Si Quzmaan ay nasa digmaan ng Uhud, na nakikipaglaban para sa kapakanan ng mga Muslim. Siya ay nakipaglaban ng walang-gulat at maapoy. Ang mga tao ay sumigaw, "Para sa kanya ang walang hanggang kaligayahan ng Paraiso." Ang Propeta (saws) ay nagsabi: "*Katotohanang siya ay mula sa mga mananahan sa apoy!*"

— Bakit? Sapagkat nang ang kanyang mga sugat ay naging malubha, sa halip na maging mapagtiis, kinuha niya ang kanyang sariling buhay sa kanyang sariling espada.

﴾Sila nga, na ang kanilang pagsisikhay ay nasayang lamang sa buhay sa mundong ito, habang sila ay nag-aakala na sila ay gumagawa nang mabuti sa kanilang mga gawa.﴿ *(Qur'an 20: 124)*

Ang isang Muslim ay hindi tumatahak sa landas ng pagpapatiwakal, kahit na gaano pa katindi ang kahirapan. Ang dalawang yugto (o *rakah*) ng pagdarasal na isinagawa ng may kapakumbabaan at presensya ng isipan matapos na magsagawa ng ablusyon (paghuhugas sa sarili) ay gumagarantiya sa paglalaho ng pagkabagabag at pagkabalisa sa iyong buhay.

﴾At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala [alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito], katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan, at siya ay bubuhayin Naming muli na bulag sa Araw ng Muling Pagkabuhay.﴿ *(Qur'an 20: 130)*

Sa Qur'an ay mayroong isang mabisa at malakas na katunungan para sa kanila na may maling patnubay:

﴾Bakit [kaya] sila ay hindi pa sumasampalataya?﴿ *(Qur'an 84: 20)*

Ano yaong nakagawa sa kanila na lumihis nang palayo sa paniniwala, habang ang mga katibayan at mga tanda ay maliwanag?

﴾[Hindi magtatagal ay] ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga Tanda sa buong santinakpan at sa kanilang sarili; hanggang sa ito ay maging maliwanag sa kanila na ito [ang Qur'an] ang katotohanan.﴿ *(Qur'an 41: 53)*

﴾At sinuman ang magsuko ng kanyang sarili kay Allah, samantalang siya ay gumagawa ng kabutihan [tungo sa Kapakanan ni Allah ng

walang pagpaparangalan at ayon sa Sunnah (pamamaraan) ng Sugo ni Allah na si Muhammad], katotohanang siya ay nakasakmal nang pinakamatatag at mapagkakatiwalaang dakot [ang La ilaha illa Allah (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah)].} *(Qur'an 31: 22)*

## *Maging ang mga hindi nananampalataya ay nasa magkakaibang antas*

Sa pang-ala-alang (aklat) ni George Bush na *Moving Ahead,* binanggit niya na siya ay dumalo sa libing ni Brezhnev, ang Pangulo ng Soviet Union. Si Bush ay nagsabi, "Aking nakita na ang libing ay madilim at mapanglaw; ito ay hungkag sa pananampalataya at espiritu." Kanyang sinabi ito dahilan sa siya ay isang Kristiyano at sila ay mga ateista.

{At inyong matatagpuan na ang may pinakamalapit na pagmamahal sa mga sumasampalataya [mga Muslim] ay sila na nagsasabi: 'Kami ay mga Kristiyano [na sumusunod sa relihiyon ng Mesiyas at sa mga turo ng kanyang *Injil* (Ebanghelyo)].'} *(Qur'an 5: 82)*

Matyagan na bagama't siya ay hindi tumpak na napapatnubayan, nagawa niyang mapagwari ang kanilang kamalian (o pagiging huwad). Kaya't ang gayong bagay ay naging may kaugnayan. Paanong ang mga bagay-bagay (o pangyayari) ay magiging naiiba kung kanya lamang nalaman ang Islam, ang tunay na relihiyon ni Allah!

{At sinuman ang maghanap ng ibang Relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya, at sa Kabilang Buhay, siya ay isa sa mga talunan.} *(Qur'an 3: 85)*

Ang ganitong pangyayari ay naghatid sa aking isipan ng salitain ni Ibn Taymiyah. Siya ay nangusap sa isang miyembro ng

lihis na sektang Sufi. Ang tao ay nagsabi kay Ibn Taymiyah, "Bakit ganoon, na kung kami ay pumaroon sa inyo (mga tao ng *Sunnah*), ang mga himala namin ay nawawalan ng bisa at nagiging walang silbi? Nguni't kung kami ay pumaroon sa mga hindi nananampalatayang Tartar ng Mongolia, ang aming mga himala ay may bisa." Si Ibn Taymiyah ay nagsabi:

> "Alam mo ba kung ano ang halimbawa ng iyong sarili, ang mga Tartar, at para sa amin ay ano (ang gayon)? Para sa amin, kami ang mga puting kabayo. Kayo ay mga kabayong may batik, at ang mga Tartar ay maiitim (na kabayo). Kung ang may batik ay mapahalo sa lipon ng itim, siya ay nag-aanyo na puti. At kung ito ay mapahalo sa karamihan ng puti, siya ay nag-aanyo na itim. Ngayon, kayo ay mayroong ilang latak ng liwanag, at kung kayo ay makihalo sa mga tao na walang pananampalataya, ang gayong liwanag ay nagiging malinaw. Subalit kung kayo ay pumaroon sa amin, na mga tao ng *Sunnah* na may higit na liwanag, ang inyong kaitiman at kadiliman, ang lahat-lahat na ito ang naiiwan sa inyo. At ito ang halimbawa ng iyong sarili, ng mga Tartar, at namin."

﴾At sa kanila na ang mukha ay magiging maputi [masaya], sila ay hahantong sa Habag ni Allah [Paraiso], sila ay mananahan dito magpakailanman.﴿ *(Qur'an 3: 107)*

## *Isang bakal (matibay) na pagnanais*

Isang estudyante mula sa bansang Muslim ang pumaroon sa London upang mag-aral. Siya ay nangasera sa isang Britanyang pamilya upang mapaunlad ang kanyang kaalaman sa wikang Inglis. Siya ay tapat sa kanyang mga pangrelihiyong prinsipyo at siya ay gumigising nang maaga para sa Pang-umagang Pagdarasal. Nagsasagawa siya ng ablusyon (o paghuhugas sa sarili bago ang pagdarasal), at pupunta sa kanyang lugar ng pagdarasal,

magpapatirapa sa kanyang Panginoon, magpaparangal sa Kanya, at magpupuri sa Kanya. Ang matandang babae sa bahay ay lagi nang masigasig sa pagmamatyag sa kanyang naiibang gawi. Makaraan ang ilang araw, siya (ang matandang babae) ay nagtanong sa kanya, "Ano ang iyong ginagawa?" "Ang aking relihiyon ay nag-uutos sa akin na gawin ang ganito", ang kanyang naging sagot. "Hindi mo ba magagawa na antalahin ang pagsasagawa ng iyong dasal hanggang sa ikaw ay makapagpahinga nang ganap?" Siya ay sumagot, "Nguni't ang aking Panginoon ay hindi tumatanggap sa akin ng aking dasal kung aking aantalahin ito matapos ang takdang oras nito." Iniling-iling niya ang kanyang ulo at nangusap, "Isang pagnanais (o kaisipan) na makawawasak ng bakal!"

﴾... [Ng mga] tao, na maging ang kalakal o ang pagtitinda ay hindi nakasasagabal [nakakaabala] sa kanila sa Pag-aala-ala kay Allah [sa kanilang dila at puso], at sa pagsasagawa ng *Salah* [takdang pagdarasal].﴿ *(Qur'an 24: 37)*

Ang gayong gawa ay nagmumula sa determinasyon ng pananampalataya, na ibinigay bilang inspirasyon sa mga manggagaway ni Fir'aun (Paraon). Sila ay binigyan ng inspirasyon na maniwala kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang, sa panahon na si Propeta Moosa (Moises) at si Paraon ay nagkaharap laban sa isa't isa. Sila ay nagsabi kay Paraon:

﴾Kailanman ay hindi ka namin gugustuhin nang higit pa sa Maliliwanag na Tanda na dumatal sa amin at [kaysa] sa Kanya na lumikha sa amin. Kaya't iyong isagawa kung anuman ang nais mong ipatupad sa amin.﴿ *(Qur'an 20: 72)*

Ito ay isang paghamon kay Paraon na hindi pa naririnig (ng kanyang nasasakupan) hanggang sa sumapit ang sandaling yaon. Ang kanilang misyon ay walang abug-abog na napalitan, na kanilang maiparating ang tunay at makapangyarihang mensahe ng Islam sa palalong ateista.

Si Habeeb ibn Zayd (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay pumaroon kay Musaylamah upang siya ay anyayahan sa Islam. Bilang tugon, si Musaylamah ay nagsimulang tumaga ng bisig at binti sa katawan ni Habeeb. Sa oras ng ganitong proseso na isinagawa upang si Habeeb ay magdusa, siya (Habeeb) ay hindi umiyak, sumigaw, o nangatog, - hanggang sa pinakahuli, na makakaniig niya ang kanyang Panginoon bilang isang martir.

﴾At sila ang mga Martir sa Paningin ng kanilang Panginoon, sasakanila ang kanilang Gantimpala at kanilang Liwanag.﴿

*(Qur'an 57: 19)*

## *Ang likas na kalooban (disposisyon) na kalakip sa ating pagkalikha*

Kung ang hangin ay marahas na umiihip at ang kulog ay dumadagundong at ang kadiliman ay lumulukob sa alapaap, ang katutubong pangangailangan ng tao na bumaling kay Allah para sa (Kanyang) tulong ay nagigising mula sa pagkakatulog.

﴾[At nangyari] na dumating ang nag-aalimpuyong hangin [unos] at malalaking alon sa kanilang paligid, at nang napag-akala nila na sila ay lalagumin na [ng dagat] ay pinanikluhuran nila si Allah nang matapat at tangi lamang sa Kanya...﴿ *(Qur'an 10: 22)*

Maliban (nga lang), na ang Muslim ay nananalangin sa kanyang Panginoon sa panahon ng ginhawa at kasaganaan at gayundin sa panahon ng paghihirap at masamang kalagayan.

﴾Kung hindi lamang [kabilang siya] sa mga lumuluwalhati kay Allah, katotohanan na walang pagsala na mananatili siya sa tiyan [ng isda] hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.﴿

*(Qur'an 37: 143-144)*

Ang karamihan sa mga tao ay humihingi kay Allah sa panahon ng pangangailangan, at kung ang kanilang mga inaasam-asam ay natupad na, sila ay may pagmamalaki na nagtatalikod ng kanilang likuran. Inaakala ba nila na si Allah ay (kanilang) malilinlang!

﴾Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay naghahangad na linlangin si Allah, datapuwa't Siya ang lilinlang sa kanila.﴿ *(Qur'an 4: 142)*

Yaong mga bumabaling lamang kay Allah sa panahon ng kalamidad ay maituturing na mga estudyante ng nalihis na si Fir'aun (Paraon). Dito ay ipinagturing sa kanya nang lubhang huling-huli na:

﴾[Siya ay pinagsabihan] na ngayon [ikaw ay naniniwala], bagama't noon, ikaw ay sumuway [tumanggi] sa katotohanan at ikaw ay isa sa Mufsidun [mga buktot, makasalanan, tampalasan].﴿ *(Qur'an 10: 91)*

Aking napakinggan sa radyong BBC na nang sakupin ng Iraq ang Kuwait, si Margaret Thatcher na nasa Colorado (USA) ng sandaling yaon ay dagliang sumugod sa simbahan at nagpatirapa!

Ang tangi lamang paliwanag na maaari kong isipin ay yaong ang kanyang katutubong kalikasan ay nagising, at siya ay bumaling sa kanyang Manlilikha sa kabila ng kanyang kakulangan ng paniniwala at maling patnubay. Ang mga tao ay mayroong bagay na likas sa kanila, na gumagawa (sa kanilang kalooban) na sila ay maniwala kay Allah.

*"Ang bawat sanggol ay ipinanganak sa fitrah [ang natural at likas na kalooban (disposisyon) na maniwala kay Allah at tanggapin ang Islam]. Matapos ang gayon, ang kanyang magulang ang gumawa sa kanya na maging isang Hudyo, isang Kristiyano o isang Majousi (Mahiyano)."*

## *Ang anumang nakasulat para sa iyo ay walang pagkakamali na sasapit sa iyo*

Ang isang tao na walang tiyaga tungkol sa kanyang ikabubuhay (o panustos) ay nag-aalala kung bakit siya ay mayroong kakaunti lamang, at hindi nasisiyahan kung bakit siya ay mababa kaysa sa iba sa makamundong estado o kalagayan, ay katulad ng isa na pinangungunahan ang *Imam* (namumuno sa pagdarasal) kung siya ay nagsasagawa ng pagdarasal magmula sa isang yugto (*rak'ah*) hanggang sa susunod. Sa katapusan, siya ay hindi makagagawa ng *Salaams* (ang panghuling aksyon upang ang dasal ay maging kumpleto), hanggang ang *Imam* ay makagawa nito. Gayundin naman, ang sinuman ay hindi mamamatay hangga't hindi niya natatanggap na lahat ang panustos (o ikabubuhay) na nakatakda sa kanya. Ang ikabubuhay at panustos ay maka-Diyos na naitakda na at pinagpasyahan, limampung libong taon bago pa ang mga nilalang ay likhain.

﴾Naitakda [na] ni Allah ang Huling Oras [at ang kaparusahan ng mga hindi nananampalataya, at ito ay tiyak na magaganap], kaya't huwag ninyong hangarin na madaliin ito.﴿ *(Qur'an 16: 1)*

﴾At kung naisin Niya ang anumang kabutihan para sa iyo, walang sinuman ang makahahadlang sa Kanyang biyaya...﴿ *(Qur'an 10: 107)*

Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "O' Allah, ako ay nagpapakalinga sa Inyo sa kasigasigan ng masamang tao at sa kahinaan na sumasama (sa huwad) na kumpiyansa (pagtitiwala)."

Ang ganitong parirala ay mayroong napakahalagang kahulugan. Habang aking pinagmumuni-muni ang mga malaking pangyayari sa kasaysayan, aking natagpuan na ang karamihan sa mga kaaway ni Allah ay may malalaking antas ng katatagan, katigasan, at

pagtitiyaga. Sa kabalintunaan, aking natagpuan na ang karamihan ng mga Muslim ay walang latoy, matamlay at mahina, na sa kahabaan ay nag-aakala, - at may kamalian nga, - na sila ay naglagay ng kanilang pagtitiwala kay Allah. Ang tunay na pagtitiwala kay Allah ay nangangailangan ng pagsisikap at pagtatrabaho, at matapos ang gayon ay nagpapaubaya ng kasasapitan nito kay Allah.

## *Magtrabaho nang husto para sa mabungang kahihinatnan*

Sina Al-Waleed ibn Mughirah, Umayyah ibn Khallaf at Al-'Aas ibn Waa'il ay malayang gumugol ng kanilang kayamanan sa kanilang pakikipagtunggali laban sa Islam at sa mga tagasunod nito.

﴾Kaya't sila ay magpapatuloy sa paggugol nito; datapuwa't sa huli, ito ang magdudulot ng dalamhati sa kanila. At hindi maglalaon, sila ay mapapangibabawan [alalaong baga, matatalo ng mga sumasampalataya].﴿ *(Qur'an 8: 36)*

Gayunman, maraming Muslim ang kuripot (maramot), na nagtatago ng kanilang kayamanan at nagpapanatili sa kanilang sarili na malayo sa mabubuting layunin.

﴾At sinuman ang maging sakim, siya ay gumawa ng kapahamakan laban sa kanyang sarili.﴿ *(Qur'an 47: 38)*

Sa talambuhay (na aklat) na (may titulong) *Malice* ni Golda Mayer, ang manunulat na Hudyo ay nagsabi na sa isang yugto ng kanyang buhay, siya ay nagtatrabaho nang tuluy-tuloy sa labing-anim na oras na walang pahinga. Nguni't sa anong layunin kung bakit siya ay nagsisikap? Ito ay upang pagsilbihan ang kanyang mga maling prinsipyo at mga lihis na ideya (kuru-kuro). Siya ay nagtrabaho nang husto hanggang sa siya at si Ben Gurion ay makapagtatag ng isang bansa.

At ako ngayon ay nagmuni-muni sa mga libu-libong Muslim na ayaw magtrabaho kahit man lang isang oras sa isang araw. Sa halip, sila ay naglalaro, kumakain, umiiinom, natutulog at nag-aaksaya ng oras.

﴾Ano ang nangyayari sa inyo, na nang kayo ay pagsabihan na pumaroon sa Kapakanan ni Allah [alalaong baga, sa Jihad (ang banal na pakikipaglaban para kay Allah)], kayo ay mahigpit na kumakapit sa kalupaan?﴿ *(Qur'an 9: 38)*

Si Umar ay matimtiman sa pagtatrabaho sa araw at gabi at siya ay natutulog lamang ng kaunti. Ang kanyang pamilya ay nagtanong, "Hindi ka ba natutulog?" Siya ay sumagot, "Kung ako ay matutulog sa gabi, ang aking kaluluwa ay mawawala (na nangangahulugan na ginugugol niya ang mga gabi sa pagsamba), at kung ako ay matutulog sa araw, ang aking mga tao (mamamayan) ay mawawala (siya bilang isang Kalip o Pinuno, ay ginugugol niya ang kanyang mga araw sa pangangalaga sa kalagayan o pangyayari ng kanyang mga tao)."

Ang talambuhay (na aklat) na (may titulong) *The Sword and Rule* ng mamamatay-tao na si Moshe Dayan ay hitik sa mga tala (o pangyayari) kung paano siya ay nagbibiyahe (sa eroplano) mula sa isang bansa patungo sa iba sa araw at gabi, na dumadalo sa mga pulong at mga konperensiya, na lagi nang nagsasagawa ng mga usapan at mga kasunduan. Aking naisip kung gaano kahiya-hiya ang gayong tao na higit pang malapit sa mga baboy at unggoy kaysa sa sangkatauhan, ang nagpakita ng gayong pambihirang katatagan. Upang makumpleto ang ganitong makulimlim na isipin, ako ay nagmuni-muni sa kahinaan at kawalang-kakayahan ng maraming Muslim. Dito ay muli kong nagunita ang mga salita ni Umar tungkol sa sigasig ng mapaggawa ng kasamaan at ang kahinaan ng pagtitiwala sa sarili.

Sa ilalim ng kalasag (o pagtataguyod) ng pamumuno ni Umar, ang katamaran at kawalan ng ginagawa ay hindi hinahayaan. Minsan ay kanyang dinalaw ang ilang kabataan na nakatira sa *Masjid* (bahay-dalanginan). Kaniyang kinastigo sila ng suntok at nagsabi, "Magsihayo kayo at maghanap ng ikabubuhay, sapagkat ang langit ay hindi nagpapanaog ng ulan, ng ginto o pilak." Ang katamaran ay nanganganak ng pagkabalisa, kalumbayan, at mga patung-patong na karamdaman. Kung ang bawat isa sa atin ay gagawa kung ano ang marapat niyang gawin, ang lahat ng nabanggit sa una na mga karamdaman ay mapapalis, at ang ating lipunan ay makikinabang sa pagtaas ng produktibidad (pagiging mabunga) at pagpapaunlad.

﴾At ipagbadya [O' Muhammad]: 'Magsigawa kayo!'﴿ *(Qur'an 9: 105)*

﴾... Kayo ay malaya na magsipangalat sa kalupaan...﴿ *(Qur'an 62: 10)*

﴾Magpaligsahan kayo [tungo] sa Kapatawaran ng inyong Panginoon [Allah] at tungo sa Halamanan ng Kaligayahan [Paraiso]...﴿ *(Qur'an 57: 21)*

﴾At maging maagap sa pag-uunahan [magmadali] tungo sa kapatawaran ni Allah, at sa Paraiso...﴿ *(Qur'an 3: 133)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanang si Propeta Dawood (David) ay kumakain mula sa pinaghirapan ng kanyang mga kamay.*"

Kahit na maituturing na ito ay talinghaga, maraming tao ang patay sa kabila ng katotohanan na sila ay buhay. Sila ay walang palatandaan (o hinagap) kung ano ang layon ng buhay, at sila ay walang ginagawa para sa kanilang sarili o para sa iba.

﴾Sila ay nasisiyahan [na nagpaiwan sa kanilang tahanan] na kasama ang mga nagpapaiwan [mga kababaihan, mga bata at mga may karamdaman].﴿ *(Qur'an 9: 87)*

﴾Hindi magiging magkapantay yaong mga sumasampalataya na nanatili [sa kanilang tahanan], maliban na lamang ang mga may kapansanan [dahil sa aksidente o bulag o pilay, atbp.], at yaong nakikibaka [*Mujahideen*] sa Kapakanan ni Allah...﴿ *(Qur'an 4: 95)*

Ang babae na may maitim na balat na naglinis ng *Masjid* ng Propeta ay nakagawa ng kanyang papel (o ginagampanan) sa buhay ng may kasiglahan at damdamin ng layunin. At dahil dito, siya ay nakapasok sa Paraiso.

﴾Katiyakan, ang isang aliping babae na nananampalataya ay higit na mainam kaysa sa isang [malaya] na *Mushrikah* [paganong babae, atbp.], kahit na nga siya ay nakakaganyak sa inyo.﴿ *(Qur'an 2: 221)*

Sa gayon din, ang batang lalaki na gumawa ng pulpito para sa Propeta (saws) ay nakapag-ambag (ng kanyang bahagi) ayon sa kanyang kakayahan, at dahil doon ay kanyang natamo ang kanyang gantimpala. Ang kanyang talento ay sa pagkakarpintero at kanyang sinamantala ang gayong talento.

﴾...At sa kanila na hindi makahanap ng anuman [upang gugulin sa kawanggawa sa Kapakanan ni Allah] maliban lamang sa kanilang sariling pagpupunyagi...﴿ *(Qur'an 9: 79)*

Sa isang pagkilos na nagpalawak sa pagkakataon (o oportunidad) na manawagan o mag-anyaya sa Islam, ang Pamahalaang Amerikano ay nagbukas ng pintuan para sa mga mangangaral na Muslim na madalaw ang mga bilangguan upang kanilang mabigyang-aral ang mga bilanggo tungkol sa Islam. Ang nanganganinag na dahilan o motibo ay yaong ang mga gayong kriminal, ang mga nagpapalaganap ng ipinagbabawal na gamot, at mga mamamatay-tao na tatanggap sa Islam sa panahon ng kanilang pamamalagi sa bilangguan ay muling papasok sa lipunan bilang produktibo (mabunga) at mabubuting miyembro.

﴾Siya kaya na patay [walang pananampalataya] na ginawaran Namin ng buhay [pinatnubayan sa pananampalataya], upang siya ay makalakad sa lipon ng mga tao, ay katulad niya na nasa kadiliman [nasa kawalan ng pananalig, mapagsamba sa diyus-diyosan at mapagkunwari]...﴿ *(Qur'an 6: 122)*

Ang labis na pagkakaugnay sa (makamundong) buhay na ito, na naghahangad na mabuhay nang matagal, at ang pagkasuklam sa kamatayan na tumatawid nang higit sa normal na hangganan, - ang lahat ng ito ay nagbibigay-bunga sa pagkabagabag, pagkabalisa, at hindi pagkatulog.

Si Allah ay nanisi sa mga Hudyo dahil sa kanilang malakas na pagkakaugnay (o pagkapit) sa buhay sa mundong ito.

﴾At katotohanang inyong matatagpuan sila [ang mga Hudyo]; sa lahat ng mga tao, na pinakasakim sa buhay, na [higit pang sakim] sa mga nag-aakibat ng mga katambal kay Allah [ang mga pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.]. Ang bawat isa sa kanila ay naghahangad na sila ay mabigyan ng buhay na isang libong taon. Datapuwa't ang pagbibigay sa kanila ng gayong buhay ay hindi makapagliligtas sa kanila sa [nararapat] na kaparusahan, sapagkat si Allah ang Lubos na Nakamamasid nang lahat nilang ginagawa.﴿

*(Qur'an 2: 96)*

Tungkol sa ganitong talata, mayroong mahahalagang isyu o usapin na kailangan nating talakayin. Una, si Allah ay bumanggit na ang bawat isa sa kanila ay naghahangad ng mahabang buhay. Sa ibang salita, kahit na ano ang kalidad (o katuturan) ng buhay na kanilang ipinamumuhay, maging yaon man ay buhay na ipinamumuhay ng walang halaga at walang kuwenta o hindi, sila ay may matatag na pagnanais na manatili sa mundo sa mahabang panahon.

Pangalawa, pinili (nila) ang mga salita na "isang libong taon." Marahil, ang dahilan nito ay nagsanga mula sa tradisyon o kaugalian ng mga Hudyo na kapag sila ay nagkikita-kita sa isa't isa, ang kanilang pagbati ay, "Mabuhay (ka) ng isang libong taon." Si Allah ay nanisi sa kanila sa kanilang paghahangad ng gayong mahabang buhay. Gayunman, ipagpalagay (natin) na sila ay nabuhay nga ng isang libong taon, (nguni't) ano ba ang kanilang magiging wakas? Yaon pa ring naglalagablab na Apoy!

﴾Datapuwa't katiyakan, ang kaparusahan ng Kabilang Buhay ay higit na kaaba-aba; at sila ay hindi matutulungan.﴿ *(Qur'an 41: 16)*

At ang sumusunod ay ang pangkaraniwang salitain ng Arabo:

"Walang mga pagkabalisa, at ang panalangin ay kay Allah."

Ito ay nangangahulugan, na sapagkat si Allah sa kaitaasan ang Tanging Siya na ating hinihingan ng mabuti, bakit tayo marapat na mabalisa. Kung inyong ilalagay ang inyong pagtitiwala kay Allah tungkol sa inyong mga pagkabalisa, ito ay papalisin Niya para sa inyo.

﴾Hindi baga Siya [higit na mainam sa inyong mga diyos], [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib kung siya ay naninikluhod sa Kanya, at Siya na nag-aalis sa kasamaan...﴿

*(Qur'an 27: 62)*

﴾At kung ang Aking mga alipin ay magtanong sa iyo [O' Muhammad] tungkol sa Akin, kung gayon [sila ay iyong sagutin]: 'Tunay na Ako ay malapit [sa kanila sa Aking Karunungan]; Ako ay tumutugon sa panawagan ng bawat nananawagan kung siya ay tumatawag sa Akin.'﴿ *(Qur'an 2: 186)*

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang isang matiyaga ay karapat-dapat*
*na makapagtamo ng kanyang mithiin,*
*At ang isa na gumon sa pagkatok sa mga pintuan*
*ay karapat-dapat sa pagpasok.*

## Ang iyong buhay ay hitik sa hindi mabibiling mga sandali

Si Ali At-Tantawi ay nagsalaysay ng dalawang masakit na karanasan sa kanyang talaarawan. Ang una ay noong siya ay halos malunod na sa baybayin ng Beirut. Siya ay nalulunod at ang oras ay nauubos na para sa kanya, nang sa wakas siya ay nailigtas at binuhat na walang malay patungo sa lupa. Sa maigsing sandali ng pakikipagtunggali bago siya mawalan ng ulirat, kanyang naala-ala ang ganap (o pabigkas) niyang pagtalima sa kanyang Panginoon at ang kanyang pagnanais na makabalik sa buhay, kahit na sa isang oras man lamang, upang magpanibago (o panumbalikin) ang kanyang pananampalataya at makagawa ng mga kabutihan, at upang subukan na marating ang taluktok ng paniniwala.

Ang pangalawang pagkakataon ay noong siya ay sumama sa isang karaban (sasakyang pambiyahe) na naglalakbay mula sa Syria patungong Makkah. Samantalang sila ay nasa disyerto ng Tabook, sila ay naligaw ng daan at nagpagala-gala ng walang saysay sa (loob ng) tatlong araw. Ang kanilang kalagayan ay lumubha nang ang kanilang suplay ng pagkain at inumin ay paubos na. Ang bawat isa ay nakadama na ang kamatayan ay lubha nang nalalapit. Sa ganitong sandali, siya ay tumindig at nagbigay ng talumpati sa mga tao: ito ay isang talumpati na katumbas na ng pamamaalam sa buhay. Ito ay isang makabagbag-pusong sermon na kapwa nagpatulo ng mga luha sa kanya at sa mga nakikinig. Kanyang naramdaman na ang kanyang

pananampalataya ay naragdagan at tunay na kanyang nadama na walang iba pa ang maaaring makapagligtas o makatulong sa kanila maliban kay Allah, ang Kataas-taasan, ang Pinakamataas.

﴾Ang bawat nilalang dito sa kalangitan at kalupaan ay sa Kanya humahanap ng kanilang pangangailangan. At sa araw-araw, Siya ay nananatili [na nagpapapangyari] sa bawat bagay-bagay [ng Kanyang mga nilikha].﴿ *(Qur'an 55: 29)*

﴾At marami sa lipon ng mga propeta ang nakipaglaban [sa Kapakanan ni Allah]; at ang kanyang mga kasama [na nakipaglaban] ay malaking pangkat ng relihiyoso at maalam na kalalakihan. Ngunit sila ay hindi kailanman nawalan ng pag-asa [at kasiguruhan] kung sila man ay abutin ng pangamba [at kasahulan] tungo sa Kapakanan ni Allah, at sila ay hindi pinanghinaan ng loob. At si Allah ay nagmamahal sa matitiyaga.﴿ *(Qur'an 3: 146)*

Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa kanila na matatatag na nananampalataya na humahamon sa kanilang mga kaaway ng may pagtitiyaga at tibay. Sila ay hindi sumusuko, nawawalan ng pag-asa, o pumapayag na ang kanilang sarili ay makutya sa mga kamay ng iba. Sa halip, sila ay nakipangtunggali, nagsikap at nagtrabaho nang husto. At ito ang mga buwis (o pabigat) na marapat na bayaran ng isang nananampalataya para sa tunay na ari-arian sa mundong ito: ang pananampalataya kay Allah, paniniwala sa Kanyang Sugo at sa Kanyang relihiyon.

*"Ang isang matatag na mananampalataya ay higit na mainam at higit na minamahal ni Allah kaysa sa isang mahinang mananampalataya. At sa bawat isa sa kanila ay mayroong mabuti."*

Si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagpasok ng kanyang mga daliri sa siwang ng kuweba upang kanyang maprotektahan ang Propeta (saws) mula sa isang alakdan, at dahil dito, siya ay nakagat. Ang Propeta (saws) ay bumasa para sa kanya

ng ilang talata sa Qur'an at siya ay gumaling sa kapahintulutan ni Allah.

Isang tao ang nagtanong kay Antara, "Ano ang lihim ng iyong katapangan, sapagkat ikaw ay kilala sa iyong kakayahan na mapangibabawan ng iyong lakas ang mga lalaki." Siya ay sumagot, "Ilagay mo ang iyong daliri sa aking bibig at hayaan mong ilagay ko ang akin sa iyong bibig." Ang bawat isa ay naglagay ng kanyang daliri sa magkabilang bibig, at ang bawat isa sa kanila ay nagsimulang kumagat sa daliri ng bawa't isa, na dahan-dahang dinadagdagan ang diin nito. Sa loob ng napakaigsing pagitan ng oras, ang tao ay hindi na makayang tagalan pa ang gayon at siya ay napahiyaw, kaya't niluwagan ni Antara ang kanyang mga panga sa pagkakaipit sa daliri ng tao. Si Antara ay nagsabi, "Ito ang paraan kung paano ko nadadaig ang mga kampeon": sa ibang salita, sa pamamagitan ng pagtitiyaga at pagbabata.

Ang espiritu ng isang nananampalataya ay naitataas kung kanyang pinahahalagahan na siya ay nasa malapit na lugar ng Habag, Kabutihan, at Pagpapatawad ni Allah. Nararamdaman niya ang proteksiyon at pangangalaga ni Allah na may tindi ng damdamin na katumbas sa kanyang paniniwala.

﴾At walang anumang bagay ang hindi lumuluwalhati sa Kanya ng papuri [na Siya ay malaya sa anumang uri ng kapintasan at kasahulan]. Datapuwa't hindi ninyo nauunawaaan ang kanilang pagbubunyi ng kaluwalhatian.﴿ *(Qur'an 17: 44)*

Ang mga magsasaka sa bansang ito ay minsang nagpapalipas ng kanilang oras habang nagtatanim sa lupa sa pamamagitan ng pagdalit ng:

> "Isang tuyong buto, sa isang tuyong bansa sa Inyong mga Kamay, O' Manlilikha ng mga kalangitan at kalupaan."

﴾Nakikita ba ninyo ang butong [binhi] na inyong itinatanim sa lupa? Kayo ba ang nagpatubo sa mga ito, o Kami ba na Manlilikha ang nagpatubo?﴿ *(Qur'an 56: 63-64)*

Ang matatas na mananalumpati na si Abdul Hameed Kiskh, na isang bulag, ay pumanhik sa entablado (podyum) upang magbigay ng sermon. Kinuha niya ang dahon ng palmera (datiles) sa kanyang bulsa na sa ibabaw nito ay nakasulat ang (salitang) "Allah" sa magandang pagkakasulat. Matapos, ito ang kanyang ipinahayag sa mga nagkakatipon:

"Masdan ang gayong punongkahoy,
Na may mga sariwang sanga,
Sino ang gumawa na ito ay yumabong?
At nagdekorasyon dito ng luntian?
Siya si Allah,
Na Lubos na Makapangyarihan, na Ganap na may Kakayahan."

Yaong mga dumalo sa sermon ay napatulo ang mga luha.

Siya ang Manlilikha ng mga kalangitan at ng kalupaan. Ang Kanyang mga tanda ay nakakintal sa buong santinakpan at ang lahat ng mga nilikha ay nagpapahayag sa Kanya na Siya ang Manlilikha, Siya na may mga perpektong katangian, at tanging Isa na karapat-dapat na sambahin.

﴾Aming Panginoon! Hindi Ninyo nilikha ang [lahat] ng ito ng walang layunin, luwalhatiin Kayo!﴿ *(Qur'an 3: 191)*

Ang ilan sa mga haligi ng kaligayahan ay ang malaman na ang ating Panginoon ay mahabagin at nagpapatawad sa mga pagkakamali ng sinuman na nagsisisi. Kaya't magsipagsaya kayo sa habag ng Panginoon, isang habag na nakasasakop sa mga kalangitan at sa kalupaan. Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagwika:

﴾Ang Aking Habag ay nakasasakop sa lahat ng bagay.﴿
*(Qur'an 7: 156)*

Gaano kalaki ang kabaitan ni Allah! Sa isang mapapanaligang *hadith*, dito ay isinalaysay na isang Arabong Disyerto ang nagdasal na kasama ang Propeta (saws), at nang kanilang marating ang pagtatapos ng dasal, ang tao ay nagsabi:

*"O' Allah, maging mahahabagin Kayo sa akin at kay Muhammad, at huwag maging mahahabagin sa kaninuman maliban sa amin." Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa kanya: "Katiyakan, iyong pinasikip yaong maluwang."*

﴾At Siya ay Lagi nang Puspos ng Habag sa mga sumasampalataya.﴿
*(Qur'an 33: 43)*

Matapos ang digmaan, isang bilanggong babae ang sumugod sa gitna ng mga Kasamahan ng Propeta upang agawin at protektahan ang kanyang sanggol. Nang mamasdan niya ang gayong tagpo, ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

*"Si Allah ay higit na mahahabagin sa Kanyang mga alipin kaysa sa babaeng ito sa kanyang sanggol."*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, dito ay isinalaysay na bago siya mamatay, isang lalaki ang nag-utos na ang kanyang bangkay ay dapat sunugin at ang kanyang abo ay dapat na ikalat sa buong lupain. Matapos ito, si Allah ay muling nagpanumbalik sa kanya sa kabuuan at (Kanyang) winika sa kanya, "O' Aking alipin, ano ang iyong motibo sa paggawa ng iyong ginawa?" Siya ay nagsabi, "O' aking Panginoon, ako ay nangangamba sa Inyo at kinatatakutan ko ang aking mga kasalanan." Sa gayon, hinayaan ni Allah na makapasok siya sa Paraiso.

﴾Datapuwa't siya na may pagkatakot sa kanyang pagharap [sa pagsusulit] sa kanyang Panginoon, at nagtimpi ng kanyang sarili sa masasamang hangarin at pagnanasa, katotohanan, ang kanilang pananahanan ay Paraiso.﴿ *(Qur'an 79: 40-41)*

Si Allah ay nag-utos na magsulit ang isang lalaki na gumugol nang maluho at naging mapag-aksaya. Magkagayunman, siya ay isang tao na sumasamba kay Allah at hindi nag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya. Si Allah ay hindi nakatagpo sa tao ng anumang mabubuting gawa maliban sa isa: siya ay isang mangangalakal (negosyante) at siya ay nagpapatawad sa mga pagkakautang niyaong walang maibayad. Si Allah ay nagwika, "Kami (Allah) ay higit na karapat-dapat sa pagiging mapagbigay kaysa sa iyo." Si Allah ay nagpatawad sa kanya at Kanyang hinayaan siya na makapasok sa Paraiso.

﴾At sa Kanya, ako ay nanalig na [Siya ay] magpapatawad ng aking mga kamalian sa Araw ng Kabayaran [ang Araw ng Muling Pagkabuhay].﴿ *(Qur'an 26: 82)*

Sa *Saheeh Muslim* ay mayroong salaysay kung saan nabanggit na ang Propeta (saws) ay nagdasal na kasama ang mga tao, at matapos na makumpleto ang dasal, isang tao ang karaka-rakang tumindig at nagsabi:

*"Aking isinakatuparan ang isang kasalanan na may parusa sa batas, kaya't ipatupad ang kaparusahan sa akin." Ang Propeta ay nagtanong, "Ikaw ba ay nagdasal na kasama namin?" Ang tao ay sumagot, "Oo." Ang Propeta ay nagsabi, "Humayo ka sapagkat ikaw ay napatawad na."*

﴾At sinuman ang gumawa ng masama o nagbigay-kamalian sa kanyang sarili, at matapos ito, ay humanap ng kapatawaran ni Allah; kanyang matatagpuan na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.﴿ *(Qur'an 4: 110)*

Mayroong isang hindi nakikitang habag na pumapaligid sa nananampalataya sa bawat direksyon. Ang pinagbubuhatan ng gayong hindi nakikitang habag ay si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. Kanyang pinanatili si Muhammad (saws) na ligtas

sa loob ng kuweba at Siya ay nagpamalas ng habag sa kanila na mga kilalang tao ng kuweba. Kanyang pinangalagaan si Ibraheem (Abraham) mula sa epekto ng apoy. Kanyang iniligtas si Moosa (Moises) sa pagkalunod, si Nooh (Noah) sa tubig-baha, si Yusuf (Josep) sa balon, at si Ayoob (Job) sa karamdaman (nawa'y ang kapayapaan ay mapasakanilang lahat).

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Si Umm Salamah (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsalaysay na kanyang narinig ang Propeta (saws) na nagsabi:

"*Kung ang isang Muslim ay dinapuan ng isang kalamidad, at matapos ay nagsabi kung ano ang ipinag-utos sa kanya ni Allah na sabihin*: '*Tunay nga! Kami ay angkin ni Allah, at sa Kanya kami ay magbabalik*', *at* '*O*' *Allah, gantimpalaan Ninyo ako sa aking kalamidad at bayaran Ninyo ako ng higit na mabuti rito (alalaong baga, mas mainam kaysa sa nawala, tulad ng isang minamahal bilang halimbawa)*', *kung gayon, si Allah ang magbabayad sa kanya ng higit na mas mainam pa rito.*"

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Aking kaibigan, sa pamamagitan ni Allah,*
*walang kalamidad ang nagtatagal, gaano man ito kalaki,*
*Kung ito ay pumapanaog sa ngayon, huwag sumuko rito,*
*At huwag dumaing nang sobra kung ang iyong paa ay nadulas,*
*Gaano ba karami ang mga maringal na tao na sinubukan*
*sa pamamagitan ng malaking kapahamakan!*
*Sila ay matiyaga at naglaho at lumisan.*
*Ang aking kaluluwa ay nakakapit*

*sa mundong ito at may katigasan,*
*Nguni't nang ito ay makasaksi*
*ng aking pagtitiyaga, ito ay sumuko.*

## *Ang paggawa ng mariringal na gawa ay daan sa kaligayahan*

Kung nagugustuhan mo na ang mabuti ay marapat na mangyari sa iba, kung gayon, ikaw ay mayroong pinagpalang regalo mula kay Allah.

Si Ibn Abbaas (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Nasa akin ang tatlong katangian. Ang una, kailanma't umuulan, ako ay nagpupuri at nagpapasalamat kay Allah. Ako ay naliligayahan sa ganitong biyaya, kahit na ako sa aking sarili ay hindi nag-aari ng mga kamelyo o mga tupa na makikinabang sa ulan. Ang pangalawa, kailanma't ako ay nakakarinig ng isang makatarungang hukom, ako ay nananalangin kay Allah para sa kanya, kahit na ako ay walang nakabimbing kaso sa kanya. Ang pangatlo ay yaong kailanma't ako ay nakapagtatamo ng karunungan (ng kahulugan) ng isang talata mula sa Qur'an, hinahangad ko para sa iba na matutuhan nila kung ano ang aking nalaman tungkol dito."

Ang lahat ng ganitong katangian ay nagpapahiwatig ng tunay na paghahangad para sa kapakanan ng iba. Si Allah ay naglarawan sa kanila na may salungat na kalikasan:

﴾Sila na mga maramot at nag-uudyok din sa iba na maging maramot, at nagtatago ng mga biyaya na sa kanila ay ipinagkaloob ni Allah.﴿
*(Qur'an 4: 37)*

## *Ang kapaki-pakinabang na karunungan at walang bungang karunungan*

﴾At yaong nagawaran ng karunungan at pananalig ay magsasabi: 'Katotohanang kayo ay nanatili ayon sa Pagtatakda ni Allah hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at ito ang Araw ng Muling Pagkabuhay, datapuwa't ito ay hindi ninyo nalalaman!'﴿ *(Qur'an 30: 56)*

Mayroong karunungan na nakakatulong at mayroong karunungan na nakakapinsala. Tungkol sa karunungan na nakakatulong, ang pananampalataya ng isang nananampalataya ay tumitibay bunga nito; sa kabilang banda, ang hindi nananampalataya ay walang anumang natatamong pakinabang mula sa pagkakaroon ng ganitong uri ng karunungan; bagama't ang impormasyong natamo ay magkatulad, ang mga resulta ay lubhang magkaiba. Si Allah ay nagwika sa Kanyang mga kaaway:

﴾Batid lamang nila ang panglabas na anyo ng buhay sa mundong ito [alalaong baga, katulad ng kanilang ikabubuhay, pagtatanim at pag-aani], datapuwa't kung tungkol sa Kabilang Buhay, sila ay nagpapabaya.﴿ *(Qur'an 30: 7)*

﴾Hindi, sila ay walang kaalaman sa Kabilang Buhay. Bagkus, sila ay nag-aalinlangan tungkol dito. Hindi, sila ay bulag tungkol dito.﴿ *(Qur'an 27: 66)*

﴾Ito lamang ang hangganan ng kanilang karunungan.﴿ *(Qur'an 53: 30)*

﴾At dalitin mo [O' Muhammad] sa kanila ang kasaysayan niya [isang tao sa lipon ng mga Hudyo] na Aming ginawaran ng *Ayat* [mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.], datapuwa't tinanggal niya ito sa kanyang sarili, kaya't sinundan siya ni Satanas, at siya ay napasama sa mga naligaw ng landas. At kung Amin lamang ninais,

katiyakang Aming itinaas siya [sa antas ng mga may kaalaman (Pantas)], datapuwa't kumapit siya sa kalupaan at sumunod sa kanyang palalong pagnanasa. Kaya't ang kanyang kahalintulad ay katulad ng isang aso; kung siya ay iyong itaboy, kanyang inilalabas ang kanyang dila, o kung siya ay iyong hayaang mag-isa, patuloy [pa rin] niyang inilalawit ang kanyang dila. Ito ang kahalintulad ng mga tao na nagtatakwil sa Aming *Ayat* [mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.]. Kaya't iyong isalaysay ang kanilang kasaysayan upang sila [na mga tauhan mo, O' Muhammad] ay magmuni-muni.﴿

*(Qur'an 7: 175-176)*

Si Allah ay nagwika tungkol sa mga Hudyo at sa kanilang kaalaman ng katotohanan:

﴾Ang nakakatulad nila na pinagkatiwalaan ng Torah [mga Batas], at matapos ay hindi kumuha nito [alalaong baga, nagpabaya sa kanilang pananagutan sa hindi pagsasagawa ng mga turo nito], ay katulad ng asno na nagpapasan ng malaking dalahin ng mga aklat [ngunit walang nauunawaan sa mga ito]. Kasamaan ang nakakawangki ng mga ito na nagtatatwa ng *Ayat* [mga kapahayagan, katibayan, aral, talata, atbp.] ni Allah.﴿ *(Qur'an 62: 5)*

Batid nila ang katotohanan mula sa Torah, gayunman, sila ay hindi napatnubayan sa pamamagitan nito. Kanilang pinilipit (binago) ang mga salita nito, at kung yaon ay hindi umubra (na mangyari), kanilang pinilipit (binago) ang kahulugan ng mga salita. Paanong ang mga tao na nagturing sa karunungan sa ganitong kasuklam-suklam na paraan ay makakatagpo ng kaligayahan? Tiyak na ito ay hindi mangyayari sa kanilang kaso, sapagkat sila ay lagi nang sumusubok na palisin ang katotohanan sa anumang paraan na kanilang magagawa.

﴾Datapuwa't pinili nila ang pagiging bulag [ng kanilang puso] kaysa sa patnubay.﴿ *(Qur'an 41: 17)*

﴾At sa kanilang pagsasabi: 'Ang aming puso ay nababalutan [alalaong baga, hindi namin nauunawaan kung ano ang sinasabi ng mga Sugo]', datapuwa't si Allah ay naglagay ng sagka sa kanilang [puso] dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya, kaya't sila ay hindi nananampalataya maliban sa kaunti lamang.﴿ *(Qur'an 4: 155)*

Mayroong libu-libo, maaaring milyun-milyong aklat sa Aklatan ng Kongreso sa Washington (USA). Mayroong mga aklat na tumatalakay sa bawat dantaon, sa bawat tao, sa bawat bansa at bawat kultura. Gayunman, sino ang nagmamay-ari ng ganitong kapita-pitagang aklatan: isang bansa na hindi nananampalataya sa kanyang Panginoon, isang bansa na ang karunungan ay hindi tumatawid (nang lagpas) sa mga hangganan ng nahihipo at materyal na mundo. At tungkol sa kung anuman ang lagpas sa materyal na mundo, sila ay hindi nakakarinig, hindi nakakakita, hindi nakadarama, gayundin, ay hindi nakakaunawa.

﴾At ipinagkaloob Namin sa kanila ang kanilang pandinig [mga tainga], pangmasid [mga mata], puso at katalinuhan, datapuwa't walang naging kapakinabangan sa kanila ang kanilang pandinig, pangmasid, puso at katalinuhan.﴿ *(Qur'an 46: 26)*

Ang pagkakatulad sa pagitan ng katotohanan at ang pag-ayaw ng hindi nananampalataya rito ay ang sumusunod: Ang tubig ay dalisay at manamis-namis; magkagayunman, ang tao na umiinom nito ay nakakaramdam ng mapait na lasa.

﴾Gaano karami ang maliliwanag na *Ayat* [mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.] na Aming ipinadala sa kanila [ngunit ang lahat ng mga ito ay kanilang nilabag at pinalitan].﴿

*(Qur'an 2: 211)*

﴾At hindi kailanman ang isang *Ayah* [tanda] ay dumatal sa kanila mula sa *Ayat* [mga katibayan, talata, tanda, kapahayagan, atbp.] ng kanilang Panginoon, na hindi nila ito tinalikuran.﴿ *(Qur'an 6: 4)*

## *Higit pang magbasa, nguni't may pang-unawa at pagmumuni-muni*

Upang pagpalain sa malaking imbakan ng karunungan, ang isipan na nagmumuni-muni, ang mabuting pang-unawa, at isang katalinuhan na nagsasaliksik ng higit pa sa ibabaw para sa mga dahilan at layunin, - ito ang lahat ng sanhi na nakakapag-ambag sa pagbibigay ng kapayapaan ng isipan.

﴾Ang tunay na nangangamba kay Allah sa Kanyang mga alipin ay yaong may karunungan.﴿ *(Qur'an 35: 28)*

﴾Datapuwa't kanilang itinakwil [ang kaalaman] sa mga bagay na hindi naaabot ng kanilang karunungan...﴿ *(Qur'an 10: 39)*

Ang isang pantas ay karaniwan nang may bukas na isipan at nasa kapayapaan. Ang isang mang-iisip mula sa kanluran ay nagsabi:

> "Ako ay nagtatago ng malaking salansan ng papel sa kahon ng aking mesa, at sa ibabaw nito ay nakasulat ang, 'Ang mga kahangalan na aking nagawa.' Isinulat ko rito ang lahat ng mga kahangalan at mga pagkakamali na aking isinakatuparan sa kahabaan ng araw; ginawa ko ito upang malaman ang aking mga pagkakamali upang aking magawa na mapalis ang mga ito sa akin."

Ang mga nanga-unang pantas na Muslim ay mas una sa kanya sa ganitong pagpupunyagi. Sila ay metikulosong (mabusising) nagtatala ng kanilang mga gawa.

﴾At Ako [Allah] ay nanunumpa sa [pamamagitan ng] tao na nagsisisi [isang nananampalataya] [sa katiyakan ng Muling Pagkabuhay].﴿
*(Qur'an 75: 2)*

Si Al-Hasan Al-Basri ay nagsabi:

> "Ang Muslim ay nagsusulit ng kanyang sarili nang may higit na kahigpitan kaysa sa ginagawa ng isang negosyante sa kanyang kasosyo."

Si Ar-Rabee ibn Khuthaym ay nagsusulat ng lahat-lahat nang kanyang sinabi mula sa isang Biyernes hanggang sa susunod. Kung nakita niya na siya ay nagsabi ng mainam at makatotohanan, kanyang pupurihin si Allah. Ang isang matuwid na tao mula sa mga unang dantaon ng Islam ay nagsabi:

> "Ako ay nakagawa ng natatanging kasalanan apatnapung taon na ang nakalilipas, isang kasalanan na hanggang ngayon ay bumabagabag sa akin. Patuloy akong humihingi kay Allah na patawarin Niya ako sa gayon."

﴾At sila na nagbibigay ng kawanggawa habang ang kanilang puso ay nangangamba [na baka ang kanilang mga gawa ay hindi tanggapin] sa pagbabalik sa kanilang Panginoon.﴿ *(Qur'an 23: 60)*

## *Ipagsulit mo ang iyong sarili*

Magtabi ng isang talaarawan para sa iyo, at dito ay ilagay mo ang iyong mga gawa. Isulat ang mga negatibong aspeto ng iyong personalidad at mga gawa, at matapos ay mag-isip ng paraan upang mapalis ang mga ito sa iyong sarili. Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Ipagsulit ninyo ang inyong sarili bago ito ay kunin sa inyo (alalaong baga, makalimutan ninyo). Timbangin ang inyong mga gawa bago ang mga ito ay timbangin para sa inyo (alalaong baga, sa Araw ng Paghuhukom), at pagandahin ninyo ang inyong sarili (ng mabubuting gawa) para sa malaking pagpapamalas (sa Araw ng Paghuhukom)."

## *Ang tatlong pagkakamali na pangkaraniwan sa ating pang-araw-araw na buhay*

1. Pag-aaksaya ng oras.

2. Pagsasalita sa mga bagay na walang kaugnayan sa atin, mga bagay na walang kinalaman sa ating gawain.

> "Mula sa kabutihan ng kanyang Islam ay yaong bayaang mag-isa ang bagay na walang kinalaman sa kanya."

3. Ang pagiging abala sa mga walang kuwenta (o maliliit) na isyu o usapin. Ang pakikinig sa mga bali-balita o sitsit, mga hula o sapantaha, at mga tsismis ang tatlong pangkaraniwang halimbawa. Ang pagkakaroon ng ganitong pag-uugali ay nagbubunga ng paranoya (kahangalan), pagkabalisa at kawalan ng katuturan sa buhay.

﴾Kaya't ibinigay ni Allah sa kanila ang gantimpala sa mundong ito at ang pinakamainam na gantimpala sa Kabilang Buhay.﴿

*(Qur'an 3: 148)*

﴾Kung gayon, sinuman ang sumunod sa Aking patnubay ay hindi mapapaligaw, at gayundin naman, siya ay hindi mahuhulog sa kalumbayan [at kapighatian].﴿ *(Qur'an 20: 123)*

## *Magplano ng iyong mga gawain (o bagay-bagay) at magsagawa ng tamang pag-iingat*

Kung ang isang Muslim ay nagsimula na gumawa ng anuman, marapat niyang gawin ang sumusunod: siya ay magplano ng may pag-iingat, at marapat niyang ilagay ang pagtitiwala kay Allah. Ang Propeta (saws) na pinoprotektahan ni Allah at may higit na pagtitiwala kay Allah kaysa sa kaninuman, ay nagsusuot ng baluti

(kutamaya) sa digmaan. Isang tao ang nagtanong sa Propeta (saws), "Marapat ko bang itali ang aking kamelyo sa poste o marapat ba akong maglagay ng aking pagtitiwala kay Allah?" Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Itali mo (ang iyong kamelyo) at ilagay ang iyong pagtitiwala kay Allah."*

Kung ikaw ay kumuha ng mga nararapat na hakbang upang marating ang iyong mithiin, at sa gayunding panahon ay iyong inilagay ang iyong pagtitiwala kay Allah, naisagawa mo ang dalawang mahalagang prinsipyo ng Islamikong Monoteismo. Ang magtiwala kay Allah na hindi kumukuha ng nararapat na sukatan, - alalaong baga, hindi gumagawa ng pagsisikhay na makamtan ang kanyang minimithi, - ay isang napakahamak na pang-unawa sa relihiyon. At ang kumuha ng angkop na mga hakbang na hindi nagtitiwala kay Allah ay nangangahulugan na mayroong depekto ang pananampalataya ng sinuman kay Allah.

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang mabagal at maingat na tao ay makapagkakamit*
*ng bahagi ng kanyang mga mithiin,*
*samantalang ang mapusok at mapag-apurang tao*
*ay kadalasang hindi nagtatagumpay.*

Sa pamamagitan ng pagiging maingat sa iyong mga gawain, ikaw ay hindi gumagawa nang salungat sa iyong paniniwala sa maka-Diyos na pagtatakda, bagkus ay iyong naipatupad ang isang pundamental na bahagi nito.

﴾At pagtagubilinan siya na maging maingat...﴿ *(Qur'an 18: 19)*

﴾Upang pangalagaan kayo laban sa init [at lamig], at mga kasuutan [baluti o kutamaya] na nangangalaga sa inyo sa pakikipaglaban.﴿ *(Qur'an 16: 81)*

## ***Ang mapalapit sa mga tao***

Ang isang pahiwatig ng kanyang kasaganaan ay ang kakayahan na matamo ang pagmamahal, paggalang at pagdamay ng mga tao. Si Propeta Ibraheem (Abraham) ay nagsabi:

﴾At Inyong pagkalooban ako ng isang banggit ng karangalan [alalaong baga, ng reputasyon] sa lipon ng mga darating na sali't saling lahi.﴿ *(Qur'an 26: 84)*

Si Allah ay nagwika kay Moosa (Moises):

﴾At binahaginan kita ng pagmamahal mula sa Akin...﴿ *(Qur'an 20: 39)*

Ang dalawang magkasunod na *ahaadeeth* (mga *hadith*) ay kapwa mapapanaligan:

"*Kayo ang mga saksi ni Allah sa mundong ito.*"

"*Si Jibraeel (Gabriel) ay nagsabi sa mga naninirahan sa mga kalangitan: Katiyakang minamahal ni Allah si ganoon at si ganito, kaya't mahalin siya. Ang mga naninirahan sa mga kalangitan ay nagmahal sa kanya at ang pagtanggap sa kanya ay lumaganap sa kalupaan.*"

Ang isang maayang mukha, mabubuting salita at magagandang asal ay siyang pinakamalakas na mga pamamaraan upang ipagmapuri ang iyong sarili sa puso ng mga tao. At ang higit pang mas malakas ay ang pagkamahinahon. Ito kung bakit ang Propeta ay nagsabi:

"*Ang anumang bagay na may kahinayan (kahinahunan) ay pinagaganda ng gayon, at ang anumang bagay na wala ng gayon ay nakulapulan (ng dumi).*"

Siya (saws) rin ay nagsabi:

*"Kung sinuman ang walang kahinahunan ay nahadlangan ng malaking bahagi ng kabutihan."*

Isang matalinong tao ang nagsabi:

> "Ang pagkamahinahon ay nakakahango ng isang ahas sa kanyang lungga."

At kanilang sinasabi sa kanluran:

> "Tipunin ang pulot-pukyutan,
> datapuwa't huwag sirain ang bahay-pukyutan."

Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa isang mapapanaligang *hadith*:

*"Ang nananampalataya ay tulad ng isang bubuyog na kumakain kung ano ang nakapagpapalusog, at nagpoprudyus (nagbibigay-ani) kung ano ang nakapagpapalusog. At kung ito ay dumapo sa isang (maliit) na sanga, ito ay hindi nakabibiyak nito."*

## ***Maglakbay sa iba't ibang lupain***

Gaya na nang aking nabanggit sa unahan ng kabanata, ang paglalakbay at pagdalaw sa iba't ibang lupain ay nakapagbibigay ng kaligayahan sa kaluluwa.

﴾Ipagbadya: 'Inyong pagmasdan, ano baga kaya ang nasa kalangitan at kalupaan?'﴿ *(Qur'an 10: 101)*

﴾Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kalupaan at kanilang napagmalas...﴿ *(Qur'an 12: 109)*

﴾Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at inyong malasin...﴿ *(Qur'an 29: 20)*

Sinuman ang nakabasa ng aklat ng paglalakbay ni Ibn Batoota, - kahit pa nga may kalabisan, - ay mamamangha sa mga likha ni

Allah. Ang paglalakbay at pagbabasa sa bukas na aklat ng nilikha ay mga paraan kung paano ang nananampalataya ay makakaunawa nang maraming moral na katuruan at mga aral.

﴾Kaya't magsipaglakbay kayo nang malaya...﴿ *(Qur'an 9: 2)*

﴾Hanggang nang kanyang sapitin ang lugar ng paglubog ng araw...﴿ *(Qur'an 18: 86)*

﴾Ako ay hindi susuko [sa paglalakbay] hanggang aking marating ang salikop ng dalawang dagat o [hanggang] gugulin ko ang maraming taon ng paglalakbay.﴿ *(Qur'an 18: 60)*

## *Magsagawa ng mga boluntaryong dasal sa huling oras ng gabi*

Ang tumindig sa pagdarasal sa huling oras ng gabi, kung saan walang nakakakitang tao sa iyo, ay nagbibigay ng kapanatagan at katahimikan sa puso. Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi na ang paggising sa huling oras ng gabi, na nag-aala-ala kay Allah, na nagsasagawa ng ablusyon o paghuhugas, at matapos ay titindig sa pagdarasal, ay nakagagawa sa sinuman na maging aktibo (masigla) at masayahin.

﴾Sila ay nahirati nang matulog nang maigsi lamang sa oras ng gabi [na naninikluhod sa kanilang Panginoon (Allah) at nananalangin ng may pangangamba at pag-asa].﴿ *(Qur'an 51: 17)*

﴾At [gayundin], sa ilang bahagi ng gabi ay mag-alay ng *Salah* [karagdagang panalangin, Tahajjud, Nawafil, o mga itinatagubiling dasal]...﴿ *(Qur'an 17: 79)*

Ang isang mapapanaligang *hadith* sa Abu Dawood ay nagpapahiwatig na ang pagsasagawa ng pagdarasal sa huling oras ng

gabi ay nakapag-aalis ng karamdaman sa katawan. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Huwag kayong maging katulad ni ganoon at ganito. Dati na siyang tumitindig sa gabi (para sa pagdarasal), at nang lumaon ay tinalikdan niya ang paggawa ng gayon.*"

Ang sumusunod ay isinalaysay sa isang salaysay na nagmula kay Abdullah ibn Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

"*Si Abdullah ay isang mabuting tao, at maliban pa roon, siya ay tumitindig sa gabi (para sa pagdarasal).*"

Huwag maghinagpis sa mga bagay na madaling lumipas: ang lahat sa daigdig na ito ay malilipol maliban kay Allah.

﴾Ang lahat ng bagay ay maglalaho [mamamatay] maliban sa Kanyang Mukha [Sarili].﴿ *(Qur'an 28: 88)*

﴾Ang sinuman na nasa [kalupaan] ay maglalaho [mamamatay], at mananatili ang Mukha ng iyong Panginoon na nag-aangkin ng Kaluwalhatian at Karangalan.﴿ *(Qur'an 55: 26-27)*

## *Ang iyong gantimpala ay Paraiso*

"Ang aking kaluluwa na nagmamay-ari ng mga bagay, ay sa kanyang sarili ay lumilisan,
Kung gayon, bakit ako dapat na umiyak kung may anumang bagay na lumisan sa akin."

Ang buong mundo, na taglay ang lahat ng mga ginto nito, mga pilak, mga posisyon, at mga mansiyon ay hindi karapat-dapat kahit na sa isang patak ng luha. Sa isang *hadith* na isinalaysay ni Tirmidhi, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang mundo ay isinumpa, at kung ano ang nasa loob nito ay isinumpa, maliban ang pag-aala-ala kay Allah, at ang sumusunod*

*dito (alalaong baga, ang ibang mabubuting gawa na minamahal ni Allah), ang pantas, at ang estudyante.*"

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang kayamanan at pamilya ay mga pautang lamang,*
*At ang araw ay marapat na sumapit kapag*
*ang utang ay ibabalik.*

Ang lahat ng mga kayamanan sa mundo ay hindi makakaantala sa kamatayan kung ang natatakdaang oras nito ay sumapit.

﴾At ang makamundong buhay na ito ay wala ng iba maliban sa paglilibang at pagsasaya!﴿ *(Qur'an 29: 64)*

Si Hasan Al-Basri ay nagsabi, "Huwag maghanap ng kabayaran maliban pa sa Paraiso, sapagkat natatangi na ang kaluluwa ng isang nananampalataya ay napakamahal." Gayunman, ang ilang mga tao ay nagbebenta ng kanilang kaluluwa sa hamak na halaga. Yaong mga naninimdim sa kanilang pagkalugi o pagkawala ng kayamanan at pagkawasak ng kanilang bahay o sasakyan, at hindi nagdadalamhati sa mababang antas ng pananampalataya at sa kanilang mga kasalanan, ay hindi magtatagal na kanilang mapagtatanto ang kabalighuan o kahangalan ng kanilang pananaw sa buhay. At ang pagkakatanto ng gayon, na hitik sa pagsisisi o panghihinayang, ay daragdagan para sa isang indibidwal (tao) ayon sa antas ng kanyang natatanging maling paniniwala. Ito ay isang isyu o usapin na tumatama nang malalim sapagkat ito ay isa sa mga makabuluhan, mga moral, at mga prayoridad (nararapat na unahin).

﴾Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay nagmamahal [sa panandaliang] buhay sa mundong ito at pinabayaan nila [at hindi binigyan ng pahalaga] ang matimbang na Araw [na magiging mahirap].﴿ *(Qur'an 76: 27)*

## *Tunay na pagmamahal*

Upang makatagpo ng tunay na kaligayahan, ikaw ay marapat na galing sa mga nagmamahal kay Allah. Ang pinakamasaganang tao ay siya na ang misyon sa buhay ay upang makamtan ang pagmamahal ni Allah, isang pagmamahal na tinutukoy ni Allah sa ganitong talata:

﴾Si Allah ay magdadala ng mga tao [na ipapalit sa kanila], na Kanyang mamahalin at magmamahal sa Kanya...﴿ *(Qur'an 5: 54)*

﴾Ipagbadya [O' Muhammad sa sangkatauhan]: 'Kung [talagang] minamahal ninyo si Allah, kung gayon, ako ay inyong sundin [alalaong baga, tanggapin ang Kaisahan ni Allah, sundin ang Qur'an at Gawa ng Propeta], si Allah ay magmamahal sa inyo at magpapatawad sa inyong mga kasalanan.'﴿ *(Qur'an 3: 31)*

Ang Propeta (saws) ay nagpahayag upang malaman ng lahat ang isang mataas na kagalingan ni Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah), - isang kagalingan na tulad ng isang korona sa ibabaw ng kanyang ulo: ang Propeta (saws) ay naglarawan sa kanya bilang isang tao:

*"Na nagmamahal kay Allah at sa Kanyang Sugo, at siyang minamahal ni Allah at ng Kanyang Sugo."*

Ang isa sa mga Kasamahan ng Propeta ay nagmamahal sa sumusunod na kabanata ng Qur'an:

﴾Ipagbadya [O' Muhammad]: 'Siya si Allah, ang Nag-iisa.'﴿

*(Qur'an 112: 1)*

Kanyang inuulit ito sa bawat yugto (*rak'ah*) ng dasal, siya ay patuloy na nagbabasa nito sa iba pang oras, upang magbigay ng pagkaaliw o ginhawa sa kanyang puso at espiritu. Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa kanya:

"*Ang iyong pagmamahal dito ang siyang nakagawa na makapasok ka sa Paraiso.*"

Aking natagpuan ang mga sumusunod na linya sa talambuhay ng isang pantas na Muslim:

> "Kung ang pagmamamahal ng isang pagala-gala para kina Sulma at Laila, ay nakapag-aalis ng kaisipan niya at nang kanyang kakayahan ng pangangatwiran,
> Kung gayon, ano ang iyong mahihinuha sa kaso niya na ang puso ay malakas na tumitibok para sa higit na mataas na mundo."

﴾At ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay [kapwa] nagsasabi: 'Kami ang mga anak ni Allah at Kanyang minamahal.' Ipagbadya: 'Kung gayon, bakit kayo ay Kanyang pinarurusahan sa inyong mga kasalanan.'﴿ *(Qur'an 5: 18)*

Ang istorya ng pagmamahal ni Majnoon kay Laila ay lubhang bantog. Ang kanyang labis na pagmamahal sa kanya ang pumatay sa kanya; samantalang ang kay Qaroon (Korah) ay ang pagmamahal sa kayamanan; at kay Fir'aun (Paraon) ay ang pagmamahal sa posisyon at kapangyarihan. Sa ibang banda, naroroon sina Hamza, Ja'afar, at Hanzala (nawa'y kalugdan silang lahat ni Allah), na namatay na lahat dahil sa kanilang pagmamahal kay Allah at sa Kanyang Sugo. Malawak ang distansya o pagitan na naghihiwalay sa tatlong mariringal na mga Kasamahan sa kanilang pagmamahal, - at yaong mga nananampalataya na katulad nila, sa karamihan.

## *Ang Shari'ah ay ginawa na magaan para sa iyo*

Ang gaan at pagiging madali, - ang mga ito ang dalawang katangian ng Shari'ah na nagbibigay ng ginhawa sa nananampalataya.

﴾Hindi Namin ipinanaog ang Qur'an sa iyo [O' Muhammad] upang ikaw ay bigyan ng siphayo.﴿ *(Qur'an 20: 1)*

﴾At gagawin Namin na magaan sa iyo [O' Muhammad] ang Relihiyong Islam.﴿ *(Qur'an 87: 8)*

﴾Walang sinumang kaluluwa ang binigyan ni Allah ng pasanin na hindi niya kayang dalhin.﴿ *(Qur'an 2: 286)*

﴾Si Allah ay hindi magbibigay ng pasakit [o dalahin] sa isang tao nang higit sa ipinagkaloob Niya sa kanya.﴿ *(Qur'an 65: 7)*

﴾At hindi Niya iginawad sa inyo sa relihiyon ang anumang kahirapan.﴿ *(Qur'an 22: 78)*

﴾Kanyang niluwagan sila sa kanilang [mabibigat] na pasanin [sa pang-araw-araw na pagsasagawa ng pananampalataya], at sa mga tanikala [ng pananagutan] na nakaatang sa kanila.﴿ *(Qur'an 7: 157)*

﴾Katotohanan! Ang kasunod ng [bawat] kahirapan ay kaginhawahan. Katotohanan, ang kasunod ng kahirapan ay kaginhawahan.﴿

*(Qur'an 94: 5-6)*

﴾O' aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong parusahan kung kami ay nakalimot o nasadlak sa kamalian. Aming Panginoon! Huwag Ninyong ipapasan sa amin ang pabigat na Inyong iniatang sa mga nanga-una sa amin [mga Hudyo at Kristiyano]. Aming Panginoon! Huwag Ninyong iatang sa amin ang pabigat na higit sa aming makakaya. Patawarin Ninyo kami at pagkalooban kami ng pagpapatawad. Kami ay Inyong kahabagan. Kayo ang aming Maula [Tagapangalaga, Tagapagbantay, Tagapagtaguyod]; kami ay gawaran Ninyo ng tagumpay laban [sa mga tao] na hindi sumasampalataya.﴿

*(Qur'an 2: 286)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Ang aking bansa (bayan) ay hindi pananagutin sa mga pagkakamali (na hindi sinasadya o sa kawalan ng kaalaman), sa mga pagkalimot, at sa mga bagay na sapilitang pinagawa sa kanila (alalaong baga, mga kasalanan na nagawa sa ilalim ng pamimilit o pamumuwersa)."*

Siya (saws) ay nagsabi rin:

*"Katotohanan, ang relihiyong ito ay magaan; at kung sinuman ang gumawa sa relihiyon na lubhang mabagsik (magaspang), siya ay mapapanaigan nito."*

## Kapanatagan at kapayapaan

Sa 1994 na labas o isyu ng babasahing *Ahlan was-Sahlan*, ang isang artikulo o sulatin ni Dr. Hassan Shamsi Basha ay nalimbag, na pinamagatang *Twenty Ways to Avoid Anxiety (Dalawampung Paraan Upang Maiwasan ang Pagkabalisa)*. Ang sumusunod na mga puntos ay isinabuod mula sa sulatin:

1. Ang haba ng iyong buhay ay noon pa napagpasyahan, sapagkat ang lahat ng bagay ay mangyayari ayon sa maka-Diyos na pagtatakda at pag-uutos. Kaya't wala ng pangangailangan na maging sabik sa gayong bagay.

2. Ang desisyon kung gaano karami ang panustos (o ikabubuhay) na tinatanggap ng sinuman sa atin ay na kay Allah lamang: walang sinuman ang nagmamay-ari ng gayong panustos o may kapangyarihan na kunin ito sa iyo.

3. Ang nakalipas ay tapos na at dinala nito ang kanyang mga kasawian at kalungkutan. Ito ay hindi na magbabalik kahit na ang buong sangkatauhan ay magtrabaho bilang isang lipon upang ibalik ito.

4. Ang kinabukasan o hinaharap ay mula sa nalilingid na mundo at hindi pa dumarating. Dala nito ang mga bagay-bagay (o mga pangyayari), na hindi nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa iyong pahintulot o sa iyong damdamin, kaya't huwag mo itong tawagin hangga't ito ay hindi aktuwal na dumarating.

5. Ang paggawa ng mga kabutihan sa iba ay nakapagdudulot ng kaligayahan kapwa sa puso at sa kaluluwa. Ang isang mabuting gawa ay nagbibigay ng higit na kapakinabangan sa nagbibigay, - sa katawagan ng mga biyaya at kabayaran at kapayapaan, kaysa sa naibibigay nito sa tumatanggap.

6. Ang ilan sa mariringal na katangian ng nananampalataya ay yaong hindi nababahala ang kanyang sarili sa huwad na pamumuna. Walang sinuman ang ligtas sa mga panunumpa at pamumuna, kahit na nga si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang, na Perpekto at Kataas-taasan.

## *Mag-ingat sa marubdob na pag-ibig*

Mag-ingat na mahulog sa pag-ibig (o magmahal) dahil sa mga (panlabas) na kaanyuan; ang gayong pag-ibig ay napapaligiran ng pagkabalisa at patuloy na kalungkutan. Ito ay isang biyaya para sa isang Muslim na manatili siyang malayo sa mga mensahe na matatagpuan sa mga liriko (o tula ng damdamin) at awitin, sa mga mensahe tungkol sa marubdob na pag-ibig, walang ganting pagmamahal, o sa pagkakawalay sa pinag-uukulan ng pagmamahal.

﴾Napagmamasdan mo ba siya na nagtuturing sa kanyang pagnanasa [walang kapararakang hangarin] bilang kanyang diyos? Si Allah na nakatatalos sa kanya ay hinayaan siya na naliligaw. At sinarhan Niya ang kanyang pandinig at kanyang puso [sa pang-unawa] at naglagay ng lambong sa kanyang paningin.﴿ *(Qur'an 45: 23)*

Sa paninisi sa kanyang sarili, isang makatang Arabo ang sumulat ng sumusunod:

*Ako ang nagdala ng kamatayan sa isang pagpapatumba,*
*Kung gayon, sino ang dapat sisihin kung*
*ang pinatay ay ang salarin.*

Siya ay naninisi sa kanyang sarili sa patuloy na kirot at kalungkutan na kanyang nararanasan, na sa huli ay kanyang nakilala na ang pagkahulog sa mapusok na pag-ibig, - at matapos ay mawalan ng kakayahan na makawala sa gayon, - siya lamang ang dapat na sisihin sa kanyang kasawian.

﴾At kung ang masamang bulong ay lumapit sa iyo mula kay Satanas, kayo ay humanap ng kalinga [magpakupkop kayo] kay Allah [laban kay Satanas].﴿ *(Qur'an 7: 200)*

﴾Katotohanan, sila na matimtiman sa kabutihan; kung ang isang masamang isipin [bulong] ay dumatal sa kanila mula kay Satanas, sila ay nakakaala-ala [kay Allah], at katotohanang sila ay nakakakita [ng matuwid].﴿ *(Qur'an 7: 201)*

Si Ibn Al-Qayyim ay nagpaliwanag sa ganitong paksa sa kanyang aklat na *The Disease and the Care (Ang Sakit at ang Pangangalaga).* Siya ay bumanggit ng ilan sa mga dahilan na nakapag-aambag sa pagkahulog sa walang pag-asa at hindi masawatang pag-ibig. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang isang hungkag na pag-ibig na salat sa pagmamahal kay Allah, sa pag-aala-ala sa Kanya at pangangamba sa Kanya.

2. Ang pabayaan ang mga mata na magpagala-gala at tumitig. Ang mata ay isang tagapagmanman o tagapanubok na maaaring magdalang muli ng kalungkutan sa puso.

﴾Ipahayag sa mga sumasampalatayang lalaki na ibaba nila ang kanilang paningin [sa pagtingin sa mga ipinagbabawal na bagay]...﴿
*(Qur'an 24: 30)*

Ang pagtingin ay isang palaso mula sa mga palaso ng Demonyo. Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Kapag pinayagan mo ang iyong mga mata na magpagala-gala sa unahan bilang isang tagapagmanman,*
*Ang pagtingin sa lahat ng mata at mga pagtitig ay susunod,*
*Na nakakakita (sa gayong bagay) na wala kang kakayahan na yakapin nang ganap,*
*Habang ikaw ay walang tiyaga na makapagtamo (lamang) ng anumang bahagi nito.*

3. Ang maging pabaya sa pagsamba, - lalo na nga sa pag-aala-ala, paninikluhod at pagdarasal.

﴾Katotohanan, ang [tunay na] pagdarasal ay nakapipigil sa paggawa ng kasuklam-suklam [mga kahiya-hiya] at masamang gawa [lahat ng uri ng gawa na ipinagbabawal, atbp.].﴿ *(Qur'an 29: 45)*

## *Ang ilang lunas sa marubdob, at hindi mapigilang pag-ibig*

﴾At upang sa gayong [paraan] ay Aming mailayo siya sa kasamaan at imoralidad [bawal na pakikipagtalik]. Katotohanang siya ay isa sa Aming matatapat na alipin [hinirang na Sugo].﴿ *(Qur'an 12: 24)*

1. Magsikap na mapabuti (o mapaunlad) ang iyong pagsamba, - sa pagiging higit na matapat, - at lumuhog kay Allah na ikaw ay pagalingin.

2. Ibaba ang iyong paningin.

﴾At pangalagaan ang kanilang maselang bahagi ng katawan [na ito ay malantad, at sa mga ipinagbabawal na gawa tulad ng bawal na pakikipagtalik].﴿ *(Qur'an 24: 30)*

﴾At sila na nangangalaga sa kanilang kalinisan [alalaong baga, sa labag na relasyong seksuwal, sa kanilang maseselang bahagi ng katawan].﴿ *(Qur'an 23: 5)*

3. Lumayo sa pinag-uukulan mo ng silakbo ng damdamin.

4. Panatilihin mong abala ang iyong sarili sa mabubuting bagay.

﴾Katotohanang sila ay lagi nang maagap sa paggawa ng mabubuti, at sila ay laging naninikluhod sa Amin ng may pag-asa [sa Aming biyaya] at pangangamba [sa Aming kaparusahan].﴿ *(Qur'an 21: 90)*

5. Mag-asawa nang ligal, alalaong baga, na naaayon sa *Shari'ah* (Batas Islamiko).

﴾... Kung gayon, kayo ay magsipag-asawa ng kababaihan na inyong mapusuan...﴿ *(Qur'an 4: 3)*

﴾At kabilang sa Kanyang mga Tanda; na nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga kabiyak [asawa] mula sa inyong sarili, upang inyong madama ang katahimikan sa kanila...﴿ *(Qur'an 30: 21)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"O' lipon ng kabataang lalaki, sinuman sa inyo ang may kakayahan (na magkaloob) ng dote (at gumugol ng lahat ng kinakailangang gastusin sa pag-aasawa), hayaang siya ay mag-asawa."*

## Ang mga karapatan ng pagkakapatiran

Sa iyong pakikipagkita sa iyong Muslim na kapatid, tawagin mo siya sa pangalan na kanyang nagugustuhan at batiin siya ng may nakangiting mukha.

"*Ang pagngiti sa iyong kapatid ay kawanggawa.*"

Hikayatin mo siya na makipag-usap sa iyo, o sa ibang salita, bigyan mo siya ng pagkakataon na masabi niya sa iyo ang tungkol sa kanyang sarili at tungkol sa kanyang buhay. Tanungin mo siya tungkol sa kanyang buhay-buhay o kalagayan, ngunit yaon lamang mga bagay na hindi magdudulot sa kanya ng pagkapahiya.

"*Sinuman ang walang pakialam sa buhay-buhay o pangyayari ng mga Muslim, siya ay hindi kabilang sa kanila.*"

﴿Ang mga lalaking sumasampalataya at mga babaeng sumasampalataya ay mga Auliya [tagapagtangkilik, kapanalig, kaibigan, tagapangalaga] sa isa't isa...﴾ *(Qur'an 9: 71)*

Huwag mo siyang sisihin o paalalahanan ng kanyang nakalipas na mga pagkakamali, huwag mo siyang dulutan ng pagkaasiwa dahilan sa pagbibiro mo sa kanya.

"*Huwag makipagtalo sa iyong kapatid, huwag magbiro sa kanya, at huwag kang magtakda ng pakikipagkita sa kanya at matapos ay hindi ka sisipot.*"

## Ang dalawang sekreto tungkol sa pagkakasala (kahit na alam mo ang mga ito, huwag magkasala)

Ang ilang tao ng karunungan ay bumanggit ng ganito:

1. Matapos na ang isa ay magsisi sa kasalanan, ang damdamin ng isa sa pagiging mapagpahalaga sa sarili at pagiging banal (na maituturing na kahambugan) ay nasusugpo.

2. Ang mga pangalan at katangian ni Allah, gaya ng Pinakamahabagin at Mapagpatawad nang Paulit-ulit, ay nagdudulot nang higit na mainam na kahulugan sa kanya na nagkasala at matapos ay nagsisi, kaysa sa ginawa nila sa iba.

## *Humanap ng ikabubuhay o panustos datapuwa't huwag maging gahaman*

Ang lahat ng pagluwalhati at papuri ay para sa Manlilikha at Tagapanustos. Siya ang nagbibigay ng ikabubuhay sa bulate na nasa ilalim ng lupa, sa isda na nasa ilalim ng tubig, at sa ibon na nasa himpapawid, sa langgam na nasa kadiliman, at sa ahas na nasa loob ng siwang ng bato.

Si Ibn Al-Jazi ay bumanggit ng isang bagay na kanyang nasaksihan na kamangha-mangha ngunit kakatuwa. Isang bulag na ahas ang namumuhay sa isang sanga sa ibabaw ng punongkahoy. Isang ibon ang pumupunta roon na may pagkain sa kanyang bibig. Ito ay huhuni bilang isang signal sa ahas, at dahil dito ay ibubuka (ng ahas) ang kanyang bibig upang hayaan ang ibon ay makapagpasok ng pagkain. Ang lahat ng papuri at pagpaparangal ay laan kay Allah, na gumawa ng gayong (ibon) upang makatulong sa iba (sa ahas).

﴾At walang isa mang gumagalaw [o nabubuhay] na nilalang sa kalupaan, gayundin ang isang ibon na lumilipad sa kanyang dalawang pakpak, maliban [na sila ay] mga pamayanan na katulad ninyo.﴿ *(Qur'an 6: 38)*

Ang pagkain ay dumarating kay Maryam (Maria) sa araw at gabi. Sinabi ang ganito sa kanya, "Paano itong dumarating sa iyo."

Siya ay tumugon, "Ito ay mula kay Allah. Katotohanan, si Allah ay nagkakaloob sa sinumang Kanyang maibigan ng walang pagbibilang." Kaya't huwag mabalisa, ang iyong ikabubuhay ay ginagarantiyahan.

﴾At huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa pangamba sa kahirapan. Kami [Allah] ang magkakaloob sa kanila at sa inyo ng ikabubuhay.﴿ *(Qur'an 17: 31)*

Ang mga tao ay marapat na makapagtanto na ang Tagapanustos, kapwa sa ama at sa anak ay Siya na hindi nanganganak, o Siya na hindi ipinanganak.

﴾Kaya't magsihanap kayo ng ikabubuhay mula kay Allah [lamang], at Siya [lamang] ang paglingkuran ninyo at magkaroon kayo ng utang na loob ng pasasalamat sa Kanya.﴿ *(Qur'an 29: 17)*

﴾At Siya ang nagpapakain at nagbibigay sa akin ng inumin.﴿ *(Qur'an 26: 79)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

At tungkol sa pagdarasal, - ang kahalagahan nito, o di kaya ay ang bahagi ng kahalagahan nito, - ay yaong ito ay nakasasaid sa puso sa masasamang damdamin at pumupuno rito ng lakas at kasiyahan. Sa oras ng pagdarasal, ang puso at kaluluwa ng sinuman ay nasa pakikipag-usap kay Allah. Ang pagiging malapit kay Allah, ang ginhawa na natatamo dahil sa paghingi sa Kanya, at ang ispiritwalidad na nadarama sa pagtindig sa Kanyang harapan, - ang lahat ng ito ay natatamo sa oras ng pagdarasal. Ang bawat bisig (o bahagi ng katawan) ay ginagamit sa pagdarasal, ngunit ang higit na mahalaga ay yaong ang puso ay marapat na maging gising din. Kung ang sinuman ay nagdarasal, ang kapanatagan at kapayapaan ay

natatamo, sapagkat siya ay lumalayo, kahit na nga sa pagkaispiritwalidad (man lamang), sa mga kaaway at kaguluhan. Kaya't ang dasal ang isa sa pinakamabisang lunas sa mga sakit ng puso. Gayunman, yaong lamang karapat-dapat na puso ang nakikinabang sa pagdarasal; ang isang mahinang puso, sa kabilang banda, ay katulad ng katawan, ito ay humahanap ng panustos o ikabubuhay mula sa materyal (o makamundong) bagay.

Samakatuwid, ang dasal ang pinakamatinding paraan na makakatulong sa atin na makamit ang mga pagpapala kapwa sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Ang dasal ay nagpipinid sa atin sa mga kasalanan, na nagtatanggol laban sa mga karamdaman, na nagpapailaw kapwa sa puso at sa mukha, na gumagawa na maging aktibo, at sa kalahatan, ay naghahatid ng kabutihan sa tao na matapat na nagsasagawa nito.

## *Ang relihiyon na hitik sa mga pakinabang*

Ang Islam ay nagbibigay sa nananampalataya nang malapad na hanay ng mga pakinabang at gantimpala, kapakinabangan na nanghihikayat sa kanya na magpatuloy sa tamang landas, at mga gantimpala na nagpapasigla sa kanyang pag-asa sa Kabilang Buhay. Ang mga gawa na nakabubura sa mga kasalanan, - katulad ng dasal, - ay marami sa Islam. Bilang halimbawa, ang isang mabuting gawa ay pinararami ng sampung beses sa gantimpala, o pitong daan, o (kahit na) maraming-marami pa. Ang isa pang halimbawa ay kahirapan, sapagkat sa anumang oras na ang nananampalataya ay dinapuan ng kahirapan, ang ilan sa kanyang mga kasalanan ay nababayaran o pinatatawad. (Gayundin, sa panahon ng mga pagdurusa, siya ay nabibiyayaan sa mga panalangin ng iba pang nananampalataya).

﴾At kung inyong bibilangin ang mga pagpapala [Biyaya] ni Allah, kailanman ay hindi ninyo ito makakayang bilangin.﴿ *(Qur'an 16: 18)*

﴾At saganang iginawad Niya sa inyo ang Kanyang kagandahang-loob [biyaya] na [kapwa] lantad [alalaong baga, Kaisahan ng Diyos sa Islam, kalusugan, kagandahan, kaligayahan sa mundo, atbp.] at nalilingid [alalaong baga, pananampalataya sa Islam, karunungan, patnubay, kaligayahan ng Paraiso, atbp.].﴿ *(Qur'an 31: 20)*

## *Huwag mangamba! Katiyakan, ikaw ay magkakaroon ng mataas na kamay*

﴾Huwag kang matakot! Katotohanang ikaw ang mangunguna.﴿ *(Qur'an 20: 68)*

Si Moosa (Moises) ay nasa tanging kaguluhan sa tatlong pangyayari:

1. Nang siya ay pumasok sa kapulungan ng masamang si Fir'aun (Paraon), siya ay nagsabi:

﴾O' aming Panginoon! Katotohanang kami ay nangangamba na madaliin niya ang pagpaparusa sa amin, o di kaya ay magmalabis siya sa pagsuway [laban sa amin].﴿ *(Qur'an 20: 45)*

﴾Siya [Allah] ay nagwika: 'Huwag kayong matakot! Katotohanang Ako ay kasama [kakampi] ninyong dalawa, na Nakakarinig at Nakamamasid.'﴿ *(Qur'an 20: 46)*

Ang parirala na "Ako (Allah) ay nasa sa inyo..., na nakakarinig at nakamamasid" ay marapat na laging nasa pag-iisip ng Muslim.

2. Nang ang mga manggagaway ay maghagis ng kanilang tungkod, si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagwika:

﴾Huwag kang matakot! Katotohanang ikaw ang mangunguna.﴿ *(Qur'an 20: 68)*

3. Nang si Paraon at ang kanyang sandatahan ay tumutugis kina Moises, si Allah ay nagwika:

﴾Hampasin mo ng iyong tungkod ang dagat.﴿ *(Qur'an 26: 63)*

Si Moises (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi:

﴾Hindi, katotohanan! Nasa panig [kasama] ko ang aking Panginoon, ako ay Kanyang papatnubayan.﴿ *(Qur'an 26: 62)*

## ***Manatiling malayo sa sumusunod na apat ...***

Ang sumusunod na apat na mga gawa ay nagdudulot ng kalungkutan sa puso ng tao, kaya't iwasan ang mga ito:

1. Ang pagdaing at pagiging magalitin sa anumang itinakda ni Allah.

2. Ang paggawa ng mga kasalanan na walang pagsisisi matapos ang gayon.

﴾Ipagbadya [sa kanila]: 'Ito ay mula sa inyong sarili [dahilan sa inyong masasamang gawa].'﴿ *(Qur'an 3: 165)*

﴾Ito ay dahilan sa anumang kinita ng inyong mga kamay.﴿ *(Qur'an 42: 30)*

3. Ang pagkamuhi sa mga tao dahil sa mga biyaya na ipinagkaloob sa kanila ni Allah.

﴾O sila ba ay nananaghili sa mga tao [alalaong baga, si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod] sa anumang Biyaya na ipinagkaloob sa kanila ni Allah?﴿ *(Qur'an 4: 54)*

4. Ang pagtalikod o paglayo sa pag-aala-ala kay Allah:

﴾Katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan...﴿ *(Qur'an 20: 124)*

## *Upang makatagpo ng kapayapaan, bumaling sa iyong Panginoon*

Ang alipin ni Allah, - alalaong baga, ang bawat isa sa atin, - ay makakatagpo lamang ng kaginhawahan sa pamamagitan ng pagbaling kay Allah, ang Kataas-taasan, na Siyang bumanggit sa kapanatagan sa maraming talata ng Qur'an:

﴾Si Allah ay nagpapanaog ng Kanyang Sakinah [katahimikan at kapanatagan] sa Kanyang Sugo at gayundin sa mga sumasampalataya...﴿ *(Qur'an 48: 26)*

﴾At Siya ang nagpapanaog ng katahimikan [at kapanatagan] sa kanila...﴿ *(Qur'an 48: 18)*

﴾At pagkaraan nito ay ipinanaog ni Allah ang Kanyang Sakinah [kahinahunan, kapayapaan, katahimikan at kaaliwalasan] sa [Kanyang] Sugo [Muhammad]...﴿ *(Qur'an 9: 26)*

Ang kapanatagan ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng puso na nasa kapayapaan at may malusog na pagtitiwala kay Allah. Ang kapanatagan ay isang kalagayan ng kahinahunan na tinatamasa niyaong mga nananampalataya na nailigtas sa pag-aalinlangan. At ito ay ayon sa pagiging malapit ng sinuman kay Allah at sa kanyang pagiging matimtiman sa pagsunod sa pamamaraan ng Sugo, sa ganito siya ay magkakamit ng kapanatagan at kapayapaan.

﴾Si Allah ang magpapatatag sa mga sumasampalataya sa pamamagitan ng [pagpapahayag ng La ilaha illa Allah (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah)], salitang matatag [dito] sa mundo [alalaong baga, sila ay magpapatuloy sa pagsamba lamang kay Allah at wala ng iba], at gayundin sa Kabilang Buhay.﴿ *(Qur'an 14: 27)*

## *Dalawang dakilang salita ng kaaliwan*

Si Imam Ahmad ay nagsalaysay ng dalawang parirala na nasabi sa kanya sa panahon ng mga kahirapan nang siya ay pinarurusahan at pinahihirapan.

Ang isang tao na nabilanggo dahil sa pag-inom ng alak ang unang nagsalita, nang kanyang makita si Imam Ahmad, at nagsabi:

> "O' Ahmad, maging matimtiman sapagkat ikaw ay hahagupitin dahilan sa katotohanan na nasa iyo. Ako ay maraming beses nang hinagupit dahilan sa pag-inom, at kahit na gayon, ako ay matiyaga."

﴾Kaya't maging matimtiman [O' Muhammad] sa pagtitiyaga; katiyakang ang pangako ni Allah ay katotohanan, at huwag hayaan sila na hindi nakatitiyak [sa kanilang pananalig] na ikaw ay mapatahimik nila [sa pagpapalaganap ng Mensahe ni Allah na iyong marapat na maiparating].﴿ *(Qur'an 30: 60)*

﴾... Kung kayo ay nagdurusa [sa mga kahirapan], katiyakang sila [rin] ay nagdurusa [ng mga kahirapan] na katulad ng inyong pagbabata, datapuwa't mayroon kayong pag-asa mula kay Allah [sa gantimpala ng Paraiso], na rito sila ay hindi umaasa...﴿ *(Qur'an 4: 104)*

Isang Disyertong Arabo na nakasaksi kay Imam Ahmad na nakatanikala habang siya ay ipinapasok sa kulungan ay nagsabi ng pangalawang parirala. Siya ay nagsabi, "O' Ahmad, maging matiyaga, sapagkat katotohanan, kung ito ang lugar kung saan ikaw ay papatayin, ito rin ang magiging lugar kung saan ikaw ay papasok sa Paraiso."

﴾Ang kanilang Panginoon ay nagbibigay sa kanila ng masayang balita ng isang Habag mula sa Kanya, at Siya ay nalulugod [sa kanila], at sasakanila ang Halamanan [Paraiso] na naririto ang walang hanggang ligaya.﴿ *(Qur'an 9: 21)*

## *Ang ilan sa mga positibong epekto ng pagdaranas ng kahirapan*

Ang kahirapan ay nakagagawa sa sinuman na mapagpakumbabang bumaling tungo sa kanyang Panginoon. Ang isa ay minsang nagsabi, "Gaano Kaperpekto si Allah, na nakapagtamo ng panalangin (mula sa mga tao) sa pamamagitan ng kahirapan." (Dito) ay isinalaysay na si Allah ay sumubok sa isa sa Kanyang mga alipin sa isang bagay, at matapos ay nagwika sa mga Anghel na ito ay nangyari, "Upang mapakinggan (Ko) ang kanyang tinig", na nangangahulugang ang kanyang mga panawagan at panikluhod.

Ang kahirapan ay nakapagtatanim ng kababaang-loob sa puso ng nagdurusa:

﴾Hindi [karapat-dapat ang ginawang pagsuway ng tao]. Katotohanan, ang tao ay nagmalabis [(nagpalalo) sa kanyang kawalan ng pananalig at kasamaan], sapagkat itinuturing niya ang kanyang sarili na may sariling kasapatan [o hindi nangangailangan ng anumang tulong].﴿

*(Qur'an 96: 6-7)*

Ang mga tao ay nagbibigay ng kaginhawahan at (nag-aalay ng) dasal sa mga nagdurusa. Kaya nga't sa panahon ng kahirapan, ang mga nananampalataya ay nagtitipun-tipon sa isang ispiritu ng pagkakapatiran.

Ang kahirapan ay marapat na makagawa sa isa na maging mapagpasalamat dahilan sa kanyang pagkakaligtas sa higit pang malaking kahirapan na maaaring sumapit sa kanya. Higit pa rito, ang kahirapan ay nakapagpapatawad sa mga kasalanan. Kung ang alipin ni Allah ay nakinabang sa pagpapahalaga sa ganitong katotohanan, siya ay magiging mapagpasalamat.

﴾Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang sagana ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang [alalaong baga, walang hangganan].﴿ *(Qur'an 39: 10)*

## *Karunungan*

Si Ibn Hazm ay bumanggit na ang galing sa mga pakinabang ng karunungan, ay yaong ito ay nakapagtataboy ng masasamang bulong sa kaluluwa at ito ay nakapapalis sa sinuman sa mga pagkabalisa at kaguluhan.

Ito ay tunay na natatangi para sa kanya na nagmamahal sa karunungan, na patuloy na nag-aaral at nagsasagawa sa (aktuwal) na buhay ng anumang kanyang natutuhan. Ang mag-aaral ng karunungan ay marapat na magbaha-bahagi ng kanyang oras sa pagitan ng pagsasaulo, pagbabasa, pagpapabago, pagsasaliksik at pagninilay-nilay.

## *Ang kaligayahan ay isang Banal na regalo na hindi nagtatangi sa pagitan ng mayaman at ng mahirap*

Hindi pambihira na makakita ng mga manggagawa na napakahirap, at ang anumang kanilang kinita sa maghapon ay ginugugol din ng araw na yaon. Gayunman, ang marami sa kanila ay masaya, payapa, may malakas na puso at panatag na kaluluwa. Ito'y sa dahilang sila ay lubhang abala na isipin (pa) ang tungkol sa kahapon o ang bukas. Ang kanilang estilo sa buhay ay nagbigay sa kanila ng pagpapahalaga sa ngayon sapagkat sila ay hindi kinasihan ng pagkakataon na mag-isip pa ng ibang bagay.

Ihambing ito sa kanila na nakatira sa mga mansiyon. Ang kawalan ng ginagawa at malayang oras ay nagbigay sa kanila ng

saganang oras na isipin ang tungkol sa kanilang mga problema at ang kawalan ng layunin sa buhay. Kaya't ang kahirapan at pagkabalisa ay dumarapo sa marami sa kanila sa araw at gabi.

## *Ang maala-ala matapos ang kamatayan ay isang pangalawang buhay*

Ang mabigyan ng pangalawang buhay ay isang malaking biyaya. Marami sa kanila ang nakabili sa buhay na ito, hindi sa kayamanan o posisyon, bagkus ay sa mga gawa. Si Ibraheem (Abraham) ay nanikluhod sa kanyang Panginoon na mainam na maala-ala ng iba at maipagdasal (siya). Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagtanong sa mga anak ni Harim ibn Sinaan, "Ano ang ibinigay sa inyo ni Zuhayr, at ano ang ibinigay ninyo sa kanya?" Sila ay nagsabi, "Kami ay binigyan niya ng mainam, at kami ay nagbigay sa kanya ng kayamanan." Si Umar ay nagsabi, "Sa (Ngalan) ni Allah, ang ibinigay ninyo sa kanya ay nalipol, at ang ibinigay niya sa inyo ay nanatili."

## *Panikluhuran ninyo si Allah ng sumusunod*

*"O' Allah, ibigay Ninyo sa amin ang mabuting bahagi ng kabanalan, sapagkat Kayo ang isang sagka sa pagitan namin at sa pagitan ng aming pagsuway sa Inyo. Ipagkaloob Ninyo sa amin ang bahagi ng pagsunod sa Inyo, na dahil sa gayon, ay ginawa Ninyo kami na makapasok sa Paraiso, at isang bahagi ng pananampalataya na nagsisilbi, na makagawa na ang mga kalamidad sa mundong ito ay maging madali sa amin. Hayaan Ninyong tamasahin namin ang biyaya ng aming pandinig, ng paningin at lakas, habang Kayo ay nagbibigay sa amin ng buhay... Pagkalooban Ninyo kami ng*

*paghihiganti laban sa kanila na nagbigay-kamalian sa amin at tulungan Ninyo kami laban sa kanila na lumagpas sa paglabag sa amin. At huwag Ninyong gawin na ang aming kalamidad ay mapasama sa aming relihiyon; huwag Ninyong gawin ang mundo na maging pinakamahalagang bagay sa amin, at huwag din Ninyong gawin na ito ang maging hangganan ng aming karunungan. At dahilan sa aming mga pagkakasala, huwag Ninyong ibigay sa kanila na nagpapakita sa amin ng kawalang-habag, ang kapangyarihan upang ipailalim kami."*

## *Isang Panginoon na hindi nagkakamali*

Marapat kang makadama ng katiyakan sa kadahilanang ikaw ay mayroong Panginoon na makatarungan.

Si Allah, ang Kataas-taasan ay tumanggap sa isang babae sa Paraiso dahilan sa isang aso, at ng isa pa sa Impiyerno dahilan sa isang pusa. Ang una ay isang puta mula sa angkan ng Israel; sapagkat minsan siyang nagbigay ng inumin sa isang nauuhaw na aso. Si Allah ay nagpatawad sa kanya at tumanggap sa kanya sa Paraiso. Ito ay isang makatarungang kabayaran sa kanyang katapatan sa paggawa ng isang mabuting gawa, sa kanyang katapatan kay Allah. Ang pangalawa ay isang babae na nagkulong sa isang pusa sa isang silid. Ito ay hindi niya pinakain o binigyan man ng inumin; dahilan sa kanyang pagkulong sa pusa, kanyang pinigilan ito na makakain ng mga insekto sa kabukiran, kaya't ginawa ni Allah na pumasok siya sa Impiyerno.

Ang kuwento ng unang babae ay isang salaysay na nagbibigay ng kahinahunan sa puso, sapagkat ito ay nakagagawa sa sinuman na maalaman na si Allah ay nagbibigay ng malaking gantimpala para sa maliliit na gawa.

﴾Kaya't sinuman ang gumawa ng mabuting gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo [o isang maliit na langgam], ay makakamalas nito. At sinumang gumawa ng masamang gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo [o isang maliit na langgam], ay makakamalas nito.﴿ *(Qur'an 99: 7-8)*

﴾Katotohanan, ang mabubuting gawa ay nakapapalis ng masasamang gawa [alalaong baga, ang maliliit na kasalanan].﴿ *(Qur'an 11: 114)*

Kaya't tulungan ang dinadapuan ng dalamhati, magbigay sa mahirap, tulungan ang inaapi o pinagmamalupitan, dalawin ang maysakit, magdasal para sa namatay, mamatnubay sa bulag, magbigay ng kaginhawahan sa nahihirapan, patnubayan ang naliligaw ng landas, ang maging mapagbigay kapwa sa panauhin at sa kapitbahay. Ang lahat ng ito ay mga gawa ng kawanggawa, mga gawa na hindi lamang nakakatulong sa tumatanggap ng iyong mabubuting gawa, bagkus ay nakakatulong sa pagbibigay sa iyo ng ginhawa at kapayapaan.

## *Isulat ang iyong sariling kasaysayan*

Isang araw, habang ako ay nakaupo sa *Haram* sa Makkah; na isang maalinsangang araw at ang pantanghaling pagdarasal ay malapit nang magsimula, nang aking mapansin ang isang matandang lalaki na namamahagi ng tubig na Zamzam. Kanyang pinupuno ang ilang tasa at ibinibigay ito sa mga tao, at matapos ay muli siyang bumabalik at inuulit ang gayong proseso. Patuloy niyang ginagawa ang gayon sa mahabang panahon hanggang sa siya ay matigmak ng pawis. Ako ay namangha sa katatagan ng matandang lalaking ito, at ang kanyang pagnanais sa paggawa ng mabubuting gawa. Siya ay ngumingiti at nagbibigay ng tasa ng tubig sa maraming tao na kaya niyang pagsilbihan. Ang gayon ay aking pinahahalagahan, na kung si

Allah ay namamatnubay sa kanya sa paggawa ng isang mabuting gawa, siya ay gumagawa nito ng may ngiti, kahima't ito ay nangangailangan ng mabigat na paggawa.

Si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay naglagay ng kanyang buhay sa panganib sa daan na patungong Madeenah upang kanyang mapangalagaan ang Sugo ni Allah (saws).

Upang mapakain niya ang kanyang mga panauhin, si Hatim ay natutulog na gutom ang kanyang sikmura.

Si Abu Ubaydah ay nagsisilbing guwardiya sa gabi upang siya ay makapagbigay ng pahinga sa sandatahang Muslim.

Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay naglalakad sa mga daan sa gabi (upang magbantay) habang ang mga tao ay natutulog upang kanyang matiyak ang kanilang kaligtasan. At sa taon ng malaking pagkakagutom, siya ay nagpapakagutom upang kanyang mapakain ang mga tao.

Si Abu Talha (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay gumamit ng kanyang katawan bilang pananggalang, upang protektahan ang Propeta (saws) sa mga pana (busog) sa panahon ng digmaan ng Uhud.

Si Ibn Mubarak ay nagpapamudmod ng pagkain habang siya sa kanyang sarili ay nag-aayuno.

﴾At sila ay nagkakaloob ng pagkain dahilan sa pagmamahal kay Allah, sa nagdarahop, sa ulila at napipiit.﴿ *(Qur'an 76: 8)*

## *Makinig nang mataman sa mga salita ni Allah*

Dalitin ang Qur'an at makinig dito habang ito ay dinadalit, - sa paggawa ng gayon, ikaw ay makakatagpo ng kaligayahan,

kapayapaan at kapanatagan. Ang Sugo ni Allah (saws) ay nahirati nang nalulugod na marinig ang Qur'an habang ito ay dinadalit ng isa sa kanyang maringal na Kasamahan.

Marapat kang magbahagi ng ilang minuto sa araw-araw, na iyong mapakinggan ang teyp (o nairekord) na pagdalit ng Qur'an. Ang ingay na iyong napapakinggan sa mga lansangan, sa trabaho, o sa opisina ay katiyakan na nakakapagdulot sa iyo ng pagkainis, kaya't huminto at magpahinga upang mabigyan mo ang iyong sarili ng kaginhawahan sa pamamagitan ng pagbasa sa Aklat ng iyong Panginoon:

﴾Sila na sumasampalataya [sa Kaisahan ni Allah], at sa kanilang puso ay nakadarama ng katiwasayan sa pag-aala-ala kay Allah, katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakakasumpong ng kapahingahan!﴿ *(Qur'an 13: 28)*

Ang sumusunod ay isinalaysay sa isang mapapanaligang *hadith*:

"*Ang Sugo ni Allah (saws) ay nag-utos kay Ibn Mas'ood na basahin ang* Ang Kabanata ng Kababaihan *mula sa Qur'an. Binasa niya ito hanggang ang luha ng Propeta ay nagsimulang gumulong sa kanyang pisngi; matapos, ang Propeta ay nagsabi*: '*Ito ay sapat na para sa iyo (alalaong baga, maaari ka na ngayong huminto sa pagbasa).*' "

﴾Ipagbadya: 'Katiyakan, kung ang sangkatauhan at mga Jinn ay magsama-sama upang makagawa ng katulad nitong Qur'an, sila ay hindi makagagawa ng katulad nito, kahit na sila ay magtulungan sa isa't isa.﴿ *(Qur'an 17: 88)*

﴾At kung Aming ipinanaog ang Qur'an sa [ibabaw ng] bundok, katotohanang iyong mapagmamasdan ito [bundok] na nangangayupapa [naaaba] at nalalansag sa pagkabiyak dahilan sa pangamba kay Allah.﴿ *(Qur'an 59: 21)*

Ang pang-araw-araw na takbo ng buhay ay kadalasang naghahantong sa sinuman sa daan ng kawalang-damdamin, kung saan ang sinuman ay walang minamahalaga maliban sa pagkain at pagtulog, at samakatuwid ay nagbababa sa sinuman sa antas ng mga hayop. Datapuwa't kung sinuman ang magbalik sa mga salita ng kanyang Panginoon, siya ay makadarama ng kaginhawahan at kapayapaan.

Mahalaga na bigyang diin dito, na ang mga salita ni Allah, at hindi ang musika, ang nakapagbibigay ng kapayapaan sa isang tao. Ang musika ay isang mumurahin at ipinagbabawal na pamalit o kahalili. Nasa sa atin ang bagay na higit na mainam, na dahil sa gayon, ang Sugo ni Allah (saws) ay dumating:

﴾Ang kasinungalingan [kabulaanan] ay hindi sasanib dito [Qur'an], maging sa harapan o likuran nito. Ito ay ipinadala ng Isang Tigib ng Karunungan, ng Isang Karapat-dapat sa lahat ng Pagpupuri.﴿

*(Qur'an 41: 42)*

﴾... Mapagmamalas mo ang kanilang mga mata na binabalungan ng luha dahilan sa katotohanan na kanilang napagkilala.﴿ *(Qur'an 5: 83)*

At kung tungkol sa musika, mga hangal lamang ang nakakatagpo ng kapayapaan dito:

﴾At mayroon sa mga tao ang bumibili ng walang kabuluhang pag-uusap [alalaong baga, ang musika at pagkanta] upang iligaw [ang iba] sa Landas ni Allah ng walang kaalaman...﴿ *(Qur'an 31: 6)*

## *Ang bawat isa ay naghahanap ng kaligayahan, nguni't ...*

Kakaunti lamang yaong napatnubayan sa landas na tunay na humahantong sa kaligayahan. Tungkol doon at sa iba pang landas, mayroong tatlong puntos para sa iyo upang magmuni-muni:

Sinuman ang hindi gumawa na ang pagkalugod ni Allah ang kanyang pangunahing pagkakaabalahan sa buhay ay mauuwi sa huli sa kawalan:

﴾Sila ay unti-unti Naming sasakmalin ng kaparusahan sa paraang hindi nila napag-aakala.﴿ *(Qur'an 7: 182)*

Upang matamo ang kaligayahan, ang mga tao ay nagtatangka na sundin ang maraming masasalimuot at mapanlinlang na landas. Kakaunti (o wala) silang alam na ang higit na madaling landas ay nakahanda para sa kanila sa relihiyon ng Islam, - isang landas na maghahatid para sa kanila ng pinakamainam sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay.

﴾Datapuwa't kung kanilang isinagawa ang sa kanila ay ipinag-utos, ito ay higit na mainam sa kanila, at [ito] ay mabisa na magpapatatag sa kanilang [pananampalataya].﴿ *(Qur'an 4: 66)*

Lubhang maraming tao sa mundong ito ang nag-aakala na sila ay gumagawa ng mabuti (o mabuti ang kanilang kalagayan), datapuwa't sa katotohanan, sila ay nalulugi sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay, dahilan sa sila ay nagtalikod ng kanilang likod sa tunay na Relihiyon.

﴾At ang Salita ng iyong Panginoon ay natupad sa katotohanan at sa katarungan.﴿ *(Qur'an 6: 115)*

## *Maghanda sa masasamang panahon sa pagiging mapagpasalamat kung ang lahat ay mainam*

Manalangin o manikluhod nang madalas sa panahon ng kaginhawahan, kapayapaan, at kalusugan. Ang ilan sa mga pag-uugali ng nananampalataya ay yaong siya ay mapagpasalamat at may

matibay na pasya: kanyang pinatatalas ang busog bago niya pawalan ito mula sa pana, at siya ay bumabaling kay Allah bago pa siya ay dapuan ng kahirapan. Sa ganito, ang kabaligtaran ng nananampalataya ay kapwa ang napakasamang hindi nananampalataya at hindi mainam na Muslim.

﴾Kung ang ilang kahirapan ay dumatal sa tao, siya ay naninikluhod sa kanyang Panginoon, at bumabaling [lamang] sa Kanya sa pagsisisi; ngunit kung maigawad na Niya ang Kanyang paglingap sa kanya ay nakakalimutan na niya ang kanyang ipinanikluhod noong una, at siya ay nagtatambal ng iba pa [sa pagsamba] kay Allah...﴿ *(Qur'an 39: 8)*

Samakatuwid, kung tunay na nais nating maligtas, marapat na manatili tayong matimtiman sa pananalangin at pagpupuri kay Allah. Ang dahilan ng paninikluhod kay Allah sa panahon ng ginhawa, na katulad nang nabanggit ni Iman Al-Haleemee, ay upang papurihan si Allah, pasalamatan Siya, at upang kilalanin ang Kanyang maraming kagandahang-loob: at sa magkapanabay na panahon, ay upang humingi ng patnubay at tulong. Mahalaga rin na maghanap ng kapatawaran sa iyong mga pagkakamali (at pagkukulang): kahit na gaano ka pa magsikap, hindi mo ganap na matutupad ang mga karapatan ni Allah na nasa iyo. Kung ang sinuman ay nananatiling hindi sumusunod sa gayong mga karapatan sa panahong kung siya ay walang mga pagkabahala o kung siya ay nakadarama ng pagiging ligtas, siya ay nahuhulog sa kategorya niyaong mga binanggit sa talatang ito:

﴾At kung sila ay nakasakay sa barko, sila ay naninikluhod kay Allah, na [sila] ay matapat sa Kanya sa pananampalataya [alalaong baga, sa pananalig at pag-asa]. Datapuwa't kung sila ay maisadsad na Niya nang ligtas [sa tuyong] lupa, [pagmasdan], kapagkaraka, sila ay nag-aakibat ng iba pang [mga diyos] sa Kanya!﴿ *(Qur'an 29: 65)*

## *Ang Pagpapala laban sa Apoy*

Ang mga ahensiyang pambalita sa buong mundo ay nag-ulat sa pagpapatiwakal ng isang ministro ng Pransiya na nasa pamumuno ni Mitterand. Ang dahilan sa likod ng kanyang pagpapatiwakal ay sapagkat ang mga pahayagang Pranses ay nagtaguyod ng hindi nagbabawang pakikidigma sa pamamagitan ng pagbibigay-dumi (o paninirang-puri) sa kanyang pangalan at reputasyon. Dahilan sa siya ay hindi nakatagpo ng pananampalataya o santuwaryo na mapapananganan, o di kaya ay makukuhanan ng suporta, winasak niya ang kanyang sariling buhay.

Ang ganitong kahabag-habag na tao na humanap ng pagkalinga sa pagwasak sa kanyang sarili, ay hindi napatnubayan ng banal na patnubay na isinabuod sa sumusunod na talata:

﴾At huwag kang magdalamhati sa kanila [mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mga pagano], at huwag kang magkaroon ng lumbay dahilan sa kanilang binabalak.﴿ *(Qur'an 16: 127)*

﴾Sila [*Al-Fasiqun* o mga palasuway kay Allah at mapaghimagsik laban sa Kanyang kautusan] ay hindi makagagawa sa inyo ng kasahulan [kapinsalaan], maliban sa walang saysay na pang-iinis...﴿ *(Qur'an 3: 111)*

﴾At maging matiyaga ka [O' Muhammad] sa kanilang mga sinasabi, at lumayo ka sa kanila sa mabuting paraan.﴿ *(Qur'an 73: 10)*

Ito'y sa dahilang siya ay naliligaw at higit na malayo sa landas ng katotohanan.

﴾Sinumang dalhin ni Allah sa pagkaligaw, walang sinuman ang makakapamatnubay sa kanya...﴿ *(Qur'an 7: 186)*

Mayroong ilang nagmumungkahi, na ang bawat tao na api-apihan o nasa kalagayan ng kasawiang-palad ay marapat na

magpasyal o magpunta sa biyaheng pangkalikasan, makinig sa musika, mag-iskiing, o maglaro ng chess o backgammon.

Subalit ang mga tagasunod ng Islam ay nag-aangkin ng isang lunas na higit na mabisa: ito ay yaong maupo sa *Masjid* (bahay-dalanginan sa Islam) sa pagitan ng pagtawag ng dasal at sa aktuwal na pagsisimula ng dasal upang kanyang maala-ala si Allah at upang tumalima at maging kuntento sa maka-Diyos na pagtatakda. At ito ay may parehong kahalagahan na ang isa ay marapat na maglagay ng kanyang buong pagtitiwala kay Allah.

## *Hindi baga Aming binuksan ang iyong dibdib (O' Muhammad)?*

﴾Hindi baga Aming binuksan [ginawang maginhawa] ang iyong dibdib [O' Muhammad]?﴿ *(Qur'an 94: 1)*

Ito ang mga salita na pumanaog sa Propeta (saws), at ito ay naging lantad sa kanyang pag-uugali; ang kanyang isipan ay nasa kaginhawahan at siya ay nasa mataas na espiritu; siya ay may magandang pagtingin sa buhay at hinay-hinay sa kanyang mga gawain. Siya ay malapit sa puso ng mga tao sa kapita-pitagang paraan; bagama't siya ay malapit sa mga tao at palaging ngumingiti, laging nasa kanya ang damdamin ng dignidad at karangalan. Sa termino (o katawagan) ng pag-uugali, ang kanya ay ganap at hindi mapapantayan. Sa pagpapakita ng kanyang pagkapayak, siya ay nakikipaglaro sa mga bata, at bukas ang damdamin na tumatanggap sa panauhin. Sapagkat siya ay nananatiling masaya sa mga kagandahang-loob at pagpapala ni Allah, ang kawalang-pag-asa at kabiguan ay mga konsepto na tandisang malayo sa kanya. Sa halip, siya ay pumapabor sa magandang pagtingin sa buhay sa uri na angkop o nababagay. Ang nakakayamot sa kanya ay ang labis na pagpaparangalan, pagkukunwari at pagkamaluho. Madaling sabihin

na ang Propeta (saws) ang siyang buod ng lahat ng mga nabanggit na pag-uugali sa itaas nito. Siya ay maringal sa tunay na kahulugan ng ganitong salita sapagkat siya ang tagapagparating ng tunay na mensahe, at nagmamay-ari ng mga karangal-rangal na prinsipyo, ang huwaran at guro ng buong bayan o bansa, at lalaki (o tao) ng pamilya at lipunan, at ang nagtatangan ng maraming kabutihan.

Siya, sa maigsing pananalita, ay isang tao na napatnubayan sa lahat ng mabuti.

﴿... Kanyang niluwagan sila sa kanilang [mabibigat] na pasanin [sa pang-araw-araw na pagsasagawa ng pananampalataya], at sa mga tanikala [ng pananagutan] na nakaatang sa kanila [alalaong baga, ang mabigat na kautusan tungkol sa pagsisisi, kaparusahan o ganti, atbp.].﴾ *(Qur'an 7: 157)*

O sa ibang salita, siya ay:

﴿... Isang Habag sa *Aalamin* [sangkatauhan, mga Jinn, at lahat ng mga nilalang].﴾ *(Qur'an 21: 107)*

﴿... Bilang isang Saksi at Tagapaghatid ng Masayang Balita at Tagapagbabala, at bilang Tagapag-anyaya kay Allah, ayon sa Kanyang Kapahintulutan, at bilang isang nagluluningning [nagliliwanag] na ilaw.﴾ *(Qur'an 33: 45-46)*

Ang ilan sa mga bagay na sumasalungat sa Islam at sa mensahe nito na magaang sundin, ay ang kaluhuan ng *Khawaarij*, ang kahangalan at kapalaluan ng *Sufism* (Supismo), ang marubdob na pagmamahal ng mga makata, at ang labis na kahambugan ng mga sumasamba sa buhay na ito.

﴿At sa kapahintulutan ni Allah [sa pamamagitan ng Kanyang Biyaya] ay Kanyang pinatnubayan sa Katotohanan ang mga sumasampalataya tungkol sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan, sapagkat si

Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan sa Tuwid na Landas.﴿ *(Qur'an 2: 213)*

## *Isang mabuting buhay*

Isang Kanluraning mang-iisip ang nagsabi:

> "Ito ay pinakaposible (o lubhang maaari) sa iyo, na habang ikaw ay nasa likod ng mga baretang bakal, ay tuminging palabas sa ibabaw ng papawirin at sumamyo ng mga rosas. Ito rin ay sukdol na maaaring mangyari sa iyo na mapaloob sa isang kastilyo na batbat ng karangyaan at kaginhawahan, at gayunman, ay nagagalit at hindi kuntento sa iyong pamilya at kayamanan."

Samakatuwid, ang kaligayahan ay hindi napagpapasyahan ng panahon o ng lugar, bagkus, ay sa pananampalataya kay Allah at pagsunod sa Kanya, (ito ang) mga bagay (o gawa) na nakatanim (o nakaugat) sa puso ng tao. Ang puso ay may mas higit na naaabot na kahalagahan, sapagkat yaon ang lugar na tinitingnan at binubusisi ni Allah. Kapag ang pananampalataya ay nanahan sa kanyang sarili sa puso, ang kaligayahan at kapanatagan ay lalaganap kapwa sa puso at kaluluwa.

Si Ahmad ibn Hanbal ay isang kapita-pitagang iskolar o paham at isang mapanlikhang tagapagtipon ng *hadith*. Siya ay namuhay ng isang mabunga (o makabuluhang) buhay, gayunman, siya ay hindi mayaman: ang kanyang kasuutan ay may tagpi sa maraming bahagi at sa bawat panahon na ito ay muling napupunit, ito ay kanyang sinusulsihan. Siya ay nakatira sa tatlong silid na istraktura na gawa sa malagkit na putik, Kadalasan, ang lahat ng natatagpuan niya upang kainin ay isang piraso ng tinapay. At ang tagapagtala (ng kanyang talambuhay) ay bumanggit na siya ay may sapatos na kanyang suut-suot sa loob ng labimpitong taon at

kadalasan ay tinatagpian niya o sinusulsihan ito kung mayroong punit. Ang karne ay sasayad lamang sa kanyang pinggan minsan sa isang buwan, at kadalasan, sa maraming araw, siya ay nag-aayuno. Siya ay naglakbay sa maraming lupain upang maghanap ng *ahaadeeth* (maraming *hadith*). Gayunman, sa kabila ng lahat ng kahirapan na minarapat niyang tiisin, siya ay kuntento, maginhawa, tahimik at hindi nababalisa, mga katangian na nanggaling sa kanyang pagkamatatag, sa pagkabatid niya sa kanyang layunin at sa huling hantungan, sa kanyang paghanap ng gantimpala mula kay Allah, at sa kanyang pagsisikap tungo sa Kabilang Buhay at Paraiso.

Sa kabilang banda, ang mga namumuno sa kanyang panahon, tulad nina Al-Ma'moon, Al-Wathiq, Al-Mu'tasim at Al-Mutawakkil, silang lahat ay nakatira sa kastilyo. Sila ay nagmamay-ari ng mga tinggal ng ginto at pilak; ang isang buong sandatahan ay nasa kanilang pamamahala; nasa sa kanilang lahat ang kanilang ninanais. Sa kabila ng lahat ng kanilang materyal na kayamanan, sila ay namuhay sa kaguluhan at ginugol nila ang kanilang buhay sa pagkabagabag at pagkabalisa. Ang mga digmaan, mga pag-aalsa at mga paghihimagsik ay naghatid sa kanila ng kahirapan. Sa mga tala ng kasaysayan, ating matatagpuan na ang karamihan sa kanila ay may kapaitan na nagpawalang-saysay sa mundo sa sandali ng kanilang kamatayan, na sa isang banda ay nakadama ng pagsisisi sa kanilang kaluhuan, at ng kanilang mga pagkakamali sa ibang panig.

Si Shayk ul-Islam Ibn Taymiyah ay isa pang halimbawa: kanyang ginugol ang kanyang panahon sa mundong ito na walang pamilya, walang lugar na matatawag na tahanan, walang kayamanan at walang hinahawakang puwesto. Siya ay mayroong isang silid na karatig ng sentral na *masjid*, isang hiwa (o piraso) ng tinapay upang kanyang matagalan ang maghapon at dalawang damit. Kung minsan, siya ay natutulog sa *masjid*. Subalit, gaya na nga nang nasabi niya sa kanyang kalagayan, ang kanyang paraiso ay nasa kanyang dibdib,

ang pagpatay sa kanya ay ang kanyang pagkamartir, ang pagkabilanggo ay ang mapayapang pag-iisa, at ang mapatapon sa labas ng kanyang bayan (o bansa) ay nangangahulugan ng paglalakbay sa labas bilang isang turista. Ang mga gayong sentimyento (o damdamin) ay marapat na manggaling lamang mula sa kanya, sapagkat ang puno ng pananampalataya sa kanyang puso ay mayroong matatag at siksik na mga ugat.

﴾... Na ang langis [nito] ay mangyayaring magpatuloy na mag-apoy [magningning] [mula sa sarili nito], bagama't walang apoy ang nagsisindi rito. Liwanag mula sa Liwanag! Si Allah ang namamatnubay sa Kanyang Liwanag sa sinumang Kanyang maibigan.﴿ *(Qur'an 24: 35)*

﴾... Ay papawiin Niya sa kanila ang kanilang mga kasalanan at pagdurusa at pag-iibayuhin Niya ang kanilang kalagayan na maging mainam.﴿ *(Qur'an 47: 2)*

﴾Datapuwa't sila na tumatanggap ng Patnubay, Kanyang pinag-iibayo ang kanilang Patnubay, at iginawad Niya sa kanila ang pagiging matimtiman at mapagtimpi [sa paggawa ng kasamaan].﴿ *(Qur'an 47: 17)*

﴾At mababanaag mo sa kanilang mukha ang kislap ng Kaligayahan.﴿ *(Qur'an 83: 24)*

Si Abu Dhar ay isang Kasamahan (ng Propeta) na kilala sa kanyang katamtamang pamumuhay. Kinuha niya ang kanyang asawa at mga anak, at siya ay lumisan sa lungsod at nanirahan sa isang ilang na lugar. Matapos na maitindig niya ang kanyang tolda, ang karamihan sa kanyang mga araw ay ginugol niya sa pagsamba, sa pagdalit ng Qur'an, at pagmumuni-muni. Sa maraming araw, siya ay nag-aayuno. Ang kanyang makamundong ari-arian ay kinabibilangan lamang ng isang tolda, ilang tupa, at ilan pang walang halagang

abubot. Ang ilang kaibigan ay minsang dumalaw sa kanya at sila ay nagtanong, "Nasaan ang mundo (alalaong baga, nasaan ang mga makamundong bagay na taglay ng iba)?" Siya ay nagsabi, "Nasa loob ng aking bahay ang lahat ng aking kinakailangan sa mundong ito, at ang Propeta (saws) ay nagbigay-alam sa atin, na sa harapan natin ay may isang hindi malalagpasang hadlang o balakid (alalaong baga, ang Araw ng Paghuhukom), at walang isa man ang makakatawid dito (nang ligtas) maliban sa kanya na may magaang pasan."

Sa kabila ng pamumuhay sa buhay ng paghihikahos, taglay niya ang lahat ng kanyang kailangan sa mundong ito. At tungkol sa mga kalabisang ari-arian, kanyang nadama na ang mga ito ay makapagliligaw sa kanya sa kanyang pangunahing layunin at ito ay makapagbibigay lamang sa kanya ng pagkabalisa.

## Ano kung gayon ang kaligayahan?

*"Mamuhay sa mundong ito na wari bang ikaw ay isang estranghero o isang manglalakbay na pansamantalang nakikiraan lamang."*

Ang kaligayahan ay wala sa kastilyo ni Abdul Malik ibn Marwan, o sa hukbo ni Haroon Ar-Rasheed, o sa mga mansiyon ni Ibn Jassas, o sa mga kayamanan ni Qaroon (Korah), o sa mga hardin ng rosas.

Ang lubos na kaligayahan at pagiging masaya ang kapalaran ng mga Kasamahan ng Propeta, bagama't sila ay mahirap at namuhay ng marahas na pamumuhay. Ang kaligayahan ay taglay ni Imam Bukhari sa kanyang katipunan ng *ahaadeeth* (maraming *hadith*), na kay Al-Hasan Al-Basri ang kanyang pagkamakatotoo, na kay Ash-Shafi'ee ang kanyang pangangatwiran, na kina Malik at Ahmad ang kanilang panloob na pagninilay-nilay at pagkakait sa sarili, at na kay Thaabit Al-Bannani ang kanyang pagsamba.

﴾Ito'y sa dahilang walang anumang [hirap] ng pagkauhaw o pagkapagal o pagkagutom tungo sa Kapakanan ni Allah, gayundin naman sila ay hindi tumatapak sa anumang lupain na magpapainit ng galit ng mga hindi sumasampalataya, gayundin naman ang anumang sakit o pahirap na kanilang naibigay tungo sa isang kaaway, maliban na ito ay masusulat [maituturing] sa kanila bilang isang gawa ng kabutihan. Katotohanang si Allah ay hindi magpapabaya na mawala ang gantimpala ng Muhsinun [mga tao na gumagawa ng mabuting gawa para sa Kapakanan ni Allah na walang pagpapakita upang mapansin o mapuri lamang ng iba].﴿ *(Qur'an 9: 120)*

Ang kaligayahan ay hindi isang tseke na ipinalit ng pera, o isang sasakyan na binili, o langis na hinigop (sa ilalim ng lupa).

Ang kaligayahan ay ang pagkaaliw o ginhawa na nanggaling mula sa katotohanan, isang kapayapaan ng isipan na natamo sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa malusog na mga prinsipyo, at ng kahinahunan na dumatal sa pamamagitan ng pamumuhay ng may kabutihan.

Lagi nating iniisip na kapag tayo ay bumili ng higit na malaking bagay, na may (angkin na) higit na maraming bagay, at bumili ng pinakabagong modelo ng kagamitan at makinang (pambahay) na nagpapaginhawa sa buhay, tayo ay magiging masaya at nagagalak. At matapos, tayo ay nagugulat kung ating matagpuan na ang mga bagay na ito pala ang siyang sanhi ng pagkabalisa, pagkabagabag, at kaguluhan sa ating buhay.

﴾At huwag mong palampasin ang iyong mga mata [sa pagnanasa] tungo sa mga bagay na Aming binigyan ng kasayahan sa [ilang] pangkat nila [sila na hindi sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah at mapagsamba sa mga diyus-diyosan], [ito ay isa lamang] karilagan ng makamundong buhay na sa pamamagitan nito ay Aming sinubukan sila.﴿ *(Qur'an 20: 131)*

Ang pinakadakilang tagapagbago sa mundo ay ang Sugo ng patnubay, si Muhammad (saws). Kung tungkol sa pananalapi, siya ay maralita; sa maraming oras, hindi man lamang siya makatagpo ng isang hukay ng datiles na makatitighaw sa kanyang pagkagutom. Kahit na hindi isaalang-alang ang ganitong kahirapan, siya ay namuhay ng buhay ng pagpapala at panloob na kapayapaan na hindi mapapantayan ang antas, na ang hangganan o lawak nito ay walang nakababatid maliban kay Allah, ang Kataas-taasan.

﴾At Aming pinawi sa iyo ang pasan mong hirap, na nagpapabigat sa iyong likuran?﴿ *(Qur'an 94: 2-3)*

﴾At Laging Dakila ang Biyaya ni Allah sa iyo [O' Muhammad].﴿ *(Qur'an 4: 113)*

﴾Si Allah ang higit na nakakaalam kung kanino Niya ibibigay ang Kanyang Mensahe.﴿ *(Qur'an 6: 124)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi sa isang mapapanaligang *hadith*:

"*Ang kasalanan ay kung ano ang nakakaapekto (at nagpapatagal-tagal o nagpapatayung-tayong sa loob) ng puso at kung ano ang kinamumuhian mo na matuklasan ng tao tungkol sa iyo. At ang pagsasagawa ng mabubuting gawa ay kung ano ang katiwasayang nararamdaman (at kinasisiyahan) ng puso at kaluluwa.*"

Ang pagiging matuwid ay kapwa nagpapahinahon sa konsiyensya at kaluluwa. Ang Propeta ay nagsabi:

"*Ang pagsasagawa ng mabubuting gawa ay katiwasayan samantalang ang paggawa ng mga kasalanan ay kawalang-katiyakan.*"

Ang mapaggawa ng mabuti ay lagi nang nasa kapayapaan at ang makasalanan ay lagi nang maingat at mapaghinala sa anumang nangyayari sa kanyang paligid.

﴾Sila ay nag-aakala na ang bawat panambitan ay laban sa kanila.﴿ *(Qur'an 63: 4)*

Ang mapaggawa ng kamalian ay nagdaranas ng pagkabalisa tungo sa paghihinala at sa huli ay tungo sa kawalan ng tiwala (at maling hinagap).

> "Kung sinuman ang gumawa ng masama, siya ay nakadarama ng paghihinala, at siya ay maniniwala kung anuman ang kanyang hinihinagap at ginuguni-guni."

Ang solusyon sa sinuman na naghahanap ng kaligayahan ay maliwanag na nakasandig sa paggawa ng mabuti at pag-iwas sa masama.

﴾Sila na nananampalataya [sa Kaisahan ni Allah at wala ng sinasamba na iba pa maliban sa Kanya] at hindi inihahalo ang kalituhan sa kanilang paniniwala ng may kamalian [alalaong baga, ang pagsamba sa iba pa maliban kay Allah], sa kanila [lamang] ang kapanatagan at sila ay napapatnubayan.﴿ *(Qur'an 6: 82)*

Sa pagiging isang Muslim na may malusog na espiritu, ito ay higit na mainam kaysa ang matamo ang mga kaharian nina Khosrau at Caesar, sapagkat ang iyong relihiyon ang mananatili sa iyo hanggang sa ikaw ay makapanahan sa Halamanan ng Paraiso. At tungkol sa kapangyarihan at posisyon, ito ay wala ng iba maliban na pansamantala at madaling lumipas (lamang).

﴾Katotohanang Kami ang magmamana sa kalupaan at anumang naroroon, at sa Amin ang kanilang pagbabalik.﴿ *(Qur'an 19: 40)*

## *Sa Kanya pumapanhik ang mabubuting salita*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagturo sa kanyang mga Kasamahan ng marami at magagandang panalangin, mga panalangin

na maiigsi sa haba datapuwa't higit na nakararating ang mga pahiwatig.

Si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagtanong sa Propeta (saws) na turuan siya ng isang panalangin, at siya ay sumagot:

"*Sabihin*: '*O' aking Panginoon, katotohanang lubha kong iniligaw ang aking sarili sa kamalian, at walang ibang makapagpapatawad ng mga kasalanan maliban sa Inyo. Kaya't patawarin Ninyo ako ng Inyong pagpapatawad at Kahabagan ako, sapagkat katotohanang Kayo ang Malimit na Nagpapatawad, ang Pinakamahahabagin.*' "

Ang Propeta (saws) ay nagsabi kay 'Abbaas (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

"*Humingi (ka) kay Allah ng pagpapatawad at mabuting kalusugan.*"

At kanyang sinabi kay Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

"*Sabihin*: '*O' Allah, patnubayan (Ninyo) ako at ihantong ako (sa matuwid na landas).*' "

Siya (saws) ay nagsabi kay Ubayd ibn Husayn (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

"*Sabihin*: '*O' Allah, bigyan (Ninyo) ako ng inspirasyon sa tamang patnubay at pangalagaan ako sa mga kasamaan ng aking sarili.*' "

Siya (saws) ay nagturo kay Shaddad ibn Aws (nawa'y kalugdan siya ni Allah) na sabihin:

"*O' Allah, hinihingi ko sa Inyo na gawin akong matimtiman tungkol sa bagay (ng Relihiyon), na matatag sa tamang patnubay, na mapagpasalamat sa Inyong pagpapala, at masigasig sa pagsamba sa Inyo, at hinihingi ko sa Inyo, O' Allah, na gawing malusog ang aking puso, na makatotohanan ang aking dila, at hinihingi ko sa Inyo ang kabutihan na Inyong nababatid. Ako ay nagpapakalinga sa Inyo*

*sa kasamaan na (roon) ay mayroon Kayong ganap na kaalaman, at hinihingi ko ang Inyong pagpapatawad sa bagay na (ganap) Ninyong batid. Katotohanang Kayo ang Nakakaalam ng lahat ng nalilingid na bagay.*"

At tinuruan niya si Mu'aadh (nawa'y kalugdan siya ni Allah) na sabihin:

"*O' Allah, tulungan Ninyo ako na alalahanin Kayo, na pasalamatan Kayo, at ang sambahin Kayo ng buong kagalingan.*"

Tayo ay marapat na humingi ng Pagkalugod ni Allah at para sa Kanyang Habag sa Kabilang Buhay, ating panalanginan si Allah na iligtas tayo sa Kanyang poot at kaparusahan, at tayo ay humingi sa Kanya ng tulong tungo sa pagsamba sa Kanya at pagpapasalamat sa Kanya, - ito ang ilan sa mga higit na namumukod na tema na binigyang-diin sa mga naunang panalangin. Tungkol sa mga ganitong tema, mayroong isang nakapagbubuklod o pangkaraniwang dahilan: na marapat tayong humanap kung ano ang na kay Allah at bumaling na palayo kung ano ang nasa mundong ito, sa ibang salita, na marapat tayo na huwag maging ganid sa mga materyal na bagay, na sa pinaka-kalikasan nito ay madaling mapawi.

## *Ganito ang Pagdaklot (Pagpaparusa) ng iyong Panginoon*

﴾Ganito ang Pagdaklot [Pagpaparusa] ng iyong Panginoon, nang Kanyang sakmalin [ang pamayanan] ng mga bayan habang sila ay gumagawa ng kamalian.﴿ *(Qur'an 11: 102)*

Ang sinuman ay magiging malungkot at sawing-palad sa iba't ibang kadahilanan; ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga ito: ang gumawa ng kamalian (o kasalanan) sa iba, ang kamkamin ang kanilang mga karapatan, ang saktan ang mga kimi sa lipon ng

sangkatauhan. Ang ilan sa matatalino ay nakagawian nang magsabi:

> "Katakutan siya na hindi makatagpo ng katulong laban sa iyo (sa iyong kamalian) maliban kay Allah."

Ang kasaysayan ng mga bansa (bayan) ay nag-iwan sa atin ng matitinding halimbawa kung ano ang nakalaan (o mangyayari) sa mapang-api. Narito ang kaso ni Aamir ibn Tufayl na nagpakana na patayin ang Propeta (saws), na dahil dito (ang Propeta) ay nanalangin (kay Allah) laban sa kanya. Karaka-raka, si Aamir ay dinapuan ng sakit ng lumaking glandula, at makaraan ang isang oras ng paghiyaw at pamimilipit sa sakit, siya ay namatay sa napakakirot na kamatayan.

Si Arbad ibn Qays ay ganap na kahabag-habag sa pagkakaroon ng katulad na plano, at ang Propeta (saws) ay nanalangin din ng gayon laban sa kanya. Si Allah ay nagpapanaog ng kidlat kay Arbad, na sumunog sa kanya at sa kanyang sasakyang hayop.

Ilang sandali pa bago kitlan ng hininga ni Al-Hajjaj si Sa'eed ibn Jubayr (nawa'y kalugdan siya ni Allah), ang huli ay nanalangin at nagsabi, "O' Allah, huwag Ninyo siyang bigyan ng lakas na higit sa kaninuman matapos ang sa akin." Si Al-Hajjaj ay dinapuan (nagkaroon) ng nana sa kanyang kamay, na kagyat na kumalat sa kanyang buong katawan. Siya ay nakaranas ng matinding kirot at nagsimulang siyang umungol at humalinghing na tulad ng isang baka, hanggang sa wakas, siya ay namatay sa kalunus-lunos na kalagayan.

Si Sufyan Ath-Thawri ay nagtago sa ilang panahon sanhi ng mga banta mula kay Abu Ja'far Al-Mansoor. Si Abu Ja'far ay pumatungo sa Ka'bah sa Makkah habang si Sufyan (naman) ay nandoon na sa loob ng presinto ng Ka'bah. Siya (Sufyan) ay kumapit sa kurtina ng edipisyo (gusali) at marubdob na nagdasal kay Allah na huwag payagan si Abu Ja'far na makapasok sa Kanyang bahay. Si

Abu Ja'far ay namatay bago siya makarating sa labas ng hanggahan ng Makkah.

Si Ahmad ibn Abi Du'aad al-Qadi Al-Mu'tazili ay nakibahagi sa pagdudulot ng kapinsalaan kay Imam Ahmad ibn Hanbal. Si Imam Ahmad ay nagdasal laban sa kanya, kaya't pinarusahan ni Allah si Ibn Abi Du'aad nang gawin Niya na maging paralisado ang isang bahagi ng kanyang katawan. Pagkatapos nito, siya (Ahmad ibn Abi) ay narinig na kanyang sinabi ito:

> "At tungkol sa kalahati ng aking katawan, kung ang isang langaw ay dumapo sa anumang bahagi nito, aking nararamdaman na ang Araw ng Paghuhukom ay nagsimula na. At tungkol sa isang pang kalahati, kung ito ay pagpuputul-putulin sa maraming piraso sa pamamagitan ng gunting, ako ay hindi makakaramdam ng anuman."

Si Imam Ahmad na lubhang binigyan ng kamalian at pininsala sa ilang panahon, ay nagdasal din sa isa pa sa mga nagkasala sa kanya, si Ali ibn Zayyat. Kaunting panahon lamang ang lumipas at may isa na nagpahirap at pumatay kay Ibn Zayyat sa pamamagitan ng paglalagay sa kanya sa loob ng pugon at sa pagmamartilyo ng mga pako sa kanyang ulo.

Sa panahon ng pamamahala ni Jamal Abdul Nasir, si Hamza Al-Basyounee ay nagpahirap ng maraming Muslim sa loob ng bilangguan. Siya ay buktot na nanuya, "Nasaan ang inyong Panginoon upang Siya ay aking mailagay sa bakal?" Higit na Mataas si Allah sa anumang sinasabi ng mapang-api! Isang trak ang bumangga sa sasakyan ni Hamza at pumatay sa kanya, at higit pang angkop, ang trak ay may lulang mga bareta ng bakal. Ang isang bareta ng bakal ay pumasok sa kanyang katawan mula sa ibabaw ng kanyang ulo at tumagos ito hanggang sa kanyang bituka (patungong puwitan). Ang pangkat na sumaklolo ay hindi nagawang mahugot siya sa kanyang sasakyan maliban na siya ay gutay-gutay.

﴾At siya [Fir'aun o Paraon] ay [lubhang] mapagmataas sa kalupaan, siya at ang kanyang mga sundalo ng walang karapatan, at sila ay nag-akala na sila ay hindi magbabalik sa Amin!﴿ *(Qur'an 28: 39)*

﴾At sila ay nagsabi: 'Sino ang higit na makapangyarihan sa amin sa lakas?' Hindi baga nila napagmamalas na si Allah na Siyang lumikha sa kanila ay higit na makapangyarihan sa lakas kaysa sa kanila?﴿ *(Qur'an 41: 15)*

Gayundin ang naging kaso ni Salah Nasr, na siyang heneral ni Abdul Naasir at kilala sa pagsasakatuparan ng kasamaan at pang-aapi sa buong kalupaan. Siya ay nagkasakit ng sampung makikirot at walang humpay na karamdaman. Siya ay nabuhay sa maraming taon sa kahirapan at ang mga manggamot ay hindi makatagpo ng lunas para sa kanya. Sa huli, siya ay namatay na kahiya-hiya bilang isang bilanggo sa bilangguan na rin ng mga pinuno na dati niyang pinagsilbihan.

﴾At [silang lahat] na nagmalabis sa mga pamayanan [sa pagsuway kay Allah], at nagsagawa rito ng napakaraming kabuktutan, kaya't ang iyong Panginoon ay naggawad sa kanila ng iba't ibang uri ng matinding kaparusahan.﴿ *(Qur'an 89: 11-13)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Katotohanan, si Allah ay nagpapahaba sa buhay ng isang mapang-api, hanggang nang Kanyang kunin siya, dito ay walang matatakasan.*"

At siya (saws) ay nagsabi rin:

"*Mag-ingat sa panalangin ng isang naaapi, sapagkat katotohanan, sa pagitan nito at ni Allah, ay walang lambong (o harang).*"

## *Ang panalangin ng ginawan ng kapinsalaan (pinagkasalahan)*

Si Ibraheem At-Tamimi ay minsang nagsabi:

> "Kung ang isang tao ay nagkasala sa akin, siya ay aking ginagantihan ng isang gawa ng habag."

Nang ang ilang salapi ay ninakaw mula sa isang matuwid na tao na naninirahan sa Khurasaan, siya ay nagsimulang manangis. Si Fu'dayl na nakakita sa kanya sa gayong kalagayan ay nagtanong, "Bakit ka umiiyak?" Siya ay sumagot, "Aking naala-ala na si Allah ay magtitipon sa akin at sa magnanakaw sa Araw ng Paghuhukom, at ako ay napaiyak, na nakadarama ng pagkaawa sa kanya."

Isang tao ang nanirang-puri sa isang iskolar sa mga unang henerasyon ng Islam. (Sa kabila nito), bilang ganti, ang iskolar ay nagbigay sa kanya ng regalo ng datiles (dates), at ng malaunan nang siya ay tanungin tungkol sa regalo, siya (tao) ay nagsabi:

> "Sapagkat siya ay gumawa ng kabutihan sa akin [alalaong baga, sa Araw ng Paghuhukom, ang tao ay marapat na magbigay sa kanya (iskolar) ng ilan sa kanyang mabubuting gawa, o kunin mula sa kanya (iskolar) ang ilan sa kanyang masasamang gawa]."

## *Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang mabuting kaibigan*

Ang bawat Muslim ay nangangailangan ng isang matulungin, at mapagmahal na kapatid, - na mababalingan, upang ibahagi ang mga kasayahan at paghihirap, at upang suklian ang pagmamahal.

﴾At Inyong gawaran ako ng isang ministro [alalaong baga, makakatulong para sa gawaing ispiritwal] mula sa aking pamilya, si

Aaron [Haroon], ang aking kapatid na lalaki, dagdagan Ninyo ang aking tatag at lakas sa pamamagitan niya, at hayaan na siya ay makihati sa aking tungkulin [sa pagpaparating ng Mensahe ni Allah at Pagkapropeta], upang aming maipagbunyi ang pagpupuri sa Inyo ng walang maliw, at higit namin Kayong alalahanin [nang hindi nagsasawa].﴿ *(Qur'an 20: 29-34)*

﴾Sila ay *Auliya* [kaibigan, tagapangalaga, katulong] lamang sa bawat isa sa kanilang lipon.﴿ *(Qur'an 5: 51)*

﴾Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga tao na nakikipaglaban dahil sa Kanyang Kapakanan nang sama-sama [nagkakaisa], na tila bang sila ay matitibay na moog na nasesementuhan.﴿ *(Qur'an 61: 4)*

﴾At Kanyang pinag-isa ang kanilang [mga nananampalataya] puso [upang maging malapit sila sa isa't isa sa pagmamahalan, pagtutulungan at pagkakapatiran].﴿ *(Qur'an 8: 63)*

﴾Katotohanan, ang mga sumasampalataya ay wala ng iba maliban na isang pagkakapatiran [sa Pananampalatayang Islam].﴿

*(Qur'an 49: 10)*

Ang paksa na ating tinatalakay ngayon ay naaangkop sa pamagat na paksa ng aklat na ito sapagkat ang pagkakaroon ng isang mabuti at mapagkakatiwalaang kasama ay naghahatid ng tuwa sa puso. Ang Propeta (saws) ay nagsalaysay na si Allah ay nagwika:

"*Nasaan sila na nagmamahalan sa isa't isa dahil sa Aking Kataasan (alalaong baga, nagmamahal sa isa't isa alang-alang kay Allah)? Sa araw na ito, Ako ay magkakaloob sa kanila ng lilim mula sa Aking lilim, - ang araw na walang anumang lilim maliban sa Aking lilim.*"

## Sa Islam, ang seguridad ay kinakailangan

﴾... At para sa kanila [lamang] ang kapanatagan at sila ay napapatnubayan.﴿ *(Qur'an 6: 82)*

﴾[Siya] na nagkakaloob sa kanila ng pagkain laban sa pagkagutom at katiwasayan [laban sa anumang panganib].﴿ *(Qur'an 106: 4)*

﴾Hindi baga Namin itinindig para sa kanila ang isang ligtas na Santuwaryo [Makkah]...﴿ *(Qur'an 28: 57)*

﴾... Sinuman ang pumasok dito, siya ay magkakamit ng kapanatagan.﴿ *(Qur'an 3: 97)*

﴾... Kung gayon, [iyong] gawaran siya ng pangangalaga...﴿ *(Qur'an 9: 6)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Sinuman ang nanatili sa gabi sa kanyang tahanan nang ligtas, ng may malusog na katawan at sapat na ikabubuhay para sa kanyang maghapon, ito ay wari bang katulad ng: na kanilang nakamtan ang mundo sa kabuuan nito.*"

Ang seguridad ng puso ay ang pananalig at katiyakan na maalaman ang katotohanan. Ang seguridad ng tahanan ay ang kalayaan nito sa kahihiyan at pagkalihis, at ang pagiging hitik nito sa kapanatagan at Maka-Diyos na patnubay. Ang seguridad ng ating bansa (bayan) ay yaong nagkakaisa ito sa pag-ibig, na itinatag sa ibabaw ng katarungan, at ang pagsasakatuparan nito ng *Shari'ah*. At ang pagkatakot ay siyang kaaway ng seguridad:

﴾Kaya't karaka-rakang umalis siya roon na tumitingin sa palibut-libot na nangangamba...﴿ *(Qur'an 28: 21)*

﴾Kaya't sila ay huwag ninyong pangambahan, datapuwa't Ako ay inyong pangambahan.﴿ *(Qur'an 5: 3)*

Batay sa binabanggit sa itaas na mga kategorya ng seguridad, walang tunay na kapayapaan at seguridad para sa kanya na nasisindak, o para sa hindi nananampalataya.

Sa (Ngalan) ni Allah, gaano kahabag-habag ang buhay sa mundong ito! Kung ikaw ay masagana sa isang tapyas ng iyong buhay, ikaw ay tiyak na may kahirapan sa ibang bahagi. Kung ang kayamanan ay dumating sa isang kamay, ang karamdaman ay darating sa kabila. Kung ang iyong katawan ay malusog, ang ilang anyo ng kahirapan ay titindig. Ang kung ang lahat-lahat ay wari bang gumaganda at sa wakas ay nakadarama ka na ng pandama ng katatagan, ikaw ay nakahanda na para ilagay sa loob ng kabaong.

Isang makata na may pangalang Al-A'shaa mula sa Najd, ay pumatungo sa Propeta (saws) upang papurihan siya ng mga talata ng tulain at upang tanggapin ang Islam. Siya ay nasalubong ni Abu Sufyan sa daan at nag-alok sa kanya ng isang daang kamelyo upang hadlangan na ipagpatuloy niya ang kanyang misyon at siya ay umuwi na lamang ng bahay. Tinanggap niya ang alok at siya ay pumalaot na kasama ang mga kamelyo. Upang siya ay makapaglakbay na pabalik, siya ay sumakay sa isa sa mga kamelyo, nguni't kapagdaka ito ay naging mabalasik na nagwawala at siya ay inihulog nito, na naging sanhi na mabagok ang kanyang ulo, at dahil sa puwersa nito, ang kanyang leeg ay lumagutok at siya ay namatay. Siya ay lumisan sa mundong ito na walang natamo kahit na ang pangrelihiyon o makamundong pakinabang.

## *Panandaliang kabantugan*

Ang kaligayahan, kung ito ay tunay na uri, ay marapat na tuluy-tuloy sa pananatili at kumpleto sa kanyang kalakasan. Sa katawagan na ito (ang kaligayahan), ay palaging presente o nananatili, (at) para sa akin, ay nangangahulugan na ito kailanman ay

hindi marapat na maabala o masagkaan ng pagkabalisa, at ito ay marapat na mamalagi para sa iisa, kapwa sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Ang pagiging ganap o pagkakumpleto nito ay matatamo kung ito ay hindi masisira o mababawasan sa pamamagitan ng mga kaguluhan o pagkabalisa.

Si An-Nu'maan ibn Al-Mundhir, na siyang hari ng Iraq ay umupo sa ilalim ng punongkahoy upang magpahingalay at uminom ng alkohol. Tinawag niya si Adee ibn Zayd, isang matalinong tao, na pumaroon sa kanya at pagpayuhan siya. Si Adee ay nagsabi, "O' Hari, alam mo ba kung ano ang sinasabi ng punongkahoy na ito?" Ang Hari ay nagsabi, "Hindi, ano ba ang sinasabi nito?" Si Adee ay tumugon:

> "Maraming tao ang naghahanap na makapagpahinga sa aking paligid, upang uminom ng alak na nahahaluan ng dalisay na tubig, hindi nagtagal, ang panahon ay nagsimula nang makipaglaro sa kanila (alalaong baga, ang ilang kapinsalaan ay sumapit sa kanila), at gayon ang panahon: lagi nang nagbabago mula sa isang kalagayan (tungo) sa ibang (kalagayan)."

Ang mapahirapan sa pamamagitan ng kahihinatnan na inilarawan sa kanya, ang hari ay nagkaroon ng sama ng loob; siya ay tumalikod sa pag-inom (ng alak) at nananatili siyang nasa kahirapan hanggang sa siya ay mamatay.

Habang ang Shah ng Iran ay nagdiriwang sa pagsapit ng ikadalawang libo at limangdaang taon mula nang itatag ang Persianong Imperyo, siya ay nagsimulang gumawa ng mga balakin sa pagpapalawak ng nasasakupan ng kanyang kapangyarihan sa kalupaan na labas sa kanyang pamamahala. Hindi nagtagal, sa kurap lamang ng isang mata, siya ay kaagad na naiguho sa kanyang kapangyarihan:

﴾Kayo [Allah] ang nagkakaloob ng kaharian sa sinumang Inyong maibigan, at Kayo ang bumabawi sa kaharian sa sinumang Inyong maibigan.﴿ *(Qur'an 3: 26)*

Siya na tinutugis sa kanyang kastilyo at sa kanyang mundo, siya ay napatapon sa malayong bayan at namatay. Walang sinuman ang nagbubo ng luha sa kanya.

﴾Gaano karaming halamanan at mga batis ang maiiwan [ng mga tao ni Paraon]? At mga bukirin ng mais at mabubuting lugar, at mga kaaliwan ng buhay na labis nilang kinatutuwaan!﴿

*(Qur'an 44: 25-27)*

Ang magkatulad na kaso ay yaong kay Chaucesco, ang dating pangulo ng Romania. Siya ay namuno sa loob ng dalawampu't dalawang taon, at siya ay mayroong 70,000 personal na guwardiya. Nguni't sa huli, yaon ding sarili niyang mga tao ang pumalibot sa kanyang kastilyo. Kanilang piniraso ang kanyang katawan sa maraming bahagi nito.

﴾At siya ay wala ni isa mang pangkat upang tulungan siya laban kay Allah, gayundin, siya ay hindi kabilang sa kanila na maipagtatanggol ang kanilang sarili.﴿ *(Qur'an 28: 81)*

Kaya't siya ay namatay na walang anumang maipapakita sa kanyang mahabang pamamahala: walang anumang mga makamundong bagay ang nadala niya at walang hinaharap na tagumpay sa Kabilang Buhay.

Ang isa pang halimbawa ay ang dating pinuno ng Pilipinas na si Marcos. Siya ay nagtipon ng kayamanan at kapangyarihan para sa kanyang sarili habang nagbubunton ng kahirapan sa kanyang mamamayan. Dahil dito, ginawa ni Allah na kanyang madama ang katulad na kahirapan sapagkat siya ay napatalsik sa kanyang bansa, (gayundin) ang kanyang pamilya, at kanyang kapangyarihan. (Dahil)

walang santuwaryo na kanyang mababalingan, siya ay namatay na kahiya-hiya: maging ang sarili niyang mga tao ay tumanggi na mailibing siya sa Pilipinas.

﴾Hindi baga Niya pinapangyaring mabigo ang kanilang [masamang] balak?﴿ *(Qur'an 105: 2)*

﴾Datapuwa't sinakmal siya [Paraon] ni Allah ng kaparusahan, dahil sa kanyang huli at unang ginawa na paglabag. [Ang huli, alalaong baga, ang kanyang pagsasabi ng: 'Ako ang inyong panginoon, ang kataas-taasan.' Ang una, alalaong baga, ang kanyang pagsasabi ng: 'O' mga pinuno! Wala akong alam na mayroon pa kayong isang diyos maliban sa akin.'].﴿ *(Qur'an 79: 25)*

﴾At ang bawat isa sa kanila ay Aming sinakmal [ng kaparusahan] dahil sa kanilang kabuktutan.﴿ *(Qur'an 29: 40)*

## *Ang pagsasagawa ng matutuwid na gawa ay siyang korona sa ulo ng isang maligayang buhay*

Upang makamtan ang kaligayahan at kapayapaan, ikaw ay marapat na nagmula sa mga gumagawa ng matutuwid at magagandang gawa. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Magsumikap tungo sa bagay na magbibigay ng pakinabang sa iyo at humingi ng tulong mula kay Allah.*"

Isang Kasamahan ng Propeta Muhammad (saws) ang humiling na maging isa sa kanyang Kasamahan sa Paraiso. Siya (saws) ay tumugon:

"*Tulungan mo ako upang matulungan kita sa pamamagitan ng madalas na pagpapatirapa, sapagkat si Allah ay magtataas sa iyo ng*

*isang antas sa bawat pagpapatirapa na iyong ginagawa para sa Kanya."*

Ang isa pang Kasamahan ay humiling sa Propeta (saws) na ipaalam sa kanya ang isang gawa na malawak na nasasakop ng maraming kabutihan. Siya (saws) ay nagsabi sa kanya:

*"Na ang iyong dila ay marapat na manatiling namamasa-masa sa pag-aala-ala kay Allah."*

Bilang tugon sa pangatlo na naghahanap ng kabutihan, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Huwag sumpain (o tungayawin) ang iba, at huwag saktan ng iyong kamay ang iba. Kung sinuman ang tumungayaw sa iyo tungkol sa ilang bagay na nababatid niya tungkol sa iyo, huwag mo siyang tungayawin tungkol sa ilang bagay na nababatid mo tungkol sa kanya. At huwag maliitin ang anumang uri ng mabuting gawa, maging ang gayong gawa ay kinabibilangan ng pagbubuhos ng kaunting tubig mula sa iyong timba (tungo) sa sisidlan ng isang naghahanap ng maiinom."*

﴾At maging maagap sa pag-uunahan [magmadali] tungo sa kapatawaran ni Allah, at sa Paraiso na kasinglawak ng kalangitan at ng kalupaan...﴿ *(Qur'an 3: 133)*

﴾Katotohanang sila ay lagi nang maagap sa paggawa ng mabubuti...﴿ *(Qur'an 21: 90)*

﴾[At ang pangatlo] ay mga nangunguna [sa pagsunod sa mga kautusan ni Allah], sila ang mangunguna [sa pagpasok sa Paraiso].﴿ *(Qur'an 56: 10)*

﴾Sa gayon, hayaang magpaligsahan ang sinuman na naghahangad na makamtan ang kaligayahan [sa Paraiso].﴿ *(Qur'an 83: 26)*

Matapos na siya ay saksakin, at habang ang kanyang dugo ay tumitigis, si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi sa isang binata na kinakaladkad ang kanyang pang-ibabang saplot sa lupa, "O' anak ng aking kapatid, angatin mo ang iyong saplot, sapagkat ang paggawa ng gayon ay higit na matuwid at dalisay para sa iyong kasuutan." Kahit na siya ay nasa matinding kirot ng kamatayan, kanyang inanyayahan ang iba na gumawa ng mabuti!

﴾Sa sinuman sa inyo na nagpasyang tumahak nang pasulong [sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan], o magpaiwan sa likuran [sa pamamagitan ng paggawa ng kasamaan].﴿ *(Qur'an 74: 37)*

Katotohanan, ang kaligayahan ay hindi natatamo sa pamamagitan ng labis na pagtulog, sa paghahanap ng kaginhawahan, o sa pagiging salungat sa paggawa ng mabubuting gawa.

﴾Datapuwa't si Allah ay tutol na sila ay isugod, kaya't Kanyang ginawa na maiwan sila, at ito ang winika [sa kanila]: 'Maupo kayo na kasama ang mga nakaupo [sa kanilang tahanan].'﴿ *(Qur'an 9: 46)*

﴾At sila ay nagsabi: 'Huwag kayong magsitungo paharap sa init.'﴿ *(Qur'an 9: 81)*

﴾... Na nagsasabi sa kanilang kapatid kung sila ay naglalakbay sa kalupaan o lumalabas upang makidigma: 'Kung sila lamang ay nanatili sa amin, sila sana ay hindi nasawi o napatay?'﴿ *(Qur'an 3: 156)*

Tayo ay pinagbawalan na mahuli (o maiwanan) sa likuran kung ito ay tungkol sa paggawa ng mabubuting gawain:

﴾Ano ang nangyayari sa inyo, na nang kayo ay pagsabihan na pumaroon sa Kapakanan ni Allah [alalaong baga, sa Jihad o banal na pakikidigma para kay Allah], kayo ay mahigpit na kumakapit sa kalupaan?﴿ *(Qur'an 9: 38)*

﴾At katiyakang mayroon sa inyo ang magpapaiwan sa likuran [upang makaiwas na makipaglaban sa Kapakanan ni Allah].﴿ *(Qur'an 4: 72)*

﴾Datapuwa't kumapit siya sa kalupaan...﴿ *(Qur'an 7: 176)*

﴾Hindi man lamang ako nagkaroon ng kakayahan na tulad ng uwak!﴿ *(Qur'an 5: 31)*

﴾Ito'y sa dahilang higit na minahal [at ninais nila] ang buhay sa mundong ito nang higit sa Kabilang Buhay.﴿ *(Qur'an 16: 107)*

﴾At huwag kayong makipagtalo [sa isa't isa], baka kayo ay mawalan ng tapang at ang inyong lakas ay mapalis.﴿ *(Qur'an 8: 46)*

﴾At kung sila ay magsitindig para sa pagdarasal, sila ay tumitindig ng may katamaran...﴿ *(Qur'an 4: 142)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*O' Allah, ako ay nagpapakalinga sa Inyo mula sa katamaran.*"

Ang matalinong tao ay sumusupil sa kanyang sarili at gumagawa sa kung ano ang darating matapos ang kamatayan. Ang isang mahinang tao ay sumusunod sa kanyang sarili sa mga pagnanasa nito, at bagama't siya ay walang ginagawang gawa na karapat-dapat sa gantimpala, siya ay nagkikimkim (o umaasam) ng walang kabuluhan at huwad na pag-asa kay Allah.

## *Ang kawalang-hanggan at Paraiso ay nandoroon, at hindi rito!*

Nais mo bang manatiling bata, malusog, mayaman, at walang kamatayan! Kung iyong ninanais ang mga ganitong bagay, hindi mo matatagpuan ang mga ito sa mundong ito; gayunpaman, matatagpuan mo ang mga ito sa Kabilang Buhay. Si Allah, ang Kataas-taasan, ay

nagtakda ng kahirapan at di-kapanatilian sa mundong ito. Tinawag Niya ang buhay na ito na isang abubot (walang halaga o maliit) at isang kasayahan ng panlilinlang.

Mayroong isang bantog na makata sa nakalipas na mahabang panahon, na sa kalakhang bahagi ng kanyang buhay ay namuhay ng isang buhay ng paghihikahos. Sa tuktok ng kanyang kabataan, ninais niya ang salapi at hindi makuha ang gayon. Nais rin niyang magkaroon ng asawa, ngunit nabigo rin siya sa gayong hangarin. Nang siya ay tumanda na, na may puting buhok at malulutong na buto, siya ay naging mayaman. Maraming kababaihan ang ngayon ay payag na mapangasawa siya at siya ay namuhay ng maginhawa. Ang kabalintunaan ng kanyang istorya ay yaong nang siya ay mahirap, hindi niya nagawang tamasahin ang lahat ng kaginhawahan, at siya ay naging mayaman sa panahon na hindi na niya matatamasa ang mga kasiyahan ng buhay. Siya ay kumatha ng mga ganitong talata sa huling sandali ng kanyang buhay:

*Ang ninanais ko na makamtan noong ako*
*ay dalawampung taong gulang lamang*
*ay dumating sa aking paghahawak matapos*
*na sumapit ako sa gulang na walumpung taon.*
*Ang mga kabataang babaeng Turkiya ay pumapaligid sa akin,*
*na umaawit at nagsusuot ng mga sutla at alahas.*
*Sila ay nagsasabi, 'Ang iyong pag-ungol ay nagpapanatili sa amin*
*na gising sa kahabaan ng gabi, kaya't ano yaong iyong idinaraing?'*
*Ako ay nagsabi, 'Sa pagiging isang oktohenaryo*
*(walumpung taong gulang).'*

﴾Hindi baga kayo ay binigyan Namin ng mahabang buhay, upang kung sinuman ang nais makatanggap ng paala-ala ay makakatanggap

nito [o makakaala-ala]? At ang tagapagbabala ay dumatal sa inyo...﴿
*(Qur'an 35: 37)*

﴾At sila ay nag-akala na sila ay hindi magbabalik sa Amin!﴿
*(Qur'an 28: 39)*

﴾At ang makamundong buhay na ito ay wala ng iba maliban sa paglilibang at pagsasaya!﴿ *(Qur'an 29: 64)*

"*Ang halimbawa ng mundong ito ay yaong isang mananakay na naghahanap ng lilim sa ilalim ng punongkahoy, - upang magpahinga ng sandaling panahon, - at pagkatapos, siya ay titindig at aalis.*"

## Ang mga kaaway ng Banal na landas

Habang binabasa ko ang mga materyal na sinulat ng mga nagpapalaganap ng ateismo (paniniwala na walang Diyos), naging maliwanag sa akin na ang mga manunulat na yaon ay matapang na nagpapakita ng pagkamuhi tungo sa mga prinsipyo ng tunay na Relihiyon. Mula sa aking nabasa sa mga gayong manunulat, at mula sa aking nahinuha sa mga termino ng kanilang masamang pag-uugali at kawalan ng kapakumbabaan, ako ay nakadama ng pagkakimi, maging ang isalaysay lamang kung ano ang kanilang sinabi at sinulat.

Sapat nang sabihin na aking natanto na ang tao na hindi naghahawak ng mga prinsipyo, at hindi nagsasaalang-alang ng wastong kahulugan sa buhay ay napalitan ng pagiging isang hayop na nagtataglay lamang ng hugis at larawan ng isang tao.

﴾O ikaw ba ay nag-aakala na ang karamihan sa kanila ay nakakarinig at nakakaunawa? Sila ay katulad lamang ng mga hayop [bakahan]; datapuwa't sila ay higit na napapaligaw sa Landas [alalaong baga, sila ay higit pang masahol kaysa sa mga hayop].﴿ *(Qur'an 25: 44)*

Tinanong ko ang aking sarili kung paanong posible (o maaari) para sa kanila na maging maligaya sa kabila ng kanilang pagtalikod ng malayo kay Allah, na Siyang nagmamay-ari ng kaligayahan at nagbibigay sa sinumang Kanyang maibigan. Paano sila magiging maligaya matapos na kanilang putulin ang lubid sa pagitan nila at Niya, at matapos na kanilang isara ang pintuan ng malawak na habag ni Allah sa kanilang mahinang sarili? Paano sila makakatagpo ng kaligayahan at kaginhawahan matapos na kanilang anihin ang Kanyang poot, at matapos na sila ay magtaguyod ng pakikidigma sa Kanya?

Aking nahinuha na ang unang kaparusahan na kanilang tinanggap ay yaong isa na ipinabata (o ipinarusa) sa kanila sa buhay na ito bilang isang pagpapakilala o simula sa higit pang malaking kaparusahan (alalaong baga, kung sila ay makalimot na magtika) sa Kabilang Buhay. Ang ganitong tagapagbalita ng kaparusahan ay kinabibilangan ng kahirapan, pangkalahatang kawalang-damdamin, ang damdamin na nasasakal o napipilipit, at damdamin ng kawalang-pag-asa.

﴾At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala [alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito], katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan...﴿ *(Qur'an 20: 124)*

Maraming tao na mula sa ganitong kategorya ang nagnanais na ang kanilang buhay ay magwakas. Ang ilan sa karaniwang dahilan sa pagitan ng ateista ng nakalipas at ng ateista sa ngayon ay ang mga (sumusunod): ang kawalan ng angkop na pag-uugali kay Allah, ang hindi makatwirang paglapit (o pakikitungo) sa pagpapasya sa pag-uugali (o halaga ng katuturan) at mga prinsipyo, at ang kawalan ng karunungan, o ang pagkukunwari na walang kaalaman o karunungan, - sa masasamang bunga ng kanilang gawain. Dagdag pa rito, sila ay nakikibahagi sa pangkalahatang kawalan ng

pagsasaalang-alang o malasakit sa anumang kanilang sinasabi, ginagawa, o sinusulat.

﴾Siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali [na naaayon] sa pananampalataya kay Allah at sa Kanyang Pagkalugod ay higit na mainam, o siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali sa gilid ng isang pampang [na naguguho], na halos ay malugso na [sa pagkakabitin], kaya't ito ay natibag [at bumulusok] na kasama niya [sa loob] ng Apoy ng Impiyerno? At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* [mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan].﴿ *(Qur'an 9: 109)*

Ang tangi lamang solusyon na nalalaan sa ganitong matatapat na ateista, kung sila ay nagnanais na makaalis sa kanilang mga pagkabalisa at mga suliranin ay, - kung sila ay hindi magtika at sumunod sa tunay na patnubay, - ay ang magpatiwakal, at ng sa gayon ay mabigyang-wakas ang kanilang mapait at hamak na pagkatao.

﴾Ipagbadya: 'Kayo ay magpakamatay sa inyong galit.'﴿

*(Qur'an 3: 119)*

﴾...At inyong utasin ang inyong sarili [ang walang kasalanan ay pumatay sa mga buktot sa karamihan ninyo]; ito ay higit na mainam sa inyo...﴿ *(Qur'an 2: 54)*

## *Ang realidad ng buhay na ito*

Ang sinuman ay magiging maligaya sa isang antas habang siya ay nakakaala-ala kay Allah at dumadalit ng Kanyang Aklat. At matapos na isaalang-alang ang ganitong prinsipyo, ang sinuman ay makakatantiya sa kanyang halaga sa mundong ito at sa Kabilang Buhay.

﴾At kung hindi [lamang] na ang mga tao ay hahantong sa pagiging isang pamayanan [ng mga hindi nananampalataya, alalaong baga, iisipin nila na ang pagiging mapagbigay ni Allah ay tanda ng Kanyang pagsang-ayon at sila ay magmamadali sa kawalan ng pananampalataya upang magkamit ng kayamanan], Amin sanang pagkakalooban ang mga hindi sumasampalataya sa Pinakamahahabagin [Allah] ng pilak na mga bubong para sa kanilang bahay, at [pilak] na mga hagdan upang doon sila ay umakyat, at para sa kanilang bahay, - ng mga pintuan at diban [na yari sa pilak] upang doon sila ay humilig, at gayundin ng mga palamuting ginto. Magkagayunman, ang lahat ng ito [alalaong baga, ang mga bubong, pinto, hagdan, diban, atbp.] ay walang saysay maliban sa isang pagsasaya sa pangkasalukuyang buhay sa mundong ito. At ang Kabilang Buhay sa Paningin ng iyong Panginoon ay para sa *Muttaqun* [mga matutuwid at matimtimang tao na nananampalataya kay Allah].﴿ *(Qur'an 43: 33-35)*

Ang ganitong mga talata ay nagpapahayag sa maliwanag na mga termino sa pansamantala, at samakatuwid ay walang saysay, na halaga ng materyal na pag-aari at katayuan sa lipunan.

Marapat nating matanto na ang buhay na ito ay hindi siyang pansukat (o medida) ng tagumpay kung ating namamasdan na ang hindi nananampalataya ay kalimitang namumuhay ng buhay ng karangyaan habang ang nananampalataya ay kadalasang hindi kasama o hiwalay sa maraming kasiyahang pangmundo, isang pangyayari na nagpapahiwatig lamang ng walang kabuluhang halaga ng mundong ito.

Habang nagbibigay ng sermon sa araw ng Biyernes, si Utbah ibn Ghazwan (nawa'y kalugdan siya ni Allah), isang higit na kilalang Kasamahan ng Propeta (saws), ay gumugunita ng may kalakasan (ang tinig) tungkol sa kung paano ang mga araw niya sa kanyang pamumuhay sa piling ng Propeta (saws). Si Utbah ay nakipaglaban

na kasama niya sa landas ni Allah, at upang maiwasan ang pagkagutom, siya ay kumakain na kasama niya ng mga dahon ng punongkahoy. Gayunman, nagugunita niya ang mga araw na yaon bilang pinakamaligaya sa kanyang buhay. At naaala-ala niya kung paano siya umalis sa Propeta (saws), at siya ay naging gobernador ng isang probinsiya. Sa kabila ng ganitong pag-angat niya sa makamundong estado o kalagayan, siya ay nakadama ng pagkamangha kung gaano naging higit na mababa ang tunay na kalidad ng buhay matapos ang kamatayan ng Propeta (saws).

Matapos ang kamatayan ng Propeta (saws), si Sa'ad ibn Abi Waqqaas (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nakadama ng pagkataranta at kalituhan nang siya ay maging gobernador ng Kufah. Sa panahon ng pamumuhay ng Propeta (saws), siya rin ay kumakain ng mga dahon ng punongkahoy o ng balat ng patay na hayop. Hindi niya makayanan ang mga kastilyo ng kanyang bagong buhay matapos na kanyang matikman ang kasiyahan ng kanyang dating buhay sa piling ng Propeta (saws).

﴾At katotohanan, ang Kabilang Buhay ay higit na mainam sa iyo kaysa sa kasalukuyang buhay [ng mundong ito].﴿ *(Qur'an 93: 4)*

Samakatuwid, mayroong isang sekreto upang ikaw ay magabayan sa buhay na ito, - yaon ay ang maalaman ang kawalang-halaga ng mundong ito.

﴾Sila ba ay nag-aakala na Aming pinagpala sila sa kayamanan at mga anak? Daglian Naming [ipinagkaloob] sa kanila ang mabubuting bagay [sa mundong ito upang sila ay walang makamtan na mabuting bagay sa Kabilang Buhay]. Magkagayunman, ito ay hindi nila napag-aakala.﴿ *(Qur'an 23: 55-56)*

Nang siya ay pumasok sa bahay ng Propeta (saws), nakita ni Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ang mga marka sa tagiliran ng

Propeta (saws), na sanhi ng kanyang paghiga sa mga dahon ng palmera, at kanya ring napansin ang pagiging hubad ng silid. Ang kanyang mga mata ay binalungan ng luha matapos niyang mamasdan ang gayong madamdaming tanawin. Ang Sugo ni Allah (saws), ang huwaran at pinuno ng lahat, ay nasa gayong kalagayan! Ito ay lubhang sukdulan sa kanya.

﴿At sila ay nagsasabi: 'Bakit itong Sugo [Muhammad] ay kumakain ng pagkain, at lumilibot sa mga pamilihan [na katulad namin].'﴾

*(Qur'an 25: 7)*

Siya ay nagsabi, 'Alam mo ba, O' Sugo ni Allah, ang estilo ng pamumuhay nina Khosrau at Caesar!' Ang Propeta (saws) ay tumugon:

"*O' anak ni Khattab, ikaw ba ay nag-aalinlangan. Hindi ka ba nalulugod na para sa atin ang Kabilang Buhay at para sa kanila ang mundong ito.*"

Ito ay isang makatarungang timbangan at makatwirang pagbabaha-bahagi. Kaya't hayaang hanapin nila ang kanilang kaligayahan sa mga dolyar, sa ginto, sa pilak, sa mga mansiyon, at mga sasakyan kung kanilang magagawa. Katotohanan, sa (Ngalan) ni Allah, hindi nila kailanman matatagpuan yaon sa ganitong mga bagay.

﴿Sinumang maghangad ng buhay sa mundong ito at sa kanyang kinang [maririlag na bagay at mga palamuti]; sa kanila ay Aming babayaran nang ganap ang kanilang mga gawa rito, at dito ay walang mababawas. Sila yaong walang makakamtan sa Kabilang Buhay maliban sa Apoy; at dito ay walang kabuluhan ang kanilang mga gawa. At walang halaga ang kanilang ginagawa noon.﴾

*(Qur'an 11: 15-16)*

## ***Ang susi tungo sa kaligayahan***

Kung nakikilala mo si Allah at sumasamba ka sa Kanya, ikaw ay makakatagpo ng kaligayahan at kapayapaan, kahit na ikaw ay naninirahan sa isang dampa na gawa sa putik.

Datapuwa't kung ikaw ay lumihis sa tunay na landas, ang iyong buhay ay katiyakang masasawing-palad, kahit na ikaw ay namumuhay ng buhay ng kariwasaan at kaginhawahan sa isang malaking mansiyon. Kung ang huling kaso ay natutuon sa iyo, kung gayon, ikaw ay hindi nagtataglay ng susi tungo sa kaligayahan.

﴾At Aming ginawaran siya ng mga kayamanan, na ang mga susi nito ay magiging pabigat sa katawan ng malalakas na lalaki.﴿

*(Qur'an 28: 76)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

﴾Katotohanang si Allah ang nagtatanggol sa mga sumasampalataya.﴿

*(Qur'an 22: 38)*

Sa ibang salita, Siya ay nangangalaga sa kanila (na makaiwas) sa kasamaan, kapwa sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Sa talatang ito, si Allah ay nagbigay-liwanag sa atin, nagbabala sa atin, at nagbigay sa atin ng masayang balita. Itinataboy Niya ang kasamaan sa mga nananampalataya ng ayon sa tumbasan ng kanilang pananampalataya. Ang kasamaan ng mga hindi nananampalataya, ang masasamang bulong ng Demonyo, ang kasamaan sa kanilang sarili, at sa kasamaan ng kanilang gawain, - ang lahat ng ito ay itinataboy ni Allah sa mga tunay na nananampalataya. Kung ang kalamidad ay sumapit, ang bigat o kahirapan nito ay pinagagaan para sa kanila. Ang bawat nananampalataya ay may bahagi sa ganitong banal na pangangalaga. Gayunman, ito ay iba-iba ayon sa antas ng

pananampalataya ng sinuman: ang ilan ay makakatanggap ng kaunti, ang iba ay higit na marami.

Ang ilan sa mga bunga ng pananampalataya ay yaong ito ay nagbibigay ng pagkaaliw o ginhawa sa nananampalataya sa panahon ng kahirapan.

﴾... At kung sinuman ang sumasampalataya kay Allah, Siya ang namamatnubay sa kanyang puso...﴿ *(Qur'an 64: 11)*

Ito ay tungkol sa nananampalataya na dinapuan ng kahirapan, na nakababatid na ito ay mula kay Allah at ito ay nakasulat para sa kanya. Siya ay nasisiyahan at isinusuko niya ang kanyang kalooban sa anumang itinakda para sa kanya. Kaya't ang pamatay na hampas ng kahirapan ay mawawalan ng bisa sa kanya sapagkat batid niya na ito ay nanggaling kay Allah at siya ay gagantimpalaan para sa kanyang pagtitiyaga.

## Paano sila namumuhay noon

Tayo ay magbalik-tanaw at ating sulyapan kung paano ang isa sa mga Kasamahan ng Propeta ay gumugugol ng kanyang maghapon. Si Ali ibn Abi Talib (nawa'y kalugdan siya ni Allah), na napangasawa ni Faatimah (nawa'y kalugdan siya ni Allah), ang anak ng Propeta (saws), isang umaga ay gumising nang maaga na kasama ang kanyang asawa at sila ay naghanap ng pagkain. Nguni't walang anuman sa kanilang abang tahanan ang matatagpuan. Ito ay nangyari noon sa napakalamig na araw ng taglamig, kaya't isinuot ni Ali ang ilan sa kanyang mainit na kasuutan at umalis. Siya ay naghanap sa kabuuan ng lahat ng presinto ng lungsod at sa huli ay kanyang naala-ala ang isang Hudyo na nagmamay-ari ng isang halamanan. Nang marating ni Ali ang halamanan, ang Hudyo ay nagsabi, "O' Arabo, halika at iyong anihin ang mga datiles (dates) para sa akin at sa bawat

malaking timba na iyong mapuno, ikaw ay aking bibigyan ng isang datiles." At siya ay mabigat na nagtrabaho sa loob ng ilang oras hanggang ang kanyang mga kamay ay manakit at ang kanyang katawan ay sumakit. Kinuha niya ang kakarampot na bilang ng datiles na kanyang kinita at siya ay tumungo sa Propeta (saws) upang ibahagi ang ilan sa kanya. Kung anuman ang natira, pinagkasya niya at ni Faatimah ang mga ito sa maghapon.

Ganito ang kanilang pamumuhay. Gayunman, kung ano ang maituturing na kabaligtaran sa isang materyosong isipan ng tao, ay yaong ang kanilang tahanan ay hitik ng liwanag at kaligayahan.

Ang kanilang puso ay puno ng mariringal na prinsipyo na ipinahayag sa Propeta (saws). Sa pamamagitan ng ispiritwal na kaliwanagan ng kanilang puso, kanilang nahinuha ang katotohanan at tumanggap sa ganito, habang kanilang nakikilala ang kasinungalingan at nagtakwil nito. Sila ay gumawa para sa landas ng una at sila ay lumayo nang malayo sa landas ng huli. Napagtanto nila at nahinuha ang tunay na katumbas at halaga ng mga bagay.

Nasaan ang kaligayahan ng tao na katulad ni Haamaan; siya ay patuloy na sinusumpa dahil sa kanyang mga maling gawain o kasamaan.

﴾Narito ang isang paghahalintulad: Kung paano ang ulan at pagtubo [ng halaman] ay nagbibigay ng sigla sa [puso] ng mga magsasaka; hindi magtatagal ito ay malalanta at pagkatapos ay inyong makikita na ito ay naninilaw, at magiging tuyo at malalansag.﴿ *(Qur'an 57: 20)*

Ang tunay na kaligayahan ay na kina Bilal, Salmaan at Ammar; si Bilal ay isang tagatawag sa katotohanan, si Salmaan ay makatotohanan, at si Ammar ay matapat sa pagtupad niya sa kanyang mga obligasyon.

## ***Ano ang sinasabi ng matalino tungkol sa pagtitiyaga***

Ang sumusunod na mga salita ay iniaakibat kay Anusherwan:

> "Ang kalamidad sa buhay na ito ay dalawang uri. Ang unang uri ay nagpapahintulot para sa daang palabas: ang pagkabalisa ang lunas nito. Ang pangalawang uri ay nagpapahintulot para sa kawalang-lunas o daang palabas: ang pagtitiyaga ang lunas nito."

Sinasabi rin na, "Sinuman ang sumunod sa pagtitiyaga, ang tagumpay ay susunod sa kanya."

Nasabi rin noon na:

> "Magsikap na manatiling buhay sa pamamagitan ng paghanap sa kamatayan. Sapagkat gaano karami ang nananatili pa dahilan sa sila ay naghanap ng kamatayan, at gaano karami ang namatay na sa kanila na nagnais na manatili! At ang kaligtasan ay kadalasang dumarating matapos na taluntunin ang landas ng kawalang-katiyakan."

Ang mga Arabo ay nagsasabi:

> "Katotohanan, kahit na sa kasamaan, ay mayroong mga antas ng mainam at masahol." Si Abu Ubaydah ay nagpaliwanag sa kahulugan ng ganitong salitain, na nagsasabi, "Kung ikaw ay dinapuan ng isang kahirapan, iyong maalaman na maaaring ikaw ay tamaan ng higit pang masahol. Kung ikaw ay mayroon ng gayong pananaw, ikaw ay higit na mainam na makikitungo sa kahirapan."

Ang isang daang palabas sa kahirapan ay kadalasang dumarating kung ang pag-asa ay nawala:

﴾Sila [ang mga tao] na tatanggapin Namin ang kanilang mabubuting gawa at kaliligtaan Namin ang kanilang masasamang gawa. Sila ang

mananahan sa Paraiso, isang pangako ng katotohanan na sa kanila ay [Aming] ipinangako.﴿ *(Qur'an 46: 16)*

﴾[Sila ay binigyan ng palugit], hanggang nang ang Aming mga Sugo ay mawalan na ng pag-asa at nag-isip na sila ay itinuring na mga sinungaling ng kanilang pamayanan [sila ay itinatwa at itinakwil], sa gayong kalagayan ay dumatal sa kanila ang Aming tulong...﴿ *(Qur'an 12: 110)*

﴾Katotohanan, si Allah ay kasama [nasa gitna] ng mga mapagtiis.﴿ *(Qur'an 2: 153)*

﴾Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang [alalaong baga, walang hangganan].﴿ *(Qur'an 39: 10)*

Minsan, si Allah ay naghahatid ng tagumpay at ginhawa kung ang pag-asa ay nawala at ang lahat ay wari bang madilim. Ito ay upang hikayatin tayo na ating ibaling ang pag-asa sa Kanya, na Siya ay ganap na pagkatiwalaan, at huwag kailanman mawalan ng pag-asa sa Kanyang tulong sa anumang oras. Gayundin, kung nahihirapan, ang isa ay marapat na masiyahan sa pagkakaroon ng kaalaman na siya ay pinagbabata sa ilang bagay na maliit at inililigtas sa higit pang masahol na mangyayari.

Si Ishaaq ay nagsabi:

> "Marahil si Allah ay sumusubok sa isang alipin sa (pamamagitan ng) kalamidad, magkagayunman, siya ay inililigtas (Niya) sa pagkawasak. Kaya nga, ang kalamidad ay tunay na malaking biyaya (na nagkukubli o hindi natin napagtatanto)."

Sinasabi na kung sinuman ang magbata ng kahirapan, at maging kuntento sa pagtatakda ni Allah sa pagiging matiyaga, kung gayon, ang ilang natatagong pakinabang o pagpapala ay lalabas sa paligid niya sa pamamagitan ng karanasan.

Isinalaysay sa ilang mga Kristiyano na ang isa sa kanilang mga propeta ay nagsabi:

> "Ang mga kalamidad ay isang pagdidisiplina mula kay Allah, ang pagdidisiplina ay hindi isang bagay na walang patid. Kaya't isang masayang balita para sa kaninuman na matiyaga kung nadidisiplina. Ang gayong tao ay marapat na makoronahan ng korana na sumasagisag kapwa sa pagkatalo at pagkapanalo, - ang pagkapanalo o tagumpay na ipinangako ni Allah sa kanya na nagmamahal sa Kanya at sumusunod sa Kanya."

Si Ishaaq rin ay nagsabi:

> "Maging maingat sa pagdaing kung ikaw ay nahuli nang matatalas na kuko ng kahirapan, sapagkat ang landas tungo sa kaligtasan ay isang mahirap na landas upang taluntunin."

## *Ang kahalagahan ng positibong saloobin*

Ang isang manunulat ay makatwirang nagsabi:

> "Katotohanan, ang pag-asa ay nakapanghihikayat at namamatnubay sa sinuman tungo sa pagtitiyaga, ang pag-asa ay sumisibol sa pagkakaroon ng mabuting opinyon o palagay kay Allah; ang pag-asa kay Allah ay humahadlang sa posibilidad ng pagkabigo. Nguni't bakit tayo ay marapat na maging mapagtiwala na ang pag-asa kay Allah ay humahadlang sa posibilidad ng pagkabigo? Kung ating pag-aaralan ang pag-uugali ng mga mapagbigay na tao, ating matatagpuan na sila ay nagbibigay ng natatanging malasakit (o pangangalaga) sa kanila na nag-iisip ng ganap na kabutihan sa kanila, na ang mga taong ito ay bumabaling sa kanila (upang hingan sila) ng tulong. Sila ay may gawi na kanilang iniiwasan yaong mga nagpapalagay ng masama sa kanila. Ang mahalaga rito ay yaong sila ay nagtitimpi na saktan

ang pag-asa niyaong mga tumutukoy sa kanila para sa pagtulong. Kung gayon, ano ang magiging kaso tungkol sa Isang Pinakamapagbigay, na nasa unahang puwesto, na ang kaharian ay hindi mababawasan kahit na katiting kung Siya ay magbigay ng higit pa sa kanila na umaasa sa Kanya!"

Ang isang tao na hindi makatagpo ng daang palabas sa isang mahirap na sitwasyon ay naglalarawan ng pinakamatinding halimbawa ng pagkamapagbigay ni Allah, at patnubay para sa isa sa Kanyang mga alipin. Matapos na mawalan ng lahat ng pag-asa sa sinuman na kanyang binalingan para sa pagtulong, napilitan niyang alalahanin na mayroon pang isang pinto ang nananatiling bukas at siya ay marapat na hindi umasa sa kaninuman maliban kay Allah, ang Kataas-taasan. Sa gayong punto, nadarama niya ang pagpaparusa sa hindi pagkakaroon ng pag-asa kay Allah sa una pa man, at sa gayong punto, ang tulong at ginhawa ay dumating.

﴾Katotohanan, ang inyong pinaninikluhuran [sinasamba] na mga iba maliban pa kay Allah ay mga alipin [alalaong baga, angkin ng kanilang Panginoon] na katulad ninyo. Kaya't sila ay inyong panikluhuran at hayaang kayo ay sagutin nila, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.﴿ *(Qur'an 7: 194)*

## Ilang mga salita sa pagtitiyaga

Si Ibn Mas'ood (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay isinalaysay na kanyang sinabi:

"Ang ginhawa at tulong ay mula sa pananampalataya at pagiging kuntento. Ang pagkabalisa at pamimighati ay mula sa pag-aalinlangan at pagkagalit."

Nakagawian rin niyang sabihin:

"Ang isang matiyaga ay nakapagtatamo ng pinakamainam sa mga mithiin."

Si Abban ibn Taghlab ay nagsabi:

"Aking narinig ang isang Arabong Disyerto na nagsasabi, 'Ang isa sa pinakamaringal na mga pag-uugali ay nagiging lantad kung ang sinuman ay dinapuan ng pagsubok at matapos ay nagbata ng pagtitiyaga upang malagpasan ang pagsubok. Ang kanyang katiyagaan at pag-asa ay positibong nakakaepekto sa kanya; ito ay wari bang patuloy niyang nababanaagan ang kanyang sarili na maliligtas sa kanyang problema; ang estado ng kanyang isipan ay positibo sa gayong mataas na antas dahilan sa kanyang pagtitiwala kay Allah at ang kanyang mabuting opinyon o palagay sa Kanya. Kailanma't ang sinuman ay nagtataglay ng ganitong pag-uugali, siya ay hindi kailanman kailangang maghintay ng matagal para tuparin ni Allah ang kanyang mga pangangailangan at alisin ang kahirapan sa kanyang buhay. Siya ay maliligtas, ang kanyang relihiyon at karangalan ay mananatiling ligtas.' "

Si Asma'ee ay nagsalaysay na isang Arabong Disyerto ang nagsabi:

"Pangambahan ang kasamaan kung iyong matagpuan ang iyong sarili na nasa mabuting sitwasyon; umasa sa mabuti kung ikaw ay nasa isang masamang sitwasyon. Marami ang nabuhay na tumanaw matapos ang kamatayan, at marami ang namatay na tumanaw matapos ang buhay. At ang kaligtasan ay kadalasang higit na dumarating para sa isang tao matapos na kanyang sundan ang landas ng pangamba."

Ang ilan sa matatalino ay nagsasabi:

"Ang matalinong tao kung tinamaan ng kahirapan, ay nagpapalubag-loob sa kanyang sarili sa dalawang paraan. Ang una ay ang maging kuntento. Ang pangalawa ay ang pag-asam sa

daang palabas sa mga kahirapan na sumapit sa kanya. Ang mangmang na tao ay nayuyugyog at kinakabahan sa mga sitwasyon ng kahirapan sa dalawang paraan. Ang una ay sa bilang ng mga tao kung kanino siya hihingi ng tulong. Ang pangalawa ay ang kanyang patuloy na pangamba at pagkabahala tungkol sa bagay na higit na masama kaysa sa nangyari na sa kanya."

At gaya na nga nang ating tinuran sa unahan, sinasabi na si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagdidisiplina sa atin sa pamamagitan ng mga pagsubok, isang uri ng edukasyon na nagbubukas sa ating puso, mga tainga, at mga mata.

Si Al-Hasan ibn Sahl ay naglarawan sa mga pagsubok bilang panggising na tawag para sa makakalimutin, isang paraan ng pagtatamo ng gantimpala para sa matitiyaga, at isang pagpapaala-ala ng mga pagpapala para sa bawat isa. At ang pagtatakda ni Allah ay lagi nang mainam, tangi na nga sa kanila, na sa pamamagitan ng kanilang katapangan, ay wari bang nakalantad na naghahanap ng kamatayan, - na naghahanap para sa isang buhay ng paggunita, at hindi katulad niyaong inilalarawan sa sumusunod na talata:

﴾[Sila] ang nagsabi tungkol sa nasawi nilang mga kapatid habang sila ay nakaupo [sa kanilang tahanan]: 'Kung sila lamang ay nakinig sa amin, sila sana ay hindi napatay.' Ipagbadya: 'Pigilan ninyo ang kamatayan sa inyong sarili kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.'﴿ *(Qur'an 3: 168)*

## Huminto upang magnilay-nilay

﴾Kung kayo ay nagdurusa [sa mga kahirapan], katiyakang sila [rin] ay nagdurusa [ng mga kahirapan] na katulad ng inyong pagbabata, datapuwa't mayroon kayong pag-asa mula kay Allah [sa gantimpala ng Paraiso], na rito sila ay hindi umaasa...﴿ *(Qur'an 4: 104)*

Para sa dahilan na binanggit sa ganitong talata, ang tunay na nananampalataya ay mayroong mataas na antas ng pagtanggap kung siya ay dinapuan ng kalamidad. Ang pagtitiyaga, kataimtiman, katiwasayan, at ang matapat na layunin na matupad ang kanyang tungkulin bilang isang alipin ni Allah, - ito ang mga katangian na iyong matatagpuan sa isang tunay na nananampalataya. Si Ma'qil ibn Yasaar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsalaysay na ng Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang iyong Panginoon, ang Pinakamapagpala at Pinakamataas, ay nagwika: 'O' anak ni Adan, iyong ialay ang iyong panahon sa pagsamba sa Akin at Aking pupunuin ang iyong puso ng kayamanan at ang iyong mga kamay ng ikabubuhay. O' anak ni Adan, huwag mong ilayo ang iyong sarili sa Akin, o (kung hindi) ay Aking pupunuin ang iyong puso ng karalitaan at ang iyong mga kamay ng mga suliranin na iyong pagkakaabalahan.*'"

## Huwag mamighati kung ikaw ay mahirap, sapagkat ang tunay mong halaga ay hindi nasusukat sa pamamagitan ng laman ng iyong librito sa bangko

Si Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Ang (tunay na) halaga ng bawat tao ay tinitimbang ayon sa kabutihan na kanyang ginagawa."

Samakatuwid, ang halaga ng isang iskolar o pantas ay ayon sa kanyang karunungan, kung ito ba ay limitado o may kalawakan, at sa antas kung paano niya pinalalaganap ang kanyang karunungan. Sa gayon ding paraan, ang makata ay hinahalagahan ayon sa kalidad ng kanyang tulain. At gayon ang pangyayari sa bawat tao sa bawat (o lahat ng) pinagkakaabalahan: ang kanyang halaga sa mga tao ay

nasusukat sa pamamagitan ng kanyang galing sa anumang kanyang ginagawa. Sa mga termino na hindi pinagkakaabalahan, bagkus ay sa relihiyon at pamumuhay sa pangkalahatan, ang bawat isa ay marapat na magsumikap na maragdagan ang kanilang halaga sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mabubuting gawain, sa pamamagitan ng pagdaragdag sa kanilang kaalaman at antas ng karunungan, sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapakinis ng kanilang isipan, at sa pagpapaunlad ng maringal na pag-uugali sa kanilang pagkatao o personalidad.

## *Isang salita sa pagbabasa*

Ang pagbabasa ay nakapagbubukas ng isipan, na namamatnubay sa sinuman sa wastong moral (na pag-uugali), at nagpapatalas sa kakayahan ng sinuman na mag-isip. Ang pagbabasa ay isang kaginhawahan para sa nalulumbay, isang pampasigla para sa mang-iisip, at isang ilaw para sa naglalakbay.

Ang hindi pagbabasa ay nakagagawa sa sinuman na maging limitado sa pagsasalita, sa pag-iisip, at sa personalidad. Ang karamihan sa mga aklat, kahit paano, ay naglalaman ng ilang pakinabang, maging ito man ay matatalinong salitain, mga kalugud-lugod na kuwento, mga pambihirang karanasan, o bagong kaalaman. Masasabi rin na ang mga pakinabang ng pagbabasa ay malawak kung iisa-isahin (dahil na rin sa karamihan). At tayo ay naghahanap ng pagkalinga ni Allah sa gitna ng isa sa pinakamalaking kalamidad: ang magkaroon ang mahinang determinasyon at kapangyarihan ng isipan (o pagpapasya).

## *Huwag malungkot, at pag-aralan ang mga tanda ni Allah sa mga likha*

Kung iyong pag-aaralan ang mga tanda ni Allah sa mundo at sa sandaigdigan, matatagpuan mo ang gayong mga bagay na kamangha-mangha na makapag-aalis ng iyong mga pagkabalisa at pagkabagabag, ang kaluluwa ay makakatagpo ng kasiyahan sa mga pambihira, kamangha-mangha, at kakatwa.

Sina Bukhari at Muslim ay nagsalaysay ng isang *hadith* mula kay Jaabir ibn Abdullah (nawa'y kalugdan siya ni Allah), na nagsabi, "Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagpadala sa amin sa isang misyon at itinalaga niya si Abu Ubaydah bilang aming pinuno. Aming kakatagpuin ang isang karaban mula sa Quraysh. Sapagkat wala siyang makita na iba pa, ang Sugo ni Allah (saws) ay nagbigay lamang sa amin ng isang sisidlan ng datiles (dates) para sa aming paglalakbay. Kaya't mula sa araw na kami ay tumulak, si Abu Ubaydah ay nagbibigay sa (bawat) isa amin ng isang (bunga) sa bawat araw."

Ang tagapagsalaysay ng *hadith* ay nagtanong kay Jaabir kung ano ang kanilang gagawin sa datiles. Siya ay nagsabi, "Aming sisipsipin ang isa sa mga datiles na katulad ng paraan na ginagawa ng sanggol. At matapos kami ay iinom ng tubig. Ito ay sapat na sa amin hanggang ang gabi ay sumapit. Aming hahampasin ang mga dahon ng punongkahoy sa pamamagitan ng aming tungkod, babasain ang mga dahon, at kakainin ang mga ito. Kami ay paahon na sa dalampasigan ng dagat nang aming makita ang isang wari ba ay malaking burol ng buhangin mula sa kalayuan. Habang kami ay papalapit, aming napagtanto na ito ay isang malaking nilikha sa dagat na tinatawag na Al-Anbar (balyena). Si Abu Ubaydah ay nagsabi na ito ay isang hayop na namatay na hindi nakatay (at samakatuwid ay hindi pinahihintulutan). Matapos siya ay nagsabi, 'Hindi, tayo ay

mga sugo ng Sugo ni Allah (saws), tayo ay nasa landas ni Allah, at sa ngayon tayo ay nasa masamang sitwasyon (o matinding pangangailangan), - kaya't kumain ang lahat sa inyo.' "

"Kami, sa lahat-lahat ay tatlong daan, ay nabuhay sa ganitong nilikhang-dagat sa loob ng isang buwan hanggang sa kami ay tumaba. Naaalala ko kung paano kami kumuha ng mga sibat at itinusok ang mga ito sa kaluba ng mata ng nilikhang-dagat. Mula sa kaluba ng mata, kami ay sumasalok ng mga piraso ng taba, na kasinglaki ng isang toro. Ito ay gayong kalaki na likhang-dagat, na nang si Abu Ubaydah ay magsabi sa labingtatlo sa amin na humilera sa kaluba ng mata ng likhang-dagat, ito ay mayroong sapat na puwang upang silang lahat ay magkasya. Kanya ring kinuha ang isa sa mga tadyang nito at itinulos niya ito sa lupa. At kanyang nakita ang pinakamataas na kamelyo, at ginawa niya na ang pinakamataas na tao sa amin ay sumakay sa ibabaw nito, at sila ay nakagawang makaraan sa ilalim ng tadyang (ng balyena). Sa huli, nang aming iwan ang lugar, kami ay kumuha ng ikabubuhay na baon mula sa laman (ng balyena) para sa aming biyaheng pabalik. Nang kami ay dumating sa Madeenah, kami ay tumungo sa Sugo ni Allah (saws) at sinabi sa kanya kung ano ang nangyari, at siya ay nagsabi:

*'Ito ay panustos na kinuha ni Allah (mula sa dagat) para sa inyo. Mayroon pa ba kayong nalalabing laman upang kami ay makakain nito?' Kami ay nagpadala ng ilan sa Sugo ni Allah at siya ay kumain nito."*

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿

*(Qur'an 20: 50)*

Kung ang buto (ng halaman) ay ibaon sa lupa, ito ay hindi tutubo hangga't ang lupa ay hindi nayayanig nang mahina. Ang Richter scale o panukat ay nakakapagtala ng ganitong kakatiting na

pagyanig, sa gayon, ang buto ay mabibiyak o mapipiraso at magsisimula nang tumubo:

﴾Datapuwa't kung Aming pamalibisbisin ang tubig [ulan] sa mga ito, [ito] ay gumagalaw at nananariwa, at tumubo rito ang lahat ng uri ng [halamanan na] kaakit-akit ang pagtubo.﴿ *(Qur'an 22: 5)*

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿
*(Qur'an 20: 50)*

Si Dr. Zughlool An-Najjar, isang tagapagsaliksik sa kosmolohiya, ay bumanggit sa isa sa kanyang mga panayam na mayroong isang kometa na nagsimula ang paglalakbay libu-libong taon na ang nakalilipas. Bagama't ito ay naglalakbay sa bilis ng liwanag, magpahanggang ngayon, ito ay hindi pa sumasapit sa mundo.

﴾Ako [Allah] ay nanunumpa sa pamamagitan nang paglubog ng mga bituin [Mawaqii An-Nujum, ito ay maaaring ipakahulugan na paglubog at pagsikat ng mga bituin, mga palasyo ng bituin, o ang Qur'an at ang antas-antas na pagpapahayag nito (Tafsir At-Tabari)].﴿
*(Qur'an 56: 75)*

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿
*(Qur'an 20: 50)*

Ang isang kamangha-manghang insidente na iniulat ng pahayagang *Recent Happenings* noong taong 1953 ay ang kuwento ni 'Ona'. Si Ona, sa kanyang pagpasok sa Paris na binabantayan ng maraming pulis, ay isang higanteng balyenang Norwehiyano na tumitimbang ng higit sa 80,000 kilo. Walong traktora ang nagdala ng napakalaking halimaw, ang lahat ay nakakabit sa isang pangbiyaheng treyler. Ang balyena ay ilalagay sa isang tanghalan sa loob ng isang

buwan, at ang mga bisita ay papayagan na makapasok sa naiilawan nitong tiyan (na gamit) ang koryente.

Ang mga nag-oorganisa at mga pulis ay hindi nakagawa na magkasundo sa lugar na pagtatanghalan sapagkat ang laki at timbang ng likhang-dagat ay naghahatid ng banta (ng pagkasira) sa istraktura ng anumang gusali o lansangan na pagtatanghalan nito.

Sa kabila ng murang gulang ng ganitong balyena (labingwalong buwan), ito ay umabot sa kagila-gilalas na haba na dalawampung metro. Ito ay nahuli sa tubig-dagat ng Norway noong nakalipas na taon at ito ay ibibiyahe sa pamamagitan ng tren mula sa lungsod tungo sa iba pang lungsod upang itanghal. Dahilan sa problema ng kanyang laki at timbang, ito ay kinakailangan na ibiyahe sa espesyal na treyler na ang haba ay tatlongpung metro.

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿

*(Qur'an 20: 50)*

Si Abdur Razzaaq As-Sana'ni ay nagsalaysay mula kay Ma'mar ibn Raashid Al-Basri na kanyang sinabi, "Nakita ko sa Yemen ang isang kumpol ng ubas na kasinglaki ng isang punong karga na isinakay sa isang mola (dangki)."

﴾At matataas [at mabibikas] na punong palmera [datiles] na may mga piling na hitik sa bunga.﴿ *(Qur'an 50: 10)*

Ang lahat ng mga punongkahoy at mga halamanan ay tinutustusan ng magkatulad na uri ng tubig:

﴾Magkagayunman, ang iba sa kanila ay ginawa Namin na higit na mainam na kainin kaysa sa iba.﴿ *(Qur'an 13: 4)*

Ang bawat halaman ay ginawaran ng sistemang pangdepensa na natatangi para sa mga ito. Ang ilan ay matatag na itinindig; ang

ilan ay mayroong mga tinik na nangangalaga sa kanilang sarili; gayunman ang iba ay mapait at nakakaduro.

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿
*(Qur'an 20: 50)*

Ang mga astronomiko ay nagsasabi na ang Sandaigdigan ay patuloy na lumalawak nang paunti-unti, na katulad ng kung paano ang balun o lobo ay lumalaki.

﴾At Aming itinayo ang Kalangitan [sa kaitaasan] ng may katatagan. Katotohanang magagawa Namin na palawigin ang kalawakang yaon.﴿ *(Qur'an 51: 47)*

Ang iba ay nagsasabi na habang ang tuyong kalupaan ay kumikipot, ang karagatan ay lumalawak.

﴾Hindi baga nila namamalas na unti-unti Naming binabawasan ang kalupaan [na nasa kanilang pamamahala] mula sa malalawak na hangganan?﴿ *(Qur'an 21: 44)*

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿
*(Qur'an 20: 50)*

Noong taong 1982, ang *Faysal Magazine* ay nag-ulat tungkol sa kuwento ng isang repolyo na tumitimbang ng 22 kilo at may 1 metro ang kabilugan. Sa gayon ding taniman, sila ay nakatagpo ng sibuyas na tumitimbang ng 2.3 kilo at may 30 sentimetro ang kabilugan, gayundin ng isang kamatis na may 60 sentimetro ang kabilugan. Ang lahat ng anomalyang ito ay natagpuan sa tanimang bukirin ng isang Mehikanong magsasaka.

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿

*(Qur'an 20: 50)*

Sa ulo ay mayroong apat na likido: ang tamis sa bibig na mainam na humahalo sa pagkain at inumin; ang panglalagkit sa ilong na humahadlang sa dumi na makapasok dito; ang kaalatan sa mga mata na humahadlang sa panunuyo; at ang kaasiman sa mga tainga na nangangalaga sa sinuman sa mga insekto at iba pang kasahulan (o pinsala) sa pangkalahatan.

﴾At gayundin sa inyong sarili, hindi baga ninyo nakikita?﴿

*(Qur'an 51: 21)*

﴾At [si Allah] ang nagturo sa iyo ng hindi mo nalalaman.﴿

*(Qur'an 4: 113)*

﴾[Si Allah] ang nagturo sa tao ng hindi niya nalalaman.﴿

*(Qur'an 96: 5)*

﴾At si Allah ang nagpalabas sa inyo mula sa sinapupunan ng inyong ina habang kayo ay walang muwang. At Kanyang ginawaran kayo ng pandinig, paningin at puso...﴿ *(Qur'an 16: 78)*

﴾At Aming tinuruan siya nang paggawa ng kalasag mula sa metal [para sa mga digmaan], upang mapangalagaan kayo sa inyong pakikipaglaban...﴿ *(Qur'an 21: 80)*

﴾Datapuwa't kanilang itinakwil [ang kaalaman] sa mga bagay na hindi naaabot ng kanilang karunungan, at ang paliwanag dito ay hindi pa dumarating sa kanila.﴿ *(Qur'an 10: 39)*

﴾At hindi Kami nagpamalas [sa kanila] ng isa mang *Ayah* [tanda], maliban na ito ay nakahihigit kaysa sa naunang *Ayat* [mga tanda, katibayan, atbp.]...﴿ *(Qur'an 43: 48)*

﴾Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay.﴿

*(Qur'an 20: 50)*

Ang puso ay hindi nakadarama na naiiwan maliban na suwayin nito ang kanyang Panginoon. Si Hasan Al-Basri ay nagsabi: "O' anak ni Adan, nang si Propeta Moosa (Moises) ay tumutol kay Khidr (alalaong baga, sa kanyang mga gawa) sa tatlong okasyon o pagkakataon, ang huli ay nagsabi, 'Ito na ang paghihiwalay sa pagitan mo at ako (natin).' Kung gayon, paano ang pangyayari sa iyo kung iyong suwayin ang iyong Panginoon sa maraming beses sa maghapon? Ikaw ba ay nakadarama ng kaligtasan (at nakatitiyak) na hindi Niya sasabihin sa iyo ang, 'Ito na ang paghihiwalay sa pagitan mo at Ako (natin).'"

## *O' Allah! O' Allah!*

﴾Ipagbadya [O' Muhammad]: 'Si Allah ang nagliligtas sa inyo sa ganito at gayundin sa lahat ng kapahamakan...'﴿ *(Qur'an 6: 64)*

﴾Hindi baga si Allah ay Sapat na para sa Kanyang alipin?﴿

*(Qur'an 39: 36)*

﴾Ipagbadya [O' Muhammad]: 'Sino ang nagliligtas sa inyo mula sa kadiliman [mga kapahamakan sa mga daluyong] ng kalupaan at ng karagatan...'﴿ *(Qur'an 6: 63)*

﴾At ninais Namin na maging Mapagpala sa mga nahahapis [at pinagmamalupitan] sa kalupaan...﴿ *(Qur'an 28: 5)*

Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagsabi tungkol kay Adan (sumakanya nawa ang kapayapaan):

﴾At pagkaraan, ang kanyang Panginoon ay humirang sa kanya. Siya [Allah] ay bumaling sa kanya sa pagpapatawad at pinagkalooban siya ng patnubay.﴿ *(Qur'an 20: 122)*

At tungkol kay Propeta Nooh (Noah):

﴾Kami [Allah] ay duminig sa kanyang panalangin at Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya sa malaking paghihirap.﴿ *(Qur'an 21: 76)*

At tungkol kay Propeta Ibraheem (Abraham):

﴾Kami [Allah] ay nagwika: 'O' Apoy! Maging malamig ka at mangalaga ka kay Abraham!'﴿ *(Qur'an 21: 69)*

At tungkol kay Propeta Ya'qoob (Hakob)

﴾Nawa'y silang lahat ay ibalik ni Allah sa akin.﴿ *(Qur'an 12: 83)*

At tungkol kay Propeta Yusuf (Hosep)

﴾Siya [Allah] ay tunay na mabuti sa akin nang ako ay hanguin Niya sa bilangguan, at kayo ay dinala [Niyang] lahat dito [sa akin] mula sa pamumuhay na [tulad] ng bedouin sa disyerto...﴿ *(Qur'an 12: 100)*

At tungkol kay Propeta Dawood (David):

﴾Kaya't siya ay pinatawad Namin, at katotohanang sasakanya ang pagiging malapit niya sa Amin, at isang mainam na lugar [ng Huling] Pagbabalik [Paraiso].﴿ *(Qur'an 38: 25)*

At tungkol kay Propeta Ayoob (Job):

﴾At Aming pinalis ang hapis na nasa kanya...﴿ *(Qur'an 21: 84)*

At tungkol kay Propeta Yunus (Jonah):

﴾At Aming iniligtas siya sa kapighatian...﴿ *(Qur'an 21: 88)*

At tungkol kay Propeta Moosa (Moises):

﴾Datapuwa't ikaw ay iniligtas Namin sa kaguluhan...﴿ *(Qur'an 20: 40)*

At tungkol kay Propeta Muhammad (saws):

﴾Kung siya [Muhammad] ay hindi ninyo tutulungan [ito ay hindi mahalaga], sapagkat katotohanang siya ay tinulungan ni Allah...﴿ *(Qur'an 9: 40)*

﴾Hindi baga ikaw [O' Muhammad] ay natagpuan Niya na isang ulila at ikaw ay pinagkalooban Niya ng masisilungan? At Kanyang natagpuan na ikaw ay walang kamuwangan [sa Qur'an] at ikaw ay ginawaran Niya ng patnubay?﴿ *(Qur'an 93: 6-8)*

﴾At sa araw-araw, Siya ay nananatili [na nagpapapangyari] sa bawat bagay-bagay [ng Kanyang mga nilikha tulad ng pagbibigay ng karangalan sa iba, kahihiyan sa ilan, buhay, kamatayan, atbp.]!﴿ *(Qur'an 55: 29)*

Higit na madalas, ang krisis ay isa lamang ulap na kagyat na humahayo.

﴾Wala ng iba pa maliban kay Allah ang makahahadlang dito [o makapagpapauna rito o makakaantala rito].﴿ *(Qur'an 53: 58)*

## Huwag magdalamhati, sapagkat ang pagbabago ay marapat na mangyari

Nang si Muhammad ibn Al-Hanafiyah ay mabilanggo sa bilangguan ng Aarim, si Kuthay'ir ay nagsabi:

> "Ang kagandahan ng mundo ay hindi magtatagal para sa nakaririwasa, ang kagaspangan (o karahasan) ng mundong ito ay hindi isang pamatay na hampas, para sa isang ito at para sa isang iyon ay isang panahon na matatapos, at kung ano ang dinanas ng bawat isa ay (siyang) magiging panaginip ng isang nananaginip."

Sa maraming dantaon matapos na ito ay maganap, ay akin ngayong napagmumuni-muni kung ano ang nangyari; at katotohanan, si Ibn Al-Hanafiyah at ang Bilangguan ng Aarim ay kapwa mga panaginip ng isang nananaginip.

﴾At gaano na ba karaming henerasyon bago pa sa kanila ang Amin nang winasak! Ikaw ba [O' Muhammad] ay makatatagpo kahit na isa man [lamang] sa kanila, o di kaya ay makakarinig ng kahit na isang bulong [man lamang] sa kanila?﴿ *(Qur'an 19: 98)*

Sa isang mapapanaligang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Ang lahat ng mga karapatan ay babayaran sa lahat (sa Araw ng Paghuhukom); maging ang tupa na walang mga sungay ay makakakuha ng pagganti mula sa may sungay (na hayop)."*

## *Huwag magbigay ng kasiyahan sa iyong kaaway sa pamamagitan nang pagpapakita ng dalamhati*

Sa pagiging malungkot, ikaw ay nagbibigay ng kasiyahan sa iyong kaaway, kaya nga't ang ating relihiyon ay nag-uutos sa atin na magtanim ng sindak sa puso ng kaaway.

﴾... Upang takutin ang kaaway ni Allah at inyong kaaway...﴿

*(Qur'an 8: 60)*

Sa araw ng Uhud, nang si Abu Dujanah (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay sumisingit sa pagitan ng mga hanay ng hukbong Muslim, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Katotohanan, ito ay isang paraan ng paglalakad na kinamumuhian ni Allah, maliban sa ganitong sitwasyon."*

At nang ang mga hindi nananampalataya ay nagmamasid sa mga Muslim mula sa ibabaw ng burol, ang Propeta (saws) ay nag-utos sa (kanyang) mga Kasamahan na magpatakbu-takbo sa palibot ng Ka'bah upang maipakita nila ang kanilang lakas at katatagan.

﴾At sa Araw na yaon, ang mga sumasampalataya ay magagalak [sa tagumpay na iginawad ni Allah sa mga Romano laban sa mga Persiano].﴿ *(Qur'an 30: 4)*

Ang mga kaaway ng katotohanan ay nakadarama ng kirot kung kanilang maalaman na tayo ay maligaya at masaya.

﴾Ipagbadya: 'Kayo ay magpakamatay [o mamatay] sa inyong galit.'﴿ *(Qur'an 3: 119)*

﴾Kung ang magandang bagay ay dumatal sa iyo [O' Muhammad], ito ay nakapagpapalumbay sa kanila...﴿ *(Qur'an 9: 50)*

﴾Sila ay nagnanais na bigyan kayo nang matinding kapinsalaan.﴿ *(Qur'an 3: 118)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"O' Allah, huwag Ninyong hayaan ang kaaway o isang naninibugho na magsaya sa aking kasawian."*

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang isang kabataang lalaki ay makapagbabata*
*ng lahat ng uri ng kasawian, maliban sa pagsasaya*
*ng kaaway sa kanyang kahirapan (o masamang pangyayari).*

Ang ating mga banal na naunang henerasyon ay ngumingiti, nagiging matiyaga, at nagpapakita ng kahinahunan sa harap ng kahirapan, upang kanilang maitaboy ang isang naninibugho at ang isang nalulugod sa pagdurusa ng iba.

﴾Ngunit sila ay hindi kailanman nawalan ng pag-asa [at kasiguruhan] kung sila man ay abutin ng pangamba [at kasahulan] tungo sa Kapakanan ni Allah, at sila ay hindi pinanghinaan ng loob.﴿

*(Qur'an 3: 146)*

## *Ang optimismo (puno ng pag-asa) laban sa iskeptisismo (kawalang-pag-asa)*

﴾At patungkol sa mga sumasampalataya, ito ay nakapagpapasidhi sa kanilang pananampalataya at sila ay nangagagalak. Datapuwa't sa kanila na ang [kanilang] puso ay may karamdaman [ng alinlangan, kawalan ng pananalig at pagkukunwari], ito ay nakapagdaragdag ng kasamaan sa [dati] nilang kasamaan [maling kutob, alinlangan, kawalan ng pananalig at pagkukunwari], at sila ay mamamatay habang sila ay hindi nananampalataya.﴿ *(Qur'an 9: 124-125)*

Kung nahaharap sa isang mahirap o malupit na sitwasyon, ang matutuwid na Muslim mula sa unang henerasyon ng Islam ay positibo sa kanilang pag-uugali, positibo sa ganoon, na kahit na sila ay nakakaharap ng mga kahirapan, (sila ay) mayroong pakinabang na nakakamtan, kapinsalaan na naitataboy, at ginhawa na nasasalubong kung pinapalibutan (nila) ang sulok ng panahon:

﴾At maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan, ito ay mainam [makabubuti] sa inyo, at maaaring ang isang bagay na inyong nagugustuhan, ito ay masama [hindi makabubuti] sa inyo.﴿

*(Qur'an 2: 216)*

Si Abu Darda (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

> "Naiibigan ko ang tatlong bagay na kamuhi-muhi sa mga tao: naiibigan ko ang karalitaan, ang karamdaman, at ang kamatayan. Naiibigan ko ang mga ito sapagkat ang karalitaan ay

kapakumbabaan, ang karamdaman ay pagpapatawad sa mga kasalanan, at ang kamatayan ay ang pakikipagtipan kay Allah."

Ang ilan sa mga Arabong makata ay labis ang pagkamuhi sa karalitaan, na mahihinuha sa sumusunod na linya, kung saan ang makata ay nag-angkin na kahit ang mga aso ay namumuhi sa mga maralitang tao:

*Sa isang tangi (o pangkaraniwang) araw,*
*kung ito (ang aso) ay nakakakita ng isang mahirap*
*at naghihikahos, ito ay tumatahol at nagpapakita*
*ng kanyang mga ngipin dahilan sa panunuya.*

Si Propeta Yusuf (Hosep) ay nagsabi tungkol sa (kanyang) pagkakabilanggo:

﴿O aking Panginoon! Ang kulungan ay higit kong mamatamisin kaysa sa bagay na ako ay kanilang inaanyayahan.﴾ *(Qur'an 12: 33)*

At tungkol sa kamatayan, marami sa lipon ng matutuwid ang sumalubong dito. Si Mu'aadh (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

"Salubungin ang kamatayan, - ang isang minamahal ay pumarito sa oras ng pangangailangan. At siya na nagsisisi (sa kanyang mga kasalanan sa panahon ng kanyang buhay) ay matagumpay."

Ang mga iba, gayunman, ay tumatakas sa kamatayan at nanunumpa sa pagdating nito. Ang mga Hudyo, bilang halimbawa, ay siyang pinakamapagnasa kung tungkol sa buhay (na ito). Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nagwika tungkol sa kanila:

﴿Ipagbadya [sa kanila]: 'Katotohanan, ang kamatayan na inyong tinatakasan ay walang pagsalang daratal sa inyo...'﴾ *(Qur'an 62: 8)*

Ang makitlan ng buhay sa landas ni Allah ay isang pangarap at kalugud-lugod na naisin para sa isang matuwid:

﴾Ang iba sa kanila ay nakatupad sa kanilang mga tungkulin [alalaong baga, namatay sa labanan at naging martir], at ang iba sa kanila ay naghihintay pa rin...﴿ *(Qur'an 33: 23)*

Samantala, ang iba ay namumuhi sa kamatayan at tumatakas dito. Isang Arabong Disyerto ang nagsabi:

> "Sa (Ngalan) ni Allah, ako ay namumuhi na mamatay habang ako ay nasa higaan, kaya't paano ako maaasahan na humanap ng kamatayan kung nasa unahang hanay (ako) ng labanan."

﴾Ipagbadya: 'Pigilan ninyo ang kamatayan sa inyong sarili kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.'﴿ *(Qur'an 3: 168)*

﴾Ipagbadya: 'Kahit kayo man ay nanatili sa loob ng inyong mga tahanan, yaong mga nakatakda na mapatay (o mamatay) ay walang pagsala na paroroon sa lugar ng kanilang kamatayan.'﴿

*(Qur'an 3: 154)*

Ang kuwento sa kahabaan ng kasaysayan ay iisa: yaon lamang mga artista ang nagbabago.

## *O' anak ni Adan, huwag mawalan ng pag-asa*

O' Tao: tao na nababagot sa buhay, na nakakakita na mahirap palipasin ang mga araw, at nakalasap ng mapapait na malaking pagbabago sa buhay, tandaan na sa kaginhawahan ay sumusunod ang kahirapan, na ang pangako ni Allah ay tunay, na kung ikaw ay makatotohanan at matapat, ang tagumpay ay nandiyan lamang.

﴾[Ito ang] pangako ni Allah, si Allah ay hindi kailanman sumisira sa Kanyang Pangako, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaunawa.﴿ *(Qur'an 30: 6)*

Para sa iyo na nasa mahirap na pagpipilian, - kung anuman ito, - ay mayroong isang lunas, at para sa iyong kahirapan, - kung anuman ito, - ay mayroong isang solusyon.

﴿'*Al-Hamdulillah* [Ang kaluwalhatian at pasasalamat ay kay Allah]', na Siyang nag-alis sa amin ng [lahat] ng kapighatian.﴾ *(Qur'an 35: 34)*

O' Tao: ang oras ay sumapit na sa iyo upang lunasan ang iyong mga pag-aalinlangan (sa pamamagitan) ng pananampalataya at ang iyong nalilihis na mga isipin (sa pamamagitan) ng patnubay. Marapat mong alisin ang kulambong ng kadiliman na tumatakip sa iyo upang iyong makita ang kislap ng tunay na sikat ng araw; marapat mong palitan ang pait ng kalungkutan (sa pamamagitan) ng tamis ng pagiging kuntento.

O' Tao; sa ibayo ng tuyong disyerto na iyong tinatawid, ikaw ay makakatagpo ng luntiang pastulan at matabang lupa. Ang mga prutas doon ay yumayabong nang maraming-marami sa lahat ng direksyon.

O' Tao: dahilan sa iyong walang tulog na mga gabi, (ikaw) ay humihiyaw sa mga huling oras ng gabi, tandaan mo ito:

﴿Hindi baga ang umaga ay malapit na?﴾ *(Qur'an 11: 81)*

O' Ikaw na ang isipan ay gumagala-gala sa pagdadalamhati, gumalaw sa paggawa ng walang pagmamadali, sapagkat sa ibabaw ng panginorin ng nalilingid ay naroroon ang isang solusyon at isang paraan para sa iyong mga kahirapan. O' Ikaw, na ang mga mata ay tigmak ng luha, pigilin mo ang iyong mga luha at magbigay ng kasiyahan sa talukap ng iyong mga mata. Magrelaks at maalaman na ang iyong Tagapaglikha ay nangangalaga at tumutulong, at ang Kanyang Habag sa iyo ay magbibigay sa iyo ng kapayapaan. Maging mapayapa sa isipan, O' alipin ni Allah, sapagkat ang banal na pagtatakda ay nasusulat at ang lahat-lahat ng bagay ay

napagpasyahan na. At maalaman na ang iyong gantimpala ay ligtas (na nakatago) sa Kanya, na hindi bumibigo sa kanya na naghahanap na mabigyan Siya ng pagkalugod.

Maging mapayapa, sapagkat pagkaraan ng karalitaan ay dumarating ang kayamanan, na matapos ang pagkauhaw ay dumarating ang inumin, na matapos ang pagkakahiwalay ay dumarating ang masayang pagtatagpo, at matapos ang kawalan ng tulog ay dumarating ang mahimbing na pamamahinga.

﴾Kayo ay hindi nakakaalam, baka sakaling si Allah ay magkaloob pagkaraan ng ganito ng ilang [naiibang] bagay.﴿ *(Qur'an 65: 1)*

O' Ikaw na inapi sa kalupaan, na nagdusa sa pagkagutom, kirot, karamdaman at karalitaan, magsaya sa kabatiran na hindi na magtatagal ay masisiyahan ka sa pagkain, at ikaw ay magiging maligaya at nasa mabuting kalusugan.

﴾At Ako [Allah] ay nanunumpa sa gabi kung ito ay humihimlay, at Ako [Allah] ay nanunumpa sa bukang-liwayway kung ito ay namamanaag.﴿ *(Qur'an 74: 33-34)*

Ang bawat Muslim ay marapat na mayroong magandang isipin tungkol sa kanyang Panginoon at marapat na maghintay nang may pagtitiyaga sa Kanyang kagandahang-loob, sapagkat ang Tanging Isa na may kapangyarihan na magwika ng "Mangyari nga!" sa mga bagay-bagay (o pangyayari), at ito ay magaganap, ay karapat-dapat na pagkatiwalaan kung isasaalang-alang ang Kanyang pangako. Walang sinuman ang makapaghahatid ng kabutihan maliban sa Kanya, at walang sinuman ang makasasansala sa kasamaan maliban sa Kanya. Sa bawat gawa Siya ay may karunungan at makaraan ang bawat oras Siya ay naghahatid ng ginhawa. Kanyang ginawa na ang umaga ay sumunod sa gabi at ang ulan ay sumunod sa pagkatuyo. Siya ay nagbibigay upang (Siya ay) mapasalamatan at Kanyang inilalagay (ang sinuman) sa pagsubok

upang (Kanyang) maalaman, - at Siya ay may karunungan sa lahat ng bagay, - yaong matitiyaga. Kaya nga, ito ay higit na mainam sa kapakanan ng Muslim upang mapalakas niya ang kanyang kaugnayan sa kanyang Panginoon at upang siya ay humiling nang madalas sa Kanya.

﴾... At kayo ay humingi kay Allah ng Kanyang Biyaya.﴿

*(Qur'an 4: 32)*

﴾Panikluhuran ninyo ang inyong Panginoon ng may kapakumbabaan at sa lihim.﴿ *(Qur'an 7: 55)*

Si Al-'Ala ibn Al-Hadhrami at ang ilang Kasamahan ng Sugo ni Allah (saws) ay nalagay sa kagipitan sa gitna ng disyerto. Ang kanilang panustos na tubig ay nasaid na at silang lahat ay nasa bingit na ng kamatayan. Si Al-'Ala ay tumawag sa kanyang Panginoon, na Lubos na Nakakarinig at Siyang tumutugon sa panalangin ng isa na humihingi sa Kanya. Siya ay nagsabi, "O' Kataas-taasan, ang Pinakadakila, O' Pinakamaalam at Pinakamapagbigay." At sa sandali ring yaon, ang ulan ay nagsimula nang bumuhos. Sila ay nagsiinom, nagsagawa ng ablusyon (paghuhugas bago ang pagdarasal), at binigyan nila ang kanilang mga hayop ng maiinom.

﴾At Siya ang nagpapamalisbis ng ulan [kahima't] ang [mga tao] ay nawalan na nang lahat ng pag-asa at nagpapamudmod ng Kanyang habag [nang malayo at malawak]. At Siya ang Wali [Tagapangalaga, Tagapanustos, Tagapagtaguyod], ang Karapat-dapat sa Lahat ng mga Pagpupuri.﴿ *(Qur'an 42: 28)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Ang mahalin si Allah, ang makilala Siya, ang maala-ala Siya, ang maghanap ng kapayapaan sa Kanya, ang pagtatangi sa Kanya

para sa ganap na pagmamahal, pangamba, pag-asa, at pagdepende, - ito ang mga katangian na kung pagsasama-samahin sa isang tao ay makabubuo ng isang uri ng langit sa kalupaan. Ito ang mga katangian na naghahatid ng kapayapaan sa kanila na nagmamahal kay Allah, isang uri ng kapayapaan na walang kahambing sa mundong ito.

Kung ang puso ay kuntento at mayroong matibay na kaugnayan kay Allah, ang pagkabalisa at dalamhati ay mawawala rito. Gayon din naman: walang sinuman ang higit na nakadarama na nalilingkis ng dalamhati kaysa sa isa na ang puso ay nakikiugnay sa iba maliban pa kay Allah, siya na nakakalimot sa pag-aala-ala kay Allah at hindi nasisiyahan sa kung anuman ang ipinagkaloob sa kanya. Ating mapapatunayan ang ganitong realidad kung ating pag-aaralan ang mga kaso niyaong mga pumanaw na nanga-una sa atin.

## *Ang mga pagpapala na nagkukubli*

﴾At katotohanang winasak Namin noon pa mang una ang mga bayan [pamayanan] sa paligid ninyo.﴿ *(Qur'an 46: 27)*

Mayroong isang kalunus-lunos na halimbawa ang pamilya ng Barmak, isang pamilya na namuhay ng buhay ng kariwasaan, ginhawa, at kaluhuan. Ang kanilang wakas, magkagayunman, ay nagsilbing isang aral at halimbawa sa lahat ng mga Arabo na dumating pagkaraan nila. Si Haroon Al-Rasheed, ang pinuno sa panahon nila, ay nag-utos ng isang hindi inaasahang paglusob sa pamilyang Barmak at sa kanilang mga ari-arian. Ang pagtatakda ni Allah ay nangyari sa kanila nang isang umaga sa mga kamay ng pinakamalapit na tao sa kanila: kaniyang winasak ang kanilang mga tahanan, na umangkin ng kanilang mga alipin, at pinaagos ang kanilang dugo. Ang kanilang mga minamahal at mga anak ay tumangis sa kanilang pagkapariwara (at kahihiyan). Wala ng iba pa

ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah; yaong mga nakakaalam ng kuwento ay marapat na magpahalaga ng may pagtatangi sa pansamantalang kalikasan ng kapangyarihan at kayamanan sa mundong ito:

﴾Kaya't inyong sundin ang Tagubilin, O' kayong may mga mata [upang magmalas]!﴿ *(Qur'an 59: 2)*

Iisang oras na lamang bago ang kanilang pagbagsak, sila ay mayabang na lumalakad sa mga (telang) sutla, na puno ng katuwaan at kasiyahang-loob, na nakadarama ng kaligtasan sa kapinsalaan, na hindi nakababatid ng malalaking pagbabago sa buhay.

﴾At nagsipanirahan kayo sa mga tirahan ng mga tao na nagpariwara [nagligaw] sa kanilang sarili, at ito ay maliwanag sa inyo kung paano Namin pinakitungahan [o pinarusahan] sila. At inihantad Namin sa inyo ang maraming paghahambing [halimbawa].﴿ *(Qur'an 14: 45)*

Sila ay nagmayabang sa kanilang buhay ng paglalaro; magkagayunman, ang nakalulungkot para sa kanila, sila ay namali ng hinuha sa mirahe bilang tubig at ang buhay na ito bilang walang-hanggang pananatili. Napag-isip nila ng may kamalian na ang katarungan ay hindi makalulupig sa kanila, at yaong bindikasyon (pagbibigay-matwid o pagtatanggol) ay hindi darating sa paligid ng kanilang pinagkasalahan.

﴾... At sila ay nag-akala na sila ay hindi magbabalik sa Amin!﴿ *(Qur'an 28: 39)*

Sila ay nagising nang umagang yaon sa estado ng kasiyahan ngunit nang ang gabi ay sumapit, sila ay nasa kanilang libingan na. Sa isang sandali ng pagkapoot at kapritso, si Haroon Al-Rasheed ay bumunot sa kanyang espada ng pagkapoot para sa kanila, na pumatay kay Ja'far ibn Yahya Al-Barmaki, sa pamamagitan ng pagbitin sa kanya sa krus at pagkatapos ay pagsunog sa kanyang katawan.

Kanyang ibinilanggo ang ama niyang si Yahya at ang kapatid niyang si Al-Fadl. Kinumpiska niya ang kanilang kayamanan. Ang kanilang kalagayan ay ipinagluksa ng maraming makatang Arabo. Ang isa sa kanila ay nagsabi:

*Nang aking makita ang espada na humalo (o sumama) kay Ja'far,*
*at ang isang tagatawag ay nagpahayag ng balita ni Yahya sa Khaleefah,*
*ako ay nagluksa sa mundong ito at ako*
*ay sumapit upang maniwalang tunay na sa malapit na panginorin*
*ay may isang araw (na darating) na ang batang lalaki*
*ay lilisan sa mundong ito, ito ay wala ng iba maliban*
*na isang bansa (bayan) at pinuno na pinalitan ng iba,*
*ang pangyayari ng kasawiang-palad ay sinundan*
*ng pagtatalaga ng mga biyaya, kung ang isa*
*ay manahan sa matataas na mansiyon ng isang hari,*
*kung gayon, ang isang yaon ay malulubog*
*sa pinakamababang lalim ng kahirapan.*

Maliban sa kasalukuyan, nasaan si Haroon Al-Rasheed at nasaan ang pamilyang Barmak? Nasaan ang mamamatay-tao at nasaan ang pinatay? Nasaan siya na nag-utos ng pagpatay habang siya ay nakahiga sa isang kama sa kanyang kastilyo? At nasaan siya na ibinitin sa krus? Ang kahapon at ang mga artista ng kahapon ay parehong nang nawala. Datapuwa't ang Pinakamakatarungan ay hahatol sa pagitan nila sa Araw (na yaon), na ang tungkol doon ay walang alinlangan, ang Araw na kapwa walang anumang kamalian o walang di-makatarungan.

﴾Ang kaalaman diyan ay nasa aking Panginon, sa isang Talaan. Ang aking Panginoon ay hindi kailanman nagkakamali at nakalilimot.﴿

*(Qur'an 20: 52)*

﴾Sa Araw na yaon, ang sangkatauhan ay magsisitindig sa harapan ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang.﴿ *(Qur'an 83: 6)*

﴾Sa Araw na yaon, kayo ay ihaharap sa Pagsusulit at walang anumang lihim ang inyong maikukubli.﴿ *(Qur'an 69: 18)*

Si Yahya ibn Khalid Al-Barmaki ay tinanong tungkol sa kalamidad na ito, "Alam mo ba ang sanhi nito?" Siya ay nagsabi, "Marahil, ito ang panikluhod ng isa na aming ginawan ng kasamaan (o pinagkasalahan), isang dasal na mabilis na naglakbay sa kahabaan ng gabi habang kami ay hindi nakatatalos nito."

Si Abdullah ibn Mu'aawiyah ibn Abdullah ibn Ja'far ay nagsabi sa loob ng bilangguan tungkol sa kanyang pagkapiit:

> "Kami ay lumisan sa mundo at kami magpahanggang ngayon ay kanyang mamamayan, kami ay hindi mula sa patay gayundin sa buhay, kung ang bantay ng bilangguan ay pumarito dahil sa isang dahilan o iba pa, kami ay nagtataka at nagsasabi: Ang isang ito ay nanggaling mula sa mundo, kami ay lubhang nagalak matapos na makakita ng panaginip, sapagkat ang karamihan sa aming pag-uusap kung kami ay magising na ay tungkol sa mga panaginip na aming nakita, kapag ito ay mabuti, laging napakabagal na ito ay nagdaraan, at kung ito ay masama, ito ay hindi maghihintay bagkus ay darating nang matulin."

Mayroong isang mabuting bahagi ng pang-uuyam sa dalawang huling linya; matapos na mabasa ang mga ito, aking naala-ala ang mga salita ni Al-Jaahiz:

> "Kapag ang kartero ay naghahatid ng balita sa amin, tungkol sa ilang masamang pangyayari, siya ay hindi nag-aaksaya ng oras at nagmamadali, kaya't kung ito ay masama, ito ay dumarating matapos ang isang araw at isang gabi, at kung ito ay mabuti, ito ay nangangailangan ng kanyang panahon at dumarating makaraan ang isang linggo."

Isang haring Persiano ang nagpakulong ng isang matalinong tao na sumulat sa kanya na nagsasabi, "Sa bawat oras na ako ay nagdaraan dito, ako ay higit na napapalapit sa ginhawa at ikaw (naman) ay sa pagkapoot. Kaya't ako ay naghihintay sa higit na maiinam na oras. Samantala, ikaw ay pinangakuan ng isang mapait na pagkaaba."

Matapos na marating ang tuktok ng kariwasaan at kaluhuan, si Ibn Abbaad, ang Sultan ng Andalusia, ay nakaharap ng isang krisis. Sa panahon na ang kahangalan at mga musikang instrumento at mga mananayaw ay nagiging laganap sa kanyang kastilyo, ang mga Romano ay lumusob sa kanya, kaya't siya ay humanap ng tulong mula sa Sultan ng Morocco na si Ibn Taashfeen. Ang huli ay tumawid sa karagatan na kasama ang kanyang hukbo at naghatid sa kanya ng tagumpay. Si Ibn Abbaad ay nagturing sa kanya bilang isang ipinagkakapuring panauhin, na nagpapahintulot sa kanya na ituring ang kanyang mga kastilyo at mga halamanan na waring sariling kanya. Datapuwa't si Ibn Taashfeen ay nagmamasid sa sitwasyon na tulad ng isang leon, at siya ay may ibang mga plano.

Matapos lamang ang tatlong araw, si Ibn Taashfeen at ang kanyang hukbo ay lumusob sa huminang kaharian ng Andalusia. Si Ibn Abbaad ay kinuha bilang isang bihag at ang kanyang mga ari-arian ay sinamsam. Ang kanyang mga kastilyo at mga halamanan ay winasak at siya ay dinala sa probinsiya ng Agmaat na kanyang pinanggalingan bilang isang bilanggo.

﴾At gayundin, ang mga araw [na mabuti at hindi lubhang mabuti] ay Aming ibinigay sa mga tao nang halinhinan...﴿ *(Qur'an 3: 140)*

Ang pamamahala sa Andalusia ay nahulog sa mga kamay ni Ibn Taashfeen: siya ay nag-angkin na ang pamumuno ay tunay na sa kanya, sapagkat sa una pa man, ang mga tao ng Andalusia ang nagpatawag sa kanya mula sa Morocco.

Maraming panahon ang lumipas, at matapos, isang araw, ang mga anak na babae ni Ibn Abbaad ay nakagawa na makadalaw sa kanya sa bilangguan. Sila ay dumating na nakayapak, nagugutom, namumutla, at lumuluha. Nang makita niya ang kaawa-awa nilang kalagayan, siya ay napahiyaw ng:

> "Sa mga nakaraang araw, ako ay nagsasaya sa mga tanging okasyon, nguni't anong pagkahirap-hirap na okasyon ito na naririto sa Agmaat, (ako) bilang isang bilanggo. Nakikita mo ang iyong mga anak na babae na yayat at nagugutom, sila ay nananahi para sa mga tao at wala silang anumang angkin. Sila ay pumaroon sa iyo na nangangamba at nanghihina, na may malungkot na mga mata at biyak na puso, na tumatapak sa putik na nakayapak, na wari bang ang mga paang yaon ay hindi kailanman tumapak sa mamahaling pabango at mga rosas."

﴾Kaya't nang ang Aming Pag-uutos [Kaparusahan] ay sumapit, ay ginawa Naming ang pinakamataas na bahagi [ng mga bayan ng Sodom sa Palestina] na pinakamababa [alalaong baga, winasak at pinatag]...﴿ *(Qur'an 11: 82)*

﴾Katotohanan, ang kahalintulad ng pangkasalukuyang buhay sa mundong ito ay tulad ng ulan na pinamalisbis Namin mula sa alapaap, na sinisipsip ng mga halaman sa kalupaan [at ito ay naghatid ng mga pag-aani ng maraming bunga] na nagsisilbing pagkain ng mga tao at mga hayop; hanggang nang ang kalupaan ay mapuspos ng ginintuang pahiyas at kagandahan; ang mga tao [na nagmamay-ari nito] ay nag-akala na sila ay may kakayahan tungkol dito. [At nangyari] ang Aming pag-uutos ay sumapit dito sa gabi o sa araw, at ginawa Namin ito na matugnas [alalaong baga, nabunot lahat ang mga tanim o naputol ang mga ugat, samakatuwid ito ay nagasak at nasira], na wari bang ito ay hindi nanagana kahapon [lamang]!﴿

*(Qur'an 10: 24)*

## *Ang mga bunga ng pagiging kuntento*

﴾Si Allah ay nalulugod sa kanila at sila ay nalulugod sa Kanya.﴿
*(Qur'an 5: 119)*

Ang pagkakuntento ay nagbubunga ng maraming bunga na pinagpala. Higit pa sa anumang bagay, ang pagiging kuntento sa kung anuman ang itinakda, ang isa ay makagagawa na makapaibabaw sa pinakamataas na antas ng pananampalataya at pagkamakatotohanan.

Ang ilan ay maaaring maghangad na ang mabuti lamang ang (dapat na) sumapit sa kanila, na ang mga nakalulugod na bagay lamang ang (dapat na) mangyari sa kanilang buhay, nguni't hindi gayon ang kahulugan ng pagiging alipin ni Allah. Ang marami sa mga pag-uugali ng tunay na nananampalataya, na kinabibilangan ng pagtitiyaga, ganap na pagdepende, pagkakuntento, pagpapakumbaba, at pagtalima sa sariling kalooban, ay nagiging lantad lamang kung siya ay nakaharap ng ilang bagay na hindi niya nagugustuhan. Kaya't ang pagiging nalulugod sa kung anuman ang itinakda ay hindi nangangahulugan ng pagiging kuntento lamang sa mga gayong bagay na umaayon sa pagpapasya o disposisyon ng isa; ang tunay na sukatan sa tunay na pagiging kuntento ay yaong mga panahon kung ang isa ay dumaraan sa masasakit na sitwasyon. At wala sa kalooban ng alipin na diktahan ang mga katakdaan ng kasasapitan; siya ay maaaring maging masaya o hindi kuntento, at ito ay walang pagkakaiba, maliban, na sa pagiging hindi kuntento, siya ay nagkakasala. Ang mga tao ay wala ng maraming pamimilian kung tungkol sa banal na pagtatakda: ang pagpili at pagpapasya ng ganito ay angkin lamang ni Allah. Siya ang Pinakamaalam at Pinakamataas.

## *Ang pagiging nalulugod kay Allah*

Marapat nating maalaman na kung tayo ay nalulugod kay Allah, Siya (rin) ay nalulugod sa atin. Samakatuwid, kung ikaw ay nalulugod sa kaunti (o maliit) na dami ng panustos o ikabubuhay, Siya ay nalulugod sa iyo para sa iyong maliit na gawa. At kung ikaw ay nalulugod maging anuman ang sitwasyon, kung gayon, iyong matatagpuan na ikaw ay kumita ng pagkalugod ni Allah, at iyong mapagtatanto na si Allah ay higit na nalulugod sa matatapat na kuntentong tao. Sa kabilang banda, nariyan ang mga mapagkunwari. Si Allah ay nagtatakwil sa kanilang mga gawa, kahit na nga ang mga gawaing yaon ay marami o kakaunti. Sila ay hindi nalulugod sa anumang ipinanaog ni Allah sa kanila at sila ay namumuhi na hanapin ang Kanyang pagkalugod. Kaya't ang kanilang mga gawa ay isinagawa ng walang kabuluhan.

## *Para sa mga hindi nasisiyahan ay mayroong pagkapoot*

Sa pagiging walang kasiyahan sa kanyang sitwasyon at sa pag-iisip ng hindi naaangkop na isipin tungkol kay Allah, ang isa ay nagbubukas ng pinto ng pagkabagabag at dalamhati. Sa kabilang banda, ang pagiging nasisiyahan sa kanyang kalagayan at sa Pagtatakda ni Allah ay nagbubukas ng pinto ng isang paraiso sa kalupaan bago pa (ang pagdating) ng Kabilang Buhay. Ang katanungan at daing tungkol sa kung anuman ang itinakda ay hindi magreresulta sa pagiging kuntento sa sarili at (pagkakaroon ng) panloob na kapayapaan. Sa halip, ito ay (matatamasa) sa pamamagitan ng pagtalima at pagtanggap, sa ganoon ay ating mapapalabas yaong magagandang bunga o resulta, sapagkat ang Tanging Isa na nagtutustos sa lahat ng bagay ay hindi kailanman marapat na akusahan tungkol sa anumang Kanyang itinakda.

Nagugunita ko pa hanggang sa ngayon ang kuwento ni Ibn Ar-Rawandi, ang tanyag na ateistang pilosopo. Nakakita siya ng isang pangkaraniwan at ignoranteng tao na tumira sa mga kastilyo at siya ay napakayaman. Si Ibn Ar-Rawandi ay tumingala sa langit at nagpahayag, "Ako ay isang pilosopo ng aking henerasyon, gayunman ako ay namumuhay sa karalitaan, habang ang pangkaraniwan at ignoranteng tao ay mayaman. Ito ay isang walang-pili at kakatwang pagbabaha-bahagi." Sa gayon, si Allah ay nagdagdag kay Ar-Rawandi sa kanyang kahirapan, pagkaaba, at karalitaan.

﴾... At katiyakan, ang Kaparusahan ng Kabilang Buhay ay higit na kaaba-aba; at sila ay hindi matutulungan.﴿ *(Qur'an 41: 16)*

## *Ang mga pakinabang na maaani ng tao sa pagiging kuntento*

Sa panahon ng mga kahirapan, kung ang isa ay nananatiling nasisiyahan sa kanyang kalagayan o sitwasyon, siya ay makagagawa na manatiling panatag at mahinahon, nguni't higit pa roon, siya ay nagpapamalas ng tunay na paniniwala sa pangako ni Allah at ng Kanyang Sugo (saws). Ito ay wari bang ang kanyang puso ay mayroong tinig na nagsasabi ng:

﴾'Ito ang ipinangako sa atin ni Allah at ng Kanyang Sugo [Muhammad], at si Allah at ang Kanyang Sugo [Muhammad] ay nagsabi ng katotohanan.' At ito ay lalo pang nakapagdagdag sa kanilang pananampalataya at pagtanggap [kay Allah].﴿ *(Qur'an 33: 22)*

Sa kabalintunaan, ang hindi nasisiyahang puso ay puno ng karamdaman, alinlangan, at kawalang-katatagan; ang gayong puso ay nananatiling mapaghimagsik at naguguluhan. Ito ay wari bang ang puso ring ito ay may tinig, nguni't ang mga salita na ipinangungusap nito ay lagi nang naiiba:

﴾Si Allah at ang Kanyang Sugo ay walang ipinangako sa atin maliban sa kahibangan!﴿ *(Qur'an 33: 12)*

Ang mga tao na nagtataglay ng ganitong uri ng puso ay magkakasalungat sa kanilang pakikitungo. Kung sila ay mayroong karapatan sa isa't isa, sila ay nagmamadali na angkinin ang kanilang mga karapatan. Datapuwa't kung sila ay hinahanap upang tuparin ang kanilang mga obligasyon, sila ay lumalayo na walang pagpapahalaga. Kung ang mabuti ay sumapit sa kanila, sila ay nakadarama ng kahinahunan at kaluwagan ng loob, datapuwa't kung sila ay ilagay sa pagsubok, kapagkaraka, (tingnan kung) gaano ang kanilang pagbabago tungo sa pagiging masahol! Sila yaong nawalan, hindi lamang ng mundong ito, bagkus ay gayundin ng Kabilang Buhay.

﴾Ito ang lantad na pagkatalo.﴿ *(Qur'an 22: 11)*

Kaya't yaon ang dalawang magkasalungat na umani ng mga bunga o resulta na kapwa magkasalungat sa kalikasan: ang pagkakuntento ay naghahantong sa kapayapaan, na sa kalaunan ay naghahantong sa kasaganaan; ang pagkagalit o paghihinanakit tungkol sa pagtatakda ni Allah ay naghahantong sa pagkabagabag, na sa kalaunan ay naghahantong sa pagkabigo. Marapat mong alalahanin na mula sa pinakamalaki sa mga pagpapala ni Allah na Kanyang maibibigay sa isa sa Kanyang mga alipin ay ang pagkakaloob ng kapanatagan sa kanya, at ang isa sa pinakamainam na paraan ng pagtatamo ng kapanatagan ay sa pagiging nasisiyahan at nalulugod kay Allah sa lahat ng oras.

## Huwag mong hamunin ang iyong Panginoon

Sa pamamagitan ng pagkakuntento, ang isa ay nakaligtas na matulad sa kanila na humahamon sa kanilang Panginoon sa Kanyang

mga pagtatakda at mga pagpapasya. Upang maunawaan ito, ang isa ay kinakailangan lamang na tumingin sa kaso ni *Iblees* (ang Demonyo). Siya ay nakipagtalo at sumalungat sa kanyang Panginoon sapagkat siya ay hindi nalulugod sa Kanyang pagtatakda at pagpapasya. Yaong mga tumatanggi na maniwala kay Allah ay gumagawa lamang ng gayon sapagkat sila ay humahanap na hamunin Siya sa lakas at kapangyarihan sa halip na tumalima sa Kanya. Matapos, sila ay tumatalikdan sa Kanyang mga pag-uutos, na nagsasakatuparan kung ano ang hindi pinahihintulutan, at humahamon sa Kanyang banal na pagtatakda sa pagpapakita ng pagkagalit.

## *Isang makatarungang pagtatakda*

Ang pagpapasya ni Allah ay may bisa sa Kanyang alipin: ito ay sasapit upang maganap, at ito ay isang makatarungang pagpapasya, katulad nang nabanggit sa *hadith*:

"*Ang Inyong pagtatakda tungkol sa akin ay isasakatuparan, at Kayo ang Makatarungan sa akin sa Inyong Pagpapasya.*"

Si Allah, ang Pinakamataas, ay nagbawal sa Kanyang Sarili sa pagiging hindi makatarungan sa Kanyang mga alipin. Sa katunayan, ang mga tao sa kanilang sarili ang gumagawa ng kamalian at (sila) ay hindi makatarungan.

Ang nabanggit na *hadith* sa itaas na, "At Kayo ang Makatarungan sa akin sa Inyong Pagpapasya" ay kasama rin sa kautusan ng pagkakasala, sa epekto nito at sa kaparusahan nito. Si Allah ang Pinakamakatarungan tungkol sa Kanyang pagtatakda para sa pagkakasala at sa kaparusahan nito. Siya ay maaaring nag-atas ng isang kasalanan sa isa sa Kanyang mga alipin sa kadahilanan na hindi maarok ng ating isipan. Maaaring may layunin para sa gayon, na

dahil sa pagiging lubhang malalim ng sangay nito, ay Siya lamang ang nakababatid. At yaon ang paniniwala ng Muslim.

## *Ang pagkagalit o paghihinanakit ay walang ibinibigay na ganti*

Ang pagiging magagalitin tungkol sa kalagayan o sitwasyon ng isa ay pangkalahatang nanggagaling sa dalawang posibilidad. Ito ay maaaring sanhi ng hindi pagtatamo ng anumang ninanais ng isa, o ang kaganapan ng bagay na kinamumuhian ng isa. Gayon pa man, kung ang isa ay tunay na naniniwala na kung anuman ang nakaalpas sa kanya, (ito) ay hindi kailanman para sa kanya, at kung anuman ang sumaling sa kanya, (ito) ay lagi nang nakalaan sa kanya, kung gayon, siya ay walang dahilan upang maghinanakit o sumama ang loob. Ang Sugo ni Allah, si Muhammad (saws) ay nagsabi:

"*Ang pluma ay natuyo tungkol sa kung ano ang iyong kakaharapin, O' Abu Hurayrah. Ang pag-aatas ay natapos na sa iyo, ang pagtatakda ay kumpleto na, ang sukat ng mga bagay ay naisulat na, ang mga pluma ay naitaas na, at ang mga pahina ay natuyo na.*"

## *Ang kaligtasan ay nasa pagkakuntento*

Ang pagkakuntento o pagiging nasisiyahan ay nag-aalok ng kaligtasan sapagkat ang nasisiyahang puso ay malusog at malaya sa pandaraya, katiwalian, at matinding hinanakit. At yaon lamang malakas at malusog na puso ang maliligtas sa kaparusahan ni Allah, isang puso na ligtas at malaya sa pag-aalinlangan, kawalan ng pananampalataya, at sa mga iba't ibang panlilinlang ng demonyo. Ang gayong puso ay abala lamang kung paano niya mabibigyang-lugod si Allah.

﴾Ipahayag: 'Si Allah [ang nagpapanaog nito].' At hayaan sila na maglaro sa kanilang walang saysay na pag-uusapan.﴿ *(Qur'an 6: 91)*

Ang kapaitan at pagkagalit ay mga konsepto na banyaga sa malusog na puso, kaya nga, habang ang isa ay higit na nasisiyahan sa Pagtatakda ni Allah, nagiging higit na malusog at malakas ang puso ng isa. Ang kabuktutan, katiwalian, at panlilinlang ay kasama ng kawalang-kasiyahan, samantalang ang malusog na puso, katuwiran, at katapatan ay kasama ng kasiyahan o pagkakuntento. Gayundin, ang paninibugho ay isa sa mga bunga ng kawalang-kasiyahan.

Ang malugod kay Allah ay isang katangian na katulad ng isang mabuting punongkahoy na inaaruga sa pamamagitan ng tubig ng katapatan sa halamanan ng dalisay na Monoteismong Islamiko. Ang mga ugat nito ay pananampalataya at ang mga sanga nito ay mabubuting gawa. Ito ay isang punongkahoy na namumunga ng sariwa at matamis na bunga. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang isa ay nakalasap ng lasa ng pananampalataya kung ang isa ay nalulugod kay Allah bilang kanyang Panginoon, na Islam ang kanyang relihiyon, at si Muhammad bilang isang Sugo.*"

## *Ang kawalang-kasiyahan ay pinto tungo sa pag-aalinlangan*

Ang kawalang-kasiyahan ay nagbubukas sa pinto na naghahantong sa pag-aalinlangan kay Allah: sa Kanyang Pagtatakda, sa Kanyang Karunungan, at sa Kanyang Kaalaman. Pambihira na ang dumaraing ay malaya sa mga ganitong kalakip na pag-aalinlangan na naghahalo sa loob ng kanyang puso at nanunuot sa kanyang pagkatao. Kung siya ay mag-uusisa nang malalim sa kanyang sarili ng may matapat na pagtarok sa kalooban (pagninilay-nilay), matatagpuan niya ang kanyang pananampalataya na

mabuway at katanung-tanong (kaduda-duda). Ang pagkakuntento at pananampalataya ay tulad ng magkapatid na magkasama (o magkasabay) sa isa't isa; samantala, ang pag-aalinlangan at kawalang-kasiyahan ay mayroong katulad na ugnayang pangkapatid. Si Tirmidhi ay nagsalaysay na ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Kung magagawa mong ipakita ang pagkakuntento na may pananampalataya, kung gayon, gawin mo ito. Kung hindi, katotohanan na mayroong higit na kabutihan sa pagtitiyaga sa gayong kinamumuhian ng iyong sarili.*"

Kaya't sila na walang-kasiyahan ay may pagkagalit o hinanakit sa kalooban, at gayundin ay nagagalit, kahit na ang kanilang galit ay hindi ipinapahayag sa mga salita. Sa loob nila ay naghahalo ang iba't ibang uri ng katanungan, gaya ng bakit ang gayon ay nangyari, o paano itong mangyayari?

## *Ang kasiyahan ay kayamanan at kaligtasan*

Sinuman ang pumuno sa kanyang puso ng kasiyahan tungkol sa Banal na Pagtatakda, si Allah ay pupuno sa kanyang puso ng kayamanan, kaligtasan, at kaginhawahan. At sinuman ang maging walang-kasiyahan, kung gayon, ang kanyang puso ay mapupuno ng kasalungat o kabaligtaran, at ang kanyang puso ay magiging abala sa mga bagay na sumasalungat sa kaligayahan at tagumpay.

Samakatuwid, ang pagkakuntento ay nagpapahungkag (o nagpapalubag) sa puso sa lahat ng mga kalabisang karga (o dalahin), kaya't ito ay ganap na iniiwan kay Allah. Ang kawalang-kasiyahan ay nag-aalis sa puso ng lahat ng pag-iisip (o pag-aala-ala) kay Allah. Sa gayon, walang tunay na buhay para sa magagalitin, sa paladaing na tao na lagi nang nakadarama na siya ay palipat-lipat mula sa isang suliranin tungo sa kabila. Nadarama niya na ang kanyang panustos o

ikinabubuhay ay hindi sapat, ang kanyang kapalaran ay mahina, ang kanyang mga problema ay patung-patong, at higit sa lahat, siya ay nakadarama na siya ay karapat-dapat ng higit pa roon. Pangunahin na rito, siya ay walang-kasiyahan sa kung ano ang itinakda sa kanya ni Allah. Paano kung gayon ang ganoong tao ay makakatagpo ng kaginhawahan, kapayapaan, at isang mabuting buhay?

﴾Sapagkat sila ay sumunod sa mga bagay na nagbibigay-poot kay Allah at [kanilang] kinasuklaman ang nagbibigay-lugod at kasiyahan kay Allah, kaya't Kanyang ginawa na ang kanilang mga gawa ay walang saysay.﴿ *(Qur'an 47: 28)*

## *Ang bunga ng kasiyahan ay pagpapasalamat*

Ang pagiging kuntento ay naghahantong sa pagpapasalamat, na ilan sa pinakamataas na antas ng pananampalataya. Sa katotohanan, ito ang realidad ng pananampalataya. Ang buod o epitoma ng lahat ng iba't ibang antas ng katuwiran ay ang pagiging mapagpasalamat kay Allah. At ang isa na hindi kuntento sa mga kagandahang-loob at pagpapasya ni Allah, sa Kanyang pagbibigay at sa Kanyang pagkakait, ay hindi mapagpasalamat sa Kanya. Katiyakan, ang mapagpasalamat na tao ay higit na pinagpala at masagana sa mga (lipon ng) tao.

## *Ang bunga ng kawalang-kasiyahan ay kawalan ng pananampalataya*

Ang pagkagalit ang sanhi upang ang isa ay magkait ng mga kagandahang-loob ni Allah. Sa kalaunan, marahil, ito ay maaaring maghantong sa di-paniniwala kay Allah. Kung ang alipin ay nalulugod sa kanyang Panginoon sa lahat ng mga pangyayari, at sumusunod, di nga kasi, (ito) ay ang pagiging mapagpasalamat sa

Kanya. Nguni't kung siya ay hubad sa kasiyahan o pagiging kuntento, siya ay napapasama sa lipon ng magagalitin o naghihinanakit at sumusunod sa mga pamamaraan ng mga hindi nananampalataya. Ang kasinungalingan at kalihisan sa mga paniniwala ay nangyayari sapagkat ang marami sa mga alipin ni Allah ay nagnanais na sila ay maging diyos sa (kanilang) sarili, hanggang sa punto na ang karamihan sa kanila ay nagdidikta sa kanilang Panginoon kung ano ang kanilang mga nais at ninanasa.

﴿O' kayong sumasampalataya! Huwag ninyong gawin sa inyong sarili na pangunahan si Allah at ang Kanyang Sugo...﴾ *(Qur'an 49: 1)*

## *Ang kawalang-kasiyahan ay isang bitag ng demonyo*

Ang demonyo ay nananaig sa kanyang pang-iilalim o pagpapasunod sa tao na higit na madalas ay sa dalawang lugar: kawalang-kasiyahan at pagnanasa. Sa mga ganitong pangyayari, kanyang natatagpuan na ang kanyang biktima ay labis na madaling matablan, tangi na nga kung ang kawalang-kasiyahan ay malalim na nakaugat. Sa ganitong punto, siya ay nagsasabi, siya ay gumagawa, at siya ay nag-iisip kung ano ang hindi nakalulugod sa kanyang Panginoon. Dahil sa ganitong malinaw na dahilan, ang Propeta (saws) ay nagsabi sa kamatayan ng (anak niyang) si Ibraheem:

"*Ang puso ay nalulumbay, ang mata ay binabalungan ng luha, gayunman, kami ay hindi nagsasalita ng anuman, maliban sa nakalulugod sa aming Panginoon.*"

Ang pagkamatay ng isang sanggol o anak ay isang bagay na maaaring maghantong sa pagkagalit o hinanakit sa puso ng isang tao. Sa gayon, ang Propeta (saws) ay nagbigay-alam sa atin, na sa gayong sitwasyon, sa isang sitwasyon na ang karamihan sa mga tao ay nagiging magagalitin at nagiging sanhi upang sila ay magsalita o

gumawa ng bagay na hindi nakalulugod sa kanilang Panginoon, sila ay hindi marapat na magsalita ng anuman maliban sa bagay na nakalulugod sa kanilang Panginoon. Kung ang isa ay magpapanatili sa sumusunod na tatlong bagay sa dulo ng kanyang mga daliri kung siya ay hindi nalulugod at nagagalit tungkol sa anumang nangyari sa kanya, ang bigat ng kanyang kalamidad ay mababawasan ng malaki. Ang mga ito ay:

Ang maalaman at maniwala sa karunungan ni Allah, at sa katotohanan na batid Niya kung ano ang mabuti at kapaki-pakinabang sa Kanyang mga alipin.

Ang maging maalam o may kamalayan sa dakilang gantimpala at kabayaran na ipinangako ni Allah sa alipin na nagbabata, at gayunpaman, ay matiyaga.

Ang maalaman at matanggap na ang mga pagpapasya at paghatol ay na kay Allah, samantalang ang pagtalima at pagsunod ay para sa Kanyang mga alipin.

﴾Sila baga ang naghahati-hati sa Habag ng iyong Panginoon?﴿

*(Qur'an 43: 32)*

## *Isa pang salita ng kasiyahan*

Ang mga pagnanasa ng isa na nasisiyahan ay masunurin sa anumang ninanais ng kanyang Panginoon sa kanya, na nangangahulugan ng bagay na naiibigan ni Allah at yaong nakalulugod sa Kanya. Kaya nga, ang kasiyahan at ang bulag na pagsunod sa mga sariling pagnanasa ay hindi kailanman magkapanabay na magsasama sa magkatulad (o iisang) puso. At kung ang isa ay mayroong bahagi ng una at isang bahagi ng huli, ang kanyang puso ay magagapi ng kung alin ang higit na malakas sa dalawa.

﴾... At ako ay nagmadali sa Inyo, O' aking Panginoon, upang Kayo ay mabigyan ng kasiyahan.﴿ *(Qur'an 20: 84)*

Magnilay-nilay sa ganitong *hadith*:

*"Maging may kaalaman o kamalayan kay Allah sa mabubuting panahon, Siya ay makakaalam o may kamalayan sa inyo sa mararahas (na panahon)."*

"Ang maging may kaalaman o kamalayan kay Allah" ay nangangahulugan na ikaw ay marapat na maghanap ng pagkamalapit sa Kanya sa pagiging masunurin sa Kanya, sa pagiging mapagpasalamat sa Kanya para sa Kanyang mga biyaya, at sa pamamagitan ng pagbaling sa Kanya nang matapat sa harap ng kahirapan na sumapit sa iyo.

"Sa mabubuting panahon" ay tumutukoy sa mga panahon ng kapayapaan, kaligtasan, mga biyaya, at mabuting kalusugan. "Siya ay makakaalam o may kamalayan sa inyo sa mararahas (na panahon)", sa pamamagitan ng pagpapaginhawa sa iyong paghihirap at sa pagbibigay sa iyo ng daang palabas sa bawat mahihirap na sitwasyon.

Dito ay napakahalaga na ang natatanging ugnayan ay manatili sa puso sa pagitan ng alipin at ng kanyang Panginoon, isang relasyon na nagpapahintulot sa alipin na makadama ng pagiging malapit sa kanyang Panginoon, na siya ay hindi na nangangailangan ng iba. Kaya't siya ay nakakatagpo ng kasama kung siya ay nag-iisa, at siya ay nakakalasap ng tamis sa pag-aala-ala sa Kanya at sa pagdalangin sa Kanya. Ang alipin ni Allah ay patuloy na makakaharap ng kahirapan at kasahulan hanggang sa siya ay mamatay, nguni't kung siya ay mayroong natatanging ugnayan sa kanyang Panginoon, - yaon ay ang pagiging masunurin (niyang) alipin, - ang lahat ng mga kahirapan ng buhay ay magiging magaan sa kanya.

## *Ang pagpapalampas sa mga pagkakamali ng mga kapatid*

﴾Magpakita kayo [O' Muhammad] ng pagpapatawad, at magtagubilin kung ano ang mabuti at lumayo kayo sa mga luku-luko [alalaong baga, huwag ninyong patulan ang mga hangal].﴿

*(Qur'an 7: 199)*

Hindi marapat para sa iyo na talikdan ang iyong kapatid dahilan sa isa o dalawang kamalian o kapintasan na iyong natagpuan sa kanya, tangi na nga kung ang iba pa niyang pag-uugali ay karangal-rangal. Gaya ng alam natin, ang pagiging perpekto ng isa man sa atin ay hindi katamu-tamo. Si Al-Kindi ay nagsabi:

> "Paano ang gayon, na ibig mong ang iyong kaibigan ay magtaglay ng natatanging padron o halimbawa ng mga pag-uugali, kung ang iyong kaluluwa (naman), - na siyang pinakamalapit sa mga kaluluwa sa iyo, - ay hindi laging sumusunod sa iyong mga pag-uutos. Anong karapatan ang mayroon ka upang asahan ang kaluluwa ng ibang tao na sumunod sa iyong mga pag-uutos?"

﴾Kahit na [kung ano man siya ngayon], kayo ay katulad [rin niya] sa inyong sarili noon, hanggang sa igawad ni Allah ang Kanyang paglingap [alalaong baga, kayo ay Kanyang pinatnubayan sa Islam]...﴿ *(Qur'an 4: 94)*

﴾Kaya't huwag ninyong pananganan ang inyong sarili na dalisay. Ganap Niyang batid siya na may pangangamba kay Allah [at nagpapanatili ng kanyang tungkulin sa Kanya].﴿ *(Qur'an 53: 32)*

Sapat na para sa iyo na ikaw ay nasisiyahan sa pangunahing parte o bahagi ng pag-uugali ng iyong kapatid. Si Abu Darda (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi:

"Ang sisihin ang iyong kapatid dahilan sa ilang bagay ay higit na mainam kaysa ang mawala siya sa iyo nang ganap."

Ang ilan sa matatalinong tao ay nagsabi:

"Hanggang ngayon kami ay hindi pa nasisiyahan sa aming sarili, kaya't papaano namin maaasahan sa aming sarili na masiyahan sa iba."

Sinasabi rin na:

"Huwag hayaang maging malayo ang isa na nagbigay-kintal sa iyo ng mabuting pag-uugali at malusog na pagpapasya dahilan sa ilang maliliit na kamalian o kapintasan na napapaligiran (naman) ng isang karagatan ng mabubuting katangian o kabutihan. Hindi ka makakatagpo habang ikaw ay nabubuhay, ng isang tao na lubos na naalagaan o napagyaman, na siya ay ligtas sa dungis at kasalanan. Pagnilay-nilayin ang iyong sarili at (tingnan) kung gaano ito kadalas na nagkakamali at naliligaw. Ang ganitong uri ng panloob (na damdamin) ay makagagawa sa iyong mga hinahanap sa iba na maging higit na balanse o patas, at makagagawa sa iyo na maging madamayin sa makasalanan."

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Sino ang isa na ang kanyang pag-uugali ay hindi nadungisan,*
*ang sapat na kahalagahan para sa isa ay yaong*
*ang kanyang mga depekto o kapintasan ay maaaring mabilang.*

Sinasabi na ang pagsususpetsa ng isa tungkol sa isa niyang kapatid ay hindi dapat na magpaguho sa isang mabuti at magkapanabay na pagtitiwala na nasubok na sa mahabang panahon. Si Ja'far ibn Muhammad ay nagsabi sa kanyang anak, "O' aking anak, sinuman sa lipon ng iyong mga kapatid ang nagalit sa iyo ng tatlong beses, at sa bawat okasyon o pagkakataon ay nagsasabi

lamang ng katotohanan tungkol sa iyo, kunin mo siya bilang isang malapit na kaibigan."

Si Al-Hasan ibn Wahb ay nagsabi:

> "(Ang) mula sa mga karapatan ng magkapanabay na pagmamahal ay yaong magpatawad at magpalagpas sa mga pagkukulang o pagkakamali."

﴾Kaya't suklian mo [O' Muhammad] ang kanilang kamalian nang maraming pagpapatawad.﴿ *(Qur'an 15: 85)*

Si Ibn Roomi ay nagsabi:

> "Naririto ang mga tao at ang mundo, at walang ginagawa na malayo o hiwalay sa alikabok na nakakairita sa mga mata o nakasisira sa inumin. (Ang) mula sa kawalan ng pagiging makatwiran ay ang umasa ng kapinuhan sa mundo, samantalang ikaw sa iyong sarili ay walang kapinuhan."

﴾At kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at sa Kanyang Habag sa inyo, walang sinuman sa inyo kahit kailanman ang magiging dalisay [malinis sa kasalanan].﴿ *(Qur'an 24: 21)*

Isang makata ang nagsabi:

*Ikaw ay humahanap ng isang napangalagaan*
*(o napagyamang) tao na malaya sa mga depekto o kapintasan,*
*ngunit ang aloe ba ay magpapagiti nang nakalulugod*
*na amoy ng walang usok.*

﴾Kaya't huwag ninyong pananganan ang inyong sarili na dalisay. Ganap Niyang batid siya na may pangangamba kay Allah [at nagpapanatili ng kanyang tungkulin sa Kanya].﴿ *(Qur'an 53: 32)*

## ***Samantalahin ang kalusugan at malayang oras***

Hindi ka marapat na mag-aksaya ng iyong kalusugan at malayang oras: huwag maging pabaya sa pagsasagawa ng mga gawa ng pagsunod sa iyong Panginoon sapagkat ikaw ay dumedepende sa nakalipas na mabubuting gawa. Samantalahin ang iyong kalusugan at malayang oras sa pamamagitan ng paggawa at pagsusumikap. Tandaan na hindi mo laging mababayaran ang nawalang panahon, at sa malapit o sa susunod ay ikalulungkot mo ang mga panahon na iyong inaksaya sa kawalan ng ginagawa. Si Bazjamhar ay nagsabi: "Kung ang pagtatrabaho ay siyang sanhi upang ang isa ay mapagod, ang kawalan ng ginagawa ay sanhi sa isa upang mabulok o masira."

Ang isa sa matalinong tao ay nagsabi:

> "Huwag mong gugulin ang iyong araw sa paggawa ng ilang bagay na hindi magiging kapakinabangan sa iyo at huwag hayaan ang iyong kayamanan ay manatiling nabibinbim sa pamamagitan ng hindi pamumuhunan nito sa ilang proyekto. Sapagkat mayroon lamang kaunting panahon sa buhay ng isa (upang) itapon pa ito sa ilang bagay na walang silbi, at ang pinagkukunan ng salapi ng isa ay napakaliit upang hindi (ito) puhunanin. Kaya't ang isang matalino ay lubhang makatwiran na (hindi niya) aksayahin ang kanyang panahon sa walang kuwentang bagay at gugulin ang kanyang salapi sa ilang bagay na hindi magbibigay sa kanya ng sukli."

Ang higit na malalim kaysa rito ay ang salitain ni Eesa (Hesus):

> "Ang kabanalan ay nasa tatlo: sa pangungusap, sa paningin, at sa pananahimik. Sinuman na ang pangungusap ay hindi sa pag-aala-ala (kay Allah) ay nagsalita ng walang katuturan. Sinuman ang tumitingin na hindi nagtatangka na matuto ng isang aral ay nakalimot (sa kanyang tunay na layunin). At sinuman na ang

(kanyang) katahimikan ay hindi sinamahan ng pagmumuni-muni ay naging palasuway."

## *Si Allah ay nangangalaga sa kanila na nananampalataya*

Ang bawat tao, kahit na aminin niya o hindi, ay nangangailangan ng isang diyos, at dito ay kasunod, na ang gayong diyos ay marapat na nagtataglay ng mga natatanging katangian, gaya ng makapangyarihan, malakas, masagana, at walang hanggan. Ang Tanging Isa na mayroon ng lahat ng ito, - ang ng iba pang mga perpektong katangian, - ay si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

Samakatuwid, ang isang matapat na humahanap ay nahahatak dito, at matapos ay nakakatagpo ng ginhawa sa kanyang paniniwala kay Allah. Siya ang santuwaryo ng mahina at ng isa na naghahanap ng kalinga.

﴾At [gunitain] nang kayo ay humingi ng tulong sa inyong Panginoon at Kanyang tinugon kayo.﴿ *(Qur'an 8: 9)*

﴾At Siya ang nangangalaga sa [lahat], datapuwa't Siya ay walang tagapangalaga kung inyo lamang nalalaman.﴿ *(Qur'an 23: 88)*

﴾... Na roon ay wala silang magiging tagapangalaga at tagapamagitan maliban sa Kanya.﴿ *(Qur'an 6: 51)*

Sinuman ang sumamba sa iba maliban kay Allah, kahit na siya ay minamahal Niya sa natatanging antas, ay higit na masama kaysa sa kanya na natutuwang kumain ng pagkain na nilagyan ng lason.

﴾Kung nagkaroon man dito [sa kalangitan at kalupaan] ng iba pang mga diyos maliban kay Allah, kung gayon, katotohanang ang mga ito

[ang kalangitan at kalupaan] ay kapwa mawawasak. Luwalhatiin si Allah, ang Panginoon ng *'Arsh* [Trono o Luklukan], [higit Siyang Mataas] sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!﴿

*(Qur'an 21: 22)*

Ang pangangailangan na taglay natin para kay Allah ay naipamamalas ng ugnayan na hinahanap natin sa pagitan ng pansamantala at ng Walang Hanggan, ng mahina at ng Pinakamakapangyarihan, ng mahirap at ng Pinakamasagana. At sinuman ang hindi kumuha kay Allah bilang kanyang Panginoon at Diyos ay positibong kukuha ng iba pa sa Kanya bilang isang diyos. Siya ay mangyayari, bilang halimbawa, na kumuha ng mga larawan, mga layon ng pagmamahal, o ang kanyang mga pagnanasa bilang kanyang diyos, at matapos, siya ay magiging alipin at tagapaglingkod ng gayong huwad na diyos. At (tungkol) sa ganito ay walang pag-aalinlangan.

﴾Namamalas mo ba [O' Muhammad] siya na nagturing sa kanyang pagnanasa bilang kanyang diyos?﴿ *(Qur'an 25: 43)*

﴾Datapuwa't sila ay nag-angkin maliban pa sa Kanya ng iba pang diyos...﴿ *(Qur'an 25: 3)*

Sa isang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagtanong sa isa:

*"Ilan ang iyong sinasamba?" Ang tao ay sumagot, "Ako ay sumasamba sa pito: anim sa kalupaan at isa sa kalangitan." Ang Propeta ay nagtanong, "Sino sa kanila ang iyong inaasahan at pinangangambahan?" Siya ay tumugon, "Ang Tanging Isa na nasa kalangitan." Ang Propeta ay nagsabi, "Kung gayon, talikdan mo yaong mga nasa kalupaan at sambahin ang Tanging Isa na nasa kalangitan."*

(Iyong) maalaman na ang pangangailangan ng alipin na sambahin lamang ang nag-iisang si Allah, na hindi nag-aakibat ng

mga katambal sa Kanya, ay higit na importante o madalian kaysa ang pangangailangan na makalanghap ng hangin.

Ang realidad ng isang tao ay nananahan sa kanyang puso at kaluluwa. At kapwa ang puso o kaluluwa ng isa ay hindi malusog maliban sa pamamagitan ng pagsamba kay Allah.

> "Sinuman ang umaasam ng pakikipagtipan kay Allah, ay nagmamahal sa Kanya, at si Allah para sa kanya ay higit na malakas sa pagmamahal, ang kabaligtaran ay naghahawak ng katotohanan para sa isa na kanyang kinamumuhian. Kaya't humingi kay Allah ng Kanyang Habag at Kagandahang-loob, datapuwa't huwag dumepende at umasa (alalaong baga, para dito lamang, bagkus ay sa pagsasagawa rin ng mabubuting gawa)."

Kahit na nga ang isa ay makatagpo ng kasiyahan maliban pa kay Allah, ito ay isang kundisyon na hindi magtatagal, sapagkat kung ang isa ay mabagot sa isang paksa o sa tao, siya ay dagliang naghahanap ng iba. Siya ay makakatagpo ng mga biyaya sa ganitong tao sa isang panahon, at makakatagpo ng pagkayamot at pagkagalit sa gayong tao sa ibang panahon. Katotohanan, maaaring dumating siya (sa panahon) na kamumuhian niya ang isang tao na naging kasama-sama niya sa isang panahon at nagbigay sa kanya ng matinding kasiyahan.

At tungkol kay Allah, ang isa ay mayroong patuloy na pangangailangan sa Kanya, sa lahat ng mga okasyon o pagkakataon, at sa lahat ng oras.

> "Ninanais ko na Kayo ay nalulugod sa akin, at ang bawat tao sa akin ay nagagalit, kung Kayo ay nalulugod sa akin, yaon ang tuktok ng aking pag-asa."

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Sinuman ang nagbibigay-lugod kay Allah (at dahil sa gayon) ay nagagalit ang mga tao sa kanya, si Allah ay malulugod sa kanya at Kanyang gagawin na sila ay malugod sa kanya. At sinuman ang nagpapagalit kay Allah sa pagbibigay-lugod sa mga tao (alalaong baga, mga gawa na nakalulugod sa mga tao ngunit hindi nakalulugod kay Allah), si Allah ay magagalit sa kanya at Kanyang gagawin na ang mga tao ay magalit din sa kanya."*

﴿At sa gayon Namin ginawa ang ilan sa *Zalimun* [mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian] bilang *auliya* [tagapagtaguyod at kapanalig] ng ilan sa kanila [sa paggawa ng krimen], dahilan sa kanilang mga ginawa.﴾ *(Qur'an 6: 129)*

## ***Ang mga posteng babala o pananda sa lansangang-bayan ng naghahanap***

Kung ang isa ay nagnanais na makaalam kung ang isa ay umaahon pataas sa tagumpay, mayroong mga natatanging tanda at indikasyon o pahiwatig na makatutulong sa kanya upang maturol ang kanyang pag-unlad.

1. Habang ang isa ay nagiging higit na maalam, siya ay nagiging mapagpakumbaba at maawain sa iba. Isipin ang isang mamahaling perlas: kapag ito ay higit na mabigat at may higit na halaga, ito ay higit na nasa kailaliman ng karagatan. Ang isang matalinong tao ay nakakaalam na kahit na ang karunungan ay isang aginaldo, si Allah ay sumusubok sa kanya na biniyayaan nito. Kapag ang isa ay mapagpasamalat sa biyaya ng karunungan, siya ay matataas ng ranggo.

﴿Si Allah ang mag-aangat ng [akmang] hanay [at antas] sa inyo na sumasampalataya at sila na pinagkalooban ng karunungan.﴾

*(Qur'an 58: 11)*

2. Kung ang isa ay higit na nagsasagawa ng mabubuting gawa, siya ay higit na nagiging maingat at nangangamba, sa kaisipan na siya ay hindi ligtas sa kamalian, gaya ng pagkadulas ng dila o ang pagbabago ng puso. Siya ay lagi nang nasa kalagayan ng pagmamasid sa kanyang sarili at sa pagiging maingat. Siya ay katulad ng isang maingat na ibon: sa bawat oras na ito ay dumapo sa isang punongkahoy, ito ay kagyat na umaalis doon tungo sa kabilang (punongkahoy), na nangangamba sa isang mahusay na mangangaso at sa kanyang bala (ng baril).

3. Habang ang isa ay nagkakaedad, siya ay higit na marapat na mabawasan sa pagiging mapagnasa sa mundong ito, sapagkat nalalaman niya na dumating na ng may katiyakan na ang kanyang oras ay malapit nang matapos.

4. Habang ang isa ay higit na yumayaman, siya ay higit na marapat na maging mapagbigay sa iba. Ang isang mayamang Muslim ay marapat na makaunawa na ang kanyang kayamanan ay isang lagak o tiwala na ibinigay sa kanya, at si Allah ay sumusubok sa kanya sa gayong kayamanan.

5. Habang higit na mataas ang estado o kalagayan ng isa sa lipunan, siya ay marapat na higit na (maging) malapit sa pangkaraniwang tao, na nagpapamalas ng kababaang-loob at nagsasakatuparan ng kanilang mga pangangailangan.

Subalit mayroon ding mga tanda na nagpapahiwatig ng kasawiang-palad:

1. Habang higit na maraming kaalaman ang natatamo ng isa, siya ay higit na nagiging palalo at mapagmalaki. Ang karunungan ng gayong tao ay hindi kapaki-pakinabang. Ang kanyang puso ay hungkag at ang maging kasama siya ay mabigat na dalhin.

2. Habang higit na dumarami ang kanyang mga gawa, siya ay higit na nagiging mayabang at siya ay nagiging higit na mapanghamak sa iba.

Siya ay hindi nagbibigay ng pakinabang ng pag-aalinlangan (alalaong baga, hindi siya tiyak) sa sinuman maliban sa kanyang sarili. Kaya't inaakala niya na siya lamang ang makapagtatamo ng kaligtasan habang ang lahat ng iba ay nakatakda sa kapahamakan.

3. Habang siya ay nagkakaedad, ang higit na katakawan at kasakiman ay nagiging bahagi ng kanyang pag-uugali. Siya ay nagtitipon subalit siya ay hindi kailanman namamahagi. Ang mga kalamidad at kasawiang-palad ay nabigo na makapagpagalaw sa kanya upang maging tagapagbigay sa iba.

4. Habang siya ay higit na yumayaman, siya ay higit na nagiging kuripot o maramot sa kanyang salapi.

5. Habang higit na mataas ang kanyang estado o katayuan sa lipunan, higit na nagiging mataas ang antas ng kanyang pagmamalaki at pagkapalalo. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang isa na mapagmalaki ay titipunin sa Araw ng Paghuhukom sa anyo ng maliliit na langgam. Ang mga tao ay gagasak sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga paa.*"

Sa bawat isa sa mga puntos na tinalakay sa itaas, aking binanggit ang ilan sa mga kagandahang-loob ni Allah, mga kagandahang-loob kung saan Niya sinusubukan ang Kanyang mga alipin: ang ilan sa mga aliping yaon ay makakapasa sa pagsubok samantalang ang iba ay malalaglag naman.

## Ang mabiyayaan ng karangalan ay isa ring pagsubok

Kung ang isa ay pinagkalooban ng kapangyarihan, karangalan, katayuan, ranggo, o kayamanan, siya ay marapat na makaalam na siya ay sinusubukan. Nang si Propeta Sulayman (Solomon) ay makamalas sa trono ng Bilqees (Reyna ng Sheba) na

dinala sa kanyang harapan, siya ay nagsabi:

﴾Ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng aking Panginoon, - upang ako ay masubukan kung ako ay may pasasalamat o walang pagtanaw ng pasasalamat!﴿ *(Qur'an 27: 40)*

Samakatuwid, si Allah ay nagbibigay ng isang biyaya upang makita kung sino ang tumatanggap nito nang maayos, - sa pagiging mapagpasalamat para rito, sa pagpapanatili sa gayon, at sa pagkuha ng kapakinabangan sa gayon para sa mabuting paraan; at upang makita kung sino ang nagtatakwil nito, - sa pamamagitan ng kawalang-pasasalamat, sa pamamagitan ng pag-aaksaya sa biyaya, o ang paggamit ng gayon upang magtaguyod ng digmaan laban sa Tanging Isa na sa una pa man ay nagkaloob sa kanya ng gayon!

Samakatuwid, marapat nating maunawaan na ang mga biyaya ay mga pagsubok mula kay Allah. Sa pamamagitan ng mga pagsubok, ang utang na loob ng mapagpasalamat na tao ay nahahayag, samantalang ang isang walang utang na loob ay nalalantad. At marapat nating alalahanin na si Allah ay sumusubok sa atin sa mabubuting panahon, gayon din sa masasamang panahon.

﴾At ang tao, kapag siya ay sinubukan ng kanyang Panginoon at gawaran ng biyaya at karangalan; kanyang sasalitain [ng may pagmamalaki]: 'Ang aking Panginoon ay nagparangal sa akin!' Datapuwa't kapag sinubukan siya ng kanyang Panginoon na higpitan ang pinagkukunan ng kanyang biyaya; kanyang sasalitain [ng may pagkalungkot]; 'Ang aking Panginoon ay humamak [umaba] sa akin.'﴿ *(Qur'an 89: 15-17)*

## *Ang nagtatagal na mga kayamanan*

Ang tunay na mga kayamanan ay yaong madadala ng isa sa Kabilang Buhay. Ang Islam, ang *Eemaan* (pananampalataya), ang

mabubuting gawa, ang *Jihad* (pagsisikhay o pakikipaglaban para sa kapakanan ni Allah), at pagsisisi ay mga halimbawa ng gayong nagtatagal na mga kayamanan:

﴾Hindi isang *Al-Birr* [kabutihan, kabanalan, katuwiran, at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah, atbp.] na ilingon ninyo ang inyong mukha sa Silangan at Kanluran [sa pag-aalay ng *Salah* (takdang panalangin)], datapuwa't *Al-Birr* ang pagsampalataya kay Allah at [paniniwala] sa Huling Araw, at sa mga Anghel, at sa Aklat, at sa mga Tagapagbalita [Sugo]; at gumugugol ng kanyang yaman [dahil sa pagmamahal sa Kanya], sa mga kamag-anak, sa mga ulila, sa mga maralita [na nangangailangan], sa mga naglalakbay [na walang panustos], sa mga humihingi [dahilan sa matinding pangangailangan], at sa pagpapalaya ng mga alipin; ang maging matimtiman sa pag-aalay ng *Salah* [nananalangin nang mahinusay, *Iqamat-as-Salah*], at nagkakaloob ng *Zakah* [katungkulang kawanggawa], at tumutupad sa kasunduan na kanilang ginawa; at matatag at matiyaga sa matinding kahirapan at karamdaman, at sa [lahat] ng panahon [ng kagipitan] ng pakikibaka o pakikipaglaban sa digmaan. Sila yaong mga tao ng katotohanan, at sila ay *Al-Muttaqun* [mga may pagkatakot kay Allah, matimtiman, matuwid, banal, mabuti, atbp.].﴿

*(Qur'an 2: 177)*

## *Ang determinasyon o pagpupunyagi ay makakapanaig sa hindi mapapangibabawang mga balakid*

Kung ang isa ay nag-aangkin ng malaking determinasyon (kataimtiman), siya sa kapahintulutan ni Allah ay makakasampa sa malalaking taas (o tayog) ng kabutihan.

Ang ilan sa mga pag-uugali ng isang Muslim ay yaong siya ay hindi lamang mayroong mataas at maringal na mga layunin, bagkus

ay mayroon ding malakas na determinasyon (pagpupunyagi), sapagkat ang determinasyon ay ang panggatong na nagbubunsod sa kanya sa higit na matataas na kabutihan.

At ang determinasyon, - sa kapahintulutan ni Allah, - ay maghahatid ng malaking kabutihan sa iyo. Ang mga tao ay makakakita sa iyo bilang isa na natututo, na gumagawa ng mabubuting gawa, na nagtatrabaho para sa higit na matataas na layunin, - o ang pangunahin, - siya na nakapagtatamo (ng layunin).

Magkagayon man, huwag mahulog sa kamalian na malito sa (pagitan) ng determinasyon na may pagkapalalo. Sa pagitan ng dalawa ay nakalatag ang agwat na kasinglaki ng pagitan ng langit at lupa. Kung ang isa ay may malakas na determinasyon, ang isa ay nagsisisi sa bawat nakawalang oportunidad o pagkakataon, at samakatuwid, siya ang isa na patuloy na nagtataboy sa kanyang sarili upang marating ang kanyang minimithi.

Ang matatag na determinasyon ay isang pag-uugali ng mga matutuwid, makatarungan, at matatapat, samantalang ang pagmamalaki ay isang karamdaman na nangingibabaw sa lipon ng mga mapang-api at sawing-palad na mga tao.

Ang determinasyon ay nagdadala sa isa upang mangibabaw, samantalang ang pagmamalaki ay nakagagawa upang ang isa ay bumagsak, na kumakaladkad ng kanyang biktima pababa sa kailaliman ng kahihiyan. O' mga estudyante ng karunungan, manatiling matimtiman at matatag sa landas kung saan kayo nakapaibabaw, at huwag mag-atubili o mauntol.

## *Ang pagbabasa upang matuto ng karunungan*

Ang aktibidad na naghahatid ng tuwa sa kaluluwa ay ang magbasa at magnilay-nilay sa mga salitain ng matatalino, na ang

pinakatampok sa kanila ay si Propeta Muhammad (saws). Ang iba sa anumang kaparaanan ay hindi maihahambing sa kanya, sapagkat siya ay sinuportahan ng rebelasyon o kapahayagan, pinagtibay ng mga himala, at isinugo sa atin na may mga maliwanag na tanda.

## *Ang nang ako ay nagkasakit, Siya ang nagbibigay-lunas sa akin*

﴾At nang ako ay nagkasakit, Siya ang nagbibigay-lunas sa akin.﴿
*(Qur'an 26: 80)*

Narito ang ilan sa mga bahagi ng payo na naipasa sa atin mula sa matatalinong tao tungkol sa mga iba't ibang isyu o paksa.

Si Abqaraat ay nagsabi:

> "Manatiling malusog nang matagal sa pamamagitan ng pagtatrabaho ng mahusay, sa pamamagitan ng pag-iwas sa katamaran, sa pamamagitan ng pagtatakwil sa pag-inom (ng nakalalasing), at sa pag-iwas sa labis na pagkain."

Ang ilan sa matatalinong tao ay nagsabi:

> "Sinuman ang nagnanais ng kalusugan ay marapat na kumain nang wasto at mainam. Siya ay marapat na uminom ng tubig sa katamtaman. Ang magpahingalay matapos na kumain ng tanghalian at ang paglalakad matapos ang hapunan ay ipinagtatagubilin. At ang isa ay marapat na maging maingat tungkol sa agarang paliligo pagkatapos na busugin ang sarili ng pagkain."

Si Al-Haarith ay nagsabi:

> "Sinuman ang may nais na manatili, - at walang tunay na pananatili (na nangangahulugan na ang buhay ay pansamantala at

magkakaroon ng katapusan), - ay marapat na kumain ng tanghalian at hapunan nang maaga."

Si Plato ay nagsabi:

> "Limang bagay ang nakapagpapahina sa katawan, at kung minsan (ito) ay mapapatibayan na nakamamatay: ang maging maralita, ang mapawalay sa isang minamahal, ang uminom ng mga maaasim, ang tumanggi sa paala-ala o payo, at hindi lamang na maging ignorante, bagkus ay tumawa rin sa matalino."

Apat na bagay ang nagpapahina sa katawan: ang pagsasalita nang labis, ang pagtulog nang labis, ang pagkain nang labis, at madalas (o labis) na seksuwal na pakikipagtalik. Ang pagsasalita nang labis ay nagpapahina sa lakas at katalasan ng isipan at nakagagawa sa isa na mabilis na tumanda. Ang labis na pagtulog ay nakabubulag sa puso, na nakagagawa sa isa na maging tamad at matigas ang puso. Ang seksuwal na pakikipagtalik nang madalas ay nakapagpapahina sa lakas ng isa at may mapaminsalang epekto sa katawan sa pagkalahatan.

Apat na bagay ang sumisira sa katawan: ang pagkabahala, dalamhati, pagkagutom, at kawalan ng tulog.

Apat na bagay ang naghahatid ng kapanatagan o katahimikan sa puso: ang tumingin sa luntiang halaman, ang tumingin sa umaagos na tubig, ang makita ang minamahal, at pagmasdang mabuti ang mga bunga (prutas) na nasa itaas ng punongkahoy.

Apat na bagay ang nakapagpapahina sa paningin ng isa: ang paglalakad nang nakayapak, ang magkaroon ng pagsimangot sa kanyang mukha nang maaga sa umaga at bago matulog (sa gabi), ang madalas na pag-iyak, at pagbabasa ng mga salita sa maliit na titik o limbag.

Apat na bagay ang nakapagpapatibay sa katawan: ang pagsusuot ng malalambot na damit, ang paliligo na gumagamit ng

katamtamang temperatura (o maligamgam na tubig), ang pagkain ng matamis at mayamang pagkain, at ang pagsamyo sa nakalulugod na mga amoy.

Apat na bagay ang nakapag-aalis ng kasayahan at kasariwaan sa mukha ng isa: pagsisinungaling, kabastusan, ang pagtatanong ng maraming katanungan ng walang-ingat o pabigla-bigla, at ang madalas na pagsasakatuparan ng masasamang gawain.

Apat na bagay ang nakapaghahatid ng liwanag at kasayahan sa mukha ng isa: ang damdamin ng karangalan, ang pagtupad sa pinagkasunduan o pangako, pagkamapagbigay, at kabanalan.

Apat na bagay ang nakagagawa na kapootan at kamuhian ka ng iba: pagmamalaki, paninibugho, pagsisinungaling, at pagkakalat ng maling bali-balita o tsismis tungkol sa iba.

Apat na bagay ang nakagagawa na ang panustos o ikabubuhay ay malayang sumaiyo: ang pagtindig sa gabi upang magdasal, ang gumawa ng pagtitika sa huling bahagi ng gabi, ang nakasanayang pagbibigay ng kawanggawa, ang pag-aala-ala kay Allah sa unang bahagi at huling bahagi ng maghapon.

Apat na bagay ang nakahahadlang sa panustos o ikabubuhay na sumaiyo: ang pagtulog sa umaga, ang hindi pagdarasal nang madalas, ang katamaran, at kataksilan.

Apat na bagay ang nakapagpapahina sa isipan at pang-unawa: ang patuloy na pagkain ng maaasim na pagkain at prutas, ang pagtulog sa likuran, ang pagkabalisa, at ang damdamin ng hindi pagkapalagay.

Apat na bagay ang nakakatulong upang mapaunlad ang pang-unawa ng isa: ang pagkakaroon ng magaang puso, ang hindi pagpapakabundat sa sarili ng pagkain at inumin, ang pagdaragdag ng katamtamang dami ng matamis at mayamang pagkain sa diyeta, at ang pagbabawas ng sobrang taba sa katawan.

## Gumawa ng mga pag-iingat

Sa lahat ng tapyas ng buhay, ang isa ay marapat na gumawa ng mga pag-iingat at pag-aralan ang posibleng kalalabasan ng bawat gawa, sapagkat sa pagiging maingat, ang isa ay walang magiging dahilan ng ganting-paratang sa sarili sa hinaharap. Kung ang mga resulta o kinalabasan ng pagpupunyagi ng isa ay mabuti, siya ay marapat na magpasalamat at magpuri kay Allah. Kung ang resulta o kinalabasan ng mga pagpupunyagi ay hindi mabuti, siya ay marapat na magsabi, "Si Allah ay gumawa ng Kanyang pagtatakda at anuman ang Kanyang maibigan, Siya ay gumagawa ng gayon."

## Tiyakin sa iyong sarili ang mga katibayan o katotohanan

Ang makatwirang tao ay siya, na kapag nakarinig ng ilang balita, siya ay hindi nagmamadali sa paghusga na salig lamang sa kung ano ang kanyang naririnig. Sa halip, siya ay nag-uusisa at nagpapatibay ng anumang kanyang naririnig; siya ay nag-iisip sa mga bagay-bagay at siya ay sumasangguni sa matatalino at higit na may karanasang tao. Sinasabi ng may katumpakan na ang magkamali sa pagpapatawad sa iba ay higit na mainam kaysa ang magkamali sa pagpaparusa sa kanya.

﴾At sa bandang huli ay matigib kayo sa pagsisisi sa inyong nagawa.﴿

*(Qur'an 49: 6)*

## Magpasya na gawin ang ilang bagay at matapos ay isagawa yaon

Ang lahat-lahat nang aking sinulat sa aklat na ito, - kabilang na ang mga talata ng Qur'an, ang mga salitain ng Propeta (saws), ang

mga talata ng tulain, mga kuwento, at mga salitain ng matatalino, - ay nananawagan sa inyo na magsimula ng bagong buhay, isang buhay na batbat ng pag-asa ng isang mabuti at mabiyayang wakas. Gayunpaman, ikaw ay hindi magkakamit ng pakinabang sa aklat na ito kung ikaw ay walang tunay na determinasyon o pagpupunyagi, matatag na pagpapasya, at matapat na pagnanais na tanggalin sa iyong sarili ang kalungkutan, pagkabahala, at pagkanerbiyos. At ikaw ay makagagawa ng mabuti na iyong maala-ala na si Allah ay humirang sa mga Sugong yaon na may matatag na kalooban:

﴾Kaya't maging matiyaga ka [O' Muhammad] na kagaya rin nang ginawa [noon] ng mga Sugo na may matatag na hangarin...﴿

*(Qur'an 46: 35)*

Si Adan, (nawa'y sumakanya ang kapayapaan) ay hindi kasama sa kanila.

﴾Datapuwa't siya ay nakalimot, at natagpuan Namin sa kanya ang kawalan niya ng kataimtiman [pagpupunyagi].﴿ *(Qur'an 20: 115)*

At gayundin ang kaso ng kanyang mga anak. Ang gumaya sa kanyang ama ay hindi mali, subalit ang isa ay hindi marapat sa isang banda na gumaya sa kanya sa kasalanan, na hindi naman gumagaya sa kanya sa pagsisisi sa kabilang banda. At si Allah lamang ang mag-isa na tumutulong sa atin.

## *Ang buhay sa mundong ito*

Ang kapakanan ng isa sa Kabilang Buhay ay nakasalalay kung paano niya pinangangasiwaan ang kanyang sarili sa buhay na ito. Kinakailangan sa bawat tao na kanyang isaisip ang kawing sa pagitan ng buhay na ito at sa kabila, at para sa iba, sila ay nag-isip ng may kamalian na mayroon lamang (buhay) sa mundong ito; kanilang ginugol ang kanilang panahon sa pagtitipon ng mga bagay at sila ay

naging makapit sa buhay na ito, isang buhay na pansumandali. At matapos, sila ay namatay na taglay ang kanilang mga naisin at mithiin sa kanilang dibdib, na hindi natupad at nakalimutan.

Kung minsan, ako ay nagtataka sa ating mahabang termino (o takda) ng pag-asa sa mundong ito, - sa ating panghinaharap na ekspektasyon o pag-asam para sa isang buhay (na nagtatagal) kung saan ang isa ay maaaring mamatay sa anumang sandali:

﴾At walang kaluluwa [nilikha] ang nakakaalam kung ano ang mangyayari sa kanya sa kinabukasan; at wala ring nakakaalam kung saang lupain siya mamamatay.﴿ *(Qur'an 31: 34)*

Tanungin mo ang iyong sarili ng mga katanungang ito:

1. Ikaw ba ay tunay na nag-aakala na makakatagpo ka ng kapayapaan at kapanatagan samantalang ikaw ay hindi nalulugod sa iyong Panginoon o sa Kanyang pagtatakda, at habang ikaw ay hindi nasisiyahan sa iyong ikinabubuhay at sa iyong mga talento?

2. Ikaw ba ay nagbigay ng angkop na pasasalamat sa iyong Panginoon, sa Kanyang mga biyaya at kagandahang-loob, hanggang sa punto na ikaw ay karapat-dapat na humingi ng iba pang kagandahang-loob? Sinuman ang walang kakayahan na humawak ng kakaunti ay mas malamang sa hindi na hindi makakahawak ng marami.

3. Bakit hindi tayo nakikinabang sa mga talento na ipinagkaloob sa atin ni Allah, na nabigo tayo na magawa na mapaunlad at mapayabong ang mga ito? Kung ginamit natin ang mga talentong ito, maaari tayong nakapagbigay sa iba at nakapag-ambag (ng kabutihan) sa lipunan.

Ang mga positibong katangian at talento ay kadalasang nakabaon nang malalim sa loob ng ating sarili. Gayunman, sa marami sa atin, ang mga ganitong talento ay nakabaon na tulad ng

mamahaling mineral sa ilalim ng lupa, - mga mineral na tanging ang mga bihasa lamang ang makapagmimina, makapaghuhugas, makapagpapakinis, at makagagawa na ito ay kumintab. Samakatuwid, ang ating tungkulin ay nasasalalay sa pagmimina ng ating mga talento at ang kasunod (nito) ay ang pagpapaunlad ng mga ito.

## *Ang pagtatago sa kasamaan ay isang pansamantalang solusyon*

Aking nabasa ang aklat na *Al-Mutawaareen* ni Abdul-Ghani Al-Azdi. Ito ay kaakit-akit na aklat na nagsasalaysay ng mga kuwento ng mga pumalaot sa pagtatago sapagkat sila ay natatakot na mahuli at madala kay Al-Hajjaj ibn Yusuf, ang malupit na maniniil ng kanyang panahon.

Si Umar ibn Al-Ulaa ay nagsabi ng kanyang mga kahirapan, "Nang si Al-Hajjaj ay magbanta sa akin, ako ay tumakas sa Yemen at namalagi sa isang bahay sa As-Sana'a. Sa gabi, ako ay nauupo sa bubungan; sa araw naman, ako ay nananatiling nagkukubli sa loob." Isang gabi habang siya ay nasa bubungan, narinig niya ang isang tao na dumadalit:

*Marahil ang kaluluwa ay nasisindak at naguguluhan*
*sa pamamagitan ng isang bagay,*
*na para sa gayon ay mayroong isang solusyon*
*na tulad nang pagkakalas ng isang bigkis o gapos.*

Si Abu Umar ay nagpatuloy pang nagsabi, "Nang sabihin ng tao ang 'solusyon', ako ay nakadama ng tilamsik (ng apoy) ng pag-asa at ako ay naging masaya. At sumunod ay aking narinig ang isa pang tao na nagpapaliwanag sa mga salita ng una, sa pagbabalita na

si Al-Hajjaj ay namatay. Sa (Ngalan) ni Allah, hindi ko batid kung alin sa dalawang bagay ang nakagawa sa akin na matuwa: ang salitang 'solusyon', o ang mga salitang 'si Al-Hajjaj ay namatay'."

Mayroon lamang isang desisyon na may bisa at marapat na lumabas sa pananatili (o may kapanatilian), at yaon ay ang desisyon ng Tanging Isa na nasa Kanyang Kamay ang kontrol o paghahawak ng mga kalangitan at kalupaan.

﴾At sa araw-araw, Siya ay nananatili [na nagpapapangyari] sa bawat bagay-bagay [ng Kanyang mga nilikha, tulad nang pagbibigay ng karangalan o kahihiyan sa iba, buhay, kamatayan, atbp.].﴿

*(Qur'an 55: 29)*

Si Al-Hasan Al-Basri ay nagtatago rin kay Al-Hajjaj. Nang ang balita ay lumabas sa pagkamatay ng huli, si Al-Hasan ay nagpasalamat kay Allah sa pamamagitan ng pagpapatirapa sa Kanya.

﴾At ang kalangitan at kalupaan ay hindi lumuha sa kanila, gayundin naman sila ay hindi binigyan ng palugit.﴿ *(Qur'an 44: 29)*

Si Ibraheem An-Nakha'ee, gayundin naman, ay isa pang tao na pumalaot sa pagtatago dahilan kay Al-Hajjaj. Nang ang balita ng kamatayan ni Al-Hajjaj ay dumating sa kanya, siya ay napaiyak ng luha ng kaligayahan at nagsabi:

> "Ang katuwaan ay nakapanaig sa akin, hanggang sa punto na dahilan sa kalakhan ng bagay na nakapagpasaya sa akin, ako ay napaiyak."

﴾At ginawa Namin ang iba sa inyo bilang pagsubok sa iba: kayo ba ay mayroong pagtitiyaga? At ang inyong Panginoon ang Lagi nang Ganap na Nakamamasid [ng lahat ng bagay].﴿ *(Qur'an 25: 20)*

Sa isang okasyon, ang isang ibon na tinatawag na Al-Hummarah ay nagbukas ng kanyang mga pakpak at lumipad sa

ibabaw ng ulo ng Sugo ni Allah (saws). Ito ay dumadaing laban sa isa; ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

"*Sino ang nagpahirap sa isang ito sa pamamagitan (ng pagkuha) sa kanyang mga sisiw? Ibalik sa kanya ang kanyang mga sisiw.*"

Ang isang nagkukumento sa ganito ay nagsabi:

> "Isang kalapati ang pumaroon sa iyo na may pag-asa sa iyo, na dumadaing na may naguguluhan at nangangaykay na puso, sino yaon na nagbigay-alam sa kanya na ang iyong lugar ay isang santuwaryo, at ikaw ay isang silungan ng (isa na) ginawan ng kasamaan."

Si Sa'eed ibn Jubayr ay nagsabi, "Sa (Ngalan) ni Allah, ako ay patuloy na tumatakas kay Al-Hajjaj sa isang haba ng panahon hanggang sa ako ay makadama ng kahihiyan." Hindi pa nagtatagal matapos niyang masabi ito, siya ay dinala sa harapan ni Al-Hajjaj. Nang ang espada ay binunot at itinaas sa ibabaw ng kanyang ulo, siya ay ngumiti. Si Al-Hajjaj ay nagtanong, "Bakit ka ngumingiti?" Siya ay sumagot, "Habang ako ay nasa (malalim) na pagmumuni-muni, isang kaisipan ang pumasok sa aking isip: ako ay nagtataka sa iyong kawalang-pakundangan kay Allah at sa Kanyang Habag sa iyo." Ang ilagay ang mga bagay sa gayong liwanag habang nasa gayong kalagayan o pangyayari ay nagpapakita ng malaking bahagi ng katatagan, pananampalataya, at pagtitiwala sa pangako ni Allah!

## *Tandaan na ikaw ay nakikitungo sa Pinakamahabagin*

Ang sumusunod na *hadith* ay nakapagpagalaw sa akin ng malalim nang aking mabasa ito, at ako ay hindi marapat na magulat kung ito ay may parehong epekto sa iyo. Sina Ahmad, Abu Ya'ala, Al-Bazzar, at At-Tabaraani ay nagsalaysay ng sumusunod:

*"Isang matandang lalaki na nakahilig sa isang tungkod ang pumaroon sa Propeta (saws) at nagsabi, 'O' Sugo ni Allah, ako ay nagsakatuparan ng pataksil at buktot na mga gawa. Ako ba ay mapapatawad?' Ang Sugo ni Allah ay nagsabi, 'Ikaw ba ay sumasaksi na wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah?' Ang lalaki ay nagsabi, 'Oo, O' Sugo ni Allah.' Ang Propeta ay nagsabi, 'Katotohanan, si Allah ay nagpatawad sa iyo at sa iyong pataksil at buktot na mga gawa.' Ang lalaki ay umalis at nagsabi, 'Si Allah ang Pinakadakila, si Allah ang Pinakadakila.'"*

Mayroong mga natatanging konklusyon (pagpapasya), o mga katibayan kung iyong nanaisin, na ang isa ay marapat na madala ng ganitong *hadith*. Ang isa sa mga ito ay ang kalawakan ng Habag ni Allah. Ang isa pa ay ang pagtanggap ng Islam, o ang paggawa ng pagsisisi ay nakapapalis ng mga nakaraang kasalanan. Gayunman, ang isa pa ay ganito: ang mga bundok ng kasalanan ay bale-wala kung ihahambing sa pagpapatawad ng Tanging Isa na nakatatalos ng lahat-lahat. At panghuli, kinakailangan para sa iyo na magkaroon ng mabuting opinyon o pagpapalagay sa iyong Panginoon na kasama ang iyong pag-asam sa Kanyang malawak na pagkamapagbigay at sa Kanyang habag na may malayong naaabot.

## Optimismo (pag-asam sa mabuting ibubunga o kalalabasan)

Ang aklat ni Ibn Abi Dunya na *Husn Az-Zan Billah* ay naglalaman ng isang daan at limampung teksto mula sa Qur'an at sa *Sunnah* na namamanhik sa nananampalataya na maging optimistik (umasam sa mabuting mangyayari), na salansangin ang kawalang-pag-asa, at magsikap tungo sa kainaman sa pamamagitan ng paggawa. At narito ang isang maaasahang katotohanan: yaong mga

ipinahayag na teksto o talata na nangangako ng kabutihan sa paggawa ng matutuwid na gawain ay may higit na bilang kaysa roon sa nagbababala nang napipintong kaparusahan sa nagsasakatuparan ng masasamang gawain. At si Allah, ang Kataas-taasan, ay naggawad sa lahat ng bagay ng kanyang sukat o timbang.

## *Ang buhay ay mabigat na gawain*

Huwag magdalamhati sa ibabaw ng malaking pagbabago sa iyong pagkatao, - hindi ka makakatakas sa kahirapan.

Ang buhay, sa malaking bahagi nito, ay nagtataglay ng gawain at mga pananagutan. Ang kaligayahan ay nakabukod o isa lamang pansumandaling bahagi na dumarating at umaalis nang paminsan-minsan. Ikaw ay naghahangad sa buhay na ito, gayunpaman, si Allah ay hindi nagnanais na ito ay maging permanenteng tirahan ng Kanyang matutuwid na mga alipin.

Kung ang mundong ito ay hindi isang lugar ng pagsubok, ito ay marapat na naging malaya sa anumang karamdaman at kahirapan; ito ay marapat na naging isang maginhawang tirahan para sa pinakamaiinam na lalaki (o tao), - ang mga Sugo at Propeta. Si Adan ay nakaharap ng mga kahirapan at kaguluhan hanggang sa araw na siya ay lumisan sa mundong ito. Ang sariling tao o pamayanan ni Nooh (Noah) ay humamak at nangutya sa kanya. Si Ibraheem (Abraham) ay sinubukan sa apoy at sa pag-uutos na kanyang katayin ang kanyang anak. Si Ya'qoob (Hakob) ay napahiwalay sa kanyang anak at siya ay tumangis hanggang sa mawala ang kanyang paningin. Si Moosa (Moises) ay nagbata ng kalupitan ni Fir'aun (Paraon) at sumunod ang pagsuway ng kanyang mga tao o pamayanan. Si Eesa (Hesus) ay mahirap (sumakanilang lahat nawa ang kapayapaan). Si Muhammad (saws) ay matiyagang nagtiis ng karalitaan at kawalanghiyaan ng kanyang mga tao o pamayanan, at siya ay

nakadama ng matinding sakit sa pagkawala ng isa sa kanyang paboritong amain, - si Hamza (nawa'y kalugdan siya ni Allah). Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang mundong ito ay isang bilangguan sa nananampalataya at isang paraiso para sa hindi nananampalataya.*"

At sa tuwiran (o literal) na kaisipan, mayroong hindi mabilang na mga halimbawa ng matutuwid, ng mga iskolar, at matatapat na nabilanggo dahil sa kanilang mga paniniwala.

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Si Zayd ibn Thaabit (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nag-ulat na kanyang narinig ang Sugo ni Allah (saws) na nagsabi:

"*Sinuman na ang pangunahing pinagkakaabalahan ay ang mundong ito, si Allah ay magpapakalat ng kanyang mga gawain (pangyayari o pinagkakaabalahan) at magpapasakit sa kanya ng karalitaan sa pagitan ng kanyang mga mata; higit pa rito, wala ng iba pa ang darating sa kanya sa mundong ito maliban sa kung ano ang nakasulat para sa kanya. At para sa kanila na naghahangad sa Kabilang Buhay, si Allah ay magbubuklod (at magpapakinis) sa kanyang mga gawain (pangyayari o pinagkakaabalahan). Siya ay magtatanim ng kasaganaan sa kanilang puso at ang mundo ay sasapit sa kanila, kahit na nga ito ay gumagawa ng hindi bukal sa kalooban.*"

Si Abdullah ibn Mas'ood (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nag-ulat na kanyang narinig ang Sugo ni Allah (saws) na nagsabi:

"*Sinuman ang nagbago o nagpalit ng lahat ng kanyang pinagkakaabalahan tungo sa isang pinagkakaabalahan lamang, - (ito ay) ang pagsasaalang-alang sa Kabilang Buhay, - si Allah ay*

*magbibigay-kasiyahan sa kanyang mga ninanais at mga pangangailangan sa buhay na ito. At para sa kanya na nag-uukol ng kanyang pinagkakaabalahan sa mga makamundong bagay, si Allah ay hindi magmamalasakit kung saang lambak siya mamamatay."*

## Ang pananalunton sa gitnang landas ay magliligtas sa tao sa kapahamakan

Mayroong dalawang dahilan na makakatulong sa isa na mamuno ng maligayang buhay:

1. Ang kahinahunan sa pagkagalit.
2. Ang kahinahunan sa pagsasakatuparan ng kanyang mga pagnanasa.

Ang isa ay marapat na maging mahinahon (o katamtaman) sa pagsasakatuparan ng kanyang mga pagnanasa, kung hindi, ang kanyang mga pagnanais at pagnanasa ay madaragdagan hanggang sa punto na patuloy siyang humahanap upang masiyahan, isang kalalabasan na maghahantong sa kanyang pagkawasak. Ang katulad ng gayon ay masasabi tungkol sa galit, sapagkat ito rin ay maghahantong sa kapahamakan.

Ang kinakailangan sa lahat ng mga gawain o pangyayari ay ang kahinahunan (o pagiging katamtaman). Ang lakas, kung labis naman, ay nakagagawa ng karahasan at pumapatay nang madali. Gayunpaman, kung ito naman ay kulang, ang isa ay hindi makagagawa na ipagtanggol ang kanyang sarili laban sa nagmamalabis o lumalabag. Subalit kung ang isa ay gumagamit ng kanyang lakas nang katamtaman, maipamamalas niya ang mga katangian ng pagtitiyaga, katapangan, at karunungan, na ang bawat isa ay nasa tamang lugar at oras. Ang gayon din ay katulad sa pagnanasa; kung labis na mayroon nito, kung gayon, ang kabuktutan

at kahalayan ay mananaig; kung mayroong kakulangan nito, kung gayon, ang isa ay magiging mahina. Magkagayunman, kung ito ay taglay (ng isa) sa karampatang katamtaman, ang isa ay parehong makakapagtamo ng kalinisan at kasiyahan.

"*Nasa iyo ang sumunod sa patnubay ng kahinahunan o pagiging katamtaman.*"

﴾Kaya't Aming ginawa kayo na isang Pamayanan na makatarungan [pinakamainam at may balanseng pananampalataya, alalaong baga, hindi kulang o labis]...﴿ *(Qur'an 2: 143)*

## *Ang tao ay hinuhusgahan sa kanyang mga namamayaning katangian*

Ang maging matagumpay ay nangangahulugan para sa iyo na magkaroon ng mabubuting katangian na makahihigit sa bilang at magpapakulimlim sa masasamang katangian. Kapag ito ay naging realidad o naging totoo sa iyong buhay, iyong matatagpuan na ang mga tao ay magpapaulan ng magagandang banggit o papuri sa iyo, maging sa mga katangian na hindi mo angkin. Gayundin, ang mga tao ay hindi tatanggap ng pamumuna tungkol sa iyo, kahima't ang kanilang sinasabi tungkol sa iyo ay totoo, - ang isang bundok ay hindi nadaragdagan ng halaga sa pamamagitan ng ekstra (o dagdag) na bato, gayundin, ito ay hindi nababawasan sa pamamagitan ng isang nabawas na bato.

Bagama't ako, rito at doon, ay bumasa ng puna ni Qays ibn Aasim, ang isa sa pinakamapagbigay sa mga Arabo, at ni Qutaybah ibn Muslim, ang bantog na pinuno, aking natagpuan na ang puna at pamimintas ng gayong mga tao ay hindi kapwa laganap sa mga aklat o tinatanggap ng sambayanan. Ang dahilan dito ay dahil sa ang kanilang masasamang katangian ay nawala at nalunod sa kanilang

karagatan ng kabutihan. Sa kabalintunaan, ako ay nakabasa ng ilang mabubuting bagay tungkol kina Al-Hajjaj, Abu Muslim Al-Khurasani, at Al-Ubaydi. Subalit walang sinuman ang nakakaala-ala ng gayong papuri, gayundin, walang sinuman ang naniniwala na may taglay na mabuting katangian (kahit na isa) ang nakakatulad ng mga gayong tao. Ito ay dahil sa ang (mabuting) katangiang ito ay nawala sa bunton ng kanilang masasama at buktot na mga gawa. Gaano kaperpekto at gaano ang pagkamakatarungan ni Allah sa pamamahala ng mga pangyayari ng Kanyang nilikha!

## *Ang katutubong pag-uugali ng tao*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Gawin (itong) magaan o madali, dahil sa lahat ng bagay ay mayroong (dahilan) kung (para) saan ito ay nilikha.*"

Bakit kaya, kung gayon, ang mga talento ay pinababayaan at itinatapon? Ang ilan sa mga pinakamahirap at kahabag-habag na mga tao ay ang isang tao na naghahangad na maging isang natatangi (o may sinasabi). Ang isang marunong at matalinong tao ay siya na nag-aaral sa kanyang sarili at matapos ay tumutupad sa dahilan kung bakit siya ay nilikha. Kung ito ay ang pagiging tsuper, siya ay magmamaneho, at kung ito ay sa pagiging magbubukid, siya ay magsasaka. Si Sebaway, ang iskolar ng balarilang Arabik, ay nag-aral ng sining ng *hadith*, ngunit nakita niya ito na lubhang mahirap. Siya ay nagpatuloy sa balarila, at siya ay hindi lamang naging isang bihasa, bagkus ay naging isa sa pinakatampok na mambabalarila sa kasaysayan. Isang matalinong tao ang nagsabi:

> "Ang isang tao na tumutugis (o nagtataguyod) sa isang linya (o gawain) na hindi naaangkop sa kanya ay katulad ng isa na nagtatanim ng puno ng datiles (dates) sa Damascus, o katulad ng isa na nagtatanim ng citron sa Kalupaang Arabo."

Isaalang-alang ito: Si Hassaan ibn Thaabit ay walang boses na naaangkop sa pagiging Tagatawag ng Dasal sapagkat siya ay hindi si Bilal, at si Khalid ibn Al-Waleed ay hindi nagpamahagi ng ari-arian (o kayamanan) ng namatay sapagkat siya ay hindi si Zayd ibn Thaabit (na bihasa sa Islamikong Batas ng Pagpapamana) [nawa'y kalugdan siya ni Allah]. Kayat hanapin at turulin ang iyong lugar sa panukala o kumbinasyon ng mga bagay. Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Para sa mga digmaan, ay may mga mandirigma*
*na nilikha para sa gayon,*
*at para sa mga aklat ay may mga manunulat at makata.*

## Hindi sapat na maging matalino lamang: ang tao ay nangangailangan din ng tunay na patnubay

Habang ako ay nakikinig sa balita, narinig ko ang tangkang pagpatay sa isang manunulat ng dula na si Najeeb Mahfooz, isang tumanggap ng tagumpay sa Nobel sa panitikan. At habang ako ay nakikinig sa ulat, ang aking isipan ay nagbalik sa mga aklat niya na aking nabasa, at aking tinanong ang aking sarili ng ganitong katanungan: Sa kabila ng kanyang lantad na katusuhan, bakit siya ay nananatiling ignorante sa katotohanan, - ang katotohanan na ang realidad ay nangingibabaw sa imahinasyon, na ang kawalang-hanggan ay higit na malaki o dakila sa pansamantalang buhay na ito, at ang banal na mga prinsipyo ay higit na mahalaga kaysa (sa ari-arian ng) tao?

﴾Siya kaya na nakakapamatnubay sa Katotohanan ay higit na may karapatan upang sundin, o siya kaya na hindi nakakapamatnubay sa kanyang sarili maliban na siya ay patnubayan?﴿ *(Qur'an 10: 35)*

Isinulat niya ang kanyang mga dula mula sa kanyang imahinasyon, na gumagamit ng kanyang malawak na kakayahan upang managimpan, magtanghal, at magbigay-inspirasyon. Sa huli, magkagayunman, siya ay walang naitanghal o naisagawa maliban sa mga kuwento na walang basihan sa katotohanan.

Matapos na mabasa ko ang kanyang talambuhay, ako ay nakaunawa ng isang mahalagang prinsipyo: ang isa ay hindi magtatagumpay na magpasaya ng iba sa kasahulan ng kanyang sariling kaligayahan. Ito ay hindi maituturing na tama, huwag nang isaalang-alang ang katinuan, na gawin ang iba na nalulugod sa iyo samantalang ikaw sa iyong sarili ay malungkot at naghihirap. Ang ilang manunulat ay pumuri sa mga tao ng katalinuhan (kahenyuhan), hindi dahil na kanilang napagtanto ang kaligayahan at kapayapaan, datapuwa't dahilan sa pinayagan nila ang kanilang sarili na masunog sa loob upang kanilang maihatid ang kaliwanagan sa iba. Ang tunay na henyo (o matalino), magkagayunman, ay unang naliliwanagan sa loob, at matapos ay kanyang ipinakikita sa iba ang daan. Siya ay magtitindig ng isang pundasyon ng patnubay at kabutihan, una sa lahat, ay para sa kanyang sarili, at matapos ay para sa iba.

Ang Kabilang Buhay at ang mundo ng nalilingid, - hindi mo matatagpuan ang mga ganitong tema o paksa sa mga sulatin ni Najeeb Mahfooz. Ang iyong matatagpuan, di nga kasi, ay isang mundo ng imahinasyon, mga panaginip, at emosyon o damdamin; ang kanyang mga gawa ay nakapang-aakit, kaya't ang mga ito ay naging sikat at matagumpay. Datapuwa't nasaan ang higit na mataas na mga mithiin at mariringal na mensahe na matatagpuan ng isa sa malalaking gawa? Ang katotohanan ay (marapat na) sabihin, hindi mo matatagpuan ang ganitong mga tema o paksa na tinalakay sa kanyang mga aklat.

﴾Sa bawat isa, sa inyo at sa kanila, Kami ang nagkakaloob [ng biyaya] mula sa Kasaganaan ng iyong Panginoon. At ang Kasaganaan ng

iyong Panginoon, kailanman ay hindi maipagbabawal.﴿

*(Qur'an 17: 20)*

Tinatanggap ko na nakamit ni Najeeb Mahfooz ang kanyang pinagpursigihan na gawin, ngunit hindi sapat para sa isa ang mapagtanto kung ano ang laging ninanais ng isa:

﴾Ninanais lamang ni Allah na maging maliwanag sa inyo [kung ano ang pinahihintulutan at kung ano ang hindi pinahihintulutan] at upang maipakita sa inyo ang mga paraan ng mga nanga-una sa inyo at tanggapin ang inyong pagsisisi, at si Allah ang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan. Ninanais ni Allah na tanggapin ang inyong pagsisisi, datapuwa't ang mga sumusunod sa kanilang mga pagnanasa ay naghahangad sa inyo [na mga sumasampalataya] na kayo ay lubhang malihis nang malayo sa tamang landas.﴿

*(Qur'an 4: 26-27)*

Hindi ko masasabi ng may katiyakan kung sino ang makakapasok sa Paraiso at sino ang papasok sa Apoy, maliban sa isang tao na pinangalanan sa pamamagitan ng rebelasyon o kapahayagan, na ang isa ay patungo (sa hantungang yaon) o sa iba. Dahil sa gayon ang pangyayari, ako ay makapaghuhusga lamang sa mga tao sa pamamagitan ng kanilang sinasabi at mga gawain.

﴾Datapuwa't katotohanang sila ay makikilala mo [O' Muhammad] sa taginting ng kanilang pananalita!﴿ *(Qur'an 47: 30)*

Bilang isang pagdidili-dili sa paksa, ano ang mapapakinabang kung ang isa ay naging hari samantalang ang kanyang puso ay balakyot at puno ng kahuwaran o kasinungalingan? Kung ang talento (talino) at tagumpay ay hindi maghahantong sa isa sa kaligtasan, ano kung gayon ang kabutihan ng mga ito?

## *Kung ang tao ay may panloob na kagandahan, siya ay makakakilala ng kagandahan sa sandaigdigan*

Upang tunay na maging maligaya, ang isa ay marapat na matuwa sa kagandahan at kariktan ng buhay, isang pagsasaya na si Allah ay lumikha para sa atin ng magagandang halamanan o hardin sapagkat Siya ay Marilag at naiibigan Niya ang kagandahan, at upang ating pag-aralan ang Kanyang mga tanda na nananatili sa Kanyang kamangha-manghang likha.

﴾Siya [Allah] ang lumikha para sa inyo nang lahat ng mga bagay na nasa kalupaan [sa maraming sali't saling lahi].﴿ *(Qur'an 2: 29)*

Ang amoy ng matamis na halimuyak, ang masarap na pagkain, at ang nakapagtataka at nakapagbibigay-inspirasyon na tanawin, - ang lahat ng ito ay nagbibigay ng gaan at kaligayahan sa kaluluwa.

﴾O sangkatauhan! Magsikain kayo ng *Halal* [anumang mabuti at pinahihintulutan sa Islam] dito sa kalupaan...﴿ *(Qur'an 2: 168)*

Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

"*Ang bagay na ginawang kaibig-ibig sa akin mula sa inyong mundo ay pabango at mga babae. At ang kasiyahan ng aking mata ay nasa Pagdarasal.*"

Ang kalabisan ng pagkakait sa sarili at mahigpit na pagtitipid o pagiging dahop ay nakapagpalambong at nakasira ng anyo sa iba sa mga himala (o kamanghaan) ng buhay. Sila ay namuhay ng buhay ng selibasya (hindi pag-aasawa), sila ay kusang namuhay sa kalagayan ng paghihikahos, at pinagkaitan nila ang kanilang sarili ng pagkain. Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

"... *Subalit kung minsan, ako ay nag-aayuno, at kumakain (hindi nag-aayuno) sa ibang araw; ako ay tumitindig (sa pagdarasal sa*

*gabi) at ako ay nagpapahinga; ako ay nag-asawa ng mga babae; ako ay kumakain ng karne. Kaya't sinuman ang lumihis sa aking pamamaraan o landas, siya ay hindi kabilang sa akin.*"

Dito ay kataka-taka at nakalilito na makita kung ano ang ginawa nila sa kanilang sarili na mga tagasunod ng ilang sekta; ang ilan ay umiwas sa mga natatanging pagkain; ang iba ay tumigil sa pagtawa; at ang iba ay nagbawal sa kanilang sarili sa pag-inom ng malamig na tubig. Ito ay wari bang hindi nila napagtatanto na ang ganitong mga gawa ay katumbas ng pagpaparusa sa sarili at pagpawi ng liwanag sa kaluluwa.

﴿Ipagbadya [O' Muhammad]: 'Sino ang nagbawal ng magagandang kaloob [mga palamuti sa damit] na iginawad ni Allah para sa Kanyang mga alipin, at ng mga *Halal* [malilinis at pinahihintulutang] pagkain?'﴾ *(Qur'an 7: 32)*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay kumain ng pulot-pukyutan, at siya ang pinakabanal at pinakamatuwid sa mga tao. Ito'y sa dahilang nilikha ni Allah ang pulot-pukyutan upang kainin:

﴿Sa kalaunan, ay may lalabas sa kanilang tiyan [puson], na isang inumin na may iba't ibang kulay [pulot-pukyutan], na naroroon ang panglunas [sa karamdaman] ng mga tao.﴾ *(Qur'an 16: 69)*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nag-asawa ng isang birhen, at siya rin ay nag-asawa ng mga babae na kung hindi balo ay diborsyada.

﴿Kung gayon, kayo ay magsipag-asawa ng [ibang] kababaihan na inyong mapusuan [mula sa] sa dalawa, o tatlo, o apat...﴾

*(Qur'an 4: 3)*

Siya ay nagsuot ng pinakamainam na kasuutan sa mga pangrelihiyong pagdiriwang at gayundin sa mga iba pang okasyon.

﴾Mag-ayos kayo [(maging malinis), magsuot nang malinis at katanggap-tanggap na damit], sa bawat pag-aalay ng *Salah* [takdang panalangin]...﴿ *(Qur'an 7: 31)*

Ang Propeta (saws), - na marapat nating sundin at isinugo na may taglay na tunay na Relihiyon, - ay nakatupad sa mga karapatan ng dalawa, ang katawan at kaluluwa.

## *Ang ginhawa matapos ang kahirapan*

Ang kahirapan, kahit gaano pa ito kalaki at kalayo ng naaabot, ay hindi kailanman nananatili at nagtatagal. Bagkus, kapag ang higit na mararahas at higit na mahihirap na pangyayari ang sumapit, ang isa ay higit na napalapit sa (darating na) dali, ginhawa, at gaan. At ang susunod (dito) ay tulong at ayuda na papalapit mula kay Allah. Hindi baga ang wakas ng bawat madilim na gabi ay isang maningning na umaga?

## *Ikaw ay higit o nasa ibabaw ng paninibugho*

Ang higit na pinagpala sa mga tao ay ang isa na nagnanais sa Kabilang Buhay at hindi naninibugho sa ibang tao sa anumang ipinagkaloob sa kanila ni Allah. Siya ay isa na nagdadala sa kanyang sarili ng isang mensahe ng higit na mataas na mga prinsipyo at siya ay nagnanais na ibahagi ang gayong mensahe sa iba. Kung siya ay hindi makagawa na makatulong sa iba, kung gayon, sa pinakamaliit, siya ay hindi nagbibigay sa kanila ng pinsala. Kunin ang *Karagatan ng Karunungan* at ang *Tapagpaliwanag ng Qur'an*, si Ibn Abbaas (nawa'y kalugdan siya ni Allah) bilang isang halimbawa. Nagawa niya, sa pamamagitan ng kanyang mataas na pag-uugali at kanyang mapagbigay na kaluluwa na mapagbago ang mga kaaway (ang mga Banu Umayyah, Banu Marwan, at mga tagasuporta nila) bilang mga

kaibigan. At bilang naging bunga, higit pang maraming tao ang nakagawa na makinabang sa kanyang karunungan at pang-unawa. Kanyang pinuno ang mga pagtitipon ng karunungan at ng pag-aala-ala kay Allah. Nakalimutan niya ang mga araw nina Al-Jamal at As-Siffeen, at kanyang iniwan sa likuran kung ano ang dumating na una rito, at pagkatapos, ng mga gayong digmaan. Siya ay nagpatuloy na magtayo at magbuklod at mag-ayos ng mga pagkakaiba-iba o pagkakasalungatan. Ang bawat isa ay sumapit na nagmamahal sa kanya at siya ay naging "Tanyag na Iskolar" ng sambayanang Islamiko. Sa kabilang banda, nariyan si Ibn Zubayr (nawa'y kalugdan siya ni Allah), na siyang buod ng pagkamaringal, pagkamapagbigay, at matapat na pagsamba. Siya, magkagayunman, ay higit na nakakagusto na magkonpronta kaysa ang isuko ang kanyang personal na mga karapatan, at higit pa rito, siya ay naging abala sa ganitong gawain at bunga nito maraming Muslim ang nawala. At pagkatapos, ang pinakamasahol nito ay naganap. Ang Ka'bah ay naging lugar ng paglalaban dahil sa siya ay natagpuan ng kanyang mga kaaway sa mga presinto (ng Ka'bah) at marami rito ang napatay. Sa huli, siya rin ay napatay at matapos ay ibinitin sa krus. Nawa'y kalugdan siya ni Allah at ang mariringal na Kasamahan ng Propeta.

﴾At ang Pag-uutos ni Allah ay isang kasasapitan na napagpasyahan na.﴿ *(Qur'an 33: 38)*

Hindi ko layon na hamakin ang ilan at purihin ang iba; ako ay nagtatangka lamang na pag-aralan ang kasaysayan na may mata para sa paghahanap ng mga moral (na kabutihan) at aral. Ang kahinahunan, pagbibigayan, at pagpapatawad, - ang ganitong mga katangian ay tinataglay lamang ng kakaunting tao. Ito ay sa dahilan, na upang matamo ang mga ito at upang maisama ang mga ito sa pag-uugali ng isa, siya ay marapat na pumigil, o kaya ay magpailalim sa kanyang sarili, na lumilimot sa matataas na pagnanasa at ambisyon.

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

*"Ipabatid mo ang iyong sarili kay Allah sa mabubuting panahon at Siya ay makakakilala sa iyo sa masasamang panahon."*

Kung ang isang tao ay nangangamba kay Allah at nagpapanatili sa Kanyang mga pag-uutos sa panahon ng ginhawa, naipabatid niya ang kanyang sarili kay Allah. Bilang karagdagan dito, ang isang natatanging kawing o kaugnayan ay mapapaunlad sa pagitan niya at ni Allah. Sa gayon, si Allah ay makakaalam sa kanya sa panahon ng masasamang araw, na nangangahulugan na Siya ay tutulong sa kanya dahilan sa kanyang pagsunod sa Kanya sa panahon ng mabubuting araw. "Ipabatid mo ang iyong sarili", at "Siya ay makakakilala sa iyo", ay nagpapahiwatig ng isang natatanging uri ng karunungan, isang (bagay) na tumutuon sa pagiging malapit sa pagitan ni Allah at ng Kanyang nananampalatayang alipin at sa pagmamahal ni Allah sa gayong alipin.

Ang pagtitiyaga, kung tunay na isasakatuparan, ay mayroong bisa na mapalitan ang kasawiang-palad tungo sa isang biyaya. Ang lahat ng ito ay nasasalalay kung paano ang kanyang pananaw at balangkas ng isipan. Sapagkat si Allah ay hindi sumusubok sa atin upang tayo ay pinsalain, bagkus ay upang sukatin ang ating pagtitiyaga at antas ng pananampalataya. Ito'y sa dahilang si Allah ay may karapatan na sambahin sa masasamang panahon kung paano Siya ay may karapatan na sambahin sa panahon ng kaginhawahan at kalusugan. Ang karamihan sa mga tao ay matatapat sa kanilang tungkulin at tumutugon sa mga pag-uutos kung ang mga bagay ay naisasakatuparan nang mainam at umaayon sa kanilang mga kinahihiligan. Ang isang napakahalagang punto na maunawaan ay yaong ang tunay na pagsubok ay kadalasang ang sumamba at sumunod sa mga pag-uutos na salungat sa kinahihiligan ng isa. At sa

ganitong dahilan, ang mga tao ay nagkakaiba-iba sa kanilang pananampalataya. Kung paano sila gumagawa sa mga ganoong sitwasyon ay siyang makapagpapasya sa kanilang ranggo o antas kay Allah.

## *Ang karunungan ang susi sa katahimikan at ginhawa*

Ang karunungan at mapagwalang-bahalang kalikasan ay tulad ng dalawang magkasama na hindi mapaghihiwalay: kung ang una ay naririyan, ang isa pa ay maaaring ibilang na sasama sa kanya. Kung iyong pag-aaralan ang buhay ng mga dakilang iskolar ng Islam, iyong matatagpuan na sila ay namuhay ng payak na pamumuhay at sila ay madaling pakitunguhan. Nauunawaan nila ang layunin ng buhay at batid nila ang mga isyu o usapin na mahalaga sa lahat at kung ano ang hindi lubhang mahalaga. Samantala, iyong matatagpuan na ang pinakasutil na mga tao ay sila, na wala namang karunungan, ay mga asetiko (mapagpenitensya o nagpapakasakit sa sarili). Sila ay may maling pang-unawa sa mga ipinahayag na teksto (o rebelasyon) at mga mangmang sa mga pangrelihiyong paksa o usapin. Ang kalamidad ng *Khawarij* (ang nalilihis na sekta) ay nagsanga mula sa kakitiran ng karunungan at pang-unawa. Sila ay hindi napatnubayan na maunawaan na mayroong mga usapin o paksa na napakahalaga sa lahat sa ating relihiyon, at dapat na unahin sa iba pang mga usapin. Kaya't sila ay naging magaling sa mga walang halagang bagay-bagay samantalang sila ay nabigo ng may kahirapan sa matataas na bagay, huwag na ngang banggitin pa ang mga pangunahing (bagay-bagay).

## *Ang maling landas na pinatutunguhan tungkol sa mga bagay-bagay...*

Hindi pa nagtatagal ay aking nabasa ang dalawang tanyag na aklat, ang mga ito ay parehong salat sa pagiging madali at payak na nilalayon ng *Shari'ah* sa atin.

Ang una ay *Ihyaa' Al-Uloom Ad-Deen* ni Ghazali. Nagtipon siya sa loob nito ng maraming *ahaadeeth* (mga *hadith*), na ang karamihan nito ay mahina o gawa-gawa lamang. Siya ay nagtatag sa mga ito ng mga panuntunan at mga prinsipyo na kanyang inaakala na pinakamalaking pamamaraan upang ang isang alipin ay mapalapit sa kanyang Panginoon.

Nang aking ihambing ang aklat na ito kay Bukhari at Muslim, ako ay nakapansin ng malinaw na pagkakaiba: ang una ay nagtataglay ng kalabisan o bulaklak ng dila, kagaspangan o kasahulan, at pagkukunwari, samantalang ang dalawang huling aklat ay nagtataglay ng kadalian at moderasyon (o pagiging katamtaman), marahil, ito'y sa dahilang ang mga ito ay nagsasalaysay lamang sa atin ng mapapanaligang *Sunnah*. Sa pamamagitan ng paghahambing sa mga aklat na ito, ako ay nakatagpo ng higit na malalim na kahulugan sa sumusunod na talata:

﴾At gagawin Namin na magaan sa iyo [O' Muhammad] ang Relihiyong Islam.﴿ *(Qur'an 87: 8)*

Ang pangalawang aklat ay *Qoot Al-Quloob* na sinulat ni Abu Taalib Al-Makkee. Dito, ang may-akda ay nanghihikayat sa mambabasa na iwan ang buhay na ito, ang magtakwil sa trabaho, at magtigil kahit na nga sa mga pinahihintulutang kasiyahan, at magsumikap tungo sa kadahupan at pagiging matigas.

Ang dalawang may-akda, sina Abu Hamid Al-Ghazali at Abu Taalib Al-Makkee ay mayroong magandang intensyon (o layon).

Ang problema, gayunpaman, ay yaong ang kanilang karunungan ng *Sunnah* ay nakalilito at mahina. Sa ganitong dahilan, ang kamalian ay gumapang tungkol sa kanilang pamamaraan ng pag-iisip. Marapat nating matutuhan ang ganitong aral mula sa kanilang mga kamalian: ang namamatnubay ay marapat na maalam sa landas; siya ay marapat na magkaroon ng walang maling mapa na magpapakita ng iba't ibang landas na maghahantong sa nilalayon ng isa.

﴾Datapuwa't [siya ay nararapat na magsabi]: 'Maging Rabbaniyyun kayo [mga maalam na tao na nananampalataya at nagsasagawa ng kanilang nalalaman at nangangaral sa iba], sapagkat kayo ay nagtuturo ng Aklat, at ito ay inyong pinag-aaralan.'﴿ *(Qur'an 3: 79)*

## *Ang pinakamaringal na tao*

Ang ilang kapansin-pansing anyo ng pag-uugali ng Sugo ni Allah ay yaong kanyang pagiging kuntento, pagka-optimistiko (o may mabuting pagtingin sa hinaharap), at isang mapagbigay na puso. Siya ang tagapagdala ng masayang balita. Siya ay nagbawal sa mga tao sa labis na kadahupan o pagtitipid at pagkakait o pagpapakasakit sa sarili, sapagkat ang mga ito ang naghahantong upang ang mga tao ay maitaboy sa katotohanan. Ang kawalang-pag-asa at kabiguan ay wala sa kanyang diksiyonaryo (o talasalitaan). Ang ngiti ay lagi nang nasa kanyang mukha, at ang kanyang puso ay kuntento. Higit pa rito, ang kanyang mga pag-uutos ay madaling sundin, sapagkat ang kanyang misyon ay upang mabawasan ang kahirapan at alisin ang posas ng kasinungalingan o kahuwaran na nagtatangan sa mga tao ng paibaba.

## *Isa-isang hakbang lang muna*

Kung ikaw ay nagpapahayag sa mga tao sa isang sermon, ang isang mananalumpati ay marapat na gumawa ng hakbang-sa-

hakbang at sistematikong paglapit o panimula. Ang sistematiko, sa ganitong halimbawa, ay nangangahulugan na ang higit na mahalagang isyu o usapin ang marapat na unahing talakayin. Ang ganitong prinsipyo ay pinatitibayan ng payo ng Sugo ni Allah (saws) kay Mu'aadh (nawa'y kalugdan siya ni Allah), nang kanyang papuntahin siya sa Yemen:

> "Ang unang bagay na dapat mong ipanawagan sa kanila ay ang sumaksi na wala ng iba pa ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah at ako ay Sugo ni Allah..."

Sa ating mga personal na pagpupunyagi, marami sa atin ang nakapagtatanto na marapat tayong humanap ng unti-unting pag-unlad. Bakit tayo kung gayon, ay naghahagis ng lahat-lahat nang minsanan pababa sa lalamunan ng mga tao!

﴾At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: 'Bakit kaya ang Qur'an ay hindi ipinahayag sa kanya sa kabuuan at minsanan lamang? Kaya't [ito nga ay ginawang gayon na ipinanaog ng baha-bahagi] upang Aming mapatibay ang iyong puso. At ito ay ipinahayag Namin sa iyo nang unti-unti sa maraming antas. [Ito ay ipinahayag sa Propeta sa loob ng 23 taon].﴿ *(Qur'an 25: 32)*

Ang mga Muslim ay marapat na makadama ng damdamin ng kaginhawahan at kadalian sa pag-aaral sa mga turo ng Islam, tangi na nga na ang Islam ay dumating upang iligtas ang mga tao sa panloob na alitan.

Ang salita o terminong *Takleef*, na literal na nangangahulugan ng "isang pabigat (sa pinakamaliit na kahulugan nito)", ay binanggit lamang ng panegatibo sa Qur'an.

﴾Walang sinumang kaluluwa ang binigyan ni Allah ng pasanin na hindi niya kayang dalhin.﴿ *(Qur'an 2: 286)*

Nang ang mga Kasamahan ng Propeta ay nagpupunta sa kanya na nagtatanong ng pangkalahatang pagpapayo o panuntunan, siya ay nagpapayo sa kanila sa maikli at malinaw, at maigsi at malamang pananalita na madaling maisasaulo. Matapos na maunawaan ang sitwasyon ng nagtatanong, ang Propeta (saws) ay lagi nang nagbibigay ng praktikal at payak na kasagutan.

Tayo ay nagkakamali ng malaki kung tayo ay nagpapahayag sa isang lipon ng nakikinig ng lahat ng mga payo, mga aral, mga pag-uugali, at karunungan na ating taglay na maibibigay (na lahat).

﴾At ang Qur'an na Aming ipinahayag nang baha-bahagi sa iyo upang [iyong] dalitin sa mga tao nang unti-unti [o salitan].﴿

*(Qur'an 17: 106)*

## *Kahit na ikaw ay mayroong kakarampot lamang o marami, matutong magpasalamat*

Ang isang tao na hindi mapagpasalamat kay Allah para sa malamig at dalisay na tubig, ay hindi magiging mapagpasalamat sa Kanya para sa isang mansiyon o isang magarang sasakyan.

Ang isang tao na hindi mapagpasalamat para sa mainit na tinapay ay hindi magkakaroon ng pagpapasalamat, kung kaginsa-ginsa ay bigla siyang nabiyayaan ng mga marangyang pagkain, sapagkat ang walang utang na loob ay nakakakita sa maliit o marami bilang magkatulad na bagay. Marami na ang una pa sa atin ang gumawa ng mga may kapanagutang pangako kay Allah na kung sila ay Kanyang bibigyan ng mga biyaya, sila ay magiging mapagpasalamat at magbibigay ng kawanggawa.

﴾At nang sila ay gawaran Niya ng Kanyang Kasaganaan, sila ay naging lubhang maramot [tumanggi na magbigay ng *Sadaqah*

(*Zakah* at kusang-loob na kawanggawa)] at tumalikod na tumututol.﴿

*(Qur'an 9: 76)*

Araw-araw ay nakakakita tayo ng ganitong uri ng tao, mga tao na may naguguluhang isipan, na hungkag sa loob, na may pait (ang kanilang kalooban) sa Panginoon sapagkat Siya ay hindi nagkaloob sa kanila ng higit pa. Sila ay nakadarama sa ganitong paraan kahit na nga sila ay nasa mabuting kalusugan at mayroong masusustansyang pagkain na bumubuhay sa kanila sa araw-araw, at huwag na ngang banggitin ang lahat ng mga pangunahing pangangailangan na kanilang taglay. Sila ay hindi mapagpasalamat sa mga ganitong bagay, gayundin, sila ay hindi mapagpasalamat sa malayang panahon na kanilang taglay. Ano kung gayon ang magiging kaso o kalalabasan kung sila ay pagkakalooban ng mga kastilyo o mga mansiyon! Katiyakang sila ay higit pang lilihis ng malayo sa landas ng kanilang Panginoon at lalo pa nilang pag-iibayuhin ang kanilang pagmamalaki at panghahamak.

Ang isang tao na naglalakad ng nakayapak ay magsasabi, "Ako ay magpapasalamat sa aking Panginoon kung ako ay Kanyang pagkakalooban ng sapatos." At ang isa na mayroong sapatos ay nag-aantala sa pagiging mapagpasalamat hangga't hindi siya nakakakuha ng mamahaling sasakyan. Tayo ay kumukuha ng mga biyaya (na tulad) ng agarang salapi at nagpapasalamat (lamang) na tulad ng pautang (o kung tayo ay pagkakalooban lamang). Ang ating mga kahilingan kay Allah ay walang katapusan samantalang tayo ay mabagal at nananamlay sa pagsasakatuparan ng Kanyang mga pag-uutos.

## *Tatlong plake*

Ang isang matalinong tao ay nagbibitin ng tatlong plake sa kanyang opisina na mababasa niya sa araw-araw.

Ang nakasulat sa una ay, "Ang iyong araw ngayon, ang iyong araw ngayon!" Ito ay nangangahulugan na mamuhay sa loob ng mga hangganan ng (iyong) araw ngayon, na gumagawa at nagsisikap.

Ang pangalawa ay nagsasabi ng, "Magmuni-muni at maging mapagpasalamat." Ito ay nangangahulugan na magdili-dili sa mga biyaya ni Allah sa iyo at maging mapagpasalamat.

At "Huwag magalit"', ang nakasulat sa pangatlo.

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Mayroong dalawang puntos na marapat nating isaisip kung ating iniisip ang tungkol sa mga paksa ng kahirapan at ginhawa:

Una, kung ang isa ay hindi na makayang tiisin ang isang kahirapan, siya ay mawawalan ng pag-asa sa lahat ng mga tao, at bilang bunga nito, ang kanyang puso ay mananangan lamang kay Allah.

Pangalawa, kailanma't ang tunay na nananampalataya ay nakadarama na ang ginhawa ay mabagal sa pagdating, at kailanma't kanyang nadarama na ang kanyang mga panalangin ay hindi natutugunan, wala siyang sisisihin na sinuman maliban sa kanyang sarili. Sasabihin niya sa kanyang sarili, "Ako ay nasa ganitong sitwasyon lamang dahilan sa iyo. Kung ikaw ay may anumang halaga, ang iyo sanang mga panalangin ay dininig." Ang gayong paninisi sa sarili ay higit na kaibig-ibig kay Allah kaysa sa maraming mabubuting gawa. Kung ang alipin ni Allah ay nagdaraan sa ganitong proseso ng panloob (na damdamin) at paninisi sa sarili, siya ay nagpapasakop sa harapan ng kanyang Panginoon at tumatanggap sa kanyang mga pagkakamali at pagkukulang, at nagkukumpisal na karapat-dapat siya sa gayong kalamidad na sumapit sa kanya, at siya ay hindi karapat-dapat na ang mga panalangin niya ay dinggin. Sa

puntong ito, ang tugon sa kanyang mga panalangin ay dagliang dumarating at ang maitim na ulap sa kanyang ulunan ay napaparam.

Si Ibraheem ibn Adham ay nagsabi:

> "Kung ang mga hari ay nakakaalam ng kalidad ng ating buhay, lalabanan nila tayo (tungkol dito) sa pamamagitan ng mga espada."

Si Ibn Taymiyah ay nagsabi:

> "Kung minsan, ang aking puso ay nakakaranas ng isang uri nang hindi maipahayag na damdamin sa maraming oras, at ako ay magsasabi, 'Kung ang mga tao ng Paraiso ay nasa kalagayan na katulad ng sa akin (sa ngayon), sila ay namumuhay ng mabuting buhay.'"

## *Maging malaya sa pagkabalisa at pangamba*

Mahigit sa tatlumpung kabanata ng aklat na *Al-Faraju B'ada Ash-Shiddah* ang tumatalakay tungkol sa paksa ng gaan at ginhawa matapos ang kahirapan. Ang aklat ay nagbibigay-daan sa punto na hangga't higit na malubha ang kinasasadlakan nating kahirapan, tayo ay higit na nagiging malapit sa kagaanan at kaginhawahan. Ang aklat ay mayroong mahigit sa dalawangdaang kuwento, ang lahat ng mga ito ay umiikot sa ganitong paksa o tema. Anuman ang kahirapan sa mga ito, ito ay sakop lamang ng ilang araw bago ang mabuting panahon ay sumapit. Si At-Tanookhi ay nagsabi:

> "Maging mahinahon, sapagkat marami nang nauna pa sa iyo ang tumahak sa ganitong landas."

﴾At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na tulad ng pangamba at pagkagutom, [ang ilan] ay pagkalugi sa hanapbuhay o pagkawala ng kayamanan, pagkawala ng buhay, at [pagkawala] ng bungangkahoy [na inyong pinaghirapan]...﴿ *(Qur'an 2: 155)*

﴾Katotohanan, Aming sinubukan ang mga tao na nauna pa sa kanila...﴿ *(Qur'an 29: 3)*

Dito ay tunay na makatarungan na sa ganitong panahon ng pagsusulit, - na magpapatuloy hanggang sa tayo ay mamatay, - tayo ay inaasahan na sumamba kay Allah sa di mabubuting panahon, kung paano tayo ay inaasahan na gawin ang gayon sa mabubuting panahon. Si Allah ay nagpapabago o nagpapalit sa ating kalagayan na katulad ng pagpapalitan ng gabi at araw. Kung gayon, ano ang dahilan ng pagkagalit, ano ang dahilan ng pagsuway, at ano ang dahilan ng pagdaing?

﴾At kung sila ay pag-utusan Namin [na nagsasabi]: 'Patayin ninyo ang inyong sarili [alalaong baga, ang mga walang kasalanan ay pumatay sa makasalanan] o iwan ninyo ang inyong mga tahanan', lubhang iilan sa kanila ang gagawa nito...﴿ *(Qur'an 4: 66)*

## *Ang mga gawa ng kawanggawa*

Si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay malinaw na nagsabi:

> "Ang mga gawa ng kawanggawa ay nangangalaga sa isa sa malalaking pagbabago ng buhay."

Ang ganitong pangungusap ay pinatutunayan kapwa ng rebelasyon at malalim na kaisipan.

﴾Kung hindi lamang [kabilang siya] sa mga lumuluwalhati kay Allah, katotohanan na walang pagsala na mananatili siya sa tiyan [ng isda] hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.﴿

*(Qur'an 37: 143-144)*

Si Khadeeja (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi sa Propeta (saws):

"Hindi nga, sa (Ngalan) ni Allah, si Allah ay hindi tatalikod kailanman sa iyo. Katotohanang ikaw ay mabait sa mga kamag-anak, ikaw ay nagdadala ng mga pasanin ng iba, ikaw ay nagkakaloob sa nangangailangan, at ikaw ay tumutulong sa mga tao na nagdaraan sa mahihirap na panahon."

Matyagan kung paano niya nauunawaan na ang mabubuting gawa ay naghahantong sa mabubuting bunga o kalalabasan, at yaong matagumpay na katapusan ay kasunod ng maringal na simula.

Ang *Al-Wuzuraa* ni As-Sabaabi, ang *Al-Muntazim* ni Ibn Al-Jawzi, at ang *Al-Faraju B'ada Ash-Shiddah* ni At-Tanookhi: ang lahat ng mga aklat na ito ay nagsasaysay sa sumusunod na pangyayari. Isang Gobernador na nagngangalang Ibn Al-Furaat ay patuloy na naghahanap (ng paraan) upang makapagpasakit ng kapinsalaan kay Abu Ja'far ibn Bistaam. Ang huli ay nagdanas ng matinding kahirapan dahilan sa ganitong bagay.

Nang si Abu Ja'far ay bata pa, nakahiratihan na ng kanyang ina na maglagay ng isang piraso ng tinapay sa ilalim ng kanyang unan. Sa kinaumagahan, ibinibigay niya ito sa isang nangangailangang tao para sa kapakanan ng kanyang anak. Sa kalaunan ng kanyang buhay, si Abu Ja'ar ay tumungo kay Ibn Al-Furaat para sa ilang layunin o iba pa. Si Ibn Al-Furaat ay dagliang nagsabi, "Mayroon bang pangyayari (o problema) sa pagitan mo at ng iyong ina tungkol sa tinapay?" Siya ay sumagot, "Wala." "Marapat kang maging makatotohanan sa akin", ang giit ni Ibn Al-Furaat. Si Abu Ja'far, na marahil ay parang napahiya, ay nagsalaysay sa kuwento ng kanyang ina sa paraan na tumututok ng katatawanan sa kanya at sa pagkababae sa pangkalahatan. Si Ibn Al-Furaat ay nagsabi, "Huwag kang magsalita sa gayong (mapagbirong) tono, sapagkat bago ako natulog kagabi, ako ay naghanda ng isang plano, na kung ito ay magiging matagumpay, ito ay wawasak sa iyo. Nang ako ay makatulog, ako ay nakakita ng pangitain (sa panaginip): ito ay

wari bang ang aking mga kamay ay nakataas na may tangan ng hubad na espada at ako ay sumugod sa iyo upang patayin ka. Ang iyong ina ay humarang sa aking daan at sa kanyang kamay ay mayroong isang piraso ng tinapay na kanyang ginamit na kalasag upang pangalagaan ka niya sa akin. Dahil dito, ikaw ay hindi ko inabot. At matapos, ako ay nagising." Si Abu Ja'far ay mahinahong nanisi sa kanya sa malaking poot na unti-unting nabuo sa pagitan nila, at ang ganitong pangyayari ay nagbukas ng daan para sa pansamantalang kapayapaan sa pagitan nila. Si Ibn Al-Furaat ay may pagkamapagbigay na tumulong kay Abu Ja'far sa kanyang mga bagay-bagay o pangangailangan, at hindi nagtagal, sila ay naging matalik na magkaibigan. Si Ibn Al-Furaat ay naringgan na kanyang sinabi (ang ganito) matapos ang ganitong pangyayari, "Sa (Ngalan) ni Allah, ikaw ay hindi na makakakita sa akin ng anumang kasamaan matapos ito."

## *Paglilibang at pamamahinga*

Ang dalawang namumukod at nakatatag na mga katangian ng *Shari'ah* ay ang pagkamabagay (naibabagay o naisusunod) at kapayakan nito. Ang dalawang katangiang ito ay tumutulong sa Muslim sa kanyang pagsamba at pakikitungo.

﴿At Siya [Allah] ang nagkakaloob [sa sinumang Kanyang maibigan] ng halakhak at nagkakaloob [sa sinumang Kanyang maibigan] ng luha.﴾ *(Qur'an 53: 43)*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay parehong tumatawa at nagbibiro, ngunit siya ay hindi nagsasalita ng iba pa maliban sa katotohanan. Siya ay nakikipagkarerahan kay Aa'ishah (ang kanyang asawa, nawa'y kalugdan siya ni Allah), at siya ay malinaw na nagbawal sa pagkukunwari, pagiging huwad o pagpapakitang-tao, at katigasan o

kahigpitan. Siya (saws) ay nagbigay-alam sa atin na kung ang isang tao ay gumawa sa relihiyon na lubhang mahigpit at may katigasan o kagaspangan, ito ay makakagapi sa kanya. Sa iba pang *hadith*, ipinagbigay-alam sa atin na ang Relihiyon ay solido o buo at tayo ay marapat na magsaliksik dito nang mahinahon. Ipinaalam din sa atin na ang bawat tagasamba ay may kanyang antas ng lakas o sigla at ang tao na lubhang matigas o magaspang ay hindi maiiwasan, at hahantong sa biglang pagbabago. Siya ay biglang nagbago sapagkat tumitingin lamang siya sa mga pangkasalukuyang pangyayari at siya ay bulag sa mga iba't ibang sitwasyon o pangyayari na maaari niyang kaharapin sa darating na panahon. Nakakalimutan niya ang pangmahabang apekto ng kanyang pag-uugali at ang tungkol sa pagkabagot na sanhi ng lubhang kahigpitan. Higit na matalino siya na mayroong sapat lamang na antas ng mga gawa, na siya ay patuloy na nagsasagawa kahit na ano pa man ang kalagayan. Kung mangyari na siya ay higit na masigasig sa mga piling araw, siya ay higit pang gumagawa ng maraming gayon. Nguni't kung siya ay manghina, magkagayunman, patuloy pa rin siyang nagsasagawa ng mga gawain na bahagi ng kanyang pang-araw-araw na kalakarang gawain. Marahil, ito ang kahulugan ng salitain na kanilang tinutunton na nanggaling sa ilan sa mga Kasamahan (ng Propeta):

> "Ang kaluluwa ay lumalabas sa pana-panahon, at umuurong sa ibang panahon. Samantalahin ang mga panahon na ito ay lumalantad at hayaan itong mag-isa kung ito ay umaatras."

Nakakita ako ng maraming tao na mayroong mabuting intensyon kung sila ay nagsasagawa ng labis na bilang ng boluntaryong pagdarasal at kung sila ay lumalabis na sa kanilang pagsasagawa (sa mga turo) ng Relihiyon. Sa kalaunan, magkagayunman, sila ay nagbalik sa mahinang kalagayan kaysa sa dati nilang kalagayan na kinasasadlakan, bago o una (pa) sa matinding bugso ng kasiglahan na kanilang naranasan.

Ang nakakaligtaan ng marami ay yaong ang Relihiyon ay pangunahing nagbibigay ng kasaganaan at kaligayahan sa mga tao.

﴾Hindi Namin ipinanaog ang Qur'an sa iyo [O' Muhammad] upang ikaw ay bigyan ng siphayo.﴿ *(Qur'an 20: 2)*

Si Allah ay sumisisi sa kanila na nagbibigay ng labis na bigat sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa ng lagpas sa kanilang kakayahan, - sila, na bunga ng kanilang pag-atras ng kanilang sarili sa tunay na mundo, ay sumapit sa kalagayan na sila ay nagtaksil sa kanilang dati nang pinangangatawanang gawain.

﴾Datapuwa't ang hindi pag-aasawa na itinalaga nila sa kanilang sarili [na walang batayan]; ito ay hindi Namin iginawad sa kanila, subalit [ito ay pinaghanap] lamang nila upang bigyang-lugod si Allah sa pamamagitan nito; ngunit hindi nila ito ginanap sa nararapat na pagganap.﴿ *(Qur'an 57: 27)*

Ang Islam ay naiiba sa ibang mga relihiyon sa pagkakaroon ng moderasyon o pagiging katamtaman, sa pagiging madaling sundin, sa pangangalaga sa kaluluwa at sa katawan, sa pagbibigay ng panustos sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay, sa pagkakaroon ng mga paniniwala na likas na katanggap-tanggap sa lahat.

﴾Ito ang tunay na pananampalataya...﴿ *(Qur'an 9: 36)*

Si Abu Sa'eed Al-Khudri (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsalaysay ng sumusunod:

"*Isang Arabong disyerto ang pumaroon sa Sugo ni Allah (saws) at nagtanong, 'O' Sugo ni Allah, sino sa mga tao ang pinakamahusay?' Siya ay tumugon: 'Ang nananampalataya na nagsusumikap sa kanyang sarili at sa kanyang kayamanan (tungo) sa landas ni Allah. Ang sumunod ay ang tao na nag-iisa sa lambak (o nagkukubli) upang sambahin niya ang kanyang Panginoon.'*"

Sa iba pang salaysay, siya (saws) ay nagsabi:

*"Siya na nangangamba kay Allah at hinahayaan ang mga tao na maging ligtas sa kanyang kapinsalaan."*

Si Abu Sa'eed (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsalaysay din ng sumusunod na *hadith*:

*"Ang panahon ay malapit na kapag ang pinakamahalagang ari-arian ng Muslim ay ang tupa, na kanyang susundan sa mga pastulan at kabundukan at sa mga lugar na maulan; siya ay tatalilis sa kanyang relihiyon mula sa mga pagsubok."* (Bukhari)

Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi: "Kunin ang iyong katamtamang bahagi ng pag-iisa (o pagiging bukod)."

At sa mahusay na salita na sinabi ni Al-Junayd:

> "Ang pagtiisan ang pag-iisa (o pagiging bukod) ay higit na magaan kaysa ang pagtiisan ang mga kapritso at pambobola na sangkot sa pakikihalubilo sa iba."

Si Al-Khattabi ay nagsabi:

> "Kung ang pag-iisa (o pagiging bukod) ay nangangahulugan ng pagiging ligtas sa tsismis (o paninira sa talikuran) at maging malayo na mamasdan ang kasamaan na lagpas sa iyong kakayahan na baguhin, kung gayon, ito pa rin ay isang bagay na may malaking kapakinabangan."

Ang huling salitaing ito ay katulad sa kahulugan ng *hadith* na matatagpuan sa Al-Haakim na isinalaysay ni Abu Dhar (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

*"Ang pag-iisa (o pagiging bukod) ay higit na mabuti kaysa ang maupo sa sinuman na may masamang impluwensiya."* Ang *hadith* na ito ay may mabuting kawing (ng tagapagsalaysay).

Si Al-Khattabi ay nagpaliwanag na sa ating Relihiyon, ang tuntunin sa pag-iisa (o pagiging bukod) at pakikisalamuha ay depende o batay sa hinihingi ng mga pangyayari. Mula sa mga ipinahayag na teksto, tayo ay hinihikayat na makisalamuha at makipagtipon sa iba para sa natatanging layunin: ang sundin ang mga tao ng karunungan at upang makipag-isa sa pamayanan para sa pangrelihiyong bagay-bagay. At tungkol sa ibang mga pagtitipon, kung gayon, ang tao na may sariling kasapatan upang mapanatili ang kanyang relihiyon at kitain ang kanyang yaman ay higit na mainam kung ito ay kinakailangan lamang o kung ang mabubuting gawain ay nasasangkot. Magkagayunman, marapat niyang tuparin ang kanyang mga obligasyon katulad ng pagdarasal na kasama ang pamayanan, at pagbabalik o pagganti sa bati ng kapayapaan, ang pagdalaw sa maysakit, ang pagdalo sa mga libing, at marami pang iba. Ang kinakailangan, kung gayon, ay yaong huwag makisalamuha sa labis-labis na antas, sapagkat ang paggawa ng gayon ay magbubunga sa pag-aaksaya ng oras at mapapabayaan ang higit na mga mahalagang bagay. Ang pakikisalamuha sa iba ay kahawig ng pangangailangan ng katawan sa pagkain at inumin. Sa parehong kaso, ang isa ay marapat na limitahan ang kanyang kakainin sa kung ano lamang ang kinakailangan. Ito ay higit na dalisay para sa katawan at para sa puso; at si Allah ang higit na nakakaalam.

Sa kanyang maanyong pagtalakay sa paksa ng pag-iisa (o pagiging bukod), si Al-Qushayree ay nagsabi na ang isa na naghahanap ng pagiging bukod ay marapat na makadama na ginagawa niya ang ganito upang mapangalagaan ang mga tao sa kanyang kasamaan at hindi ang kabaligtaran nito. Ito'y sa dahilang ang una ay nagpaparami ng katamtamang opinyon sa sarili na siyang hinihingi ng relihiyon. Ang pag-iisip ng huli, magkagayunman, ay nangangahulugan na ang isa ay nagpapatunay sa pagiging mataas ng isa kumpara sa iba, na hindi katanggap-tanggap sa pag-uugali ng isang nananampalataya.

Sa ganitong bagay, ang mga tao ay maaaring maihanay sa tatlong pangkat: ang dalawa rito ay magkasalungat samantalang ang pangatlo ay nasa gitnang punto sa pagitan nila. Ang unang pangkat ay nagbubukod sa kanilang sarili sa mga tao, hanggang sa punto nang hindi pagdalo sa pang-Biyernes na pagdarasal, sa pagtitipon o sama-samang pagdarasal, at mga pagtitipon na nagpapalaganap ng kabutihan. Ang mga tao sa ganitong pangkat ay lantad na nagkamali. Yaong nasa pangalawang pangkat ay panlipunan, sa punto na sila ay nakikisangkot kahit na sa kasamaan o sa mga mapag-aksayang pagtitipon, kung saan ang kasinungalingan, tsismis at pag-aaksaya ng oras ay nananaig: sila rin ay nagkamali. Yaong nasa panggitnang pangkat ay nakikisalamuha sa iba sa mga bagay-bagay ng pagsamba na marapat na isagawa nang sama-sama o maramihan. Sila ay nakikisangkot sa iba sa pagpapalaganap ng kabutihan, sa pagtatamo ng mga gantimpala, at higit na pangkalahatan, ang bigyang-lugod si Allah. Sila ay umiiwas sa mga pagtitipon na pinananaigan ng kasamaan, kasinungalingan, at kaluhuan.

﴾Kaya't Aming ginawa kayo [na mga sumasampalataya] na isang Pamayanan na makatarungan [pinakamainam at may balanseng pananampalataya, alalaong baga, hindi kulang o labis].﴿

*(Qur'an 2: 143)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Si Ubadah ibn Saamit ay nagsalaysay na kanyang narinig ang Sugo ni Allah (saws) na nagsabi:

"*Magpatuloy sa pakikipaglaban sa landas ni Allah, sapagkat ito ay kasama sa mga pinto ng Paraiso. Sa pamamagitan nito, si Allah ay nag-aalis ng pagkabagabag at pagkabalisa.*"

Ang apekto ng pakikipaglaban sa landas ni Allah sa isang tao ay isang bagay na maaari nating hindi matanggap, nguni't ito ay isang bagay na tinatanggap ng ating konsiyensiya o budhi. Kailanma't ang kaluluwa ay umiiwas sa pagsugpo sa kasamaan, ang antas ng pangamba at pagkabagabag nito ay tumataas. Datapuwa't kung ito ay nakikipaglaban para sa kapakanan ni Allah, si Allah ay nagpapalit sa pangamba at pagkabagabag tungo sa kaligayahan, lakas at sigla.

﴾Makipaglaban kayo sa kanila upang si Allah ay magparusa sa kanila sa pamamagitan ng inyong mga kamay, at pawalang-dangal sila, at kayo ay gawaran [Niya] ng tagumpay laban sa kanila, at upang bigyang-kasiyahan ang dibdib ng mga tao na sumasampalataya.﴿

*(Qur'an 9: 14-15)*

Samakatuwid, ang pakikipaglaban sa landas ni Allah ay isa sa pinakamabisang lunas sa pagsugpo sa pagkabagabag, pighati at pagkabalisa; at kay Allah tayo ay bumabaling para sa tulong.

## *Pagnilay-nilayin ang sandaigdigan*

Magmasid-masid sa kapaligiran at pagnilay-nilayin ang mga tanda na nananatili sa mga nilikha (o likha). Ang sapa, ang punongkahoy, ang bulaklak, ang bundok, ang kalupaan at ang langit, ang araw at ang buwan, ang maghapon at ang gabi, - ang lahat ng mga ito ay magpapaala-ala sa iyo sa Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Sa gayon, ang iyong pananalig ay madaragdagan at gayundin ang antas ng iyong pagkamatuwid.

﴾Kaya't inyong sundin ang Tagubilin, O' kayong may mga mata [upang magmalas]!﴿ *(Qur'an 59: 2)*

Isang pilosopo na yumakap sa Islam ang nagsabi:

"Kailanma't ako ay ginigiyagis ng mga pag-aalinlangan, ako ay titingin sa aklat ng paglikha, ang mga titik nito ay nangungusap ng mga himala at tandisang karunungan o kagalingan. Sa gayon, ang aking pananalig ay hindi lamang nagbabalik sa normal, bagkus ito ay higit pang nadaragdagan."

## *Sundin ang isang pinag-aralang plano*

Si Ash-Shaukani ay nagsabi:

> "Ang ilang iskolar ay nagpayo sa akin na kailanman ay hindi ko marapat na isuko ang pagsusulat, kahit na ito ay nangangahulugan nang pagsusulat lamang ng dalawang linya sa bawat araw. Ako ay gumawa ng ayon sa ganitong payo at aking inani ang mga bunga nito."

At ito ang kahulugan ng *hadith* na:

> "Ang pinakamahusay na gawa ay yaong patuloy na ginagawa ng isang tao, kahima't ito ay isang bagay na maliit."

At sinasabi na kung ikaw ay magdaragdag ng sapat na mga patak ng tubig, isang baha ang magiging bunga nito.

Kung tayo ay nagnanais na gumawa ng lahat-lahat nang minsanan, kalituhan ang kinalalabasan nito. Ang mga ito ang susunod: pagkabagot, pagkahapo, at ang pinakamasahol sa lahat, ang pagtalikdan sa gawain. Kung ating gagawin ang ating trabaho nang paisa-isa muna, na pinagbabaha-bahagi sa mga yugto, tayo ay higit na magtatamo ng higit na marami. Pagnilay-nilayin ang dasal. Tayo ay pinag-utusan na isagawa ito sa limang magkakaibang oras sa panahon ng maghapon. Ang patlang sa pagitan ng mga dasal ay nagpapahintulot sa ibang mga gawain, at mayroong sapat na oras sa pagitan ng isang dasal at sa susunod upang ang sumasamba ay makabalik ng may sigla sa iba pang dasal. Subalit kung ang mga

dasal ay pinagsasama-samang lahat sa isang oras, ang sumasamba ay maaaring mabagot. Ang kahulugan ng gayong partikular na *hadith* ay yaong isang tao na nagtutulak sa kanyang kabayo na tumakbo nang mabilis sa malapitang distansya sa kahabaan ng mahabang paglalakbay, (siya) ay hindi lamang nag-aaksaya sa kanyang sasakyang pangabayo, bagkus, siya ay hindi rin makakarating sa kanyang patutunguhan. Sa pamamagitan ng mga karanasan ng marami, ang sumusunod ay naghahawak ng katotohanan: ang isa na patuloy na gumagawa nang sunud-sunod para sa natataningang panahon ay higit na nakapagtatamo ng marami kaysa sa isa na nagtatangka na gawin ang lahat-lahat nang minsanan.

Na ang dasal ay nakakagawa sa atin na maorganisa (o maisaayos) ang ating oras, ay isang aral na aking natutuhan sa mga tao ng karunungan at nagbigay-kapakinabangan sa aking buhay. Ito ay isang aral na ipinahihiwatig mula sa talatang ito:

﴾Katotohanan, ang pagdarasal ay ipinapatupad sa takdang oras sa mga sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 4: 103)*

Kung ang isang tao ay magbabaha-bahagi ng kanyang makamundo at panrelihiyong mga tungkulin sa palibot ng bawat pagdarasal, matatagpuan niya ang kanyang oras na pinagpapala.

Halimbawa, kung ang isang estudyante ng Islam ay magbabahagi ng kanyang oras matapos ang pang-umagang pagdarasal sa pagsasaulo (ng Qur'an at iba pa), ang oras matapos ang pantanghaling pagdarasal sa pagbabasa at pagdalo sa pagtitipong pag-aaral, ang oras matapos ang panghapong pagdarasal sa pagsasaliksik sa mga paksa o isyu, ang oras matapos ang *Maghrib* o pantakipsilim na pagdarasal sa pagbisita sa mga tao o sa pamamahinga, at ang oras matapos ang panggabing pagdarasal para sa pagbabasa sa mga napapanahong isyu o pangyayari o ang pag-upo sa pagtitipon ng kanyang pamilya, siya ay magtatamo pa nang higit.

﴾O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong pangangambahan [susundin] si Allah, Kanyang pagkakalooban kayo ng isang paraan ng kaligtasan [upang makatawid sa bawat kahirapan, kasiphayuan o kagipitan dito sa mundo], at Kanyang pagtatakpan [papawiin] ang inyong mga kasalanan, at Kanyang patatawarin kayo, at si Allah ang nagmamay-ari ng Malaking Kasaganaan.﴿ *(Qur'an 8: 29)*

## *Huwag maging walang-kaayusan sa iyong mga gawain*

Ang pagkakautang, ang mga kapanagutang pansalapi, at mga bayarin na marapat bayaran ay gumagawa ng malaking bahagi sa pagkakaroon ng kalungkutan at pagkabalisa. Mayroong tatlong prinsipyo tungkol sa isyung ganito na marapat nating parehong maunawaan at maisakatuparan:

1. Ang isa na maingat o masinop ay hindi aasa sa iba. Sinuman ang gumugol nang maingat sa paggugol lamang kung ano ang kinakailangan at hindi sa pag-aaksaya ay makakatagpo ng tulong kay Allah.

﴾Katotohanan, ang mapagwaldas [ng walang kapararakan] ay mga kapatid ng mga demonyo.﴿ *(Qur'an 17: 27)*

﴾At sila na kung gumugugol ay hindi bulang-gugo [nag-aaksaya] at hindi rin kuripot, datapuwa't sila ay gumugugol nang katamtaman [alalaong baga, sa pagitan ng dalawang kalabisang ito].﴿

*(Qur'an 25: 67)*

2. Hanapin na manggaling ang iyong panustos sa pamamagitan ng pinahihintulutang paraan, sapagkat si Allah ay *At-Tayyib* (maringal, dalisay, at mabuti) at hindi tumatanggap ng iba pa sa kung ano ang maringal, dalisay at mabuti. At si Allah ay hindi nagbibigay ng

pagpapala sa kita na kinita sa pamamagitan ng hindi pinahihintulutang paraan.

﴾... Kahima't ang karamihan ng kasamaan ay makaganyak sa inyo.﴿ *(Qur'an 5: 100)*

Magtrabaho nang masigasig upang kumita ng yaman sa ligal na paraan at huminto sa kawalan ng ginagawa at pagiging tamad. Nang si Ibn Auf (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay lumikas sa Madeenah, siya ay hindi nagdala ng anuman sa kanyang sarili. Ang isa sa mga Lingkod sa Madeenah ay nag-alok sa kanya ng kalahati ng kanyang kayamanan sapagkat ang Propeta (saws) ay nagtatag ng bigkis ng kapatiran sa pagitan niya at ni Ibn Auf. Si Ibn Auf ay tumanggi sa bukas-palad na alok at payak na tumugon, "Ituro mo sa akin ang pamilihan."

﴾At kung ang pagdarasal [ang Jumuah o ang pang-Biyernes na sama-samang pagdarasal] ay matapos na, kayo ay malaya na magsipangalat sa kalupaan at magsihanap ng Kanyang mga Biyaya [sa pamamagitan ng pagtatrabaho], at lagi ninyong alalahanin si Allah upang kayo ay magsipagtagumpay.﴿ *(Qur'an 62: 10)*

## *Ang iyong halaga ay napagtatanto sa pamamagitan ng iyong pananampalataya at pag-uugali*

Siya ay mahirap at masasakitin at mahina. Siya ay nagsusuot ng gulanit na damit na maraming tagpi. Siya ay nakayapak at nagugutom. Kasama na (rito) ang kanyang di-kilalang lahi, siya ay hindi nagtataglay ng anumang estado o kayamanan o pamilya. (Siya ay) walang bubungan na mapagkakanlungan, siya ay natutulog sa loob ng *masjid* (bahay-dalanginan) at umiinom sa mga pampublikong inuman. Ang kanyang unan ay ang sarili niyang

bisig at ang kanyang higaan ay hindi patag, sa magaspang na lupa sa kanyang likuran. Nguni't lagi niyang naaala-ala ang kanyang Panginoon at siya ay patuloy na dumadalit ng mga talata ng Aklat ni Allah. Siya ay hindi bumabalda sa unang hanay sa pagdarasal o sa unahang linya ng digmaan. Isang araw, nakatagpo niya ang Sugo ni Allah (saws), na nang makita siya ay tumawag sa kanya sa kanyang pangalan, "O' Julaybeeb, hindi ka ba mag-aasawa?" "At sino ang magbibigay sa akin ng kanyang anak na babae?", ang kanyang kiming sagot. Siya (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay naparaan pa sa dalawang iba pa na nagtanong sa kanya ng katulad na tanong, na kanya ring sinagot ng katulad na sagot (sa una). Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi sa kanya, "O' Julaybeeb, pumunta ka kay ganoon at ganito, ang Ansari, at sabihin sa kanya, 'Ang Sugo ni Allah ay nagpaparating ng kanyang pagbati ng kapayapaan sa iyo at hinihiling niya sa iyo na ipakasal mo ang iyong anak na babae sa akin.' " Ang natatanging Ansari na ito ay mula sa isang maringal at iginagalang na sambahayan. Nang isagawa ni Julaybeeb ang pag-uutos ng Propeta, ang Ansari ay tumugon, "At ang kapayapaan ay mapasakanya na Sugo ni Allah. O' Julaybeeb, paano ko maipapakasal sa iyo ang aking anak gayong ikaw ay walang kayamanan o katayuan (sa lipunan)?" Ang kanyang asawa ay nakarinig ng balita at siya ay napabulalas sa pagkamangha, "Si Julaybeeb! Siya na walang kayamanan o katayuan (sa lipunan)!" Datapuwa't ang kanilang sumasampalatayang anak ay nakarinig sa mga salita ni Julaybeeb, mga salita na para sa kanya ay nagtataglay ng mensahe ng Sugo ni Allah (saws). Sinabi niya sa kanyang mga magulang, "Tinatanggihan ba ninyo ang kahilingan ng Sugo ni Allah? Sa (Ngalan) ni Allah, (ito) ay hindi!" At ang sumunod, ang pinagpalang kasalan ay naganap. Nang ang kanilang unang gabi ay sumapit, ang isang tagatawag ay nasa kalye na nagpapahayag ng napipintong digmaan. Si Julaybeeb ay walang gatol na tumugon at pumalaot siya sa larangan ng digmaan. Sa pamamagitan ng kanyang sariling mga kamay, nagawa

niya na makapatay ng pitong hindi nananampalataya, at matapos, siya sa kanyang sarili ay naging martir (napatay din). Siya ay yumakap sa kamatayan na nalulugod kay Allah at sa Kanyang Sugo, at nalulugod sa moral (na katangian at pag-uugali) na kanyang isinakripisyo ang sarili niyang buhay. Matapos ang digmaan, ang Sugo ay nagtatanong tungkol sa kanila na naging martir. Ang mga tao ay nagsimulang magbigay-alam sa kanya tungkol sa kanila na namatay, nguni't nakalimutan nilang banggitin si Julaybeeb dahilan sa kanyang pagiging di kilala. Magkagayunman, ang Sugo ni Allah ay nakagunita sa kanya, at siya ay nagsabi, "Nguni't nawala sa akin si Julaybeeb." Makaraan, siya ay nakakita sa bangkay ni Julaybeeb, na ang mukha niya ay natatabingan ng alikabok. Tinagtag niya ang alikabok sa kanyang mukha at nagsabi, "Ikaw ay nakapatay ng pito at matapos ikaw ay napatay! Ikaw ay mula sa akin at ako ay mula sa iyo..." At ang Sugo ni Allah (saws) ay umulit sa pangalawang bahagi ng gayong pahayag ng tatlong beses. Ang ganitong medalya ng pagiging tangi na mula sa Sugo ni Allah (saws) ay maituturing (para) sa kanyang sarili na saganang gantimpala at premyo.

Ang halaga ni Julaybeeb ay ang kanyang pananampalataya at ang kanyang pagmamahal sa Sugo ni Allah, na sa mga prinsipyong ito siya ay namatay. Ang kanyang payak na kalagayan at hindi kilalang pamilya ay hindi nakahadlang sa kanya sa malaking karangalan na iginawad sa kanya. Sa kanyang kakarampot na pinagkukunan, siya ay nagtamo ng pagkamartir, pagiging kuntento, at kaligayahan para sa mundong ito at sa Kabilang Buhay.

﴾Sila ay nagsasaya sa ipinagkaloob sa kanila ni Allah mula sa Kanyang biyaya, at [tungkol sa mga naiwan sa labanan], sila ay tumanggap ng masayang balita tungkol sa kanila [na susunod na magiging martir] pagkatapos nila, na hindi pa nakasama sa kanila; na walang anumang pangamba ang sasapit sa kanila, gayundin naman, sila ay hindi malulumbay.﴿ *(Qur'an 3: 170)*

Kaya't tandaan, ang iyong mga prinsipyo at iyong pag-uugali ang nagpapasya kung ano ang iyong halaga. Ang karalitaan ay hindi kailanman tumindig na hindi natitinag sa landas ng pagiging natatangi at sa pagtatamo ng higit na matataas na hangarin.

## *Ang sukdol na kaligayahan ng mga Kasamahan (ng Propeta) [nawa'y kalugdan silang lahat ni Allah]*

Ang ilan sa maraming paraan kung saan sila ay pinagpala, ang mga Kasamahan ay binigyang-kaalaman ng kanilang ranggo sa pamamagitan ng rebelasyon. Ang talatang ito ay ipinahayag tungkol kay Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah):

﴾At ang Mutaqqun [mga matimtiman at matutuwid na tao na lubos na sumasampalataya kay Allah], ay malayo rito [Impiyerno]. [Siya] na gumugugol ng kanyang kayamanan upang magkamit ng kadalisayan [sa kanyang sarili].﴿ *(Qur'an 92: 17-18)*

Si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay binigyan ng masayang balita sa ganitong *hadith*:

"*Ako ay nakakita ng puting kastilyo sa Paraiso. Itinanong ko kung sino ang nagmamay-ari nito, at sinabi sa akin na ito ay angkin ni Umar ibn Al-Khattab.*"

Sa kaso naman ni Uthmaan (nawa'y kalugdan siya ni Allah), ang Sugo ni Allah (saws) ay gumawa ng ganitong panalangin:

"*O' Allah, (Inyong) patawarin si Uthmaan sa kanyang nakalipas at hinaharap na mga kasalanan.*"

Ang Sugo ni Allah (saws) ay naglarawan kay Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah) sa mga sumusunod:

*"(Siya) ang tao na nagmamahal kay Allah at sa Kanyang Sugo, at si Allah at ang Kanyang Sugo ay nagmamahal sa kanya."*

Tungkol kay Sa'ad ibn Mu'aadh (nawa'y kalugdan siya ni Allah), ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

*"Ang Trono ng Pinakamahahabagin ay nangangatog para sa kanya."*

At siya ay nagsabi kay Handhalah (nawa'y kalugdan siya ni Allah) matapos na siya ay pumanaw:

*"Ang mga anghel ng Pinakamahahabagin ay naghugas sa kanya."*

## Ang sukdulang kasamaan ng mga hindi nananampalataya

At para kay Fir'aun (Paraon):

﴾Sa Apoy; sila ay nakalantad dito sa umaga at hapon..﴿ *(Qur'an 40: 46)*

At para kay Qaaroon (Korah):

﴾Kaya't pinapangyari Namin na siya at ang kanyang tahanan ay lagumin ng lupa.﴿ *(Qur'an 28: 81)*

At para kay Al-Waleed ibn Al-Mughirah:

﴾Siya ay Aking babalutin ng nakakapagod [mahirap na kaparusahan].﴿ *(Qur'an 74: 17)*

At para kay Umayyah ibn Khalaf:

﴾Kasawian [sa kaparusahan] ang bawat makakating dila na naninirang-puri at yumuyurak sa talikuran.﴿ *(Qur'an 104: 1)*

At para kay Abu-Lahab:

﴾Maglaho [mamatay] ang mga kamay ni Abu-Lahab [ang tiyuhin ng Propeta], mamatay siya!﴿ *(Qur'an 111: 1)*

At para kay Al-Aas ibn Waa'il:

﴾Hindi! Aming [Allah] itatala ang kanyang sinasabi, at Aming daragdagan ang kanyang kaparusahan [sa Impiyerno].﴿

*(Qur'an 19: 79)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Isaalang-alang ang mga sumusunod na masamang epekto ng pagkakasala at pagpapabaya sa pag-aala-ala kay Allah: kalungkutan, ang hindi pagtugon sa iyong mga pagdarasal, pagkakaroon ng matigas na puso, ang kawalan ng pagpapala sa kayamanan at kalusugan, ang mahadlangan sa pagtatamo ng karunungan, pagkaaba, pagkabagabag, at ang mapasailalim sa pagsubok ng masasamang kasama na nagpaparumi sa iyong puso. Ang mga binanggit sa itaas ay ang mga bunga ng pagkakasala na kagaya nang pagtubo ng halamanan matapos na ito ay madiligan.

Kung ang mga ito kung gayon ang mga epekto ng pagkakasala, ang lunas ay nasasalalay lamang sa pagtitika.

## ***Maging mapitagan sa kababaihan***

﴾At kayo ay mamuhay sa kanilang piling ng may dangal.﴿

*(Qur'an 4: 19)*

﴾At inilagay Niya sa inyong puso ang pag-ibig at awa sa isa't isa.﴿

*(Qur'an 30: 21)*

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

*"Pangalagaan (sila) at maging mabuti sa kababaihan, sapagkat sila ay sinasaway (at nakatali) sa inyo."*

*"Ang pinakamahusay sa inyo ay siya na pinakamahusay sa kanyang pamilya, at ako ang pinakamahusay sa inyo sa kanyang pamilya."*

Ang masayang pamilya ay hitik sa pagmamahal, kasiyahan, at pangangamba kay Allah, ang Kataas-taasan:

﴾Siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali [na naaayon] sa pananampalataya kay Allah at sa Kanyang Pagkalugod ay higit na mainam, o siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali sa gilid ng isang pampang [na naguguho], na halos ay malugso na [sa pagkakabitin], kaya't ito ay natibag [at bumulusok] na kasama niya [sa loob] ng Apoy ng Impiyerno? At si Alah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* [mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan].﴿ *(Qur'an 9: 109)*

## Isang ngiti sa bawat umaga

Upang magkaroon ng isang mabuting simula sa araw-araw, ang isang asawa ay marapat na ngumiti sa kanyang maybahay, at gayundin naman ang maybahay sa kanyang asawa.

Ang ganitong ngiti ay isang pagpapakilala ng pagpapahayag ng pagkakasundo at pakikipagkompromiso.

*"Ang isang ngiti sa mukha ng iyong kapatid ay isang kawanggawa."*

At ang Sugo ni Allah ay lagi nang may nakahandang ngiti sa kanyang mukha.

﴾Magbatian kayo sa isa't isa ng isang pagbati na pinagpala at mabuti na mula kay Allah [alalaong baga, magsabi ng Assalamu alaikum o Sumainyo ang kapayapaan].﴿ *(Qur'an 24: 61)*

﴾At kung kayo ay batiin ng pagbati, sila ay inyong suklian ng pagbati na higit na mainam [kaysa] rito, o di kaya'y suklian ito ng katumbas na pagbati.﴿ *(Qur'an 4: 86)*

Gayundin, sa pagbabalik sa domestikado (o pang-araw-araw) na buhay, na sa akin ay nangangahulugan, na sa sandali nang pagpasok sa kanyang tahanan, ang isa ay marapat na laging gumawa ng ipinagtatagubiling panalangin:

*"O' Allah, ako ay humihiling sa Inyo ng pinakamahusay na pagpasok at ng pinakamahusay na paglabas [sa aking tahanan]. Sa Ngalan ni Allah tayo ay pumapasok at sa Ngalan ni Allah tayo ay lumalabas. At kay Allah na aming Panginoon, kami ay naglalagay ng aming pagtitiwala."*

Ang mangusap sa palakaibigang tono ay nagpaparami rin ng pang-unawa sa tahanan:

﴾At ipagbadya sa Aking mga alipin [alalaong baga, sila na mga tunay na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah], na kanila lamang sabihin nang mainam ang mga salita...﴿ *(Qur'an 17: 53)*

Sa ganito, kapwa ang asawa at maybahay ay nakakagunita sa magagandang puntos ng bawat isa, na kumakalimot sa mga negatibong (pag-uugali o bagay-bagay). Kung ang isang asawa ay nagpapanatili sa kanyang isipan sa mga positibong aspeto o katangian ng kanyang maybahay, habang kinakalimutan (o di kaya ay inaalis) niya ang kanyang mga depekto, siya ay makakatagpo ng kapayapaan at kaligayahan.

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Sino ang isa na kailanman ay hindi nagkamali?*
*At sino ang nag-aangkin ng purong kabutihan?*

﴾At kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at sa Kanyang Habag sa inyo, walang sinuman sa inyo kahit kailanman ang magiging dalisay [malinis sa kasalanan]. Datapuwa't si Allah ang nagpapadalisay [gumagabay sa Islam] sa sinumang Kanyang maibigan, at si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.﴿ *(Qur'an 24: 21)*

Ang maliliit at mga abubot na mga bagay-bagay ang siyang sanhi ng mga pantahanang suliranin, at ako sa aking sarili ay nakasaksi ng maraming pagsasama na nagtapos sa diborsyo, hindi dahil sa hindi mapagkasundong pagkakaiba, manapa ay dahil sa mga bagay na maliliit at hindi mahalaga. Ang isa sa mga gayong pantahanang sigalot ay nagsisimula dahil sa ang bahay ay hindi malinis; ang isa pang pinanggagalingan ay sapagkat ang hapunan ay hindi nailuto sa oras; ang sanhi ng isa pa ay ang pagtutol ng babae sa labis na bilang ng bisita na dumadalaw sa kanyang asawa. Ang listahan ng ganito at iba pang mga problema ay maghahantong upang mapunit ang pamilya na magkahiwalay, na umiiwan sa mga bata ng walang ama o walang ina.

Isang kapanagutan sa atin na mamuhay sa isang mundo ng realidad o katotohanan (tangi na rito kung tungkol sa ating mga maybahay) at huwag managinip ng isang utopya o walang katotohanan, isang (bagay) na marapat na mapagtanto sa loob ng tahanan. Tayong mga tao ay maaaring magalit at mairita (o mayamot), maging mahina at magkamali. Samakatuwid, kung tayo ay nangungusap tungkol dito o naghahanap ng kaligayahang pantahanan (o pang-araw-araw), marapat nating panatilihin ang konsepto ng nauugnay na kaligayahan sa (ating) isipan, at hindi ang lubusang kaligayahan.

Ang katanggap-tanggap na kalikasan at mabuting pakikisama ni Imam Ahmad ibn Hanbal ay karapat-dapat na banggitin dito. Sinabi niya matapos na pumanaw ang kanyang maybahay, "Siya ang aking naging kasama sa apatnapung taon, at sa kahabaan ng gayong

panahon, hindi ako kailanman nagkaroon ng hindi pagkakasundo sa kanya."

Ang asawa ay marapat na maging tahimik kung ang kanyang maybahay ay nagagalit, gayundin ang maybahay sa kanyang asawa, sa pinakamababa, hanggang ang galit ay humupa at ang bagyo ay humina. Si Ibn Al-Jawzi ay nagsabi sa *Sayd Al-Khaatir*:

> "Kapag ang iyong kasama ay nagalit at nagsasalita ng bagay na hindi makatwiran, ito ay hindi mo marapat na dibdibin. Ang kanyang kalagayan ay tulad ng isang lasing na tao na hindi nakakaalam kung ano ang nagaganap. Bagkus, maging mapagpasensya, kahit na ito ay nangangahulugan lamang ng maigsing sandali. Kung gagantihan mo ang kanyang mga salita ng magagaspang na pananalita mula sa iyo, ikaw ay naging katulad ng isang matinong tao na humahanap ng paghihiganti sa isang luku-lukong tao, o ng isang may malay na tao na humahanap ng parusa o ganti mula sa isang walang malay. Tingnan mo siya ng may maawaing mata at kaawaan mo siya sa kanyang naging gawain."

Iyong maalaman na sa sandaling siya ay magising sa ganitong kalagayan, siya ay makadarama ng pagsisisi sa kung anuman ang nangyari, at siya ay darating (sa punto) na makilala ang iyong halaga dahilan sa iyong pagpapasensya. Ikaw ay marapat na tanging maging matiyaga kung ang nagagalit na tao ay iyong asawa o iyong magulang. Hayaang sabihin nila ang gusto nilang sabihin hanggang sa sila ay kumalma at huwag mo silang panagutin sa kanilang mga sinabi. Kailanma't ang taong nagagalit ay sinalubong din ng galit, ang kanyang pagkagalit ay mabibigo na maghupa, kahit na nga siya ay natauhan na mula sa kalagayan ng pagiging lango.

## *Ang pagiging mapusok sa paghihiganti ay lason na dumadaloy nang tuluy-tuloy sa isang maysakit na kaluluwa*

Ang aklat na *The Crucified Ones in History* ay batbat ng mga kuwento tungkol sa mga naghihiganti na nagpadama ng mararahas na kaparusahan sa kanilang mga kaaway. Ang mahihinuha ng isa habang binabasa niya ang ganitong aklat (na marahil ay ganito ang ninanais ng may-akda na ating mahinuha) ay yaong ang pagpatay sa kanilang mga kaaway ay hindi sapat upang matighaw ang kanilang pagkauhaw sa paghihiganti.

Ang kabalintunaan na ipinararating ng may-akda ay yaong tao na ipinako sa krus, bilang halimbawa, ay tumigil na makadama ng kirot matapos na ang kanyang kaluluwa ay lumisan sa kanyang katawan. Samantala, ang naghihiganti na mamamatay-tao ay hindi kailanman makakatagpo ng kapayapaan at kaligayahan sapagkat ang apoy ng paghihiganti ay wiling-wili, o di kaya, ay omukupa na sa kanyang buong pagkatao.

Ang aklat ay nagsasalaysay sa buhay ng ilan sa mga pinuno ng Banu Abbaas; nakalagpas sa kanila ang pagkakataon na mapatay ang kanilang karibal mula sa Banu Umayya dahilan sa ang huling pangkat ay namatay bago ang unang pangkat ay makaokupa ng kanilang opisina. Sa patuloy pa rin na pagkagalit, ang isa sa kanila ay kumukuha ng bangkay ng kanyang kaaway mula sa libingan at ito ay kanyang pinapalo at ipinapako sa krus at sumusunog nito. Kaya't unawain ito: ang naghahanap ng paghihiganti ay lagi nang nakadarama ng kirot at kalungkutan kaysa sa naging layon ng kanyang paghihiganti sapagkat parehong nawala sa kanya ang kapayapaan at kapanatagan.

*Ang mga kaaway ay hindi nagbibigay-sakit*

*sa ignoranteng tao,*

*na kasinglapit na tulad ng ignoranteng tao*
*na nagbibigay-sakit sa kanyang sarili.*

﴾At kung sila ay makadaupang-palad ninyo, sila ay nagsasabi [ng pagkukunwari]: 'Kami ay sumasampalataya.' Subalit kung sila ay nag-iisa, kanilang kinakagat ang dulo ng kanilang daliri dahil sa galit sa inyo. Ipagbadya: 'Kayo ay magpakamatay [o mamatay] sa inyong galit.'﴿ *(Qur'an 3: 119)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Kung ang nananampalataya ay datnan ng kasawiang-palad, sa pamamagitan lamang ng pagtitika niya makikita ang tunay na daang-palabas sa kanyang mga kahirapan. Sa halip na tumingin na palabas, sa panlabas na impluwensiya, ang nananampalataya ay marapat na maghanap sa loob at tingnan na siya ang kasisi-sisi at karapat-dapat sa anumang sumapit sa kanya. Kung siya ay dumating na sa ganitong antas ng kamalayan, dito lamang siya makapagsisimula sa proseso ng pagtutuwid, o sa ibang kaso ay pagwawasto o bayad-pinsala sa kanyang mga pagkakamali, at sa pagtitika kay Allah sa kanyang mga nakaraang pagkakamali. At kung siya ay mangalaga sa mga ganitong panloob na bagay-bagay na kanyang (taglay), si Allah ang mangangalaga sa kanyang panlabas na bagay-bagay (o pangyayari). Ang ganitong mga salita ay maaaring ituring na payak, nguni't iilan lamang ang nagsasakatuparan nito sa aktuwal na gawa.

## ***Huwag matunaw sa personalidad ng iba***

Ang tao ay nagdaraan sa tatlong yugto: 1) panggagaya, 2) pagpili at pagpipilian, 3) imbensyon at pagkamalikhain. Ang imitasyon o panggagaya, ang akto ng pangongopya sa personalidad

at mga gawi ng iba, ay (maaaring) isinagawa dahil sa matinding pagkakagusto rito, o ang labis na pagkakaugnay, sa tao na kinokopya. Kung ito ay labis na isinasagawa, kung ang nanggagaya ay kumokopya sa sinuman maging sa tono ng kanyang boses o galaw ng katawan, ang talagang tunay niyang ginagawa ay inililibing niya ang kanyang sariling personalidad o katauhan. Bagama't ito ay maaaring parang kakatwa sa ilan, ang isa ay kailangan lamang tumingin sa mas batang henerasyon sa ngayon; iyong matatagpuan ang ilang kabataan na nanggagaya sa ilang sikat na mga tao sa kanilang paglakad, pagsasalita, at mga paggalaw. Ang lahat ng kanilang mga kaugalian o ugali ay kanilang tinatalikdan para lamang sa pangongopya sa kanilang mga idolo. Kung sila sana ay kumokopya sa mariringal na pag-uugali at mariringal na personalidad, aking bibigyang-papuri sila, sapagkat ang paggaya sa iba sa paghahanap ng karunungan, sa pagiging mapagbigay, o sa pagkakaroon ng mabuting asal, ay isang tunay na maringal na gawa.

Ako ay napilitan dito na bigyang-diin ang aking sinabi sa una: ikaw ay isang unikong entidad o katauhan, at sapagkat nilikha ni Allah si Adan (nawa'y sumakanya ang kapayapaan), walang dalawang tao ang eksaktong magkahawig sa panlabas na kaanyuan.

﴾... At ang pagkakaiba-iba ng inyong mga wika at kulay.﴿

*(Qur'an 30: 22)*

Kung gayon, bakit ninanais natin na maging eksaktong katulad (ng iba) sa ibang mga bagay tulad ng pag-uugali at mga talento?

Ang kagandahan ng iyong boses sa pagiging uniko o natatangi nito, at ang kagandahan ng iyong kaanyuan, ay yaong ang mga ito ay para lamang o natatangi sa iyo.

﴾At sa kabundukan ay mayroong mga landas, puti at pula sa magkakaibang klase ng kulay, at [ang iba] ay lubhang maitim.﴿

*(Qur'an 35: 27)*

## ***Paghihintay ng ginhawa mula kay Allah***

Si Thaabit ibn Qays (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay isang matatas na mananalumpati na nagsasalita sa kapakanan ng Sugo ni Allah (saws) at ng Islam. Gayunpaman, madalas na itinataas niya ang (timbre ng) kanyang boses habang siya ay nagbibigay ng sermon, at kung minsan ito ay nangyayari sa harapan ng Sugo ni Allah (saws).

﴾O' kayong sumasampalataya! Huwag ninyong itaas ang inyong tinig nang higit sa tinig ng Propeta, at huwag din namang mangusap sa kanya nang malakas na katulad ng inyong pag-uusap sa isa't isa, baka ang inyong mga gawain ay mawalan ng saysay habang ito ay hindi ninyo napag-aakala.﴿ *(Qur'an 49: 2)*

Nang ang talatang ito ay ipahayag, si Thaabit (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nag-isip na siya ang pinatutungkulan ng gayon, kaya't nagpang-isa siya sa kanyang sarili sa kanyang tahanan at patuloy na tumangis. Sa isang pagtitipon, ang Sugo ni Allah (saws) ay nakapuna na wala si Thaabit at siya ay nag-usisa tungkol sa kanya. Ang mga Kasamahan ay nagbigay-alam sa kanya sa kung ano ang nangyari, at ang Sugo ni Allah (saws) ay tumugon: "*Hindi kailanman! Datapuwa't siya ay mula sa mga magsisipanirahan sa Paraiso.*"

Sa ganitong paraan, ang babala, - sa kaso ni Thaabit, na isa lamang hinihinuhang babala, - ay napalitan sa pagiging isang masayang balita.

Si Aa'ishah (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay patuloy na umiiyak sa buong buwan, sa araw at gabi, sapagkat siya ay inakusahan ng mali sa isang kasalanan. Siya ay naging matamlay at maputla dahil sa seryosong kalikasan ng akusasyon o bintang. Nguni't, kapagdaka, ang ginhawa ay dumating mula kay Allah, at ang Qur'an ay nagpatibay sa kanyang pagiging inosente o walang kasalanan:

﴾Katotohanan, ang mga nagpaparatang sa malilinis na babae na hindi man lamang nag-iisip ng anumang bagay na sisira sa kanilang kalinisan, at matuwid na sumasampalataya, sila [na nagpaparatang] ay isinumpa sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay.﴿ *(Qur'an 24: 23)*

Kanyang pinapurihan si Allah, ang kanyang ranggo o katatayuan ay naibalik, at ang mga nananampalataya ay nangagalak sa kanya.

Nang ang tawag ay ginawa para sa digmaan ng Tabuk, ang tatlo sa mga nananampalataya ay nagpaiwan sa likuran. Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nagpahayag ng mga talata na yaong mga nanatili sa likuran ay binigyang-babala tungkol sa napipintong kaparusahan. Ang tatlong nananampalataya na pinatutungkulan sa itaas ay naging miserable o malulungkutin dahil sa kanilang ginawa at sila ay gumawa ng matapat na pagsisisi. Sila ay naniwala na walang santuwaryo mula kay Allah maliban lamang sa Kanya, at matapos ang maigsing panahon na wari bang walang wakas sa kanila, ang mga talata ng pagpapatawad ay ipinahayag.

## *Ipagpatuloy ang trabaho na iyong kinalulugdan*

Si Ibn Taymiyah ay nagsabi:

> "Minsan ako ay nagkasakit at ang manggagamot ay nagsabi sa akin na ang pagbabasa at pagbibigay ko ng panayam tungkol sa karunungan ay makapagpapalala lamang ng aking kalagayan. Sinabi ko sa kanya na hindi ko maaaring talikdan ang ganitong hangarin, at nais ko kung maaari, na gawin ang kanyang sariling karunungan bilang isang hukom sa aming pagitan. Hindi baga ito ang kalalabasan, ang aking tanong sa kanya, na kung ang kaluluwa ay nakadarama ng kaligayahan at nagagalak, ang katawan ay nagiging malakas at ang karamdaman ay naitataboy?

Ang manggamot ay sumagot ng may pagsang-ayon. 'Samakatuwid', ang sabi ko sa kanya, 'ang aking kaluluwa ay nakakatagpo ng galak, ginhawa, at lakas sa karunungan.' Ang manggagamot ay sumang-ayon at inamin na ang aking sitwasyon ay nasa labas ng nasasakop ng kanyang siyensya ng medisina."

﴾Huwag ninyong isaalang-alang na ito ay masamang bagay sa inyo. Hindi, ito ay mabuti sa inyo.﴿ *(Qur'an 24: 11)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Ang aklat na *Al-Aylaam* ni Az-Zarkalee ay naglalaman ng mga talambuhay ng mga silanganin at kanluraning pulitiko, mga pantas, mga manunulat, at mga manggagamot. Ang karaniwang paktor o pagkakatulad sa pagitan nilang lahat, - at kung bakit ito ay isinulat, - ay dahilan na ang bawat isa sa kanila ay may malalim na epekto sa mga iba. Matapos na aking mabasa ang kanilang talambuhay, nagsimula ako na pahalagahan ang pangako at pamamaraan ni Allah: kung sinuman ang magsikap sa isang bagay sa mundong ito ay makakatanggap ng makatarungang bahagi nito sa pagiging bantog, sikat, makapangyarihan, o mayaman, salig sa bawat kaso kung ano ang nilalayon ng isa. At sinuman ang magsikap para sa Kabilang Buhay ay makakatagpo ng parehong naging bunga nito rito at doon, sa pagbibigay ng kapakinabangan sa iba, at sa pagtanggap ng mga gantimpala mula kay Allah.

﴾Sa bawat isa, sa inyo at sa kanila, Kami ang nagkakaloob [ng biyaya] mula sa Kasaganaan ng iyong Panginoon. At ang Kasaganaan ng iyong Panginoon, kailanman ay hindi maipagbabawal.﴿

*(Qur'an 17: 20)*

Habang binabasa ko ang aklat ni Az-Zarkalee, aking napansin na ang mga hindi Muslim na tao na nakapag-ambag sa sangkatauhan,

- tangi na nga rito yaong mga nagsipagpunyagi sa mga sining, - ay nakapagbigay ng kaligayahan sa iba sa halip na sa kanilang sarili. Ang ilan sa kanila ay nagdanas ng miserableng personal na buhay, ang mga iba ay lagi nang hindi nasisiyahan o kuntento, samantalang ang iba ay humantong sa kalabisan sa pamamagitan ng pagpapatiwakal.

Tinanong ko ang aking sarili ng ganito: ano ang pakinabang ng pagbibigay-lugod sa iba samantalang sa iyong sarili ikaw ay miserable o nasa kahirapan?

> "Ikaw ay nagbigay ng kaligayahan sa marami at ikaw ay nasa kahirapan, nagawa mong mapatawa ang mga tao at ikaw sa iyong sarili ay umiiyak!"

Aking nakita na si Allah ay nagbigay sa bawat isa sa kanila ayon sa kung ano ang kanyang ninanais, bilang pagbibigay-katuparan sa Kanyang pangako. Ang ilan sa kanila ay nagwagi ng Nobel Prize, sapagkat ang ganito ang kanilang ninais at pinagsumikapan; ang mga iba ay naging bantog sapagkat ganito ang kanilang mataas na mithiin; ang mga iba ay naging mayaman dahilan sa kanilang pagmamahal sa salapi at kaginhawahan. Magkagayunman, mayroon ding mga banal na alipin ni Allah ang nakapagtamo ng kanilang gantimpala sa buhay na ito at ng gantimpala sa Kabilang Buhay: mga tao na nagsikap mapaghanap ang kagandahang-loob at pagkalugod ni Allah.

Ang isang payak na tagapastol sa Peninsula (Kalupaaan) ng Arabia ay higit na masaya sa panloob kaysa kay Tolstoy. Bakit? Ang una ay namuhay ng payak at hindi napapaapektong buhay, na nalalaman niya kung saan siya pumapatungo sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay. Ang pangalawa ay hindi nasiyahan kailanman nang ganap sa kanyang mga pagnanasa at wala siyang ideya o kaisipan kung saan siya patutungo.

Ang mga Muslim ay mayroon kung ano ang pinakamalaking lunas sa sangkatauhan na nalalaman na noon at ngayon: ito ay ang paniniwala sa kung anuman ang banal na itinakda, isang paniniwala na aking madalas na tinatalakay sa kabuuan ng aklat na ito, at para sa isang layunin. Nababatid ko na ako, at ang iba na katulad ko, ay naniniwala sa Islamikong konsepto ng pagtatakda (kahihinatnan o kasasapitan) kung ang mga bagay-bagay ay umaayon sa aming kagustuhan, nguni't nakagawian na naming dumaing kung ang mga bagay-bagay ay sumasalungat sa aming kinahihiligan. Ito ang dahilan kung bakit ang artikulo at kundisyon ng aming pananampalataya ay ito: "Ang maniwala sa pagtatakda (kahihinatnan o kasasapitan), ang mabuti nito, at ang masama nito, - kung ito ay matamis at kung ito ay mapait."

## *Patnubay: Ang likas na bunga ng paniniwala*

Narito ang ilan sa mga kuwento na may kaugnayan sa pagtatakda (kahihinatnan o kasasapitan).

Si Boodlee ay nagsulat ng maraming aklat kasama na ang *The Messenger.* Noong taong 1918, siya ay naninirahan sa Hilagang-Kanlurang Aprika sa lipon ng isang pangkat ng nomadik (palipat-lipat at walang permanenteng tirahan) na mga taong disyerto. Sila ay mga Muslim na nagdarasal, nag-aayuno, at nag-aala-ala kay Allah. Sa kalaunan, siya ay sumulat tungkol sa kanyang naging karanasan sa kanila. Narito kung paano siya nagsimula ng isang tanging salaysay:

> "Isang araw, isang malakas na bagyong-buhangin ang nagsimulang magtipon ng lakas. Ang masamang hangin ay nagwasak ng marami at ang init ay napakatindi na nararamdaman ko na ang aking anit ay nagliliyab. Sa panahon ng ganitong karanasan, nadama ko na ako ay nasa gilid na ng pagkahangal. Sa

aking pagkamangha, gayunpaman, ang mga Arabo ay hindi dumaraing kahit na minsan. Sila ay nagkikibit-balikat ng may pagsang-ayon at nagsabi na ito ay isang bagay na nakasulat para sa kanila at itinakda. Kaagad, sila ay nagbalik sa kanilang pang-araw-araw na gawain ng may sigla. Ang pinuno ng tribu ay nagsabi, 'Kami ay hindi lubhang nawalan kung iyong isasaalang-alang na marapat kaming nawalan ng lahat-lahat. Datapuwa't ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para kay Allah; mayroong pang nalabi na apatnapung porsiento ng aming alagang hayop (baka, kamelyo, tupa, atbp.), at kami ay may kakayahan na magsimulang muli.' "

Siya ay nagsalaysay ng sumusunod tungkol sa iba pang pangyayari:

"Habang kami ay naglalakbay na nasa (loob ng) sasakyan sa kahabaan ng disyerto, ay umimpis ang aming gulong, at upang (lalo pang) maging masahol ang pangyayari, ang aming drayber ay nakalimot na magdala ng pampalit na gulong. Ako ay parehong nadaig ng galit at pagkabalisa. Tinanong ko ang aking mga kasamang Arabo kung ano ang aming gagawin. Mahinahon nilang ipinaala-ala sa akin na ang galit ay hindi makakatulong sa aming kalagayan, bagkus ito ay higit pang makapagpapalala rito. Kami ay kumikilos sa kasakit-sakit na kabagalan sa natitira pang tatlong matinong gulong at sa isang impis; at hindi pa man lang nagtatagal, ito ay lubusan nang tumirik, hindi dahil sa kalagayan ng gulong, bagkus ay sa dahilang naubusan na rin kami ng gasolina. Kahit na nga ang ganito ay nangyari, ang mga kasama kong naglalakbay ay nananatiling hindi nababahala. Higit pa rito, sila ay nagsimula na sa paglalakbay na naglalakad habang kumakanta nang sabay-sabay. Matapos ang aking pananatili ng pitong taon sa disyerto sa piling ng mga Arabong nomadik, ako ay lubusang nakumbinsi na ang laganap na pang-Europeano at pang-Amerikanong suliranin ng pagkagumon sa alak, sakit sa isipan o

kahangalan, at kalungkutan o kawalang-sigla ay siyang mga bunga ng mabilis na galaw ng buhay sa lungsod."

Siya rin ay nagsabi:

"Ako ay hindi kailanman nakadama ng anumang pagkapagal habang ako ay namumuhay sa disyerto. Nadama ko na ako ay nasa paraiso ng Diyos. Nadama ko na ako ay nakatuklas ng kapayapaan, katahimikan, at kasiyahan (ng pagiging kuntento). Maraming mga tao ang nangungutya sa mga patalistik (o hindi maiiwasang pangyayari) na paniniwala ng mga Arabo. Nguni't sino ang nakakaalam? Maaaring nasa kanila na mga Arabo ang lahat-lahat ng katotohanan, sapagkat habang pinagbabalik-tanaw ko ang tungkol sa nakaraan, ito ay naging maliwanag sa akin na ang aking buhay ay binubuo ng mga hiwa-hiwalay na panahon, na siyang naging bunga ng mga pangyayari o nagaganap, na itinulak sa akin na ako ay walang ibang mapagpipilian. Ang mga Arabo ay nagsasaalang-alang sa mga ganitong pangyayari bilang 'Pagtatakda at Pag-uutos ni Allah'. Sa kabuuan, labingpitong taon na ang lumipas sapul ng aking iwan ang disyerto, at magpahanggang sa ngayon ay pinaninindigan ko ang paniniwala ng mga Arabo tungkol sa 'Pagtatakda at Pag-uutos ni Allah'. Aking tinutugon ang mga pangyayari na wala sa aking kakayahan o kontrol ng may katahimikan, kahinahunan, at katatagan. Ang ganitong kalidad o katangian na aking natutuhan mula sa mga Arabo ay higit na nakagawa na mapakalma ang aking nerbiyos at mapababa ang antas ng aking pagkabalisa o pagkapagal, kaysa (sa bisa) na magagawa ng inereresetang gamot na pampatulog o pampakalma."

At upang magbigay ng puna sa mga salita ni Boodlee, nais ko munang unahin na ang pinanggalingan ng katotohanan na taglay ng mga Arabong Disyerto ay ang Sugo ni Allah, si Muhammad (saws). Ang laman ng kanyang mensahe ay upang iligtas ang mga tao sa

walang pag-asang pagpapalibut-libot, - na sila ay alisin palabas ng kadiliman at ihantong sila sa liwanag. Ang kanyang maringal na mensahe ay nagtataglay ng sekreto (o susi) tungo sa kapayapaan at kaligtasan: na masasabi, na (ating) makilala na si Allah ang nagbigay ng katakdaan (kahihitnan o kasasapitan) sa lahat-lahat, habang sa magkapanabay na panahon, ang bawat tao ay marapat na gumawa at gawin ang pinakamahusay upang kanilang marating ang minimithing layunin. Ang maringal na mensahe ng Islam ay dumatal upang ipamalas sa iyo ang iyong lugar sa Sandaigdigan, upang ikaw ay maging isang huwarang tao na nakababatid sa sekreto at layon ng ating pagiging tao (o pagkalikha sa atin).

## *Ang panggitnang daan*

﴾Kaya't Aming ginawa kayo [O' mga Muslim] na isang Pamayanan na makatarungan [pinakamainam at may balanseng pananampalataya, alalaong baga, hindi kulang o labis].﴿ *(Qur'an 2: 143)*

Ang kaligayahan ay natatagpuan sa pagitan ng dalawang sukdulan: kalabisan at kapabayaan. Ang panggitnang daan ay banal na inihahabiling daan na magliligtas sa atin sa maliwanag na kasinungalingan ng dalawang sukdulan, - halimbawa, ang kalabisan ng Hudaismo at Kristiyanismo. Nasa mga Hudyo ang karunungan, subalit itinapon nila ang paggawa; ang mga Kristiyano ay malabis na sumasamba, subalit tinalikdan nila ang banal na karunungan na ipinahayag sa kanila. Ang Islam ay dumatal na parehong may karunungan at paggawa; ito ay nangangalaga para sa katawan at para sa kaluluwa; at ito ay kumikilala kapwa sa kapahayagan at sa isipan, na ang bawat isa nito ay binigyan ng wastong lugar.

Kung ikaw ay katamtaman sa pagsamba, ikaw ay sumusunod sa panggitnang daan o landas. Ang kahulugan nito ay yaong ikaw ay hindi marapat na maging labis sa pagsasagawa ng mga gawain ng

ipinagtatagubiling pagsamba na makakasakit at makapagpapahina sa iyong katawan. Magkagayunman, hindi mo marapat na talikdan nang lubusan ang mga boluntaryo o kusang-loob na mga gawa ng pagsamba. Sa paggugol, hindi ka marapat na maging maluho o mapag-aksaya, na naglulustay sa iyong yaman o pinagkukunan, magkagayunman, hindi ka (rin) marapat na maging kuripot o maramot. Ang pagiging katamtaman sa pag-uugali ay nangangahulugan ng paghahanap sa antas na nasa pagitan ng pagiging mahigpit o lubhang maluwag, sa pagitan ng patuloy na pagkunot at patuloy na pagtawa, at sa pagitan ng malungkot na pag-iisa at malabis na pakikisalamuha.

Ang Islam ay nagkakaloob ng isang panggitna at makatuwirang daan (o pamamaraan) sa lahat ng mga gawain (o pangyayari).

﴾At sa kapahintulutan ni Allah [sa pamamagitan ng Kanyang Biyaya] ay Kanyang pinatnubayan sa Katotohanan ang mga sumasampalataya tungkol sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan, sapagkat si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan sa Tuwid na Landas.﴿ *(Qur'an 2: 213)*

## *Pag-iwas sa mga kalabisan*

Si Mutarrif ibn Abdullah ay nagsabi, "Ang pinakamasahol na paglalakbay ay ang *Haqhaqah.*" Ang *Haqhaqah* ay isang paglalakbay kung saan ang naglalakbay ay walang-ingat at nag-aapura, na parehong pinapagod ang kanyang sarili gayundin ang kanyang sasakyang hayop. Sa isang *hadith*, ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi na ang pinakamasasamang pinuno ay yaong mga lubhang mahigpit o nagmamalabis sa mga tao na nasa ilalim ng kanilang kapamahalaan.

Panatilihin sa isipan na ang pagkamapagbigay ay nasa pagitan ng kaluhuan at kawalan, at ang katapangan ay nanggagaling sa pagitan ng karuwagan at kawalang-ingat. Ang ngiti ay nasa pagitan ng isang pagkunot at isang pagtawa. Ang pagtitiyaga ay nasa pagitan ng pagiging matigas at labis na kahinhinan. Ang kaluhuan ay mayroong lunas: ito ay yaong patayin ang bahagi ng ningas. Samantala, ang gamot sa kapabayaan ay yaong paluin ang sarili tungo sa pagkakahubog sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa isang higit na malakas na antas ng pagpapasya.

﴾Inyong [Allah] patnubayan kami sa Matuwid na Landas, sa Landas ng mga ginawaran Ninyo ng Inyong mga biyaya at hindi sa landas na umaani ng Inyong pagkapoot [gaya ng mga Hudyo], gayundin naman ay hindi sa landas ng mga napaligaw sa patnubay [gaya ng mga Kristiyano].﴿ *(Qur'an 1: 6-7)*

## *Huminto upang magnilay-nilay*

Wala ng ibang katangian na higit na mahirap na iakma kaysa sa pagtitiyaga, kahit na nga kung ang pagtitiyaga ay kinakailangan matapos na makipaghiwalay sa isang minamahal o kung ang hindi kanais-nais na pangyayari ay maganap. Higit na mahirap na maging matiyaga kung ang panahon ng paghihintay ay pinahahaba, o kung ang kawalan ng pag-asa ang namamayani. Sa ganitong panahon, ang isa ay nangangailangan ng panustos (o baon), mga panustos na iba-iba ayon sa sitwasyon:

1. Kung minsan, marapat mong tingnan ang antas ng paghihirap na iyong binabata at bigyang-pahalaga na maaaring ang mga bagay-bagay ay higit pang naging masahol.

2. Umasa kay Allah na Siya ay magbibigay-ganti sa iyong mga pagdurusa sa mundong ito.

3. Panatilihin sa isipan ang gantimpala ng Kabilang Buhay.

4. Maalaman na ang pagkabahala at kawalan ng kapanatagan ay walang silbi.

Idagdag sa ganitong listahan ang anumang iba na maaaring makatulong sa iyo na maging matiyaga sa panahon ng kahirapan.

## *Sino ang matutuwid?*

Ang matiim na paghihintay sa pagdarasal, ang pagdating sa *masjid* (bahay-dalanginan) bago ang pagsisimula ng dasal, ang hindi pagkakaroon ng personal na sama ng loob o hinanakit sa iba, ang hindi pakikialam sa pampribadong gawain ng mga tao, ang pagiging kuntento sa mga pangunahing pangangailangan ng buhay, ang pag-aaral sa Qur'an at sa *Sunnah*, ang pagkakaroon ng damdamin sa kirot na dinaranas ng ibang Muslim, ang pagiging mapagkawanggawa mula sa kayamanan, - ang lahat ng mga ito ay katangian ng isang matuwid na tao.

Ang panggitnang daan kung tungkol sa kayamanan ay mataas na ipinagtatagubilin. Samakatuwid, hindi ka marapat na humanap ng antas ng kasaganaan na makatutukso sa iyo tungo sa kasamaan (maliban na lamang, di nga kasi, na ginagamit mo ng may katalinuhan ang iyong kayamanan at ginugugol ito nang masagana para sa landas o kapakanan ni Allah), gayundin ng antas ng karalitaan na magiging dahilan upang makalimutan mo ang tungkol sa Kabilang Buhay. Ang pinakamabuting kalagayan sa maraming nananampalataya ay yaong magkaroon lamang ng sapat na yaman upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa pinahihintulutang paraan, - hindi labis at hindi rin naman kulang.

Ang mga pangunahing pangangailangan ay maaaring magkaiba-iba nang bahagya sa bawat tao, subalit sa

pangkalahatan, ito ay isang bahay na matitirhan, isang maybahay na mahahanapan ng ginhawa, isang nalalaang sasakyan upang ikaw ay makagalaw at makalibot, at isang halaga ng salapi na sapat upang bumili ng kinakailangang panustos o ikabubuhay.

## *Si Allah ay Pinakamabait sa Kanyang mga alipin*

Ang isang may mataas na ranggo na miyembro ng pamayanan sa Riyadh ay nagsalaysay sa akin na noong taong 1376 Hijri, ang isang pangkat ng mangingisda mula sa bayan ng Jubayl ay pumalaot sa karagatan, at matapos na sila ay tumagal ng tatlong araw at tatlong gabi sa pangingisda, hindi nila nagawa na makahuli kahit na isang isda. Samantala, ang isang pangkat ng mangingisda na may kalapitan sa kanila ay nakahuli ng maraming isda. Sila ay namangha, hindi lamang sa malaking pagkakaiba sa pagitan ng kanilang kabiguan at sa tagumpay ng kabilang pangkat, nguni't sapagkat sila (ang walang nahuli) ay nagsasagawa ng limang beses na pagdarasal sa araw-araw, at sila ay nabigo, samantalang ang kabilang pangkat ay hindi nagdarasal at sila ay nagtagumpay. Ang isa sa kanila ay nagsabi, "Gaano (tunay) na kaperpekto si Allah! Tayo ay nagdasal kay Allah ng lahat ng dasal at tayo ay hindi nakakuha ng anuman; ang kabilang pangkat ay hindi nagpatirapa kay Allah kahit na minsan sa loob ng nakalipas na ilang araw, at tingnan ang lahat ng kanilang nagawang makuha!" Sa ganitong paraan, ang *Shaytaan* (Demonyo) ay nagbulong sa kanila ng masasamang mungkahi at nagpayo sa kanila na talikdan ang pagdarasal. Sa sumunod na umaga, sila ay hindi gumising para sa Pang-umagang Pagdarasal. Kanila ring pinabayaan ang pagsasagawa ng Pangtanghali at Panghapong Pagdarasal. Bago gumabi, sila ay pumalaot sa karagatan; sila ay nakahuli ng isang isda at nang kanilang hiwain ito, sila ay nakatagpo ng perlas sa tiyan nito, - isang lubhang mamahaling perlas. Ang isa sa kanila ay naglagay ng

perlas sa kanyang kamay at ito ay tinitigan niya, at nagsabi, matapos ang pagdidili-dili, "Gaano (tunay) na kaperpekto si Allah! Nang Siya ay ating sundin, wala tayong nakuha, at nang Siya ay ating suwayin, ito ang ating nakuha! Katiyakan, ang ganitong panustos sa ating harapan ay kaduda-dudang kalikasan." Matapos ito, kanyang hinawakan ang perlas at inihagis ito sa dagat, at nagmamadali na nagsabi, "Si Allah ay magbabayad o gaganti sa atin ng higit na mainam kaysa rito. Sa (Ngalan) ni Allah, hindi ko kukunin ito, sapagkat ito ay ating nakuha matapos na talikdan natin ang pagdarasal. Sumama kayo sa akin at lisanin natin ang lugar na ito kung saan natin sinuway si Allah." Sila ay naglakbay ng mga tatlong milya bago sila tumigil upang mamahinga sa magdamag. Matapos ito, hindi pa nagtatagal, sila ay muling pumalaot upang mangisda, at sila ay nakahuli ng may katamtamang laki ng isda. Nang kanilang hiwain ito, sila ay nakatagpo ng may katulad ng halaga ng perlas sa loob ng tiyan nito. Sila ay nagsabi, "Ang lahat ng papuri ay nalalaan kay Allah na nagkaloob sa atin ng mabuting panustos o ikabubuhay." Sila ay nakahuli ng isda matapos na magdasal, na nag-aala-ala kay Allah, na humihingi ng Kanyang pagpapatawad, kaya't sa oras na yaon, ito ay kanilang itinago.

Marapat mong mapansin ang mahalagang pagkakaiba: ang layunin ay iisa, nguni't ito ay marumi nang kanilang makuha ito habang sinusuway nila si Allah, at ito ay dalisay nang makuha nila ito habang sumusunod sa Kanya.

﴾Kung sila lamang ay nagkaroon ng kasiyahan sa mga bagay na ipinagkaloob sa kanila ni Allah at ng Kanyang Sugo, at sila ay nangusap: 'Si Allah ay Sapat na sa amin. Si Allah ay magkakaloob sa amin ng Kanyang Kasaganaan, at [gayundin] ang Kanyang Sugo [ng mga limos at tulong]. Katiyakang kami ay naghahangad kay Allah na pagkalooban [Niya] kami ng Kanyang biyaya at kasaganaan.'﴿

*(Qur'an 9: 59)*

Katotohanan, ito ang kabaitan ni Allah. Kaya't kailanma't ang isa ay mag-iwan ng isang bagay para kay Allah, si Allah ay nagkakaloob sa kanya ng isang bagay na higit na mainam.

Ito ay nagpaalala sa akin tungkol sa kuwento ni Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah). Isang umaga, siya ay pumasok sa Masjid Al-Koofa upang magdasal ng dalawang yunit ng boluntaryong dasal. Bago siya pumasok, nakakita siya ng isang batang lalaki na nakatayo sa pintuan. Sinabi niya sa kanya, "O' batang lalaki, pigilan mo ang aking kabayo hanggang sa matapos ko ang aking pagdarasal." Habang si Ali ay pumapasok sa *Masjid*, siya ay gumawa ng intensyon na gagantimpalaan niya ang batang lalaki ng isang dirham para sa kanyang serbisyo. Samantala, tinanggal ng batang lalaki ang tali sa ilong ng kabayo at siya ay mabilis na pumunta sa pamilihan upang ipagbili ito (ang tali). Nang si Ali ay lumabas ng *Masjid*, hindi niya nakita ang batang lalaki maliban lamang sa kanyang kabayo na wala ng tali sa ilong. Kanyang inutusan ang isang lalaki na hanapin ang batang lalaki at (kanyang) sinabihan siya na pumaroon sa pamilihan dahil mas malamang na ang batang lalaki ay paparoon upang ipagbili ang tali sa ilong. Natagpuan ng lalaki ang batang lalaki na kanyang isinusubasta ito sa pamilihan at binili niya ito mula sa kanya sa halagang isang dirham. Siya ay nagbalik kay Ali at ipinagbigay-alam niya sa kanya kung ano ang nangyari. Matapos niyang marinig ang nangyari, si Ali ay nagsabi, "Gaano (tunay) na kaperpekto si Allah! Sa (Ngalan) ni Allah, aking ninais na ibigay sa kanya ang isang pinahihintulutang dirham, datapuwa't tinanggihan niya na kunin ito maliban sa paraan na hindi pinahihintulutan."

﴾At kung anuman ang ginagawa mo [O' Muhammad], at kung anumang bahagi ng Qur'an ang iyong dinadalit, at kung anuman ang ginagawa ninyo [na mabuti o masama], walang pagsala na Kami ang Saksi sa inyo nang ito ay inyong ginagawa. At walang anuman ang nalilingid sa inyong Panginoon kahima't ito ay kasingbigat ng atomo

[o kasingliit ng langgam] dito sa kalupaan at kalangitan, gayundin ang anumang maliit kaysa rito o malaki kaysa rito, maliban na ito ay [nakatala] sa isang maliwanag na Talaan [*Lawh il Mahfuz*].﴿

*(Qur'an 10: 61)*

## *At ipagkakaloob (Niya) sa kanya mula (sa panggagalingan) na hindi niya napag-aakala*

﴾At ipagkakaloob [Niya] sa kanya mula [sa panggagalingan] na hindi niya napag-aakala.﴿ *(Qur'an 65: 3)*

Si At-Tanookhi ay nagsalaysay sa *Al-Faraju B'ada Ash-Shiddah* ng kuwento ng isang tao na nasadlak sa kalagayan ng matinding karalitaan. Ang lahat ng pintuan ng kaginhawahan ay isinara nang mahigpit sa kanya. Sa isang natatanging araw, ang kanyang kalagayan ay naging lubhang katakut-takot, na siya at ang kanyang pamilya ay walang anumang makakain sa bahay. Sa kalaunan, siya ay nagsabi, "Sa unang araw, kami ay nagutom. Sa pangalawa, lumipas ito na gayon din, at nang ang araw ay malapit ng lumubog, ang aking maybahay ay nagsabi sa akin, 'Lumabas ka at humanap ng anuman na magagawa mo para sa amin upang may makain, sapagkat kami ay nasa bingit na ng kamatayan'. Naala-ala ko ang isa kong kamag-anak na babae at ako ay pumaroon sa kanya. Nang makatagpo ko siya, ipinagbigay-alam ko sa kanya ang kaawa-awa naming kalagayan. Sinabi niya na wala silang anuman sa bahay maliban sa isang bulok na isda. Magkagayunman, sinabi ko sa kanya na ito ay ibigay niya sa amin, sapagkat kami ay malapit na sa kamatayan. Dinala ko ito sa aming bahay, hiniwa ito, at sa aking pagkagulat, ako ay nakakita ng perlas na nakasiksik sa tiyan nito. Naipagbili ko ito ng ilang libong dinar at ipinagbigay-alam ko ang nangyari sa aking kamag-anak. Sinabi niya na siya ay kukuha lamang ng isang bahagi ng pinagbilhan, at hindi ang lahat-lahat. Ang aking

kalagayan ay humusay nang malaki matapos ang gayong pangyayari, at ibinili ko ng mga gamit ang aking bahay mula sa bahagi ng kinita. At batid ko na ito ay kabutihan ni Allah at wala ng iba."

﴾At kung anuman ang biyaya [at magagandang bagay] na nasa inyo, ito ay mula kay Allah.﴿ *(Qur'an 16: 53)*

﴾[At gunitain] nang kayo ay humingi ng tulong ng inyong Panginoon at Kanyang tinugon kayo...﴿ *(Qur'an 8: 9)*

﴾At Siya ang nagpapamalisbis ng ulan...﴿ *(Qur'an 42: 28)*

Ang isang matuwid na mananampalataya ay nagsalaysay sa akin ng nangyari sa kanya nang siya at ang kanyang pamilya ay nasa disyerto nang isang araw. Siya ay nagsabi:

> "Kami ay nasa gitna ng disyerto nang kami ay maubusan ng tubig. Ako ay pumalaot upang maghanap ng tubig at aking natagpuan na ang isang maliit na sapa na malapit sa amin ay natuyo na. Ako ay nagpatuloy sa paghahanap ng tubig sa lahat ng panig, nguni't hindi ko nagawang makahanap ng tubig kahit na isang patak. At hindi nagtagal, kami ay napangibabawan ng pagkauhaw. Ang aking mga anak ay lubhang nangangailangan ng anumang maiinom. Aking naala-ala ang aking Panginoon, na tumutugon sa dasal ng isa na nasa kahirapan. Ako ay tumayo, at nagsagawa ng pamalit sa ablusyon o paghuhugas (ang *Tayammum*, na isinasagawa kung walang magamit na tubig), sa pamamagitan ng buhangin, humarap ako sa Ka'bah at nagdasal ng dalawang yunit ng dasal. At matapos ay aking itinaas ang aking mga kamay at nanawagan. Ang aking mga luha ay bumalong habang ako ay matiim na humihingi kay Allah ng tulong. Naaala-ala ko ngayon ang sumusunod na talata na paulit-ulit na pumapasok sa aking isipan:

﴾Hindi baga Siya [higit na mainam sa inyong mga diyos], [Siya] na

sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib kung siya ay naninikluhod sa Kanya...﴿ *(Qur'an 27: 62)*

'At (sa Ngalan) ni Allah, kapagdaka, habang ako ay nakatayo sa lugar na aking pinagdasalan (at walang isa mang ulap sa langit), isang (kulampon) ng ulap ang pumarito sa lugar na aming kinahihimpilan sa disyerto. Ito ay kagyat na tumigil sa aming ulunan, at ito ay nagsimulang umulan nang labis-labis. Ang mga sapa sa aming paligid ay nahalinhan ng tubig. Kami ay uminom, naghugas, at nagsagawa ng ablusyon. Matapos, kami ay nagbigay-papuri at nagpasalamat kay Allah. Matapos ang ilang sandali, kami ay naglakbay palayo sa lugar kung saan umulan at aking nakita na ang mga karatig na lugar ay tuyo at tigang: umulan lamang pala kung saan kami ay naroroon. Aking napagtanto na dinala ni Allah ang ulap sa amin bilang tugon sa aking dasal nang Siya ay aking purihin.' "

﴾At Siya ang nagpapamalisbis ng ulan [kahima't] ang [mga tao] ay nawalan na nang lahat ng pag-asa at nagpapamudmod ng Kanyang habag [nang malayo at malawak]. At Siya ang *Wali* [Tagapangalaga, Tagapanustos, Tagapagtaguyod], ang Karapat-dapat sa Lahat ng mga Papuri.﴿ *(Qur'an 42: 28)*

Tayo ay marapat na maging masigasig sa paghiling kay Allah, sapagkat Siya lamang ang makapagbibigay sa atin ng patnubay, at tulong sa Kanyang mga alipin. Si Allah ay bumanggit sa isa sa Kanyang mga Sugo at nagwika:

﴾At Aming pinagaling ang kanyang maybahay [upang magdalang-tao] para sa kanya. Katotohanang sila ay lagi nang maagap sa paggawa nang mabubuti, at sila ay laging naninikluhod sa Amin ng may pag-asa [sa Aming biyaya] at pangangamba [sa Aming kaparusahan], at sila ay lagi nang nagpapakumbaba sa Aming harapan.﴿ *(Qur'an 21: 90)*

## *Isang maagang kabayaran*

Si Ibn Rajab at ang iba pa ay nagbigay ng isang salaysay tungkol sa isang mananampalataya na naubusan ng panustos habang siya ay nasa Makkah. Siya ay labis na nagugutom at halos ay mamamatay na dahilan sa kawalan ng pang-agdong-buhay. Isang araw, habang siya ay nagpapalibut-libot sa mga presinto ng Makkah, siya ay nakatagpo ng isang mamahaling kuwintas. Inilagay niya ito sa manggas (ng kanyang damit) at pumatungo siya sa *Masjid*. Sa daan na kanyang nilalakaran, nakasalubong niya ang isang tao na nagpapahayag na naiwala niya ang isang kuwintas. Ang mahirap na tao, sa kalaunan, ay nagsabi, "Tinanong ko siya na kanyang ilarawan ito sa akin, at ginawa niya ito nang wasto, na hindi kakikitaan ng alinlangan. Ibinigay ko sa kanya ang kuwintas na hindi nanghihingi ng ganti mula sa kanya. Aking sinabi: 'O' Allah, aking ibinigay ito sa kanya para sa Inyo, kaya't ako ay gantihan Ninyo ng mas mainam dito.'" Matapos ito, siya ay pumalaot sa karagatan at nagsimula siyang maglakbay sa isang maliit na bapor. Sasandali pa lamang ang nakalilipas nang ang isang bagyo ay dumating na may malakas na hangin na humahaplit sa bapor. Ang bapor ay naluray sa maraming piraso at ang tao ay napilitan na kumapit sa isang piraso ng kahoy. Ang marahas na hangin ay nagpaikot sa kanya sa kaliwa at sa kanan. Sa kalaunan, siya ay naanod at nasadsad sa isang isla. Natagpuan niya roon ang isang *Masjid* na puno ng tao na nagdarasal, kaya't sumama siya sa kanila. Natagpuan niya ang mga papel na (may nasusulat) na mga bahagi ng Qur'an at nagsimula siyang dumalit ng mga ito. Ang tao sa isla ay nagtanong sa kanya, "Bumabasa ka ba ng Qur'an?" Sila ay nagsabi, "Turuan mo ang aming mga anak ng Qur'an." Kaya't nagsimula siyang magturo sa kanila, at siya ay kumuha ng sahod para sa kanyang serbisyo. Isang araw, kanilang nakita siya na sumusulat at sila ay nagtanong, "Maaari mo bang turuan ang aming mga anak na sumulat?" Muli, siya ay sumagot na

sumasang-ayon at nagsimula siyang turuan sila na may kapalit na sahod.

Hindi pa nagtatagal, sila ay nagsabi sa kanya, "Mayroong isang ulilang babae na nasa amin at ang kanyang ama ay isang mabuting tao. Maaari mo ba siyang pangasawahin?" Siya ay pumayag na mapangasawa siya at sa huli ay nagsalaysay, "Pinakasalan ko siya at nang siya ay aking makita sa gabi ng aming kasal, aking natagpuan na siya ay may suot ng gayong katulad na kuwintas. Tinanong ko siya na sabihin sa akin ang istorya ng kuwintas. Sinabi niya na naiwala ito ng kanyang ama sa Makkah at isang lalaki ang nakapulot nito at ito ay ibinalik niya sa kanya. Sinabi niya na ang kanyang ama ay lagi nang nananalangin habang siya ay nakapatirapa para sa kanyang anak na babae na mabiyayaan ng asawa na katulad ng gayong matapat na lalaki. Matapos ito, aking ipinaalam sa kanya na ako ang lalaking yaon."

Iniwan niya ang isang bagay alang-alang kay Allah, kaya't ginantihan siya ni Allah ng bagay na higit na mainam.

*"Katotohanan, si Allah ay mabait at dalisay, at Siya ay hindi tumatanggap ng iba maliban sa kung ano ang mainam at dalisay."*

## Kung ikaw ay hihingi, humingi kay Allah

Ang kabaitan ni Allah ay napakalapit sa atin. Dinirinig at sinasagot Niya ang lahat ng ating panalangin. Tayo yaong puno ng mga pagkukulang, kaya't kailangang-kailangan natin na maging mapilit sa ating mga panalangin. Ang pagkabagot o kawalang-pag-asa ay hindi marapat na maging sanhi sa atin na tumigil sa pagluhog kay Allah, gayundin, hindi tayo marapat na magsabi: Ako ay nagdasal, gayunman, ako ay hindi tinutugon. Sa halip, marapat nating isubsob ng may kapakumbabaan ang ating ulo sa lapag at

magsumamo ng tulong kay Allah. Ang pinakamainam na paraan upang gawin ito ay ang paghingi sa Kanya sa pamamagitan ng Kanyang mga Perpektong Pangalan at Katangian. Subalit hangga't tayo ay hindi (pa) sinasagot, marapat tayong maging masigasig sa paghingi sa Kanya.

﴾Panikluhuran ninyo ang inyong Panginoon ng may kapakumbabaan at sa lihim.﴿ *(Qur'an 7: 55)*

Isang manunulat ang nagsalaysay ng ganitong kuwento:

> "Isang Muslim ang pumunta sa isang tanging bansa bilang isang takas na nagpapakanlong, at nakiusap siya sa mga may kapamahalaan na pagkalooban siya ng pagkamamamayan. Ang lahat ng pintuan ay isinara sa kanyang harapan. Sa kabila ng kanyang maraming pagsisikhay sa paghiling sa iba, ang lahat ng kanyang nilalapitan ay hindi nagtagumpay. Isang araw, siya ay nakatagpo ng isang matuwid na iskolar, at siya ay nagbigay sa kanya ng kuwento ng kanyang mahigpit na kalagayan. Ang iskolar ay nagsabi sa kanya, 'Manikluhod sa iyong Panginoon, sapagkat Siya ang Tanging Isa na gumagawa na ang mga bagay ay maging magaan'. Ang kahulugan ng ganitong payo ay matatagpuan sa *hadith* na:

"*Kung ikaw ay hihiling, kung gayon, humiling kay Allah; at kung ikaw ay hahanap ng tulong, humanap ng tulong kay Allah. At maalaman na kung ang bansa o bayan ay magtitipon nang sama-sama upang bigyan ka ng ilang pakinabang, sila ay hindi makapagbibigay sa iyo ng anumang pakinabang, maliban sa kung ano ang isinulat sa iyo ni Allah.*"

Ang takas (na nagpapakanlong), sa kalaunan ay nagsalaysay:

> "Sa (Ngalan) ni Allah, ako ay huminto sa pagpunta sa mga tao para sa kanilang tulong o para sa (kanilang) pamamagitan, at sa

halip, ako ay nagsimulang magdasal kay Allah sa oras ng panghuling bahagi ng gabi na gaya nang sinabi sa akin ng iskolar na dapat kong gawin. At bago sumapit ang madaling-araw, ako ay tumatawag kay Allah at naninikluhod sa Kanya ng ginhawa. Ilang araw pa lamang ang nakalilipas matapos ang gayon, aking ipinasa ang aking aplikasyon para sa pagkamamamayan na hindi gumagamit ng sinumang tao na may posisyon upang mamagitan sa akin. Ilang araw ang nagdaan, at walang kaabug-abog, sa aking pagkamangha, ako ay tinawagan upang kunin ang aking mga papel ng kahilingan sa pagkamamamayan. Ang mga ito ay tinatakan ng 'Aprobado' (Pinagtibay).' "

﴾Si Allah ang Pinakamapagbigay [Pinakamabuti] sa Kanyang mga alipin.﴿ *(Qur'an 42: 19)*

## *Mahahalagang sandali*

Si At-Tanookhi ay nagbigay ng kuwento ng isang gobernador sa Baghdad na kumamkam sa yaman ng isang matandang babae sa kanyang probinsiya. Kinuha niya ang lahat ng kanyang mga karapatan at kinumpiska ang kanyang ari-arian. Siya (ang matandang babae) ay pumaroon sa kanya, tumangis sa kanyang harapan, at dumaing sa kanyang pagmamalupit at maling gawain. Siya (ang gobernador) ay kapwa hindi nagsisisi at hindi nahihiya sa kanyang ginawa. Dahil sa silakbo ng galit, siya (matandang babae) ay nagsabi, "Ako ay magdarasal laban sa iyo." Siya ay nagtawa sa kanya na nang-uuyam at nagsabi, "Kung gayon, ikaw ay marapat na magdasal sa oras ng pangatlong huling bahagi ng gabi." Ang kanyang pagkapalalo ay siyang nakapangyari upang sabihin niya ang ganito sa kanya. Siya ay lumisan, at ayon sa pagpapayo ng nang-uuyam na gobernador, siya ay naging matimtiman sa pagdarasal sa oras ng pangatlong huling bahagi ng gabi. Ilang araw lamang ang lumipas at

siya (gobernador) ay marahas na tinanggal sa kanyang puwesto (o opisina). Bilang ganti sa kanyang pagmamalupit, ang lahat ng kanyang mga ari-arian ay sinamsam, at siya ay hinagupit sa harap ng madlang-bayan. Matapos ang paghagupit, ang matandang babae ay nagdaan sa kanya at nagsabi, "Nakagawa ka nang mainam! Pinayuhan mo ako na magdasal sa pangatlong huling bahagi ng gabi at aking natagpuan ang bunga na higit na kasiya-siya."

Ang pangatlong huling bahagi ng gabi ay isang napakahalagang oras sa ating buhay. Bakit? Sa panahong ito, si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

*"Mayroon bang isa na humihingi, at siya ay Aking bibigyan. Mayroon bang isa na humahanap ng kapatawaran, at siya ay Aking patatawarin. Mayroon bang isa na nananalangin, at siya ay Aking diringgin."*

Mula sa pagkabata hanggang sa ngayon, naaala-ala ko ang maraming pagkakataon kung saan maliwanag na ang tulong ay nanggagaling lamang kay Allah. Mayroon nang sampung taon ang nakalilipas, ako ay nakasakay sa eroplano na biyaheng Abha patungo sa Riyadh. Katatapos pa lamang naming pumaitaas nang isang pahayag ang ginawa sa eroplano na kami ay babalik sa Abha dahilan sa ilang problema sa makina. Inako nila na kanilang nalutas ang problema at kami ay pumaitaas sa pangalawang pagkakataon. Sa aming paglapit sa sadsaran ng eroplano sa Riyadh, ang giyang pangsadsad ay nabigong bumukas. Kami ay nagpaikut-ikut sa lungsod ng Riyadh ng may isang oras. Ang piloto ay sampung beses na nagtangka na makababa sa lupa nguni't sa bawat pagkakataon ang giyang pangsadsad ay ayaw bumukas. Maraming tao sa eroplano ang biglang natakot at ang (kanilang) luha ay dumadaloy nang labis-labis habang kami ay naghihintay sa langit ng kamatayan. Sa sandaling yaon, aming nakita kung gaano kawalang-halaga at panandalian ang buhay na ito, at ang aming puso ay naging kaugnay ng Kabilang

Buhay. Nagsimula naming ulit-ulitin, "Wala ng iba pang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah lamang at Siya ay walang katambal. Ang kaharian ay Kanyang angkin; ang lahat ng papuri ay laan sa Kanya at Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay." Isang matandang lalaki ang tumindig at pinagtagubilinan niya ang mga tao na bumaling kay Allah, lumuhog sa Kanya, maghanap ng pagpapatawad, at gumawa ng pagsisisi. At si Allah ay nagwika tungkol sa mga (gayong) tao:

﴾At kung sila ay nakasakay sa barko, sila ay naninikluhod kay Allah, na [sila] ay matapat sa Kanya sa pananampalataya [alalaong baga, sa pananalig at pag-asa].﴿ *(Qur'an 29: 65)*

Aming tinawagan ang Tanging Isa na tumutugon sa panalangin ng isa na nasa kahirapan. Sa ika-labing-isang pagtatangka, kami ay nakababa nang ligtas, at nang kami ay nakasadsad na, ito ay wari bang kami ay nagbabalik mula sa aming libingan. Ang mga luha ay natuyo, ang mga ngiti ay lumitaw, at ang kapayapaan sa aming isipan ay nagbalik. Gaano kahabagin at kabait si Allah!

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Gaano kadalas na tayo ay humihingi kay Allah*
*kung tayo ay dinadapuan ng kahirapan?*
*Nguni't kung ang ating kaguluhan ay lumisan na sa atin,*
*nakakalimutan natin Siya, kung tayo ay nasa dagat,*
*nananalangin tayo sa Kanya na iligtas ang ating barko,*
*kung tayo ay makadaong na nang ligtas sa kalupaan,*
*tayo ay sumusuway sa Kanya, tayo ay lumilipad*
*sa alapaap na ligtas at maginhawa, at tayo*
*ay hindi nahuhulog sapagkat ang ating tagapangalaga ay si Allah.*

## Maka-Diyos o banal na pagtatakda

Sa *Al-Qaseem*, isang pahayagan na nililimbag sa Syria, isang artikulo ang naisulat tungkol sa isang batang lalaki na nagpalista ng lipad (sa eroplano) upang maglakbay sa ibang bansa. Ipinagbigay-alam niya sa kanyang ina ang tungkol sa oras ng lipad at hiniling niya sa kanya na gisingin siya ilang oras bago ang pag-alis nito. Matapos na siya ay makatulog, ang kanyang ina ay nakapakinig sa radyo na ang lagay ng panahon ay masama at ang hangin ay umiihip nang marahas. Ang pagmamahal at habag na kanyang nararamdaman sa kanyang nag-iisang anak ang naging sanhi upang siya ay hindi niya gisingin, sa pag-asa na hindi niya aabutan ang kanyang lipad. Nang matiyak na niya na ang lipad (o eroplano) ay nakaalis na, siya ay tumungo sa kanyang anak upang siya ay gisingin. Sa pagpasok niya sa kanyang silid, natagpuan niya na siya ay nakahiga sa kanyang kama na wala ng buhay.

﴾Ipagbadya [sa kanila]: 'Katotohanan, ang kamatayan na inyong tinatakasan ay walang pagsalang daratal sa inyo, at kung magkagayon, kayo ay muling ibabalik [kay Allah], ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng mga nalilingid at nakalantad, at Siya ang magsasabi sa inyo kung ano ang inyong ginawa.'﴿ *(Qur'an 62: 8)*

## Kamatayan

Si Ash-Shaykh Ali At-Tantawi ay nagsalaysay na may isang lalaki na nagmamaneho ng isang trak ang nagsakay ng isang pasahero sa kanyang sasakyan. Ang pasahero ay umupo sa likuran na parehong walang bubungan o panganlong. Magkagayunman, mayroon isang kabaong (na nakasakay) dito na nakahanda para sa paglilibing. Dito ay nagsimulang umulan at ang lalaki ay nakapuna na ang kabaong ay malaki, kaya nagpasya siya na sumilong sa loob

nito. Isa pang pasahero ang sumakay sa trak at siya rin ay pumunta sa likuran. Nagkataon (naman) na siya ay pumili ng mauupuan na malapit sa kabaong. Habang patuloy ang pag-ulan, ang pangalawang pasahero ay nag-akala na siya ay nag-iisa sa trak. At walang babala, ang unang pasahero ay naglabas ng kanyang kamay sa kabaong upang tingnan kung ang ulan ay tumila na. Nang makita niya ang kamay, ang pangalawang pasahero ay nasindak, na nag-akala na ang patay na tao na nasa loob ng kabaong ay bumabangon sa pagkabuhay. Dahilan sa lubos na pagkatakot at pagkabigla sa sandaling yaon, ang lalaki ay napasalpak nang patalikod at siya ay nahulog sa trak, at tumama ang kanyang ulo sa kalsada, at siya kapagdaka ay namatay.

Ang ganitong hindi inaasahang paraan ng pagkamatay ay kung paano isinulat ni Allah sa taong ito ang kamatayan.

"*Ang lahat ay nangyayari ayon sa maka-Diyos o banal na pagtatakda, at sa kamatayan ng iba ay may mga moral (na kabutihan) at aral.*"

Isang tungkulin ng bawat isa na tantuin na ang kamatayan ay nag-aabang sa ating ulunan. Sa anumang sandali, sa araw o gabi, ang kamatayan ay maaaring dumatal. Si Ali (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagpahayag sa malinaw na pananalita ng realidad o katotohanan ng buhay:

> "Ang Kabilang Buhay ay naglalakbay patungo sa atin at ang buhay na ito ay naglalakbay palayo sa atin, kaya't maging kasama sa mga anak ng Kabilang Buhay at hindi yaong mga anak ng mundong ito. Sapagkat ang ngayon ay gawa na walang pagbabalik-tanaw (kahatulan), at ang bukas ay isang pagbabalik-tanaw na walang gawa."

Mula sa salitaing ito, ating matututuhan kung gaano natin kailangan ito upang mapaunlad ang ating sarili, upang

mapagpanibago ang ating pagsisisi, at maalaman na tayo ay nakikitungo kay Allah, na Siyang Pinakamapagbigay at Pinakamakapangyarihan.

Ang kamatayan ay hindi humihingi ng pahintulot sa isang tao bago ang pagdatal nito, gayundin, ito ay hindi nagbibigay sa isa ng maagang babala na ito ay paparating na:

﴾At walang kaluluwa [nilikha] ang nakakaalam kung ano ang mangyayari sa kanya sa kinabukasan; at wala ring nakakaalam kung saang lupain siya mamamatay.﴿ *(Qur'an 31: 34)*

﴾Para sa inyo ang pakikipagtiyap sa [takdang] Araw, na hindi ninyo maaaring iurong kahit na sa isang oras [o isang sandali lamang], at hindi rin ninyo maaaring gawin na mapaaga.﴿ *(Qur'an 34: 30)*

Si At-Tantawi ay nagsalaysay ng ibang kuwento na katulad din ng gayon ay naglalarawan sa hindi inaasahang kamatayan. Ang isang bus na puno ng mga tao ay tumatakbo, nang kapagdaka ay tinapakan ng drayber ang preno. Ang mga pasahero ay nagtanong sa kanya kung ano ang problema. Siya ay nagsabi, "Ako ay titigil (sana) para sa matandang lalaking ito na kumakaway upang siya ay makasakay sa bus." Silang lahat ay nagsabi at namangha, "Wala kaming nakikitang sinuman."

Siya ay nagsabi, "Tingnan ninyo siya sa banda roon." Sila ay umulit (na tumingin) at walang sinuman ang makikita roon. Siya ay nagsabi ng may pagtitiwala, "Ngayon, kayo ay tumingin, siya ay papalapit na upang sumakay." Ngayon, ang pangyayari ay higit pa sa kababalaghan, at sila ay bumulalas, "Sa (Ngalan) ni Allah, walang kaming nakikitang sinuman." At matapos, sa isang iglap, ang drayber ay namatay sa kanyang upuan.

Kaya't ang kamatayan ay dumatal sa kanya sa pinakakakatwa at hindi inaasahang pangyayari:

﴾Kung ang kanyang takdang panahon ay sumapit na, kahit na sa isang oras [o isang sandali], sila ay hindi makakaantala [nito] at gayundin, kahit na sa isang oras [o isang sandali], sila ay hindi makapagpapauna [nito].﴿ *(Qur'an 7: 34)*

Ang tao ay duwag kung siya ay nakakaharap ng panganib; ang kanyang puso ay nagsisimulang kumabog kung ang posibilidad ng kamatayan ay mangyayari, at matapos, (na) wala man lamang naunang babala, siya ay namatay sa oras na inaakala niya na siya ay higit na ligtas.

﴾[Sila] ang nagsabi tungkol sa nasawi nilang mga kapatid habang sila ay nakaupo [sa kanilang tahanan]: 'Kung sila lamang ay nakinig sa amin, sila sana ay hindi napatay.' Ipagbadya: 'Pigilan ninyo ang kamatayan sa inyong sarili kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.'﴿ *(Qur'an 3: 168)*

Ang pambihirang bagay ay yaong hindi tayo nag-aakala tungkol sa pakikipagtipan kay Allah o tungkol sa panandaliang kalikasan ng buhay na ito.

## *Si Allah lamang ang Pinakamakapangyarihan*

Kung minsan, ang isang maliit na insidente o pangyayari ang gumigising sa atin tungo sa realidad o katotohanan ng buhay. Noong taong 1413 Hijri, ako ay naglakbay patungong Riyadh upang katagpuin ang isa kong kaibigan. Siya ay kailangan pang magtrabaho hanggang gabi noong araw na parating ako kaya't ako ay dumiretso na sa aking hotel. Ang portero o ang nagtatrabaho sa hotel ay nagturo sa akin sa isang kuwarto sa ika-apat na palapag na malayo sa pinagkakaabalahan ng mga kawani ng hotel. Matapos na makapasok ako sa kuwarto, inilagay ko ang aking briefcase (tampipi) sa kama at pumasok ako sa banyo upang magsagawa ng ablusyon o paghuhugas

bago ang pagdarasal. Isinara ko ang pinto ng banyo na nasa aking likuran, at matapos ang aking paghuhugas, ako ay tumungo sa pinto upang lumabas. Sa aking pagkayamot, ang pinto ay naipit o nawala sa ayos, at kahit na ano ang aking gawin, hindi ko ito mabuksan. Sinubukan ko ang marami at iba't ibang pamamaraan upang ito ay mabuksan. Di nagtagal ay aking napagtanto na ako ay napiit sa ganitong makipot na lugar na walang bintana, walang telepono, at ang pinakamasahol sa lahat, walang sinuman ang malapit sa akin upang ako ay makahingi ng tulong. Aking naala-ala ang aking Panginoon at ako ay nanikluhod sa Kanya para sa Kanyang tulong. Ako ay napatindig ng walang kalaban-laban at lakas na mayroong dalawampung minuto (ang tagal), bagama't para sa akin, ito ay katumbas ng mahigit pa sa tatlong araw. Sa dalawampung minutong yaon, ako ay pinawisan, ang pintig ng aking puso ay tumaas ng may pangamba, at ang aking katawan ay nagsimulang mangatog. Ang pangunahing sanhi ng aking mataas na antas ng pagkasindak ay sapagkat nangyari ito ng walang kaabug-abog, ng walang babala, at ako ay nasa isang kakatwang lugar na walang paraan upang mapasabihan ang sinuman na ako ay tulungan.

Matapos ang para bang (tagal) na habang-buhay, nagpasya ako na subukan at pilitin na mabuksan ang pinto na gamit ang lakas ng aking katawan. Sinimulan kong ugain at kalampagin ang pinto sa pamamagitan nang mahina at payat kong katawan. Pinagpatuloy ko na ugain ito hanggang sa ako ay napagod at nangailangan ng pahinga. Ginawa ko ang ganitong paraan sa sumunod pang oras at ako ay nagpapahinga kung ako ay napapagod na. Sa kalaunan, ang pinto ay bumigay at ako ay lumabas na mayroong uri ng damdamin na maaaring taglay din ng iba, na wari bang siya ay lumabas sa kanyang libingan. Ako ay nagpuri at nagpasalamat kay Allah. Naala-ala ko kung gaano kahina ang tao at kung paano tayo ay nagiging walang kalaban-laban sa darating na (isang) iglap lamang. Matapos,

ay aking nagunita ang ating mga pagkukulang at ang ating pagkalimot sa Kabilang Buhay.

﴾At pangambahan ninyo ang Araw na kayo ay magbabalik kay Allah.﴿ *(Qur'an 2: 281)*

﴾Kahit nasaan pa man kayo, ang kamatayan ay mananaig sa inyo kahima't kayo ay nasa kanlungan [o kuta] na matatag at mataas!﴿ *(Qur'an 4: 78)*

Ang kamatayan ay dumarating sa mga pamamaraan na hindi natin inaasahan. Ako ay nakabasa at nakarinig ng mga tao na humahayo upang maghanap ng kamatayan, at sa katapusan, sila ay pinagkalooban ng mahabang buhay. Samantala, mayroong iba na humahayo upang maghanap ng kaligtasan at sa katapusan ay namatay sa pinakalugar na kanilang inaakala na higit na ligtas. Ang isang tao ay naghahanap ng lunas sa karamdaman at sa ganitong paraan ay nakatagpo niya ang kamatayan, habang ang iba ay mapanganib na namumuhay at nananatiling ligtas. Gaano kaperpekto si Allah, ang Lubos na Maalam; nilikha Niya ang lahat-lahat at nagplano ng lahat ng bagay ayon sa Kanyang banal na Karunungan.

## *Hindi inaasahang ginhawa*

Katatapos ko pa lamang na basahin ang isang kuwento ng isang tao na naparalisado. Siya ay nanatiling nasa banig (hindi na umaalis sa kama) sa kanyang tahanan sa maraming taon, at sa kalaunan, ang pagkabagot at ang damdamin ng kabiguan ay nakapanaig sa kanya. Ang mga manggagamot ay nabigo na makagawa ng anuman para sa kanya. Isang araw, habang siya ay nag-iisa sa kanyang tahanan, isang alakdan ang bumaba mula sa kisame ng kanyang kuwarto, at bagama't nakikita niya na ito ay papalapit (sa kanya), hindi niya magawa ang kumilos. Matapos na ito ay bumaba

sa kanyang ulo, ang alakdan ay paulit-ulit na kumagat sa kanya. Ang kanyang buong katawan, mula sa kanyang mga paa hanggang sa kanyang ulo, ay napangibabawan ng konbulsyon (o siya ay nangingisay). Dahan-dahan, at sa kanyang pagkamangha, ang pandama ay nagbalik sa kanyang mga bisig, at matapos ang di-kahabaang oras, natagpuan niya ang kanyang sarili na lumalakad sa paligid ng kuwarto. Matapos, ay kanyang binuksan ang pinto at pumaroon siya sa kanyang asawa at mga anak. Hindi nila mapaniwalaan ang kanilang mga mata nang siya ay makita nila na nakatayo sa kanilang harapan. Nang sila ay huminahon na lamang, saka niya nagawa na ipagbigay-alam sa kanila kung ano ang nangyari.

Gaano kaperpekto si Allah, na nagpapangyari sa alakdan na maging isang lunas sa kanyang karamdaman!

Binanggit ko ang kuwentong ito sa isang manggagamot at tinanggap niya na ang ganitong pangyayari ay maaaring mangyari o magkatotoo. Sinabi niya sa akin na mayroong mga uri ng nakalalasong serum (o likido), na kung ang kamandag nito ay binawasan sa pamamagitan ng kemikal, ito ay nagagamit ng mga manggagamot upang gamutin ang mga pasyenteng paralisado.

At si Allah ay hindi nagpapanaog ng isang karamdaman, maliban na Kanya ring ipinanaog ang lunas para rito.

## *Si Allah ay nagpapahintulot na mangyari ang mga himala sa Kanyang matutuwid na alipin*

Si Silat ibn Ashyam, na isang banal na Muslim ng pangalawang siglo, ay naglalakbay para sa landas ni Allah, at nang gumabi na, siya ay nagpasya na sumilong sa isang katabing gubat.

Siya ay pumasok doon, naghugas para sa pagdarasal, at matapos ay tumindig para sa pagdarasal. Walang anumang babala, isang leon ang rumaragasang pumatungo sa kanyang kinaroroonan; at ito ay mapanganib na nakalapit sa kanya; (nguni't) si Silat ay nagpatuloy sa pagdarasal. Ito ay nagsimulang magpaikut-ikot sa paligid ni Silat, gayunman, hindi niya itinigil ang kanyang pagdarasal, sa halip siya ay nananatiling hindi natitinag, na nagsusumamo para sa tulong ni Allah. Siya ay gumawa ng panghuling pagbati na ginagawa ng isa upang makalabas sa estado o kalagayan ng pagdarasal, at matapos ay sinabi niya sa leon, "Kung ikaw ay pinag-utusan na patayin ako, kung gayon, iyong gawin ito. At kung ikaw ay hindi pinag-utusan na gawin ito, kung gayon, ako ay iwan mong mag-isa upang ako ay makipag-usap ng pribado sa aking Panginoon." Ang leon ay tahimik na lumisan at iniwan si Silat na mag-isa.

Si Ibn Katheer, sa *Al-Bidayah wan Nihayah*, ay bumanggit ng isang kuwento na nakakawangki ng isinalaysay sa unahan. Si Safeenah (nawa'y kalugdan siya ni Allah), ang pinalayang alipin ng Sugo ni Allah (saws), ay naglalakbay na kapiling ang kanyang mga Kasamahan sa gilid ng baybayin ng dagat. Nang sila ay pumaroon sa kalupaan, isang leon ang mapanganib na lumapit sa kanila. Si Safeenah ay nagsabi, "O' leon, ako ay mula sa mga Kasamahan ng Sugo ni Allah, at ako ay kanyang tagapaglingkod. Sila ang aking mga kasamahan, kaya't walang anuman ang maaari mong gawin laban sa amin." Ang leon ay tumalikod at nagmamadaling tumakbo na wari bang ito ay tumatakas sa kanila.

Marami sa mga gayong kuwento ang totoo at isinalaysay mula sa mga mapagkakatiwalaang pinanggalingan. Ang mahalaga dito, magkagayunman, ay yaong makuha mo mula sa mga ito, na iyong mapagtanto na ang ating Panginoon ay Pinakamahabagin at Pinakamaalam, at Siya ang nakakaalam ng lahat-lahat ng nangyayari sa sandaigdigan.

﴾Walang anumang lihim na pag-uusap ang tatlo na hindi Siya ang pang-apat [sa pamamagitan ng Kanyang Karunungan], gayundin naman ang panglima, na hindi Siya ang pang-anim, gayundin kung kakaunti o marami, na hindi Siya kasama sa kanila [sa pamamagitan ng Kanyang Karunungan] kahit saan pa mang lugar.﴿ *(Qur'an 58: 7)*

## Si Allah ay Lubos na Sapat bilang isang Tagapagpasya ng mga pangyayari

Sa kanyang *Saheeh*, si Imam Bukhari ay nagsalaysay na may isang tao mula sa angkan ng Israel ang humiling sa iba na siya ay pautangin ng isang libong dinar. Ang pangalawang tao ay nagtanong, "Ikaw ba ay mayroong saksi (para sa ganitong transaksyon)?" Ang unang tao ay tumugon, "Ako ay walang saksi maliban kay Allah." Ang isa pa ay nagtanong, "Ikaw ba ay mayroong tagapanagot (o tagagarantiya)?" Ang tao ay nagsabi, "Ako ay walang tagapanagot maliban kay Allah." Ang pangalawang tao ay nagsabi, "Si Allah ay Lalagi nang Sapat bilang Tagapagpasya ng mga pangyayari." Matapos ito, ibinigay niya sa kanya ang isang libong dinar; sila ay naghiwalay at sa pagitan nila ay mayroong isang kasunduan (tungkol) sa lugar at oras ng pagbabayad ng utang. At nagkataon, na sila ay kapwa nakatira sa magkaibayong bahagi ng ilog. Nang malapit na ang panahon ng transaksyong ito, ang nanghiram ay pumaroon sa pampang para tingnan ang isang bapor upang mabayaran niya ang kanyang pagkakautang. Sa hindi niya inaasahan, siya ay hindi nakakita ng bapor. Siya ay patuloy na naghintay hanggang sa kahabaan ng gabi at hindi siya nagtagumpay na makatagpo ng sinuman upang itawid siya sa kabilang pampang. Siya ay nagsabi, "O' Allah, siya ay humingi sa akin ng saksi at wala akong natagpuan maliban sa Inyo. O' Allah, papangyarihin mong makarating sa kanya ang sulat na ito." Siya ay kumuha ng isang

piraso ng kahoy, inukitan niya ito ng guwang at isiningit dito ang isang libong dinar kasama ng kanyang sulat. Matapos, ay ipinukol niya ang piraso ng kahoy sa ilog. Sa kapahintulutan ni Allah, ito ay lumutang na naaanod patungo sa isang napapatnubayang landas. (Samantala) ang nagpahiram ay pumunta sa pampang upang tuparin ang kanilang napagkasunduan. Siya ay naghintay ng di katagalan, at nang ang kabilang tao ay hindi sumipot, siya ay nagsabi sa kanyang sarili, "Bakit hindi muna ako manguha ng kahoy para sa aking pamilya?" Siya ay naparaan sa isang piraso ng kahoy at iniuwi niya ito sa kanyang tahanan. Nang makita niya na ito ay basyo (o may guwang), binasag niya ito upang mabuksan at natagpuan niya rito ang salapi na may kasamang sulat.

﴾At kay Allah, dapat magtiwala ang mga sumasampalataya.﴿ *(Qur'an 3: 122)*

﴾At inyong ibigay ang pagtitiwala kay Allah kung kayo ay tunay na nananampalataya.﴿ *(Qur'an 5: 23)*

Binanggit ko rito ang mga kuwentong ito upang ang inyong pananalig sa pangako ni Allah ay maragdagan, at upang kayo ay manikluhod sa Kanya at tawagan Siya sa inyong pag-iisa. Si Allah, ang Pinakamakapangyarihan, ay nag-utos sa inyo ng sumusunod:

﴾Dumalangin kayo sa Akin; diringgin Ko ang inyong panalangin.﴿ *(Qur'an 40: 60)*

﴾At kung ang Aking mga alipin ay magtanong sa iyo [O' Muhammad] tungkol sa Akin, kung gayon [sila ay iyong sagutin]: 'Tunay na Ako ay malapit [sa kanila]; Ako ay tumutugon sa panawagan ng bawat nananawagan kung siya ay tumatawag sa Akin.'﴿ *(Qur'an 2: 186)*

Si Al-Hajjaj ay nag-utos na si Al-Hasan Al-Basri ay dalhin sa kanyang harapan upang siya ay mapasakitan niya ng pinsala. Habang si Al-Hasan ay patungo sa kanya, ang pangangalaga at kabaitan ni

Allah ay nasa kanyang isipan. Dahil siya ay mayroong matibay na pagtitiwala sa pangako ni Allah, si Al-Hasan ay nagsimulang magdasal kay Allah, na humihingi sa pamamagitan ng Kanyang mga Perpektong pangalan at katangian. Si Allah ay nagpapangyari na magbago ang puso ni Al-Hajjar sa pamamagitan ng pagpapasok ng sindak sa kanyang puso. Nang si Al-Hasan ay dumating, siya ay nagulat nang kanyang makita na sinalubong siya ni Al-Hajjaj na may mabuting pakikitungo. Sa oras ng kanyang pakikipag-usap, si Al-Hajjaj ay mahinahon, mapitagan, at mapanuyo kay Al-Hasan.

﴾At walang anumang bagay ang hindi lumuluwalhati sa Kanya ng papuri [na Siya ay malaya sa anumang uri ng kapintasan at kasahulan]. Datapuwa't hindi ninyo nauunawaan ang kanilang pagbubunyi ng kaluwalhatian. Katotohanang Siya ay Ganap na Mapagpaumanhin, ang Lagi nang Nagpapatawad.﴿ *(Qur'an 17: 44)*

Dito ay mapapanaligan na napatunayan na si Sulayman (o Propeta Solomon, sumakanya nawa ang kapayapaan) ay tinuruan ng wika o lenguwahe ng mga ibon. Isang araw, siya ay humayo upang magdasal na kasama ang mga tao para (humingi) ng ulan, at sa kanyang paglalakad patungo sa *masjid* (bahay-dalanginan), nakita niya ang isang langgam na nagtaas ng mga binti nito: ito ay nagdarasal kay Allah. Si Sulayman ay nagsabi, "O' mga tao, magsibalik kayo, sapagkat ang dasal ng iba ay husto na at sapat para sa inyo."

Ang ulan ay nagsimula nang bumuhos dahilan sa dasal ng langgam; si Sulayman ay nakaunawa sa pananalita nito. Minsan, nang siya ay nagmamartsang pasulong na kasama ang malaki niyang sandatahan, ang isang langgam ay nagbigay-babala sa mga iba:

﴾Ang isa sa mga langgam ay nagsabi: 'O' mga langgam! Magsipasok kayo sa inyong tirahan, kung hindi, baka si Solomon at ang kanyang mga hukbo ay gumasak sa inyo, samantalang ito ay hindi nila napag-

aakala [napapansin].' Kaya't siya [Solomon] ay ngumiti, na namangha sa kanyang [langgam] pahayag...﴿ *(Qur'an 27: 18-19)*

Ang kabaitan at habag ni Allah ay kadalasang bumababa dahilan sa mga hayop. Si Abu Ya'la ay nagsalaysay ng isang *hadith* kung saan ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsalaysay na si Allah, ang Kataas-taasan ay nagwika:

"*Kung hindi lamang sa mga mahina't matatandang tao, mga sanggol, at mga nanginginaing hayop sa pastulan, ikaw ay Aking pangangalagaan mula sa mga patak ng alapaap.*"

## Ang lahat-lahat sa sandaigdigan ay lumuluwalhati kay Allah

Ang isang bantog na hoopoe (*Hudhud*), mula sa mundo ng mga ibon, ay nakakakilala sa kanyang Panginoon. Si Allah ay nagsabi tungkol kay Sulayman (sumakanya nawa ang kapayapaan):

﴾Kanyang sinuri ang mga ibon at nagsabi: 'Ano ang nangyayari sa inyo at hindi ko nakita ang Hoopoe [isang uri ng ibon na magaan, mabanayad at may iba't ibang kulay]? O siya ba ay isa sa mga lumiban? Katotohanang siya ay aking parurusahan ng matinding kaparusahan, o siya ay [aking] kakatayin, malibang siya ay magdala sa akin ng maliwanag na dahilan [katwiran].' Datapuwa't ang Hoopoe ay hindi nanatili nang matagal, siya [ay lumitaw] at nagsabi: 'Aking naunawaan [ang karunungan ng isang bagay] na hindi mo naunawaan at ako ay pumarito sa iyo mula sa Saba [Sheba] na may tunay na balita. Natagpuan ko ang isang babae na namamahala sa kanila, at siya ay pinagkalooban ng lahat ng bagay na maaaring angkinin ng sinumang namamahala ng kalupaan, at siya ay mayroong dakilang trono [luklukan]. Aking natagpuan siya at ang kanyang pamayanan na sumasamba sa araw maliban pa kay Allah, at

ginawa ni Satanas ang kanilang gawa na kasiya-siya sa kanila, at humadlang sa kanila tungo sa Landas [ni Allah], kaya't sila ay walang patnubay. [At] kaya't sila ay hindi nagpapatirapa kay Allah na naghahantad kung anuman ang natatago sa loob ng mga kalangitan at kalupaan at batid [Niya] kung ano ang inyong ikinukubli at kung ano ang inyong ipinapakita [ipinamamarali], - Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, ang Panginoon ng Dakilang *'Arsh* [Trono o Luklukan]!' [Si Solomon] ay nagsabi: 'Aming titingnan kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan o ikaw [ay isa] sa mga sinungaling. Humayo ka na dala ang aking sulat at ihatid mo ito sa kanila, at pagkatapos ay lumayo ka sa kanila, at tingnan kung ano [ang sagot] na kanilang ibabalik.'﴿ *(Qur'an 27: 20-28)*

Si *Hudhud* ay pumaroon, at hindi nagtagal, ang Reyna ng Sheba ay yumakap sa Islam. Ang dahilan ay sapagkat ang ibong ito ay nakakakilala sa kanyang Panginoon. Ang ilang mga iskolar ay nagsabi,

> "Kataka-taka! Si *Hudhud* ay higit na matalino kaysa kay Fir'aun (Paraon). Si Fir'aun ay hindi naniwala nang ang lahat (ng bagay) ay mabuti, kaya't ang huling sandaling pananalig ay hindi nakatulong sa kanya. Si *Hudhud*, sa kabilang banda, ay naniwala ng may pananampalataya sa kanyang Panginoon nang ang lahat (ng bagay) ay mabuti, at ang gayong pananalig ay nagbigay-kapakinabangan sa kanya nang ang mga bagay-bagay ay naging mahirap."

Si *Hudhud* ay nagsabi:

﴾Kaya't sila ay hindi nagpapatirapa kay Allah [o upang sila ay sumamba (magpatirapa) sa harapan ni Allah] na naghahantad kung anuman ang natatago...﴿ *(Qur'an 27: 25)*

Si Fir'aun (Paraon) ay nagsabi:

﴾Wala akong alam na diyos para sa inyo maliban sa aking sarili...﴿ *(Qur'an 28: 38)*

Siya ay tunay na sawing-palad, siya na may kapos na katalinuhan kaysa kay *Hudhud* at may kapos na pang-unawa kaysa sa isang langgam!

﴾Sila ay may puso na hindi nakakaunawa, sila ay may mga mata na hindi nakakakita, at sila ay may mga tainga na hindi nakakarinig [ng Katotohanan].﴿ *(Qur'an 7: 179)*

Ang mundo ng mga bubuyog ay batbat ng kababalaghan na nagpapaala-ala sa atin ng pangangalaga ni Allah. Ang maliit na bubuyog ay umaalis sa kanyang bahay-pukyutan upang humanap ng ikabubuhay. Ito ay dumarapo sa isang mabuti at dalisay na ibabaw (o labas) at sumisipsip sa nektar nito. Matapos, ito ay bumabalik na may dalang likido (pulot-pukyutan) na nagbibigay ng lunas sa mga tao, na lagi nang nagbabalik sa kanyang bahay-pukyutan na hindi naliligaw ng daan.

﴾At ang iyong Panginoon ay nagbigay ng inspirasyon sa Bubuyog, na nagsasabi: 'Gawin mong tahanan ang kabundukan, at mga punongkahoy, at anumang kanilang itinatayo. At matapos, ay iyong kainin ang lahat ng mga bungangkahoy [prutas], at sundin ang mga pamamaraan ng iyong Panginoon na ginawa Niyang magaan [para sa iyo].' Sa kalaunan, ay may lalabas sa kanilang tiyan [puson], na isang inumin na may iba't ibang kulay [pulot-pukyutan], na naroroon ang panglunas [sa karamdaman] ng mga tao. Katotohanan, naririto ang isang Tanda sa mga tao na may pag-iisip.﴿ *(Qur'an 16: 68-69)*

Kung iyong mabasa ang mga ganitong kuwento, marapat mong mapagtanto na mayroong isang nalilingid na pangangalaga at proteksyon mula kay Allah, at ikaw ay marapat na manalangin at magdasal lamang sa Kanya para sa lahat ng iyong mga pangangailangan. Marapat mong mapagtanto na ang bawat isa sa

daigdig na ito ay mahina at walang kalaban-laban; sila rin ay nangangailangan na sumamba kay Allah, at humingi sa Kanya ng ikabubuhay, ng kalusugan, at ng kaligayahan, sapagkat Siya ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay.

﴾O' sangkatauhan! Kayo ang nangangailangan [ng tulong] ni Allah; datapuwa't si Allah ay hindi nangangailangan [ng tulong] ninuman, ang karapat-dapat sa lahat ng mga papuri.﴿ *(Qur'an 35: 15)*

Ikaw ay marapat na mayroong hindi natitinag na pananampalataya kay Allah, at marapat mong malaman na ang lahat ng iyong mga panalangin at pag-asa ay dapat na ituon sa Kanya, at hindi sa mahina at walang kalaban-labang mga tao. Kapag ikaw ay tunay na nagbibigay-pahalaga sa mga kagandahang-loob ng iyong Panginoon, ikaw ay makadarama ng damdamin (ng pangangailangan), na ang isang pansamantala o pansumandaling tao ay may pangangailangan sa Walang-Hanggan (Allah), ang pagiging umaasa ng maralita sa Tanging Isa na Lubos na Masagana, at ang pangangalaga na hinahanap ng mahina sa Tanging Isa na Lubos na Makapangyarihan. Ang tunay na kapangyarihan, kayamanan, at kawalang-hanggan ay angking lahat ni Allah lamang.

Kung nababatid mo ang lahat ng ganitong bagay, marapat mong i-aplay ang iyong kaalaman at matapat na sambahin si Allah. Kung ikaw ay hihiling sa Kanya ng pagpapatawad, Siya ay magpapatawad sa iyo. Kung ikaw ay hihingi sa Kanya, Siya ay magkakaloob sa iyo. Kung ikaw ay hihingi sa Kanya ng tulong, Siya ay tutulong sa iyo. At kung ikaw ay mapagpasalamat sa Kanya, daragdagan Niya ang Kanyang kagandahang-loob sa iyo.

## Malugod kay Allah

Kasama na ang pagkakaroon ng pananampalataya sa pariralang "Ako ay nalulugod kay Allah bilang aking Panginoon, sa

Islam bilang aking relihiyon, at kay Muhammad bilang isang Sugo", ikaw ay marapat na malugod sa mga pag-uutos at pagtatakda ni Allah.

Kung ikaw ay magiging mapili sa iyong paniniwala sa banal na pagtatakda (o kahihinatnan), ang iyong paniniwala ay hindi wasto. Ang pagiging mapili ay nangangahulugan ng pagkalugod at pagiging kuntento lamang sa mga pagtatakda na umaayon sa iyong mga pagnanasa, samantalang dumaraing at may hinanakit sa mga pagtatakda na laban o salungat sa iyong mga pagnanasa.

Ang ilang mga tao ay nalulugod sa kanilang Panginoon kung ang mga bagay-bagay (o pangyayari) ay magaan, nguni't sila ay naghihinanakit sa Kanyang mga pagtatakda kung ang mga bagay-bagay (o pangyayari) ay naging masahol, at si Allah ay nagwika tungkol sa kanila:

﴿Kung siya ay sinaling ng kabutihan, siya ay nabibigyan ng kapanatagan nito; datapuwa't kung ang pagsubok ay dumatal sa kanya, ibinabaling niya ang kanyang mukha [sa ibang direksyon, (alalaong baga, nagbalik sa kawalan ng pananampalataya pagkatapos na yumakap sa Islam)]. Siya ay parehong talunan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay.﴾ *(Qur'an 22: 11)*

Ang mga Arabong Disyerto ay nagpahayag ng Islam nang lantaran, at nang sila ay makakita ng ginhawa at pakinabang sa anumang ipinahayag, sila ay nagsasabi, "Ito ay isang mabuting relihiyon." Sa gayon, sila ay sumusunod sa mga pag-uutos at nagpapanatili ng kanilang mga pangrelihiyong tungkulin.

Nguni't kung kanilang matagpuan ang kabaligtaran, ang tagtuyot at karalitaan, bilang halimbawa, sila ay lumalayo na may panghahamak, na tumatalikod sa kanilang relihiyon. Ang isang nagsasagawa ng Islam sa ganitong paraan ay lagi nang naghahangad ng ginhawa sa pagtataguyod ng kanyang mga pansariling pagnanasa.

Sinuman ang pinili ni Allah upang Siya ay sambahin at upang dalhin ang bandila ng Islam, at matapos ay hindi nalulugod sa ganitong karangalan, ay karapat-dapat na magtamo ng patuloy at walang-hanggang kaparusahan.

﴾At dalitin mo [O' Muhammad] sa kanila ang kasaysayan niya [isang tao sa lipon ng mga Hudyo] na Aming ginawaran ng *Ayat* [mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.], datapuwa't tinanggal niya ito sa kanyang sarili, kaya't sinundan siya ni Satanas, at siya ay napasama sa mga naligaw ng landas.﴿ *(Qur'an 7: 175)*

﴾Kung si Allah ay nakaalam man lamang ng anumang mabuti sa kanila, tunay Niyang magagawa na sila ay makinig, at kahima't sila ay gawin Niyang makinig, sila ay magsisitalikod din, habang sila ay tumatanggi [sa katotohanan].﴿ *(Qur'an 8: 23)*

Ang pagiging kuntento ay isang landas na sinusunod ng mga tao na nagnanais na mamuhay ayon sa isang mataas na alituntunin, isang alituntunin na sinusunod niyaong malalapit kay Allah.

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagpamahagi ng mga labi ng digmaan matapos ang digmaan ng Hunayn. Ibinigay niya ang karamihan sa mga labi ng digmaan sa mga pinuno ng iba't ibang tribu, at sa mga Arabo na nahuhuli o mabagal sa pagtanggap sa Islam. Ipinuwera niya ang mga Ansaar, (sapagkat siya) ay may kumpiyansa sa antas ng (kanilang) pagiging kuntento at sa pananampalataya na taglay ng bawat isa sa kanila. Marahil, ang ilan sa kanila ay hindi ganap na nakatatarok sa maringal na dahilan ng kanilang hindi pagkakasama sa ganitong pamamahagi, kaya't sama-sama silang tinipon ng Sugo ni Allah (saws) upang ipaliwanag sa kanila kung bakit sila ay ipinuwera. Ipinagbigay-alam niya sa kanila ang kanyang pagmamahal sa kanila at (ang mga labi ng digmaan) ay ibinigay lamang niya sa iba upang sila ay kanyang magawa na mapalapit sa Islam, isang gawa na batay sa kanilang mahinang antas ng

pananampalataya na kinakailangang palakasin. Sinabi niya sa mga Ansaar:

*"Hindi ba kayo kuntento na ang mga tao ay umaalis na may dala-dalang mga kamelyo at tupa, habang kayo ay umaalis na kasama ang Sugo ni Allah! Ang mga Ansaar ay (katulad) ng panloob na kasuutan (sa akin), samantalang ang iba ay (katulad) ng panlabas na kasuutan (na nangangahulugan na ang mga Ansar ay lubhang malapit sa Sugo ni Allah at mataas sa ranggo na kasama siya). Nawa'y kahabagan ni Allah ang mga Ansaar, ang mga anak ng mga Ansaar, at ang mga inapo ng mga Ansaar. Kung ang lahat ng mga tao ay tatalunton sa isang lambak o sa isang landas sa bundok, habang ang mga Ansaar ay naglalakbay sa ibang lambak o sa (ibang) landas ng bundok, ako ay mananalunton sa landas ng bundok at sa lambak ng mga Ansaar."*

Matapos ito, sila ay nasiyahan; ang pagkalugod at kapanatagan ay bumaba sa kanila. Higit pa roon, si Allah at ang Kanyang Sugo (saws) ay nalulugod sa kanila.

Yaong mga tunay na nakakatagpo ng pagkalugod ni Allah ay hindi magbibili nito kahit na (sa halaga) ng buong mundo; wala ng iba pa ang maaaring ihambing sa gantimpala ng pagkalugod ni Allah.

Isang Arabong Disyerto ang tumanggap sa Islam sa harapan ng Sugo ni Allah (saws), at matapos, ay nagbigay sa kanya ng ilang salapi. Ang Arabo ay nagsabi, "O' Sugo ni Allah, ako ay hindi nangako (namanata) na susundin kita dahilan sa ganito." Ang Propeta ay nagtanong, "Kung gayon, bakit ka nangako (namanata) na ako ay susundin mo?" Siya ay sumagot, "Ako ay nangako (namanata) na susundin kita na ang isang busog ay tumama sa akin dito (at itinuro niya ang kanyang lalamunan), at lumabas dito (at itinuro niya ang kanyang batok)." Ang Sugo ni Allah ay nagsabi, "Kung ikaw ay makatotohanan kay Allah, Siya ay magiging

makatotohanan sa iyo (sa Kanyang pangako)." Ang tao ay nandoroon sa isang labanan, at isang busog ang tumarak sa kanya na gaya ng kanyang ninanais. Nakatagpo niya ang kanyang Panginoon na nalulugod at nagagalak.

Sa isa pang pangyayari, ang Sugo ni Allah (saws) ay nagpamahagi ng ilang kayamanan. Ibinigay niya ito sa kanila na mahina sa kanilang relihiyon, at hindi niya ibinigay ito sa kanila na ang espada ay nabahiran ng dugo dahilan sa pakikipaglaban sa landas ni Allah, at sa kanila na gumamit ng kanilang kayamanan at katawan upang ipagtanggol ang Relihiyon. Ang Sugo ni Allah (saws) ay tumindig sa harapan ng mga tao at nagsabi:

*"Ako ay nagbigay sa mga tao dahilan sa kasakiman at pagkabahala na inilagay ni Allah sa kanilang puso. Ako ay hindi nagbibigay sa iba dahilan sa pananampalataya, - o sa kabutihan, - na inilagay ni Allah sa kanilang puso. Ang isa sa kanila ay si Amr ibn Taghlab."*

Si Amr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay nagsabi, "Ang mga salitang ito (mula sa Sugo ni Allah) ay hindi ko ipagbibili (o ipagpapalit) sa lahat ng nasa mundong ito." Ito ang buod ng pagkakuntento at ng paghahanap kung ano ang na kay Allah, ang Kataas-taasan. Ang buong mundo (para) sa isa sa kanila ay hindi kasinghalaga na katulad ng isang ngiti mula sa Sugo ni Allah (saws).

Ang mga pangako ng Sugo ni Allah ay ito: ang gantimpala ni Allah, ang Kanyang pagkalugod, at Paraiso. Siya ay hindi nangako sa kanila ng mga kastilyo, mga posisyon o katayuan, o lupain. Siya ay nagsasabi sa kanila, "Sinuman ang gumawa ng ganoon at ganitong (gawa), ang kanyang gantimpala ay Paraiso." At sinasabi niya sa iba, "Sinuman ang gumawa ng ganoon at ganitong (gawa), siya ang aking magiging mga Kasama sa Paraiso." Ang mabigat na mga sakripisyo at pagsisikhay ng mga Kasamahan ay hindi mababayaran ng mumunting tanda o pang-ala-ala ng mundo, isang makatarungang

gantimpala para sa kanila ang ibibigay lamang sa kanila sa Kabilang Buhay.

Si Tirmidhi ay nagsalaysay na si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay pumaroon sa Sugo ni Allah (saws) upang humingi ng pahintulot na makapagsagawa ng pilgrimahe sa Makkah. Ang Sugo ni Allah (saws) ay sumagot:

"*Huwag mo kaming kalimutan sa iyong panalangin, O' aking kapatid.*"

Ang nagsasalita ng ganitong hiling ay ang Sugo ng patnubay, na malaya sa kasalanan at hindi nagsasalita mula sa kanyang pagnanasa, bagkus ay mula sa kapahayagan (o rebelasyon). Si Umar ay nangusap sa hindi mababayaran at katangi-tanging pananalita ng Propeta, "Hindi ko ipagbibili (o ipagpapalit) ang mga salitang ito sa (halaga ng) buong mundo."

Iyong haginapin na ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi sa iyo, "Huwag mo kaming kalimutan sa iyong panalangin, O' aking kapatid." Ano kung gayon ang iyong mararamdaman?

Ang antas ng pagkakuntento at pagkalugod ng Propeta sa Kanyang Panginoon ay hindi malayo sa ating kakayahan na mailarawan ito. Siya ay nalulugod sa kanyang Panginoon sa kasaganaan at sa karalitaan, sa kalusugan at sa karamdaman, sa mahihirap na pagkakataon at sa kaginhawahan.

Naranasan niya ang kapaitan at kalungkutan na maging ulila. Sa maraming pagkakataon sa kanyang buhay, hindi niya magawa na makatagpo ng hihigit pa sa lambak ng isang datiles (dates) upang makakain; (at) upang maibsan ang kirot ng gutom, siya (saws) ay nagtatali ng bato sa paligid ng kanyang sikmura. Kinailangan niyang iwan ang kanyang baluti (kutamaya) sa isang Hudyo bilang isang sangla upang siya ay makahiram ng trigo sa kanya. Kung minsan, tatlong araw ang dumaraan bago siya ay makakita ng anumang

makakain. Sa kabila ng lahat ng mga kahirapang ito, siya ay nalulugod kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

﴾Ang Kaluwalhatian ay sa Kanya, na kung Kanyang naisin, ay maggagawad sa inyo nang higit na mabuti sa [lahat] ng mga iyan,- mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, at magbibigay sa inyo ng mga Palasyo [alalaong baga, Paraiso].﴿

*(Qur'an 25: 10)*

Siya ay nalulugod kay Allah sa panahon ng pinakamahihirap na sandali sa kanyang buhay: ang mga unang taon ng kanyang misyon. Ang buong mundo ay tumindig laban sa kanya, sa kanilang maraming bilang, sa kanilang kayamanan, at kanilang kapangyarihan. Sa panahong ito, ang kanyang amain, - si Abu Taalib, - at ang kanyang maybahay, - si Khadeejah (nawa'y kalugdan siya ni Allah), ay parehong namatay. Ang mga Quraysh ay nagpadama ng lahat ng uri ng parusa sa kanya at sa kanyang mga tagasunod. Ang kanyang pamayanan ay nanirang-puri sa kanya, na nagbibintang sa kanya bilang isang sinungaling, isang salamangkero, isang manggagaway, isang luku-luko, at isang makata.

Siya ay nalulugod sa kanyang Panginoon maging sa araw na siya ay itaboy palabas ng Makkah, ang lungsod kung saan siya ay naglaro sa pagkabata at lumaki sa pagiging binata. Nang lumingon siya sa Makkah, ang kanyang mga mata ay binalungan ng luha, at siya ay nagsabi:

*"Ikaw ang higit na pinakamahal sa akin sa mga lupain ni Allah. Kung ang iyong mga naninirahan ay hindi nagtaboy sa akin mula sa iyo, ako ay hindi aalis."*

Siya ay nalulugod sa kanyang Panginoon nang siya ay pumaroon sa Ta'aif upang iparating ang kanyang maringal na mensahe, at sa halip na tumanggap ng pagsalubong, siya ay binati ng mga bato na ipinukol sa kanya na nagpadugo sa kanyang mga paa.

Ang Sugo ni Allah (saws) ay nasugatan sa digmaan ng Uhud, ang kanyang amain ay napatay, ang marami sa kanyang Kasamahan ay pinatay, nguni't kapagdaka, matapos ang digmaan, siya ay nagsabi:

"*Humilera kayo sa aking likuran upang ako ay magbigay-puri sa aking Panginoon.*"

Sa madaling sabi, sa bawat sandali ng kanyang buhay, siya ay nalulugod sa kanyang Panginoon, ang gantimpala para sa gayon ay binanggit sa talatang ito:

﴾At katotohanan, ang iyong Panginoon ay magkakaloob sa iyo [ng lahat ng mabuti] upang ikaw ay lubos na masiyahan.﴿ *(Qur'an 93: 5)*

## *Isang panawagan mula sa lambak ng Nakhlah*

Ang Propeta Muhammad (saws) ay napilitang lumisan sa Makkah, ang lugar ng kanyang pamilya, mga anak, at tahanan. Siya ay nagkanlong sa At-Ta'aif, kung (saan) siya ay pinakitunguhan ng may paghamak, ang mga nakakatanda ay nanungayaw sa kanya, at ang mga bata ay nanuya sa kanya at naghagis sa kanya ng mga bato.

Ang mga luha ng pagdadalamhati ay umagos sa kanyang mukha at ang kanyang mga paa ay nagdugo. Saan siya babaling? Kangino siya maghahanap ng kanlungan? Sa Tanging Isa na ang sinuman ay makakahingi ng kanlungan, kay Allah, ang Pinakamakapangyarihan.

Si Muhammad (saws) ay humarap sa Ka'bah, nagpasalamat kay Allah, at nagpuri sa Kanya, at nanalangin siya ng tulong sa Kanya sa kanyang mga paghihirap. Basahin ito, ang kanyang panalangin sa kanyang Panginoon matapos ang kanyang naging karanasan sa At-Ta'aif:

*"O' Allah, ako ay dumaraing sa Inyo sa aking kahinaan, sa kawalan ko ng mapagpipilian, at ang paghamak ng mga tao sa akin. Ikaw (po) ang Pinakamahabagin, Ikaw (po) ang aking Panginoon, kangino Mo (po) ako ipinagkakatiwala: Sa aking mga kamag-anak na mabalasik sa akin o sa isang kaaway na Inyong ginawa na nagpapailalim sa akin. Kung Ikaw (po) ay hindi nagagalit sa akin, kung gayon, hindi ko papansinin (kung paano akong pinakikitunguhan ng mga tao), maliban (na lamang) na ang kaligtasan mula sa Inyo ay higit na madali sa akin. Ako ay humahanap ng pagkalinga sa liwanag ng Inyong Mukha, na mayroong epekto na ang kadiliman ay magliwanag, at nakagagawa na maging mabuti ang mga bagay-bagay sa mundong ito at sa Kabilang Buhay; na ang Inyong galit ay bumaba sa akin, o ang Inyong poot ay pumanaog sa akin. Sinisisi ko ang aking sarili (at ipagpapatuloy ko ang pagsisikhay na mabigyang-lugod Kayo), hanggang sa Kayo ay malugod. At walang anumang pagkilos (sa sandaigdigan) o lakas maliban sa Inyo."*

## Ang unang henerasyon ng mga Muslim

﴾Katotohanang si Allah ay nalulugod sa mga sumasampalataya nang sila ay nagbigay ng Pangako [panunumpa ng katapatan] sa iyo [O' Muhammad] sa ilalim ng punongkahoy. Batid Niya ang nasa kanilang puso at Siya ang nagpapanaog ng katahimikan [at kapanatagan] sa kanila at Kanyang ginantimpalaan sila ng abot-kamay na Tagumpay.﴿ *(Qur'an 48: 18)*

Ang talatang ito ay nagpapaliwanag sa pinakamataas na layon ng mga nananampalataya: ang pagtatamo ng pagkalugod ni Allah. Ang malugod si Allah sa inyo ay siyang pinakamahal na bagay na inyong napakinabang. Ang talatang ito ay bumabanggit sa pagkalugod ni Allah sa unang henerasyon ng mga Muslim. Sa iba

pang talata, Siya ay bumanggit ng pagpapatawad at pagpapawalang-sala sa kanila:

﴾Upang si Allah ay magpatawad sa iyong mga pagkakamali ng mga panahong nagdaan at [gayundin] sa panahong darating...﴿
*(Qur'an 48: 2)*

﴾Si Allah ay nagpatawad sa Propeta, sa *Muhajirun* [mga Muslim na nagsilikas at umiwan sa kanilang mga tahanan at naparoon sa Madina], at sa Ansar [mga Muslim ng Madina]...﴿ *(Qur'an 9: 117)*

﴾Nawa'y patawarin ka [O' Muhammad] ni Allah. Bakit sila ay iyong pinayagan [na manatili at maiwan, sana'y ipinagpilitan mo ang tungkol sa iyong ipinag-uutos na sila ay tumungo sa *Jihad* (banal na pakikipaglaban para kay Allah)]...﴿ *(Qur'an 9: 43)*

Sa paghahanap ng pagkalugod ni Allah, ang mga Kasamahan (ng Propeta) ay gumawa ng panata sa ilalim ng punongkahoy na isasakripisyo ang kanilang buhay. Bakit? Dahilan sa kanilang pagiging martir, ang relihiyon ay lumago at lumaganap.

Si Allah, ang Kataas-taasan, ay nakababatid na ang mataas na antas ng pananampalataya ay naninirahan sa kanilang puso. Sila ay gumawa ng mabigat, nagpawis, nagutom, at napahirapan, datapuwa't ang mahalagang bagay sa mariringal na pusong ito ay yaong si Allah ay nalulugod sa kanila.

Sila ay napahiwalay sa kani-kanilang pamilya, sa kanilang kayamanan, at sa kanilang tahanan, upang kaharapin ang malupit na realidad ng paglalakbay sa disyerto patungo sa ibang lupain, subalit sila ay nagsasaalang-alang lamang kay Allah at sa Kanyang pagkalugod sa kanila.

Ang gantimpala ba ng mga tagapagtanggol ng Islam ay mga kamelyo, mga kambing, o salapi? Iniisip ba ninyo na ang mga bagay na ito ay

mayroong epekto na makapagpapahinahon sa kanilang puso? Hindi kailanman! Ang nakapagpapalamig (o nakapagpapahinahon) sa kanilang puso ay ang pagkalugod ni Allah, ang Kanyang pagpapatawad, at Kanyang walang-hanggang gantimpala:

﴾At [Kanyang] gagantimpalaan sila sa anumang [gawa] na matiyaga nilang pinagtiisan, ng isang Halamanan [sa Paraiso] at [mga kasuutang yari sa] sutla. Sila ay magsisihilig dito sa mga napapalamutihang supa [diban]. Sila ay hindi makakamalas dito ng labis na init ng araw, gayundin ng labis na lamig [sapagkat sa Paraiso ay walang araw at buwan]. At ang lilim [ng Halamanan] dito ay nakababa sa kanila, at ang mga kumpol ng hitik na bunga ay nakabitin ng mababa na abot-kamay nila. At sa kanila ay palibot na idudulot ang mabibilog na banga na yari sa pilak at mga kopitang kristal. Kristal na kumikislap na gawa sa pilak. Kanilang itatakda rito ang sukat [ng inumin] ayon sa kanilang maibigan.﴿

*(Qur'an 76: 12-16)*

## *Kasiyahan (pagkakuntento) matapos na mawasak*

Isang tao mula sa tribu ng Bani 'Abs ang umalis sa kanyang bayan upang hanapin ang ilang bilang ng kamelyo na napaligaw. Siya ay naging malayo sa kanyang tahanan sa loob ng tatlong araw. Siya ay isang mayamang tao na pinagpala ni Allah ng maraming kayamanan (tulad ng mga kamelyo, kambing at baka) at isang malaking pamilya. Ang kanyang kayamanan at pamilya ay nakatahan sa isang malawak na piraso ng (kanyang) ari-arian. Ang kaginhawahan at kariwasaan ay nakapalibot sa kanya at sa kanyang pamilya, at kailanman ay hindi sumagi (sa kanilang isipan) na maaaring sapitin nila ang isang kasawiang-palad.

Isang gabi, ang buong pamilya ay nakatulog habang ang kanilang ama ay wala. Si Allah ay nagparating sa kanila ng baha na may malakas na agos na nagpapainog ng mga bato na katulad ng maaasahan sa isang malakas na hangin na nagpapaikot ng alikabok. Ang bahay, na ang ama ay wala roon ay nabunot (sa pagkakatayo) at ang (kanyang) buong pamilya at kayamanan ay nawasak. Matapos na ang panahon ay kumalma, walang anumang bakas ng kanyang pamilya o kayamanan ang natira. Ito ay wari bang (sa simula) ay hindi kailanman dati nang naroroon.

Matapos ang tatlong araw, ang tao ay nagbalik sa kanyang tahanan. Siya ay nagbalik upang makita lamang ang isang mababaw at basyong lupa na hindi kakikitaan ng buhay. Sa pagkabigla na kanyang nadama, mahaba-habang panahon ang nagdaan upang matanggap niya ang katotohanan na nawala ang lahat-lahat sa kanya.

At bukod pa roon, upang ang bagay-bagay ay higit pang maging malala, ang isa sa kanyang mga kamelyo ay nagtangka na tumakbong palayo. Tinangka niyang sunggaban ang buntot nito, subalit ang mga binti nito ay sumipa sa kanyang parehong mata na naging dahilan na siya ay mabulag. Sa kanyang pag-iisa sa disyerto, ang tao ay nanawagan sa sinuman na makapagdadala sa kanya sa kaligtasan. Pagkalipas ng mahabang oras, sa wakas, siya ay nakarinig sa isang Arabong Disyerto na tumugon sa kanyang panawagan. Ang Arabong Disyerto ay nagdala sa kanya sa harapan ni Al-Waleed ibn Abdul-Malik, ang *Khaleefah* (pinuno) ng Damascus. Ang tao ay nagsalaysay ng kanyang istorya at ang *Khaleefah* ay nagtanong, "Kumusta ka?" Ang tao ay matatag na sumagot, "Ako ay nalulugod kay Allah."

Ang ganitong malakas na pananalita na tinuran ng Muslim na ito na naghahawak ng tunay na Monoteismo (pagiging dalisay ng paniniwala sa Iisang Tunay na Diyos) sa kanyang puso ay naging isang aral at moral (na pag-uugali) para sa kanila na sumunod

pagkaraan niya. Ano ang gayong moral (na pag-uugali)? Ang lagi nang malugod kay Allah.

At hayaan ang isa na hindi nalulugod at (hindi) kuntento ay sumubok ng ibang paraan kung kanyang nais:

﴾Kung sinuman ang nag-aakala na si Allah ay hindi tutulong sa kanya [Muhammad] sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, hayaan siyang magbitin ng lubid sa kisame at hayaang bigtihin niya ang kanyang sarili. At hayaang mamasdan niya: - ang kanya kayang balak ay makapag-aalis ng gayong bagay na nakapagpapagalit [sa kanya]!﴿ *(Qur'an 22: 15)*

## ***Maging matatag sa paggawa ng isang pasya***

﴾At kung kayo ay nakapagpasiya na; ibigay ninyo ang inyong pagtitiwala kay Allah.﴿ *(Qur'an 3: 159)*

﴾Katiyakang si Allah ay nagmamahal sa mga nagtitiwala [sa Kanya].﴿ *(Qur'an 3: 159)*

Kailanma't ang isang pagpapasya ay marapat na gawin, ang karamihan sa atin ay nalilito at nag-aatubili, at kadalasan, ang ganito ay naghahantong sa sakit ng ulo. Kailanma't (tayo) ay binigyan ng mapapamilian, ang isang Muslim ay marapat na sumangguni sa iba at magsagawa ng dasal na ipinagtatagubilin sa paggawa ng pasya (*Salaatul-Istikhaarah*). Marapat mong isiping mabuti ang mga bagay-bagay bago ka gumawa ng panghuling desisyon o bago gumawa ng unang hakbang sa anumang nakahaing direksyon, nguni't kung ikaw ay kumbinsido na ang isang paraan ay higit na mabuti kaysa sa iba, ikaw ay marapat na gumawa ng aksyon na walang pag-uurong-sulong. Ang oras ng pagsangguni at pagpaplano ay natapos na at ang oras para gumawa ay nagsimula na.

Ang Sugo ni Allah (saws) ay sumangguni sa mga Muslim sa araw ng (digmaan) ng Uhud. Sila ay nagpayo sa kanya na pumalaot sa digmaan, kaya't kanyang isinuot ang kanyang baluti at kumuha ng espada. Nang ang kanyang mga Kasamahan ay nagsabi, "Marahil ay napilit ka namin (na pumalaot), O' Sugo ni Allah? Marahil, marapat kang manatili sa Madeenah." Siya ay tumugon, "Hindi karampatan sa isang Propeta na isuot niya ang kanyang baluti (para sa digmaan) at matapos ay hubarin ito bago si Allah ay makagawa ng paghatol sa pagitan niya at ng kanyang kaaway." Minsan, ang Sugo ni Allah (saws) ay nagpasya na pumalaot, ang pangyayari (o kalagayan) ay hindi na kinakailangan pa ng masusing pag-iisip. Sa halip, ang kinakailangan ay determinasyon, gawa, pamumuno, at katapangan.

Gayundin naman, ang Sugo ni Allah (saws), ay sumangguni sa mga Kasamahan bago ang digmaan ng Badr:

﴾... At sangguniin sila tungkol sa pangyayari [bagay-bagay].﴿
*(Qur'an 3: 159)*

﴾... At namamatnugot sa kanilang kapakanan sa pamamagitan ng magkapanabay na pagsasanggunian...﴿ *(Qur'an 42: 38)*

Ipinarating nila ang kanilang mga kuru-kuro, at isang matibay na pagpapasya ang ginawa, at matapos, sila ay pumalaot sa digmaan.

Ang laging pag-aatubili ay isang depekto sa pag-uugali ng isa at madalas ay naghahantong sa pagkabigo at pagkalito. Kakilala ko ang mga tao na sa maraming taon ay nag-uurong-sulong sa pagitan ng mga desisyon na marapat na paulit-ulit (o pangkaraniwan) na lamang at magaan. Sila sa kanilang sarili ang nag-aanyaya ng kabiguan at pagkasiphayo na pumasok sa kanilang buhay.

Marapat mong pag-aaralan ang pagiging praktikal (o makatwiran) ng iyong mga plano at ideya. Bigyan mo ang iyong sarili ng oras na mag-isip nang mataman sa mga bagay-bagay,

humingi ng payo sa mga tao na may karanasan at matalino, at magdasal sa iyong Panginoon na patnubayan ka sa pinakamainam sa pagitan ng dalawa o higit pang mapagpipilian. Subalit sa huli, gumawa ng aksyon at huwag magluwat o magpatayung-tayong sa paggawa ng pagpapasya.

Matapos na ang Sugo ni Allah (saws) ay mamatay, marami sa mga tribung Arabo ang tumanggi na magbayad ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa). Si Abu Bakr (nawa'y kalugdan siya ni Allah) ay sumangguni sa mga tao kung paano niya haharapin ang gayong sitwasyon (o kalagayan). Ang mga tao kasama na si Umar (nawa'y kalugdan siya ni Allah), ay nagpayo sa kanya na magtaguyod ng digmaan laban sa gayong mga tribu. Magkagayunman, matapos na mapagtimbang-timbang ang iba't ibang argumento (o pangangatwiran), si Abu Bakr ay nagpasya na sila ay lalaban sa kanila. Siya ay matibay at matatag, at siya ay hindi nag-atubili kahit na katiting. Siya ay nagsabi, "Sa Tanging Isa na naghahawak ng aking kaluluwa sa Kanyang Kamay, ako ay lalaban sa kanya na gumagawa ng pagtatangi (o pagbubukod) sa pagitan ng pagdarasal at sa katungkulang kawanggawa. Sa (Ngalan) ni Allah, kung ako ay tatanggihan nila ng tali-sa-ulo na nakagawian na nilang ibigay sa Sugo ni Allah, sila ay lalabanan ko dahil dito." Si Umar ay nagsabi, "Nang aking mapagtanto na binuksan ni Allah ang puso ni Abu Bakr (upang lumaban), batid ko na yaon ang katotohanan." Si Abu Bakr, matapos na mapagtimbang ang mga mapagpipilian, ay gumawa ng gayong matikas na desisyon. Sila ay nakipaglaban sa mga apostado (nagtalusira sa pananampalataya), at sila ay naging matagumpay.

Ang isang katangian ng mapagkunwari ay magawa (niya) na hindi magtagumpay ang isang plano sa pamamagitan ng walang humpay na pagtatanong kung ano ang nararapat na gawin at sa palagi nang paghiling na ang paksa o bagay-bagay ay masusing pag-usapan.

﴾At kung sila [man] ay nagsihayo [patungo sa labanan] na kasama ninyo, sila ay walang maidadagdag sa inyo liban lamang sa kaguluhan, at sila ay nagsisipagmadali sa gitna ninyo [sa pagkakalat ng kabuktutan], at nagtatanim ng panunulsol laban sa isa't isa sa inyo...﴿ *(Qur'an 9: 47)*

﴾[Sila] ang nagsabi tungkol sa nasawi nilang mga kapatid habang sila ay nakaupo [sa kanilang tahanan]: 'Kung sila lamang ay nakinig sa amin, sila sana ay hindi napatay.' Ipagbadya: 'Pigilan ninyo ang kamatayan sa inyong sarili kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.'﴿ *(Qur'an 3: 168)*

Ang kanilang mga paboritong salita ay 'paano kung', 'sana'y ginawa natin ang ganoon at ganito', o 'marahil'. Sila ay lagi nang nag-uurong-sulong sa isang mabuway na lupa.

﴾Sila [ang mapagkunwari] ay nag-uurong-sulong sa pagitan nito [at niyaon], at hindi nabibilang sa alinman sa mga ito [mga sumasampalataya]...﴿ *(Qur'an 4: 143)*

Sa maraming oras, sila ay nasa sa atin, at sa ibang oras, sila ay nasa sa kanila. Sa panahon ng krisis, sila ay nagsasabi:

﴾Kung alam lamang namin na ang paglalaban ay magaganap, katiyakang kami ay susunod sa inyo.﴿ *(Qur'an 3: 167)*

Sila ay patuloy na nagsisinungaling. Sa mabubuting panahon, sila ay naroroon, datapuwa't kung ang mahirap na sitwasyon ay dumating, sila ay nagtatago o tumatalilis. Ang isa sa kanila ay nagsasabi:

﴾Ako ay iyong payagan [na manatili sa aking tahanan; alalaong baga, na huwag mapabilang sa *Jihad* (banal na pakikipaglaban para kay Allah)], at ako ay huwag mong ilagay sa pagsubok.﴿

*(Qur'an 9: 49)*

Upang sila ay makatalilis sa tungkulin, sila ay nagsabi bago ang digmaan ng *Ahzaab*:

﴾'Katotohanan, ang aming tahanan ay nakabuyangyang [alalaong baga, hindi napapangalagaan o walang nagbabantay]', bagama't ito ay hindi nakabuyangyang.﴿ *(Qur'an 33: 13)*

## *Ang nananampalataya ay matatag at hindi natitinag*

﴾Ang mga sumasampalataya ay sila lamang na nananalig kay Allah at sa Kanyang Sugo, at hindi nagkaroon ng anumang pag-aalinlangan sa pasimula pa...﴿ *(Qur'an 49: 15)*

At para sa mga iba:

﴾At sila sa kanilang pag-aalinlangan ay nag-aatubili.﴿

*(Qur'an 9: 45)*

Mayroong isang tao na sa loob ng apat na taon ay hindi makapagpasya kung kanya bang didiborsyuhin ang hamak at malupit niyang maybahay. Sa kalaunan, siya ay pumaroon sa isang matalinong tao upang humanap ng payo. Ang huli ay nagtanong kung gaano na katagal na siya ay kasal sa kanya, at ang tao ay sumagot, "Apat na taon". Ang matalinong tao ay nagtaka at nagsabi, "Sa ngayon, sa loob ng apat na taon ikaw ay sumisipsip ng lason."

Ito ay patuloy, na hindi sinasabi na ang pagtitiyaga at pagbabata ay kinakailangan sa mga sitwasyon na katulad ng nakaraang kuwento, nguni't hanggang kailan ito? Sa anong punto tayo ay magsasabi ng, "Tama na!" Ang isang may damdaming tao ay mayroong mabuting ideya (o kuru-kuro) kung ang kahihinatnan ng gayong ugnayan ay mabuti o hindi, at matapos ay saka siya gagawa ng aksyon.

Ang kalituhan at pag-aatubili ay sumasalakay sa mga tao sa marami at iba't ibang sitwasyon, nguni't higit na natatangi sa sumusunod na apat:

1. Pagpapasya sa pangunahing kurso na kukunin sa pag-aaral; ang isang tao na mahina sa paggawa ng mga pasya ay hindi nakatitiyak kung anong kurso ang kanyang papasukin. Ang ilang tao ay nananatiling hindi pa nakapagpapasya kahit na nga ang huling araw ng pagpapalista ay lumipas na. Ang iba ay nag-aaral sa isang kurso ng mga isa o dalawang taon, at matapos ay lumilipat sa ibang kurso, sa una, sila ay nahihilig tungo sa pangrelihiyong pag-aaral, at pagkatapos ay ekonomiya, at pagkatapos ay medisina, - na unti-unting nag-aaksaya ng kanilang buhay sa ganitong gawi.

Kung ang gayong tao ay sumangguni sa iba na mayroong higit na karunungan at karanasan kaysa sa kanya, at humingi ng patnubay mula kay Allah, nagawa sana niyang magamit ang kanyang oras sa higit na mabuti.

2. Pagpapasya tungkol sa naaangkop na trabaho. Ang ilang tao ay hindi makapili ng pinakaangkop na trabaho na ayon sa kanilang pag-uugali. Sila ay palipat-lipat ng trabaho at palagi nang hindi nasisiyahan sa dating trabaho. Sa kalaunan, sila ay nagpasya sa kanilang sarili na pumasok sa negosyo. Ang ganitong uri ng pag-uurong-sulong ay kadalasang humahantong sa pananalaping walang katatagan.

Aking sinasabi sa mga gayong tao, "Kung ikaw ay maginhawa sa pagkita ng salapi sa propesyon na iyong ginagawa, marapat kang manatili sa gayon."

3. Pag-aasawa. Maraming kabataang tao ang nasa kalituhan, na nahihirapan na piliin ang kanilang mapapangasawa. Sa ganitong katayuan, ang isa ay madaling maiimpluwensiyahan ng mga opinyon ng iba. Kung minsan, ang ama ang nagpapalagay na ang isang

partikular na babae ay karapat-dapat sa pag-aasawa, at ang anak na lalaki ay sumasang-ayon; magkagayunman, ang ina ay nag-aatubili. (Ang mga iba't ibang eksena ay walang katapusan tungkol sa pamimili ng isang maybahay).

Ang aking payo tungkol sa pag-aasawa sa partikular, ay yaong siya ay marapat na maghintay hanggang sa siya ay nasisiyahan sa relihiyon, hitsura, at pag-uugali ng babae, sapagkat sa kaso ng pag-aasawa, ang pinag-uusapan natin dito ay tungkol sa buhay ng babae, at hindi ilang mumunting bagay (o abubot) na maaari mong itapon kung ang isa ay mabagot.

4. Ang kalituhan at kawalan ng pagpapasya ay karaniwan sa mga tao na nagbubulay-bulay (tungkol) sa diborsyo. Isang araw, ang lalaki ay maaaring magdesisyon na ang paghihiwalay ay higit na mainam, at sa ibang araw, ang mga bagay-bagay ay maaaring maisaalang-alang.

Ang kawalan ng kapayapaan sa buhay ng isa ay humahantong sa ganitong uri ng pag-uurong-sulong na marapat na baguhin sa pamamagitan ng hindi natitinag na pagpapasya. Ang buhay ay maigsi, kaya't marapat natin na gawing lahat ang ating bahagi na magawa ang bawat sandali ng buhay na maging masaya, kapwa sa ating sarili at sa kanila na nakapaligid sa atin.

## *Ang pasan (o tungkulin) ng pagiging isang mahusay na tagapagsalita*

Tayo ay matagumpay sa antas na tayo ay masunurin kay Allah, at matapos ang gayon, kung paano tayo nakikitungo sa Kanyang mga alipin. Madali nating mapagsasama ang mga salita at mapapaganda ang ating pananalita upang mabigyang-lugod ang ating mga tagapakinig; ang mahirap na bagay ay pangatawanan ang ating mga salita ng mabubuting gawa at ng maringal na pag-uugali.

﴾Ang ipinag-uutos ba ninyo sa mga tao ay *Al-Birr* [pagiging masunurin at mabait, kabanalan at katuwiran at bawat isa at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah], gayong kayo sa inyong sarili ay nakalilimot [na isagawa ito] bagama't kayo ay nagbabasa ng Kasulatan [ang Torah o mga Batas]? Hindi baga ninyo ginagamit ang inyong mga talino?﴿ *(Qur'an 2: 44)*

Isang matinding kaparusahan ang naghihintay sa isang tao na nag-uutos sa iba na gumawa ng mabuti datapuwa't hindi niya ito ginagawa sa kanyang sarili, at nagbabawal sa iba sa mga kasamaan habang siya ay nagpapatupad nito sa kanyang sarili. Ang mga naninirahan sa Apoy na nakakakilala sa kanya sa lupa dahilan sa kanyang mga sermon ay magtatanong kung bakit siya ay pinarurusahan ng masakit. Siya sa kanyang sarili ay sasagot, "Pinag-utusan ko kayo na gumawa ng mabuti, (nguni't) ako sa aking sarili ay hindi gumagawa ng gayon, at kayo ay pinagbawalan ko sa kasamaan habang ako sa aking sarili ay gumagawa ng gayon."

Isang Arabong makata ang nagsabi:

*O' kayo na mga guro ng iba,*
*hindi ba marapat na una ninyong hanapin para*
*sa inyong sarili ang alituntunin.*

Ang bantog na mananalumpati na si Mu'aadh Ar-Razi ay napapaiyak at nakagagawa na ang iba ay mapaiyak sa kahabaan ng kanyang mga sermon. Sa isa sa kanyang mga sermon, dinalit niya ang mga talatang ito:

*Ang isang di-matuwid na tao ay nag-uutos*
*sa mga tao na maging matuwid,*
*ang isang manggagamot ay nanggagamot*
*habang siya ay maysakit.*

Nang ang ilan sa ating mga sinundang henerasyon ay nagnais na hikayatin ang iba na magbigay ng kawanggawa, sila muna sa kanilang sarili ang magbibigay nito. Ang ilan sa kanila ay nagsalaysay na matapos ang gayon, ang mga tao ay boluntaryong tumutugon sa kanilang panawagan.

Nabasa ko ang tungkol sa isang mananalumpati ng mga naunang dantaon ng Islam na nagnanais na hikayatin ang iba na palayain ang kanilang mga alipin. Siya ay nag-ipon ng salapi ng may ilang panahon, at matapos na makaipon siya nang sapat, siya ay bumili ng isang alipin, na kapagdaka ay kanyang pinalaya. Sa isang madamdaming talumpati, hinikayat niya ang iba na gawin ang katulad ng gayon; at ang naging bunga dahil doon, - ay maraming alipin ang napalaya.

## *Ang perpektong ginhawa at pahinga ay nasa Paraiso*

﴾Katotohanang Aming nilikha ang tao sa pagsisikap [sa pakikitalad sa buhay].﴿ *(Qur'an 90: 4)*

Si Imam Ahmad ay tinanong, "Kailan magkakaroon ng pahinga?" Siya ay tumugon, "Kung maitapak mo na ang iyong paa sa Paraiso, ikaw ay makakatagpo ng pahinga."

Parehong walang pahinga o ginhawa na may kalikasang nagtatagal (ang matatamasa ng isa), hanggang sa siya ay makapasok sa Paraiso. Ang buhay na ito ay hitik ng mga suliranin, mga pagsubok, mga pasakit, karamdaman, at pag-aalala.

Ang isa kong kasamahan na taga-Nigeria ay nagsabi sa akin na noong siya ay bata pa, ang kanyang ina ay gumigising sa kanya sa huling pangatlong bahagi ng gabi upang magdasal. Siya ay

sumasagot, "Aking ina, gusto ko pang magpahinga nang kaunti." Ang kanyang ina ay magsasabi, "Ginigising lamang kita para sa iyong kaginhawahan. O' aking anak, ikaw ay makakakita ng pahinga kung ikaw ay papasok na sa Paraiso."

Si Masrooq na isang iskolar mula sa mga unang henerasyon ng Islam ay nananatili sa pagpapatirapa hanggang ang antok ay makapanaig sa kanya. Sa isa sa gayong pagkakataon, isang kasamahan niya ang nagsabi, "Mamahinga ka nang kaunti." Siya ay tumugon, "Yaong pahinga nga ang aking hinahanap."

Yaong mga humahanap ng ginhawa sa ganitong buhay sa pamamagitan ng pagtalikdan sa mga obligadong dasal ay nagdadala lamang (sa kanilang sarili) ng napipintong kaparusahan. Ang hindi nananampalataya ay naghahanap ng lahat ng ginhawa rito (sa mundo), kaya nga't kanyang sinabi:

﴾Aming Panginoon! Madaliin Ninyo sa amin ang aming bahagi [ng kaparusahan sa mundong ito], bago pa dumatal ang Araw ng Pagsusulit!﴿ *(Qur'an 38: 16)*

Ang ilang mga iskolar ay nagpaliwanag sa *Qittana* na nangangahulugan ng ganito: "Ang ating bahagi ng mabuti at ating bahagi ng panustos, bago ang Araw ng Paghuhukom."

﴾Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay nagmamahal [sa panandaliang] buhay sa mundong ito at pinabayaan nila [at hindi binigyan ng pahalaga] ang matimbang na Araw [na magiging mahirap].﴿ *(Qur'an 76: 27)*

Sila ay hindi nag-iisip sa kinabukasan o sa hinaharap, at ito ang dahilan kung bakit pareho silang nawalan nito. Tayo ay nilikha upang mamatay. Ang buhay na ito ay katulad ng isang madaling sumingaw na likido, na palaging nagbabago: sa isang araw, ito ay magaan at masagana, sa susunod, ito ay nasa kahirapan at karalitaan.

At ganito ang katapusan:

﴾[At pagkaraan] sila ay ibabalik kay Allah, ang kanilang *Maula* [ang Tunay na Panginoon (Diyos), ang Makatarungang Panginoon (upang sila ay gantimpalaan)]. Katotohanang nasa Kanya ang pagpapasya at Siya ay Maagap sa Pagsusulit.﴿ *(Qur'an 6: 62)*

## *Ang kahinahunan ay tumutulong upang matamo ang iyong mga mithiin*

Sa mga nakaraang kabanata, ako ay sumipi ng mga teksto ng rebelasyon upang ilarawan ang kahalagahan ng pagiging mahinahon; dito ay ating pinalawak ang gayong paksa (o tema) sa pamamagitan ng pagbanggit sa ilang halimbawa. Ipagpalagay mo ang iyong sarili na nagmamaneho ng isang sasakyan sa isang lubhang makitid na daan na ang magkabilang gilid ay nababakuran. Walang ibang paraan upang ang sasakyan ay makaraan dito malibang mayroong malaking pangangalaga, kahinahunan, at pag-iingat. Magkagayunman, kung ang drayber ay nagtangka na makaraan ng lubhang mabilis sa ganitong daan, siya ay patuloy na babangga sa bakod sa kanan, at matapos ay sa kaliwa naman, na magiging dahilan upang ang kanyang sasakyan ay masira. Sa kapwa ganitong pagkakataon, - yaong pagmamaneho nang maingat at yaong padaskol na pagmamaneho nang matulin, - ang daan ay gayon pa rin at ang sasakyan ay gayon din, nguni't ang pamamaraan ng pagmamaneho ay magkaiba.

Ang isang maliit na halaman na ating inaalagaan ay maaaring diligin sa iba't ibang paraan. Kung didiligan mo ito ng tubig nang unti-unti, ito ay sisipsip sa tubig at makakakuha rito ng ikabubuhay. Subalit kung iyong ibubuhos ang tubig mula sa timba nang minsanan, ikaw ay magtatagumpay lamang na mabunot ito. Ang

dami ng tubig na ginamit ay pareho; ang pagkakaiba ay nakasalalay sa pamamaraan.

Ang isa na mabanayad sa paghawak ng kanyang damit, sa pagsusuot at paghuhubad nito, siya ay magkakakumpiyansa na ito ay higit na magtatagal ng mahabang panahon. Ang sinuman na humawak ng kanyang damit na salungat sa gayong pamamaraan ay lagi nang daraing ng pagkapilas at pagkapunit. Marapat tayong magtatag ng isang antas ng kahinahunan sa ating buhay, - ang kahinahunan sa ating sarili:

"*Katotohanan, ang iyong kaluluwa ay may karapatan sa iyo.*"

Ang kahinahunan (o pagkamabanayad) sa ating mga kapatid at maybahay:

"*Katotohanan, si Allah ay mahinahon (at mabait) at naiibigan Niya ang kahinahunan (o pagkamabanayad).*"

Ang mga Turko ay nagtayo nang maraming tulay na kahoy sa ibabaw ng mga ilog. Sa magkabilang dulo ay kanilang itinititik ang mga ganitong salita: "Maging mahinay (o Kahinayan), maging mahinay (o Kahinayan)." Ang isa na dumaraan nang mahinay ay hindi mahuhulog, na di katulad ng isa na nagdaraan nang matulin.

Nasusulat sa bukana ng ilang halamanan ng mga rosas at bulaklak ang, "Maging mabanayad". Ang isa na tumatakbo sa kahabaan ng halamanan ng walang ingat ay hindi magtatagumpay na makakita nang maraming bulaklak, sa kabaligtaran, maaaring siya ay magbunto ng kapinsalaan sa mga ito.

Mayroong isang kasabihan na ganito:

"Ang (ibong) maya ay hindi mahinay na katulad ng bubuyog."

Sa isang *hadith*, ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Ang Mananampalataya ay katulad ng bubuyog, na kumakain kung ano ang dalisay, at nagbibigay (o gumagawa) kung ano ang dalisay, at hindi sumisira nang maliit na sanga kung siya ay dumapo rito."*

Ang bulaklak ay hindi nakakaramdam sa bubuyog habang ito ay mabanayad na sumisipsip sa kanyang nektar, kaya't nakakamit niya ang kanyang layon ng may kahinayan. Sa kabaligtaran, kapag ang (ibong) maya ay dumapo sa anuman, ito ay nagpapahayag ng pagiging naroroon niya sa mga tao.

Ang isa sa ating banal na naunang angkan ay nagsabi:

> "Ang isang katibayan nang pagkaunawa ng isa (sa kanyang) relihiyon ay yaong siya ay mabanayad sa pagpasok, paglabas, pagsusuot ng damit, paghuhubad ng sapatos, at pagsakay sa kanyang sasakyang hayop."

Ikaw ay madalas, kaysa hindi, na nakapipinsala kung ikaw ay nagmamadali at may kagaspangan, sapagkat ang mga ugat ng kabutihan ay matatagpuan sa kahinahunan (o pagkamabanayad). Ang Sugo ni Allah (saws) ay nagsabi:

*"Kailanma't ang kahinahunan ay nananatili sa anumang bagay, ang bagay na yaon ay napapaganda; kung ang kahinahunan ay tanggalin sa anumang bagay, ang gayong bagay ay nasisira."*

Ang puso ng mga tao ay nakaugnay sa kanya na nagtataglay nang isang mahinahong kalikasan:

﴾At sa pamamagitan ng habag ni Allah, sila ay inyong pinakitunguhan nang mabanayad. At kung ikaw ay naging mabagsik at naging matigas ang puso, sila marahil ay magsisilayas sa paligid ninyo...﴿

*(Qur'an 3: 159)*

## *Ang pagkabalisa ay hindi nakatutulong*

Ang puntos nang sumusunod na anekdota (kuwento) ay upang ilarawan na ang isa ay hindi marapat na labis na mabalisa, bagkus ay marapat, sa halip nito, na magsuko ng kanyang kalooban sa pagtatakda ni Allah na hindi nakakaramdam nang pinakamaliit mang antas ng pagsisisi (o panghihinayang).

Noong ako ay nasa paaralan pa, ako ay nag-aaral nang masikap upang maging una sa lipon ng aking mga kamag-aral. Matapos na maibigay ko ang aking papel ng pagsusulit, ako ay nahuhulog sa kalagayan ng pagkabalisa, pangamba, at pag-aalala. Ako ay uuwi ng bahay, titingnan ang mga sagot sa aklat, magbibigay ng marka sa aking sarili, at matapos ay paulit-ulit kong ginagawa ang gayong proseso. Sa ngayon ay malinaw na, sa aking pagbabalik-tanaw, na kahit minsan, ang aking pagkanerbiyoso ay hindi nagtaas sa aking mga marka kahit na nang isang porsiyentong punto.

## *Ang kapayapaan ng isipan ay ang pagkakaroon ng pangunahing pangangailangan sa buhay*

Sa murang gulang, iniwan ko ang aking pamilya upang mag-aral sa lungsod ng Riyadh. Ako ay tumira sa aking mga amain sa hikahos at gipit na kalagayan. Upang marating ang paaralan, kinakailangan kong lumakad nang tatlumpung minuto tuwing umaga, at umuwi ng bahay, sa tatlumpung minuto sa kainitan ng tanghali. Sa bahay, ako ay tumutulong sa paghahanda ng almusal, tanghalian, at hapunan. Ang aking tungkulin ay kinabibilangan nang pagbabakyum ng bahay, paglilinis ng kusina, at pag-aayos sa mga kuwarto. Higit pa rito, ako ay nag-aaral na mabuti at nagbibigay ng panahon na sumali sa mga pampaaralang gawain. Ako ay lagi nang

nakapagtatamo ng magagandang marka, na siyang nag-uudyok sa akin na lalo pang gumawa nang mahusay. Ako ay mayroon lamang isang kasuutan na aking angkin, na marapat kong labhan at plantsahin nang paulit-ulit. Dahilan sa maliit na halaga na aming tinatanggap bilang alawans (o panggastos mula sa paaralan), isinusuot ko ang gayong damit sa bahay, sa paaralan, at sa mga tanging pagtitipon. Ang mga lantad na pangangailangan, katulad ng salapi para sa pagkain at upa sa bahay, ay siyang umuubos nang lahat kong pera. Kaming lahat ay nasa parehong kundisyon, kaya't pambihira na kami ay makakain ng karne, at lalong pambihira na kami ay makatikim ng prutas. Kaming lahat ay nagsisikap na mabuti sa aming pag-aaral. Minsan lamang sa isang buwan ako nakakakita ng pagkakataon na magrelaks o lumabas para magsaya. Kami ay nag-aaral, humigit-kumulang, nang labingpitong paksa (o asignatura) sa paaralan, na kasama ang aldyebra (algebra) at matematika, ang Inglis at pisika ay idinagdag pa sa aming mabigat na mga kurso ng pag-aaral ng relihiyon at Arabik. Ako ay kadalasang humihiram ng mga aklat sa paaralan tungkol sa tulaing Arabik at nananatili ako na nakasubsob sa ganito sa maraming oras.

Ngayon, kapag nagninilay-nilay ako sa gayong nakalipas na mga araw, aking nagugunita na sa kabila nang lahat ng aking mga kahirapan, ako ay masaya at nakakatulog gabi-gabi na may mapayapa at kalmanteng isipan. Sa kalaunan, sa pagpapala ni Allah, ako ay nakabili nang isang magandang bahay, nakakakain nang mabuti, nakapagsusuot nang iba't ibang uri ng kasuutan, at ang aking buhay sa pangkalahatan ay bumaling nang masagana. Subalit, sa kabila ng lahat ng ito, sa ngayon ako ay hindi nakadarama nang parehong kapayapaan ng isipan kaysa noon. Ang higit na masalimuot na mga problema ay humalo sa higit pang masalimuot na uri ng buhay. Kaya't huwag isipin na ang pagiging wala (o mahirap) ay siyang dahilan ng iyong kalungkutan at pagkabalisa, sapagkat ito ay hindi totoo. Maraming tao na mayroon lamang nang lantad na

pangangailangan sa buhay, ay mayroong konsiyensya na higit na malusog at isang pananatili (o buhay) na higit na mapayapa kaysa sa karamihan nang mayayamang tao.

## *Maging handa sa higit na masahol na eksena (o katatayuan)*

Sa Mataas na Paaralan, ako ay labis na nakikipagpaligsahan sa pagkakamit nang matataas na marka. Sa isang tanging semester, ako ay lubhang nagtrabaho nang husto, na hindi ako umaasa na ako ay bababa pa bilang pangalawa sa klase. Ano sa palagay mo ang nangyari? Ako ay sumapit na bagsak ako sa Inglis, isang paksa (o asignatura) na aking kinatatakutan, - ako ay simple (payak) na hindi makapagbigay ng katwiran sa gayon. Isang maitim na ulap ng pagkalumbay ang bumitin sa aking ulunan, at sa maraming gabi na sumunod, naramdaman ko ang kahirapan sa pagtulog. Ang aking ilang piling kamag-aral ay nagkakatuwaan sa aking pagbagsak. Ang nangyari ay isang bagay na buung-buong hindi (ko) inaasahan. Ako ay naging mapanglaw at malungkot sa mga sumunod na ilang araw. Isang guro ang nakapansin sa aking kalagayan at ginawa niya ang kanyang magagawa upang palakasin ako at bigyan ng ginhawa.

Kailanma't ang ganitong panahon ng aking buhay ay nagbabalik-gunita sa akin, ako ay nagtataka kung paano ito labis na nakaapekto sa akin. Ang pagkalumbay na aking kinasadlakan, kahit na katiting, ay hindi nakapagpabago kahit na anuman sa aking bagsak na marka upang ako ay mapasa.

Ang nais kong ipahayag sa inyo ay ito: Huwag isipin na kapag ikaw ay nalumbay o nasiraan ng loob dahil sa kabiguan, kapagdaka, ay iyong makakamit ang tagumpay. Ito ay hindi mangyayari. Ang tangi lamang epekto ng gayong pagkalumbay sa iyo ay upang gawin lamang ganap ang iyong kabiguan.

Nang aking matapos ang tesis ko sa master (na pag-aaral), ako ay umaasa na makakakuha ng markang 'A'. Inakala ko na ang gawa ay karapat-dapat sa 'A', nguni't sa katapusan, ako ay nakakuha lamang ng 'B'. Ako ay lumabis sa aking aksyon nang ito ay mangyari at ako ay labis na nabagabag sa aking marka. Ang isang may damdamin (o may pang-unawang) kaibigan ay nagsabi sa akin, "Ipagpalagay (na natin), na dahilan sa isang sanhi o iba pa, ay hindi mo kailanman natapos ang iyong digri (o antas) sa master (na pag-aaral), ano ang iyong gagawin? Higit pa rito, ano ang diperensya (o pagkakaiba) na maidudulot nito kung ikaw man ay nakakuha ng 'A' o 'B': ikaw pa rin ay may Digri sa Master." Ang kanyang sinabi ay lantad na katotohanan, at ako ay nagbalik sa aking pandama. Ngayon ay aking napagtanto na ang pinakamainam na paraan nang pagharap sa mga gayong katulad na sitwasyon ay maging handa noon pa man (o maging maaga) sa pinakamasahol na maaaring mangyari (o kahihinatnan).

Kinuha ko ang isang magandang aral sa karanasan kong ito. Nang ang petsa ay sumapit na upang isumite ang aking tesis na pangdoktor, ang pakultad (mga guro at propesor) ay nag-antala (bumalam) sa petsa ng pagsusumite (nito) sa mahabang panahon. Ang aking tesis ay matagal nang natapos at mainam ang pagkakahanda. Sapagkat ako ay handa sa anupaman, ang kanilang pag-aantala ay hindi nagkaroon nang malaking apekto sa akin.

Sinuman ang nakahanda ang isipan para sa pagkalugi ng kanyang negosyo ay hindi mababalisa sa isang bahagi ng pagkalugi.

## *Ikaw ay nasa mabuting kalagayan kung ikaw ay malusog at may sapat na pagkain*

Noong taong 1400 Hijri, ako ay sumali sa isang kampanya upang mapalaganap ang Islam, na malapit sa hangganan ng Yemen.

Ako ay pansamantalang umalis sa kampo na aming tinitigilan, na may layon na sumama sa aking mga propesor patungong Abha. Sa aming pagbalik, ako ay nababalisa sapagkat siya ay nagpapatakbo nang lubhang matulin ng kanyang sasakyan. Nakiusap ako sa kanya na magdahan-dahan, nguni't wari bang ito ay nakapagbigay lamang sa kanya ng epekto upang itaboy siya na mas higit pang bumilis. Umuulan nang gabing yaon, gayunman, siya ay nagpatuloy sa walang-ingat na pagmamaneho. Sa kalaunan, kami ay sumapit sa isang lambak na may tumataas na tubig. Sa una, ang tubig ay umabot lamang sa taas ng aming gulong. Nang aming marating ang gitna ng lambak, gayunman, ang sitwasyon ay naging higit na masahol sapagkat ang tubig ay nagsimula nang pumasok sa aming sasakyan. Umibis kami sa sasakyan at sa maraming kahirapan, nagawa naming makasampa sa gilid ng lambak. Kami ay nabinbin doon nang buong magdamag na walang pagkain at inumin, at higit na importante, sapagkat kami ay basa, na wala kaming kumot. Gayunpaman, kami ay kuntento na nagpapasalamat sa aming sitwasyon, sapagkat nang ang baha ay umapaw sa amin, inakala namin na kami ay mamamatay. Kaya't kami ay lubhang nagpapasalamat na kami ay buhay pa. Kinabukasan na maagang-maaga pa, mayroon dumating at kinuha kami at inilagay sa kaligtasan. Ako ay pinaalalahanan ng ganitong pangyayari nang isang kuwento na naganap noong Pangalawang Digmaang Pandaigdig. Isang barkong Amerikano ang tinamaan nang isang misayl (missile) at dahil sa gayon, ito ay nagsimulang lumubog. Ang kapitan ay nabinbin doon nang labingtatlong araw na mayroon lamang tinapay at tubig upang siya ay mabuhay. Sa kalaunan, siya ay tinanong kung mayroong moral (o magandang aral) na kanyang nakamit sa karanasan niyang yaon. Siya ay nagsabi, "Ang isang bagay na aking natutuhan sa ganitong karanasan ay yaong kung ang isang tao ay malusog at mayroong tinapay at tubig, nasa sa kanya ang buong mundo."

Ano ang mundong ito, maliban pa sa isang malusog na katawan, kapayapaan ng isipan, tinapay, tubig, at damit na maisusuot? Bakit hindi ikaw at ako ay gumamit ng matematika upang kuwentahin kung ano ang nasa atin at kung ano ang wala sa atin? Sa aking palagay, ang karamihan sa atin ay makakatagpo na mayroon tayong mahigit sa 80% ng mga bagay na nakakagawa na maging maginhawa ang buhay. Hindi na kailangan pang sabihin, na mayroong mga nalilibang kaso kung ang isa ay napagkaitan nang mahahalagang pangangailangan, nguni't sa karamihan ng bahagi, tayo ay umiiyak sa mga kaginhawahan na wala sa atin, na hindi tumatawa at hindi nagpapasalamat sa mga bagay na mayroon tayo. Tayo ay nagdadalamhati kung dinadapuan ng kasahulan, at walang utang na loob ng pasasalamat kung ang lahat-lahat ay mainam.

## *Patayin ang apoy ng pagkapoot bago pa ito kumalat*

Sa aking buong buhay, nakita ko na sa tuwing ipinagtatanggol ko ang aking sarili laban sa mga paninirang-puri (o pambibintang) na puna, ang pagkalugi at pagsisisi (o panghihinayang) ang pangunahing nagiging bunga. Sa una, iniisip ko na higit na mainam na aking ayusin nang tuwid ang mga bagay-bagay kung ang ilang tao ay pumuna sa akin, kahit na nga ang puna ay sa salita o nasusulat. Sa katapusan, magkagayunman, aking nakita na ang kabaligtaran ay totoo. Sa pamamagitan nang pagtatanggol sa aking sarili, marami pang pagkagalit ang kinahinatnan, at sa halip na maibalik ang mabuting ugnayan sa aking sarili at sa aking kritiko, siya ay higit pang nagtatangka na siraan ako. Sa kalaunan, sana noon pa man ay ninais ko na, na hindi ko siya kinompronta pa. Dito ay higit na mainam na magpatawad, magtiis, magpakita ng tiyaga, lumayo, at ipagwalang-bahala ang mga puna ng pagbibintang. Sa hulihan ng lahat, ganito ang itinuturo ng Qur'an:

﴾Magpakita kayo [O' Muhammad] ng pagpapatawad, at magtagubilin kung ano ang mabuti at lumayo kayo sa mga luku-luko [(hangal), alalaong baga, huwag ninyo silang patulan].﴿ *(Qur'an 7:199)*

﴾At hayaan silang magpatawad at magparaya.﴿ *(Qur'an 24: 22)*

﴾Sila na nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao...﴿ *(Qur'an 3: 134)*

﴾At kung sila ay nagagalit ay nagpapatawad...﴿ *(Qur'an 42: 37)*

﴾At kung ang mga luku-luko [ignorante] ay nangungusap sa kanila [nang masasamang salita], sila ay sumasagot sa pangungusap ng salita ng kapayapaan.﴿ *(Qur'an 25: 63)*

﴾Itaboy [kasuklaman] ang [masama] sa pamamagitan [ng gawa] na mabuti, kung magkakagayon, siya na sa pagitan mo at niya ay may pagkagalit [sa isa't isa, ay mangyayari] na tila ba siya ay dati nang malapit na kaibigan.﴿ *(Qur'an 41: 34)*

Samakatuwid, kung ikaw ay nakakarinig ng mga malisyosong salita sa kaninuman, huwag sumagot nang paganti: ito ay magbubunga lamang nang isang atake o pagsalakay sa sampu.

## Huwag maliitin ang mga pagsisikhay ng ibang tao

Ang buhay ay nagturo sa akin na ilagay sa paggawa ang ilang bagay na hindi kailanman bumigo sa akin: ang maipahayag nang katamtaman ang aking pagtanggap sa iba. Ang ganitong patakaran ay lagi nang may positibong epekto sa lahat ng uri ng mga tao. Ang malambot at mahinahong salita ay nakagagawa ng kababalaghan sa puso ng mga tao; ang ating relihiyon ay nagtuturo sa atin na maging mapagbigay at mabait sa mga pakikitungo:

﴾At sa pamamagitan ng habag ni Allah, sila ay inyong pinakitunguhan nang mabanayad. At kung ikaw ay naging mabagsik at naging matigas ang puso, sila marahil ay magsisilayas sa paligid ninyo...﴿ *(Qur'an 3: 159)*

Ang may-akda ng aklat na *How To Win Friends* ay nagpapahayag na ang isang mahalagang paktor (o dahilan) upang mahikayat ang mga tao sa iyo ay yaong papurihan at pagsabihan sila nang maganda nang walang pasumala (o pagtitipid). Hindi ako sumasang-ayon (dito): ang pagiging katamtaman at makatarungan ay kinakailangan:

﴾Katotohanang si Allah ay walang pagsalang makapagpapatupad ng Kanyang naisin. Si Allah ay naglapat na sa lahat ng bagay ng [takdang] saklaw [o lawak].﴿ *(Qur'an 65: 3)*

Samakatuwid, ang isa ay hindi marapat na gumawa ng huwad na pambobola, gayundin, ay huwag maging tigang at malayo sa kanila.

Totoo, maaari nating tahakin ang landas ng panghahamak sa mga tao na may hangarin ng pangmamata; ngunit ang magiging bunga ng gayon, - tayo ang mawawalan ng mga kaibigan, - at hindi sila ang mawawalan sa atin. Kung ikaw ay hindi palakaibigan, ang mga tao, hindi magtatagal, ay makakatagpo ng iba na maaari nilang pakitunguhan.

﴾At maging mabait at mapagkumbaba sa mga sumusunod sa iyo na mga mananampalataya.﴿ *(Qur'an 26: 215)*

Ang makamtan ang paggalang ng iba ay nakapag-aambag sa pagpaparating sa iyo ng kaligayahan. Ang mga Muslim ay mga saksi ni Allah sa lupa at sila ay nagdarasal para sa kapatawaran ng bawat isa.

﴾At mangusap kayo nang makatuwiran sa mga tao...﴿ *(Qur'an 2: 83)*

Sa buhay, ako ay mayroong natatanging kintal ng isipan sa kanila na may karisma (o pang-akit) sa kanilang pakikitungo, - sa kanila na waring may magnet (o bato-balani) na nakapang-aakit sa iba sa pamamagitan ng kanilang pag-uugali. Sila ay lagi nang may nakalabas na ngiti sa iba, sila ay mayroong matapat na dila, at ang kanilang puso ay malaya sa paninibugho at matinding hinanakit.

Sa kapahintulutan ni Allah, abot ng bawat isa sa atin ang makapagtamo ng pagtanggap sa lipon ng mga tao sa mundo. Ang ganitong pagtanggap ay hindi binili ng ari-arian o kayamanan, bagkus ay natamo sa pamamagitan nang katapatan kay Allah, pagkamakatotoo, ang pagmamahal kay Allah at sa Kanyang Sugo (saws), isang pagmamahal sa pagpapalaganap ng kabutihan sa iba, at isang mababang kuru-kuro o opinyon tungkol sa ganang sarili.

Upang makamit ang mga ganito at ibang magagandang katangian, marapat tayong gumawa nang matapat na pagsisikhay, sapagkat sila ay nangangailangan nang pataas na pag-akyat. Ang masasamang pag-uugali ay madaling natatamo ng sinumang nagnanais ng mga ito, sapagkat ang mga ito ay nangangailangan lamang nang pabulusok na pagbaba.

Isang makatang Arabo ang nagsabi:

*Ang masamang ugali ay kagyat na tumitigil*
*na madama ang kanyang kabuhungan,*
*ang pinsala sa katawan ay hindi*
*nagdudulot ng kirot sa patay.*

Ang isang tao na nakatuon sa kanyang sarili ay malamang na makadarama nang pagiging mababa at mapanglaw sa kanyang kalooban. At mayroong mga tao na nag-aakala nang higit na kataasan sa kanyang sarili kaysa ang marapat lamang. Ang ilang halimbawa ng gayong mga tao ay sumagi sa (aking) isipan, mga tao na gumawa

ng ilang pagsisikhay upang iambag sa lipunan, na sa kalaunan ay nagkadamdamin na ang kanilang ginawa ay karapat-dapat (na tumanggap) ng gantimpalang panghabambuhay dahil sa kanilang natamo.

Ang isang estudyante na aking kilala ay sumulat ng ilang maliliit na librito na ipinatutungkol sa mga kabataang Muslim. Nais kong pasiglahin siya, kaya't pinapurihan ko siya sa kanyang pagsisikap na ginawa. Matapos, siya ay nagsimulang magsalita nang walang katapusan tungkol sa mga librito, tungkol sa kung paano ito malaganap na ipinamahagi, at tungkol sa kung gaanong pagbubunyi ang kanilang tinanggap. Ako ay namangha sa pananaw ng taong ito sa kanyang sarili, subalit natutuhan ko rin sa kanya kung paano namumuhi ang mga tao (kapag sila) ay hindi napansin o naisantabi.

Sa ibang pagkakataon, napakinggan ko ang isang naka-teyp (nakarekord) na panayam ng isang estudyante. Inanyayahan ko siya sa aking tahanan, na may layunin na hikayatin siya na ipagpatuloy ang kanyang pagsisikhay sa paghahanap ng karunungan ng Islam. Nang aking banggitin ang teyp, siya ay nagkaroon nang pagkakataon. Siya ay nagsimula sa pamamagitan nang pagluhog kay Allah na bigyan ng kapakinabangan ang buong sambayanan ng Muslim sa pamamagitan ng kanyang panayam. At siya ay nagpatuloy sa pagtalakay kung paano siya gumawa nang pagsasaliksik sa kanyang paksa. Bago ko siya tinawagan, hindi ko kailanman inaasahan na siya ay lubhang nakatuon sa kanyang sarili. Ang aking pakikipag-usap sa kanya ay nakagawa sa akin na mapagtanto na isang kalikasan sa tao ang magbigay nang higit na halaga sa kanyang sarili kaysa ang marapat (lamang) sa kanya. Samakatuwid, maging maingat na maibaba (ang katauhan) ng sinuman:

﴾Huwag hayaan ang isang pangkat sa inyong kalalakihan ay mangutya sa ibang pangkat. Maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una, at huwag din namang hayaan na ang ilan sa inyong

kababaihan ay mangutya sa ibang kababaihan, maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una.﴿ *(Qur'an 49: 11)*

Ang mga tao ay magmamahal sa iyo kung iyong papupurihan ang kanilang pagsisikhay at magbibigay ng pansin sa kanila:

﴾At huwag mong itaboy [O' Muhammad] ang mga naninikluhod sa kanilang Panginoon sa umaga at hapon...﴿ *(Qur'an 6: 52)*

﴾At panatilihin mo ang iyong sarili [O' Muhammad] sa pagtitiyaga na kasama ng mga nananalangin sa kanilang Panginoon [alalaong baga, ang iyong mga kasamahan na nakakaala-ala sa kanilang Panginoon nang may pagluwalhati, pagpupuri sa pagdarasal, at iba pang matutuwid na gawa] sa umaga at hapon...﴿ *(Qur'an 18: 28)*

﴾[Ang Propeta] ay kumunot at tumalikod, sapagkat may [isang] bulag na lalaki na lumapit sa kanya [alalaong baga, si Abdullah bin Umm-Maktum na pumaroon sa Propeta habang siya ay nangangaral sa isa o ilang pinuno ng Quraish]. At paano mo mapag-aalaman, baka sakaling siya ay maging dalisay [sa mga kasalanan at umunlad sa ispiritwal na pang-unawa]?﴿ *(Qur'an 80: 1-3)*

Noong ako ay nasa mataas na paaralan pa, ako ay hindi lamang nag-aral ng tulain, bagkus ay kumatha rin ako ng gayon. Sa isang pagkakataon, ang mga estudyante ng ibang paaralan ay bumisita sa amin. Sa pagtitipong pansalubong, ako ay hinilingan na bigkasin ang ilan sa aking tula, hindi dahil sa anumang kakayahan na masasabi kong aking angkin, bagkus ay sapagkat, ako lamang sa aming paaralan ang nag-iisa na may hilig sa talata (o berso).

Binasa ko nang malakas ang ilan sa aking tula at ang guro ng Panitikan (Literatura) ay parehong pumuri sa aking estilo at paggamit ng mga salita, at ako ay aktuwal na naniwala sa kanya. Inisip ko na ako ay nakapagsulat nang ilang bagay ng katalinuhan, at nang ako ay nagkaedad na lamang at napagbalikan ko ang mga linyang yaon, ay

saka ko napagtanto kung gaano kasopomor (o katumbas nang pangalawang antas lamang nang mataas na paaralan) ang gawang yaon.

Ang tanging bagay lamang na ating napapakinabang sa pamamagitan nang pagpapababa (sa katauhan) ng iba ay ang pagkakaroon nang dagdag na kaaway. Samakatuwid, maging makatarungan sa pagkilala sa mga pinagsumikapan ng iba, at papurihan sila sa kanilang pag-uugali.

## *Pakitunguhan ang iba kung paano mo nais na ikaw ay pakitunguhan nila*

Ang isang matalinong tao ay nagsabi na ang tao na naghahanap ng mga kamalian ng iba ay katulad ng isang langaw, - ito ay dumadapo lamang sa bagay na sira (o bulok). Ang ilang tao ay may sakit (o dinapuan) ng salitang "subalit". Sa bawat oras na banggitin mo ang ibang tao sa kanila, sila ay magsasabi nang ilang bagay na kasama sa mga linya ng, "Siya ay mayroong ilang kabutihan sa kanya, subalit..." Ang sumusunod sa "subalit" ay lagi nang pamumuna, paninisi, at pamimintas.

﴾Kasawian [sa kaparusahan] ang bawat makakating dila na naninirang-puri at yumuyurak sa talikuran.﴿ *(Qur'an 104: 1)*

﴾... Na mapanglait, na nagpapalibut-libot [at nagkakalat] ng malisyang salitain [tsismis o satsat o sitsit].﴿ *(Qur'an 68: 11)*

﴾Gayundin ay huwag kayong magpamalas ng paninira [sa talikuran] sa isa't isa.﴿ *(Qur'an 49: 12)*

Kung tayo ay higit na magiging makatarungan sa iba, higit na magiging malaki ang kanilang paggalang sa atin. Ang kabaligtaran ay totoo rin. Walang matalinong tao ang mag-iisip na kanyang

makakamit ang paggalang at papuri ng iba sa pamamagitan nang pangmamaliit o pag-iisangtabi sa kanila.

﴾Kasawian sa mga mandaraya na nagbibigay nang kulang sa sukat at timbang.﴿ *(Qur'an 83: 1)*

## *Maging makatarungan*

Maging makatarungan sa iyong mga kaibigan at tawagin mo sila sa pangalan na labis nilang nagugustuhan; huwag gumamit ng mga palayaw na kanilang kinamumuhian. Gusto mo ba kung ito ay gagawin ng iba sa iyo?

Maging makatarungan sa iyong maybahay. Gaano ba kadalas ito para sa isang babae, na matapos ang buong araw ng pagluluto, pagpupunas, at paglilinis, ang kanyang asawa ay umuuwi ng bahay na bulag sa kanyang mga pagsisikhay? Ang kanyang pagwawalang-bahala ay higit na nakagagawa ng pinsala kaysa sa anumang salita na makagagawa na madama niya ang pagiging kulang at hindi pinapansin.

Kaya't magbigay ng atensyon sa iba at pasalamatan sila sa anumang mabuti na kanilang ginawa. Purihin ang hitsura ng iyong maybahay kung siya ay nag-ukol ng oras upang maging maganda para sa iyo at pasalamatan siya sa kanyang araw-araw na debosyon (o pagsisilbi) sa iyo.

## *Iwasan ang pagiging artipisyal (o mapagkunwari)*

Minsan, ako ay nakabasa ng tula ni Abu Reeshah at ako ay kagyat na nabighani ng kanyang mga salita. Isinaulo ko ang tula at

pinag-aralan ko ang estilo ni Abu Reeshah. Hindi pa man nagtatagal matapos yaon, ako ay kinailangang magtanghal ng isang tula sa isang pagtatanghal sa paaralan, kaya't tinangka kong gayahin ang estilo ni Abu Reeshah, - ang tangi lamang problema ay hindi ako yaong si Abu Reeshah. Kaya't ang mga salita na lumabas ay kulang sa pagkakaugnay, at ang tula sa pangkalahatan ay lanta at walang latoy. Matapos ang araw na yaon, ako ay tumigil sa paggaya sa estilo ng ibang tao. Ako ay nagsimulang sumulat ayon sa aking nararamdaman, at sa ganitong paraan, ay awtomatik (o kagyat) kong nagawa na isanib ang aking katauhan sa aking tula. Gayundin, minsan ako ay nagdasal sa likod ng isang *Imam* (namumuno sa pagdarasal) sa Jeddah. Siya ay nagtatangka na gayahin ang isang bantog na mandadalit; kahit na gaano man siya kalayo (sa estilo) na matamo ang hinahanap na epekto! Ang kanyang tinig ay lubhang naiiba sa bantog na mandadalit at ang pagtatangka sa paggaya ay wari bang marahas na apektado. Mahirap para sa akin na pagtiisan ang kanyang pagsisikhay sapagkat ako ay nakadarama sa kahabaan nito kung paano siya nagsisikap na mabuti na marating ang gayong pagkakahawig. Aking napagtanto na si Allah ay lumikha sa bawat tao na may namumukod na mga katangian, pag-uugali, at talento:

﴾Sa bawat isang bansa [pamayanan] sa inyo, Kami ay nagtalaga ng isang Batas at isang paraan [patakaran].﴿ *(Qur'an 5: 48)*

Kung nais mong maging magaling sa ilang bagay, subukan na sundin ang isang paraan na kapwa angkop sa iyong kalikasan at sa iyong kakayahan:

﴾Ipagbadya [O' Muhammad sa sangkatauhan]: 'Ang bawat isa ay gumagawa ayon sa kanyang paraan [o kanyang pananampalataya o kanyang mga layunin]...'﴿ *(Qur'an 17: 84)*

## Kung talagang hindi mo magawa ang isang bagay, pabayaan ito

Dati na akong nagbibigay ng pang-Biyernes na sermon sa lungsod ng Abha. Ang karamihan ng aking sermon ay tumatalakay sa iba't ibang aspeto (o bahagi) ng buhay ng Propeta, at ito ay isang bagay na natatangi sa akin (o aking napaghusay) at isang bagay na kung saan ako ay maginhawa. Ang isang tao ay humiling sa akin na magbigay ng sermon tungkol sa nakagawian nang tumataas na maluhong dote. Mabigat sa aking kalooban na tumalima ako sa ganitong hiling sapagkat higit akong nakakaramdam ng ginhawa (o pagiging komportable) sa pagsasalita tungkol sa talambuhay ng Propeta (saws). Magkagayunman, ako ay nagbigay nang agarang sermon sa hiniling na paksa. Ako ay sumipi ng mga talata sa Qur'an at sa mga salitain ng Sugo ni Allah (saws). Aking tinalakay ang paksa sa isang hilaw na paraan, at habang ako ay nagtatalumpati, naramdaman ko ang pawis na gumigiti sa aking noo. Matapos ang aking sermon, naramdaman ko na nakagawa ako nang walang kabuhay-buhay na gawa sa pagsasalita tungkol sa paksa, kaya't ako ay nagpasya na manatili sa kung anong (paksa) ang magaling ako.

﴾Gayundin, ako ay hindi isa sa mga nagpapanggap [o gumagawa ng panlilinlang].﴿ *(Qur'an 38: 86)*

Ang bawat isa sa atin ay marapat na gumawa sa isang larangan kung saan siya ay may galing. Ang Propeta (saws) ay nagsabi:

*"Katiyakan, si Allah ay nagmamahal sa bawat isa sa inyo, kapag siya ay nagtatrabaho sa isang bagay, na maperpekto ito."*

## Huwag maging magulo sa inyong buhay

Isang araw, ako ay nagtipon ng labindalawa sa iba't ibang komentaryo ng Qur'an: ang mga ito ay At-Tabari, Ibn Katheer, Al-

Baghawi, Az-Zamakhshari, Al-Qurtubi, Az-Zilaal, As-Shinquiti, Ar-Raazi, Fath ul-Qadeer, Al-Khaazin, Abu Mas'ood, at Al-Qaasimi (ang ilan sa listahang ito ay pangalan ng may-akda, samantalang ang iba ay pangalan mismo ng aklat). Nilayon ko na basahin sa araw-araw ang komentaryo ng isang talata ng Qur'an sa bawat isa sa mga aklat na ito. Binalak ko na basahin ang paliwanag ng pang-araw-araw na talata mula sa unang aklat, at matapos ay sa pangalawa, at sa iba pa, hanggang sa matapos ko ang lahat ng ito. Sinubukan ko munang pansamantala ang ganito, subalit madali akong nasuya at napagod. Tunay nga na ako ay nasasabik na may galak, ngunit ako ay lubhang nagmamadali sa pagpaplano at sa pagpili ng angkop na paraan ng pag-aaral.

Sa mga estudyante ng siyensya ng Islam, ibinibigay ko sa inyo ang ganitong payo: huwag ninyong bigyang-pasakit ang iyong sarili sa lubhang maraming bilang ng aklat. Ang isang higit na mainam na paraan ay yaong magplano, at maingat na pumili ng iyong babasahin. Pinakamahalaga na maging tuluy-tuloy, kahit na nakagagawa ka lamang nang paunti-unti. Ang pinakapaboritong gawain ng Propeta (saws) ay yaong isinasagawa nang tuluy-tuloy, kahit na ang gawain ay maliit lamang.

## *Ang inyong magkapanabay na pakikipagpaligsahan sa pagtitipon ng mga makamundong bagay ay nakapagliligaw sa inyo*

﴾Ang inyong magkapanabay na pakikipagpaligsahan [sa pagtitipon ng mga makamundong bagay] ay nakapagliligaw sa inyo upang lumihis [sa tunay na pagsamba kay Allah at tamang paghahanda sa Kabilang Buhay].﴿ *(Qur'an 102: 1)*

Minsan, matapos na tumanggap ako nang isang malaking halaga ng salapi, ako ay nagmamadali na pumaroon sa tindahan ng aklat na may layunin na bumili ng isang kopya ng bawat aklat na mahahawakan ng aking mga kamay; ang sigla at kasabikan ng sandaling yaon ay nakapangibabaw sa akin. Pinuno ko ang mga estante ng aking dingding nang maraming libro ng mga siyensya. Ang mga paksa ay kinabibilangan ng Islamikong pambabatas, sosyolohiya, at mga aklat ng pangkalahatang karunungan. Ninais ko na magsimulang magbasa, ngunit hindi ko alam ang tungkol sa pagpili ng panimulang punto. Nakita ko na ang iba't ibang aklat sa magkatulad na siyensya ay magkasanib sa bawat isa. Nakita ko ang iba na nagtataglay lamang nang maliit na kahalagahan. Sumangguni ako sa mga kilalang iskolar at nagtanong sa kanila kung paano ang aking gagawing pag-aaral. Ako ay pinatnubayan nila sa isang paraan na napatunayan nang matagumpay. Iminungkahi nila na basahin ko lamang ang mga pangunahing reperensyang aklat sa bawat siyensyang Islamiko at ito ay malalim kong pag-aralan. Ang iba pang aklat, ang sabi nila, ay marapat kong hayaan muna, maliban kung ang pagsasaliksik sa natatanging isyu o paksa ay nangangailangan nang maraming bilang ng aklat. Ako ay lubhang nasiyahan sa naging resulta; nadama ko na higit akong naging organisado at maginhawa sa pagsunod sa kanilang payak ngunit makatwirang payo.

﴾Ang inyong magkapanabay na pakikipagpaligsahan [sa pagtitipon ng mga makamundong bagay] ay nakapagliligaw sa inyo upang lumihis [sa tunay na pagsamba kay Allah at tamang paghahanda sa Kabilang Buhay], hanggang sa kayo ay humantong sa [inyong] libingan [alalaong baga, hanggang kayo ay mamatay].﴿

*(Qur'an 102: 1-2)*

Mayroong ilang estudyante na pumapalaot sa kalabisan ng paghahanap nang mga pambihirang manuskrito. Sila ay lagi nang nagtitipon ng mga kopya nang mga pambihirang aklat, subalit iyong

matatagpuan na ang karamihan sa kanila ay hindi man lang nakabasa nang kumpleto sa pinakamahahalagang aklat na pangreperensiya sa mga Islamikong pansiyensiya. Ang isang tao na aking kilala ay nalungkot na siya ay hindi makakuha ng kopya ng komentaryo ni Muqaatil ibn Sulayman, gayunman, (hanggang ngayon) ay hindi pa niya nakukumpletong basahin ang paliwanag ni Ibn Katheer!

﴾At mayroong mga tao sa lipon nila [mga Hudyo] ang mga mangmang na hindi nakakaalam [sa nakapaloob] sa Aklat [Torah o mga Batas], maliban sa maling pagnanasa at sila ay gumagawa lamang ng sapantaha.﴿ *(Qur'an 2: 78)*

Huwag kailanman tugisin ang maliliit na isyu (o usapin) kung ang isa na higit na mahalaga ay marapat na unang talakayin. Sinuman ang hindi nakakaalam ng kanyang layon ay magkakaroon nang mahaba at nakapapagal na paglalakbay na naghahantong sa kawalan (o wala maski saan).

# PAGPAPASYA

Hayaan natin na tayong lahat ay maghanap nang pagkalugod ni Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang. Tayong lahat ay tumindig sa Kanyang harapan sa pagsamba, na hindi nag-aakibat ng anumang katambal sa Kanya; marubdob tayong humingi sa Kanya at matapos ay maghintay nang matiyaga para sa kasagutan. Sapagkat tunay, Siya ay Sapat na para sa atin; Siya ang Tanging Isa na Nagbibigay-lunas; Siya ang Manlilikha at Tagapanustos; Siya lamang ang nagbibigay ng buhay at nagpapapangyari ng kamatayan.

﴾Aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami nang mabuti sa mundong ito at nang mabuti sa Kabilang Buhay, at Inyong iadya kami sa kaparusahan ng Apoy!﴿ *(Qur'an 2: 201)*

*"O' Allah, pagkalooban Mo (po) kaming lagi ng kalusugan at kainaman (ng katawan), sa mundong ito at sa Kabilang Buhay."*

*"O' Allah, humihiling kami sa Inyo nang pinakamainam na katulad nang hiniling ng Inyong Sugong si Muhammad, at kami ay nagpapakalinga sa Inyo sa mga kasahulan kung saan ang Inyong Sugong si Muhammad ay nagpapakalinga."*

*"O' Allah, kami ay nagpapakanlong sa Inyo sa pagkabalisa at pighati; kami ay nagpapakanlong sa Inyo sa kawalang-kakayahan at katamaran; kami ay nagpapakanlong sa Inyo sa pagkamaramot at karuwagan; kami ay nagpapakanlong sa Inyo sa pasanin ng pagkakautang at sa panunupil ng tao."*

# TALASALITAAN

| | | |
|---|---|---|
| *'Aalameen* | عالمين : | Sa literal na kahulugan ay Santinakpan o Sansinukob; na nangangahulugan ng sangkatauhan, mga *jinn* at lahat ng mga nilalang |
| *Aayaat* | أيات : | Sa pang-isahan ay *Aayah*; mga tanda, mga pruweba, mga katibayan, mga talata |
| *Al-Ahzaab* | الأحزاب : | Sa literal na kahulugan ay Konpederasyon, ang isa pang katawagan sa digmaan ng Bambang (o Kanal) |
| *Al-Birr* | البر : | Kabanalan at katuwiran, ang bawat isa at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah. |
| *Al-Eemaan* | الايمان : | Pananalig o pananampalataya, paniniwala |
| *Al-Hikmah* | الحكمة : | Sa literal na kahulugan ay Karunungan; ito ay nangangahulugan din ng *As-Sunnah*, mga ligal na paraan |
| *Al-Kawthar* | الكوثر : | Isang ilog sa Paraiso, ngalan ng isang kabanata sa Qur'an |
| *Al-Laghw* | اللغو : | Masamang pag-uusap, kasinungalingan at lahat ng ipinagbabawal ni Allah |

| | | |
|---|---|---|
| *Al-Lauh al Mahfooz* | البوح المحفوظ : | Ang Aklat ng mga Pagtatakda o Pag-uutos; isang Napapangalagaang Tableta na nasa (pag-iingat ng) Banal na Diyos |
| *Al-Masaakeen* | المساكين : | Sa pang-isahan ay *Miskeen*; ang mahihirap o naghihikahos |
| *Al-Munkar* | المنكر : | Kawalang-pananampalataya, paganismo o pagsamba sa mga diyus-diyosan, mga ipinagbabawal na bagay |
| *Al-Mutaffifeen* | المطففين : | Yaong mga nagbibigay ng kulang sa sukat at timbang, at nagbabawas sa karapatan ng iba |
| *Ameer* | أمير : | Pinuno, gobernador, tagapamahala |
| *An-Nisaa'* | النساء : | Ang kababaihan, gayundin, (ito) ay ngalan ng isang kabanata sa Qur'an |
| *'Asr* | عصر : | Hapon; panghapong pagdarasal, ngalan ng isang kabanata sa Qur'an |
| *As-Sakeenah* | السكينة : | Kahinahunan at kapanatagan |
| *As-Salaah* | الصلاة : | Ang mga dasal (mga obligado at ipinagtatagubilin) |
| *At-Taqwa* | التقوى : | Kabanalan |
| *Awliya'* | أولياء : | Sa pang-isahan ay *Wali*; mga tagatulong, mga kaibigan at mga tagapangalaga |
| *Baiy'ah* | بيعه : | Sumpa o pangako, panata |
| *Faasiq* | فاسق : | Hindi nananampalataya, palasuway kay Allah |
| *Fahsha'* | فحشاء : | Masasamang gawa, mahalay, kasalanan |

| | | |
|---|---|---|
| *Fitrah* | فطرة : | Ang natural at likas na disposisyon o pagpapasya na manampalataya o maniwala sa nag-iisang Diyos - Allah |
| *Fajr* | فجر : | Bukang-liwayway, pang-umagang pagdarasal |
| *Furqaan* | فرقان : | Pamantayan, Tagahatol o Tagapagpasya sa pagitan ng katuwiran at kamalian, ngalan ng isang kabanata sa Qur'an |
| *Halaal* | حلال : | Mga ligal o pinahihintulutang bagay alinsunod sa Shari'ah |
| *Iblees* | ابليس : | Satanas, demonyo, diyablo |
| *Ilah* | اله : | Diyos o diyos |
| *'Isha'* | عشاء : | Gabi, panggabing pagdarasal |
| *Jihaad* | جهاد : | Sa literal na kahulugan ay Pagpupunyagi o Pagsisikhay; gayundin naman, (ito) ay pakikipaglaban sa kapakanan (o sa landas) ni Allah |
| *Khaleefàh* | خليفة : | Kalipa, titulo ng tagapamahalang Muslim |
| *Khawaarij* | خوارج : | Sa pang-isahan ay *Khariji*, Kharijites; isang sekta sa Islam, ang mga tao at mga tagasunod nila na nagtiwalag kay 'Ali sa digmaan ng Siffeen at nagtatag ng kanilang sariling pangkat. Itinuturing nila ang mga makasalanan na hindi nananampalataya - *Kaafir* |
| *Maghrib* | مغرب : | Takipsilim o dapithapon, pangtakipsilim na pagdarasal |

*Mahr* مهر : Dote, salapi (o iba pa) na ineregalo (o inialay) sa nobya o babaeng ikakasal sa (panahon) ng pagpapakasal

*Makhraj* مخرج : Labasan, daang palabas, pagtalilis, gumagawa ng daan upang makalabas sa bawat kahirapan

*Maqaadeer* مقادير : Ang lahat-lahat nang mangyayari alinsunod sa itinakda

*Masjid* مسجد : Moske, ang lugar ng sama-samang pagdarasal ng mga Muslim (o bahay-dalanginan ng mga Muslim)

*Maula* مولى : Patron, tagatangkilik, tagapangalaga, pinalayang alipin

*Muadh-dhin* موءذّن : Tagatawag ng dasal

*Mufarridoon* مفردون : Ang kalalakihan na madalas na nakakaala-ala at kababaihan na madalas na nakakaala-ala kay Allah

*Muhajiroon* مهاجرون : Sa pang-isahan ay *Muhajir*; nagsilikas, mga lumikas na Muslim na umiwan sa kanilang tahanan sa Makkah at pumaroon at nanirahan sa Madeenah

*Mukallifoon* مكلفون : Yaong mga nagkukunwari at nagtatahi-tahi (o naggagawa-gawa) ng mga bagay na wala (o hindi nananatili)

*Mushrikah* مشركة : Babaeng pagano o mapagsamba sa mga diyus-diyosan

*Mushrik* مشرك : Lalaking mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, yaong mga sumasamba sa iba pang diyos (mga diyus-diyosan) maliban pa kay Allah

| | | |
|---|---|---|
| *Muttaqoon* | متقون : | Sa pang-isahan ay *Muttaqi*; relihiyosa(o) o madasalin |
| *Najwa* | نجوى : | Lihim na pagpapayo, pagsasabwatan |
| *Nushoor* | نشور : | Pagbangon at pagpunta dito at doon para sa pang-araw-araw na gawain, atbp., matapos ang pagtulog (ng isa) sa gabi; pagkabuhay na mag-uli matapos ang kamatayan (ng isa) |
| *Qadar* | قدر : | Mga banal na pagtatakda o pag-uutos sa lahat ng bagay bago pa ang paglikha sa kanila |
| *Qadi* | قاضي : | Hukom, katarungan |
| *Raan* | ران : | Sa literal na kahulugan ay Manaig sa, makapangyari o mangibabaw sa; ang pagtatakip sa mga kasalanan at masasamang gawain |
| *Rabbaniyoon* | ربانيون : | Mga pantas ng relihiyon (sa Kristiyanismo at Hudaismo) na nagsasagawa ng kanilang nalalaman, gayundin, ay nagtuturo sa mga iba pa |
| *Rooh* | روح : | Espiritu, kaluluwa, ang pag-uutos ni Allah |
| *Sadaqaat* | صدقات : | Sa pang-isahan ay *Sadaqah*; *zakah* (o katungkulang kawanggawa), at mga limos, atbp. |
| *Sahaabi* | صحابي : | Kasamahan ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) |
| *Salaamun 'Alaykum* | سلام عليكم : | Sumainyo ang kapayapaan |

*Salaam* سلام : Kapayapaan

*Salawaat* صلوات : Mga biyaya o pagpapala

*Shahaadah* شهادة : Saksi

*Shari'ah* شريعة : Batas Islamiko

*Shirk* شرك : Pagtatambal o pag-aakibat ng mga iba pa kay Allah sa mga bagay na natatangi lamang sa Kanya

*Soofee* صوفي : Sa pangmaramihan ay Soofia'; Kababalaghan o kataka-taka

*Tahajjud* تهجد : Panggabing dasal na boluntaryo o ipinagtatagubilin

*Tayammum* تيمم : Ang pagpapadalisay (o paglilinis) sa pamamagitan ng buhangin o lupa kung walang tubig, o kung ang isa ay may karamdaman

*Tayyib* طيب : Dalisay o puro, maringal at mabuti

*Thaqeel* ثقيل : Nakakapagod, mabigat o mahirap

*Wudoo'* وضوء : Paghuhugas (bago ang pagsasagawa ng *Salah* o pagdarasal)

*Zaalimoon* ظالمون : Sa pang-isahan ay *Zaalim*; malupit, marahas, mapaggawa ng kamalian o kasalanan

*Zuhr* ظهر : Tanghali, pantanghaling pagdarasal

*Zulm* ظلم : Kamalian o mali, alalaong baga, pagsamba sa mga iba maliban pa kay Allah